# The Despicable Guy Book 1

## (shirlengtearjerky)

Property of Leng Anne de Chavez (shirlengtearjerky)
© All Rights Reserved - 2010

Any similarities to existing persons (living or dead), places, icons or institutions are purely coincidental or were used in the pursuit of creative excellence.

**DO NOT EXTRACT THIS PDF FILE.**
**DO NOT REDISTRIBUTE WITHOUT AUTHOR'S PERMISSION.**
**PLAGIARISM IS A CRIME.**

# Prologue

Are you looking for your Prince Charming?

Nako reader, wag mo nang i-deny! Kaya mo nga to binabasa di ba?

So anyway, where was I? Oh yeah, Prince Charming.

If you answered YES, good for you!

If you answered NO... Uhhh. Goodluck! Nandyan lang sya sa tabi-tabi! :))

Joke lang! Eto naman e. :P

Eh sa tingin mo, natagpuan ko na yung akin?

Well.

YES, I FOUND HIM ALREADY. :">>

Pero hindi yon love at first sight ha! Mas suitable pa ang hate at first sight samin. Ever since Grade 1 ko na syang kaklase and WTH, he pisses me off ever since.

But Cupid is really playful. I fell for him. He fell for me.

Ganon ba talaga yun? Opposites attract? Well sa iba hindi applicable yon, pero samin, nako swak na swak! :D

And poof, we lived happily ever after.

Pero what if.. what if happily ever after nga, pero sa maling Prince Charming naman? Teka, may ganon ba? Ang gulo di ba?

Sus, sya na nga e. Sya na yung Prince Charming ko! I don't believe that could happen to us. Everybody says we're meant for each other. A perfect couple.

We love each other so much and nothing could separate us. As in nothing.

**beep beep beep!**

Oh wait! My Prince Charming just texted!

From Paul ?

Jey. Can we meet now? Sa Einstein Room pa rin.. ASAP

Nang mabasa ko yung text message ni Paul, parang may nafeel akong mali. Oh well, whatever. It's our Highschool Graduation today! Tapos na ang buhay highschool ko :( Pero okay lang, at least I graduated as the Class Valedictorian *grins*

Pagpasok ko ng Einstein Rm, I saw him staring at the blackboard, his back facing me. I opened the lights, medyo malabo kasi mata ko. Dahan-dahan akong pumunta sa pwesto nya, and I instantly enveloped my arms around his waist.

"What's with the ASAP thingy babe? Kanina ka pa namin hinahanap nina Sath for photo ops. Nandito ka lang pala!"

He faced me and his eyes bore into mine. Grabe, ba't biglang nag-iba yung feeling ako with that look? Before I could say something, he planted a kiss on my lips. Iba yung intensity ng kiss na yun! Parang may halong lungkot na.. ewan. A sorry feeling?

"I love you" I said after our lips parted. I looked into his eyes, and I saw loneliness.

"Jersey, don't. Let's.. don't. Dammit!" binitawan nya kamay ko.

"Let's don't what? I cant understand you!"

"Let's stop this."

Natigilan ako sa sinabi nya. Parang mali ata ako ng rinig. "Ano ulit?"

"Let's stop being like this. Let's break up."

"Ano ulit?"

Nagalit na si Paul sa mga pinagsasabi ko. "Dammit Jersey! Quit that parroting will you? I said BREAK NA TAYO! BREAK. Malinaw na?"

My mind went blank. Break na kami? Magbebreak na kami!? Tama ba yun? Natawa na lang ako sa sinabi nya. "Loko ka talaga, Ilagan. Cmon let's go. Jerro's waiting for us sa gate."

"Narinig mo naman yung sinabi ko diba?

"Alam ko namang joke yun e. Let's go."

"Ayoko na talaga Jersey. Please break na tayo."

Nagpatuloy ako sa paglalakad papunta sa pinto. Eventually, tumigil rin ako, napahawak sa doorknob ng mahigpit. "Bakit.. Why now? Please, don't.."

'"Jersey.. Lalaki ako. Magcocollege na tayo. Ganun talaga.."

"WHAT IN THE HELL ARE YOU TALKING ABOUT!? Do you think I could accept your reason? That's so pathetic! Kasi lalaki ka kaya ayaw mo na? Ganun lang yun?! Putek!

"I have my needs Jersey! Please understand me for once."

"So napagod ka? Ganon? Kasi lalaki ka?! What the fudge! We're happy naman right?! Anong nakakapagod dun?!"

"Natatakot kasi ako! Hindi ko kayang i-balance yung college life ko at ang relationship natin. I'm afraid nab aka ma-fall ako sa iba."

"We're going to the same college Paul! You're not the Paul Ivan Ilagan that I knew and loved."

He managed to grin at me "Baka you never knew me at all."

We stared at each other for a moment, as if we're memorizing each other's faces and reminiscing our happy memories together. Is this the finality of us? One year din kami noh! ONE YEAR, THEN THIS!? Dahil sa lalaki sya?!

My phone rang, and that brought us back to reality. Tinatawagan na pala ako ni Kuya Tops.

"So ganito na lang Paul? Pakyu ka, saktong Graduation."

He ignored my remark and walked towards the door.

"Kaya nga Graduation e. Ayaw mo nun, grumaduate na rin ako sayo."

And that's how it ended. Our love story.

*So there, my Prince Charming isn't the right one for me at all.*

## Chapter 1

Kanina pa ako kwento nang kwento, hindi pa pala ako nagpapakilala sa inyo. By the way, I'm Jersey Santiago, 16 years old and an incoming freshman student. Wait, naweirduhan ka ba sa name ko? Bakit nga ba Jersey? Ewan ko ba sa tatay at nanay ko, basta ang kwento sakin ni Papa na nung naglalabor daw si Mama, naka-jersey sya ng Chicago Bulls (NBA fans kasi sila), at tinawanan pa ng OB Gyne yung get-up nya. And voila, the name stucked.

As I was saying, incoming freshmen student ako sa UPLB, BA Commmunication Arts. Siguro naman halata kung bakit Comm Arts ako di ba? Sa ingay at ganda kong to! Kaya ko lang ginawang first choice ang UPLB dahil sa Spawn from Hell (Paul) na yun. Aggh! Buong family naming graduate sa UP, kaya pressure sakin kasi ako na lang yung nag-aaral. Si Papa graduate from UPLB, BS Civil Engineering (magna cum laude); si Mama sa LB din, BS Development Communication (Cum laude); Kuya Tops, UP Manila BS ComSci (summa cum laude) and Kuya Tatan, UP Diliman BS ECE (magna cum laude). Ako lang sa amin ang Bachelor of Arts. Darn.

6 kaming nakapasa dito sa LB: si Paolo (Applied Math), Jerro (DevCom), Sath (Socio), Amae (Industrial Eng), ako at... si Paul (Civil Eng). How nice diba? Same campus pa kami ng eew kong ex! Nakatira kaming 5 sa isang rented bungalow sa may Raymundo Subdivision, habang si paul naman e nagsosolo sa isang dorm sa Silangan. Pinipilit nga ni Amae na sa Raymundo na rin sya tumira, para malapit lang samin. As expected, he declined. As expected, ang reason nya, "Si Jersey kasi."

Nang masabi sakin ni Amae yun, uminit agad tenga ko. Nasa KFC kami, June 6, kumakain ng lunch. We started to arrange our things sa bungalow, kasi first day na sa June 7.

"Ang kapal talaga ng mukha ng ugok na yun!!" sabi ko habang hinahati yung chicken.

"Uy Jey, manners naman! Pinagtitinginan ka na oh!" saway ni Amae.

"NAKO! BASTA ANG KAPAL TALAGA NG PAUL IVAN SANCHEZ ILAGAN NA YAN! CIVIL ENG BLOC D1 STUDENT NUMBER 71897!"

Tinawanan tuloy ako ng mga kasama ko."Wow naman! Kabisado pa pati student number!" panimula ni Paolo.

"Wag kayong ganyan! Magkasunod sila ng student # ni Paul, 71898 yang si Jersey!"

"Jersey naman, grabe naman yung hang-ups mo sa lokong yon!"

"AHHH SHUT IT GUYS! BASTA I HATE HIM! I SUPER DUPER HATE HIM!!" Pagkasabi ko ng "him", biglang lumipad yung manok ko... papunta sa floor.

Lalo pa kong pinagtawanan ng apat.

"Sayang naman yung manok, napagbuntunan ng bitterness!"

"TIGILAN NYO NA KASI AKO PLES. AT PALITAN NYO NA TONG PAGKAIN KO!" Okay, I'm already making a scene. But WTH, they're super annoying! I can't help but to unleash my dramaqueen side. Nuff said. At napalitan na yung pagkain ko, at natahimik na rin sila. Nang medyo okay na, nagsalita si Paolo.

"Seriously," napatingin ako. "It's been 2 months since your breakup. Move on na aba! Grabe naman kasi yung allergic reaction mo kay Paul e, minsan OA."

"Pao, I can't just forget that thing! Hello, graduation pa yun! Nakakasira sa valedictorian moment ko. And what's his reason?"

"Lalaki kasi ako Jersey. Intindihin mo yun. Ganun talaga," napangiti pa ako kay Jerro.

"See?! Di ko tanggap yun! Okay sana kung religion or ayaw na ng parents nya sakin. Crap. Shut up brain! I'm not bitter, I'm better."

"Better our ass! In love ka parin sa kanya teh." singit ni Amae.

"Quit it! I'm trying to move on, and you guys are not helping. Di ko na gusto yung bulatihin at uhuging yon!"

"That uhugin and bulatihin boy eventually became your boyfriend. FIRST BOYFRIEND." I shot her my death glare. Wala talagang preno ang bestfriend ko. Natahimik din sya.

"STOP IT NA! Information overload."

Natapos na kami sa pagkain, yun pa rin pinag-uusapan nila. Badtrip talaga tong barkada ko, kung di ko lang sila love e! Pabalik na kami sa bahay nang kausapin ako ni Paolo.

"Hoy. We'll invite Paul later sa bahay. Okay lang?" I stared at him. "Ano?"

"Bahala kayo. We share the house after all..so. Baka ayaw ni Jerro." Napatingin naman si Jerro sakin, nag-smirk. May tampuhan kasi sa kanilang dalawa nung nagbreak kami ni Paul.

"Aalis ka ba?"

"Opo Mama Amae. Why? Maghahanap ako ng pogi." I joked.

"Tanghaling tapat Jey! Ang init oh!"

"Maghahanap ng rebound yan. Bayaan nyo na!" Benta naman sakin yung sbai nya, kaya napa-appear ako. Haha!

"Maghahanap lang ng crush no. Para san pa ba ang mga mata?"

"It's for studying noh. Ay, CommArts ka pala. Walang Math." Pinalo ko yung balikat nya sa sobrang asar. "Okay fine, basta mag-ayos ka ng gamit mo before ka umalis ha!"

So there, nag-ayos nga kami ng bahay. Roommates kaming tatlo while sina Jerro share sa kabilang room. After mag-ayos natulog ako sa isang makeshift bed (comforter, unan at isang sirang balikbayan box). First impression nila sakin e maarte, pero hindi talaga. Kung alam lang nila sikreto ko. Haha! Ginising ako ni Jerro, mga 5pm, kasi nakaharang pala ako sa may daanan papuntang CR. Nagprepare na rin ako para sa paglibot ko: I'm wearing a gray racerback, red shorts, manipis na black cardigan & Havs. Apply ng onting make-up, then gora na!

"San punta mo? Sarado pa Level 1 ah!" pang-asar ni Jerro, na naglalaro ng Wedding Dash. (Level 1 – isang club sa labas ng UPLB campus. Tambayan pag Thursday.)

Lumabas naman si Paolo from the kitchen. "Dito ka magdinner ha! I cooked adobong manok, our fave!"

"Sure! Save the breast parts for me!"

"Nako kahit kelan mukha kang boobs!" pahabol na asar ni Sath.

Dinala ko pala yung Canon EOS 100D ko. For 2 years sideline ko na ang pagiging graphic artist and photographer/editor. Mahilig din akong gumawa ng short films nung highschool. Ayun, todo kuha ako ng pictures habang naglalakad sa campus. Ang ganda kasi ng UPLB pag gabi, ang homey ng feeling! Pumunta ako sa Carabao Park at kinunan yung monument dun. Suddenly, may nagflash sa may kanan ko. Ano yun, may kumuha ng picture ko?! Pag tingin ko naman, may nagpipicturan sa gilid ko. Feeler much!

Naglakad ako papunta sa harap ng CAS, sa harap ni Oble. May nakita akong dSLR na nasa tripod, katulad nung akin. Sa lahat pa naman ng ayaw ko e may kapareho ako! Badtrip! (CAS - College of Arts and Sciences ; Oble - Oblation Statue)

Then from out of nowhere, may guy na kumalabit sakin. "Excuse me, Miss."

HOLY MALONEY! ANG HOT NG BOSES NYA! SEXY ALA JOHN LLOYD! Syempre umalis na ko sa may cam nya at tumabi. Di ko kasi masyadong maaninagan yung mukha nya, against the light kasi. Ang kita ko lang e yung black eye glasses nya. I can't even say if he's gwapo or not! Mas matangkad sya kay Paul in fairness. He's changing the camera lens, and halatang di sya marunong.

"Uhhmm Excuse me. Mali yung pagkabit mo ng lens."

Napatingin sakin yung guy (FINALLY!). And over my dead body, he looks like Joo Ji Hoon, yung Prince Gian sa Princess Hours! "Ano ulit yun Miss? Sorry, di ko narinig e.

"You're adjusting the lens wrong," ulit ko. Medyo di nya nagets yung sinabi ko kaya dinemo ko using my cam. "We have the same model kasi e.. Mali lang yung pagkabit mo."

He smiled at me, si Kuya Glasses. "Ay sorry Ate. Mali ba? Bago lang kasi sakin tong cam e, di pa ko marunong. Pano ba?" Badtrip naman, natawag pakong ATE! Freakass. I managed to smile na lang at dinemo ko sa kanya kung pano.

"Are you a professional photographer Ate?" Pasalamat sya na gwapo sya!

"Naku, don't call me Ate! NF lang ako, and amateur lang. started 3 years ago, self-taught." (NF – New Freshman)

He tested the cam again. "Aba okay ah! Mas luminaw! Thanks nga pala A- Miss. I'm Edward, by the way." He extended his hand.

"Jersey. Nice meeting you Edward! NF ka rin ba?" I shook his hand.

"Nope. Sophomore actually. ComSci. Nice meeting you too!"

GRABEE! Kinikilig ako ditto kay Edward! Akala ko talaga sya si Ji Hoon! Pero masyado ata akong napatagal ang titig ko sa kanya. "Jersey, okay ka lang? Wag ka naman tumitig ng ganyan, baka mainlove ka sakin.

ANO RAW SABI NYA!? WHAT THE! That caught me offguard. Hoy Kuya Edward, porke gwapo at natitigan lang kita, it doesn't mean that I'll fall for you! "Ha?! Sorry for gawking. I'm not wearing my contacts kasi, malabo mata ko." And there, binitawan ko kamay nya.

"Ay, do you mind? I need to finish this for my requirement. Nice meeting you!" he said with a smirk. So he wants me OUT. Fine! I'm going out!

"Nice meeting you din Kuya. See you around!" Of course, plastic pagkasabi ko nun. Umuwi na lang ako sa sobrang asar. For the first time ever, ngayon lang ako nanghinayang sa gwapo. As in.

## Chapter 2

It's Monday today! Campus Tour and College Orientation today, then tomorrow night naman ang Freshie Concert. Kamon!

"Badtrip ka parin?" tanong ni Paolo while we're eating our breakfast. Napatingin naman sakin yung tatlo.

"Hindi na noh. Why naman?"

Natawa na naman si Amae. "Does the name Edward ring a bell to you Jey?" I shot her my death glare again, pero waepek.

"Ay whatever! Wag nyo nga mabanggit pangalan nun! Pati ni Paul! Taboo sila dito okay?! Don't spoil my day ples. Campus tour ba!"

"Campus tour nga ba o Gwapo tour? Nako Jersey! Malala ka na!"

"Tsss! Jerro isa pa, tatamaan ka na!"

"Tinakot mo siguro kagabi Jey. Para ka kasing may dalang sign last night na WANTED: REBOUND. MAS GWAPO SA UHUGING EX KO," pang-asar ni Sath.

"Ay whatever. Nanghinayang lang talaga ko. He looks like Ji Hoon, minus the ugali. Turn off teh!"

Napatingin naman kami kay Pao, na biglang natahimik. "Alam naming may sasabihin ka, so spill it."

"Wala naman e..." binato sya ni Amae ng Maxx. "Okay okay! Jey, wag mo kasing hanapin. Hintayin mo!" And that statement made us laugh. As in. Lovestruck talaga tong si Pao kay KatKat, classmate naming nung HS.

After our breakfast, pumunta ako sa room namin to fix my things for the classes tomorrow. K fine, ako na excited! Sa sobrang boredom natulog na lang ako, and I woke up around 11 am. Saktong lunch! Kumain kami sa Mang Toto's Inasal, nasa subdivision din namin.

Papunta na kami sa Freedom Park nang mapansin naming na parang dumidilim yung sky.

"Do you think matutuloy Campus tour?" tanong sakin ni Sath. Nasa may Palma bridge na kami.

"It's gonna rain! But what the, let's go! Photo op din to!"

Nakapila na kami nang saktong bumuhos yung ulan. Malakas! Dali-dali kaming sumilong dun sa may SU, pero siksikan talaga. Parang may stampede! Sa sobrang pagmamadali nung apat (dahil ako wala silang dalang payong, ako lang.), nakitakbo sila. Ayun, naiwan ako sa may likuran, kaya tumakbo nako. Okay n asana , kaya lang may sumalubong din saking guy na tumatakbo rin. Sumabit tuloy yung payong nya sa payong ko, at parehas naming nabitawan.

"KAMON!" sigaw ko sabay pulot sa payong. I noticed na may hinahanap pa yung guy sa daanan. Pinayungan ko. "Are you okay? Can I help?"

"Yung glasses ko.. naku! It fell." Hinanap ko naman, and I saw it inches away from me. Binigay ko naman, and DARN IT. HE'S GWAPO! Aljur Abrenica look alike, only whiter!

"Okay na?" inabot ko payong nya.

He smiled. Gosh, mas gwapo sya without glasses! "Yup! Thank you ha! Pasensya na, nagmamadali kasi ako. Basa tuloy", referring to my almost wet white shirt. Buti na lang white bra rin suot ko. ALAM NA!

"Okay lang. Mas basa ka nga e! I'm sorry!"

"Shit I'm late na pala! I'm Glenn, Batch 09. Ikaw?"

"Jersey. Batch 10 CommArts. Nice meeting you Kuya Glenn! (K. Pacute pa.)

"Just kill the Kuya k? DevCom pala ako. See you around!" sabay takbo sa hintayan ng jeep. Pabalilk nako sa SU when I heard him calling my name. Nasa jeep na pala sya.

"Jersey! Parang may naiwan ata ako sayo?"

"Ha?!" napatingin naman ako sa kinatatayuan ko. "Wala naman ah!"

"Meron. My heart ?" sabay kaway sakin. UGH. Kill me now ples! I'm super kinikilig!

"Pumapalakpak na tenga nyan oy! Kilig ka noh?" biglang sulpot ni Pao sa tabi ko, sabay ginulo buhok ko.

I acted as if nothing happened. "Kilig about what?"

"Deny pa amp! Nakita namin yung cheesy moment nyo nung Glenn! Grabe!"

"Ang cheesy! He left his heart daw. Whatever!"

Dumating naman si Jerro, "Cancelled lahat ng activities today because of the weather. Uwi na tayo?" Napatingin naman sya sakin. "Are you blushing?" Umiling na lang ako.

Habang pauwi todo asar sakin nung apat. Badtrip tong bestfriend ko, kinwento pa sa boyfriend yung nangyari!

"Gusto mo hanapin ko for you? Parehas lang kami ng college," offer ni Jerro. DevCom din kasi sya.

"No thanks. If we're destined for each other, magkikita kami talaga." Hindi bumenta sa apat yung sinabi ko. Bwiset!

Pero come to think of it, in just a span of 2 days, I met two gorgeous guys. Isang mayabang, at isang cheesy. Well, kung papipiliin ako between Edward and Glenn, kay Glenn ako. Package na eh! Di tulad nung isa, gwapo pero mayabang. Sayang!

## Chapter 3

Wednesday na, and start na ng classes. 7am pa klase ko badtrip! Nakauwi kami from the Freshie Concert ng mga 10:30pm na. Kamustaaa naman ang eyebags sa first class! I decided to wear my gray dress and red flats. Kahit sa damit na lang ako bumawi!

"San klase mo?" pambungad sakin ni Sath nang lumabas sya sa CR.

"EE Audi. San ba yun? Di naman kasi tinuro nung guide kahapon." (EE Audi – Electric Engineering Auditorium)

"Sa CEAT yun teh. Just take the jeep. What class?"

"SOSC 3. Ayos di ba?" Natawa naman nang malakas si Jerro, na nasa kitchen. Ang SOSC 3 kasi ay "Exploring Gender & Sexuality". In short, about sex. Di ko alam kung bakit ko kinuha yan.

"Hanep. Sex for breakfast!? Busog ka nyan!" Napatingin naman ako sa watch ko. It's already 6:45! Nagmamadali akong tumakbo papunta sa jeep stop. Ayoko pa naman ma-late for my first class!

"Kuya, EE Audi po." Huminto naman yung jeep sa may Agronomy building.

"Nako Miss, nilalakad pa papuntang EE Audi e. Diretsuhin mo tong daan, tas pag may nakita kang white na building sa kanan, yun na yun." WHAT THE! Eh papuntang IRRI na yun ah! No choice ako kundi maglakad. It's already 6:47!

"Nakakaasar naman! Sex lang naman ilelecture, sa napakalayong lugar pa!" Nakarating ako sa EE Audi ng 6:58. Nice.

When I reached the audi's door, napansin ko na tahimik yung place. Large lecture class to, so dapat mga nasa 160 kaming students. Ang tahimik naman! Ganito ba talaga pag sex ang ilelecture? I peeked inside and found NO ONE. Nako, baka naman 8:30 pa klase ko!

"Darn it! Malas talaga oh!" sigaw ko habang sinara yung pinto. May tao pala sa may bandang likuran ko. "Sino ya-"

Bull. Si Edward.

"Edward!?" di sya agad nagrespond. Tinanggal pa nya earphones nya.

"Ha?"

"SOSC 3 class mo right?"

"That's why I'm here." Ugh. Pinagmukha pakong tanga!

I just ignored that sarcastic answer. "Isn't it odd? Walang tao sa loob e. Large class naman tayo."

"7:05 na. They're late."

Grabe, kahit gwapo sya, mas lumalamang yung asar ko sa kanya! To break the ice, I spoke. "Let's go inside kaya?" Sumunod naman sya.

Nang nakaupo na kami, I asked him about ComSci. (Flashback: Summa cum laude kasi si Kuya Tatan ko, UP Manila.) Mahirap daw kasi Math 17, kaya kailangan ko makakuha ng story para matakot si Amae, ang Ms. IE. (Math 17 – College Algebra & Trigonometry)

"Okay lang naman yung Math 17 e. No sweat. I even got 1.5 that time."

So palakwento pala tong lokong to! Tinanong ko naman kung may kilala syang Glenn since batchmates sila. Wala raw, di raw sya friendly sa DevCom. Kfine.

All of a sudden, nagring BBM ko. Si Paolo. "Oh bakit?!"

"Nasan ka ba Jersey?"

"EE Audi! Badtrip nga e, walang tao dito!"

"Gaga! Magkalecture kaya tayo sa SOSC 3! They changed the building assignment. CAS Annex 2 MPH2!"

"WHAT THE FUDGE! ANG LAYO NUN DITO!"

"Dalian mo! Get your ass here ASAP! Nag-aayos sila ng seating arrangement ngayon."

Nakatingin naman sakin si Edward. "Anong meron?!"

Kinuha ko na lang bigla yung bag ko at tumakbo palabas. "Wrong building! Sa CAS Annex 2 daw!" Hindi ko na sya pinansin, basta gora lang ako sa pagtakbo papunta sa sakayan ng jeep.

"Hoy Jersey hintayin mo naman ako!" sigaw nya. Nasa likuran ko na pala sya! Akala ko di sya susunod. Oh well. Nilibre nya ako sa pamasahe since wala akong dalang barya. Bumaba kami sa may CEM, at pinagtitinginan kami. Hello, para bang may Amazing Race kasi todo takbo kami. What if Makita ako ni Glenn na ganito? NOOOOOO!!!

7:23 na nang marating naming yung lecture hall. Nagpabango pa ko bago pumasok sa LH. Nasa harapan pala yung lecturer namin nang binuksan namin yung pinto. Introduction to SOSC 3 na sila! Ang effect, napatigil yung lecturer at napatingin samin. Ang buong klase naman, composed of 160+ students, napatingin din! NAKAKAHIYA >,<

"So.. why are you late? Don't you know what's the time of our class?" entrada ni Mam.

"Uhmm Mam. We just came from EE Audi po. We're not informed about the change in classroom assignment."

Napangiti naman yung matanda. "Did you receive our text yesterday?" Napailing kaming dalawa. " Ohh. Sorry. Anong recit section nyo?"

"X-5R po." Darn. Ka-recit ko pa to!? NO WAY!

"Sit right over there.. dun sa row na yun. Girl in maroon," pumunta naman kami sa tinuro nung prof. May 2 bakanteng upuan, magkatabi sa row na yun. "Okay. Ms. Jersey Santiago? Seat right over there, beside Ms. Sanchez, the right seat." Umupo naman ako. "Mr. Kevin Santos? Seat beside Ms. Santiago." At umupo si Edward.

So, Edward Santos pala ang pangalan nya.

Wait lang. Kevin Santos daw ah?!

Nilabas ni Edward yung Form 5 nya. Sinilip ko.

Putek. Kevin Santos nga. Student # 2010-49718. BA Communication Arts.

WHAT THE FREAKING HELL!?! COMMARTS DIN SYA!? Biglang uminit dugo ko. How dare him!

"Wow, ang layo naman ng Edward sa Kevin," parinig ko. Di nya ako pinansin kaya humirit pa ako. "Madali Math 17?! Talaga? SAN BANDA? KEVIN LIAR!"

"Tumahimik ka nga dyan! Ang ingay mo!" bulong nya. Di sya makatingin sakin.

"So what kung maingay ako, liar ka naman! Edward pala ha! Anong tingin mo sa sarili mo, Edward Cullen? IN YER FACE!!" Napagalitan tuloy kami nung student assistant sa likuran namin.

After ng lecture, pinaiwan kami ni Mam Lopez for awhile. "Out of 163 students, kayong dalawa lang ang di naglagay ng cellphone number sa contact sheets nyo. Buti naman at nainform kayo agad," sabi nya at inabutan kami ng papel to write our numbers. Aaack! Out of 162 students, bakit sya pa!?!

Tahimik kaming lumabas ng lecture hall. I'm so pissed! Pabulong-bulong tuloy ako sa sarili ko. "Saan nga pala ulit yung sa Speech Comm? Ugh."

"Speech Comm? Sa may ANSC yun. Next class mo?" I looked at him. He's smirking again! Wa epek yan dude! (ANSC – Animal Science)

"Whatever. Liar!"

"Ba't ang init ng ulo mo sakin?! I just helped you! Say thank you."

HE'S SO FULL OF IT! "BAHALA KA NA NGA DYAN! BWISET!!" Nag-walk out ako. Ugh.

Pero nananadya ata tong Kevin na to. Hindi naman pala sa AnSc yung SpeechComm class, sa CAS din pala! ANG LAYO PA NG PINANGGALINGAN KO! Nalate tuloy ako. And the worst part, katabi ko naman sya. Alphabetical arrangement sucks. Pati sa PE Orientation nandun din ang loko! Sa lagay na to, akalain mong marunong syang magvolleyball!?

After ng PE, tumambay muna ako saglit sa mga bench sa likod ng Hum bldg. I was drinking Sola nang may tumabi sakin. "Hanggang dito sinusundan mo ko?!"

"Hoy. Feel mo naman. Excuse me, I'm not stalking you."

"Bakit ba palagi tayong magkaklase? Siguro kinopya mo sked ko!

"EXCUSE ME. NEVER KONG GAGAWIN YON! And will you please quit bullying me? I've had enough today. I'm tired, at siguro ikaw din. Tama na ples."

Natawa pa ang loko sa spiel ko. "Wait a minute. Don't get me wrong, but is there a pang of concern on your tone? Kung meron man, I'm touched."

"HOY. If you're thinking na type kita, asa ka! No way."

"Ikaw na nagsabi nyan ha. Hmmm. Ano nga kaya yung type mo?"

"Aba'y hulaan mo!" At hinulaan nga. Tumingin sya sa paligid, at halatang may hinahanap sya. "Ano na? Found someone?"

He looked at me seriously. "Meron. Ayun oh." Sabay turo sa may OUR. "Yung naka red shirt."

"Di nga?! Nasan ulit?" at napatingin naman ako. I was shocked.

Si Paul yung tinuro nya. And he's with another girl.

## Chapter 4

(Kevin's POV)

Siguro kanina pa ako sinisiraan ng epal na Jersey na yon noh? Aba pwes, gaganti ako! Joke lang. Ako nga pala si Kevin Santos, 16 years old, Freshman student sa UPLB, BACA. Hmmm, wala na ata akong makukwento sa inyo, sinabi na at ni Jersey lahat e! But I just want to clear something: HINDI AKO BULLY. Natutuwa lang ako sa reaction nya pag naasar sya. Teka, ano bang sinabi nun sa inyo about sakin, gwapo ako? Hehe. Maraming nagsasabi na gwapo ako,, at kamukha ko raw sina Joo Ji Hoon o Joe Cheng ng mga Asianovela na yan!

So bakit ako napunta sa CommArts? Gusto ko talaga magComSci, kaso hindi umabot yung quota ko kaya BACA bagsak ko. Plano ko sanang magshift, pero parang ayoko na.
Si Jersey kasi.

Look, don't get me wrong. Actually, I don't like that girl! Hindi ko sya type. Sino bang magkakagusto sa babaeng machine gun ang bibig, walang ginawa kundi siringan ka at.. palaging pasigaw? Sa totoo lang, maganda yang si Jersey, sablay lang talaga sa ugali. Hindi pa rin sya nagbabagoo, ganun pa rin sya tulad nung first time naming magmeet.

Baka nagtataka ka dyan. Yup, hindi yung meeting namin sa tapat ni Oble yung unang beses. I first met her nung UPCAT, August 2 sa UPD.

Hindi ko talaga makakalimutan yung araw na yon! Dahil kay Jersey kaya di ako nakapasa sa ComSci e! 12:30pm yung schedule ng exam ko dun, sa Math Bldg. Since makapal ang mukha ko, ako lang pumunta mag-isa kahit di ko alam kung saan ang Math Bldg. Nasa may Palma Hall ako nun nang makita ko sya. Ewan ko ba, naka red shorts & black racerback & hahvs lang sya, pero ang hot nya tignan! So sa kanya ako nagtanong. "Excuse me Miss. Alam mo ba kung san yung Math Bldg?"

She managed to give me the directions. Ako naman si tanga, sinunod naman! Pero putek, naligaw ako! Halos isang oras bago ako makarating sa Math Bldg! Late ako ng 30 mins sa pagtetake ng exam. Hingal na hingal ako sa pagseshade ng circles. Nang mapalingon ako sa may northeast ko, nakita ko si Jersey na nagsasagot. After ng exam, nagtanong ako sa guard kung saan yung shortcut pabalik sa Palma Hall. Diretsuhin ko lang daw yung daan. Badtrip, mas malapit pa yun!

Bwiset talaga yan! Ayan tuloy, sa Los Banos ang bagsak ko. Akala ko sa Diliman na yung huling pagkikita naming, hindi pala. Nakita ko rin sya nung medical check-up at enrollment. Badtrip.

Pero ang favorite ko sa lahat ng meeting naming e yung sa Cpark. Wala lang, buti na nga lang hindi nya na ako matandaan e! nagulat pa nga ako nung makita ko sya sa harapan ng cam ko. Sa totoo lang , shy type ako. Ewan ko nga kung anon espiritu ang pumasok sakin para pagtripan sya ng ganun. Sinadya ko talagang tawagin syang ate, pang-asar lang.

Hindi ko nga ala kung bakit sa lahat pa ng pangalan e Edward pa nasabi ko. Ayoko talagang magsinungaling pero nung malaman ko na sya si Jersey, uminit na ulo ko. Ka-course ko tong babaeng to? NO WAY!

Ang nakakatawa, crush ako nito. Kanina pa tingin nang tnigin sa kin e! Kaya kahit harsh, bumanat ako ng, "Jersey, okay ka lang? Wag ka naming ganyan tumitig. Baka mainlove ka sakin e!" That set her off! Umalis na rin sya sa wakas!

Nag-effort naman akong magtago nung Campus Tour at concert. Akala ko lligtas nako, but I was wrong. Parehas pa kami ng SOSC 3! Manyak pala tong babaeng to! Ang badtrip, kaming dalawa pa yung hindi nasendan ng GM nung SA, kaya ayun, sa EE Audi kami napunta. At anakngpitumputpitongtupa, nalaman nya ang secret ko: na hindi ako si Edward. Hindi nya pinatahimik ang kaluluwa ko boung SOSC 3 lect sa kakadaldal.

Nakakaintriga din sya ha. Kanina sa may Hum, pinahulaan nya kung sino raw type nya. Tinatamad akong manghula, kaya tinuro ko nalang yung lalaking nakapula sa OUR. Pagkatingin nya sa lalaki, napa- OMG sya. I can see that she's shocked.. and yung pain. Ang intense! She managed to smile anyway, pero tahimik lang sya sa English recit namin.

Kaya eto, nakatambad ako sa aking Mac Book Pro, at nagstastalk sa internet. First time ko pa lang gagawin to.

- Name: Jersey Benitez Santiago
- October 23, 1993 (One month lang tanda ko! Di ako papayag!)
- Muntinlupa City (Malapit lang samin. Badtrip.)
- Super talented (Hindi ako naniniwala dito.)
- One man band. ("Name an instrument, I could play it." YEAH RIGHT)
- Allergic sa seafoods, esp. sa squid.
- Di sya kumakain ng burger pag walang tomato ketchup, mashed potato na walang mayo ay kornik na hindi babad sa suka.

Madami pa yan, kaso tinatamad nakong ilagay. Nun tinignan ko yung Multiply site nya, nakita ko rin yung mga pics nila nung guy. So ex-bf pala nya yun! Paul Ivan Ilagan yung name, Civil Eng dito sa UPLB. February 17 2009 nung naging sila, at ang dami nilang pictures! Sila pa nga yung King & Queen nung JS nila nung 3rd year. Maraming nagsasabing compatible sila.

Pero bat ganun, kung compatible sila at halatang mahal nila ang isa't isa, bakit sila nagbreak? Nung Graduation daw sila nabgreak e, at nasaktan talaga si Jersey. Nako Jersey, kung alam mo lang, mas bagay tayong dalawa. Ano ka ba Santos?! Kung anu-ano pa pinagsasabi mo dyan! Mag-Mouse Hunt ka na nga lang!

## Chapter 5

(Jersey's POV)

ASAR! Lahat halos ng subjects ko, kaklase ko si Kevin Liar! At bakit parehas kami ng sked? Ano to, conspiracy???

"Hanggang dito ba naman sinusundan mo ko?" bulong ko sa kanya. Magkatabi na naman kami sa NASC 1 lecture, bwiset na alphabetical nay an! (NASC 1 - Natural Science; The Material Planet)

"Yan din ang itatanong ko sana sayo, Miss. Masyado ka naman kasing obvious."

"Obvious? Sang banda ha?"

"Crush mo ko, right?" The very thought of that disgusted me. CRUSH KO SYA!? HOW DARE HE! "Oh, bat ganyan mukha mo? Swerte ka nga e, ako pa nakatabi mo."

"At anong swerte dito ha!? SANG BANDA KUYA! Badtrip ka."

HE JUST SMIRKED AT ME! Nako, kung hindi lang to bastos, matutunaw nako sa smirk na yan! "Talaga lang ha? Nababadtrip ka na sa lagay na yan?!"

"Bwiset ka. Ayokong patulan ka ha, pero FYI. Marunong ako ng MMA, kaya wag mo kong subukan!" Tinawanan lang ako ng loko! Badtriiiiip! "Wag mo nga kong tawanan! Isa pa, matatamaan ka na!"

Bigla syang tumitig sakin, seryoso na and he whispered, "Ang cute mo pala pag nagagalit ka." UGH. That caught me offguard. Ang lalim kasi ng mga tingin nya sakin e, yung tipong mafafall ka. Then I felt someone held my hand and raised it up in the air. What?

"Yes Mr? Anong meron?!" sabi nung lecturer sa harap namin. OMG, NAKATAAS PAREHO KAMAY NAMIN! ANONG MERON!

Bago ko pa mababa yung kamay ko, nagsalita si Liar. "Sir, you won't believe it but, nakatabi ko dito yung first love ko nung Kinder!"

WHAT THE EFF IS THAT!?! Napuno tuloy ng hiyawan ang buong lecture hall. Ako naman, caught up pa rin kaya hindi makapalag. Nakatingin silang lahat samin! Ang awkward!

"Smile naman dyan, Jersey. They're looking at us" bulong nya sakin. At dun ako natauhan, kaya bigla kong inapakan yung paa nya. "ARAAAAAAAAAAY! Ang sakit!"

"Ay masakit pala yun, Love? Gusto mo isa pa?" sabi ko, medyo acting. Naghiyawan tuloy sila ng KISS NAMAN DYAN!

Hinihipo pa rin nya yung paa nya na minurder ko. "Uy Love, kiss daw oh! Lika nga!" Without any hesitation, hinawakan ko yung baba nya then hinaharap ko sa mukha ko. Sya naman ang nashoshock sa mga pinaggagawa ko. Unti-unti kong nilalapit yung mukha nya sakin, as in malapit ko na talaga syang halikan. Nang....

"TAMA NA YANG PDA! WE'VE SEEN ENOUGH! Mamayang gabi dun kayo sa Fertility Tree, dun nyo ituloy yan!" sabi nung lecturer naming. In an instant, binitiwan ko sya, then kinausap ko yung mga classmate naming. "Sorry ha! It's been 13 years since the last time we saw each other! Di ba love?" In shock pa rin sya sa ginawa ko.. at ano to? HE'S BLUSHING! Ang cute nya pag nagbublush. >,<

Tahimik kaming pareho nung buong lecture. Well buti nga! Ako pa kinalaban nya ha, ang galling ko pa naming umarte! Nakokonsensya ba ko? Not a chance! Sya nagsimula, ginatungan ko lang!

"Oh pano love, una ako ha?! See you tomorrow!" sabi ko nang natapos na yung lecture namin. Nakatingin pa rin yung karamihan sa mga kaklase naming kaya I hugged him. "Lintek ka, sabi ko sayo e. Wag mo kong subukan, love!" bulong ko sa kanya. I broke the hug and bade him goodbye. He remained sitting there, stunned. Buti nga!

--

"Grabe ka Jersey, hindi ko kinaya yung ginawa mo kanina sa lecture", bungad sakin ni Sath pagpasok ko sa bahay.

"Ako? Anong ginawa ko? Sang lecture?"

"Kunwari ka pa ha! Kanina sa NASC. Grabe, tawa kami nang tawa ni Sath!"

"Anong meron sa NASC nyo ha?" usi ni Amae na kakarating lang din.

"Ayun, minanyak yung katabi ny-"

"ANO BA YANG PINAGSASABI NYO HA.. DI KO ALAM YAN!" Todo deny pako.

"Hoy loka ka, kaklase ka kaya naming sa NASC!" Oh geez. Oo nga pala! Ibang recit lang tong magshota!

"YUCK JERSEY, GANYAN KA BA KADESPERADA NGAYON? MINANYAK MO YUNG SEATMATE MO! YUCK!" napatingin naman ako sa direksyon ni Paolo, att binato sya ng unan. "Eto naman, joke lang e. Sino naman yang minanyak nya Jerro?"

"Di ko alam pangalan e, basta katabi nya. Yung lalaki yung nagtaas nung kamay ni Je, sabi sa prof namin 'Sir, you won't believe it but, nakatabi ko dito yung first love ko nung Kinder!' Ayun, inapakan nya yung paa nung guy. Tas hinawakan ni Je yung baba nung lalaki, muntik na halikan! Buti na lang umextra yung prof kundi make-out session nay un."

In shock naman sina Pao at Amae sa ginawa ko. "What the heck is that Jersey!? Grabe ka! Di ka na nahiya!"

"Look Pao, gumaganti lang ako. Yung lalaki kasi... sya si Kevin Liar aka Edward!"

"Wow naman Jersey, type mo talaga yun noh! Kunwari ka pa!"

"Eeeww Amae, eewww. Never. And hello, ang yabang kaya nya!"

"Parang si Paul hindi ah!" Napatingin kaming apat kay Jerro. "What? Just saying."

"Please guys, get over it na. Trip lang talaga yun kanina. Believe me, k?"

"Hmmm.. No offense Jersey ha, but since we're best friends... Bagay kayo nung Kevin. Seriously." Sinamaan ko ng tingin si Sath. Ugh!

"NAYSWAYN JE! First week pa lang of classes, may love life ka na! I'm proud of you!" sabi sakin ni Paolo, na may kasama pang akbay. Siniko ko tagiliran nya.

"TIGILAN NYO KASI AKO!"

Tinawanan na naman nila akong apat, "Whatever you say, Love."

BADTRIP. Sana wag na kaming asarin bukas. T____T

(Kevin's POV)

Kanina pa ko nakatulala sa harap ng kare-kareng binili ko. Nagdidinner kami ni Keith, roommate ko, sa Ken's Take-Out, at hanggang ngayon, lakas pa rin ng epekto nung counter-trip sakin ni Jersey.

"Ayan kasi, kung anu-ano pinagsasabi mo e. Napagtripan ka tuloy!"

"Salamat ha, Keith. Salamat," tinawanan naman nya ko. "Asar e! Muntik na nyang agawin first kiss ko! Malapit na talaga Keith!"

"Eh bakit mukhang kinikilig ka bro?"

AKO,KINIKILIG?! ASA! SINONG KIKILIGIN DUN, AAGAWIN NG PINAKAAYAW MONG TAO YUNG PINAKAIINGATAN MONG FIRST KISS?! SHEMPRE, HINDI AKO YUN! "Bro, ang gay naman ng pinagsasabi mo! Ako, kinikilig?! Kay Jersey pa! Asa ka bro!"

"Suus. Bakit mo naman sinastalk yung babae two nights ago?" napatigil ako sa pagkain non.

"Wala lang, trip ko lang. Masama ba?"

"Amin na kasi, type mo noh?"

"Ako nga tigil-tigilan mo Keith. Sabing hindi ko type yun eh!"

Tinignan nya ako nang seryoso. "Hmmm. Maganda naman yung Jersey ah! Bakit ayaw mo dun? May girlfriend ka na ba?"

"Wala ha. At bro, hindi ako bading." Nagtawanan na lang kami.

Wag ko na nga isipin si Jersey, nakakawalang gana kumain e!

## Chapter 6

(Jersey's POV)

"Uhmmm. Bakit kaya sila nakatingin sakin?" tanong ko sa blockmate ko, si Jillot. Nagpapalipas kami ng oras sa may 711, next class kasi naming ay GI. (GI – Guidance Instruction; Block meeting). Halos lahat ng dumaan sa harap naming dalawa, napapatingin sakin. Teka, ano nga bang meron?

"Kalat na kaya sa mga NF yung nangyari sa NASC kahapon! Ano ka ba!" I was like o__o.

"What do you mean by kalat?"

"Duh Jersey!" winagayway pa nya sa harap ko yung spoon na hawak nya. "Ano ka ba, e di yung first love scene nyo ni Kevin! Narinig ko nga sa dorm namin yun e, and swear, tawa ako nang tawa! Pero totoo nga ba na first love ka nun?"

"YUCK. At anong first LOVE SCENE?! Kadiri naman yang term mo! Joke lang talaga yun kahapon. Pinagtitripan nya kasi ako, tas ayun, gumanti lang. Counter trip ba."

"Ahh. Counter trip pala, love." Lumingon ako sa likuran ko. Darn, si Kevin. Nakatingin samin lahat ng tao sa 711! OMG we just made a scene here!

I gathered all my courage to answer him back. "Yes, love. Counter trip. Galit ka na?"

He smirked. Again. Sorry, di ako matinag nyan! "Ako, galit? Hindi ah! Bakit naman ako magagalit sayo, love?" Talagang may emphasis yung word na love e.

"Hihi. Jillot, lika na. GI na natin" sabi ko kay Jillot. "Oh, bakit ka nga pala napdpad dito, love? Anong meron?"

"GI. Aattend ako. Bakit?"
"Shemay. WX1 ka rin ba?"

"Ay hindi, hindi Jersey. Blockmates nga tayo kaya WX1 din ako!" From nowhere, bigla nyang ni-link yung braso nya sa braso ko, para bang gentleman. Pero kinakaladkad nya ko palabas ng 711!

"HOY ANO BANG TRIP MO SA BUHAY HA! WILL YOU QUIT THIS KALADKAD THING!?! BWISET PANIRA KA TALAGA NG UMAGA! ANO BA TALAGANG PROBLEMA MO HA!!!!!"

"KUNG AKO SAYO TUMAHIMIK KA NA NGA! HINDI KA NA NAHIYA SA MGA TAO OH! BABAE KA BA?!"

"AY HINDI, HINDI AKO BABAE! BADING AKO!" At dun, binitawan nya rin ako. Hindi ko namalayan na nasa may stairs na kami paakyat ng Room 9A. "Sinabi ko lang na bading ako, binitiwan mo agad ako. Hindi ako bading noh."

"Alam mo, maganda ka sana e. Kaso nakaka-turn off yang bunganga mo, parang hindi babae e" sabi nya, at umakyat na papunta sa Rm 9A.

Wait a minute, sinabi nyang maganda ako?! He's checking me out? Like really! Grabe naman, I'm dumbfounded. Kaso, yung bunganga ko raw, di pang babae? HELLO! Sinong matinong babae naman ang di tataas ang boses pag ganun kausap mo? Arrrgghhhh!

Paglingon ko sa may 711, wala na pala dun si Jillot. Dali-dali akong pumunta sa Rm 9, baka wala nakong maupuan!

"Jersey dito oh!" tawag sakin ni Jillot sabay turo sa upuan sa kaliwa nya. Pag upo ko, nag-peace sign agad sakin si Jillot. "Bakit?" napangiti na lang sya sakin. Lumingon nalang ako.
Kevin pala katabi ko. Badtrip.

Buti na lang dumating si Mam Andrea, yung block adviser naming, bago ko pa masapak si Kevin. “Good afternoon WX1! Kamusta first week?” Mukhang mabait si Mam Andrea, okay to! “Bago tayo magstart, welcome pala natin yung facis nyo from Gabay, sina Kuya Marc at Ate Jade.” Kumaway naman samin yung dalawa. In fairness ha, gwapo yung Kuya Marc!

“Gwapo alert!” bulong ko kay Jillot.

“Mas gwapo katabi mo Je!” Kevin, gwapo? Eew.

Nagpaikot ng attendance si Kuya Marc, starting kay Kevin. “Love, eto na attendance oh!” sabi nya sakin pag tapos nya. I flashed my ever plastic smile.

“Thank you, Love!” Hmmm. Buti naman wala syang pahabol na pang-asar ngayon ha! Ang question for the day sa attendance ay “What is your first impression about your seatmate?” Ang sagot ni Kevin? ANNOYING. Aba, to make it even, ang nillagay ko: Yung nasa kanan ko, angel. Nasa kaliwa? Spawn from Hell!

Di ko namalayan na may inaannounce na yung mga faci. Ang naintindihan ko lang e may buddy system kami for our freshman year. Para mas exciting ang pag-aassign ng mga buddy, ginawa nilang Getting to Know You style. May mga category silang ibibigay then we need to answer them truthfully. Tapos kung sino sa mga blockmate mo yung pinakamaraming kapareho mo, sya ang buddy mo for the whole first year.

Eto yung mga category:

1. **Brand ng bag**
2. **Date & place kung saan nag-UPCAT**
3. **Dulo ng Student #**
4. **Kulay ng shirt**
5. **First letter ng first name**
6. **Time of birth, doesn’t matter kung AM or PM. Basta same digits.**

Here are my answers:

1. Jansport
2. Aug. 2, 2009 UPD (Math Bldg.)
3. 8! (#71898)
4. White
5. J
6. 12:18 pm

Hmmm. Sino kaya magiging buddy ko? Sana wag tong si Kevin!

“Imposible naming may magkapareho sa lahat ng yan! Time of birth pa nga lang ang hirap na!” reklamo ni Ken.

“Okay, isa-isa nyong ipapakita in front yang list nyo. Then gumawa kayo ng tally sheet para mabilang kung ilan ang pareho nyo. Understood?”

In fairness, mukhang effective ha! Sa block pala namin, 3 ang magkakabirthday! Ang daming nadidiscover dito. Hihihi. So far ang scores ko: Jillot – 3 ; Ken – 2; Arvin – 1. Madami kasing nakaJansport samin kaya halos lahat may 1 point na. Please Lord, let it be Jillot!

2nd to the last na tinawag si Kevin sa harap. Syempre, ako last!

1. Jansport
2. 080209; UPD (MB)
3. #49718
4. White
5. J (John Kevin U. Santos)
6. 12:18 am

Sus, bakit ko naman itatally yung kanya? Ako na sunod e! Nang pinresent ko sa harap yung akin, natawa si Mam Andrea.

"Aba, parang Xerox copy lang yung sainyo ni John Kevin ah!"

"Po?!" sabay naming sabi. Pinatayo ni Mam sa tabi ko si Kevin. Nagtawanan blockmates namin!

"Potek! Parehas nga!"

"Seriously?!"

"Uyy! Baka nga talaga hindi joke yung first love scene nyo kahapon sa NASC ha!" sigaw ni Ken. Badtrip, naungkat tuloy! Nacurious naman sina Mam at yung dalawang faci kaya kinwento nya yung NASC fiasco namin. Yung mga blockmates na di naming kaklase sa NASC, ayun, mukhang kinilig naman sa kwento. Blech, kung alam nyo lang talaga!

"Mukha namang okay kayo ah. Pero it's a surprise ha, I never thought na magkakaron ng magkapareho sa birth time! Jersey, kelan ka birthday mo?" tanong ni Ate Jade.

"October 23 1993 po."

"Ikaw Kevin?"

"September 23 1993." WHAT THE HELL. One month lang tanda sakin ng lalaking to!? Nagsisisigaw naman sa tili yung dalawa kong blockmate, match made in heaven daw kami ni Kevin. UGH KUNG ALAM NYO LAAAAAAAAAAAAANG!

"Okay naman ba kayo sa assignment nyo together ha? Freshman year nyo lang naman to e, kaya sulitin nyo na.

I was about to protest when Kevin answered, "Okay lang po Mam. In fact I'm looking forward to this matter."

"Okay na rin pos akin to Mam. I think I could somehow.. deal with this." I flashed my fake smile to him. Asshole.

"Malay nyo yang partnership nyong yan, umabot sa totohanan!" napatingin tuloy ako kay Kuya Marc. "Joke lang Jersey!"

Mabigat yung loob ko pag labas sa Rm. 9A. Nawalan ako ng karapatang ipaglaban ang sarili ko to choose my partner! Ugh talagaaaaa. Papunta ako ng 711 nang narinig kong tinatawag ako ni YOUKNOWWHO.

"Hoy love, san ka pupunta?"

"Pake mo ba, love? Nice ha, 'In fact, I've been looking forward for this matter' ka pa ha?! ASSHOLE!"

"The language, love. Hindi bagay sayo! Totoo naman ah, I'm looking forward for our future partnership. Pasalamat ka na ako partner mo."

"EXCUSE ME I'D RATHER DIE THAN TO BE YOUR PARTNER! BADTRIP KA!"

"Wag ka kasing kiligin e!"

"CHE! MAKAALIS NA NGA DITO BWISET!!!" The heck with this despicable guy!

(Kevin's POV)

Okay lang naman sakin na maging partner tong si Jersey. Sa totoo lang, expected ko nakaming dalawa yung magkapartner. Nasabi ko na sabay kaming nagUPCAT, at alam ko yung student number nya kasi nakikita ko sa attendance. Pero nagulat ako sa birth time namin, di ko akalain na parehas kami! Ano ba to!

"HANGGANG LUNCH BA E DAPAT MAGKASAMA TAYO?!" sigaw nya sakin. Wednesday nun, after ng SOSC 3 lecture naming. 6hrs break pa! woohhoo!

"Bakit ka ba palaging nakasigaw pag sasagot ka ha!? Nakakairita ha!"

"EH PAKE MO BA KUNG PALAGI AKONG NAKASIGAW HA! BWISET!"

"Umayos ka nga! Parang di babae e."

"Barako ako noh! Tsaka please, wag mo nga akong pakialaman! Partner lang kita so shut up!" Ano nga bang problema nito sakin? Ano na naman bang ginawa ko? Badtrip, maiwan na nga to!

Naglalakad na ako palayo sa kanya nang tawagin nya ako. "Where in the hell are you going Kevin?! Hoy!"

"Di ba sabi mo wag kitang pakialaman? Eto na oh, iniiwan na kita diba? Wag kitang pakialaman diba? Ano pang gusto mo?!"

"E DI IWAN MO AKO! AS IF I CARE NOH! GOODBYE!" At sya nagwalk out din sya. Siguro may topak na tong babaeng to! Nakakaasar na ha! Goodluck sa first year ko dito sa UP, with a annoying girl.

Mga 3pm ulit nang magkita kaming dalawa for our PE class: volleyball. Mas marami yung girls kesa saming boys kaya nakafocus samin yung ilang girls. Sa lahat pa naman ng ayaw ko e palibutan ng mga sex-crazed girls! Iba na talaga pag gwapo. Hehe.

"Hoy Love! Lika nga dito!" tawag ko kay Jersey nang pumasok sya sa loob ng Baker Hall. Lumingon pa sya sa iba, pretending na di nya ko naririnig. "Jersey Santiago! Hoy, dito ka nga!"

At last napatingin din sya sakin, nakasimangot na naman. "O bakit, love? Ano na naming trip mo?"

"Dito ka lang sa tabi ko, okay? Stay put?"

"Ano ba ha?! Akala ko ba walang pakialamanan love? Eto talaga ang gulo kausap! Parang kanina lang e aya-" ang dami pang satsat e! Tumayo na lang ako at hinila sya papunta sa kinauupuan ko, total orientation pa naman. Hindi na rin sya nakapalag sa pwesto nya.

"Good girl! Mas bagay sayo pag nakatikom yang bunganga mo Miss." Nagsmile sya sakin ng pilit. Pffsht.

We introduced ourselves sa mga kaklase namin, at dun ko nalaman na varsity captain ng volleyball team si Jersey nung higschool. Ano ba yan, hindi naman halata na sporty tong babaeng to!

"Psst. Hoy Kevin!" bulong nya after naming mag-introduce lahat. Pinapaliwanag ng prof yung mga dapat gawin sa field etc. Hindi na kami nakinig, alam naman namin e.

"Ano?"

"Yung tatlong babae dun sa harapan, I noticed kanina ka pa nila tinitignan." Napatingin naman ako sa harapan, at totoo nga, nakatingin nga sa kin yung tatlo. Yung isang babaeng naka-red shorts, kinindatan nga ko. Sex-crazed b*tches!

"Bakit, selos ka?" Napatingin naman sya nang masama, sabay nakinig na sa prof.

Paalis na kaming dalawa sa Baker Hall nang lumapit samin yung tatlong babae. "Hi Kevin!" sabi nung babaeng kumindat sakin kanina, at inextend nya kamay nya, "I'm Charlie nga pala, batch 10. Magkasunod tayo dun sa list ng UPCAT passers e. I'm so glad to finally meet you!"

"Oh talaga? Parang familiar nga yung name mo sakin. Nice meeting you too!" at nakipagkamay nako. Sa totoo lang hindi talaga ako familiar sa pangalan nya. Aba, chansing pa tong babaeng to, humihigpit ang hawak! Bibitawan ko na sana nang nagsalita si Jersey.

"Kevin, lika na. Malelate na tayo sa recit natin." Tinignan naman siya nung tatlong babae, na parang naasar.

"Ay, may klase ka pa pala? What time awas mo? Gusto sana namin na yayain ka sa Boston, coffee lang." Nagsmile pa sya ng seductive.

"Nako sorry, may block dinner pa kasi kami ni Jersey mamaya e. Try ko next time ha?" tinignan ko naman si Jersey, "Akin na nga yang bag mo, lika na!" at lumakad na kami palayo.

Medyo malayo na kami dun sa weird girls nang kinausap ko si Jersey. "Di ko akalain na possessive ka pala. Nice one!"

"Excuse me!? Ako, possessive? Asa ka boy! I'm not in the mood to waste my time to those girls noh. And duh! Define LANDI! May pakindat-kindat pa silang nalalaman sayo. Kadiri!"

Natawa ako sa reaction nya. "I knew it, jealous ka noh?! Don't deny it, love. Kahit pano naman jealous ka noh?"

"YUCK. Ayan ka na naman e, mangbabadtrip! Kung hindi ako nagsalita kanina, feel ko sasama ka dun sa mga yuck nay un. Eeww. And no, I'm not jealous. Eeeww! Asa ka boy!"

'"Eto naman, minsan lang mag-assume e!"

"Whatever love! Shut up na nga!"

## Chapter 7

(Kevin's POV)

It's Friday today so it means Block meeting na naman. Tss. Bakit ba kailangan pang umattend nito? I could spend time with my blockmates without this meeting. Makikita ko na naman si Jersey dito. Darn.

"Okay WX1! We'll have the block officers election today," sabi ni Mam Andrea. Joke lang yung kanina, hindi nako bored sa block meeting! I'll run for the block representative!

"Jey! I'll nominate you for the block rep!" rinig kong sinabi ni Jill kay Jersey. Napangiti naman tong babaeng to. Pati ba naman as block rep contender ko sya?!

"Para mas makilala natin ang isa't isa, you need to tell us your achievements nung highschool. For us to see who are the candidates. Okay?" sabi ni Kuya Marc. May parang twinkle na naman sa mata nung partner ko. Sheesh.

Wait, did I just say "partner"? Scratch that.

Nagsimula na yung kwentuhan ng achievements, by buddy. Mukhang mahirap to ah, ang dami ko pa lang blockmate na former president ng mga student organizations! Sus, mas magaling naman ako sa kanila e! Last pair kami ni Jersey, ako una.

"Uhmm. Nung highschool? Class Valedictorian. Batallion Commander ako sa CAT namin. Student Council President for 2 years. Basketball captain. Math Club President nung first year. Eagle Scout. Debate Champion. Photojournalist for our school paper. Leadership Awardee. SK Chairman." Well, what can I say? Nagbulungan na yung iba naming blockmates, si Ken naman napatingin sakin and said "Block rep ka na!" Cmon, ako na yan!

Si Jersey na pala kasunod. "Ako!? Hmmm. I'm the Class Valedictorian. Student Council Secretary for 4 years. Volleyball team captain. Debate Club President (4thyear), Photography Club President for 3 years. Editor in Chief ng school paper. Adjutant sa CAT. Junior Vice-Mayor nung Town Week namin. Oblation Scholar. That's all, I guess."

We almost have the same interests and achievements! Talagang kinakalaban ako nitong babaeng to ha!

"Ms. Santiago," singit ni Mam Andrea. "By any chance, is Vivien Benitez your mother?"
Nagulat si Jersey dun. "Yes po. Why?"

"Did you know that your mom was the first Lakambini here?" Lakambini? Ano yun? "Ay WX1, this coming September, we will have the annual Psychosocial. Eto yung battle of the blocks. May mga competition na sasalihan: Dance contest, block photo, debate and the Lakan & Lakambini. Parang Muse & Escort."

"And for the record, palaging nananalo ang CommArts sa Lakan & Lakambini! Title holder kaya ang course nyo for 3 years!" sabi ni Ate Jade.

"So Jersey, pwede ka bang maging Lakambini ng block? I think you're qualified for the spot." SIGE LANG! LAKAMBINI KA NA PARA AKO NA BLOCK REP! Pati yung blockmates ko pinipilit din nila si Jersey. Pumayag ka na kasi!

Medyo alangan pa si Jersey kung papayag sya e. Napatingin pa sya sakin. I smirked. "Aah.. Eh.. Sige na nga! Just for fun.. and for you guys!" SA WAKAS!!

"So that means that we have Jersey as our Lakambini and Kevin as our Lakan," nagpalakpan tuloy ang blockmates ko.

Teka. Ano ulilt? AKO?! LAKAN!?

"Mam, si Kevin na naman partner ko?!"

"Mam naman oh! Why me?"

"Di ba partners kayo, and super classmates pa? I think that would be an easy way for you to practice."

"And besides.. you look good together naman e!" extra ni Kuya Marc. Ako na naman nakita nila! Well, kung gaganti naman ako kay Jersey, why not give this a try? This is a good way to annoy her. TAMA!

"Okay, I take it. Ako na yung lakan. Okay ba yun sayo, Love?"

Napatingin sakin si Jersey, gulat. "Ha!? Sure ka? O-okay lang. Fine, what am I gonna do?"

PANALO TO. KAWAWA SAKIN TONG BABAENG T

"Mam," extra ni Jill. "If that's the case, then it would be better kung sila na rin yung sa Debate. Parehas naman silang debate champions right? Tas they could conceptualize while practicing right?"

Sabay kaming napatingin ni Jersey kay Jill. "HA?! PATI SA DEBATE!?" Ang sama na ng tingin nila samin. Uh oh. This is not good.

"That's a great idea! Ano, okay ba sa inyo yun?"

"Sure, fine by me. Jersey and I could pull it off." Sh!t. Anong sinabi ko?!

"Okay na rin po sakin, basta okay sa kanya." Nakisakay pa tong bwisit!

"So... that's settled!" PALAKPAKAN NA NAMAN SILANG LAHAT.

ANO TONG PINASOK KO?!

(Jersey's POV)

In the end, si Ken na yung block rep namin. Gusto ko pa naman yung spot na yun! Oh well, I can't change this anymore. If he wants to make my life a living hell, then he'll have some taste of his medicine.

After ng GI, dali-dali akong umalis ng SU. I don't want to talk to him today.

"Hoy Jersey!" Kakasabi ko lang na ayoko syang kausap e! Hindi ko na lang sya nilingon. Hello!? Ang malas malas ko talaga kahit kelan! Una, buudy ko sya. Then what now? Partner ko sa Lakambini and debate! KILL ME NOW PLES.

"Jersey! Ano ba, tumigil ka naman saglit!"

"Che! Manahimik ka nga dyan! Don't follow me, creep!"

"Ako pa ang creep ngayon!" binilisan ko yung paglakad "HOY! Stop, DEVIL WOMAN!"
That made me stop. "What did you just call me?"

Pa-inosente pa sya. "Devil Woman. Bakit?"

"WHAT THE HELL! DEVIL WOMAN KA DYAN!?" sigaw ko sa kanya.

"OO. Palagi ka kasing aburido e. Lumalabas sungay mo. Tsaka high pitch ka ba talaga magsalita? Parang di babae e. Nakakairita e."

"EH SINO BA NAMANG DI MAAABURIDO SA TULAD MOO! MAHANGIN, MAYABANG! CONCEITED! AT TAKE NOTE, PARTNER NA NAMAN KITA! ANO BA!"

"MAS MALAS AKO! DEVIL WOMAN ANG PARTNER KO, INSIDE OUT!"

He's pissing me off again! "LEAVE ME ALONE!"

"Ha?" napa-iling sya sa sobrang asar. "Leave you alone? Ayoko nga. A.yo.ko."

"Talagang natutuwa kang asarin ako noh?!"

Lumapit na rin sya and he pinned me to the wall. "May boyfriend ka ba?"

"What kind of question is that?.. Wala. Bakit?"

He smiled again, this time mas friendly yung approach. "Kaya naman pala e." And he let me go.

"What's that suppose to mean?!"

"Pag ang babaeng single, tapos hindi pinapansin ng isang gwapong type nya, they have this tendency to be hostile to that guy. Parang may PMS palagi. Symptoms yan ng DWS."

"DWS?! Mga imbento mo!"

"Devil Woman Syndrome. A very rare case na ikaw lang meron. Lagot ka, pag di ka pa nagkaron ng boyfriend bago ka magdebut, you'll be an old maid forever."

"You're so mean, alam mo yun?" Darn, naluluha nako dito. I'm being bullied!

"See you around, Devil Woman."

(Kevin's POV)

Ang harsh noh? Sus, arte lang naman nya yan. Akala effective! Naglalakad nako pabalik sa dorm nang nagring ang phone ko. "Yosh?"

"Kevin?" I froze. "Are you still there?"

"Y-yeah. Why?"

"Uuwi ka ngayon dito sa San Pedro, right?"

"Yup. Is there a problem?"

"We need to talk."

## Chapter 8

+Name: John Kevin Uy - Santos
+Nickname: Kev
+Birthday: September 23, 1993
+Bunso sa family nila. Jonathan (older brother); based sa US with parents
+Mayaman. (Cmon. Asta pa lang!)
+Computer enthusiast
+Magaling sa Math (Okay fine.)

+One man band (Talaga lang ha?!)
+Loves to write poetry
+takot sa elepante, manok (pati sa feather duster!), porcelain dolls at kay... Dumbo!
+Di kumakain ng kangkong
+Fave food? Beef kaldereta (My specialty!)

SURVEY:

**7 random facts about you**
+Sporty ako, pero di halata. Mahilig akong magvolleyball, basketball, tennis, badminton, pusoy dos, swimming, sepak takraw.
+Hindi ako marunong sumayaw.
+Tirador ako ng kaning lamig.
+I admit, mayabang ako. But hey, I'm human.
+Never nagkagirlfriend.
+Shy type ako. (IS THIS A JOKE!? TELL ME SO I'LL LAUGH)
+Hindi pa ako nagsasabi ng I love you sa isang girl.

**7 things you can do**
+Compose songs
+Capture photographs
+Pakiligin ka (AS IF)
+Solve complex math problems (IKAW NA)
+Stay up for a night to be a shoulder to cry on.
+Bake
+Miss you everyday :)

**7 things you can't do**
+Dance
+Sing in front of a large crowd
+Curl my tongue
+Memorize countries and their capitals
+Eat kangkong again
+Watch Dumbo (WHAT A WIMP)
+Not to miss you everyday :>

**7 things you look for in a girl**
+Must be weird.
+Can make me laugh, cry and flilp.
+Can cook really good food.
+She must be talented, spontaneous and unpredictable
+Can be a shoulder to cry on
+Knows how to push my buttons well
+Willing to spend a whole day with me, as in whole day. Chill out lang.

--> So far, I haven't found this girl.

OKAY, so it's my turn to stalk him. That creep! Tawagin daw ba kong DEVIL WOMAN!! Bah, ang gandang demonyo naman nito! In fairness, interesting naman tong si Kevin, kaso bat ganun, they all say that he's nice and a gentleman. Bat sakin hindi? Isang malaking BWISIT yan e! Arg.

His Deviantart & Flickr accounts are nice, indeed. May model syang girl sa mga picture. Grabe, ang cute nya! Sino kaya to? Girlfriend nya? Duh, di pa nga nagkakagirlfriend e! Bestfriend?
Come on.

Sa Multiply nya, lahat ng events meron syang album.. except nung JS ng 4th year. Ha, siguro nabasted ng date nya kaya di pumunta ng JS! Buti nga!

"Hmmm. Alam mo Jersey, parang ikaw yung dinedescribe sa 7 things you look for a girl. Weird daw e." biglang sulpot ni Paolo sa tabi ko.

"SHEMAAAAAAAAAAY PAO! Will you quit popping around!? NAKAKAGULAT KA E!" Tinawanan lanG ako ng loko.

"K pfouwhz. Bat mo nga pala sinastalk yang Kevin? Palagi mo nang kasama yan ah!"
"Di porke't kasama mo palagi e kilala mo na. Wait lang ha." May nagtext sakin, unregistered number

From: 0927*******

Hoy Devil Woman. Pumunta ka sa Boston Grove. Right now.

OH GREAT. Who the hell gave him my number?! Note to self: change sim card ASAP! I ignored his text and continued to stalk him. Pero goodness, he's so persistent! Kanina pa nya ko finaflood. Ha, bahala ka nga dyan! Nag-CR ako saglit; then kinatok ako ni Pao sa CR.

"Jey! Your phone's ringing. Sagutin ko?"

"Gora lang!" lumabas nako sa CR. "Sino raw?!"

"Ma! Kausapin mo na!" Lumabas nako ng CR and got my phone.

"Hello! Who's th-"

"HOY DEVIL WOMAN! Bakit di nagrereply ah! Hoy!"

"Hi! Jersey's not around. Leave a message after the beep."

"Shut up, I know you're there. DEVIL WOMAN!"

"ANO BA! PATI BA NAMAN SA CELLPHONE AYAW MO KONG TIGILAN!!!" Nagtataka na sina Jerro at Paolo sakin. Hay whatever. "Bakit ba?"

"Boston Grove. Pag wala ka pa in 15 mins, lagot ka sakin bukas!" He hung up.

Wala akong choice so I went. Duh, medyo nakakatakot kaya tong si Kevin! Parang may hidden agenda lagi e! Kinuha ko yung bag ko at pumunta na sa Boston Cafe. Buti na lang medyo malapit samin kaya wala pang 10 mins nandun nako.

"You're late," bungad nya sakin. Sus, naglalaro pa ng Mousehunt ang loko. Shoot! I just added him sa Facebook! Baka kung ano naman isipin nito T____T

"Anong late ka dyan? I still have 5 mins to spare. What?"

"Inadd mo pala ako sa Facebook. Nice." Sh!t. He made all those annoying things para sabihin na inaccept nya yung friend request ko?!

"Yun lang sasabihin mo?"

"Oo. Sige, uwi na." Wow, ang gentleman ha. [a/n: True to life tong part na to TT]

"@sshole. You just wasted my time. Bye!" Syempre di muna ako umuwi. I bought a Frappucino muna then proceeded to the door."

"Hoy, san punta mo? We're not through yet." What now!?

"Uuwi na. Sabi mo diba?"

Ni hindi man lang ako tinignan! Kung patayin ko kay Mac nya? "Sit down. Let's talk." I just stared at him, and eventually he stopped typing. "HOY DW! Pag sinabing u-" umupo nako sa tabi nya.

"Ano bang meron ha? And please, if you want to talk, paki-patay naman yang Mac mo."
Binalikan nya ako ng tingin. "I'm capable of muti-tasking. Haaaay. Mousehunt! Naglalaro ka rin ba nito?"

"Back to the topic please."

"Sa audition. Anong gagawin natin?"

YIKES! 2 weeks before the audition! "Then what? Can't you just pull something off? You're capable of doing such.. things."

"So ako lang gagalaw? We're a pair for this one. Kaya dapat 100% ang ibigay natin. Gusto mo bang manalo sa Psychosocial?"

Natahimik na lang ako. Well, I'm talented naman. I could play instruments, dance, act etc. Sya kaya? "Can you sing?"

He laughed. "Ako, papakantahin mo? Serious ka dyan?" tinaasan ko sya ng kilay. "I can't sing. Patugtugin mo na lang ako ng gitara! Ikaw, can you sing?"

"I could sing. Wait, so kakanta tayo?"

"Ay hindi, sasayaw tayo ng tinikling." Barado ako dun ah. T__T "Sige nga, sample dyan oh!"

"Okay fine!" lumingon muna ako sa paligid, thank God konti lang tao!"

*Kay tagal kong sinusuyod ang buong mundo*
*Para hanapin, hanapin ka*
*Nilibot ang distrito ng iyong lumbay*
*Pupulutin, pupulutin ka*
*Sinusundo kita.. sinusundo..*

*Asahan mo*
*Mula ngayo'y pag-ibig ko'y sayo*
*Asahan mo*
*Mula ngayo'y pag-ibig ko'y sayo...*

"Stop. I've heard enough." Bat naman nagalit to? "Not that bad ha. Jam na lang tayo. Let's choose the song next time. Uwi ka na."

"Hay grabe, pwede mo naman kasi yang itext na lang noh?!" paalis na ko ng table nang napatigil ako.

"GLENN!"

(Kevin's POV)

I admit, she has a beautiful voice, pang Jazz Rock yung quality. Maganda nga! Of all songs, bakit Sundo pa kinanta nya? Badtrip. At eto, umextra tong Glenn na to. Bastos, kitang nag-uusap kami e! Eto namang si Devil Woman, todo kilig. Tsss. Ayun, pinabayaan ko na lang silang mag-usap , tutal may sarili naman akong mundo. Mousehunt na nga lang!

Around eleven na ng umalis si Glenn. Dun lang ako naalala ni Jersey, "Oh wait Glenn! Si Kevin, blockmate ko. Kevin, si Glenn. Friend ko."

Nagshake hands kaming dalawa. "Nice to meet you Kevin. Una nako ha, nasa Level 1 na kasi mga orgmates ko."

"Taga-ADS ka ba?" (ADS - Alliance of Development Communication Students)

"TUHMAAAH! Bakit pre?"

Ano ulit sabi nya? TUHMAAAH sabay may Bakit pre sa dulo? GAY. "Ahh. Dormmate ko kasi taga ADS. Sige, bye!" Sa wakas, umalis na rin sya.

"So.. nasan na tayo kanina?" sabi ni Jersey na parang di nya nakausap kanina si Glenn.

"Wala na. Umuwi ka nga! O baka naman sa Level 1 na diretso mo? Mas importante naman yung gay na yun kesa sa block natin."

"HE'S NOT GAY!"

"Whateber. Narinig mo naman e, TUHMAAAAH! Bading yon. Ay ewan ko sayo!" tumayo ako at lumipat ng table. Badtrip.

After 20 minutes, I felt someone tapped my shoulder. "Devil Woman, tigil-tigilan mo nga ako!"

"Devil Woman? Who's that?" di pala si Jersey yun. Tinignan ko sya, si Charlie.

"Oh, ikaw pala. Akala ko kung sino."

Umupo sya sa seat kaharap ko. FC? "Nice timing. I didn't expect that you'll be here! Can I buy you coffee muna? Cos you said that-"

"Ay, don't bother. Actually, paalis nako dito e." Oo, paalis dahil sayo! Hinanap ko naman si Jersey. Nasan yun?

"Cmon! Stay for awhile please?!"

Saktong lumabas si Jersey sa CR. "Teka lang, ayan na yung kasama ko. JERSEY!" Napalingon sya sakin. "Ang tagal mo namang mag-CR! Jumebs ka ba?"

"CHE! Ang kapal talaga nito!" kinaladkad ko sya palabas ng cafe. "Where are we going!? HOY!"

"Makisakay ka na lang please?" She shut up.

"Wait Kevin!" Badtrip talaga to. Kabute! "Coffee naman tayo saglit oh? Please?"

"Uhh Charlie, sorry but we really need to go. Busy kasi kami ni Kevin for the audition so.. next time na lang please?" Nagulat ako kay Jersey ah! I didn't expect that she'll say that! Mukhang naasar naman si Charlie,buti nga!

"Ay ganon. Sige, next time na lang Kevin. Pag di na kayo magkasama." sabay walk-out! Aba, pasalamat sya babae sya, kundi lagot sakin yan!!!!!

Naiwan kaming nakatayo sa harap ng cafe. "Oy. Bayad ko, nasan?" sabi nya sakin, sabay muwestra ng kamay na parang namamalimos.

"Anong bayad ka dyan!? Sapatusin kita e! Ikaw tong may atraso sakin!!!!"

"HOY SER! KAPAL MO. IKAW TONG BIGLANG NANDADAMAY DYAN A! KUNDI DAHIL SAKIN, E DI SANA NIRERAPE KA NA NUN NGAYON!! YOU SHOULD THANK ME!"

"WALA NA KONG PERA DITO! TSAKA WAG KA NANG SUMIGAW! PINAGTITINGINAN TAYO OH!"

"Tss. Wag mo na lang ako bayaran. Ihatid mo ko sa bahay."

"SAAN!?"

"Tamo, ikaw tong OA! Sa bahay lang, dyan sa Raymundo. Nakakatakot na kasi maglakad mag-isa e!" nag-pout pa. Bwiset.

Nauna nako sa paglalakad. "Ano, tara na?! Babagal pa yan!"

Tahimik lang kaming naglakad pauwi. Ano bang pumasok sa kokote nito at nagpahatid?! Afetr 10 minutes nakarating kami sa bahay nila. Wow ha, naka-bungalow ang lokaret! "Ilan kayo dito?"

"5 lang kami. Highschool classmates ko kasama ko." Oooh. Gusto ko sanang itanong kung kasama nila yung ex nya dito. T@nga! As if magsasama yung mag-ex sa iisang bahay!

"JEEEEEEEEEEEEEEEEEY! At last you're home!" sigaw ng isang babae sa may front door nila. Aba, cute tong si Ate ha, bagay sa kanya yung glasses! Well, di ko naman masyado maaninagan yung mukha nya. "Ay, who's that?" turo sakin.

"Ano.. si Kevin" pilit na sagot. Devil Woman!

"AY IKAW PALA SI EDWARD!!!! Oh gosh, classmates tayo sa Eng lecture! I'm Amae nga pala." binuksan nya yung gate. "Tara, pasok ka muna!"

"Ay, wag na lang. Uuwi nako sa dorm namin. Sige una nako!" Naglakad nako poNGUTIN KA SANA DEVIL WOMAN!" Uuwi na nga lang mang-iinis pa!

Patulog nako sa dorm nang may naalala ako...

NASAN LAPTOP KO!?

## Chapter 9

(Jerro's POV)

Ang himbing na talaga ng tulog ko e, kaso.. nagising ako sa bunganga ni Jersey.

"EH KASI NAMAN TATANGA-TANGA KA! ** ABA! IT'S MY FAULT NOW!? LUL! ** NO WAY! IKAW KUMUHA DITO.** TSS. I HAVE MY OWN MAC YOU DUMB@SS! KALA MO NAMAN IBEBENTA KO TO! ** WHATEVER! KUKUNIN MO DITO OH HINDI?!** BYE!" Tss. May kausap na naman sa phone ang bwiset.

"Grabe ka naman Beh! Kawawa naman yung kausap mo sa phone!" rinig kong sabi ni Sath. Lumabas nako ng room.

"HOY JERSEY BENITEZ SANTIAGO! Bat ang ingay mo?! It's just 6am! Kairita e!"

"Eehh. Basta! Sira na umaga ko!" umupo sya sa bean bag at kinuha yung remote.

Aaah grabe! "Bwiset, so maninira ka rin ng umaga ng iba? Sino ba yung kausap mo ha? At ganyan ka makareact?"

Sumigit si Amae. "E di yung Edward! Naiwan pala nun kay Jey yung laptop nya kagabi. He even made hatid nga kagabi si Jey e!"

Ako Sath Paolo: O__O

Jersey: -.-

Amae: :">>>>

"WOW. May taga-hatid ka na ngayon ah! Ang sweet naman! May boyfriend ka na beh!" kilig na kilig na sabi ni Sath.

Nanlaki mga mata ni Jersey. "CHE. Stop it nga! Yun, boyfriend ko!? ASA KA. Magmamadre na lang ako kesa maging boyfriend yun!"

"Baka bawiin mo rin yan Jey. Never magsalita ng tapos!" binato ni Je si Paolo ng throwpillow. Sadista talaga.

"Hoy, may tao sa labas. Baka yun na yung Edward" sabi ko habang nagpapalaman ng tinapay. Sa totoo lang, curious ako sa Edward na yun. Teka, hindi naman pala talaga Edward pangalan nya. Ano nga ulit? Haha. Pero nag-aalala ako kay Jersey, bat ganun sya makapagreact dun? Ganyan lang naman sya pag crush nya yung tao. Maasar nga!

"AKO PA NGAYON MAY KASALANAN HA! KAPAL MO RIN!"

"MALAY KO BANG NAIWAN KO SAYO HA!? ANG AGA-AGA DEVIL WOMAN MODE KA NA AGAD!" Devil Woman?! Ha, cool nickname for Jersey! Bagay na bagay sa kanya. Hehe :D

"AY BWISET! PAPASOK KA BA O HINDI!?"

"PAPASOK NA DEVIL WOMAN! KAKAHIYA SA MGA KAPITBAHAY NYO!"

"ABA DAPAT IKAW MAHIYA!"

Pagpasok nung dalawa, napatingin kaming apat sa kanila. Nakngtupa, bagay tong dalawang to ah! Teka teka.. parang namumukaan ko tong Edward na to ah.. San ko nga ba...
"Jerome?!" sabi nya sakin. Nagtaka naman sina Sath.

"KEVIN! Uy bro musta na?!" nilapitan ko sya at nag-appear kami.

"MAGKAKILALA KAYO!?"

(Kevin's POV)

Nakangtuch naman, kabarkada pala ni Jersey si Jerro? Tss. Dota mates and nagka-jam kami nung summer sa may Muntinlupa kaya medyo close kami. Hindi parin ako makapaniwala na medyo connected kami ni Devil Woman. Sh!t naman, ayoko sa lahat e yung magiging close kami!!

Pero sa wakas nakuha ko laptop ko! Leche talaga yang Charlie na yan, kahit kelan epal e. Buti nalang nakuha ni Devil Woman bago kami umalis kagabi. Ang hirap maging gwapo noh?! Madaming possessive sayo kahit di kayo close. Tss. Bwiset.

Isa na yang mga Medusa na yan, sina Charlie. Tinamaan ng lintek yun, ginagawa akong santo! Palaging nag-aabot ng pagkain and drinks, nakakasalubong ko halos every subject at palaging nagyayaya magkape sa Boston. Ayoko pa naman sa lahat e mga papansin. Ano kayang magandang pang-inis dun para layuan ako? Sa tingin nyo?

"Oy Devil Woman." PE namin sa may Baker Field ngayon, volleyball. Dito namin kaklase sina Charlie.

"What? Shoot. The Medusas are staring at you right now. Sayang oras nila sa pagtitig sa stupid na katulad mo." Nasa right side kami ni Jersey, tas sila sa left. Umiinom si DW ng mineral water, at kinuha ko. "HOY! TOSBAS KA! How am I suppose to drink that?!"

"Chill, love. Ayaw mo nun, indirect kiss?" Sinapak ako. Badtrip.

After ng warm up exercise, napansin ko na lumuwag yung sintas ni DW. "Oy, don't move" sabi ko. Lumuhod ako sa harap nya then tinali yung sintas.

"ANO BA YANG GINAGAWA MO HA!? KAYA KONG ITALI YAN!"

"Ayan, maayos na love!" tumayo ako. "Kiss naman!" tinuro ko cheeks ko.

"Ahh, kiss?! Gusto mo? Eto oh!" sinampal pa ko. Tss.

"Eto naman, isa lang!: tinignan ko patago yung reax ni Charlie. Hmmm. Mukhang naiinis na sya! Hahaha. Alam kaya ni Jersey tong agenda at nakikisakay sya? Ay ewan, basta konti na lang, susukuan nako ni Charlie.

(Jersey's POV)

He's getting weird ha?! Kaninang umaga pa yan, akala ko di pupunta sa bahay pero ugh! I don't want to think about Jerro and Kevin's connection. Grr >:| Pero in fairness, mabait sya kanina ha! Sana ganyan sya palagi :))) After PE, inabutan na naman sya ni Charlie ng water and chocolates. Syempre tumanggi si Kevin. Pero ayaw patalo, she even tried to wipe Kevin's face with her handkerchief! Yuck! Siguro for stalker purposes nya yun. Whatever. "Kakain kasi kami ni Jersey e. Sige, gotta go."

Aba, ako pa ginamit na alibi! Hindi naman kami kumain e, nagpalipas oras kami sa SU and hinintay sina Jill. Papunta na kami sa next class namin nang nagsabi si Kevin na bibili sya ng Gulp sa 711. Kahit kelan t@nga yun, di pa bumili nung nandun pa kami!

Medyo maaga kaming tatlo for our English recitation class kaya I decided to sleep muna. I got my iTouch for some music and ZzZzZzZzZz..... Bigla kong naalala na I need to text Kuya Tops about something.

"Teka" hinalukay ko bag ko. "Where's my phone!?"

'Bakit, what's the problem?" tanong ni Jill.

I continued to search, pero wala talaga. Naiiyak nako! :(((( "My BBM's missing! I know it's just here kanina pero... UGH!"

Pumasok si Kevin sa classroom, nakangiti. "What's the problem, Devil Woman? Busangot ka na naman."

"Tss. Wala. Ay joke. You saw me na nagtext kanina right? Bago mag PE? Have you seen my Blackberry, kung nilagay ko sa bag?"

"Nope. Burara ka talaga!"

"CHE! Ken, pwede peram ng phone? Miss call ko lang si Anikka." (a/n: I got the name Anikka from my crush's laptop. Hehe :D)

Umupo sa may right ko si Kevin. "Baka naman nakasilent yun. Bumili ka na lang ng bago!"

"CHE! That's valuable noh. My father gave me that! Help me find it later! Please?!"

(enter professor; nagklase muna kami. After an hour and half, tapos na ang klase. Naiwan silang dalawa sa room; medyo naluluha na si Jersey.)

"Wag mo na kasing hanapin" sabi sakin ni Kevin, mukhang naaasar na sakin. "Malay mo may nakakuhang janitor or student na nangangailangan ng pera, binenta na nila. Tignan mo, nakatulong ka pa!"

"WHATEVER! K-kung ibibigay nila yon, I'll give them money naman e. Pero WTH, bihira na lang ang taong honest ngayon!

"Tumigil ka na nga Devil Woman! Bading e. Oh eto na!" may inaabot sya sakin na phone. Di ko kinukuha. "TUMIGIL KA NA NGA DYAN! STOP CRYING! ETO NA PHONE MO OH!"

Kinuha ko na sa kanya. "B-bakit na sayo toh? San mo na-"

"Bumalik ako sa Baker, naiwan ko kasi yung G-Tech ko. Yan, nakita ko sa may mga bato."

OMG! I'M SOOOO HAPPY! Napaptalon ako sa tuwa!" THANK YOU! THANK YOU TALAGA!!! I owe you!" yayakapin ko sana sya pero he backed off.

"Oh tama na! Thank you accepted! Kadiri ka kasing tignan pag umiiyak ka e!"

(Kevin's POV; 2 days after the BBM incident)

YES! Epektib ang plano ko kay Charlie! Hindi na nya ako kinukulit. Talino ko talaga :DD

"Anong fullname mo ulit?" tanong ni Devil Woman. Nasa Rm 9 kami sa SU, nagfifill up ng form para sa Lakan & Lakambini auditions. Use Somebody ng We The Kings ang tutugtugin namin; sya sa guitars and vocals at ako naman sa beatbox.

"John Kevin U. Santos. Ang bilis naman makalimot nito!"

"EH SA HINDI KO MATANDAAN E!"

"Hinaan mo nga yang boses mo! Mahiya ka naman!" Isusulat na nya yung pangalan ko nang gulatin ko sya.

"DARN IT! What's your problem ba? Pumanget tuloy!"

"Tss." tinignan ko yung papel "Panget naman talaga sulat mo e!" Sinuntok nya ko sa tiyan. "MASAKIT YUN HA! Lagot ka sakin!" Inipit ko yung ulo nya sa braso ko, pasakal. "Ano? Palag ka pa?"

"Let.me.go! You stu.pi-"

Bumukas bigla yung pinto. Napatigil naman kami. Teka.. familiar yung lalaki sa may pintuan ah!

"Jersey?!" sabi nung lalaki, shocked.

"Paul?" bigla syang nanlamig kaya binitawan ko sya. "What are you.."

"Aah. Magpapasa nga pala kami ng form para sa Lakan. Kayo?"

"Ga-ganun din e." Nilapag ni Jersey yung form namin sa table. "Una na kami ha, late na kami sa Speech Comm  See you around!" lumakad sya papunta sa pinto. Ba, hindi man lang ako hinintay! Sinundan ko na lang sya.

Di ko na sya kinausap, mukhang di sya okay e. Ganun ba talaga epekto sa kanya nung break up nila? Tss. Ang drama naman! Gusto ko sanang icomfort to, pero parang hindi naman ako yun. Wag na nga!

But my hand betrayed me. It landed on her shoulder.

## Chapter 9.5

3rd Year Highschool

"P-pwede.. pwede bang.. dito ka lang muna?" Napatitig sya sa kausap nya. Akala nya taos na yung usapan nila, pero ano 'to?

"Ano pa ba magagawa ko?!" umupo sya, medyo malayo nga lang.

"Bakit ang layo mo? Kaya nga kita pinagstay kasi ayaw kong mag-isa. You're here nga but.. you're an meter away."

Napabuntung-hininga na lang sya. "You're too dramatic. It's been three days af-"

"Three days of hell. Don't. Please. Masakit pa rin." Napaiyak sya.

Isa sa mga ayaw nya ay mga iyakin. They couldn't suppress their tears, and that sucks. Too immature. Kaya ayaw nyang umiiyak.

Ayaw nya ng iyakin, pero ano to? Bakit sya naaawa?

"Marami pang iba dyan. Don't waste your tears for that good-for-nothing-"

"It's him that I want. Only him."

Masyado syang natamaan dun. Palagi na lang.

Biglang may kalokohan na pumasok sa utak nya. What if... magprisinta syang rebound? For just the heck of it? Tss. Hindi nya kasi kayang makitang umiiyak. Baka sakaling magiging masaya ang kausap nya.

"Hoy.. Hoy tigil na!" lalong umiyak. "Sinabing tigil na e!"

"You're not even helping!"

"Gusto mo bang bumalik sya?" natigil sa pag-iyak. "If that's the case.. can you accept me as your rebound?"

## Chapter 10

(Kevin's POV)

Minsan talaga tinatanong ko sa sarili ko kung bakit ang gwapo ko. Taena, yabang e! Pero seryoso, bakit nga kaya?! Bwiset kasi tong si Charlie, akala ko tumigil na! Parang kanina lang sa KFC, nambwisit na naman.

**Flashback**

"Kevin, where's your glasses?!" usisa ni Jill. Kumakain nga kami ng lunch sa KFC.

"Nasa bag. Tinatamad akong suotin e." Si Devil Woman naman, nakatitig na naman sakin. Mapagtripan nga >:P "HOY. Why are your staring at me?"

"Wala. Ibang-iba pala itsura mo pag wala kang glasses.. You really look like Joo Ji Hoon!"

"Tss. Yang mga Koreano na naman! Ano ba, di ko kamukha yun. Naiinlove ka na sakin noh?"

Nasamid pa sya. Ang arte! "BWISET. Hindi ako naiinlove sayo, asa ka naman boy! Eew."

Kinalabit ako ni Ken. "Pre, isuot mo nga yang glasses mo. Kinikilabutan ako e! Look around you." Napatingin naman ako. What the! Halos lahat ng table sa tabi namin, nakalabas yung mga cellphone and camera. Paparazzi? Kukunin ko na sana yung glasses kaso wala sa bag ko. "AMP! Nasan na yon? Naiwan ko pa ata lechugas."

"Psst Kevin! Eto ba hanap mo?" bwiset, suot pala ni Devil Woman yung glasses ko!

"Akin na nga yan! Hoy!" inabot ko yung glasses ko pero inilayo pa nya lalo. Nagpapacute pa sya.

"I won't. Stop calling me Devil Woman first."

"Tss. Wag na! Bibili na lang ako ng bago!"

Tinanggal nya yung glasses tsaka tinaas sa ere. "Girls! Who wants this glasses? Ayaw na nung may-ari eh!" Nagtilian yung mga babae sa tabi namin, nagtaasan pa ng mga kamay! Nasa UP ba talaga ako?

"Hoy!" tumayo nako at tumabi sa kanya." Don't give that away!"

"Akala ko ba papalitan mo na? Pwede na tong pang-bidding!"

I smiled and pulled her closer. "Love naman, don't be such a tease. If you want me to kiss you, just say so." Gaganti lang ako dun sa NASC na muntik nya kong halikan.. Hinawakan ko yung baba nya tas dahan-dahang nilapit sa mukha ko. Malapit na talaga e! Nang...

"Ako, I want those glasses. How much?"

Bwiset! Sino na naman tong extrang to? Si Charlie pala. Triple sh!t.

"Sorry," I said, tas kinuha ko yung glasses sa gulat kong partner. "But I don't auction this one. Tara guys, let's go.

"Pero wait lang! Yung Krush-"

"Bitbitin mo na lang yan, Devil Woman." We left Charlie standing there like an idiot.

(Jersey's POV)

Is it just me or talagang binabadtrip ni Kevin si Charlie? Duh, sino bang di mababadtrip dun! Napakapossessive na ewan e. Feeling girlfriend! Kadiri talaga, trying hard :O

Nasa labas kami ng auditorium ni Kevin, naghihintay para sa auditions (Number 13 pa kami. Malas ba to or what?). Grr, I'm nervous! Okay lang sana e, kaso kasali rin pala si Paul dito. Deym! WATAMAYGONADOOOO? >.<

"Wag ka ngang tumunganga dyan!! I-tono mo yang gitara mo."

"Teka lang, I want to ask you something."

"...."

"Bakit ang harsh mo kay Charlie? I noticed kasi na.. basta. Mas hostile ka pa sa kanya kesa sakin."

Humagalpak naman sya sa kakatawa. "Ganun ba? Anong gusto mo, mas hostile pa ko sayo kesa sa kanya? Nako Devil Woman," naging seryoso sya bigla, "Wag mong hintayin na dumating sa point na mangyari sayo yun. Baka palagi ka nalang umiyak dyan."

"H-ha? Eeh. Wag na! Okay na sakin na Devil Woman tawag mo sakin! May mas grabe pa ba?"

"Aisht! Tigil na nga! Magpractice ka na lang dyan!"

Okay fine, I'll practice na lang. Kaya nga to kinausap para mawala yung kaba e!

"Nga pala, bakit ganun reaction mo nung isang araw?" I froze. "Dun sa Paul?"

Should I tell him or not? Tss. "Ahh. Ex ko kasi yon. Kakabreak lang namin nung Graduation," I tried to smile at him. "Pero duh, wala na yun. Past is past. ANO KA BA, MAGPRACTICE KA NA LANG DYAN!"

But he caught me offguard with his reply. "Tss. Kung past is past, wag kang paapekto. Baka mamaya habang tumutugtog tayo, dumating sya bigla. Ano, titigil ka? Uupakan kita pag ginawa mo yun!"

"Che! Ewan ko sayo! >.O"

"Kevin! There you are!," AYNAKOOOOOOOOOOOO! Bakit na naman nandito yan!? Tinabihan nya si Kevin. "Goodluck sayo sa auditions ha! Wait, are you free after this? Kain tayo sa Blitz oh! Please?" Nagpapacute pa sya talaga!

"Sorry, but I'm not free after this e."

Sumimangot sya. "Ano, kasama mo na naman yang partner mo?" Siniringan pa nya ko. Bwiset! Konti na lang talaga, konti na lang talagaaaa! :/

"Yup," nanlaki mata ko dun. Idadamay na naman nya ko! SANTOS! LAGOT KA SAKIN! "May game kami kasama ng mga housemates nya. Sorry talaga."

Lumabas na yung #12, so kasunod na kami. "Uhh Kevin, we're next." Halatang asar na sakin si Charlie, konti na lang sasabog na sya. Si Kevin naman, bigla akong hinila papasok.

"Hey! Wa-" sinaraduhan na nya ng pinto. Ang mean! Basta sumalang na kami dun. Buti na lang wala si Paul!

*Oooh Oooooh Ooooh Oooooh Ooooh*

*I've been roaming around*
*I was looking down at all I see*
*Painted faces fill the places*
*I can't reach*

*You know that I could use somebody*
*You know that I could use somebody*

*Someone like you and all you know*
*And how you speak*
*Countless lovers undercovers*
*on the street*

*You know that I could use somebody*
*You know that I could use somebody*
*Someone like you*
*Someone like you*

*Off in the night while you live it up*
*I'm off to sleep*
*Waging wars to shake the poet and the beat*
*Well I hope it's gonna make you notice*
*Well I hope it's gonna make you notice*
*Someone like me*
*Someone like me*
*Someone like me..*

*I'm ready.. I'm ready..*

----------

Si Girl ay naghihintay sa McDo. May group meeting kasi sila para sa Math 17 project nila. She's wearing a red guy's polo (na ninenok lang nya sa housemate nya), black shorts, purple flats and blue-rimmed eyeglasses. Porma kung porma! (Math 17- College Algebra and Trigonometry.)

Medyo naiinip na sya, kaso di naman sya pwedeng umalis. Anong oras na ba? She checked her watch, 3:15. Ang usapan e 3 pm. Filipino time sucks. >_<

She was about to leave by 3:27 nang may dumating syang groupmate.

"Uhh. Math 17 groupmate kita right?" a guy asked her. He was wearing a blue striped polo, skinny jeans and gray beanie. Napatigil si Girl. Oh gulay, ang pogi! She blinked twice.. pogi nga! Ano ba tooooo!

"Ha? Aaah. Oo. But the others are not here yet. I'm leaving."

Aba, mataray tong si Ate ha, isip-isip ni Boy. Pero cute. Teka, sya yung crush ko ah! Swerte nga naman oh!

"Di ba sila nagtext? Ano ba yan, kala ko pa naman ako na late." He pouted.

Tama ba ako sa nakikita ko? tanong ni Girl sa sarili.. HE POUTED! Of all things, nagpout pa sya! Sya na cute >,< Darn, 3:35 na! She needs to go home. "Uhh. Wait, I need to go na talaga. May gagawin pa kasi ako sa Chem e. Paki-update na lang ako, pwede?" Naglakad na sya pababa ng stairs.

Nananaginip ba ko? Wait nga! "Teka anong.." Wala na sya! Nasan na yun?!

I-update ko raw, di naman binigay yung number! Badtrip.

(Jersey's POV)

Sa wakas natapos na rin sa auditions! Tarantado rin tong si Kevin, hinigit ako papunta sa Blitz, nananadya ata talaga. Pag punta namin dun, poof. Kumpleto ang Medusa! Grr :/ Umalis na lang agad kami at kumain sa Jollibee. Take note, may dala nakong gitara, tapos sakin pa pinabitbit yung beatbox nya! Di pa sya nakuntento, iniwan pa nya ako sa Jollibee after kumain! GRRRRRRRR!!!! Ang gentleman noh!?

"Bwiset naman yan oh! That damned guy. Kita na ngang malapit na kong makuba dito sa gitara! BWISET!" sabi ko sa sarili ko habang naglalakad pauwi. Mga 6:30 na rin noh! ARGG.

Before ako lumiko sa street namin, meron pang creepy side na kailangang daanan. Usually takot talaga akong daanan yun, pero WTH, I'M EFFIN MAD!! Todo lakad na lang ako until.

"Hey, slut." I stopped. Si Charlie.

"What do you want ha?"

Oh noes, sumulpot bigla yung dalawa nyang kasama. Patay. :S

"Sus. Kunwari ka pang di mo alam! Boyfriend stealer!"

"AKO, BOYFRIEND STEALER?! ASA KA TEH! And excuse me, walang girlfriend si Kevin. At kung magkakagirlfriend man sya, it will never be YOU, CHARLIE."

*slap* "Talaga lang ha?! You're such a slut, Jersey! Can't you see, ayaw sayo ni Kevin? Tas ikaw tong lapit nang lapit sa kanya. Ha, so pathetic! Ganyan na ba talaga ang mga desperada ngayon?"

Masakit yung sampal nya ha! Gusto ko nang sapakin tong b!tch na to, pero pinigilan ko sarili ko. "Oh. Ako pa ngayon ang desperada? Look at you Charlie! Sinong mas desperada satin ngayon ha? Di ba ikaw? Tss. Kung may ayaw na tao si Kevin, it's you. Not me. So please, get out of my way."

"Eh kung ayaw ko? What will you do huh? Slap me?"

I managed to smile, kahit masakit ang panga ko. "I won't stoop down to your level, Miss. Kaya siguro Kevin opted to be with me than you. Now I know."

"Sumusobra ka na ha!" extra nung isa. She was about to slap me pero hinarang ko yung braso ko.

"Marunong ako ng taekwondo, judo at MMA. Anong gusto mong gawin ko sayo?"

"Shut up! Ikaw nga, wag ka ngang masyadong mayabang! Hello, look at you! You're too plain. Di ko nga alam kung anong nagustuhan ni Kevin sayo e. He's blind for not noticing me!"

THIS.IS.SO.AASDFGHJKL! Gusto ko na talagang tumawa! "Are you trying to taunt me? You're too scary naaaaaa! HAHAH!"

Naging seryoso tuloy yung mukha nya. "Oo. Leave Kevin alone. LEAVE HIM ALONE. Wag mong hintayin na saktan ulit kita, Jersey. I'm warning you. I don't want to see you flirting with MY KEVIN. Gets?"

That moment, natakot ako. I could see na she's really really really serious with that statement. Sheesh. In love na nga ba to kay Kevin?!

"Pano pag ayaw ko?"

She grinned. Oh sh!t. Pang-demonyo na yung ngiti nya sakin. "Huh? Pag ayaw mo?" nilapitan nya ko at sinuntok ako sa tiyan. This.... b!tch! Napayuko ako sa sakit. May araw din sakin to!

"Bwi-bwiset ka!"

"Then what? What are you going to do, magsusumbong ka kay Kevin? Pathetic. Subukan mong magsumbong, mas malala pa magagawa ko sayo. Lagot sa mga sis ko sa sorority. Pati rin si Kevin. Ano?"

No choice na siguro ako this time. She's really mad! I can't take the risk na. "O-okay. Just don't lay your filthy hands on Kevin. Just stop this madness!"

"Madness? Ha. This is what you call LOVE, Miss. Ciao!" They left.

I just stood there, with my arms enveloped around my belly. Darn it. Ni hindi ko naman nagawang lumaban dito. But I don't have any choice. I don't want to drag Kevin into this.

WAIT LANG, SYA NAMAN TALAGA MAY KASALANAN NITO AH!?

## Chapter 11

(Jersey's POV)

It's been a week since di kami nag-uusap. Well, ako naman talaga yung umiiwas sa kanya e. After what happened samin ni Charlie, I opted to stay out of her way. Iniiwan ko nalang sila pag nilalandi nya si Kevin, at ang magaling na bwiset naman ayun, nagpapalandi. HE'S SO UNPREDICTABLE! Before kung pandirihan nya si Charlie e parang may STD yung tao, tas ngayon pumayag na magdinner sa labas! What in the hell is that!?

And he's ignoring me. Is that a good or bad thing? Di pa namin alam yung audition results. Dun sa debate naman namin.... CHAMPIONS BABY! :D Kahit ganon ang status namin ni Kevin, we managed to win it. Haha!

"Oi. Ba't mo ko tinititigan?"

"Ha!?" Shoot. Napatulala pala ako sa kanya! Nasa library nga pala kami with our blockmates for some research paper.

"Wala. Lumipat ka nga ng table, nakakainis ka. You're staring at me."

"Sorry naman. Nag-iisip kasi ako."

"Oww. So nagbibigay talino sayo ang mukha ko?" he chuckled, then became serious. "Lipat na ng upuan."

Tumayo na agad ako para lumipat. "Umupo ka ulit dyan."

"Aish. Alam mo ba Santos para kang kambing," napatingin silang lahat sakin. Uh oh. That sounds so absurd T__T

"KAMBING? BAKIT?"

"Because all sheep are stupid." Napa-HUH!? sila. "Just like you."

"Ang labo mo rin noh! Umupo ka na nga dyan!"
(A/N: Nagets nyo ba yung sa sheep chorva? Haha. Ako di ko yan gets e :DDD Pero stay tuned, maeencounter nyo ulit yan sa ibang chapters! :>)

(Jill's POV)

Naks naman! Thank you Ms. Author para sa exposure ngayon :DDDD Anyway, naiilang nako sa dalawa ha. Okay, nakita ko kasi yung ginawa ni Charlie kay Jersey last week. Di ko sya natulungan kasi alam kong pag umextra ako, mas lagot si Jersey. That's why I shut my stupid mouth.

Hmmm. So Jersey complied with that desperada's taunting? Kaya pala ilag tong si Jersey at mas naging hostile sa kanya si Kev? Gulo. >,<

Kung si Jersey magulo, di ko na talaga maintindihan si Kevin. It's obvious that he doesn't like Jersey, but what happened? Pumayag pang sya na partner sa Lakambini at Debate! Inaasar pa nyang Devil Woman. Palaging kinakawawa. Pinapaalis. Pero ayaw naman nyang iwan! Ano baaaaa o_0

Hoy! Yung paa mo nga ayusin mo! Di ako makapag-unat e." di kumilos si Je. "Devil WOMAN! Bingi ka na ngayon?"

Biglang nag-indian sit na lang ang kawawa kong friend at di na nagsalita. This is not good. Knowing Kevin, di mabubuo ang isang oras nya na hindi nya naasar si Jersey.

"Because all sheep are stupid... just like you" Kevin mimicked her. Sya lang natatawa sa ginagawa nya. "Ay, di ako pinansin! HOY! MERON KA BA NGAYON AT ANG TARAY MO!"

Nagulat ako sa ginawa ni Jersey. She stood up and fixed her things. "Je, san ka pupunta?" tanong ko.

"Uuwi na. We don't have classes anymore right? Hindi na healthy para saking Oblation Scholar brain ang magstay pa dito. Kbye." And she left. We all looked at Kevin.

"ANO NA NAMAN!? WALA NAMAN AKONG GINAGAWA AH!"

"G@go ka tol. Magsorry ka nga!" banat ni Ken.

"Lul! Ayoko nga! Sya tong nauna, ang b!tchy kasi."

Nag-yieeee kami. "Miss mo lang yung mga sigaw nun noh?! YIIIEEE!"

"Psht. Ewan ko sa inyo! Makapag-CR nga muna!" nagwalk-out sya.

Oh heck. WHAT AM I GONNA DO?! Should I tell Kevin about what happened or not? Baka kasi lumala pa away nila e. HELP!

(Jersey's POV)

KAINIS! PAPANSIN TALAGA YUN! MAS MA-MOOD SWING PA ATA SYA KESA SAKIN E!!!! Kita nang di sya pinapansin tas.. UGH! Baligtad din utak nun! :/ Ayan, napawalk-out tuloy ako. SAKTONG UMUULAN PA PAGLABAS KO NG LIBRARY. Oh great. Di ko pa naman dinala yung payong ko!
Ayoko nang bumalik sa loob, aasarin lang nila ako ng scene stealer. What a life. @-@

I opted to stay sa gilid ng lib at tinuloy ko nalang yung research paper ko. 1:30 pa naman e, I still have the whole afternoon!

May galit ba sakin ang kalikasan ngayon? Parang mas lumalakas pa lalo yung ulan e. Lumabas sina Jill ng lib around 2:15. Dapat sumabay na lang ako! I'm so hungry naaaa :X

"Look what we have here," said someone behind me. Triple GREAT. Kevin.

"Just shut up will you? Nagsusulat ako. Go away. Nagpapasundo ako kay Paolo." Badtrip, I'm not even good at lying!

He smiled at me, "Ah ganun ba." Nilabas nya yung umbrella nya. "Lakas ng ulan noh? Sabi ni Kuya Kim maghapon daw uulan. Kawawa naman yung mga walang payong noh? Pano, una nako Devil Woman! Bye!" THAT CREEP. Nang-asar pa talaga e noh!? Okay, makikisabay na lang ako sa kanya. Di ko na matiis gutom ko!

"Hello Pao?" I pretended na may kausap ako. "What?.... Kanina pa ko dito ha! KAASAR KA!.... K fine... I HATE YOU!" Hinabol ko si Kevin, buti di pa nakakalayo. "KEVIN!"

"WHAT!? Miss me?"

"Che. Pwede bang makisabay? May klase pa si Pao e."

He looked at me strangely. "Bahala ka."

I ran towards him. Uh oh. His umbrella's too small to accomodate two people! I'm doomed.
The rain got stronger as we walked. Basa na nga yung mga sleeves namin e! Geez.. Why am I feeling like this? Something.. weird. We're too close to each other; nagkakabanggaan na mga balikat namin. And he's weird. HINDI NA SYA MATARAY SAKIN!

'Sa may.. ATCHOOOOO!" Anaknang. Bwiset na sipon!

"Tss. Shut up." and the unexpected happened. He placed his hand on my shoulder and pulled me closer. As in CLOSER.

Kung too close yung nasabi ko kanina, may i-coclose pa pala yun. Deym, di nya inalis yung kamay nya! OH MY GOSH. My heart is already palpitating here you creep! Can you please get your filthy hands off me! Heck, I could remove his hand naman, but I don't want to. Wait, did I just say I don't want to? Oh noes. KINIKILIG AKO! This is insane!

Kilig kay Kevin?

Oh please. You're kidding me. I'm not.

Oh yes please. I could feel my face burning up. We're so close that I could smell his cloying(?) cologne in the air. Baby Bench, color blue.

I stole a glance from him. Oohh, medyo basa na buhok nya. Sh!t, bulag nga ata talaga ako. I'm too busy hating him that I didn't notice he's really handsome and hot.. SHUT UP BRAIN, SHUT UP!

"Bakit nam-" Crap. He caught me looking at him! I stopped walking at dun lang nya napansin na nakaakbay sya sakin, poof! HE REMONVED HIS HAND. "Sorry about that." Nilamig tuloy ako.

Nakarating na kami sa may Raymundo gate. "Uhh, dito na lang ako. Pwede ko namang takbu-"

"Kaya ka nga pinayungan para di mabasa ng ulan di ba, tas tatakbo ka. T@nga ka rin noh?"

"Bakit ka ga- ATCHOOO!"

"Lika na, hatid na kita sa inyo." Ayan na naman sya sa Hitler mode nya! Katakot -___-

Nang nakarating na kami sa bahay....

"Thanks ha! Pasok ka muna!" STUPID. Iniiwasan mo nga tas niyaya mo naman! Shungak.

"Wag na. Una nako." Naglakad sya paalis. Isasarado ko na sana yung gate nang napansin ko na bumalik sya.

"Oh bakit?"

"Sorry nga pala dun sa kanina. Hindi mo nga pala ako pinapansin."

Ako: ( -.o) (-__-) (^.^) "Haaa? Eh.." Wow, first time nyang nag-sorry ha! Ganito ba talaga sya pag umuulan? :D

"Wag kang mag-alala, kaya ako nagsosorry ako kasi sinabi sakin ni Ken. Wag kang mag-isip ng kung ano." My face fell, at napakunot na lang noo ko. "Pero.. ang weird mo. Kung may problema ka sakin, sabihin mo agad, di yung papahulaan mo pa sakin. Ganyan ba talaga kayong mga babae?

Pambihira." Napatigil sya saglit, then he looked at me directly. "I repeat, kung may mali, just tell me. Kahit sabihin kong lumayo ka, wag kang lumayo, not unless I mean it. Tsaka bat mo ko pinapayagang lapitan nung Medusa? Tss. Ba't ba ang dami kong sinasabi? Bwiset, makaalis na nga!!" And he left.

WHAT IN THE WORLD IS THAT?! Parang kanina concerned sya tas ngayon sudden emotional outburst.

But hey, I can't wipe this stupid smile off my face :)))

---

## *Chapter 11.5*

**(Kevin's POV)**

*The Next Day...*

Birthday nung Marc ngayon, sakto pa sa GI namin. Tsss.

"Birthday lang ng crush mo, todo porma ka na?!?" Aba tong si Devil Woman! Naka-skirt, plain white blouse and red flats pa! Nagpaganda pa ang demonyita. **(A/N: Sus Kevin! Amin na kasi, nagandahan ka lang e! :D)**

Binelatan nya ko. "Whatever. Uhh. Thanks nga pala yesterday. Okay ka na ba?"

Napatingin naman ang mga malisyosong blockmates namin. "ANONG MERON KAHAPON!?"

Halatang nataranta si Jersey. "Ahh. Wala yun! Kain na tayo guys!"

"Sus, magdedeny ka pa. Hinatid ko yan kahapon sa kanila."

**Blockmates: (O_O) (>_<) (O_O) :">>>**

"YES NAMAN! KUMU-COUPLE NA KAYO!"

"ASA! Wala lang payong yan sa lib kaya nakisabay sakin. Mapride ka kasi diba, Devil Woman?"

Tinawag kami ni Kuya Marc. "Pasensya kung eto lang ha. Tight kasi budget ko. Pero ako nagluto nyan, spaghetti at seafoof carbonara!" Kumanta muna kami ng Happy Birthday bago pumila. Tumabi ako kay Jersey (para di landiin ni Marc). "Gutom ka na noh?"

"Shut up Santos."

"Wow, last name basis na?"

Nang turn na namin, sumingit si Marc. "Jey! Try mo naman tong seafood carbonara ko. Specialty ko yan!"

Parang nahiya sya. "Sh-shore ba!" Tsssk. Allergic sya sa seafoods ah? Lahat talaga gagawin para maimpress yung crush. Spaghetti na lang kinuha ko, sus, ayoko nga nung specialty nya!

Pizza lang yung kinakain nya pagdating namin sa table. Kinuha ko yung plato nya at pinalit yung may spaghetti.

"Hey! Bastos to! Give that back!" she protested. Pinilit nyang kunin yung plato pero di ko binibigay.

"Sayo na yang spaghetti. Mukhang mas panget lasa nyan e. Akin na tong carbonara."

"ANO BA! AKIN NA NGA YAN!"

**"SIGE KAININ MO YAN. SIGE! DI BA ALLERGIC KA SA SEAFOODS?"** *Kinuha ko yung plato nya at tinanggal ko isa-isa yung mga shrimp at squid na nasa pasta.* **"AYAN NA! KAININ MO HANGGANG ATAKIHIN KA DYAN!"**

Natameme silang lahat sa table. Kinuha ko yung spaghetti at kumain na. Shet, nagutom ako dun ah! Tinitigan lang ni Jersey yung carbonara.

"Kumain ka nga! Oh, eto na lang nga sayo. Sinumpong ka na naman ng kaartehan mo! CommArts ka talaga." pinagpalit ko ulit yung plato namin.

"AHEMMM! Iba na yan!" pang-asar ni Jill. Inulan na naman kami ng asar sa table.

"Jill! Ba't sila kahit palaging World War, close na. Tayo di pa?" seryosong hirit ni Ken.

"Eh kasi di ka naman kaclose-close e! Eew!" Tawanan naman kami.

'Uy Kev," tawag sakin ni Jersey.

"Hmm?"

"Pano mo nalaman na allergic ako sa seafoods?"

Natigilan ako dun ah. Alangang sabihin ko na stinalk ko sya sa Facebook? "Ha.. eh. Nahalata ko lang sa itsura mo kanina. Pag ayaw mo kasi sa isang bagay, kumukunot ang noo mo. Sign ng DWS."

Biglang pumasok sa eksena si Ate Jade. "HEY GUYS! LAKAN & LAKAMBINI AUDITION RESULTS ARE NOW RELEASED! Tignan natin!"

Nagkatinginan kami ni Jersey, sabay takbo papunta sa Rm 9. Sumunod naman yung iba samin. Ang mga epal, mas nauna pa tumingin kesa samin!

"Kayo candidate? Kayo candidate?" epal ni Jersey habang sinisiksik yung sarili nya sa mga amazona at hulk naming blockmates.

And... wait for it...

WE'RE IN!

"Nice Batch!" sabi ni Ken samin ni Jersey. Naghiyawan naman silang lahat dahil sa balita.

Si Jersey? Ayun, nakangiti pero parang medyo malungkot na nakatitig sa list. Kaya naman pala, pasok din pala yung pair nina Paul at Krissy.

Nilagay ko yung kamay ko sa balikat nya. "Smile, Lakambini. Panget ka nga, tas nakasimangot ka pa? Makakasira ka ng image ko e."

"Siraulo," sabay palo ng bag sa balikat ko. "Naumay lang siguro ako sa spaghetti. And please naman, don't PDA me in public. Kikiligin sila satin e. Ayy!"

Tsss. Mananalo kami dyan. Pramis. :D

## Chapter 12

(Jersey's POV)

Let's fast forward two weeks after Kuya Marc's birthday. Wala namang nangyaring unusual kaya forward na. Ganun pa rin naman, ako pa rin si Devil Woman, epal pa rin si Charlie, and Kevin's still despicable. End of story. Kbye. :))))

JOKE. I lied. (Kelan ba ko magiging effective liar?) Something unusual happened... to me. Haaaa ewan ko!! Ang weird ko ngayon! Dahil ba to sa stress? O sa takot kay Charlie? Ay whatever! T.T

Anyway, we're here at Blackhole Studios for our band practice. Yep, Kevin and I decided that we should perform as a band for the Lakambini finals, para kick ass! :D It's me on vocals, Kevin on rhythm guitars, Ken on bass, Jerro on guitars and Keith on drums. Oh yeah! Less Than Three ang name ng band namin. In short, <3. Wala na talaga kaming maisip na band name, sorry kung corny! T___T

"Last round na tayo guys! Sakit na ng ulo ko e!" reklamo ni Jerro after naming mag-10 minute break. Almost 3 hours na rin pala kaming nagjajam!

"Wait muna," extra ni Kevin at lumapit sakin. Ba't busangot na naman to?! "Devil Woman, kanina ko pa sinasabi sayo na be sensual and seductive! Live up to the song pwede? That's a Rolling Stone classic so better make it good. You can't get no satisfaction! Para kang tuod eh!"

"Naknangtucha! I'm beat already. Sa mismong finals ko na lang gagawin yung trip mo. Trust me :)"

"Vocalist ka ba talaga o ano?" nagalit na si Kevin! He grabbed my hand and placed it on top of the mic. "You should be sexy, dammit. You want to win, right? Hoy sumagot ka! Tch. Sige, last round na!"

ASDFGHJKL Nakuryente ako dun ah! Banas naman T___T Earth to Jersey! EARTH TO JERSEY!!!

"Y-yeah. Got it." Para di nako mapagalitan, ginawa ko na lang yung gusto nya. HE wants me to be SENSUAL and SEXY? Well, sana ready sya sa gagawin ko. :>

After the song ended, napatulala sakin sina Ken at Keith. "Grabe Jersey.. ang seductive mo!" sabi ni Keith.

"Oo nga! Para kang si Joan Jett kanina mehn!"

"You should have seen her perform Hot Stuff and This Love. We're all stunned dahil dun."

HOW DARE YOU JERRO! Ba't mo pa kinwento?! Tinignan namin si Kevin for his reaction. Bwiset, nagliligpit na pala ang loko!

"Oi. Ba't sakin na naman kayo nakatingin?!"

"Tch. Not enough. Ni hindi man lang ako kinilabutan or what. Devil Woman pa rin!"

THAT CREEEP! Hello, nakakahiya kaya yung ginawa ko sa harapan nila, tas di man lang sya natinag? Heck, I could make hundreds of men orgasm because of that performance! (Syempre, joke lang yon. -____- )

“Hay whatever. And please, Santos. Di pa yan yung ipapakita ko sa finals!" I said with a pang of sarcasm.

“Oh yeah? I don't think so." He looked at me with a dead pan stare.

Oooh boy, I'm so not gonna back out. "YES. TRY ME." Aba, kung akala nya uurungan ko sya ha. He's so full of it! Babatuhin ko na sana sya ng mic stand nang...

"HEEEEEEY GUUUUUYSSSSS!!!!"

Si Sath. Buti na lang at dumating sya, kundi napuruhan na sakin tong si Santos! Nakahinga tuloy ng maluwag yung tatlo. "Oh, kamusta practice?"

"As you can see, tapos na. BAKIT KA LATE!?" I screamed. Kawawa naman si Sath, sya pa yung napagbuntunan ko ng asar :| Nag-peace sign pa sya.

"Hehehehe. May practice kami for English e. Anoberr. So, kamusta practice?"

"Okay naman. Si Devil Woman lang talaga panira," pang-iirita ni Kevin habang palabas sya ng studio.

"OH HECK WILL YOU JUST QUIT IT!?Kanina ka pa ha!" Tinignan nya ako ng masama. "Oh ano, badtrip ka na? Mananapak ka na? ANO!?"

"Pst! Tama na nga yan! Para kayong may LQ eh!" extra ni Keith.

"TIGILAN NYO NGA KAMI! KAINIS!" sabay naming sigaw. Nagkatinginan kami, sabay natawa.

"Grabe tong dalawang to oh. Eng-eng na!" sabi ni Ken sabay tawa na rin. Puro asaran lang kami sa jeep until Sath spoke.

"So.. Paul's in the competition too, right?" Natahamik kaming dalawa ni Jerro. That woman! Alam nyang may bad blood between the three of us, tas biglang sasabihin yan? TSSS.

"Sinong Paul?" tanong ni Ken.

"Ahhh. Yung.. classmate namin nung highschool. Hehehehe. " nakaramdam din ang babae.

Bwiset. Di ko na pinansin yung pinagsasabi nila. Sus, bakit ko naman poproblemahin yang si Paul? I mean, naka move on nako mehn! I don't really care about him anymore. UGH. I'm such a horrible liar. Bakit parang ang sakit sa puso na ewan? One way to stop this nagging feeling.

I. NEED. A. HUG.

(Kevin's POV)

Ikaw na nagbabasa, babae ka right? Matanong kita, ganun ba talaga kayong mga babae? Magkukunwari kayo na naka move on na kayo pero sa totoo lang hindi? Yung ngingiti ng pilit at sasabihing ,"Who's that guy? I don't care about him anymore." AHH BWISET. DI KO TALAGA KAYO MAINTINDIHAN!!!

Lalo na tong si Devil Woman. Nasabi lang ni Sath yung pangalan ng ex nya, natahimik bigla. Nawalan bigla ng focus. Kainis. Pababa na kami ng jeep nang napansin ko na di pa sya natinag sa upuan nya. "HOY DEVIL WOMAN! DITO KA NA FOREVER!?"

Dun lang sya tumingin sakin. "Oh. Sorry." Muntik pa syang madulas pababa sa jeep. AYOKO TALAGA NG MGA GANYAN. Naiirita ako.

Nasa unahan ko sya habang naglalakad pauwi sa kanila. "Hoy. Lika, Boston tayo saglit."

“Ha? Why?"

"Tsh. Lika na lang! Wag ka nang umangal dyan." Ayaw pa nya sumama, kaya kinaladkad ko sya.

"Kevin, ano ba! San mo ba ko dadalhin?! LAGPAS NA TAYO SA BOSTON!" sigaw nya sakin.

"HINDI NA TAYO PUPUNTA SA BOSTON. TUMAHIMIK KA NA LANG DYAN PLEASE."

"LET. ME GO YOU CREEP! ANG SAKIT NG WRIST KO!"

"SHUT UP!" Ewan ko, basta kinaladkad ko lang sya kung saan. Ayoko lang na makita syang affected dahil sa Paul na yon. Parang yung inis nya e nararamdaman ko rin. BWISET.

Tumigil ako sa may parking lot malapit sa Admin Bldg.

"Pwede ba ha, don't drag me like a toy will you! Masakit ha!" sabi nya sakin.

Binitawan ko rin sya. "ANO BANG PROBLEMA MO HA!? NAKAKAIRITA KA NA!"

"Tss. Wag ka kasing ganyan. Ikaw na nga may problema, tapos ikaw pa magagalit."

Natigilan sya. "Wala akong problema, ano ka ba. I'm going home."

"HOY! WAG KA NGANG MAARTE DYAN! HOY!!" Ayaw pa rin tumigil sa pagdadrama nito.

Sa sobrang di ko matiis na ganyan sya (A/N: Ano ulit, Kevin? ANO ULIT?! DI MO MATIIS!? :DDD), hinawakan ko ulit yung braso nya. At last tumigil din. "Uuwi ka ng ganyan? Wag ka ngang maarte."

"P-pwede.. pwede.."

"ANO!?"

"Payakap naman please."

(Jersey's POV)

Nakauwi na rin ako sa bahay. Haaaaay! Ang gaan na ng pakiramdam ko.. sabay may konting kilig pa! :">>> Bakit naman? Eto oh :D

*FLASHBACK*

"Payakap naman please."

Sh!t. Ano raw sinabi ko? PAYAKAP PLEASE?! KAY KEVIN KO PA SINABI! OMFG, I'm doomed! Sure akong babatukan lang ako ng mokong nato. -____-

"Sus, yakap lang ba?" sabi nya sabay yakap sa kin. Take note: malapit lang kami sa isang elementary school, at saktong dismissal time na nila. Pinagtitinginan kami ng mga bata dun. T_T OH CRAAAAAP.

HE hugged ME. At ang puso ko naman? Heto, napa-tugstugs sa sobrang kilig!

I was the one who broke the embrace. "Tama na, ang cheesy. The kids are looking at us!"

Tinawanan lang ako ng loko. "Bata lang yan bah! Kahit di mo sabihin yang 'payakap please' na yan, yayakapin pa rin kita. Parang hihimatayin ka na eh!"

GOLLYGEE. Why say that, handsome!? WHY!? Ayan, nagblush ako.

"Grabe, blush agad oh. Crush mo na ko noh?"

"UNGGOY KA. Kapal mo rin noh! Of course not!" I retorted back.

Binelatan lang nya ko. "HAHAHA. Syempre joke lang yon. Di na kita yayakapin ulit. Yuck, I just hugged the Devil Woman!" binatukan ko sya. "MASAKIT HA! At dahil dyan, kakain tayo ng proven sa may inyo. Libre mo ko!" sabi nya.

Naglakad na sya papunta sa subdivision namin. In fairness, bumait sya ngayon. Hindi nya ako inaasar or what, kinikilabutan nga ako e! Sinaniban ba to?

"Alam mo," bigla nyang sinabi habang papunta kami sa bahay. "Wag kang paapekto dyan sa ex mo. Okay, I don't have any right to say anything, kaso naiirita talaga ako sa mga ganyan. Past is past, Devil Woman. Graduation kayo nagbreak? So mga 5 months ago. Siguro naka moveon ka na noh? Better make your act straight sa finals night. Pag ganyan na naman drama mo, nako. Babatukan talaga kita."

"Salamat ah ;_; Kainis to. Mood swings lang siguro yung kanina. And hello, aayusin ko talaga sa finals. Like what I've shown you earlier, ay joke. Mas sexy and rough pa dun ang gagawin ko. Just wait and see. :>"

"TALAGA LANG HA!? Sige na, bye na. Pagod ako. Bye."

"BWISET KA! GOODBYE TALAGA!" Nang nakalakad na sya 7 steps away from our gate, I called his name.

"KEVIN!"

Lumingon naman agad. "ANO!? NAMISS MO KO!?"

"LUL! Thank you pala ulit kanina!"

"YUN LANG? WALA YUN! DON'T HESITATE TO ASK MY HUGS ANYTIME. BASTA MAY TALENT FEE YUN.. Bye partner!"

Wait... did he just call me partner? Oh my. Oh my. KILIG VIBEEEEEEES! :">>

*END FLASH BACK*

FAST FORWARD: LAKAN & LAKAMBINI FINALS

(Amae's POV)

"Hoy Kevin, don't forget your spiel later ha!"

"And hey, ALWAYS SMILE! Pero not too much, kamukha mo si Ronald McDonald!"

"Tune your guitar dumb@ss! Baka mamaya ka pa magtono eh!"

Nakakarindi naman tong si Jersey, armalite na naman! Nagbibihis sya sa lagay na yan ha :O Yung kausap naman nya, ayun naka-earphones. At di nakikinig sa mga birada nya. Poor girl. And me? I'm the photographer of the night. Badtrip noh? No choice e.

Grunge pala ang theme ngayong Finals Night. Cute noh? :)) Si Kevin, dammit ang pogi! Ewan ko ba kung bakit ayaw ni Jersey dyan. Nako, kung ayaw nya, akin na lang! KIDDING!

"Oh my gosh Jey! You look so.. hot! Adriana Lima, is that you?" exclaimed Sath as she opened the curtain of the makeshift make-up room. Magaling si Sath sa mga make-up thingy na yan, tas maganda pa si Jersey. So... ALAM NA! :D

Pinuntahan ko si Mr. Edward. "Oy Kevin, ayan na partner mo."

"Ha? Bayaan mo sya dyan." Di man lang sinilip si Jersey.

"Hmmm. She looks.. so rough and sexy, just like what you want her to be. Wanna see?"

Tinignan nya ako. "Si Devil Woman, sexy and rough? ASA. May epekto naman kaya yan sa audience?"

I removed his earphones. "See for yourself, Mister. Baka mapanganga ka."

"Eh nasan na ba sy-" pag lingon nya, saktong nandun si Jersey. She was wearing a gray Kiss shirt (Designed by Kevin, of course. Terno sila! :D), tattered leggings, combat boots and.. grunge make-up.

Napanganga nga si Kevin.

"Hoy Kevin. Ginawa mo ba yung sinabi ko sayo? HOY!" sabi ni Jersey. Pinitik pa nya yung noo para 'magising'.

"H-ha? O-oo naman! Tapos ko na."

Whooaaaa. Is that Kevin? HE'S STAMMERING! Sabi na nga ba, effective yang beauty ni Jey! Natameme :D Nag-aasaran na kaming lahat nang... Pumasok si Jill sa dressing room, nagpapanic.

"JERSEY! JERSEY! Oh my god oh my god!!"

"WHY!? WHAT HAPPENED?!"

Hinihingal pa si Jill bago sumagot. "Y-yung.. g-gown mo. Yung violet and.. black right?"

"Anong meron?" "Someone ripped it off. Swear, di mo magugustuhan yung nangyari."

WHAT?! SINONG SUMIRA NUNG GOWN!?

## *Chapter 12.5*

(Kevin's POV)

Totoo nga sinabi ni Jill. Someone ripped Jersey's gown for the formal attire portion. Sayang yung gown, black and violet. Maganda pa naman yung cut. Tss, hanggang dun lang yung description ko sa gown. Di naman ako babae para alamin yung detalye nyan diba!? Kainis.

Nakatulala lang si Jersey habang pinagkakaguluhan nila yung gown. "Sinong siraulo naman ang gagawa nito!? Darn it! Alam ba nyang pinagpuyatan ni Jersey ito? SHE MADE THIS DRESS FOR PETE'S SAKE!" pagwawala ni Sath. Ginupit nung #@)**%$ na yun yung laylayan ng gown, tapos binutasan yung back bodice. Ang gay naman ng pinagsasabi ko!

Si Jersey gumawa non!? Seryoso? Mukhang pinagawa kasi yung dress eh. Wew, so sya na talaga talented. T__T

"Pano yan! 10 minutes na lang before magstart. Wala naman tayong mahahanapan ng pamalit na gown!" sabi ni Amae. Kanina pa sya naghahanap ng contact nya na pwedeng mahiraman ng extra gown.

Lumapit si Paolo kay Jersey. "Je. Uy, huminga ka naman!"

She managed to smile weakly. "Pa-pano ako hihinga.. e pinagpaguran ko yan. Anong gagamitin ko ngayon!?" Medyo naluluha na sya. Crap, wag naman umiyak dito oh!

"Suotin mo yung gown, Devil Woman. Now na." She just stared at me, with a confused expression.

"SUOTIN MO NA NGA LANG E! DALIAN MO! WE DON'T HAVE MUCH TIME! Kahit ipatong mo na lang sa damit mo!" Tumahimik na lang yung mga kasama namin dun. Medyo loading pang kinuha ni Jersey yung damit at sinuot.

"What now? Sira na nga e, papasuot mo pa sakin! Nangaasar ka ba?" sigaw nya sakin.

"Wag kang magsalita dyan. Reserve your voice, pwede?" I commanded her, and she obliged. Lumuhod ako sa harapan nya then.. hinila yung nakalaylay na tela.

"WHAT IN THE HELL ARE YOU DOING!? WAG MO NA NGANG SIRAIN YAN! HOY!"

"SABIHING WAG KANG MAGSALITA EH! ANG KULIT MO RIN NOH! BE STILL!" sigaw ko ulit sa kanya. Hinigit ko yung tela paikot, tas nagpakuha ng gunting kay Jerro. Yung butas naman sa likuran nya, ayun, winarak ko pa lalo. Ang resulta?

Cocktail dress.

Napasipol si Sath after kong 'ayusin' yung dress. "Wow Kevin, impressive! In fairness, ang cute ng design ha. Pwede na rin. :)))"

"Pre, kamag-anak mo ba si Rajo Laurel? Nababading ako sa ginawa mo eh!" pang-asar ni Jerro. Nagtawanan na kaming lahat... Except kay Jersey, na nakatitig na naman sa dress nya.

"HOY. Hubarin mo na yan. Malapit na tayo for standby." sabi ko sabay labas ng dressing room. Teka, bakit ko ba ginawa yun? Anak ng. Wala lang. Aba, di ako papayag na matatalo kami dahil sa nasirang gown ni Jersey. Syempre dapat ayusin agad. Iba na ang maagap \m/

3 minutes before the stand by time nang lumabas si Jersey. Umupo sya sa tabi ko.

"Aahh.. ano.."

"Okay ka na?" tanong ko. Hindi ko sya tinignan.

"Medyo," she sighed. "Intense yun ah. That gown was really memorable for me, you know. I made that after Paul and I broke up, ewan ko nga kung bakit yun yung gagamitin ko e. Whatever."

"...."

"Anyway, thank you for 'repairing' my gown. If you could call that repairing," natawa pa sya.

"Sino kaya sumira non? Do you think si Medusa gumawa nun?"

"Ayoko mamintang, idiot. At kung sya man, karmahin sana sya. Hoy, tumawa ka naman! Parang ikaw pa yung nasiraan ng damit e!"

Ngumiti na lang ako. Then sa kabilang side, we saw Paul and Krissy's PDA scene. Ayoko nang idescribe.

Napapikit na lang si Jersey. "Ano ba yan, of all things. Of all things!!" she muttered under her breath.

"HOY. WAG KA NGANG PAAPEKTO DYAN PWEDE?! Ayan na nga ba sinasabi ko e. Akala ko ba okay ka na?!"

"Sssshh. Be quiet please. Baka marinig nila tayo," she replied, with her eyes still closed. Ganun ba kasakit yun para sa kanya kaya sya pumipikit? Tch. Wala pa yan sa kalingkingan ng... ay p*ta. Wag na. Tatahimik na lang ako! ".'

"Sssssh ka dyan. Sige, pikit ka lang. Masakit yan e. Para bang binubuhusan ng alcohol yung sugat mo kaya ka napapapikit?" I asked her. She nodded.

"Alam mo, minsan pala nag-iisip ka rin noh. Your analogies are somehow funny."

"Syempre, magaling ako sa Math. Di tulad mo na.. Never mind :)"

"Uhhh, nandyan pa ba sila?"

'Wala na. Buksan mo na mata mo." Pero sa totoo lang, nandun pa yung dalawa.

Napapikit ulit si Jersey. "BWISET KA! NANG-AASAR KA RIN NOH!? BWISET!" Tinawag na sina Paul, #2 kasi sila. Last pair pala kami ni Jersey, #7.

"Wala na. Ayan, as in tinawag na sila. You could open your eyes now." TOTOO NA YAN. TINAWAG NA!

"AYOKO NGA! BAKA MAMAYA NANDYAN PA E! WHAT IF NAGHAHALIKAN NA YUNG DALAWA?! AYOKONG IMULAT TONG MATA KO!"

"ANG ARTE MO! PARA KA NGANG BULAG DYAN EH! HOY!" Kung wala lang syang make-up, imumulat ko mata nito eh!

"CHE! BWISET KA TALAGA!" Aba, ayaw pa. Pano kaya to titigil? AHA!

Wala na nga e. Ayaw pa maniwala nito," bulong ko sa kanya, sabay hawak sa kamay nya. Holding hands her @ss.

She opened her eyes instantly, and jerked her hand away. "IKAW HA! MINAMANYAK MO NA KO!"

"TSSS. DI KA NGA KAMANYAK-MANYAK E! Kadiri to. Lika na, we're next!" Naglakad na kami papunta sa stage with smiles on our faces.

Oh yeah, we'll win this! :DDDD

(Amae's POV)

Dahil sa dress ni Jersey, hindi sila nanalo.

Ang dami pa namang awards: Mr. & Ms. Photogenic, Mr. & Ms. Talent, People's Choice, Best in Grunge Wear, Best in Formal Attire and of course, Lakan & Lakambini 2010. Ni isa, wala silang napanalunan.

"AT KASALANAN KO PA NGAYON NA NATALO TAYO HA!? AKO BA SUMIRA NG DAMIT KO!?" sigaw ni Jersey kay Kevin habang papunta sila sa dressing room.

"OO KASALANAN MO! KUNG DI KA BA NAMAN T@NGA, SANA DI NASIRA YANG DAMIT MO! SABI NA NGA BA, PANIRA KA TALAGA!"

"NAGSALITA ANG MAGALING! KAPAL NG MUKHA MO! BWISET KA!"

At dun nagtatapos ang The Despicable Guy. :)

The End.

JOKE! SYEMPRE DI TOTOO YAN! Ano ka ba, alangan matapos agad to e wala pa nga sa 1/4 tong kwento?! :DDDD Imagination ko lang yan mga teh. Chill lang :) The truth is, THEY WON! AS IN THEY WON ALL THE AWARDS! Grabe naman kasi, parang mga professional international models sina Kevin at Jersey. And oh, the band performance! Ang sexy ni Jersey! Kung di nya ko friend, na-tibo nako sa kanya. Pramis :DD

Pero.. hey. Ang gwapo nung drummer nila ha. Friend siguro ni Kevin! Hahaha :D WAIT A MINUTE. I KNOW THAT GUY! I KNOW HIM! San ko nga ba sya nakita? Stupid eyes! Ba't ba ang labo na ng mga mata ko!? Huhuhu ;_;

Nang natapos yung contest, dumiretso agad kami sa backstage to congratulate them! "ANONG SINABI NAMIN SA INYO? We'll win right!?" sigaw ni Kevin. Naghiyawan naman kaming lahat.

"Partida! Sira pa damit ni Jersey nyan ha!" singit ni Jill. Ako naman? Eto, busy sa kakapicture! Ni hindi man lang makisingit sa usapan nila T__T So there, umiikot ako para magpicture nang tawagin ako ni Jerro. Naka-pose na pala ang Less Than Three for a picture.

"Amae! Picture naman dito oh!" nasa may likuran ko sila. Nagtali muna ako ng buhok.

"Wait lang Jerome ha! Wait lang!"

"Nagpaganda pa eh!"

Pumunta na ko. Tch, kaasar ka Jerro! Ayoko pa naman na inaasar akong maganda! :|

"Okay! One tw-"

"Wait lang! Keith! Keith! Dali, picture!" sigaw ni Ken. Oh, the drummer's name is Keith. Interesting! Buti na lang ako photographer, may alibi para mang-stalk! Hahaha! :D

"Wait lang pre, inaayos ko pa belt ko!" sabi nung Keith. Tumabi sya kay Kevin. (L to R: Ken, Jerro, Jey, Kevin & Keith.)

"Okay! One tw-" I stopped counting. Tama ba ang nakikita ng mata ko?! "OH GOSH."

"Hoy Amae, what's wrong?!" tanong ni Jey. Napansin nya na nakatulala ako.

"IKAW!" sabay naming sigaw nung Keith.

Nagulat naman yung mga tao samin. Talk about a scene '.' Gulat na gulat din yung Keith sakin. Aba! BWISET!

"Magkakilala kayo ni Amae?" tanong ni Jerro, na parang natatawang ewan.

"OH GOSH IT'S YOU! OH GOSH! THE NERVE!!!"

Umayos ng tindig yung Keith. "HOY. WAG MO KONG INGLISIN! ENGINEERING AKO!"

"PARANG AKO HINDI ENGINEERING HA! YOU DUMB@SS!"

Humarang sa gitna namin si Sath. "Wait wait! I don't get it! Pano kayo nagkakilala?" I sighed.

"Sath, that's him! Yung creep na groupmate ko sa Math 17! Yung bwiset!"

"Si McDo cutie?" - Jersey. I glared at her. BAKIT PA NYA SINABI YUNG CODENAME NA BINIGAY KO! KAINIS!

"Anong creep ka dyan? Hoy Miss, di ko kasalanan na ikaw lang yung naka-7 sa group natin. It's your fault."

"HOW COME IT BECAME MY FAULT!? I TOLD YOU TO CONTACT ME REMEMBER!? PERO DI MO MAN LANG GINAWA!"

At ang bwiset, humagalpak sas tawa! "PANO NAMAN KITA KOKONTAKIN E DI MO NAMAN INIWAN YUNG CELLPHONE NUMBER MO!? KASALANAN KO PA?"

Oh yea, I forgot to give him my number! "Kahit na! May Math 17 naman tayo the following day diba? Di mo man lang sinabi!"

"ABSENT KA KAYA NUN!"

Color drained off my face. Bwiset, pinapahiya ako ng lokong to ah! Out of nowhere, tumawa ng malakas si Jersey. "Sh!t Amae! First time kang.. natameme ah! Looks like you found yourself a match! YIIEEEEE! ?" Naki-asar na rin ang iba. Darn it. Crush ko pa naman tong Keith na to. Kahiya! T__T

## CHAPTER 13

(Jersey's POV; One week after Lakan & Lakambini Finals)

Volleyball game namin today. Gosh, I'm too nervous! Kahit as a team kami maglalaro, iba pa rin yung pressure e. Lalo na pag nasa kabilang team yung Medusang yon! Lagot ka sakin, Charlie!

"Je, nasan si Kevin?" tanong sakin ni Jill. Vacant nya kaya sya manunuod, at syempre pang-back up kay Charlie just in case.

"Ba ewan ko dun. Di naman nagtetext e." Tss. Bipolar talaga yung partner ko! Minsan okay naman kami, tapos biglang magagalit o lalabas yung sungay! Kung kelan kailangan ang cheer saka wala. Badtrip.

Sumipol na yung PE teacher namin to start the game. OKay, I have to focus! Don't think about Kevin's whereabouts muna. Ako nga pala ang captain ball ng team namin, so ako yung first server. Badtrip, si Charlie rin pala yung sa kabila! 3 sets tong game, and we won the first!

Nung magpapalit na kami ng court, binulungan ako ni Charlie. "Tsamba lang yan Jersey. Tignan natin next set!"

"Make my day, Charlie. Anytime!" Kung mahangin sya, mas mahangin ako!

But shems, dehado kami sa 2nd set. Nakakasilaw kasi yung araw sa part namin, ang hirap sundan ng bola! 5-15 tuloy score namin. I'm slowly losing hope here. Heck, where's Kevin? 3rd set na wala pa rin sya. Duh Jersey, he didn't promise you anything. Why wait for him?

"Go Jersey! Go Jersey!" cheer ni Jill. Buti naman kahit pano may booster ako.

TADAAAA! Haloso dikit yung scores namin! Nahirapan din sila dahil sa sinag ng araw. Karma's a b*tch talaga!

"Je, 14-14 na tayo. Ikaw na magreceive nung tira ni Charlie" sabi ng teammate ko. I looked at her, focused talaga sya to beat me. Asa ka girl, di ako papatalo noh! Ang lakas ng pagkakaserve nya, at parang calculated na sakin tatama yung bola.

"Mine!" napalusot ko sa court nila, pero natira pa rin ni Charlie! Kaso, sumabit sa net.

"NETBALL!" sigaw ni Prof. "1 point, Team 2." YES WE WON!! Instant group hug agad kaming team, parang nanalo sa football e. Yes! Natalo ko si Charlie!

"Jey!" Jill shrieked,"Nice one! Buti nga dun sa Medusang yon!"

"That serves her right! Subukan pa nya kong guluhin!" nag-appear kaming dalawa.

Pero ang bilis ng pangyayari. Pagkatapos naming mag-appear, biglang napatingin si Jill sa likuran ko at sumigaw ng "Je! Tabi!"

Napatingin ako sa likuran koo. Naglips-to-lips na pala kami ng bola. Then everything turned black.

(Kevin's POV)

Gusto ko sanang isurprise si Devil Woman after her game kaya di muna ako nanuod. Sus, magaling naman yan e, mananalo yan! Saktong pagpunta ko sa field tapos na yung laban. Mukhang sina Je yung panalo, talon nang talon e. As expected naman!

Palapit na ko nang binato ni Charlie ng bola si Jersey. Sumapol sa mukha ni Devil Woman and it knocked her out.

"Oh my god! Jersey!" sigaw ni Jill. Inangkla nya si Jersey sa lap nya.

Oo, alam kong harsh ang trato ko kay Jersey. Kung tutuusin dapat tatawanan ko sya ngayon, I'm the despicbable guy right? But heck, uminit ang ulo ko ngayon. "Charlie! Anong problema mo? HOY!" Nagulat silang lahat.

"Oh..Kev! Anon-"

Lumapit ako kay Jersey, wala pa ring malay. "Ba't mo binato si Jersey ng bola ha?!"

"So kung binato ko sya? That suits her fine noh. Akala nya kung sino s-"

"Tama na! I've heard enough!"

"Pero Kevin! I love you so much!! Hello, buong sem nako nagpapansin sayo ha. You can't notice me because of that b!tch!"

Napupuno nako dito ha. "Pwede ba, stop acting like my girlfriend. Besides, I don't know you very well. Di kita pinapansin cos you're not worthy of my attention." Nilapatan ko ng yelo yung noo ni Jersey.

Lumapit naman tong bwisit na to. "Why are you being harsh ha?! Teka, I'm not even acting like your girlfriend! Sya kaya yun! Heck, why are you even with her? Everyday na lang kayong nag-aaway! You even call her Devil Woman! Why stick with her? She's not even worthy of your attention!"

"Tabi. Alis dyan." Ayaw pa rin umalis. "Charlie, babae ka. Ayoko manakit so please, tabi." Natakot na sya sa sinabi ko kaya umalis na sya. Binuhat ko naman si Jersey, ala bride style. "Jill, pasabi kay Pao na ako na bahala kay Santiago." naglakad ako palayo sa kanila.

"San kayo pupunta!! KEVIN! I LOVE YOU! DON'T LEAVE ME LIK-"

Tumigil ako sa paglalakad. "Sige nga, pano mo nasabi na mahal mo ko? Dahil sa itsura ko? Sige nga, anong alam mo tungkol sakin? Besides yung mga nakalagay sa Facebook ko? Wala diba? How can you say that you love me if you don't know everything about me? Huh? Jersey's not even my girlfriend by the way. She's not even my type, tong Devil Woman na to. And she doesn't even like me. But lemme clear one thing: she's my partner. Kahit masama ako sa kanya, we're trying to work things out. We're getting to know each other, and if she's not worthy of my attention, bakit ko sya palaging sinasamahan? Di mo lang alam kung gano kasaya kasama ang g@gang to. And that's one thing you don't have. Gusto mo sabihin ko lahat?"

"You're really despicable Kevin! Ang sama mo!" umiiyak na si Charlie sa ground. Drama.

"Oh. I thought you 'love' me? Next time, be sure kung kanino mo sasabihin yang salitang yan. You'll end up crying."

(Jersey's POV)

A tingling feeling on my forehead woke me up. Geez, what happened? Tanda ko lang e nag-appear kami ni Jill, then blank. "Sheesh, ano yang malamig?" I muttered. I tried to open my eyes pero nahihilo pa rin ako.

"Malamang yelo. Alangang apoy?!" Familiar voice. Kevin?

Bigla akong napabangon. Dun ko lang napansin na nasa may Grandstand kami. I looked at him, nasa lap nya backpack ko. So it means.. natutulog ako sa kandungan nya?!

"What the hell happened!? Oh sh!t my head hurts!"

Hinila ako ni Kevin para humiga ulit. I hesitated. "Tinamaan ka ng bato sa ulo. Natanggal utak mo. Aray! Wag mo kong kurutin!"

"Sumagot ka kasi ng maayos! Ano nga?!"

"Binato ka ni Charlie ng bola sa mukha. Satisfied?"

I shrieked. "Oh gosh! Tinamaan ba ilong ko?! OH NOEEESSS! My beautiful nose! May dent ba like Chad Michael Murray? Bring me to the Infirmary RIGHT NOW!!! MIRROR!! JEEZZZ!!" Tawa lang sagot nya sakin. ""Dammit Santos! Quit laughing!"

"Badtrip, ang dami kong tawa Devil Woman! Okay naman ilong mo. Ang OA na ha." Sinamaan ko sya ng tingin.

"Binato talaga nya ko?!"

Tinignan nya ko ng seryoso. "Oo nga, ang kulit. Gusto mo demo ko ulit? I saw what happened."

"NAKITA MO NAMAN PALA! BAT DI MO INAWAT!?!"

"Ano ako, si Flash?! Parang masasambot ko agad yun eh!"

"Kahit na! You should have defended me against that b*tch. You don't even give a d@mn whenever she bullies me, right? Bat kasi di na lang sya yung samaha- ARAAAAAY KO PO!!" binagsak nya sa noo ko yung yelo. TOSBAS!

"Hoy tahimik na. Bagsakan kita ng Colt 45 dyan e." Pinunasan nya yung mukha ko. That made me blush :">

Natahimik kami for a minute, then he spoke.

**NOW PLAYING: WONDERWALL – OASIS**

"Di kita dinefend kanina? How can you be sure eh wala ka ngang malay kanina? At duh, kung di kita tinulungan, e di sana wala ka ngayon dito. Know what, nung nakita kong tumama sa mukha mo yung bola, nagulat ako sa reaction ko. Di ba nakakatawa yung ganun? Ang sarap i-slo mo e, pang Funniest Videos itsura mo! Pero.. ewan. Nataranta agad ako, kesa tumawa. See, I'm not that despicable, Devil Woman." I was about to protest when he cut me off, "Sorry kung NR ako. Kaya mo namang ihandle si Charlie e, takot ka lang masira sa iba yang perfect image mo. Yuck, perfect. And alam mo mas mabuting di sya patulan. Matanda ka na e."

"At hoy, partners tayo. Though I can't promise that I'll be a good one. Alam mo naman ako, gwapong topakin. Tell me if you need something, ayt? Di yung naka Devil Woman mode ka agad.

Pumapanget ka lalo e. I'll try to be good, okay? Try lang. Kaso tinatamad ako, tsaka alam mong madali akong mairita sa mga tulad mo."

Napatulala na lang ako sa kanya.. bwisit. Bat ako kinikilig?! Parang.. ang soft nya tignan ngayon. Oo na, he's not that despicable, sometimes lang. Darn! Bat ang billis ng tibok ng puso ko? OKAY. AKO NAMAN YUNG NADALA SA MGA LINYA NYA!

"Hoy. Ayan ka na naman. Baka matuluyan ka na sakin ah!" he smirked. That even made my heart pound wildly.

"Wala.. walaa. Kantahan mo nga ako." Sheesh, how random!

"ANONG KANTAHAN KA DYAN!? NILIGTAS KA NA NGA E! ASA KA!"

"ETO NAMAN! PARANG MAWALA HILO KO!" Ang cheesy!

"Ang arti mo. Sige na, kakanta na. Hoy, wag kang mamihasa ha, minsan lang to."

*Today's gonna be the day that they're gonna throw it back to you*
*By now you should have somehow realize what you're gonna do*
*I dont believe that anybody feels the way I do about you now..*

(I AM GOING TO MELT HERE. MY GOSH.)

*Back beat the word is on the street and the fire in your heart is out*
*I'm sure you heard it all before but you never really had a doubt.*
*I don't believe that anybody feels the way I do about you now...*
*And all the roads we have to walk are winding*
*And all the lights that lead the way are blinding*
*There are many things that I would like to say to you but I don't know how..*

SInabayan ko na sya sa chorus..

*So maybe, you're gonna be the one that saves me*
*And after all, you're my wonderwall...*

"Nice one Je! Ang pangit ng boses mo!"

"Excuse me, dahil sa tinatawag mong panget na boses kaya tayo nanalo sa Lakan & Lakambini! Batukan kita dyan e!"

Pinisil nya yung ilong ko. "Masakit?!"

"Ay p*ta! MASAKIT HA! MASAKIT!"

Tumawa na naman sya na parang walang bukas. "Hanep ka Devil Woman! Ang lutong nun ah! Isa pa nga!"

"AT NATUWA KA NAMAN DUN!? DI NGA KO NAGMUMURA NG GANUN E! NAHAWA AKO SAYO!"

"SUS. Ikaw nga tong sama nang sama sakin e, kaya ka nahahawa. Yiiii ? "

"ASA KA KUYA. ASA KA. Teka," I glanced at my watch. "Darn! 4:56 na! Absent tayo sa English!"

"Papasok ka na masakit ilong mo? Baliw ka rin noh?!" I smacked his head.

Ang sarap pala ng feeling na ganito. Aaahh ewan! Yung may kilig na ewan. Para kang highschool ulit! HAAAAAY :">>> Siguro okay lang naman kung maging crush ko tong partner ko right? CRUSH lang naman e, di naman LOVE. Tsss. Imposible! After what happened to me and Paul? Nako, 5 years pa bago ulit ako magkaboyfriend! :DDDD

Mga 5:15 na ng hinatid nya ko sa bahay. Syempre nag-jeep na kami, medyo hilo pa ko e.

"Nakakahalata nako Jersey ha." sabi nya nang malapit na kami sa bahay namin.

Nagpanic agad ako. Nakakahalata na ano? Crush ko sya? OH NOEESS! "Ha? About what?"

"Napapadalas na tong paghahatid ko sayo ah. Namimihasa ka na. >:P"

"Sige, next time ako maghahatid sayo," he looked at me with an annoying expression. "Syempre joke yon pre. Ano ba."

***phone rings***

This bottle is breaking me down

No comfort for me in this town

All the faith in these eyes

Lost their glow and just died..... (A/N: Frailty - Urbandub)

"Oh wait, excuse me," he said. Binuksan ko na yung gate. Nang tinignan nya yung phone nya, biglang nag-iba yung facial expression nya. Parang.. nag-alala na naalarma na ewan. Basta, mukha syang kinabahan.

"Hello? ..... Ngayon na? ..... About what? ..... " I saw his face fell. "Tsss. Of course, I'll go... Okay, bye.."

"Anong meron? Okay ka lang? Pasok ka muna oh."

Bumalik na naman sya sa despicable mode nya. "No thanks, I have to go. Ay, yung ilong mo, pagtingin mo kay Paolo yan.. Sige, ingat." Then he left.

Ano ba yan! Kitang okay na kanina e, tas hmmppfh! Kung sino man yang tumawag, panira ka ng mood teh!

But.. bakit ganun reaction nya? Hmmm.. I wonder.

## CHAPTER 14

(Jersey's POV)

Last Thursday was definitely.. good for me. Why good? Syempre, kilig vibes mga teh! Hayy. Sana palagi na lang ako nababato ng bola sa mukha para palagi akong binubuhat ng ganon.CHAROT!!

It's Monday today, no classes. Wala pa rin akong balita kay Kevin after he left me nung Thursday. Absent nga sya nung Friday e. Hey, ayaw ko namang icontact, baka mahalata nya na crush ko na sya! Haha! Arti eh.

"Sino nga kaya yun?" I'm referring to Kevin's mystery caller last Thursday. Nagsasampay ako ng labada sa may garden. Ako lang mag-isa ngayon sa bungalow namin, gabi pa sila babalik. 8:30 am pa lang, more hours of solitude! Kakagising ko lang actually, naka-PE tshirt, boxers ni Paolo at naka-bun lang ang buhok. No powder. Plain me! :D

***ring! ring! ring!***

Pinatay ko muna yung gripo. "Hello?!"

"Nice, ang sexy ah!" Kevin.

"Whatever, manyak. Why did you call?"

"Magpapalaba sana ako sayo e."

Ano na namang topak nito? "Loko, di ako marunong maglaba."

"Really? Eh sino yung nakikita kong naglalaba sa may garden nyo?"

'H-ha!?" sumilip ako sa labas. Wala namang tao. "Wala pa ko sa Los Banos you creep."

He laughed. "Ows? Hindi ba ikaw yan? Naka UP PE tshirt, red boxer shorts na mukhang di sa kanya at naka-labandera hairstyle? Ang galing naman nun, parehas kayo ng phone, pati ng panget na mukha."

Tumigil na ako sa pagsasampay. So he's here!? Dammit! Lumabas ako ng gate. "Oh you @ss! Where in the hell are you!?"

"Psst. I'm here." napalingon naman ako sa tabi ng gate. Yup, he's there, nakasandal sa gate. Naka jeans, red plaid polo and beanie. With Rayban Wayfarer (clear lens) And he's smiling at me.

DARN, WHY SO HANDSOME!?

"Why are you here? Bwiset ka, pwede ka nang stalker."

"Wala lang," lumapit sya sakin, mga 1meter. I could smell his Baby Bench cologne.

"Nice. Sige, magsasampay pa ko." Binuksan ko yung gate.

"Would you like to spend the whole day with me?"

"AKO!? Bakit naman? Wala kang magawa noh?!"

"Nothing. I have this.. naaah. I have this sudden urge to date you today. Ano, date tayo?"

Ako: O_O "Are you serious?"

"Okay okay, it's not really a date. Hangout lang. Ano, game ka?" Natameme na lang ako. "I'll take that silence as a yes. Cmon, maligo ka na!" utos nya sakin sabay kaladkad sakin papasok ng bahay. Dumiretso nako sa kwarto to get some clothes.

IS HE SERIOUS ABOUT THIS!? Wait wait. That's the 7th thing in his survey! Yung 7 things you look for a girl.

OH GOSH. Don't get me wrong but..

Is he falling for me?

(Kevin's POV)

"Tch. I'll shut up if you tell me kung san tayo pupunta!" sigaw ni Devil Woman sakin. Nasa jeep kami papuntang Crossing Calamba.

"Lech*. Pwede bang wag kang maingay? Secret muna! Tss." Ha, buti nga. Sungit mode lang pala katapat nitong babaeng to! >:P

Laughtripn talaga yung itsura nya kanina! Ang siple, parang hindi Devil Woman. Nakita ko na syang simple: nakashorts, tshirt/sando. Pero ang labandera outfit!? Parang deviance eh! WA POISE! HAHAHAHA! Bagong gisinh. Cute :)

Bumaba na kami ng jeep. "Oy. Dito tayo," tinuro ko yung jeep papuntang Sta. Rosa.

"WHERE ARE WE GOING!? DALI NA KASI!"

"PUPUNTA TAYONG SM SO QUIT SHOUTING!!!!"

Nanlaki bigla mata nya. "WEH! Your treat?"

"Sasakay ka ba o ano? Dalian mo na."

Pagdating namin sa SM, nanuod kami ng... Petrang Kabayo. Di ko alam na may pagkajologs din tong si Jersey! (A/N: Kayo na jologs! YIII! <3) The movie's kinda fun, but not my type. Eto namang kasama ko, hagalpak sa tawa. Ang babaw, wa poise pa.

"Di ka ba nag-enjoy? The movie's funny kaya!" sabi nya nang palabas na kami ng sinehan.

"E di sana kung nakakatawa yan, hagalpak din ako tulad mo diba? A waste of money. Mas maganda pa yung kay Roderick Paulate dati."

"I kinda agree with you. Puro patawa kasi si Vice e!"

"Tang@, kaya nga comedian e. Lasing ka ba?"

Tumigil sya sa paglalakad. "Hoy. Buy me a donut nga." Dun ko lang napansin na nasa harap na kami ng Dunkin Donut. She handed me a 1000 bill.

"Wala ka bang smaller bill?"

"Tiklupin mo, liliit yan." Muntik ko na masapak to.

We stayed for about an hour more, ang dami nyang biniling libro! Ako na nagbuhat, syempre pa-gentleman. :DDD

(nang nakabalik ng Los Baños...)

"Hoy. Di pa tapos ang araw natin. 3:30 pa lang," she looked at me. "Ano na? You decide."

"teka, wait for me here. Punta lang ako ng bahay saglit." Anong meron? Eto naman si uto-uto, naghintay. After 5 minutes, bumalik din sya...

"ANO YAN!?!?"

"TIMANG KA BA!? NATURAL, MOTORBIKE!"

"SAN MO NAKUHA YAN!? NINAKAW MO!?" Aba si Devil Woman, naka-motor! Astig \m/

"Graduation gift sakin ni Kuya Tatan ko. Ganda noh? :D Sakay ka!" Sumakay naman ako, then inabot nya sakin yung helmet nya.

"Oh, san extra helmet mo?"

"Yan lang helmet ko. Don't worry, matigas tong ulo ko. Lika, let's roam around the campus! Hold on tight!" I placed my hands on her waist. Aba, sexy nga tong partner ko. Pwede na! Hehe :D At ang bango ng buhok nya, strawberry. Hmmm.

"Kelan ka natuto magmotor?"

"1st year highschool. Si Kuya Tatan nagturo sakin. Mas type ko pa nga ang motor kesa sa kotse e. Bagay kasi sa personality ko. Ikaw, marunong ka?"

"Malamang hindi. Pero marunong akong magdrive. Di talaga tayo magkasundo noh?!"

"Tch. Turuan kita, gusto mo? Pero wag mong ibabagsak to ha. Ayos mo!"

Tumigil kami sa may harap ng Grandstand, at dun nya ko tinuruan magdrive...

"TANG@! DI GANYAN YAN! I-PADYAK MO KASI NG MALAKAS!"

"YUN NGA GINAGAWA KO EH! ANO KA BA!"

"HINDI YON ANG GINAGAWA MO, MORON! WAG KA NA NGA!"

"GUSTO KONG MATUTO! SHUT UP!!"

Siguro 2 oras din nya ko tinuruan. Haha! Kumunot na noo nya e! Pero magaling syang teacher. In the end, ako na yung nagmomotor, tas sya na yung naka-angkas.

"Oh, helmet mo." sinuot ko yung helmet sa ulo nya. At nagblush sya! Tsss. Kunwari di ko nakita. :DDD Ayun, umikot din lang kami sa campus, tapos sa IRRI. Basta, paikot-ikot lang.. pampatanggal ng pagod at iniisip. Sana ganito na lang palagi. Sana ganito na lang kasaya. Sana...

"HOY. Akin na yung susi! Balak mo pa atang nakawin to eh!" ay, nasa bahay na pala nila kami. Wala pa rin sina Amae. Sya na yung nagpark ng motor.

Sa totoo lang, ayaw ko pang umuwi. Wala lang, trip lang. Hindi, joke lang. Una, wala pa kasi si Keith sa dorm. Pangalawa, wala naman akong gagawin sa bahay.. Pangatlo? Tekaa...

"Hoy panget, thanks for today. And sorry kung demanding ako ha! And you did a great job sa biking skills kanina. Pwede na rin. So... sige. Una na ko sa loob! Good night!" isasara na nya yung pintuan.

Pangatlo? Ano ba, nag-eenjoy akong kasama si Devil Woman e! Bakit nagbababay sakin to?!

"TEKA LANG! 8:30 PA LANG OH! DI PA TAPOS YUNG ARAW AH!"

"Ano pa gagawin natin? 3 hours and 30 mins na lang naman oh!"

"Tara, LB Square tayo. Inom." Talino ko talaga!

Bigla syang napangiti. "SHORE BA! Drinks on you?! Yes, makakainom na ulit! Cmon!"

(Jersey's POV)

Pag ang tao nagyaya uminom, dalawa lang ibig sabihin nyan: it's either walang magawa o may problema. Sa case ni Kevin, siguro walang magawa to. He looks fine naman, no problems.

"Ayan sayo." sabi nya sabay abot ng baso sakin. Umorder sya ng Red Horse Grande, Tanduay Ice & Coke. Teka, bakit color red to?

"Uhhh. What's this?" tanong ko. Ang weird nung drink!

"Gin Gatorade yan."

"GIN GATORADE! WHAT THE HELL IS THAT!! MUKHA NGANG GATORADE TO! Pengeng Red Horse!"

"Try it. Masarap yan. Lasing ka na, pero gusto mo pa ring tumakbo." In fairness, masarap nga. :DDD

Kahit maingay sa LB Square, tahimik lang kaming dalawa. Sure, nag-uusap naman kami, pero konti lang. He's.. unusual today. First, asking me for a not-so-called date, now this?! Baka naman may balak to!

"Hoy!" sabi nya. "Kwentuhan mo nga ako about kay Paul." Medyo lasing na ata to.

Heck, about kay Paul? I clutched my drink closer to me. "Why do you want to know?"

"Wala lang," tinitigan nya ko. "No, I'm just curious. I don't know what in the world happened to your break-up.. Ang.. lakas ng allergic reaction mo dun e."

Since medyo close na kami, I decided to talk about it. "Ever since Grade 1 kami magkaklase. As in! And I hate it. Basta, he's lampa back then, mahilig gumulong sa kalsada.. basta batang kalye yan nun. And crush sya ni Sath from Grade 1 to 3. Then something happened nung Grade 4 that made me hate him more, tas dun din sya naasar sakin.. So there.. Magkaaway kami since then. Kami yung Golden Couple ng batch namin, meaning palaging nag-aaway etc."

"Ewan, basta nung 3rd year he kissed me after a volleyball tournament. In front of the school body. Nagalit ako, kasi duh, that's my first kiss! And he stole it! Akala ko nang-aasar lang sya, pero.. alam na. He likes me ever since Grade 4. And you know the rest. The end."

"Oh, how about the break-up?"

I sighed. "Break-up? Tsss. It's complicated. One thing about Paul: even though he's smart, may pagkaselfish yun. He broke up with me dahil.. lalaki sya. Yup, so lame. Di raw nya kaya pagsabayin ang Engineering at ang relationship namin. Dumb@ss! Akala nya kami lang ang affected nun, but no.

Bestfriends sila ni Jerro, pero nung nalaman ni Jerro yung reason nya, nagalit sya. Since Graduation pa sila di nag-uusap."

Natawa sya, yung pilit. "Di mo sinasagot ang tanong ko, Jersey. Anong naramdaman mo nun?"

"BWISET. PATI BA FEELINGS?!" I took a swig of Red Horse before answering again. "Natural, masakit. Parang, what did I do? I thought we're perfect for each other, yun din tingin ng marami samin. He's my Prince Charming. YUCK. KAINIS. Alam mo yung tipong.. mahal na mahal mo na sya, tapos bigla nyang tatapusin yun? Heck, can you even relate to my story? Wala ka naman atang girlfriend e!"

"Basta tandaan mo Jersey, ang yelo, pag natunaw, pwede maging yelo ulit. Be careful."

"Hoy, I'm asking you. Nagkagirlfriend ka na ba?"

Natahimik sya saglit, tas tuluy-tuloy lang yung pag-inom nya. "Never."

"DI NGA?! ANG LAKAN 2010, WALA PANG GIRLFRIEND?! ARE YOU GAY!?"

"Ako, bakla? Halikan kaya kita dyan!" I put on a disgusted face. "Joke, kadiri! Wala lang, trip ko lang maging single. Hahahaha :D May tanong ako sayo."

"Ano? Math problem ba yan?"

"Tss.Hindi. I have this guy frien-"

"Ikaw yan noh?"

Sinamaan nya ako ng tingin." Bwiset, ikaw na magkwento! Anyway, I have this friend. May bestfriend ang babae. So obviously alam mo na yung sunod, he fell for that girl. Basta, elementary pa lang inlababo na yung friend ko.. Yung girl, she doesn't know. Ang dense nya. Then nung 2nd year sila, nagkabf yung girl,so si guy medyo lumayo. Eventually, nagsawa yung bf kay girl and they broke up. Mahal na mahal ni girl si bf, then si guy ayaw nya makitang mal-"

"Let me guess.. ginawang rebound ni girl yung friend mo?"

"Hmmm. The guy offered to be the rebound. At first, ayaw ni girl, pero she gave in. Basta, 3rd year nung naging kunwari sila, pampaselos lang. My friend thought that totoo na yung 'sila', but no, hindi. After 5 months of pretending, binalikan ni girl yung bf nya. And lumipat pa ng school ang dalawa.. So.. what do you think? I mean.. Anong reaction mo about that?"

"Mahal pa ba ng friend mo yung girl? Kung ako sa kanya, I'll stop those feelings. Kasi even though nagprisinta yung guy, she doesn't have the right to take advantage of that. Dapat hindi na nya ni-lead on yung guy, cos kawawa e. Well, katangahan nga naman sa pag-ibig.. Kamusta naman sila ngay-"

BWISET. TUMBA NA SI KEVIN! ANG WEAK! Mga 11:30 na rin yun noh, so I called Keith to pick him up.

"Kevin," bulong ko sa kanya. "Cmon, ayos na. Malapit na si Keith.."

"Jer..shey... Wait.. Wag.. kang.. iinom.. pag.. di.. mo ko.. kasama.. ha..."

ASDFGHJKL. Is he serious about that? O sadyang nagpapakilig lang? Nako. >_<

## Chapter 15

(Jersey's POV)

Tuesday. August 31

Hindi pumasok si Kevin sa mga klase namin sa umaga because of hangover. Aba, solohin daw ba yung Red Horse na Grande eh! Mukhang may pinagdadaanan yun. Hay whatever.

Nasa UFS kami ngayon, merienda with blockmates. Kaharap ko si Kevin, at himala, tahimik ang mokong ngayon ah!

"Hoy Santos, bat tahimik ka? Hangover pa rin ba?" tanong ko sa kanya.

It took him 5 seconds to respond. "Ha?"

"Nating. You're too quiet today," I noticed na parang may katext sya. "Noice, may katext sya oh! Sino naman yan ha? Girlfriend?"

Pagkasabi ko ng "girlfriend", nagtinginan sakin ang blockmates ko. "Nice Je! Selos oh!" hiyaw ng iba.

"ASA KA DEVIL WOMAN, GIRLFRIEND KA DYAN. Don't worry, pinsan ko katext ko. At lalaki sya. So nothing to be jealous about," he said sabay ngiti ng nakakaloko.

"JEALOUS YOUR @SS KEVIN. Mas okay pa pag tahimik ka e! Tss." At lo, tumahimik nga sya. Ano naman kaya pinaguusapan nina Kevin at nung katext nya? K, echosera e. :DDDD

Bago kami umalis papunta sa next class namin, kinausap nya ko. "Psst Devil Woman! Pa-edit ako ng speech masterpiece ko. I'll send it to you by weekend ha. Please please?"

"OO NA, ISEND MO NG MAAGA PARA MAEDIT KO AGAD. K?" natuwa naman ang loko. Weird much.

Wednesday. Sept. 1

Okay na ulit si Kevin, mukhang pinsan nya yung katext nya. He's in his usual mood earlier, being an @ss. K, why am I even bothered with that textmate? Grabe ka Jersey, crush mo lang yung tao, tas possessive ka na!

Pag-uwi ko, diretso net agad ako. Tumblr-FB-Tumblr-YouTube-FB lang. I checked if Kevin's online, pero di naman. Puro MouseHunt naman profile nya! Gagawa pala ng speech masterpiece ha?! ARG. As I was scrolling down, I saw this wallpost from a girl, 20 mins. ago:

**Maxene Alonzo**: Hey Kivaaaan! :)) Sorry about yesterday. Bati na tayo ples :|

Kevin Santos: Haha! Wala yun Max. Nasa Robinsons kasi ako nun.

Maxene Alonzo: Talaga lang ha :> Sino kasama mo? Ahahaha :D

Kevin Santos: Si Jersey, yung partner ko nung contest :)

Maxene Alonzo: Ahh. The gorgey girl? Noks, umaariba ka ha! \m/

**Maxene Alonzo**: Kivaaan :DDD Next week oryt?

Kevin Santos: Text me k? Para masundo kita.

Maxene Alonzo: Sureba! Sige, ingat! :))

AT ETO ANG NAKAKAINTRIGA. 5 MINS AGO LANG, TAGGED POST:

**Maxene Alonzo**: is so excited to see Kevin Santos again! Yikes! :>>

Napangiti naman ako dun sa sinabi nya! Hahaha :D Sayang, walang yung "See Friendship" chorva nila, naka-private kasi profile ni Maxene. Si Sunako ng The Wallflower profile pic nya. Ang nakalagay lang sa info nya ay birthday and.. poof. taga-UP Manila, BS ComSci. Sya na! >:D

Nag MouseHunt din ako saglit, then mga 11:30 tulog nako. I check Kevin's profile again. Nagpost na naman yung Maxene:

**Maxene Alonzo**: Thanks sa time sa Skype! :P Goodluck talaga sakin -___- Night Kivan!

*(Kevin Santos likes this)*

Ako naman nagwallpost sa kanya:

**Jersey Santiago**: Tama na MouseHunt! Nasan na yung so-called 'speech masterpiece' mo ha? Ajejeje kthxbai. :|

Kevin Santos: Opo Devil Woman, gagawa na po. :D

Jersey Santiago: Mas mabait ka pala pag OL. Haha. Dali, ieedit ko pa yan!

Kevin Santos: Oo na nga ho. 5 more minutes.

Thursday. Sept. 2

Late at inaantok na pumasok si Kevin sa SOSC 3 lecture namin.

"One word for you: BANGAG," asar ko sa kanya nang umupo sya.

"Ugh. Sinabi mo pa. Halata bang puyat ako?"

"Naman! MouseHunt kasi. Anong oras ka natulog?"

"4:30. Ginawa ko yung masterpiece ko. 3 paragraphs pa nga lang, I'll send it by Sunday. Haha :D "

"Matulog ka nga mamaya! Buti wala tayong SPCM later!" Aba, di ako pinansin. May katext na naman oh! I was tempted to ask about Maxene, kaso wala sya sa mood. At baka sabihing nagseselos ako. HECK NO! >:P Natapos ang lecture na hindi kami nag-uusap. Kahit medyo puyat, he managed to copy some notes.

Umuwi rin sya para matulog, tutal next class namin mga hapon pa, so around 5 hours of break. Pero pagdating ko sa Baker Hall, napansin ko na wala ang Medusa at si Kevin. Hindi naman daw pumunta ng maaga sabi ng PE mates ko. I was worried na baka may ginawa sina Medusa sa kanya so I called him. Lech*, ayaw sumagot! Napasarap siguro ng tulog.

Lintek, wala rin sya nung English! Nakakaasar naman, di man lang tumawag or nagtext. K Jersey, wag kang maging nanay. OKAY T__T

Friday. Sept.3

"Bakit di ka sumasagot kahapon?" bulong ko sa kanya. Nasa Fil20 class kami. He just smiled at me. "Waepek yang smile mo, @sshole."

"Relax Devil Woman. My cousin and some friends went here yesterday. Nag-IRRI kami.. Sorry."

"Talaga lang ha!?"

"Oo nga! Isa pang talaga lang ha babatukan na kita!"

"Sus.. If I know.. Nako! Ewan!"

"Why.. did you miss me, Jersey?"

He caught me offguard by that statement. Did I miss him? "ASA KA!"

The rest of the day may katext sya, at natural, spaced out. Nagkasalubong pala kami ni Kuya Marc, pinaalala nya yung block picnic namin sa Monday. Haaay, palibutan nga naman ng mga gwapo! :DDD

Dumaan kami sa may CPark pauwi, tahimik lang dahil busy sa pagtetext si Ser.

"Uhh Jersey, una nako. Pasensya kung di kita mahahatid. Online kasi si Kuya Jon, may pinapagawa sakin."

"Sus, okay lang! Dinner out kami nina Sath ngayon. Dito kami magkikita. Kbye! Sana madapa ka!" Nag-wave naman sya sakin kahit pano, at dali-daling tumakbo.

(Sa Jollibee..)

Sath: Parang di ko na nakikita si Kevin ah.

Me: Ha?? Eh busy kasi yun, may pinagawa yung kuya nya. Bakit mo naman natanong?

Jerro: Sa totoo lang Jey, nagtatampo yang si Sath. (binatukan tuloy sya)

Sath: HINDI TAMPO YON, OKAY!? Wala lang, mas kasama mo kasi sya these past few months. Look, September na ngayon! Wala pa tayong bonding moment!

Amae: Nako Jey, just don't mind her. Gusto ka lang intrigahin nyan about sa inyo ni Kevin! :>>

Me: Che, wala namang "thing" between us. And please naman, it's damn obvious that he's not interested with me, and syempre sa lovelife."

Paolo: Edi inamin mo rin! May crush ka sa kanya, tapos you miss him a lot today kasi hindi kayo nagkakasama. Tama hula ko!

Me: CHE TUMAHIMIK KA NGA! Kung ano man yang hula mo, mali yan. Tch. :|

Tuesday. Sept. 7

Wala si Kevin kahapon sa celebration namin. Bwiset, ako tuloy pinag-initan ng blockmates ko! Ilang beses ko nang tinawagan pero ayaw sagutin. Sabi naman ni Keith may mineet daw na friend sa San Pedro. Kakainit ng ulo dahil sa badtrip! :| Sinabi ko na lang na may LBM ang loko. At take note, di pa nya nasesend yung speech nya na deadline na bukas. Kainis.

Nung English kanina, wala rin sya. Ano ba yan, di man lang magtext! Kaya nga may cellphone e! Baka kung ano na nangyari dun >.<

Bago ako pumasok, nagtype ako ng speech nya. Yep, I made him a speech! Mas inuna ko pa yung kanya kesa yung akin. Galit ba yun? NAKAKAINIS! Pinagpuyatan ko mga speech namin, pero mas nag-effort ako nung sa kanya. Naiiyak ako habang nagtatype. Badtrip! Sh!t, bat parang lumalayo sya

samin? sakin? Okay na naman kami sa lagay na to e, may payakap-yakap na nga e! Then this? Ang sakit. :'((

Mahirap pala pag sanay ka na sa presence ng isang tao. Pag nawala sya, parang ang lamig ng paligid, ni di mo alam ang gagawin. </3

Wednesday. September 8

Inaasar na ako nina Paolo at Jerro, taong bahay na raw ako, di na taong Kevin. Kainis! 1pm ko pinasa yung mga speech namin. Di ko na hinintay yung epal na yun, absent na naman e.

1:15. Pumasok sya ng classroom. Mukhang kakagaling lang sa byahe. Hindi sya tumabi sa kin.

After ng class umuwi ako at natulog. Haaay, buti pa pag tulog, minsan walang problema! Tsss. :| English na sunod, di ko sya pinansin. What for, right? Iniwasan ko nalang sya. Paglabas ko ng classroom, I heard him calling my name. Nilagay ko agad yung earphones ko.

Then I felt a hand grabbed my arm. Please. don't. touch. me.

"Jersey, wait lang."

I faced him with a smile. "Oh Kevin! Buti naman nakapasok ka na! Sayang wala ka nung Monday, I told them na may LBM ka. Is that a lame excuse? Hahahaha! You sho-"

"Yung about sa spe-"

"I passed your speech na pala kanina. Sorry kung di ko na nasabi, you're not picking up my calls. I'm not sure if you can call that a masterpiece, inaantok na kasi ako nu-"

"Jersey wa-"

"Just ask Ken or Van for our assignment sa Fil 20 ha. I gotta go na, may game pa kami nina Jerro. Bye!"

P*ta. Ayoko ng ganito! Para akong nasusukang ewan! I lied, wala naman kaming game nina Jerro. Nagmotor lang ako paikot-ikot sa campus hanggang Junction. Pampaalis problema. Haaay. </3

Thursday. Sept.9

Nasa may Dunkin Donuts ako, bibili ng donut (NATURAL JERSEY!). Pati sina Jill worried na samin ni Kevin. That bastard! Napaka-inconsiderate eh! Kainis. Paalis nako when a girl approached me. "Uhhmm.. Excuse me, Miss."

I could tell na di sya taga-LB, aura pa lang nya. Wow, gumaganon nako ha! "Yes?"

"Alam mo ba kung saan yung Blitz? Nakakaasar kasi tong friend ko, di nagrereply e!" Mukhang okay naman sya. Wait, she's from UP Manila, nakalagay sa block shirt nya.

"Blitz ba? Samahan na lang kita if you want!"

Her face brightened up. "Oh really? Thank you ha! 2nd time ko pa lang kasi dito e! :D"

Naglakad na kami papuntang Blitz. "So, you're meeting up a friend here?"

"Yup, kaso he'll be late raw. May klase ata sya at maghintay sa Blitz. T@nga e, di man lang tinext kung saan yon! We went to IRRI last week. Grabe, naloka ako sa trolley ride!"

"That friend.. Is he your boyfriend?" napangiti sya. "Oh sorry! Intrigera talaga ako. Just don't mind me."

"Nako, okay lang noh! Barkada ko nung highschool yon." Dumating na rin kami sa Blitz. "So, eto na yon! Compshop pala e! Hahamunin pa ata ako sa Counter nito!"

Napatingin ako sa watch ko. "Darn, malelate na pala ako!"

"Sorry ha! Naabala pa kita! Salamat ulit!"

Sumakay na ko ng jeep. "Okay lang yun! By the way, I'm Jer-" di na nya narinig yung name ko. Humarurot na ang jeep.

As usual wala na naman si Kevin. As usual, I lied about his absence. As usual, I tried not to care. As usual, I can't stop thinking about him.

Dumating ako sa bahay, walang tao kasi may mga klase pa sila. Nagpatugtog ako ng party party songs to lighten up my mood. Magtatapon sana ako ng basura nang may napansin akong tao sa may gate.

Kevin.

I acited as if he's not there. I just walked past him. Ugh. Di ako makahinga. :|

"Jersey, can we talk?"

Padabog kong sinara yung takip ng basurahan na hindi sya pinapansin. Naglakad nako pabalik sa gate when he grabbed my hand.

"Pansinin mo naman ako please?"

"If it's about the speech, I assure you it's okay. Tutal, you asked me a favor, so no fuss. The thing is, I should edit your speech. How in the eff will I do that if I have nothing to edit? Edi ayun, I made one then edited it. No difference, right?"

"Look, I'm sorry. Alam kong galit ka."

"Malaki ang pinagkaiba ng 'Im sorry' sa 'I'll never do it again'. Wag kang magsosorry kung para gumaan ang loob mo. Be considerate sa feelings ng nadedehado mo."

"Ano ba! Sincere ako dito Jersey! Kung galit ka-"

"BUTI NAMAN ALAM MO!"

"I became pre-occupied to other things lately kasi..."

"Yeah, I noticed it. Next Wednesday wala ka ulit?"

"Kung galit ka sa pag-absent ko-"

Napatingin na ako sa kanya. "I'm not mad because of that. I'm mad at the fact that you're ignoring us! We've been calling and texting you tons! We are so worried. Alam mo ba hinintay ka namin ng 1 & 30 mins nung Monday? Tapos papasok ako, tatanungin nila kung nasan ka, and I would lie. Dammit! Ni hindi ka man lang nagpaparamdam."

He just stared at me.

"Wala ka na bang sasabihin? Magpapractice pa ako ng speech ko."

"Nandito ako para magsorry Jersey. Wag mo akong awayin!"

"You shut up! Sinong unang nang-iwan sa ere? Ikaw di ba?"

Nagalit na ata sakin. "Don't accuse me of that Jersey. WALA KANG ALAM! SO PWEDE BA WALA KANG KARAPATAN NA MAGSABI NG GANYAN!"

"Oo nga, wala nga. Wala nga akong alam kasi wala ka namang sinasabi. Pag magkasama tayo, palaging ako na lang yung topic. Umiiwas ka sa mga tanong ko. Ang sakit noh, you never want me to touch your feelings. You trust me, but not the same way as I trust you. Kung sino naman yang minimeet mo, please WAKE UP! PINAPAASA KA LANG NYA!"

"..."

"Pano naman kami Kevin? Pano naman.. ako? Heck, ano nga ba kami sayo? Or better yet, ano ako sayo? My Jersey, you're such a b!tch. Don't ask him the obvious. You're the Devil Woman here! Tch. I can't stop caring about you. I just can't. 2 weeks, Kevin. Ayokong mag-alala, but you're special to me. You helped me a lot! Tama na nga, let's just don't talk anymore. PLEASE UMALIS KA NA DITO!!!"

Pumasok na ako ng bahay. I can't stop crying like hell.

Why am I even like this!?

Do I love him already?

SEPTEMBER 12. ARANETA COLISEUM. UAAP CHEER & DANCE COMPETITION.

Manunuod ba si Kevin?" intriga sakin ni Jerro habang papunta kami sa food stalls. Hindi pa naman nagsisimula yung competition.

I meekly smiled. "Cmon, I don't know. And please, let's don't talk about him anymore. Buti nga na hindi na kami nag-uusap eh!" Bumili kami ng junkfoods, then I had this sudden urge for donuts. Nang papunta na ako sa Dunkin Donuts, I saw the girl again, yung sa Blitz.

"Hey, ikaw ulit?" I said, smiling.

Napangiti naman sya,"Grabe, bakit palagi sa Dunkin Donuts tayo nagkikita? Thank you nga pala ulit ha!"

"It's nothing! Ano ka ba," bumalik na si Jerro. "Uh by the way, si Jerro nga pala. Jerro, this is-"

"Max! Walang Cali dun sa st-" A familiar voice.

"Uy Kevin! Long time no see ah!" bati ni Jerro. Nagulat naman kami pareho ni Kevin. So, sya yung girl? SYA YUNG MAXENE!?!

"You know each other?" nagtataka na si Maxene.

"Uh Max.. Sila yung barkada ko sa LB. Jerro.. and Jersey." Parang napilitan pa sya sa pagsabi ng pangalan ko.

Maxene's expression turned into an amused one. "Ooohh. Ikaw pala si Jersey! Nakakahiya naman! Di kita namukhaan nung Thursday. Nice to finally meet you!" To finally meet me? Di nga?! "Kivan! Sya yung kinukwento ko sayo, yung girl sa Dunkin!"

I felt Jerro nudged me, signal to go. "Oh guys.. Una na kami. Naghihintay na yung kasama namin sa loob. Nice meeting you!"

Maxene waved us goodbye, tas si Kevin nagsmile lang. Tch. Nice one.

So much for making iwas :|

(Jersey's POV

Eventually nasanay na rin yung blockmates ko na di kami magkasama. Kevin's with the boys, while I'm with Jill. Haayy, ang hirap ng ganito. Magkatabi kami sa mga lecture, pero walang pansinan.Ang sakit :(( Nadevelop na ba ako sa kanya? If that's the case, maganda kaya yung mapiprint yung picture namin? </3

Klase-bahay agad ako. Wala nang tambay after class. No Boston Cafe nights. No jamming. No Kevin.

Ngayon ko lang narealize kung gano ka-boring ang buhay college ko na wala sya. :((

"Oh, bakit ka nandito?" tanong ni Pao? He caught me sitting on the sofa, watching TV Patrol. "Wow ha, buhay bahay ka na talagaaa!"

"Masakit ang ulo ko. Tsaka minsan lang ako manuod ng news."

Biglang dumating sina Amae, Sath & Jerro. "Uy teh! Hinahanap ka sakin ni Keith. Di ka raw sumasagot ng tawag e." Napatingin ako sa BBM ko. Geez, 37 missed calls! 17 from Kevin. Bakit naman kaya? Nagtext sakin si Jillot. Blow-out daw ni Kevin sa Bonitos ngayon. Ugh.

Nagring yung phone ni Amae. "Uhh Jersey, si Keith. Kakausapin ka raw."

"Keith!.. Uhhh.. Tell Kevin I can't go. Sorry kamo, inatake ako ng allergy ko. I ate shrimps :(( .. Yup, I'll contact him na lang. Bye!"

Biglang may throwpillow na lumipad papunta sa mukha ko. "Hey! What's that for ha? PAOLO!"

"Allergy your @ss! Birthday nung tao! Don't tell him lies noh!"

"WAG MO KONG KONSENSYAHIN! Teka lang, AMAE! Bakit mo alam number ni Keith?! YIIIEEEE! :)"

Namula naman si Amae. "Ha? Bakit, kaklase ko sya! Masama kunin number?" Napangiti kaming apat. Di na sya makatingin sa min ng matino.

Nice, kung kami magkaaway ni Kevin.. may namumuo naman between Amae & Keith! :"">>>>

## CHAPTER 15.5

(Jersey's POV)

Loka-loka nako noh?! Pero kung baliw man ako, ako na ang pinakamagandang at pinakamatalinong baliw ever! (KAPAL KO TALAGA!!!) :DDDD Wala lang. Bigla ko lang naisip yan nung pauwi ako from class nung Tuesday. I want to surprise him kasi. And besides, peace offering ko to.

Eh teka, pano ko nalaman na di sya nakapag-JS?! :DDD

FLASHBACK: TUESDAY.

Naglalakad ako sa may UP Gate nang makita ko si Keith. "Keith! Si Amae? :>"

"Ha? Bakit mo naman sakin hinahanap yung engeng na yun?!"

"Wala lang. Magkaklase kayo right? So.. kamusta?"

Umupo kami dun sa may waiting shed. "Sus, ako ba talaga kinakamusta mo o si Kevin? Kung sya... medyo okay na ata yun. Ay joke, hindi sya okay."

"Panong.. di okay?"

"Ayun, parang depressed na ewan. Basta! Hirap explain.. But since you care for him.. and you have the right to know. May problema kasi yun."

"Is that why he's skipping his classes!? Buti nga di napansin ng prof namin na every Wednesday sya absent eh!"

"Napansin mo rin pala ah.. Kilala mo si Maxene?"

"Yup, I met her two times. She was here last week, I think. Pero Thursday yun."

"Hmmm. Every Wednesday walang pasok sa UP Manila. Every Wednesday din wala si Kevin. Gets mo na?"

OHMYOHMYOHMY. No way. So it means... They're seeing each other?!

"Nung Wednesday nasa UP Manila galing si Kevin, sinamahan nya magpasa ng papers si Maxene. Thursday naman si Maxene dito."

"Wait.. I don't get it.." INFORMATION OVERLOOAAADDD!!! :|

"Walang nakukwento si Kevin sayo noh? Basta.. bestfriend nya si Maxene since elementary. He saved her from the bullies non then they became friends. Na-fall sa kanya si Kevin nung Grade 6 graduation. Pero di nya sinabi kay Maxene, alam nya kung anong mangyayari pag ganun. May pagkamanhid kasi si Maxene e! Then nung 2nd year.. naging boyfriend ni Maxene yung nangbully sa kanya dati.."

"WAIT. HE TOLD ME ABOUT THIS!!! NUNG NALASING SYA!! PERO HE SAID FRIEND NYA YAN! THAT ASSHOLE!!!!"

"Syempre, di nya aaminin yon diba? Nahihiya kasi yun sayo. Well anyway, basta. Alam mo na yung sunod, nagbreak yung magsyota, inoffer ni Kevin na maging rebound, naging rebound nung 3rd year. After 5 months, binalikan din nya yung ex nya. Kevin's crushed. Akala nya konti na lang, mahal na sya ni Maxene, pero hindi pala. Nagpagamit lang sya for nothing. Mas lumala pa nung lumipat sa kabilang school yung magsyota. Pero bago magpasukan nung 4th year, nagbreak din sina Maxene, eventually nagtransfer ulit si Maxene sa school nila ni Kevin. Naging close ulit sila. So Kevin took that as a sign to confess. JS sya nagdecide umamin kaso.. his fave grandmother died two days before JS. They need to go to Australia sa mismong araw ng prom. Nung bumalik sila ng Pinas, di na rin nya sinabi. God's will na raw na yun, at baka di talaga si Maxene yung girl para sa kanya.

They remained friends, though di sila magkasama ng campus. Bihira lang sila magkita kasi busy si Kevin, until nung 2nd week of August. Nalaman ni Kevin na kinuha ni Maxene yung scholarship sa Germany, for ComSci. She accepted it without his opinion. Kaya ayan, palagi silang magkasama para sulitin yung oras. I know that he still loves her, pero.. ewan lang kung sinabi na nya. Wala syang nakukwento e."

Speechless ako. So, ganito pala pinagdadaanan nya, tapos inaway ko pa sya? >,< "Eh.. kelan alis ni Maxene?"

"That's the saddest part. Mismong birthday ni Kevin. Kahapon sila huling nagmeet. Hindi ko lang alam kung anong nangyari. Tahimik si Kev e."

END FLASHBACK

***

Nagsasayaw na kami ni Kevin sa gitna ng cafe. Kahit masakit katawan nya, napasayaw ko osya ng mga party party songs. Tinuruan ko pang mag-krumping!

"Oh, akala ko ba hindi ka nagsasayaw?" asar ko after nyang gayahin yung step.

"Magaling DI ko e! Isa pa nga!"

"Utot mo! Hahah :D Tsssk. Idol mo na talaga ako noh?!" Nagsample ulit ako ng ilang moves at ginaya nya. Kaming dalawa lang yung nandun, pero parang nasa club na kami! After almost 7 party songs, slow songs naman. First song: "Tattooed On My Mind".

"Aba, ikaw ba pumili ng songs?" he asked me. Nakatayo lang kami pareho, nahiya dahil slow na yung kanta. Medyo nagkailangan pa. >..<

"Si Amae yung gumawa nyan e. Di ko alam yung songs, swear." I smiled at him.

Tinawanan lang ako ng loko. "Mga ngiti mong yan, nagpapahiwatig e." I was about to protest when he extended his hand," Sa minsan lang maganda, matalino at... chubby kong partner, can you dance with me?"

"BADTRIP KA! AYOKO NGA! ANONG MINSAN LANG MAGANDA HA!? AT ANONG CHUBBY!? KAINIS TO."

"At kailangan pakiligin ka?" lumuhod sya sa harap ko, kinuha yung kamay ko, parang magpopropose. "Jersey Benitez Santiago, shall we dance?"

Nakakaasar! Ako naman si kinilig, at pumayag din. "BWISET KA. Akala mo naman kinikilig ako. Stand up you creep. Mukha kang magpopropose dyan e!" He stood up, and put my hands on his shoulders and his hands circling my waist. We stared at each other, and laughed.

"Kantahin mo nga yang Tattooed On My Mind next time."

"Pag tinopak ako! Belat :P" Kung kelan naman pagalaw na kami tsaka natapos yung kanta! Next song: Cruisin'. Napakanta kami pareho.

"You should sing often, Kevin. Para gumanda nama kahit konti yang boses mo!"

Then the song changed to Superhuman, na kinanta nya. Akala nya di ko napansin na humigpit yung yakap nya sakin. He looks so ridiculous! Feel na feel nya yung pagkanta e. But his eyes.. iba e. I could see na iniimagine nya na si Maxene tong kasayaw nya, and not me. Si Maxene yung kinakantahan nya. And that.. hurts me. But hey Jersey, ano ka ba. THIS IS WHAT YOU WANT. To make him happy. To give him a second chance again. If only Maxene's here, I think mas masaya sya. Ang sakit, knowing na si Maxene yung gusto nyang makasama tonight kesa ako. Ako pa yung nag-effort ha! This is my plan, and I must face the consequences.

"Devil Woman, okay ka lang?" nagulat ako. "You're staring at me again."

"Nothing. I therefore conclude that a person could get a vertigo if he/she will listen to your voice for 2 minutes. Plain gross." Nagsalubong kilay nya. "Shempre joke yun noh. Ano ba! :D"

Cruisin' ended, tapos Everytime We Touch (Cascada) yung next. Napakanta tuloy ako, and he became silent. Kinurot ko batok nya at naging attentive sya. Tinatamaan ba sya sa lyrics?!

Then.. How To Say Goodbye (Paul Tiernan) ang next. Aba, loka talaga tong si Amae! Kung anu-anong sad songs nilagay dito, alam nang may problema yung tao e!

*Leaving isn't quite the same, she said to me,*
*As running away*
*If you're scared or tired of what you're scared of*
*Well, why should you stay?*

Bumagal lalo yung pagsway namin, hanggang tumigil na kami.

"K-Kevin? Are you alright?"

Napilitan syang magsmile. "Onaman. Ang sakit na kasi nung legs ko e."

"Sure ka ba?"

*She loved to say goodbye,*
*And always counted out the time*
*Until she was free, to get up and leave*
*To learn how to breathe*
*Again*

He glanced at his watch. "8:40 na pala noh. Grabe, ang tagal na pala nating sumasayaw.." I could tell na pinipigilan lang nya umiyak, ang hina ng boses nya. Nanghihina na rin ako, I could almost feel his pain.

"Let's seat muna, if you wan-"

"Pasandal muna pwede? Ayokong umupo, mas manghihina ako." He rested his head on my shoulder, his breath reaching my nape. It makes me shiver.

"Ni paghatid sa airport ayaw nya. Baka raw isingit nya ko sa maleta nya pag ginawa ko yun. At di na sya makaalis," natawa sya. "Hatid lang yun ah! AYAW PA NYA!"

*Slipping out to have a cigarette with someone else that she'd never met*
*Asks her if, by the way, would she like to run away*
*and try to forget?*
*Or just not to stay, to leave without saying why*

"Ssshh Kevin.." Naramdaman kong basa na balikat ko. I shut my eyes, ayoko na masaktan pa.

"Dapat sabay kami pupunta ngayon sa Germany, kaso ayaw nya. Mukhang masaya na raw ako dito. Ang sakit, alam mo yun. Napapamura na lang ako e! Sya na talaga, sya na. Kulang na lang yung

pag-amin ko, kumpleto na sana. Pero eto na naman ako, nagpakag@go ulit, natorpe. Kung ginawa ko naman, will she stay Jersey? Will she??"

"Kevin, baka yan na talaga fate nyo. Maybe she's not the one for you. Ganun talaga, may mga taong dadating satin na akala natin, sila na yung tama, yung para sating talaga. Pero we'll never know, maybe they're just instruments for us to find the right ones for us. And please, don't blame yourself."

"But I love her. Wala nang makakabago dun. Kung sana tinotoo nya yung pagprisinta ko as rebound, siguro masaya na kami ngayon. At least naparamdam ko na mahal na mahal ko sya diba? But she's pushing me away! Mahal nya rin ako, alam ko yun. Pero bakit di nya masabi!?"

*To get up and go*
*To catch the last train*
*To get in some car*
*And drive out again*
*To never come back this way....*

At that point, I realized that.. I actually love this guy. It's not pity or whatever. It hurts me to see him crying in pain like that. I love him because.. I don't know. Hindi dahil sa tinulungan nya ko to move on.. More than that. Yumakap sya lalo sakin, tipong hindi na ako makahinga. I started to cry.

"Kevin.." I was tempted to say the rebound thing, na okay lang na gawin nya kong rebound. Pero ang nasabi ko lang.. "Isipin mo muna na.. ako si Maxene. Th-then.. sabihin mo sakin yung mga gusto mong sabihin sa kanya, just for the heck of it. Cmon it's okay. To ease the pain."

He let out a deep sigh before speaking. "Max.. sorry. I'm so sorry! By this time nasa ere ka na, sayang. Sorry talaga! I love you. Totoo yun. Sana pala ginayuma na kita noh?! T@ngina, bakit ba ang hilig mong mang-iwan ha!? I love you. Bumalik ka na dito please. Yaan mo, pupunta rin ako dyan sa Germany. Pagdating ko, tayo na ha? I can't afford to lose you for the fourth time, Max. Ang sakit. Ibang klase ka rin noh!? Please Maxene, don't leave me.. don't leave me.."

*And have to say....*

*Goodbye. So long. Farewell. Au revoir.*

Naiiyak ako habang sinasabi nya yan. I want to smack his head and say, "T@ngina, Kevin! Hahabulin mo pa yan e nandito naman ako oh! Kainis, napamira ako nang di oras! Paano ako, iiwan mo dito? I could do better than her! Besides, I'm just here for you.. Just look at me, just once.."

"Jersey, sorry ha. Ang g@go ko talaga. Dapat di ko na ginawa yun," he whispered.

"Kev, ano ba. It's okay. At least you managed to let it out. Kahit pano siguro gumaan yang pakiramdam mo. Ako dapat magsorry e! Pinaiyak kita sa birthday mo."

Humarap sya bigla sakin, namumugto na mata nya sa kakaiyak. Even though his nose's so red and uhugin na, gwapo pa rin :))) "Thank you so much for this night Jersey. Ang saya-saya ko talaga ngayon, kung alam mo lang.. Thank you, Devil Woman."

He kissed me.. on my forehead.

Badtrip, humalik nga, di naman sa lips!?

## CHAPTER 16

Let's fast forward two weeks after Kevin's birthday. First week of October na, so Finals Week! Ayun, okay na ulit kaming lahat. Parang walang nangyari dati. At.. infatuated pa rin ako kay Kevin. ANO BA TONG PINAGSASABI KO!!! :DDD

"AYOKO NA MAGFINALS!! Badtrip yan!" reklamo ni Kevin sakin. Nasa bahaya kami, nagrereview para sa NASC 1 finals. Yun lang naman ang finals exam namin ni Kevin.

"Oh shut up Kevin. Hindi lang ikaw ang may ayaw mag-finals. Please, I want to review," pang-asar ni Sath. Haaayyy, magsisimula na naman tong dalawa!

"At least ako, mataas mga long exams. Eh ikaw, bagsak!"

"KAPAL MO! KAYA KA LANG PUMAPASA DAHIL KAY JERSEY!!!"

"Inggit ka lang!!"

"JERRO!!! INAAWAY NA NAMAN AKO NG ENGENG NA TO OH!!"

Pano ba ako makakapagreview sa lagay na to!? Haay! Hindi na pala umaabsent si Kevin ngayon. About Maxene? Ayun, palagi silang magkachat sila palagi sa Skype. Paminsan-minsan din sila nagtatawagan. Eh kami naman ni Kevin? Ayun nga, gusto ko pa rin sya. Pero syempre, I need to be subtle with my feelings. Bawal akong mainlove sa mokong na ito, hanggang crush lang!

"..so ganun yun diba Je?! Uy pansinin mo ako!" binato ako ni Jerro ng throwpillow to catch my attention.

"Ha?! Ano yun? Sorry."

"Wala wala. Sinagot na ni Kevin. Tulala ka na naman e!"

Kevin and Sath looked at me with a puzzled expression. "Ako? Sus, I'm just memorizing."

"Kung iniisip mo pa rin yung nangyari nung birthday ko, stop it," sabi nya, sabay basa ng handouts. Yan tuloy, parang rocket na sumugod sina Amae at Paolo sa sala, nagrereview yung dalawa para sa Math 17 finals.

SILANG APAT: ANONG NANGYARI HA!?

Yung kiss sa forehead yun! Hindi ko na sakanila kinwento yung part na yun. Duh, it's private kaya!

>.<

"What are you talking about?! Mag-aral ka dyan!"

"Kunwari ka pa dyan. Amae, wala bang nakwento sa inyo si Jersey?" umiling naman si Kevin, kaya napasmirk si Kevin.

"Nothing happened, right Kevin? Dali, aral na!" I glared at him, but that only made him smile wider.

"KEVIN ANO KASI YON!?" pilit nina Amae at Sath.

"SUBUKAN MO SANTOS!!! LINTEK KA!!"

"Jersey and I kissed nung birthday ko. No big deal."

Ako: -____-"

Silang apat: O.O >.O :">>>

"SERIOUSLY!?"

Nakita kong tinakpan ni Kevin yung mukha nya, natawa pa ang loko! "Kiss lang yon, no big deal." Lalong nawindang yung apat.

"EH LOKA KA PALA E! KISS YON!!!"

"OKAY OKAY!!! He kissed me on the forehead!" lumagpak yung mukha nila. I can't help but to laugh! :DDD

"Ano ba yan! Akala namin sa lips na! Pao, review na ulit tayo!" padabog na aya ni Paolo.

"Gusto nyo ba ng sample sa lips? Devil Woman, come on!" pang-asar ni Kevin. Isang malakas na palo sa braso ang nakuha nya.

We reviewed the whole afternoon then dumating sina Ken, Jill and Keith para makireview. Yup, barkada na kaming siyam. Haha! :)))

Sa kalagitnaan ng pagrereview ko, bigla akong kinalabit ni Kevin. "Oy. Bukas wifi nyo?"

That only meant one thing: Skype moment with Maxene. "Yup. Go ahead :)))" Ang hirap talaga mameke ng ngiti. TT Kinuha ni Kevin yung Mac nya at pumunta sa may kusina para mag-net. I tried to review again pero wala na pumasok sa utak ko! Ang daming what if na pumasok sa utak ko.What if... nasabi na nya kay Max? Sila na kaya? Long distance relationship? How about me!?

Knock it off, Jersey. One thing's obvious.

Kevin doesn't like you.. and you're just a friend. </3

(Fast forward two days later; After NASC 1 finals)

"Oh, dito ka lang. Wag kang gagalaw dyan," utos sakin ni Kevin. Nasa likod kami ng PhySci, hinihintay sina Keith na mangagaling sa Math Bldg.

"Where in the hell are you going?"

Napatigil sya sa paglalakad. "CR lang. Bakit, sasama ka?"

"What!? Kapal ng mukha mo! Just go, will you?!" the thought of him inside the CR made me blush. NO WAY, I AM NOT A PERVERT! Stop imagining things Jersey!!

I got my iPod and listened to some songs when someone grabbed my shoulders. "Hey! What are you-" then that someone slapped me in the face.

"YOU SLUT!! HOW DARAE YOU!!" Si Charlie! Ano na namang epal nito ha!?

"Para saan na naman yun ha!?"

"I TOLD YOU! I WARNED YOU TO STAY AWAY FROM KEVIN! PERO WHAT DID YOU DO, NILALANDI MO PA RIN!!!"

"WHOAAA. Slow down, Miss. Hindi pa ba nababagok yang ulo mo? Kevin doesn't and won't ever like you. Wake up!"

She smiled bitterly. "Ay, at ikaw ang gusto nya? Talaga? FYI Jersey, parehas lang tayo. Ilusyonada ka rin, pero mas malala ka. Look at you, ikaw tong pinagsisiksikan ang sarili kay Kevin! Isn't that pathetic? You should be the one to wake up! Kevin loves Maxene, not you. Mas feelingeraa ka pa kesa sakin. Wanna know why? Lahat na lang ginagawa mo just to be with him, di mo ba man lang naiisip na nasasakal na sya sayo!? You're the selfish one he-"

Di ko na napigilan ang sarili ko at sinampal ko na sya. "SHUT UP. WALA KANG ALAM. And I know that he loves Maxene. I'm just his friend, and hanggang dun lang naman kaming dalawa. So please stop this craziness."

Tinignan nya ako. Oh shoot, pumutok pala labi nya! Well, that suits her fine. "Malakas ka palang sumampal. Hahah. Bakit, kasi nasaktan ka? Tss. Poor bitch!" Sinabunutan nya ako! Dammit!

"Get your filthy hands off me you creep!" I struggled hard just to remove her hands from me. NASAN NA NAMAN BA SI KEVIN!?! BAKIT BA PAG INAAPI AKO NI CHARLIE PALAGING WALA YUN!?

"Jersey!" Oh crap. Oh crap. Bigla akong nahilo, tapos naramdaman ko na di na ako sinasabunutan ni Charlie. "Okay ka lang?"

"BITAWAN MO AKO!! ANO BA!! DI PA KAMI TAPOS NG MANGAAGAW NA YAN!!!"

"Paul!?" I can't believe it. Si Paul!! Pinipigilan nya si Charlie!! Oh my god. Oh my god.

Eventually, binitiwan din ni Paul si Charlie. "Ano bang problema mo kay Jersey ha!?"

"So, ikaw pala yung Paul. Please, pakiremind naman yang ex mo na layuan si Kevin!? Hindi na natuto eh!"

"SUMUSOBRA KA NA!!" I was about to attack her nang ako naman yung pinigilan ni Paul. "BITAWAN MO AKO ILAGAN!! ANO BA!!"

"MATUTO KA NA SANA NGAYON JERSEY!!!!" pagbabanta ni Charlie, then she left.

Dun ko narealize na kaming dalawa na lang ni Paul ang magkasama.

"Let me go." I feebly whispered. This is our first encounter after the break-up. Na kaming dalawa lang. And he's holding my arms.

"Are you okay?"

"Just. let. me. go." Being as obedient as ever, binitawan nya ako. Ayokong humarap sa kanya. Ayokong makita nya na naiiyak ako. Please Kevin, where are you?

"Girlfriend ba ni Kevin yon Jersey? Bakit sya ganon sayo?"

"It's none of your business."

"You're my business Jersey. Now tell me."

WHAT THE F*CK IS HE SAYING!? "I was your business, Paul. Was. Past tense. Not anymore."

He let out a deep sigh, a sign na naiirita na sya. "Wag ka nang magalit dyan. Come on, let's talk."

"WALANG MAG-UUSAP."

I immediately looked on my left. Kevin. Nagmamadali syang pumunta sa tabi ko. "Let's go home."

"Wait pare," extra ni Paul. "I'm still talking to her."

"She's not responding to you, so it's not a conversation. Jersey, lika na." Hindi ko magalaw yung mga paa ko. I'm paralyzed because of what? Anxiety? Trauma? Ano? "Jersey, hinihintay na tayo nina Ken sa CPark."

Lumapit sakin si Paul, and he grabbed my right wrist. "Don't touch me. Please, go away."

"Pare please, back off. She said don't go near her. English na yun ha, ganyan ba talaga kayong mga Engineering?"

"Wag kang manghimasok dito. Sino ka ba ha!?" Ayan, galit na si Paul.

"Ako!? Ako lang naman yung sumalo sa kanya nung ginago mo sya. Ano, palag pa?" The unexpected happened. Hinawakan ni Kevin yung kamay ko, and he dragged me off the scene.

Di kami tumigil sa paglalakad. Ano kayang iniisip ni Kevin? Heck, di ko rin alam ang tumatakbo sa isip ko. Blankong-blanko ako. Sa dami ng tao na pwedeng umawat samin ni Charlie, bakit sya pa?! Bwisit.

Biglang binitawan ni Kevin yung kamay ko, at dun kami huminto sa paglalakad. "Okay ka lang?" tanong nya, pero nakatalikod sya sakin.

"Ano ka ba, I'm fine."

"Hinarang kasi ako ni Sir Mendoza kanina kaya natagalan ako. Pagbalik ko, wow. Ganda ng eksena, pang-primetime bida."

"Please Kevin, wag kang mang-asar. Hindi nakakatuwa."

He chuckled. "Mahal mo pa rin noh?"

"Hindi na," sagot ko. Totoo naman, hindi ko na mahal si Paul. And Kevin knows that! Ano ba to!!

"Talaga lang ha?! Siguro kung di ako dumating don, papayag kang mag-usap kayo. Then after a week, kayo na ulit."

"Bwiset ka. Ano bang problema mo ha? Ako na nga tong nadehado tapos ikaw pa ang ganyan! Malabo ka rin noh!"

"T@NGINA. Wag mo kong sigawan!" he faced me. Oh sh*t, he's mad. "I'm sorry."

Nanlambot ako sa sorry nya. Bakit ba ganito ako ka-affected pag dating sa kanya? Ano baaaa! "Tama na, let's just go home." Naglalakad na ako nang hinila nya ako papunta sa kanya. And he hugged me.

"Please.. don't leave me, just like what she did. Kung gagawin mo yun, di ko na alam gagawin ko.."

Oh crap. Stop it, please.

## CHAPTER 16.5

(Jersey's POV)

It's been a week since our sembreak started, and goodness, it's so boring! Err, scratch that. Medyo lang naman eh, puro reunions, gala, movie marathons, etc. Define paulit-ulit T_T

Yet I'm kinda thankful for this break, 'coz I'll be celebrating my 17th birthday tomorrow! Yup, it's been a month since.. Kevin's birthday. Sheesh, speaking of, di nya ako masyadong ginugulo ngayon ha! Bago magsembreak oras-oras syang nagmimiskol, mantitrip sa Facebook chat at mangfoflood ng text. Now? Heck, biglang nawala. Buti naman :))))

JOKE. That's not good. I kinda miss that idiot. Yes, he's maybe Icelot (Okay, just don't tell my codename for him!), but he's important to me. Ang hirap pala pag infatuated ka na sa tao. Charot! Baka naman pumunta ng Germany yun, at kasama na si Maxene? Psht. Whatever.

Tawagan ko kaya para bukas! *kring! kring! kring!*

"OI DEVIL WOMAN! ANG AGA-AGA mong mambwisit ha! 10:30 pa lang oh!"

"Tch. Batugan ka talaga! And mind you, 10:30 isn't that early noh."

"At bakit ka napatawag? You missed me?" Naiimagine ko na naka-smirk sya. Bwiset.

"You wish! I just called to invite you tomorrow dito sa bahay. If you're free lang naman."

"Anong meron bukas?"

"My birthday you creep! 1 month lang tanda mo sakin remember?"

"Oct. 23? Nako, nabura na yon sa calendar ko kanina e!! Sorry."

"BWISET KA! IKAW NA NGA TONG INIIMBITA EH! BAHALA KA NGA SA BUHAT MO! LECHUGAS!" I hung up.

That @sshole! After what I've done for his birthday! Wala man lang sign of gratitude ang loko. Tchs.

(NORMAL POV)

Nakatulog si Jersey ng mga 9:30 pm dahil sa sobrang pagod sa preparations for her party. Tinulungan naman sya nina Amae at Sath sa pagprepare ng food etc. Sya na excited!

Pero around 11:30pm, she suddenly woke up. Bakit kaya?!

(Jersey's POV)

Ang sarap talaga matulog pag pagod! \:D/ Todo prepare naman ako for the party tomorrow. As in sasarapan ko yung food para mainggit si Icelot! The hell with him :|

My cellphone rang. What now? "Hello?"

"Still awake?" Icelot.

"Ay hindi, hindi ako gising. Multo tong kausap mo. Kbye."

"Tatawa na ba ako o ano?!"

"Bwiset ka! K fine, di benta sayo joke ko. K bye." Pipindutin ko na sana yung cancel button nang...

"Don't hang up yet. Joke lang eh."

I sighed. "Oh. Anong meron?! Ang sarap ng tulog ko tas mambibwisit ka lang!!!"

"Teka nga, wag mainit ang ulo. Kumukunot na yang noo mo e."

"How did you know ha?!"

"Coz I can see you."

That made me nervous again. "What the heck. Wag ka ngang magjoke ng ganyan!"

"Eto naman. Go outside."

"Ayoko nga. It's cold outside."

"Scaredy cat!Labas na dali! As in now na!"

"AYOKO NGA SABI EH! BAHALA KA DYAN!!!"

"Eto naman oh! Dali na ple-"

I hung up again. That bastard! Sinira pa ang beauty sleep ko! My phone rang again. "YOU ARE SO ANNOYING! JUST LEAVE ME ALONE WILL YOU!?"

"GO OUTSIDE. AS IN. NOW NA!"

"BAKIT NGA! ANONG MERON!!!"

"E DI SILIPIN MO!!!"

Para matigilan na sya, pumunta ako sa terrace. "Now what? I don't see anyt- OH MY GOSH!! OH MY GOSH!!!!" Oh triple sh*t. Nasa labas ng gate namin ang Sugarfree! Oh my gosh! Ohmygosh! Ohmygosh I can't believe it!!! There stood Ebe, Jal and Kaka with instruments and amps! Oh gulaaaaay! Am I dreaming!? Nakalimutan ko na nasa kabilang linya si Kevin. Heck, I don't care!

"Hello Jersey! Happy 17th Birthday from Sugarfree! Here's a song for you," sabi ni Ebe then they started to play...

*Wag ka nang umiyak*

*Sa mundong pabago-bago*
*pag-ibig ko ay totoo*
*ako ang iyong bangka, kung magalit man*
*ang alon, ng panahon, sabay tayong aahon*

*Kung wala ka nang maintindihan*
*Kung wala ka nang makapitan*
*Kapit ka sa akin, kapit ka sa akin*
*Di kita bibitawan*

*Wag kang umiyak, mahaba man ang araw*
*uuwi ka sa yakap ko*
*wag mo nang damdamin kung wala ako sayong tabi*
*iiwan kong puso ko sa yo*
*at kung pakiramdam mo'y wala ka nang kakampi*
*isipin mo ako dahil puso't isip ko'y*

*nasa yong tabi*

This is too good to be true! Sure, I've seen them on their gigs for many times but nothing compares to see them here live in front of my house, and just playing for me! Heaven 'to!

"So.. do you like it?" I froze as someone speaked behind me. "Kung alam mo lang ang hirap para mapapayag ang Soupstar Entertainment for this gig. May bayad yan ha."

I slowly turned to face him. " Y-you.. planned this thing?"

"Tch. Nice reaction. Of course I did. Sino sa tingin mo, si Paul?"

"Wala akong sinabi ha! Kainis to." I'm too shocked! Sugarfree + Kevin's unusual sweetness = KILIG VIBES!!!!

"Ows?" he stepped closer beside me. "Ano, enjoy ba?"

"SOBRA! AS IN! But I actually expected Eraserheads. Oww!" binatukan pa nya ako. "Just kidding! I absolutely love this, Kevin. Bwiset, naiiyak tuloy ako!"

He laughed and extended his arms for a hug. "What did I tell you? Hug me if you want."

Syempre, birthday ko naman, kaya I'll take advantage! :>>> Wala namang malisya to sa kanya di ba? CHANSING MODE! "Idiot! Thank you for this! Kainis ka!"

"You're welcome, Devil Woman," Kevin whispered. "Happy Birthday!"

Is it just me.. or talagang biglang uminit? Parang sasabog na yung puso ko sa sobrang bilis ng tibok. Ang sarap ng feeling na ganito, yung may yumayakap sayo ng ganito. You feel safe and loved. Oh crap. No.. this can't be.

Am I already falling for him?

"Kiss naman dyan oh! KISS! KISS!!" napasilip ako sa baba. Nasa labas na pala yung mga kapitbahay namin! Natawa tuloy si Kevin. I could feel the vibrations off his chest.

"Kung ako sa'yo bumitaw ka na, baka gawin ko yung request nila,'' sabi nya. That alarmed me.

"You pervert! Kainis to!" sabi ko. Umalis ako sa pagkakayakap nya sakin. Sugarfree's singing Prom. Oh yeah, what a night! :">>>

"Tss. Salamat ha. May isa ka pang surprise."

I looked at him suspiciously. "Ano yun?"

Tinignan nya ako from head to toe. "Hmmm.. Remember, I kissed you on the forehead? I was wondering if.. well, since nasa kwarto mo naman tayo.." he carressed my face. "Maybe... we should... do something..."

"BACK OFF YOU PERVERT!!!" aba, humagalpak sya sa tawa!!!

"ETO NAMAN, ANG GREEN! Joke lang. Parang ibibigay ko sayo katawan ko." I out on a disgusted face. "Yabang ah!"

"Ano na yung surprise?"

Tinuro nya yung malaking box sa higaan ko. "Open that box."

"Baka bomba to or something ha!" He smirked.

I reach for the box reluctantly. Ano kayang laman nito? Bomba? Condoms? (Err. What are you thinking Jersey?! STOP IT!!) Paputok? ANO!? I opened the box. Oh geez, puro dyaryo!!

"SANTOS! ANONG AKALA MO SAKIN, BOTE DYARYO!?":

"T@NGA! ALISIN MO KAYA!!!"

"Tsss." inalis ko yung mga dyaryo. Is this a prank? Kaini- No way. No way!" I was shocked for the second time.

It's a.. gray Hello Kitty helmet! The one I want!!

"Ang hirap kaya hagilapin nyan sa net. So I went to Japan just to buy that. Siningit ko pa yan sa schedule ko last week."

"You went to japan just to buy this for me?"

Humiga sya sa kama ko. "Alangan ako gagamit nyan?! Isip naman."

"OH GOSH," niyakap ko yung helmet. "Ba't naman helmet?"

"Nagmomotor ka diba? Wala lang."

I feel so.. happy. Is there such thing greater than happiness? Euphoria? Ah ewan, naiiyak ako sa tuwa!

Absentmindedly, I hugged him again. (A/N: TAKE NOTE, NAKAHIGA SI KEVIN HA! SO... ALAM NA!! :DDD) "Thank you, Icelot. Thank you so much."

He just grinned. "Uhhh, sigurado ka ba sa thank you na yan o may kasunod pa?"

"What do you mean?"

"Devil Woman, don't lead me on. You see, I'm a guy. And... I'm fragile sometimes. So please bago pa ko may magawa sayo, get off me."

What is he talking about? Oh. Oh. OH!! I GET IT!!! "OH WILL YOU QUIT IT!!!" Umalis na ko sa tabi nya. "THAT'S NOT WHAT I MEAN! YOU.. UGH!!!"

He roared in laughter. "Nako, di ko akalain na.. ganyan ka pala. Don't molest me please!!"

"SHUT THE HELL UP!!!!"

## Chapter 17 -- 2ND SEMESTER

(Kevin's POV)

5 minutes nang nakatulala si Devil Woman sa papel na hawak nito. Ayaw pa nyang maninwala sa binabasa nya.

"Leche Jersey,. ang OA mo na. You spent 5 minutes staring at that. Knock it off."

"Y-you.. you creep! BAKIT GANITO GINAWA MO SA SCHED KO!!!" galit nyang sabi.

"Eh sabi mo ayusin ko! Nahirapan ako so there, tinulad ko sa schedule ko."

Lalo syang nairita. "My gosh naman! Kevin ples, don't tell me na finalized na to."

"I just did. Payment na lang and you're enrolled."

"So it means.. we're still super classmates."

"Bakit, ayaw mo?!"

Her face stiffened. "It's not like that. Pano si Charlie? Baka kas-"

"Why worry about her? You have me, right? Bayaan mo na sya. Insecure lang yon. Kaya mo ng labanan yan Jersey, kung gugustuhin mo."

"Baka idemanda na nya ako. Oh well, cmon!" hinigit nya ako papunta sa Admin Office.

"Ano ba! Where are we going!?"

"To enroll, dumb@ss! Dali, mahaba pa yung pila!!"

Heto na ang simula ng 2nd Sem. Welcome to another crazy ride with Devil Woman, Kevin. T__T

(Jersey's POV)

Kamusta naman to ha?! Super classmates na naman kami ni Kevin! Galit ba talaga sakin ang tadhana? Gusto ko na ngang dumistansya sa tao, tapos sya pa ata tong nananadya! Anim na subjects ko syang kaklase, and feel ko alphabetical na naman kami sa lecture. Bakit ba kasi Santiago pa ang apelyido ko? Anakng!

Monday pala ngayon, and bukas na yung first day ng 2nd sem namin. Grrr. I'm in charge to do our grocery duties this November. Is that a good thing? Psht. :| Umuwi ako sa bahay around 5pm galing sa SM Calamba nang...

"Jersey! Just in time!"

Nasa garahe ang barkada, with matching pulutan, The Bar, Gran Matador, Tanduay Ice &Mudshake.

"Okaaaay... anong meron?!" I said, dropping the shopping bags on the floor.

"Sem starter baby! Cmon! Jerro, tulungan mo naman si Je magbitbit!" sabi ni Sath sabay inom ng Gran Ma. Binitbit naman ni Jerro yung bags papasok ng bahay.

Napatingin sakin si Jerro. "Wipe that stupid look on your face. This is my idea."

"Oh, and you bought hard drinks. Nice, parang wala tayong pasok bukas ah."

"We don't have 7am classes, right? Si Sath lang maaga satin, don't worry. Tsaka sleepover to."

Damn, sleepover? Si Kevin, dito matutulog? "Oh crap."

"Ayaw mo matulog si Kevin dito?" he asked, habang inaayos yung mga pinamili ko.

"Haa? No. San mo naman napulot yan?"

"You mumbled his name before you said 'Oh crap'. Why, do you like him already?"

Sa sobrang gitla, tinakpan ko aagad yung bibig nya. "ANO KA BA JERRO! SOMEONE MIGHT HEAR YOU!!!"

"Pwe! Ang alat ng palad mo!" nandidiri nyang sabi sakin. "Edi inamin mo rin."

"Ang alin? Wala akong inaamin ha!"

"Jersey," tumingin na sya sakin, "We've been friends for 9 years. Kilala na kita pag may gusto ka.. and you manifested the signs."

"W-what signs?"

"Madalas knag tulala. Napansin ni Amae na nag-ba ang net surfing pattern mo. Kung dato FB-Tumblr-Formspring-Tumblr, ngayon FB ni Kevin-FB mo-Tumblr-FB ni Kevin-Formspring-Tumblr na. Madali kang mag-react sa mga banat nyo... at madalas kang magblush. Gusto mo inenumerate ko pa?!"

Oh my gosh. So they knew it. "Am.. I that obvious?"

Tumawa sya ng malakas. "Syempre, alam namin yung totoo. Sina Keith baka nagdududa na rin, and anytime aasarin ka na. In short, si Kevin na lang ang di nakakahalata."

"Coz he loves Maxene," I blurted out. Bwiset, ano ba tong pinagsasabi ko!?

"And you're jealous."

"Me, jealous? OF COURSE!! I never felt this jealousy nung kami pa ni Paul. Hello, I'm like here, beside him! Tapos ayan sya, naghihintay dun sa Max na yun na di man lang sya pinapansin. Ang sakit kaya nun, pinapamukha sayo ng taong gusto mo na hindi ka nya gusto, na may gusto syang iba. Ang sakit talaga! Pero, I can't love him. I care for him too much, but that 'too much' is not enough to call it love. There's this boundary that I'll never cross."

"Eh anong gagawin mo? He's always with you, Je. Alangan namang layuan mo yung tao."

"That's what I'm going to do. Mahirap kasing ma-attach ako sa kanya, baka lumalim, malunod pa ako. Baka hindi sya yung lifeguard on duty na sumagip sakin."

"Mas gusto ko sya kesa..," napatingin ako sa kanya. "Kesa kay Paul."

"DEFINITELY! Di hamak na mas okay si Kevin dun!"

"Kanino ako mas okay?!"

Nabitawan ko tuloy yung Mr. Chips na hawak ko. Si Kevin!! Sh*t, narinig kaya nya yung pinagsasabi ko? "Dammit! Sulpotero talaga to!!! Kanina ka pa ba nandyan?!"

"Anong sulpotero? Ang panget pakinggan! Kakarating ko lang, OA. Pengeng yelo." I went to the fridge and got him a pack of ice. Sumabay na kami ni Jerro sa paglabas.

Saktong kakabukas lang ng karaoke pagdating namin. "Ayan na si Jersey! Dali, start na tayo!"

I sat beside Paolo para safe from Kevin, pero umalis ito at pinauop si Kevin instead. Nananadya talaga sila! "Here,"may baso na inabot sakin si Kevin with Gran Ma & iced tea.

"Ano to, 75% iced tea, 10% water, 15% Gran Ma?" I asked sarcastically.

"50-50 yan, para malasing ka naman."

Lumagok muna ako. "Ang yabang. Masama bang malasing?!"

"Di naman. Pero in your case, di ka pwedeng uminom at maglasing pag di mo ako kasama."

Tanda pa nya yun?! He's wasted na nung sinabi nya sakin dati yun ah!! "What am I, 12? I'm 17 darn it. I could drink! Nagsalita ang tumumba last time."

"Basta, that's for your own good."

May kumalabit sakin, si Jill. "Jey, bunot na!" May hawak syang maliit na box, with pieces of paper inside. "Para sa karaoke yan. Random songs. Game na!" 8731 nabunot ko. Ano kaya to?! Pag eto kanta ni Justin Bieber!!!

"Mic test! Mic test! Okay, since si Jerro ang mastermind nitong semstarter, sya ang buena mano! WOOOHOOOO!!" sabi ni Keith, na parang may amats na. Kinuha ni Sath yung nabunot ni Jerro at sya nagreserve ng kanta. The song? 7 Things - Miley Cyrus.

Halos masuka kami sa kakatawa sa facial expression ni Jerro. "P*cha! Sinong pumili nyan!? DI KO KAKANTAHIN YAN!!!"

"Maganda kaya yang kanta! Ako naglagay nyan dyan," seryosong sabi ni Ken. Dun kami natawa lalo! Jerro naman, kinanta na rin just for fun.

Sumunod sina Jill (I Do Cherish You - 98 Degrees), Sath (Nasaan Ka - Pupil), Ken (Enter Sandman - Metallica), Amae (Careless Whisper - George Michael), Paolo (I Lay My Love On You - Westlife)....

"Kevin! 5715 ba?" nang inenter ni Sath, whoaaa. Panalo, Nobela - Join The Club. </3

"Kanino dedicated yan?" Amae asked. Kevin jokingly pointed at me. Haaay whatever!

"At aalis, magbabalik/At uuliting sabihin na mahalin ka't sambitin/Kahit muling masaktan/Sa pag-aalis, ako'y babalik, sana naman...." Is it just me or patama sa kanila ni Maxene yung song? Heck, lasing lang ako >,<

Nang si Keith na ang next, humirit si Amae na magcCR to. "Hoy! Pigilan mo muna yang ihi mo! Si Keith na oh!" sabi ni Ken na may halong pang-aasar.

"Anong gusto nyo, maihi ako dito para marinig lang yang boses nya na tunog lata? No way." Papasok na sana sya nang magsimulang kumanta si Keith (One Look - Kjwan)

*"One look, and I'm mesmerized by your eyes/ You're coming like a hurricane blowing down on me yeah/Coz it's a mystery that captures me/I'm falling in, drawing closer now, oh now yeah yeah yeah...* Hoy panget, akala ko naiihi ka na? Gwapo ng boses ko noh?" nagawa pa ni Keith mang-asar thru mic!

"Kapal mo please!!!" ayan, tumuloy na sya sa CR.

So, this is it. I'm next ('o') "Nako, pag Mambo No. 5 yan, lintek kayo sakin!" But I'm wrong. A very familiar song blasted from the speakers. Kunwari di ako nagulat, at kinanta ko na.

*Oo nga pala, hindi nga pala tayo*
*Hanggang dito na lang ako*
*Nangangarap na mapsayo*
*Hindi sinasadya na hanapin pa ang lugar ko*
*Asan nga ba ako?*
*Andyan pa ba sa iyo?*
*Nahihilo, nalilito*
*Asan ba ko sayo? Aasa ba ko sayo?*
*Nasusuka ako, kinakain na ang loob*
*Masakit na mga tuhod, kailangan bang lumuhod?*
*Gusto ko lang naman yung totoo*
*Yung tipo ang sagot, ay di rin isang tanong...*

Nagpalakpakan naman sina Ken sa tabi ko. "NICE ONE JERSEY!! WOOOHHOOOO!!!"

Nice one? Damn right, nice one. Ang sakit kaya! Si Kevin naman nagawa pang mang-asar. Kung alam lang nya na parang blade sakin tong kanta! AFFGGHJHJKL!!! Pagkatapos kong kumanta, nakangiti na parang ewan sakin si Jerro. Kainis! </3

Todo kanta pa rin kami hanggang maubos na yung drinks namin. Namumula na nga sina Ken & Jill e! Sina Amae at Keith naman, nag-unahan pa para sumuka sa CR. Kami ni Kevin? Matibay ata kami :DDD

11:30 pm na nang magdecide kaming matulog. Nilabas ni Jerro yung mga kutson namin at nilatag sa sala.

"Amae, tabi tayo ha!" sabi ko habang nagtu-toothbrush.

"Ay, ayoko nga! Baka masukahan pa kita e!"

"Tch. Arte! Dali na! Puro lasing na mga kasama natin, and ayokong katabi si Sath. Ye know, Jerro groping thingy."

Lumapit samin si Jill, na hawak na naman yung maliit na box. "Wag na magtalo! Bunot na para sa sleeping arrangement!"

Muntikan ko nang malunok yung nasa bibig ko, the toothpaste thingy. "ARE YOU KIDDING ME. ANONG KLASE YAN!? NO way, I'm not gonna join. Baka makatabi ko si Ken!"

"Hephep Jersey! Kapal mo! Di kita gagalawin if ever!" ooops, narinig pala ako ni Ken. Haha :D Sige na, bumunot nako. #8. Darn, so ako pa ang pinakadulo! Tinapos ko muna ang aking rituals bago pumunta sa sala. Nakapwesto na sina Sath and Jerro sa may left side. Si Ken naman, knockout na!

"Jersey, papatay naman ng ilaw oh!" utos sakin ni Ken, na actually di ko maintindihan.

"Wait lang, saan ako?!"

I heard someone AHEM-ed from the far end of the room. "Dito ka kaya."

"LECH*! WHAT DO YOU MEAN DYAN AKO!?"

Umupo pa si Kevin para marinig ko sya ng maayos. "Number 8 ka diba? Ayan, 7 ako. Tulog na dali."

Oh noes, this is not good! Pumunta agad ako sa tabi ni Amae at nakisiksik. "Jersey! Ano ba, ang sikip!"

"OKAY LANG NA MASIKIP BASTA HINDI KO KATABI YANG SI KEVIN MATULOG!!! HE'S DRUNK!"

"NARIRINIG KITA JERSEY!!! MATULOG KA NA NGA!!"

"AYOKO NGANG TUMABI SAYO! BAKA KUNG ANO PANG GAWIN MO SAKIN!!!"

Biglang tumawa ng malakas si Keith. Ang weirdo talaga ng lalaking to!!! "Tabi ka na dun Je, lasing yan. Di yan -"

"SHUT UP! OKAY FINE!!! TATABI NA!!" Anooo baaaa! Iniiwasan na nga yung tao! Darn! So, eto ang arrangement namin: Jill-Amae-Sath-Jerro-Ken-Keith-Paolo-Kevin-Ako. BWISET NA MGA KAIBIGAN YAN!!!!

"Umayos ka Santos ha, don't take advantage of me!" bulong ko sa kanya pagkahiga ko. His back was facing me, so he turned around to reply.

"Asa ka namang pagsasamantalahan kita! Mas marami ka ngang nainom kesa sakin, baka ikaw yun!"

"Whatever, drunkard. Goodnight!" Pinatay ko yung ilaw at kinuha ko yung kumot ko. Ang lamig pa rin kahit siksikan kami!Nagpray muna ako bago matulog. Wala pa atang 5 minutes akong nakapikit nang may humila sa kumot ko.

"ANO BANG PROBLEMA MO KEVIN!? MATULOG KA NA NGA!!!"

"MALAMIG E!! SHARE TAYO SA KUMOT!"

"AYOKONG MAY KA-SHARE!!"

Biglang may tumama saming throwpillow. "Pwede bang magpatulog kayo? Je, kumot lang yan! Share na kayo ni Kevin!"

Eto namang si Kevin, sinolo ang kumot. Gentleman talaga -__- "Salamat Sath ha, salamat."

Then there's silence.

Ayoko ng ganitong katahimikan. Wala lang. Mas trip ko pa ang maingay na atmosphere bago ako matulog. Feeling ko kasi, ang daming kung anu-ano na pumapasok sa isip ko. At malamig pa! Ang malas ko talaga sa katabi ko ever :(((

"Pssst." Napalingon ako kay Kevin, nakaharap pala sya sakin. "Ayan, share na tayo. Baka mamatay ka sa lamig dyan."

"Wow, sayo yung kumot?" syempre, bago pa magbago isip nyan, naki-kumot nako.

"Goodnight Devil Woman. Don't rape me please."

"You son of a.. whatever. Goodnight." Heck, walang kiss? Joke lang friends, joke lang :DDDD

Imagine this: si Kevin tulog, tapos magkaharap kaming dalawa. Almost 9 inches lang ang layo ng mukha nya sa mukha ko. Amoy Gran Ma pa rin sya kahit naghilamos at nagtoothbrush. Dun ko lang napansin yung features nya, damn he's so gwapo :OO Ano ba to!!

HAAAY BUHAAAY. Sige nga, kung kayo ang nasa posisyon ko ngayon, maiiwasan nyo ba ang taong tulad nya?

**Moment of epiphany: Ang hirap talaga pag attached ka na sa tao. Pag dumating na yung time na kailangan mo nang lumayo, hindi mo magawa.**

Binabaha na naman ng kung ano ang utak ko. Kevin, bakit nga ba hindi na lang tayo? Hello, I could do better than Maxene! Grabe, sa ting dalawa ikaw ang t@nga e. Naghihintay ka sa wala! What if.. umamin kaya ako? Ano kayang gagawin nya? Baka tawanan lang ako nito, at asarin. Or maybe gawin nya kong rebound. WHAT AM I THINKING!?!

Ikaw naman Jersey, bakit hindi ka makuntento sa kung anong meron kayo ngayon?! Kung tutuusin, maraming naiinggit sayo kasi kasama mo sya palagi. Sa tingin mo pag umamin ka, magiging okay lahat?

Pag sinabi ko bang "Kevin, I love you!", isasagot din kaya nya e "I love you too, Jersey?"

Jersey, do you really love him?

Ano nga bang sagot sa mga to!? Hindi ako si Einstein pwede ba!!

My thoughts were interrupted by him, and he's mumbling something. "Oy, ano yun?" I asked.

"M.. Ma.. Max.."

That was a bitch slap. Yun na siguro ang sagot sa mga tanong ko.

Gusto kong tawanan na lang, pero hindi e. Tears started to fall from my eyes. Damn, sa wakas nagising na rin ako sa katotohanan! HINDI MAGIGING KAMI. HANGGANG FRIENDS LANG. YOU HEARD THAT, JERSEY? MAX. MAXENE, HINDI JERSEY. ANG LAYO NAMAN SA SPELLING DIBA? KITAMS, PATI SA PAGTULOG SYA PA RIN INIISIP NYA! PANO PA KAYA PAG GISING SYA? HECK. Stop it. Stop it.

I should stop this craziness. In fact, nagiging selfish ako sa kanya. Basta, ang hirap ipaliwanag! I should stop this feelings. Ang hirap na, baka mahulog pa talaga ako ng bonggang bongga, tapos ako rin kawawa sa huli.

Tinitigan ko sya, na parang kinakabisado ang mukha nya. "Kevin, t@ngina. I really really like you. Swear, no joke. But... it's too unfair for you. Kasi inaangkin kita pero alam naman natin na di pwede diba? Na kay Maxene ka talaga e. Kaya eto na, this will be the last time. Bukas, pag gising ko, hindi na kita gugustuhin. I'll treat you as my close friend, nothing more, nothing less. Kunwari hindi ako nagkagusto sayo. Kunwari..... basta. This will be the last time I'll think about this. Promise. Promise.."

And I drifted off to sleep with tears.

THE NEXT DAY. PAOLO'S POV

Ang sarap sarap ng tulog ko! Nakakamiss din palang mag-lasing e. Haha! :DD

"Pao.. Wake up! Dali!" narinig kong bulong sakin ni Jill, with matching pingot sa tenga ko.

"ARAAAAAY! BAKIT BA!" napaupo bigla sa sobrang sakit! Bwiset! Napansin ko na gising na kaming lahat, well.. hindi pala kaming lahat. "Bakit?"

"SSSHH!! WAG KANG MAINGAY!!!" bulong ni Amae.

"Ano bang meron?" Walang sumagot sa kin, pero si Keith may tinuro sa tabi ko. Nang sinundan ko ang tinuro nya, eto ang tumambad.

SI JERSEY, YAKAP SI KEVIN.

Si Sath naman, pinicturan ang dalawa gamit yung dSLR niya. "Another issue coming up!" Grabe, patay tayo kay Jersey nito!!

Naalimpungatan na si Kevin. "Tsss. Ano ba me-" at napatulala sya kay Jersey.

Si Jersey naman, nagising na rin. "Kyaaa! Ang sakit ng ulo k-"

At nagkatinginan ang dalawa.

"AAAAAAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHH!"

---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

"Hoy Kevin, wag ka ngang umarte na parang ni-rape kita dyan!" sigaw ni Jersey habang nagluluto sya ng almusal. OA din tong si Kevin, parang na-rape e, nakatulala!

"CHE! SABI KO SAYO WAG MO KONG GAGAPANGIN!!"

"EH BAKIT NAKAYAKAP KA RIN SAKIN!! DI AKO SANAY NA WALANG UNAN NA KAYAKAP!!!"

"SO AKO UNAN MO!? BWISET!!!"

Haaaayy. Simula na ang 2nd Sem. Welcome sa bagong pakulo ng dalawa :))))

## Chapter 17.5

(Sath's POV)

Friday. 3pm

Nasa bahay kami, hinihintay dumating si Jersey galing sa klase nya. Uuwi na kasi kaming 5 sa Alabang ng mga 4pm. Si Paolo, kumakain ng proven habang nanunuod ng Despicable Me sa laptop nya. Naliligo naman si Amae. Si Jerro naman, ayun nagliligpit ng gamit. Ako? As usual, FaceBook! :DDD

"Pao!" sigaw ni Amae galing sa CR. "Tawagan mo na nga si Jersey!! Ang tagal nya kamo!"

"Kasama nun si Kevin! Ikaw, bilisan mo nga dyan!!! Uuwi na nga lang tayo, maliligo ka pa!"
"WHATEVER!!!"

Haaaayyy. Pagpasensyahan nyo na nga yang dalawa, minsan nahihiya na nga ako sa dalawang yan e! Si Jerro lang ang hindi high pitch saming 5. Kami na ang weird!

Anyway, nakakasawa rin palang magFaceBook noh? For stalking purposes na nga lang to e! Scroll down.. Scroll down.. View comments...

Oh. What's this?!

"JERRRRRRRRROOOOOOO!!!! Lika dito!" tawag ko sa boyfriend ko. Mind you, hindi ko under yan. Ganyan lang talaga ako maglambing :))

"Yep?" sabi nya habang palabas ng kwarto.

"Take a look at this," at hinarap ko ang laptop ko sa kanya.

It's an event invitation, for a Grand Alumni Homecoming Meeting next Saturday. Kasama na dito yung Alumni Association Officers Election. Ang korniiiiiii!!! >:o

Nakisiksik naman si Paolo sa gitna namin. "Alumni Homecoming? E kakagraduate lang natin di ba?"

"Duh, you know naman our Alma Mater! Every 5 years may Homecoming! Mukhang pera talagaaa!!!"

"Ano, pupunta kayo?" tanong samin ni Paolo. Saktong dumating si Jersey.

"Hey guys! O, anong meron?" bati nya samin, na nakangiti pa ng nakakaloko.

"Ooohh. At bakit naman abot langit yang ngiti mo, Jersey? Hinatid ka na naman ba ni Kevin?" pang-iintriga ni Jerro.

Jersey glared at him. "Utot mo. Hindi ah! Kumain lang ako ng cheesecake kanina, anober. Anyhoo, ano nga ba yan ha?! Patingin ako!" Hinarap ko sa kanya yung laptop. "Eew. Homecoming? Is this serious?"

"Duh! Si Mr. Patiño pa nga yung gumawa ng event, so that's serious!"

Hindi namin napansin na lumabas na si Amae sa CR. "Nung Tuesday pa yan e, nakalimutan ko lang sabihin. I can't go. May fieldtrip ako sa Vigan sa Saturday e!"

"Errr.. Ako rin, may event kami sa Saturday. Fieldtrip sa Enchanted Kingdom, para sa NASC 3," sabi ni Paolo. (NASC 3 - Physics in Everyday Life.)

Nagkatinginan kami ni Jerro. "Oh crap! May fieldtrip din tayo di ba?! Sa Quezon, NASC 5?"

"Seryoso ba talaga yan o talagang inaasar nyo ko?" sarcastic na sabi ni Jersey. We all looked at her. "Wala akong fieldtrip or whatsoever."

"E di ikaw na pumunta! Representative ng group natin. Hahanapin tayo ni Lougene dun," parang nangongonsensya na sabi ni Amae. Si Mr. Lougene Hilario kasi ang adviser namin nung 3rd & 4th year namin, at ang Math teacher namin. Away-bati sila ni Jersey nung highschool. Tamad kasi si Jersey pagdating sa Math e!

"EEEWWW! NO. I WON'T COME. AYOKONG MAKITA SI LOUGENE!!!"

"DALI NA JERSEY!!! PLEASE PLEASE PLEASE?! MINSAN LANG NAMAN KAMI HUMINGI NG FAVOR E!!!!"

"WTF! ANG DAMI NYO KAYANG ATRASO SAKIN! SIGE NGA, CAN YOU EXPLAIN KUNG BAKIT KAMI MAGKATABI NI KEVIN NUNG MONDAY?!!?"

Nako patay! Napansin pala nya yun! Sa totoo lang, sinadya naming pagtabihin yung dalawa. Para alam nyo na, magkadevelopan na sila! :">>> Pero.. iba yung naging result! Parang di na ganun yung tingin ni Je kay Kevin. O ako lang yon? ;|

"H-ha? Wala kaming ginawa dun ha! Ilusyonada ka!!!" depensa ko. Tinaasan nya ako ng kilay. "Hay. Don't change the topic please? Ikaw na lang pumunta please?!?" The four of us put on our 'Please-Jersey-parang-awa-mo-na-ang-ganda-mo-kasi' face.

She pretended to look disgusted. "FINE! FINE!! BASTA DAPAT MAY BLUEBERRY CHEESECAKE AKO SA MONDAY!!!"

Next Saturday. 10pm
(Jersey's POV)

Imbis nasa bahay ako at nanunuod ng How I Met Your Mother, eto ako ngayon, nandito sa aming Alma Mater. Eeeek! :| Homecoming? 8 months pa lang since nung grumaduate kami, tapos ano to? Homecoming agad!? Mga eskwelahan talaga, gagawin lahat para magkapera!

Ayoko ngang bumalik dito sa school e. Natatandaan ko kasi yung nangyari nung Graduation. ARGG!! Nandito ako, tinutorture ng mga alaala samantalang yung apat na bwiset nasa fieldtrip!!! UNFAIR! :((

"Jersey!!!", tawag sakin ng isang lalaki sa may gate ng school. Tumatakbo sya papunta sakin.

"Mr.. Mr. Pats!!!! Cher!!" bigla ko syang niyakap nang malapit na sya sakin. Si Mr. Patiño, or Mr. Pats, ang Chemistry teacher namin nung 3rd Year. Isa sya sa mga unforgettable teachers namin, ang bait, masaya kasama, kwela at higit sa lahat, HINDI MADAMOT SA GRADE! Kaya nga naka 98 ako sa card dahil sa kanya! :DDD

"Ang payat mo na Je! Musta UP?" tanong nya sakin habang papasok kami ng gate.

"Okay lang cher! Ayun, medyo nakakaitim, pero okay na rin. University Scholar ako! :DDD"

Ayun, kamustahan ever lang kami sa loob hanggang nakita na rin ako ng iba naming teachers. Eto ang ayoko sa pagiging valedictorian e, attention getter. Haaay :(( Napagod naman ako sa kakakwento dito!

Habang napapalibutan ako ng 4 kong teacher, may boses na tumawag sakin. "Ms. Santiago."

I immediately detected where that voice came from, somewhere on my right. And I saw him. "Oh, Lougene! Himala, Sabado ngayon, pumasok ka? Wow, nagbago-bago na rin ah!"

Natawa sakin yung iba kong teacher. Sanay na kasi sila na ganun ang tawagan namin ni Mr. Hilario. 5 years lang naman kasi tanda nya sakin kaya okay lang. :DDD

"Ikaw ang hindi nagbago! Ay joke lang. Lumobo ka Jersey! Yan kasi, hindi Math-related course ang kinuha. Puro break time ka siguro."

"Tinamaan talaga ng %^$(&^* to! Sabi nga ni Mr. Pats pumayat ako! Magsalamin ka na nga Lougene!" Ilang minuto pa kami nagkamustahan nang marinig kong sumigaw si Mr. Pats.

"PAUL!"

Are you effin kidding me? ARE YOU KIDDING ME!? THAT ASSHOLE'S HERE?! Duh Jersey, school nya rin to dati. Parehas kayong alumni. KAHIT NA!!! BAKIT SYA NANDITO!?

In an instant, kay Paul na napunta lahat ng attention. That's a good thing for me. Well, bukod sakin (Talaga! Kailangan may part kung saan dapat kong i-bida ang sarili ko :>), si Paul ang favorite nila. Student Council President kasi si Paul, tapos sadyang mabait sa tao... maliban sakin. Tumahimik na lang ako, ayaw kong mapansin nya ko.

Pero kahit kelan, badtrip tong si Lougene. Tinawag nya si Paul. "Paul!"

Syempre, etong si uto-uto lumingon. Nakita si Lougene. Nakita ako.

"Cher! Musta na!" sabi nya at nakipagkamay kay Lougene. "Hi Jersey." I flashed him my kinda fake smile. That moment gusto ko nang umalis. Sina Mr. Pats at Lougene lang ang may alam sa faculty yung real reason kung bakit kami nagbreak. Ang alam ng iba, 'studies first' ang reason. KUNG ALAM LANG NILA KUNG GANO KABALAHURA YANG MABAIT KUNO NA YAN!!!!

Buti na lang at nakita ko yung isang kabarkada ni Kuya Tops, at dun ako sumama. I stayed far from him as possible. Ayoko talaga sya makasama!!

Dahil masyado na akong kinakabahan, I texted Kevin.

**To: Kevin**
ASDFGHJKL! Hoy. Are you even awake? HOY. YOU LAZY @SS!! I'm in a very difficult situation here. Please reply ASAP. Or else, I'll hack your FaceBook! :>

Wala pang 2 minutes nagreply sya.

**From: Kevin**

GISING NA AKO. Ano bang problema mo ha? Kauma-umaga nambibwisit ka! Di nga, anong meron? Nasan ka?

**To: Kevin**

Galit ka? Galit ka? Wala wala. Just don't mind me at all. JOKE. NANDITO AKO SA SCHOOL. Please help me!

**From Kevin:**

What? Anong ginagawa mo dyan??

Pero di ko na sya nareplayan. Mr. Pats just announced my name on the mic. "Jersey Santiago, you are elected as Batch 2010 Representative."

ANO!? ELECTED?! EH WALA NAMANG ELECTION AH!!! Pinapapunta nya ako sa harapan.

"And Paul Ilagan as Batch 2010 PIO."

HINDI NA AKO NATUTUWA DITO AH!! ANONG KLASE TO!!! MR. PATS!! Alam naman nila na hindi kami ayos, then this? THEN THIS? F*ck it. This only mean one thing: we'll work together. As in together. TOGETHER. Yuck! Ni anino nga lang nya naiinis nako, mismong presence pa kaya nya?! WHAT THE HELL!!!

May meeting pa ang newly elected officers after ng elections. Mga 2pm natapos ang meeting at dali-dali akong umalis. I said na may dentist appointment pa ako, which is not true.

Dumiretso ako sa Starbucks to release the tension. Dammit! Of all people bakit sya pa?

"O, akala ko may dentist appointment ka?" Speaking of the devil! Oh shoot.

I looked at him. "He cancelled it just a while ago. May emergency daw kasi sa bahay nila. Look, gotta go!" Tumayo na agad ako at lumabas ng cafe.

Ayaw patinag ng loko. Hanggang sa labas sinundan nya ako. "Jersey wait!"

"What now?!"

"Anong flavor yan?"

Is he that stupid? Ganyan ba talaga ang mga Engineering?!? "It's pink, so it's strawberry."

"Pwede makihingi?"

Nananadya na ata tong bwiset na to ah! "You're rich. Kaya mong bumili nito."

"Mahaba yung pila. Onti lang, pramis!" tinaaas pa nya yung right hand nya. Ano ako, Philippine flag?!? :/

"Tch. If you can beat me in a race." Sh!t. Ano ulit yung sinabi ko? Darn! I shouldn't have said that! Binibigyan ko sya ng chance to get close to me again!

"Fine by me. Hanggang doon sa kabilang kanto?"

"Sure ba!" ASA KA MEHN. I AM NOT GOING TO LOSE! Mabilis ata akong tumakbo!

Nagready na ako, and after a minute, nagstart na kami. Darn, I forgot na mabilis din pala tong tumakbo! Whatever! Tumakbo na rin ako ng mabilis.... and voila! I WON!!!

"THAT- THAT'S.. UNFAIR!!" sabi nya, halos mamatay na sa sobrang hingal.

"Hoy, I won. Fair and square! Sabi sayo, bumili ka na lang ng sayo."

"GUSTO KO NYAN!!!"

"Ahh.. You want this? Sige, sayo na. " Napangiti sya. Hah! Akala nya! Instead na ibigay sa kanya, binuhos ko sa ulo nya yung frappe. "Oh there, you got it. Masarap ba?"

He stood there, shocked. Uh oh. Nagalit? BUTE NGA!!! "Oh Jersey.. Lagot ka sakin!"

"TALAGA LANG HA!!!"

Kumaripas na ko ng takbo. Oh no, I need to get out her fast! Taxi! Bakit walang taxi? Pinagtitinginan na kami ng mga tao, kasi duh. Una, para kaming nasa marathon. Pangalawa, may frappe sa ulo si Paul. Geez -___-

May dumaan na taxi sa harap ko. "TAXI! TAXI! TAXI!" Todo para ako pero hindi sya huminto. Aba, choosy si Kuya!

Tatawid na sana ako nang may bumusina sa likuran ko. "JERSEEEEYYYY!!!"

Ang bilis ng pangyayari. Nakita kong papalapit na sakin yung bus, tapos may tumawag sa pangalan ko. Tapos, I felt someone grabbed my arm. The next thing I knew, I was staring at Paul's eyes. Our faces are just inches apart.

Oh crap Jersey, don't stare at his eyes. You might get lost.. again.

Don't stare at him.

Don't stare at him.

Bago pa ako makakalas sa kanya, I felt his lips touched mine.

This isn't good.

## Chapter 18

(Kevin's POV)

Ang ganda ng gising ko ngayon! Haha. Ewan ko ba, ang sarap lang pumasok :DDD Teka, ako ba to? Parang last sem ang dami kong absent, kaya College Scholar lang ako :(( Ang daya ni Jersey, University Scholar! Ano bang pinaggagawa nun para tumaas ang grades nya? Kainis.

Tuesday ngayon, at 1pm ang pasok namin ni Jersey, at wala nang break yan hanggang 7pm. Kaya we decided to have our lunch ng mga 12pm sa Jollibee. Naglalakad na kami papunta sa PhySci nang mapansin kong tahimik sya.

"Hoy. Nawalan ka ba ng dila?" pang-inis kong tanong sa kanya.

"Masama bang tumahimik?"

"Hindi naman. Nanibago lang ako e. Okay ka lang?"

She smiled. "Oo naman ho, Kuya. Don't worry :))"

Then I noticed na may dalawang foreigner na nakatingin saming dalawa sa may kanan namin. "Ano kayang problema nung dalawang yun?" bulong ko sa kanya.

"Baka nawawala. Teka, puntahan natin." Eto talaga, mahilig makipag-usap sa kung sinu-sino!

Medyo nailang naman yung dalawang foreigner nung lumapit kami. "Tssk Jersey, kahit anong smile ang gawin mo dyan, Devil Woman ka pa rin!" siniko tuloy ako. :|

"Uhh excuse me. Can we help you?"

"Ahh.. no! No.. It's nothing. Sorry for staring," sabi nung lalaki. By judging his accent, parang German tong dalawa. May binulong naman yung babaeng kasama nya in German. Bwiset, di ko maintindihan! Ang alam ko lang kasing foreign language ay Mandarin, Nihonggo, Spanish, French and Portuguese. Inayawan ko yung German dati, ang hirap sabihin e! Nako, baka minumura nako ng @#^$^ na to!!

"Oh it's okay. What's that favor?" Ha? Ano na namang pinagsasabi ni Jersey? Nalito tuloy kaming tatlo. "Don't worry, I'm fluent in German." Sige na, sya na. -__-

"Wir stehen noch fragen, ob es für die beiden von Ihnen, unserenModellen ist okay. Es ist für unsere Fotoprojekt in DEVCM 140"("We're just wondering if it's okay for the two of you to be our models. It's for our photography project in DEVCM 140") sabi nung babae. (DEVCM 140 - Basic Photography)

"Hoy Jersey, ano raw? Di ko maintindihan."

"Tinatanong nila kung okay lang satin na maging model para sa DEVCM 140 project nila." WOOOOHHOOOOO!!! May nahumaling na naman sakin! Ibang klase talaga! :))))

"Wenn Sie sich nicht, es ist wirklich okay. Es ist nur, dass Sie schön aussehen zusammen. Sie sind Modelle? Wir sahen Sie letzte Woche zusammen bei KFC, und seitdem haben wir uns entschlossen, Sie danach zu fragen." (If you can't, it's really okay. It's just that you look beautiful together. Are you models? We saw you last week together at KFC, and since then we decided to ask you about this.)

Bigla namang nagblush tong si Jersey. "Grabe, anong sinabi? Blush ka na naman dyan."

"Lul. Sabi nila we look good together daw. Wag kang magfeeling ha! Ano, okay lang ba sayo?"

"Sus, pakisabi ayos lang sakin. Ako pa, makapal mukha ko! Tsaka exposure rin yan."

Tuwang-tuwa naman ang baliw! "Er sagte ja. Also .. ich werde es tun wirraten." (He said yes. So.. I guess we'll do it.)

Nag-appear ang dalawang German sa harap namin. "Thank you! Thank you!'' sabi nung isa in English. Buti naman at nakaramdam! "See you around!" At nagldkad palayo ang dalawa.

"TEKA JERSEY. PAPANO NILA TAYO MAHAHANAP!!! WALANG INIWAN NA CONTACT NUMBER!!!!!" sigaw ko sa kanya.

Nataranta naman tong si Devil Woman. "Hey! When's the photoshoot? Can we get your contact numbers?"

"You don't need our numbers, Miss. We'll take a photo of you guys the next time we spot you. Don't worry :)))" At tuluyan na silang umalis.

Since malelate na kami sa klase namin, nagmadali na kami. "Ang weird nung dalawa noh? Baka stalker ko yun," sabi ko sa kanya and she just shrugged. Naalala ko tuloy yung text nya sakin nung Saturday. Hindi na nga pala sya nagreply sakin nun. "HOY. Ano nga pala yung tinext mo sakin nung Sabado?"

Mukha na naman syang disoriented. "H-ha? Wala wala.. Don't mind that text message. I just want to annoy you. That's all."

"Talaga? Okay ka lang ba?"

"Oo nga! Ang kulit nito!" Sige na, ako na naniwala. Mukha naman talaga syang okay e. Teka nga, bakit ba si Jersey tong pinoproblema ko? Kagabi ko pa tinatawagan si Max pero di nya sinasagot phone nya. Start na kasi ng classes nya last week, kaya medyo busy na rin sya. Kumakain kaya yun ng maayos? It's winter there already. Sakitin pa naman yun. Hay..

Ang bilis lumipas ng 6 hours! Sa wakas tapos na klase namin! Gutom na gutom na talaga ako!

"Hoy, libre mo ko ng dinner!" pang-iinis ko kay DW. Di ko napansin na may kausap sya sa phone. Sino naman kaya yun? After 2 minutes tsaka lang nya ko pinansin.

"Ha? May sinabi ka ba?"

"Sabi ko libre mo ako ng dinner. Gutom na ako."

"Buy your own. Mayaman ka naman diba? Naafford mo ngang pumunta sa Japan para bumili ng helmet, tapos dinner na 60 pesos di ka makabili!? Baligtad ka rin noh!"

"Minsan lang ako humirit ng libre! Teka, sino yung kausap mo sa phone? Boylet mo?"

Kumunot ang noo nya sa word na 'boylet'. "Funny, Santos. Funny. And I can't accompany you to dinner tonight."

It's my forehead's turn to crease. "HA? BAKIT NAMAN!"

"I-I'm busy. May gagawin akong papers."

"Eh wala namang pinapagawa satin ah?"

"It's not about acads you twerp! May pinapagawa sakin yung adviser ko nung highschool e. Bawi ako next time!"

"Psssht. Sige, sina Jill na lang yayayain ko. Hatid na kita!"

"Sus, wag na! Di ba gutom ka na? Baka himatayin ka na!"

"Sabagay.. bahala ka na nga dyan! Bye!" iniwan ko na sya dun sa kalsada. Gutom na gutom na talaga ako e! :DDD

(Jersey's POV)

Hindi ko alam kung tama ba 'tong ginagawa ko. Pati ako naguguluhan na rin sa sarili ko. What's happening to me?

(Flashback. Jersey's house. Sunday. 3pm)

"You should quit that position Jersey, please."

"Jerro! I can't! Umaasa sakin si Mr. Pa-"

"Je, tama si Jerro. Dapat kasi di ka pumayag."

I'm sweating like a pig here inside my airconditioned bedroom. Ayoko sa lahat e yung pinapagalitan ako ng barkada. "Look, hindi ko nga namalayan na na-elect pala ako kaha-"

"That's stupidity! Naka-mic sila don, if I'm right. May speakers. Hindi mo narinig? Ano ka, nabingi for 10 minutes?"

"Paolo, just shut up please. I'm too nervous and pre-occuppied! Hindi ko nga namalayan e!"

"Basta Jersey, you're quitting," natakot ako kay Amae. Pag ginamit na nya ang kanyang dictator-like tone, you really really need to obey her. As in obey her ASAP.

"Kaya lang naman namin ginagawa to para sayo e. We know your trauma, Jersey. Hindi naging madali yun para sayo. Please understand us."

"GUYS. PLEASE NAMAN. 2 months lang kami magkakatrabaho ni Paul! 2 freaking months! Anong akala nyo sakin, marupok? Come on, you know me guys. I despise that guy to death! Well, I can't kill him! But gaaah. Ano ba! Trust me guys. I won't fall for him again."

"We're not that convinced Jersey. Trust me," Oh shut up Sath! Ano ba, nag-eexplain ako!

"Wait, we can trust you. Pero pano yung Paul na yun ha? No buts, Jey. I'm calling Mr. Hilario right now," kinuha nga ni Jerro ang cellphone nya and dialed Lougene's number.

"JEROME! ANO BA!! LET ME JUSTIFY MYSELF HERE PLEASE?" tumigil din sya. "Guys, you told me to go to that stupid meeting in the first place right? So wag nyo kong sisisihin dito. I don't have a clue that he's coming! Anong kinagagalit nyo dun? Jerro, parang di mo naging bestfriend yung tao ah."

"That's it. You still have feelings for him after all."

That was a low blow. A very very harsh low blow. Hindi ko na nga binanggit yung kiss yesterday. Baka sugurin nila si Paul. I don't want a scene. "He's my first boyfriend, and you guys know that. Importante pa rin sakin yung tao kahit papano. Tsaka he's our friend bago pa naman naging kami diba? Parang di nyo naging kaibigan yung tao. Please, trust me. Please? Promise, it will be just a working relationship. After ng Homecoming, promise I won't talk to him."

"Sinabi mo na ba to kay Kevin?"

"Don't tell him about this. Ako na bahala magsabi sa kanya."

The three of them looked at me with a helpless expression. "We trust you, Jersey. Pero remember, pag di mo natupad yan promise mo, I swear, ako unang sasapak sayo. I'm serious about that." banta sakin ni Jerro.

"Of course, I promise."

*end flashback*

Ang tang@ tang@ ko talaga. I lied. I LIED. After that kiss, all those repressed feelings came back to me. Para akong si Snow White na hinalikan ni Prince Charming, kaso hindi diwa ko yung nagising, kundi yung feelings.

WHAT AM I GONNA DO? I was supposed to forget about Kevin. I'm actually doing a great job right now. Unti-unti na kong dumidistansya sa kanya, and of course, he's dense as ever. Hindi nya napapansin yun. DUH, HE'S ALWAYS THINKING ABOUT MAXENE!!! Makita ko pa lang yung wall nya sa FB lalo akong ginaganahan na kalimutan tong "silly crush" na to! He's so.. in love with her.

Crap Jersey, stop thinking about Kevin.

Nadatnan ko sina Amae at Paolo sa bahay pagdating ko. "Jey! Have you seen my earphones?" tanong sakin ni Amae. Ganito talaga kami after ng mga confrontation, kunwari walang nangyari. Alam kasi namin na magtatanda na ang isa't-isa after non.

"Hiniram kaya ni Sath! Di mo ba nakita yung note nya? Nasa 2nd drawer mo?"

"Oh creep. Note pala nya yun? I threw it away kanina e. Have you eaten na?"

Umiling ako. "Uhh, I'm going out pala tonight."

Natigilan tuloy silang dalawa. "Sino kasama mo?"

"Si Paul," sumama tuloy mukha nila. "Teka, let me finish. Sa may Olivarez lang kami magmemeet. Tatapusin lang namin yung batch contact list natin. Nagpaalam nako kina Jerro and Sath about this. Mabilis lang to."

Paolo just sighed. "Ano pa bang magagawa namin, representative ka e. But Jersey, pag pinormahan ka nun, isang text lang susugurin ko sya. Mark my words."

Kahit kelan talaga, over protective sakin si Pao! "Sure ba Kuya Paolo. Mga 9:30 nandito nako. Promise! :D"

In the end, pinabayaan nila akong pumunta sa Olivarez.

Mga 7:20 na nang dumating ako sa Olivarez. I saw Paul standing there, waiting for me. Patiently waiting for me. Wait, pano to? How will I approach him? Will I just greet him "Hi. Let's do this quick." ? Or.. you know, be very accomodating? BWISIT NA KISS YAN!!!

"Jersey! Bakit ang tagal mo? Akala ko di ka pupunta," he said.

"I have 7 pm classes pa. Ano, sa Jollibee na lang tayo mag-usap."

"Uhh. Sa Burger King na lang, okay lang?"

IS HE SERIOUS?!! Nasa Calamba pa yung Burger King, tapos nasa Los Baños kami! "Whoaa. Whoaa, wait a minute. Are you serious? Ilagan, meeting lang to. We're just going to organize the list. Hindi natin kailangang pumunta ng Calamba para gumawa ng pesteng listahan. If you got something under your sleeve, please. Mahiya ka naman. I'm a busy college student, kahit hindi ako Engineering."

Imbis matakot, nagawa pa nyang tumawa. "Kalma lang Jersey. Chill. I have this sudden urge for Burger King e."

"Wag mo kong idamay dyan sa urge urge mong yan. May Minute Burger dyan sa may Robinsons, dun ka bumili."

"You still don't get it?"

Isa pang pambabalahura nito, magwawalk-out nako. "LOOK. Alam mong mahina ako sa logic pag galit ako. AT AYOKO SA MADAMING PASIKOT-SIKOT. What are you trying to say, Paul Ivan?"

"Simple. I'm asking for a date."

F*ck. Tama ba narinig ko? DATE? DATE? "I guess that's not included in my schedule tonight. Kung date lang ang habol mo, you asked the wrong person. Ako na lang gagawa nung listahan. Goodnight." BWISET! BWISET!! BWISET!!!

Nakaka limang hakbang pa lang ako nang hinila nya ang kamay ko. "Okay okay. Hindi na lang date yon. Working date na lang, ano?"

"THIS IS NOT A DATE, DARN IT!!!" I screamed at him. "AND I NEED TO GO HOME EARLY!"

He smiled widely. Oh shoot, he looks so handsome. "So, is that a yes?"

Wala pang isang minuto, nasa jeep na kami papuntang Calamba.

Sa buhay nyo ba, naranasan nyo nang gumawa ng bawal? Yung tipong ang daming kumukontra (pati sarili mo may part na ayaw gawin yon!), pero.. naeexcite ka? Na sa bawat kilos mo, you can't help but to go further. You want to take the risk. Gusto mong i-test kung hanggang saan yung extent mo, kung hanggang saan mo kayang panindigan ang actions mo. In short, masarap ang bawal.

Ganun ang feeling ko ngayon. For the first time in 8 months, I never felt this excitement and nervousness.

Kasalanan to ni Paul.

Jerro, Sath, Amae and Paolo, I'm so sorry.

But I think I'm slowly.. falling ...again.

## CHAPTER 19

(Kevin's POV)

Pag pasok ni Jersey sa klase, may napansin ako bigla.

"Alam mo," sabi ko sa kanya nang tumabi sya sakin, "Mukha kang bangag ngayon." Grabe, kahit may makeup sya, halata pa rin yung eyebags nya. So unusual for her.. so.. not her.

"Shut up, okay? Ako na mukhang kadiri."

"Ano bang nangyari sayo kagabi ha? Hindi ka ba natulog?"

Nagbago yung facial expression nya, parang.. nagitla na natakot. "H-ha? Tinapos ko yung papers for the homecoming e! 4am na ko natulog."

"Tss. Dapat umabsent ka na lang ngayon!"

She frowned. "Bakit ba puro asar ka ngayon sakin ha?! Salamat ha -__-"

"Alam mo, kung ngingiti ka, mawawala yang antok mo.. pati gaganda ka lalo." Aba aba, himala! Hindi sya nagblush! Ganun ba sya kapagod at kaantok para hindi umepekto ang charm ko?

Super boring ng subject namin ngayon, may iba na ngang natutulog sa likuran. Pero eto na siguro ang pinakaboring na lecture sa lahat, kasi ang tahimik ni Jersey. Obvious na tinatawag na sya ng kama e!

After ng lecture, nagmamadali syang lumabas ng lecture hall. "HOY! HINTAYIN MO NAMAN AKO!!!"

"Bakit na naman? Inaantok na ako e!"

"Syempre, ihahatid kita! Delikado kapag naglalakad ka ng inaantok."

"Asus! If I know, miss mo lang ako!"

Pinilit kong tumawa. "Hahahaha. Asa kang miss kita. Dali, tutumba ka na ata dyan e!"

Kahit kelan ang kapal ng mukha nito! Miss ko sya? Lul! Sarap batukan ng babaeng to!

"Hoy, gumising ka ng maaga ha. Wag kang umabsent mamaya!" sabi ko bago ako umalis sa bahay nila. Tumango lang ang bwisit. Haaayyy. Makapag-internet na nga lang!

(Jersey's POV)

ANG SAKIT NG ULO KO. Ang sakit ng ulo ko, di dahil sa kulang ako sa tulog. Masakit ang ulo ko dahil sa.. kakaisip. After nung so-called "working date" namin ni Paul. I felt something.. different. May bumalik na ewan! Around 10pm na ako nakauwi kagabi.. at nagdahilan na lang ako na tinapos na namin ni Paul yung first draft ng list para di na kami ulit magkita.

I hate lying to my friends. Pero ano bang magagawa ko? There's this part in me na gustong itry na maging kami ni Paul ulit. Gusto ko kasing makaramdam ng feeling na may nagmamahal sayo in return, hindi yung one sided lang. Na nakatingin ka sa kanya pero hindi ka napapansin.Tama na nga!

Hinatid ako ni Kevin pauwi kanina. Actually, hindi naman ako masyadong inaantok. Acting lang yung kanina. Ayoko kasing kausapin sya, baka bigla kong masabi yung samin ni Paul. Halata naman na ayaw nya dun e, ayaw ko naman ng away!

Siguro mga isang oras nakong tulog nang gisingin ako ni Paolo. "Whaaaat? Kitang natutulog e!"

"GUMISING KA NA DYAN!!! MAY NAGHAHANAP SAYO SA LABAS!!!" pinagpapalo pa nya ako ng unan sa likod.

"SINO NAMAN YANG LINTEK NA YAN AT AYAW NYONG PAPASUKIN!?"

"Si Paul, hinahanap ka." Di namin napansin ni Pao na nasa pintuan si Jerro. Uh oh, halatang inis si Jerro! Lagoot. WHAT AM I GONNA DO!?

I instantly went outside, and there he was. "Jersey, sorry for distu-"

"Bakit ka nandito!?"

"May emergency meeting tayo sa Alabang mamaya. Hindi mo ba nabasa yung text ni Mr. Pats?"

WHAT!? "Anong meeting? I haven't checked my phone, kakagising ko lang."

"Uhh.. Pwede bang umalis na tayo ngayon? Malayo pa pauwi e, pati baka magalit satin yung Principal, alam mo naman yun."

Medyo loading ata ako dun ah. Tama ba intindi ko? AALIS NA KAMI NGAYON?! "Wait a minute, I'm not going anywhere with you."

"Jersey, may problema ba?" Oh sh!t. Jerro bakit ka lumabas?!

"H-ha? Wala wala. Look Jerro, I need to go to Alabang.. I mean kami ni Paul. May emergency meeting kasi yung officers."

Jerro clinched his jaw. "Importante bang nandun ka?"

"Kailangan si Jersey dun, Jerro. Parehas kaming kailangan dun." I shot Paul the look. Isa pa tong $*^%(* na to! Kita nang mainit na ulo ni Jerro dadagdagan pa!!!!

"Guys, kalma lang okay? Maawa naman kayo sakin. Paul, keep put. Kukuha lang ako ng gamit sa loob," tumakbo nako papasok ng bahay at kinaladkad ko si Jerro. "Jerro, calm down."

"PANO AKO KAKALMA!? ANG KAPAL NG MUKHA NUN!" sigaw nya sakin.

"Sssshh! Baka marinig ka nya!"

"MABUTI NGANG MARINIG NYA KO!!! ANO BA SYA!!!"

"Teka lang. We need to be there, so please. Ako na bahala dito. I can handle myself!" Pumunta nako sa kwarto para kunin yung bag ko.

"Sana alam mo nga yang ginagawa mo, Jersey. Kung may mangyari, just call us. Makakatikim na sakin yan pag nangg@go pa sya," sabi sakin ni Jerro.

"Paolo, bantayan mo nga yang si Jerro. Don't worry, bukas ako babalik. Aabsent na lang ako for today." Tinignan nila ako, and we laugh.

Hinatid ako ni Paolo sa gate. "Psst. Sabihin mo lang kung pinupormahan ka nyan ha!" bulong nya sakin.

"No worries. Bye Pao!"

I turned to Paul, na pinagpapawisan na. "Oh, san tayo sasakay?"

"I have my car here. Come on." KOTSE NYA!? KOTSE!? Hindi ako nakagalaw dun for a second.

"Hoy, we don't have all day!"

"I'm not going inside that thing."

"Bakit? Dati nga, ayaw mong umalis sa loob nyan," natigilan kaming pareho. Isa sa ayaw ko ay ang reminiscing the moments!

"AY ANG DAMI PANG CHECHEBURECHE! MAKASAKAY NA NGA!!!"

DEFINE AWKWARD. GRABE! Pagpasok ko sa loob ng kotse nya, nagflash lahat ng sweet moments namin nung highschool. DARN IT, JERSEY!!! STOP THINKING ABOUT THOSE THINGS!!!! Note: Dapat iwasan ko na rin tong si Paul. Masama ata tong ganito.

"Bakit ang tahimik mo?" tanong nya sakin. Palabas na kami ng campus non, at nakatulala ako sa labas.

"Nothing. My head hurts."

"Okay ka lang? Bili muna tayo ng ga-"

"Paul, okay lang ako. Di bagay sayo maging doctor, alam mo yun?" He shut up. Thank God.

Halos 15 minutes na rin kaming tahimik until..

"Galit pa rin ba sakin si Jerro?"

"DUH. Isn't it obvious? Parang wala ka dun kanina e." Call me a b!tch or sarcastic, I don't care. Naiinis ako sa kanya. Naiinis ako sa sarili ko. Naiinis ako kasi parang mahal ko ulit tong taong nangg@go sakin dati. What's happening to me?!?

"Nagtatanong lang naman po. Gutom ka na? Eto oh," at inabot nya sakin yung plastic ng Dunkin Donuts, nasa loob yung favorite kong donut Choco Butternut.

Para di sya mapahiya (at gutom na talaga ako!!), I got it anyway. "Thanks!"

Binuksan nya yung radio ng kotse nya, and saktong sa Jam 88.3 ang station. At saktong sakto naman ang kanta, Di Na Mababawi - Spongecola. ANOO BAAAAAA!!!

"Pwede bang pakipatay yung radyo? I want to sleep." Lame excuse. Ayoko lang talaga marinig yung kanta na yun kasi.. iniyakan ko yun dati after our break-up. I'm so lame! Buti naman pinatay din nya!

Kinuha ko muna ang Blackberry ko to text Jerro nang maalala ko si Kevin. Should I tell him about this? Naaa. Wag na nga lang. Mahirap na, baka madagdagan pa yung iniisip nya. Kawawa naman yung MAXENE NA YON. ASGFHJJKKL.

(Kevin's POV)

Hindi pumasok si Jersey sa next class namin. Tulog construction worker talaga yun! After ng class, pumunta agad ako sa bahay nila at naabutan si Paolo na naglalaba.

"Wow Paolo! Ikaw ba talaga yan?" pang-asar ko. Marami namang laundry shops dito sa campus pero mahilig talaga silang maglaba. Ayos!

"Nako Kevin! Pasok ka dali!" binuksan nya yung gate. "Si Amae kasi, tinalo ako sa 123 pass kagabi. Parusa to."

"Si Jersey nga pala, nasan?" Nagfade yung smile nya ng onti. Anong meron?

"H-ha? Si Jersey ba? Wala sya dito e."

"Nasan? Di nga pumasok yung Devil Woman na yon! Napasarap ata ang tulog. TEKA WALA SYA DITO?"

Lumabas si Jerro sa may garden. "Di ka ba nya tinext?"

I checked my phone. "Wala e. Bihira na nga lang akong itext non. Saan sya nagpunta?"

The two of them exchange weird looks. "Pumunta si Jersey sa Alabang, may emergency meeting sila ng Alumni Board."

"ANAK NG! UMUWI SYANG MAG-ISA!? BAKIT HINDI SYA NAGSABI!?! DELIKADO KAYANG SUMAKAY NG BUS PA-ALABANG!!!"

"She's with Paul," mahinang sabi ni Jerro.

Bulong lang yun ha, pero parang Goodbye Earth na yung sumabog sa tabi ko. Si Paul, kasama nya? YUNG G@GONG YON KASAMA NYA!?

"BAKIT SILA MAGKASAMA!? BAT NYO PINABAYAANG KASAMA NUN SI JERSEY!?"

"Chill lang, Kevin. Hindi mo ba alam?" napa- 'Ha?' na lang ako. "Talaga tong si Jersey kahit kelan! Magkasama sila sa Alumni Board. They are.. partners for that Homecoming."

PARTNERS?! ANAK NG TETENG! KAMI LANG NI JERSEY ANG PARTNERS!!! "Wala syang sinasabi sakin. Matawagan nga yon!!" Nilabas ko na cellphone ko pero pinigilan ako ni Paolo.

"Nasa meeting na sila ngayon Kev, wag mo na tawagan. Tomorrow morning ang balik nila."

BUKAS PA NG UMAGA!? BWISET!!! WALA PA NAMANG 3 HOURS SIGURO YUNG MEETING NILA DIBA?! PWEDE PA NAMANG UMUWI!!!! NAKAKAPANG-INIT NG DUGO!!!!!

Teka lang Kevin, ang OA mo ah. Meeting lang yon. Meeting lang. Hindi yan date or whatsoever. Academic meeting lang yan. Mas magselos ka pag nagdate sila.

TEKA LANG. SELOS!?

ASA KA. Hindi ako nagseselos. Nagagalit lang ako kasi magkasama sila.. at hindi sakin sinabi ni Jersey yon.

Selos na ba yun? HINDI.

AT BAKIT AKO MAGSESELOS!?

(Jersey's POV)

Ang meeting na supposed to be 2 hours lang ay na-extend hanggang dinner/reunion ng Debate Club namin. Darn it! So it means 6 hours ko nang kasama tong si Paul. It's our longest contact after our break-up (Yung kagabi, 4 hours lang. Sh!t), and this isn't good. Duh Jersey, alam mo yung salitang IWAS? Pwede mo bang gawin yon? KAMON.

At ang bwiset, taking advantage pa sakin. Hanggang sa bahay hinatid pa ko! ASDFGHJKL.

"Salamat sa pagiging driver for today. Ingat!" sabi ko sakanya bago ako bumaba ng kotse nya. Please Ate Misa, buksan mo agad yung gate! PLEASE AYOKO NANG MAKITA TO!!!

"Wait lang!" UGH. Lumabas pa talaga sya ng kotse nya. "Pano ka ba babalik ng LB bukas? Sabay na lang tayo, gusto mo?"

Ay, feeler na si Kuya! "Uhhh. Papasundo ako kay Paolo bukas sa Crossing. Okay lang ako" *flash super fake smile here*

Papasok na ako ng gate nang...

"JERSEY!!!! KAMUSTAAAA!!!"

OH CRAP. OH TRIPLE CRAP.

Si Kuya Tops!!!!

"KUYAAAAAAAA!!!" Mabilis akong tumakbo papunta sa kanya at yumakap. Oh gosh! This is so unexpected! Last na kita namin ni Kuya ay nung summer pa. He's an computer analyst sa Canada ngayon. OH MY GOSH!!!

"Oh, kamusta na ang baby sister ko?!" sabi nya with matching masakit na kurot sa pisngi.

"OKAY LANG KUYAAA! GRABE I MISS YOU NA!!! NASAN PASALUBONG KO?"

Tinampal nya ko sa ulo. "Mukha kang pasalubong! Hindi mo man lang tinanong kung kumakain pa ako three times a day sa Canada!"

"Ano ako si Mama? Haha! I miss you talaga kuya! Si Kuya Tatan, kasama mo ba?" sinilip ko yung sala namin. I saw his luggage bags scattered inside so mukhang kakarating lang talaga nya.

"Busy yung kumag na yun, sa Pasko na raw uuwi. Ang bigat mo na!" niyakap nya ulit ako ng mahigpit.

"KAPAL TALAGA NITO!!!"

Bumitaw sya sa yakapan ever namin. "Paul! Kamusta?!"

Sh!t. Nakalimutan ko na nasa labas pa pala ang loko. Hindi pa pala umalis yon?! AT PINAPASOK PA SYA NI KUYA SA BAHAY! WHATAMIGONNADOOOO?!?!

"Okay lang naman ako Kuya. Kamusta rin?" KUYA YOUR ASS!!!!

"Sus, eto yumayaman na. Cmon, kain lang tayo saglit dito! May carbonara sa loob. Je, yung truffles mo nasa fridge. Kunin mo na!"

TALAGANG KUKUNIN KO NA KUYA! Mas gusto ko pang lumapang ng truffles kesa makasama pa yang ^&$^*$ na yan!!!

Nasa kitchen ako pero rinig ko yung kwentuhan nila ni Kuya. Grabe, super can't relate! USAPANG MATH SILA MEHN!! MATH! Sila na magaling!

Pabalik nako sa sala (with the box of Godiva truffles on hand!) nang marinig ko ang isang super WTF question ni Kuya Tops. "So, kelan pala kayo nagkabalikan ni Jersey?"

I was like O-O SHOCKED! MUNTIKAN KO NANG MAHULOG YUNG TRUFFLES!!!! OHMY GOSH!!!

"Uhh. Just last month Kuya. Ganun talaga e,'' Paul replied with matching smile pa.

ANONG PROBLEMA BA NITONG GAGONG TO!?! KAMI RAW ULIT!? KAMI!? KELAN!?! WTF!!!!

Napansin na rin pala ako ni Kuya Tops na nakatayo sa may hallway. "Naks naman Je! Sabi ko na nga ba hindi mo matitiis tong si Paul e! Congrats!"

Ikaw, anong irereact mo kung nangyari sayo tong situation na to? Idedeny mo ba? O makikisakay ka?

Ako? I DON'T KNOW. -___-

"Akala ko nga babastedin ulit ako, pero buti na lang mabait yang si Je," kwento pa ng loko. I glared at him. As in my superduper death glare. DAMN HIM!!!! STORY MAKER!!

Ang alam kasi ng family ko, we broke up dahil priority namin ang studies. Close friends kasi yung parents namin kaya nakakahiya naman pag sinabi kong "Yang kasi si Paul, he broke up with me kasi raw 'Lalaki sya, ganun talaga'. Di ba? You're son is an asshole by the way." Kaya ayan, expectant pa rin sila na magiging "kami" sa future. Buti na lang at di nila inisip na i-arrange marriage kami. Magmamadre na lang ako kung ganun!

Syempre, I have to act cool. Mamaya ko na gigisahin tong p@ker na to!!! "Teka, bakit ka nga pala umuwi Kuya? On leave ka ba?"

"Yup!" Yes! Hindi nya nahalata na change topic!! "May seminar ako sa Los Baños for three days, starting tomorrow. Speaking of, bakit nga pala kayo nandito?"

"WAIT. BUKAS?! KASAMA KA DUN SA SEMINAR NG COMSCI!?" Oh triple sh!t. Bakit ba ang malas ko ngayon?!

Natawa si Kuya sa reaction ko. "This is supposed to be a surprise, kaso nandito ka pala sa bahay. What time balik nyo bukas? Sasabay sana ako e!"

"Around 6am kami aalis Kuya. May classes kami ni Jersey ng 8am e." Wow Paul ha, di ba sabi ko magcocommute ako?! ANONG AALIS TAYO NG 8AM KA DYAN!? AT PANO MO NALAMAN NA MAY KLASE AKO NG 8!?!

"Good. Sige, I'll bring Dad's extra car na lang para hindi ako makaistorbo sa inyo. Joke lang! O, ready na yung carbonara! Kain na tayo!!"

Nagstay pa sya ng mga 30 minutes. Close kasi sina Kuya dito kay Paul, basketball buddies kasi sila bago pa maging kami. Badtrip noh? Ang hirap ng ganito!

"Pano Paul, bukas ha! Laro tayo ng basketball pag free ako bukas. Just text me okay?" sabi ni Kuya bago umalis si Paul. Ako naman tong nag-ala Bea Alonzo, umacting na girlfriend sa harap ni Kuya, kunwari ihahatid. "Jersey, hatid mo naman yang boyfriend mo oh! Talaga to!"

"Eto na nga Kuya e! Ihahatid na nga!" TALAGANG IHAHATID KO SYA SA IMPYERNO!!!!!!

Nang pumasok na si Kuya sa loob ng bahay, nagsimula na ako sa pagtatalak.

"WHAT IN THE WORLD IS THAT PAUL IVAN?! ANONG NAGKABALIKAN TAYO?! SAN BANDA HA?! SAN BANDA! ANG KAPAL KAPAL TALAGA NG MUKHA MO!!! SUPER AS IN! WALANG KASING KAPAL!!! YOU JUST LIED IN FRONT OF MY BROTHER YOU ASSHOLE!!! ANG SAMA SAMA MO TALAGA KAHIT KELAN!"

Bwiset, he just smiled at me!! "Eh ikaw, bakit hindi mo dineny sa Kuya mo? May option ka naman na sabihing hindi totoo diba? Bakit hindi yun ang ginawa mo? That means there's a part in you that wants us to be together again. Tama ba ako?"

"You're so full of it, Paul. HINDI NA KAYA NG BANGS KO ANG KAKAPALAN NG MUKHA MO!!! I don't want us to be back again! Anong parte ba dun ang di mo maintindihan?! Ayoko na sayo!!"

"Ikaw lang ang may ayaw nun, Jersey."

What? Nawala ako dun ah. "Ano? Di ko nagets yun!"

"Sa tingin mo, bakit ko ginagawa to ngayon?"

"To piss me off and ruin my life. And you're doing an excellent job for that, dumbass."

"Wrong." He stepped closer to me, as in close. Mga 9 inches na lang ang agwat namin. "Hindi mo pa ba nahahalata Je?"

"ANO TO, QUIZCON!? JUST TELL ME, DAMMIT!"

"Simple," he stared into my eyes. Pumikit na lang ako, delikado na e.

Pero kahit anong gawin kong pikit, hindi pa rin pala effective. May dalawang tenga pa pala akong hindi natakpan.

"Because, I want you back. I really really want you back, Jersey Santiago. No choice ka na ngayon. We have to pretend in front of your brother for 3 days or else.. ewan ko na lang."

Oh crap. This is so.. difficult.

## Chapter 20

(Jill's POV)

Nakakunot ang noo ni Kevin nang makita namin syang nakaupo sa may Math Building.

"Oh Kevin! Bakit ganyan drama mo ngayon?" tanong ni Ken.

Napa-Psssh sya. "Wala wala. Masakit lang ulo ko."

"Wait, are you drunk?"

"Asa, hindi ah. Masakit lang talaga ulo ko, pramis."

Himala, hindi sila magkasama ngayon ni Jersey ah! "Si Jey nasan?"

His eyes twitched, as in twitched. Sa six months naming magkakilala, that only mean one thing: he's pissed. "Pabalik na yun galing Alabang. May emergency meeting sila kahapon e," tumayo na sya at nagsimulang maglaka,"Malalate na tayo sa next class natin. Come on."

That left us puzzled. "Nag-away na naman ba yung dalawa?" bulong sakin ni Ken.

"Parang. Ang sungit na naman nya e!"

Tahimik na lang kaming naglakad papunta sa next class namin. Actually 7am ang class ko, tapos silang tatlo yung 8am. Since classmates kami sa 8am clas, we agreed na sabay na kaming pumasok. How sweet :)

Nasa may parking lot na kami ng Admin building nang may nakita akong familiar face. "Wait.. is that Jersey's ex?" sabi ko at tinuro ko yung lalaking palabas ng red na Vios.

In an instant, tumigil sa paglalakad si Kevin at tumingin na rin. Aba, anong meron? Nakatingin lang kaming tatlo dun na parang engot nang.. lumabas si Jersey ng kotse ni Paul.

Now I know why Kevin's acting weird.

"Nagkabalikan na sila?" I blurted out. Natakot ako sa atmosphere, parang may something na mainit akong nararamdaman. Galit ata si Kevin!

I heard Jersey thanked Paul, "You don't have to do this. Thanks!" At napatingin sya sa pwesto namin. Uh oh. "JILLLLLLLLL!!!!!" Tumakbo sya papunta samin.

"Uyy! H-hi!" nako, bakit naman ako kinabahan agad?! Kainis! "Kamusta? Grabe to, hindi man lang nagtext na aabsent ka!"

She bit her lip before replying. "I left my charger here e! Tapos wala pa yung spare phone ko sa bahay. Sorry talaga! Di rin ako nakapagnet." Wow, hindi man lang pinansin si Kevin? May mali nga dito.

May kotse na pumarada beside Paul's car. Nice, a black Chevrolet! At lumabas ang isang super duper dashing guy! Ang poooogiiii!!! Teka lang, kamukha ni Jersey ah!

"Uh Jill, don't stare at my brother please? Magfifeeling na naman yan e!" pabirong sabi ni Jersey. DAMN! Ang gwapo ng Kuya nya!! Lumapit si Jersey sa kuya nya at dinala sa tabi namin.

"Kung makakaladkad naman to, parang sako lang ako e!" sigaw nito sa kapatid. Wow, ugaling Kevin! ;">

"Sssh Kuya! Sila nga pala barkada ko dito. Si Jill, Ken and Kevin. Guys, si Kuya Tops ko nga pala. He's here for the ComSci conference chorva," pakilala nya samin. In fairness, walang something nung binanggit nya yung name ni Kevin ah!

"Nice meeting you! Kamusta naman tong kapatid ko, hindi naman sinusumpong ng sakit nya sa utak?" binatukan tuloy sya ni Jersey,"Masakit yun ah!" He extended his hand for a handshake. Ako naman si kilig, kunwari pang nahihiya! Nang kay Kevin na, nagbago yung atmosphere. Parang biglang naging protective brother tong si Tops. Kasi ba naman, nakasimangot tong si Santos! Sino bang di matatakot pag gwapo ang sumimangot?! -___-

"Jersey!" extra naman ni Paul, na nasa may kotse pa rin nya. "Naiwan mo yung binder mo."

Si Jersey naman, medyong stiff na pumunta kay Paul, at bumalik din agad samin. "Nako, malelate na tayo! Si Kuya kasi e!" Hindi na nagpaalam samin si Paul na aalis sya, nagdrive na to papunta sa Engineering building. YES YES YES! More minutes with Jersey's kuya!

"Dun pa yung SEARCA di ba? I'll drive there na lang. Nice meeting you!" sabi ng Tops nang pasakay na sya sa kotse nya. "Sa susunod, magbabay ng maayos sa boyfriend mo ha. See you later!" And he drove off.

We're like WHAT THE F*CK IS THAT!? BOYFRIEND? SINONG BOYFRIEND?

The three of us looked at her with a confused expression. Well, kaming dalawa lang naman ni Ken yung confused. Kevin's mad! Biglang nag-unat e! Manununtok ba to?

"Guys, I'll explain after class. Okay?" Jersey told us.

Pero mukhang ayaw ni Kevin na magexplain si Jersey.

Nagwalk-out ang loko.

"KEVIN! SAN KA PUPUNTA!?" sigaw ni Ken.

"PAPALAMIG NG ULO!! AYOKO MUNANG MAKAUSAP YANG KASAMA NYO DYAN!!!!" at mukhang papalabas sya ng campus.

Napa-Haaay na lang si Jersey, na nalungkot sa nangyari. "Just let him be, guys. Ako na bahala."

Sana nga makausap nya ng matino si Kevin. :(

(Amae's POV)

"PAOOOOLLLLOOOO!!!! MAY KUMAKATOK SA GAAAATEEE!!" Nasa CR ako nito ha. Badtrip, it's just 9 in the morning tapos may nagwawala na sa may gate namin! Mga tao talaga kahit kelan oh T-T

Paglabas ko ng CR, nadatnan ko sina Sath, Pao & Jerro na nakapalibot kay Kevin na nakaupo sa sofa. "Oh, anong meron?" I asked them.

"Ewan. Ayaw namang magsalita nitong si Kevin. Hintayin daw si Jersey e. Di ba breaktime nun ng 9am?" tanong sakin ni Sath.

"Yup. She might be here any moment now," si Kevin naman ang inintriga ko. "Wait, di ba magkaklase kayo dun ni Je? Umabsent ka ba?"

"...."

Bwiset, so much for asking. Ang aga-aga badtrip agad tong si Kevin! Sayang kapogian e, busangot na naman!

Nakatulala na rin si Jerro sa may pintuan namin. Sheesh, what's happening? Ang alam lang namin, bumalik sa Alabang sina Jersey and Paul for a meeting. Tapos ano na? Grabe to, ang gulo nila.

Few moments later, narinig naming bumukas yung gate. Pumasok ng bahay si Jersey na masaya. "Hey guuuuysss! I missed you-" at natigilan nang nakita nya si Kevin.

"So, pwede ka na bang mag-explain ngayon dito?" sabi ni Kevin, medyo galit.

"Ano bang meron, Je? Nahihiwagaan na ko ah!" tanong ni Sath na nag-aayos ng bag.

Jersey just stood there without saying anything. Iiyak na ata to na ewan e! Her lips are kinda trembling. "Guys.. I'm sorry."

Dun ako kinabahan. Bihira lang magsorry samin si Jersey nang ganyan. You see, kahit may pagkataklesa yang friend ko, hindi sya yung tipong nananakit ng tao. Sya yung palaging friendly, at ayaw nyang may nakakasamaan sya ng loob. Bilang na bilang ko ang pagsosorry nya saming barkada, ever since nung Grade 6 pa kami. This is the seventh time.

"Anong nangyari kahapon? Si Paul ba?" medyong galit na ring tanong ni Jerro. Uh oh.

"S-si Kuya.. Kuya Tops kasi dumating ka-kahapon.. Eeh, hinatid ako ni.. Paul pauwi.. So.. akala nya na kami na ulit ni Paul. Kasi si Paul.. sinabi na nagkabalikan na kami.."

WHAT THE EFFIN HELL!? WHAT THE!?! Tama ba ang narinig ko? That ass!

"P*CHA! Nasan yang Ilagan na yan!! Makakatikim na talaga sakin yan!!" Oh noes. Galit na galit na tong si Jerro!

"Jerro, calm down please?! CALM DOWN!" sabi ni Sath. Pinaupo nya ang boyfriend nya sa sofa.

Kami naman ni Paolo, in shock. I can't believe it! Ang dami nang ginawa ni Paul na katarantaduhan, tapos dadagdagan pa nya ngayon! Ang kapal ng mukha nyaaaaa!!!

"Pero wait lang! Wait lang guys! Uhh.. Kuya's staying here for 3 days sa SEARCA Hotel, for a conference. So.. I need to pretend na kami ni Paul for 3 days."

That did it. Si Kevin naman ngayon ang nagmumura. "T@ngina! Pretend pretend ka dyan! Bakit mo kasi hindi tinanggi sa kuya mo yun!? May choice ka naman ah!!!!"

"HINDI KO NA NABAWI KAY KUYA! IF YOU ONLY SAW THE LOOK ON HIS FACE LAST NIGHT, HE WAS HAPPY!! YOU'LL NEVER UNDERSTAND THIS KEVIN, SO PLEASE," napaupo nalang si Jersey sa lapag," Please.. let me explain."

"Ano pa bang ieexplain mo samin? I understand it, Jersey. Pero tama si Kevin, pwede mo namang ideny kay Tops yun. Bakit hindi mo ginawa?" - Paolo

Dun na umiyak si Jersey. Isa sa mga eksena na ayaw kong makita ay ang pag-iyak nya. The last time I saw her like this was nung April, when Paul returned all of her stuffs after their break up. She was crying like hell. Just like now.

Lumapit ako sa kanya at niyakap sya. "Je, stop crying na. It's not entirely your fault."

"Sorry talaga. Sorry talaga.. Sorry talaga. But I promise, I'll handle this. Promise, after 3 days tapos na to. Pagbalik ni Kuya sa Canada tapos na talaga. Promise. Promise talaga."

I glanced around to see their reaction. Sath's already crying. Si Jerro naman, mukhang naaawa na kay Je. Si Paolo, paiyak na. Pinakamalala si Kevin, hindi ko maexplain. Parang hurt na galit na.. nagseselos? Hey, don't get me wrong. Base from his reactions, I think he's jealous. All this time sya yung sort of "boyfriend" ni Jersey e. Ano ba talaga?!

This. is. too. much.

(Jersey's POV)

I told myself na mabilis lang ang three days. And yes, totoo nga. Buti na lang hectic ang sked ni Paul kaya bihira kaming magkita. Madalas kong kasama si Kuya sa vacant time ko, syempre bonding moments.

72 hours ang binigay sakin ni Lord para sabihin kay Kuya na hindi talaga kami ni Paul. 72 hours ang sinayang ko.

It's my Kuya's last day today. We spent almost the whole afternoon together since the conference ended around 2:30 pm. Saktong 3pm ang tapos ng last class ko. Nilibot namin ang buong UPLB, then we went to Palaisdaan to eat dinner.

"Uy, nakatulala ka na naman!" Shoot. Ano ba to, habit ko na ata ang tumulala e! Kainis.

"Uhh. Sorry Kuya. Inaantok na kasi ako e."

"Okay ka lang ba? You seem distracted kasi e."

Should I tell him the truth or not? "Kuya.. I have to tell you som-"

"Yung Kevin, sya ba yung partner mo nung Lakan?" Wow. What a question. Badtrip talaga!

"Yup. Bakit mo naman natanong?"

"Wala lang. I just don't like him."

Sh!t. Lagot. Natigilan ako dun ah! Pag sinabi kasi ng isa sa mga Kuya ko na ayaw nila sa isang guy, I need to cut the connections with that person ASAP. Hindi kasi nila feel yung ganun. Alam nyo naman, Kuya's instinct!

"Eh bakit naman Kuya? Kevin's nice. And don't judge him agad. Isang beses mo pa lang syang namimeet."

He stared at me with an amused smile on his face. "O, bakit ka naman defensive?"

Dapat hindi nya mahalata na crush ko si Kevin! Erase erase, EX-CRUSH pala. So I looked at him sternly. "Coz he's my friend. At Kuya, wala ka namang karapatan na husgahan agad yung tao." Intense to! Lalo tuloy akong nauhaw!

"Wow, defensive nga. Close ba kayo nun?"

"Yup, we're super classmates and partners since first sem."

"So crush mo yun noh?" Sa sobrang gulat, nasamid ako at lumabas pa sa ilong ko yung konting iced tea. "KADIRI TALAGA TONG BABAENG TO!! BASTOS!!"

"EH SINO NAMANG MAS BASTOS SATING DALAWA HA!?"

Humagalpak naman si Kuya sa kakatawa. "I think I got my answer. So crush mo nga?"

"Ex-crush," I corrected him. "And please, my lovelife's private noh. So shut up."

"Sus, nagtatanong lang e. Hindi ka naman ba niligawan nun?"

"You're too irritating, Kuya. Stop it," tinaasan nya ko ng kilay so I need to answer his question. "No, hindi nya ko niligawan. He likes someone else," my voice trailed off. Naalala ko na naman sina Maxene at Kevin! UGGGHHHHH :|

"Well buti naman! I don't like him for you," napatingin ako sa kanya. "He's too.. cocky kasi. Ang ere! Pero baka mag-iba yung impression ko sa kanya. Basta, ayoko sya for you, okay? Friends lang kayo okay?"

"Ano ka ba Kuya, para kang nakainom dyan!"

"Che. Wala lang, I'm just glad that you and Paul got back together," I froze. Oh gosh, this is it. I'm gonna tell him the truth.

"Uh Kuya.. You see.."

"Matutuwa si Tatan sa balitang to. Know what, he got sad when you guys decided to broke up. Alam mo naman yun, tuwang-tuwa kay Paul. Well anyway, buti talaga na hindi mo sya binasted. Tanda mo ba dati nung 2nd year ka? Gusto mo kaming dalhin ni Tatan sa JS nyo pag 3rd year ka na kasi sabi ni Paul gagawin nya lahat para maging partner kayo, tapos papatirin ka nya? Maybe Paul never told you this but he asked our permission nung JS nyo nung 3rd Year. That's the guy we want for you, Jersey. Paul's perfect. Pwede na kayong dalawa :)"

Nakatungo na lang ako habang sinasabi sakin ni Kuya lahat ng yan. I never saw my brother so happy like this. Tuwang-tuwa sya para sakin. Ang sarap sa feeling na ewan! Gusto kong sabihin na hindi naman talaga kami ni Paul, na joke time lang yun kasi baka magalit sya sakin.

Ayoko namang malungkot at madisappoint ulit sina Kuya sakin.

"Grabe, iyakin ka parin hanggang ngayon oh! Basta, dapat pag-uwi ko sa Pasko, kasama natin si Paul ha? Hoy! Alam kong natouch ka pero OA na yan Je! Tahan na!" tumabi sya sakin at niyakap ako. "Be happy for me, please? Para rin kay Tatan na walang malay. We love you, Jersey. Remember that."

Dun ako umiyak lalo. Naguguilty nako dito! Pero.. I have no choice na.

Sorry guys, akala ko kaya kong ihandle to.

"S-sige Kuya. Sabi mo e."

Damn.

## Chapter 21

(Sath's POV)

Kakaalis lang ni Tops dito sa Los Banos. Dito sya sa bahay kumain ng dinnerbago sya bumalik ng Manila. We pretended na okay kaming lahat dito, na sina Jersey at Paul na talaga at.. bati na kami. Actually, nagtatampo si Jerro kay Jersey. We all know na galit si Jerro kay Paul dahil sa ginawa nito kay Je. Ano naman kasing problema ni Jersey?! Isa pang baliw yun e.

Hindi ko rin nakita si K evin ngayong araw na to. Saan kaya yun? Masyado syang affected sa nangyayari ngayon e. Bakit kaya? Gusto na rin kaya nya si Jersey? Tcsh. Duh, ewan ko. Mukhang oo na hindi. Mukhang Maxene kasi yun e.

"So.. hindi mo na nasabi kay Tops yung totoo?" tanong ni Jerro kay Je. Natigilan tuloy kaming lahat.

"Hindi ko na nasabi. After Christmas break na siguro."

"Pinapatagal mo pa talaga to Je. Kung ayaw mong sabihin, ako na lang magsasabi."

"JERRO PLEASE WAG. I can handle this."

"SA GINAGAWA MONG YAN, HINDI MO KAYA. ANO BA TALAGA JERSEY!?"

"PLEASE NAMAN. Ayoko na ng gulo Jerro. Ako na bahalang dumiskarte dito," napayuko na si Jersey, naiiyak na.

I looked at Jerro, and he looks so mad na naaawa. Kasi naman tong si Paul, wala nang ginawa kundi manira ng moment!

He let out a very deep sigh. "Jersey, I trust you. I really do. Pero kung hindi mo na talaga kaya, sabihin mo lang samin. Kung napepressure ka na, sigaw mo lang. Barkada tayo dito right?! Haaay. Sana hindi mali yang pinili mong desisyon Je. We trust you." Nilapitan nya si Jerseyn at niyakap.

Aaaahhhh! Ano ba to! Nakakaemo talaga ang eksenang to! "Guys naman e! Nakakaiyak kayo!" pumunta na rin ako sa kanila at nakiyakap. Sumunod din sina Amae at Paolo. GROUPHUG!! :>>>

Okay na kaya? Tiwala naman ako dito kay Je e, matapang to, matibay. Kaya nya yan.

Pag tong si Paul ay tinopak ulit, makakatikim ulit sakin yan. Swear.

(Jill's POV)

"Si Jersey nasan?" tanong sakin ni Ken. Nasa SU kami, kumakain ng lunch. Grabe, intense ang atmosphere. Kaming tatlo na lang nina Kevin ang magkakasama ngayon. Masama pa rin ata ang loob ni Kevin kay Jersey dahil dun sa nangyari. One week na ring hindi sumasabay si Jersey samin sa pagkain or what. Hindi rin sila nagtatabi ni Kevin sa mga lecture at recit classes namin. Talk about jealousy, Kevin!

"Ha? Hindi ko alam e. Baka sa bahay nila naglunch," sabi ko. Tinignan ko lang si Kevin. Ayun, todo kain lang sya, naka-earphones pa.

"Nasa bahay nila? Sure ka? Eh kanina nakita ko sya papunta dito e," natigilan kaming dalawa ni Kevin sa pagkain at tinignan sya," Hey, wait lang ah. Nakita ko sya.. kasama ni Paul. Papunta dito. Akala ko nga dito sila kakain."

That did it. Tumayo si Kevin at umalis sa table. "HOY SANTOS! SAN KA PUPUNTA!?"

"Sa CR! Isusuka yung kinain ko!!"

He's so strange! Grabehan. Parang jealous boyfriend na ewan! Teka, magkasama sina Jersey at Paul? Tapos na yung one week ah? Heck. Don't tell me seryoso na silang dalawa?!

Crap. This isn't good.

(Jersey's POV)

Nakikipagkita pa rin ako kay Paul dahil sa Homecoming activities namin. Meeting na sinasabayan ng date. Haha. Saya ko noh? Sinisira ko yung tiwala nila sakin. Heck, I don't care. Dito ako

masaya e! Ang sarap kaya ng feeling ng ganito, medyo in love. Crap, I sound so desperate. Kahit galit na sakin si Kevin, wala akong pakialam.

Look, I'm not doing this for the sake of forgetting Kevin. Duh, bahala na sya sa buhay nya! Nakakainis kaya sya. Kung makaasta parang boyfriend! Dun na lang sya sa Maxene nya!

Nandito ako sa Freedom Park ngayon. It's our last day today, at bukas Christmas break na! Yippee! Christmas na! Nagmumuni-muni lang ako.

Should I tell my brothers the truth or not? Darn. EWAN KO.

Tahimik lang akong nakaupo sa bench nang may taong papalapit sakin. Hindi ko maaninagan yung mukha nya, madilim kasi sa part na inupuan ko.

Palapit sya nang palapit.

Silhoutte.

Shit. Si Kevin.

Naasar ako. What now? "Kung sesermunan mo ako dito, please stop it. Ayoko na ng gulo, Kevin."

Tindig pa lang nya, alam ko na nagalit sya sakin. "Akala ko ba three days lang yon? Kelan pa naging 2 weeks ang 3 days Devil Woman?"

"Cut that crap, Kevin. Masama ang pakiramdam ko at please wag mo akong dramahan. Okay?"

"I told you before, ang yelo pag natunaw, pwedeng maging yelo ulit. Hindi mo ba natandaan yun?"

"Tanda ko, and that's what exactly happened, right? I'm with Paul, Kevin. Just deal with it."

"Bakit mo ba to ginagawa samin Jersey? You're being inconsiderate! Iniisip mo ba yung feeling nina Sath? Nahihirapan sila, lalo na si Jerr-"

"Wow, parang alam mo lahat Kevin! 6 months pa lang tayo magkakilala, tapos kung maka-react ka dyan, parang nandun ka nung highschool kami." Konti na lang magagalit nako sa kanya.

"Concerned lang ako. Gusto ko lang malaman kung ba-"

"Do you really want to know why?" tumayo ako sa harapan nya," Coz I'm insecure. There, I said it! I'm insecure as hell! You think I'm happy? F*ck no! Ang hirap sa sitwasyon ko Kevin. You always need to be perfect, kasi my family's perfect. Dammit. I did that because ayokong madisappoint sina Kuya. I did that coz naiinggit ako kina Sath at Jerro, na palaging sweet. Kina Amae at Keith na laging nagkukulitan. KinaPaolo at Kat na kahit malayo, they're happy. I did that coz I developed stupid feelings for Paul again. Well, how about me? Forever alone. Nakakamiss yung feeling na may nag-aalaga sayo, nagtatanong kung okay ka lang, kung kumain na ako, yung mag magtetext.. basta ayun! Nakakamiss yung ganun, na hindi mo makikita sa barkada. I long for that someone, and that's Paul."

"Nandito naman sina Paolo ah. Nandito naman ako. Hindi mo naman kailangan ng Paul na yan."

Hindi ko napigilang tumawa sa sinabi nya. "Wow, look who's talking. Tanggap ko pa na nandyan sina Paolo, pero ikaw? I doubt. You're physically here for me, but your mind's wandering off to Germany!"

"That's not true, and you know it. Kasama mo ako palagi, magkausap pa nga e."

"Constantly talking isn't necessarily communicating, Kevin. Oo, nandyan ka nga, nasan naman utk mo? Na kay Maxene! Don't try to deny it! Akala mo di ko napapansin? Pucha, nakakasawa e! Akala ko pag umalis ya, mababawasan, but no, mas lumala pa! Pag online ka, kachat mo palagi, bumili ka pa ng ibang sim para matawagan ka ni Maxene. To make it worse, yung isang relo mo nakaset sa oras sa Germany. Pag kumakain tayo, minsan sinasabi mo pa na 'Kumain na kaya yun?'. Pag malamig naman, tinatanong mo sarili mo kung may dala syang jacket kasi makakalimutin nga sya. Tae, nakakaumay! Parang sampal kaya yun sakin! Kulang na lang ipalit mo na ako kay Maxene!"

"Stop it Jersey! Hindi na nakakatuwa. Magkaiba tayo ng sitwasyon! Iba si Maxene kay Paul. Sasaktan ka lang nya kaya habang maaga pa layuan mo na. Akala ko ba nadala ka na?"

"That's bullshit! Don't you dare to talk about pain, Kevin! Hindi lang ikaw ang taong nawalan ng minahal. At di lang ako. Lahat ng tao sa mundong to nasasaktan at walang obligasyon ang mundo na protektahan ka. Di dahil mabait ka o meron kang mabuting puso, di ibig sabihin nun na makakaiwas ka na sa sakit. Iiwanan ka o lolokohin ka! It doesn't work that way. Pero pinipili ng tao magmahal. Pinipili mo paulit-ulit. Dahil kung hindi, para mo na ring piniling wag mabuhay.

Oo, magkaiba sina Paul at Maxene. Gosh, pinagmumukha ka nyang tanga Kevin! "

"Sa tingin mo mahal ka ng Paul na yan ha? Sa tingin mo? Hindi mo ba inisip na baka may hidden agenda yan kaya nya ginagawa lahat ng ito?"

"Nararamdaman ko na mahal nya ko kahit pano. Eh ikaw, may nararamdaman ka ba na galing kay Maxene? Hindi yung friendly love? Alam mo, awang-awa ako sayo. Hindi lang dahil sa selfish ka! Yung kay Maxene dati, hindi naman kita pinigilan di ba? Pinabayaan lang kita e, kahit inaway kita dati. Tapos ngayon, kung makaasta ka e parang boyfriend ko na. Nangingialam ka na! Ang gusto ko lang naman e maging masaya kahit sa ganitong paraan e, please? Ibalato mo na sakin to. Minsan lang. I can't just be satisfied sa patingin-tingin lang." Shoot. Did I just say that? -__-

"Wala na siguro akong magagawa. T@ngina. Ewan ko sayo. Ayoko na. Hindi kita gustong awayin dito. I came here to say goodbye."

"Bakit?"

"I'm going to Germany this week. I'll celebrate Christmas there."

I felt my body tensed. "With her? Pucha, you're just wasting time and money. Babastedin ka lang din nun."

"Ako raw selfish? Hah. Ibalato mo na rin sakin to, Jersey. You pursue Paul, I'll pursue Max. End of story. happy ending. Parehas na tayong may lovelife."

"No, you're not going."

"Don't de selfish, Jersey."

"Di ka ba naaawa sa sarili mo? Wake up naman for the nth time!"

Akala ko madadala sya sa sinabi ko. But I'm wrong. Nagulat ako sa sagot nya sakin. "Hindi. I'll pursue her hanggang sa sabihin nya sakin harap-harapan na hindi nya ako gusto. Willing akong magmukhang tanga kakahabol kasi mahal na mahal ko sya."

"Please stop this. Don't go."

Kevin bore his eyes into mine. "Then leave Paul."

"..I can't."

"Well, that settles it. See you next year." And he left without saying goodbye.

"You ass! Wag ka ngang pumunta dun! KEVIN! HOY! KEEEEVVIIIIN!!! PLEASE!! WAG NA!! Why are you making this hard for me?"

There. We decided already.

Goodbye, Icelot and Devil Woman.

Goodbye, friendship.

## Chapter 21.5

(Normal POV)

Christmas is in the air!

Weh, di nga? Sa lagay na to, Merry kaya ang Christmas nina Jersey at Kevin?

Sige, silipin natin ang dalawa ngayong araw na ito, December 22. Ang araw kung saan bongga ang Christmas rush sa mga mall, nakakarindi na ang mga nangangaroling at.. malamig ang paligid :D

(Kevin's POV)

Ewan ko ba kung bakit ako nasa Greenbelt ngayon. Okay, may bibilhin ako para sa pag-alis ko papuntang Germany kaya ako nandito. Kulang ako ng jacket at pants. Yun lang talaga.

I don't want to talk about that day. Pag naaalala ko yun, naiinis ako. Anong nangyari kay Jersey? Okay naman kami ah! Mabait na nga ako sa kanya, ni hindi ko na sya inaasar. Tapos umextra naman tong si Paul. PANIRA ANG P*CHA. Kung wala lang yung kuya ni Jersey nung araw na yun, nasapak ko na si Paul. AT ITONG SI JERSEY WALA MAN LANG GINAWA.

Teka, bakit ba ako masyadong affected dito? Buhay nya yun, at wala ako sa posisyon na mangialam. Di ba?

"Sir?" nagising ako bigla sa daydream ko. Hindi ko napansin na nasa harap nako ng Yves Saint Laurent shop, at nakatitig ako sa display nila. Sh*t, baka pagkamalan akong bakla ng saleslady! "May I help you?"

"Aahh. Wala wala. Sorry," sabi ko. Aalis na sana ako nang..

"Naghahanap ba kayo ng gift for your girlfriend?"

Pagkarinig ko ng salitang girlfriend, si Jersey bigla naisip ko. Anak ng hucha naman o! Bakit sya?!? "Uhh.. No, thanks." At naglakad na ako palayo.

Yves Saint Laurent. T*ngina, pwede ko nang pang-tuition ng dalawang taon yung isang pares ng sapatos dyan e! Sinong matinong lalaki ang bibili nyan ah? Ako ba si Pacquiao?

Pero iniisip ko si Jersey e. Ano ba Santos, kung ibibili mo sya nyan, malamang ibabato nya sayo yan pabalik. Sayang pera, magkakabukol ka pa.

TEKA LANG BAKIT KO BA INIISIP NA BIBILHAN KO SYA NYAN!? SINO BA SYA?!

In an instant, bumalik ako sa store at saktong nasa entrance pa si Ate Saleslady. Nakangiti sya sakin. "Sabi ko na nga ba e, babalik ka! Welcome po Sir!"

Syempre, tumingin-tingin muna ako. Baka kasi hindi kaya ng budget ko ang sapatos dito. Ano nga bang hilig nung babaeng yun? Basta cute, mataas at.. cute. Naknang! Wag na kaya! Kaso nakakahiya kay Ate Saleslady e, kanina pa sya turo ng maganda. Maganda nga, pero hindi bagay kay Jersey.

Napunta tuloy ako sa may dulong sulok ng shop. Dun yung mga pumps na black. Tingin tingin lang ako nang may makita akong magandang pumps. Feel ko magugustuhan to ni Jersey!

"Simple but elegant Sir. Nice choice!" tae, kung pwede lang tumawa nang malakas dito, ginawa ko na! Simple nga, pero pag si Jersey na nagsuot nito, ayos :>

"That's P37,500 Sir."

P*CHAAAAAAAAAA. THIRTY SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED!? Are you kidding me?! Pang-enroll ko na to next sem ah! Bibilhin ko ba o ano?

"Paki-charge na lang dito," sabi ko sabay abot ng American Express credit card ko. First time kong gagamitin to -___-

Pero okay lang, para naman to kay Jersey. Shet, parang baligtad ata ah! Sya tong may atraso sakin tapos ako pa magreregalo sa kanya ng mahal! Si Mama nga di ko pa nabibilhan ng regalo e!

Inabot na sakin ni Ate yung paperbag at umalis nako. Nako, subukan nyang ibato sakin tong P37,500 na to! Makikita nya! Napadaan ako sa isang jewelry shop nang matandaan ko na wala pa kong regalo kay Max. So I bought her a necklace na lang. Not bad right? Hindi naman nya siguro malalaman na mas mahal ng P35,000 yung regalo ko kay Jersey. :DDD

TEKA ULIT. PANO KO TO IBIBIGAY SA KANYA!?

(Jersey's POV)

I love Christmas shopping! Every year talaga akong naghahanda ng list kung sino bibigyan ko. Syempre college nako ngayon, kaya nadagdagan na naman ang nasa listahan ko! Haaay :D

My Christmas List

Jerro - Lindt chocolates

Sath - Kerrokerropi Earrings!

Amae - Anything Percy Jackson related

Paolo - One Piece action figures

Jill - Anything cute

Ken - Eraserheads box set!

Keith - Puso ni Amae. Joke! Final Fantasy IX merch

Paul - Deftones CD

Kevin - *krooo* *krooo*

DAAAAAAAAAAMN! What should I give him? Nalibot ko na ang Glorietta, Rockwell at MOA para sa regalo nya pero wala pa rin akong mahanap! Ang labo naman kasi nun e.

Psht. Parang wala akong atraso sa kanya noh?

Yes, ang bitch ko nung last time. Ni hindi ko nga akalain na masasabi ko yun sa kanya. Punung-puno na kasi talaga ako nun. Hindi ko na alam ang gagawin ko! Naging DEVIL WOMAN TALAGA AKO. -___- CRAP.

BACK TO MY DILEMMA. What to give? Grabe naman, para akong girlfriend na naghahanap ng regalo para sa first monthsary nila ng boyfriend nya. Eww, scratch that girlfriend part.

Balik stalking tuloy ako sa Facebook. Eto namang Icelot na to, hindi gumawa ng note about his Christmas wish! Tinignan ko yung mga favorite movies, books, bands and shows nya. Crap, wala namang magandang ipangregalo dito.

Then I remembered something. He told me that he wants that super limited edition Dawn of the Dead figures. Super fan kasi sya ng zombie movies, at eto na lang yung wala syang set ng figures.

YES! ANG GENIUS MO TALAGA JERSEY! YUN ANG PERFECT GIFT FOR HIM!

Shet, san naman ako maghahanap non?! Limited edition my saaassss n:|

Pumunta ako sa ebay.com para maghanap ng figures. Please sana meron! *fingers crossed*

After 2 mins of scrolling down.. NAKAHANAP DIN!!! YESSS!!

P*cha, 20k?! Ang mahaaaaal naman nito! But WTH, it's Christmas time naman. Time of giving and receiving! HAHAHA :D Charotssss. Sorry gift to! Sana umabot bago sya umalis papuntang Germany.

Wait, kelan ba sya pupunta ng Germany? *checks FB profile* CRAPPERS! BUKAS NA PALA ALIS NYA!!! DECEMBER 23! Pano ko to ibibigay, sa December 26 pa dadating dito yung regalo!? HUHUHUHU :(((( Next year pa ata balik nya e. Sige, hihintayin ko na lang sya. Wait, gusto ko namang mag-goodbye sa kanya diba? Text ko kaya?

**To: Kevin**

Bukas na flight mo right? Ingat. **delete delete delete**

**To: Kevin**

Ingat. *(Too cold. DELETE! DELETE!!!!)*

**To: Kevin**

Uy, aalis ka na pala bukas hindi mo man lang sinabi sakin. Well, have fun. Ingat! **delete delete delete!* *retype* *SEND!**

LECHE WAG NA KAYANG MAGTEXT!?Nasend na e! Ang kapal naman ng mukha ko para itext sya, after what I've done. Badtrip.

Yan Jersey, kasalanan mo yan. Buti nga sayo --_____--

DECEMBER 23

(Kevin's POV)

Approximately 5 hours bago ang flight ko papunta sa Germany nang nagdecide ako na ibigay kay Jersey yung regalo ko. Pero pano?!

Syempre, nakakotse ako nang pumunta sa kanila. Nagdadalawang isip pa talaga ako kung ibibigay ko ba.

"Aaahh lintek! Wag ko na lang ibigay! Ibebenta ko na lang to sa net para mabalik sakin pera ko!" sigaw ko sa loob ng kotse. Parang tanga lang noh?

Hindi ko napansin na may tao na sa may pintuan ko. "KEVIN!"

"PUCHA!!! PAOLO! ANO BA!!!!"

Todo tawa si Paolo habang papasok sya sa kotse ko. "Tol sorry na! Haha! Tae, ang epic ng itsura mo!"

"Salamat ha. Nakakainis ka!"

"Teka, bakit ka nga pala nandito?" napunta yung tingin nya sa regalo na hawak ko. "Kay Jersey ba yan?"

"Oo. Christmas gift. Ayaw ko na nang ibigay e!"

"Suuuusss. Torpe ka tol! Gusto mo ako maglagay sa kwarto nya nyan?" nag-evil smile pa ang loko.

"Ha?! Pano mo gagawin yun!?"

"SUS. HINDI LANG NAMAN AKO ANG KASABWAT MO DITO, KEVIN. Nandyan ang barkada noh. Alam namin yung nangyari sa inyo ni Jersey last week, and we really want to help you get back together."

Natouch ako sa sinabi nya. Yuck, ang gay! "Talaga ha? O, palagay na lang sa kwarto nya. And please, wag nyong buksan. Nahihiya ako."

Tumawa na naman sya. "Sure ba tol! Sige, pupunta muna ako kina Sath para maplano namin to." Kinuha nya yung box. "Wow, ang bigat ah!"

"Tsss. Basta wag nyong bubuksan yan! Sige, una nako tol. Baka malate pa ko e. Bye! Pakisabi na rin sa kanila na Merry Christmas!"

"Sige ba. Don't worry, kami nang bahala dito!" at lumabas na sya sa kotse.

PLEASE SANA WAG NYA ITO ITAPON.

DECEMBER 24.

(Jersey's POV)

Christmas is kinda gloomy for me. Nandito na sina Mama, Papa at ang dalawa kong Kuya. Pag Christmas lang talaga kami nabubuo kasi silang apat nasa States palagi. Haaayyy. I should be happy right? Pero bakit ganito?

Dumaan pala si Paul dito kanina. Di ba he promised na pupunta sya sa Noche Buena namin? Urrrgggh. Parang.. parang nagreregret tuloy ako. Tama na nga Jersey! Paskong-pasko kung anu-ano iniisip mo!

After ng Noche Buena, pumunta nako sa room ko para buksan yung gifts. I got a lot. Ano namang gagawin ko sa lahat ng to!? Haha! Grabe, ungrateful noh!? Siguro isang oras din akong nagbukas ng mga regalo, tsaka nagdecide ako na matulog. Kukuha na sana ako ng damit nang may makita akong regalo sa loob ng closet ko.

A silver box. Ano to?

May maliit na card sa harap.

*Jersey,*

*Merry Christmas! Sorry kung wala ako dyan. Haha :D*
*Anyway, I'm so sorry.*
*Crap, I don't know what to say. Hindi pa tayo okay diba?*
*Sana sa 2011 bati na tayo. Miss na kita talaga :D*

- **Kevin**

**P.S: Joke lang yung miss na kita part. Pinapakilig lang kita. :P**

SHEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEET. Y U LIKE THIS!? Grabeeee! Ano ba to Kevin! Naiiyak ako na ewan! Yung greeting card pa lang yan ha! Ano kaya tong regalo nya?

I immediately ripped off the wrapper and.. WTF. WTF.

Yves Saint Laurent box. A YVES SAINT LAURENT BOX.

ARE YOU KIDDING ME!?

Nako Jersey, knowing Kevin, baka joke to. YSL na box, pero galing sa ukay-ukay yung sapatos.

Nang binuksan ko yung lid, eto ang tumambad sakin. (Picture: http://i52.tinypic.com/358rjtf.jpg)

SIMPLE PERO ROCK! GRABEEEEE! Ang kyoooot! Ang taaaaas!

Pano to napunta sa closet ko? Pumunta ba sya dito sa bahay kahapon? Bago sya umalis?

OOOHHH WHAT A RUSH!!!

Bigla ko tuloy sya namiss. :(((

## CHAPTER 22

(Normal POV)

Hello 2011!

Bagong taon, bagong buhay. Bagong lovelife? Haha!

Well, 2011 na nga. Balik university na naman ang barkada. Sina Jersey at Kevin kaya, magiging okay na?

We'll see :)

(Amae's POV)

Yes, New Year na! Grabe, in just a span of 3 months, tapos na ang freshman year namin dito sa UP. Buti pa sila, 3 years na lang. Ako, 4 years pa! Damn Engineering!

Balik Los Banos ngayon, bukas kasi may pasok na kami. Bitin naman ang Christmas break! We had our barkada Christmas party & New Year's celebration. Masaya naman, kaso di nga kami buo. Kakabalik lang ni Kevin from Germany yesterday. Kaya medyo excited na kinakabahan si Je.

Speaking of, nawindang kami ni Sath sa Xmas gift ni Kevin kay Je. YSL PUMPS!!!! Niresearch namin kung magkano yun, p*cha! P37,500! San ka makakahanap ng sorry gift na ganyan!? Take note, hindi pa sila magsyota nyan ha!

"Je, okay ka lang?" tanong ni Paolo kay Jersey. Nagaayos sya ng damit sa kwarto namin, at bigla syang napatulala.

"Ha? Ano ka ba, okay lang ako noh!"

Tumabi ako kay Jersey. "Je, thanks talaga sa gift mo ha! Akala ko joke lang yun e! That's my fave Xmas gift of 2010!"

"Talaga? So hindi mo favorite yung One Tree Hill box set na bigay ni Keith? Ungrateful to!"

"Bakit naman nasama si Keith dito?! Kainis ka! Whatevs, thanks ulit!"

"Nako Je," extra na ni Pao, "Ano naman fave gift mo?"

As expected, natigilan ulit si Jersey at nagblush. I knew it! Hahahaha!

"Fave gift? Yung iPad from Daddy. It's so cool!"

Bwiset, akala ko aamin na! Diretsuhin ko na kaya to?! "Eh anong nareceive mong gift from Kevin? Imposibleng wala yan!"

Lalo syang nagblush. Yessss! "A pair of shoes. Yun lang."

"Anong brand?"

She hesitated to answer pa. "Yves Saint Laurent."

The two of us pretended to be shocked. Thank goodness for our inept drama skills! "NO WAY!!!! Ang mahal kaya nun!"

"YUN NGA E! Gusto ko ngang ibalik sa kanya. I don't want him to waste money for me. Parang ako yung girlfriend e!"

"GAGA. ISIPIN MO NA LANG NA LABOR OF LOVE YUN!"

Pinalo nya sakin yung hanger. "Asa. Hindi pa nga kami magkaayos e! Kaya ibabalik ko na!"

Haaayy! Ang pride talaga ni Jersey oh, highest level! Kailangan naming magawan to ng paraan!

(Jersey's POV)

KYAAAAAA! Ano ba to, New Year na pero hindi pa rin kami ayos ni Kevin. I'm so ashamed talaga! Binigyan nya ko ng designer shoes tapos anong ibibigay ko, zombie na figures!? Bwiset, ano to, payamanan?

Nasabi ko tuloy kina Amae yung regalo nya! Kahiya e. I need to give my gift na or else, di ko na ibibigay yun.

Nag-online ako sa Facebook, saktong OL din si Keith.

*(sa chat)*

Me: Hey! Dorm ka?

Keith: Si Kev ba hanap mo?

Me: Yup. Is here there?

Keith: Lumabas saglit e. Pabalik na siguro yun. Punta ka dito?

PUPUNTA NGA BA AKO?!

Me: Yup. Wait lang.

Keith: Yiheee! Di matiis oh!

Me: Eeww. May ibabalik lang ako sa kanya noh.

And I logged out. Kainis, mangaasar pa! Kinuha ko yung gift sabackpack ko. Aba, binalot ko pa to ng maayos ha! Yung pumps naman, binitbit ko na rin. Di keri ng utak ko na magkaron ng expensive shoes!

Dali-dali akong lumabas ng bahay namin, para maabutan ko si Kevin. Mga 2 houses pa lang ang nalalakad ko, I noticed someone on the other side of the road.

Creep, si Kevin!

Ako naman, natengga na dun. Hello, what am I supposed to do? Should I run? Should I talk to him?

ANOOOOOO?!

Tumalikod na lang ako sa kanya.

And the asshole laughed.

"Wow, ganyan ka pala bumati ng Happy New Year. Very original huh."

ANONG GAGAWIN KO!? "What are you doing here?" I said, still not facing him.

Lumapit sya sakin. "Naglalakad lang. Ikaw, san ka papunta?"

Anak ng jejemon! Baka makita nya yung regalo ko! Niyakap kong mabuti yung mga regalo. "Excuse me, this is our street. Masamang lumabas?"

"Oh, ano yang dala mo?" Shoot. Pumunta sya sa harap ko at inagaw yung paperbag.

"Wala yan!" inagaw ko ulit yung paperbag, pero nakuha nya ulit.

Binuklat nya yung paperbag, at nagulat sya nang makita yung sapatos. "Anong gagawin mo dito?! Regalo ko to sayo ah!"

"IBABALIK KO SAYO! HINDI BA OBVIOUS?!?"

"BAKIT MO IBABALIK SAKIN YAN!? IPAPASUOT MO SAKIN?!"

"E DI WAG IBALIK! ITATAPON KO NA LANG!" inabot ko ulit yung regalo pero niyakap nya.

"Siraulo ka rin noh?! 37,500 itatapon mo?!"

ANO ULIT, P37,500?! P*cha. Seriously? Bakas sa mukha ko yung shock. Akala ko nasa 25,000 lang to! Mas nakakahiya tuloy >.<

"Kaya nga ibabalik na sayo e. Ang mahal kasi! Sino bang matinong tao ang magreregalo ng ganyan aber!?"

"EH SINO BANG NAGSABI NA MATINO AKO HA?! Ewan ko nga kung bakit kita binili nyan. Napadaan lang ako sa Greenbelt e. Tapos itatapon mo lang? T*nga ka ba!? Kung ayaw mo nyan, wag mong ibalik sakin. Mas okay pa na itago mo yan kesa ibalik mo sakin. Mahiya ka naman, niregaluhan ka na nga e!"

AKO? STUNNED. I really don't know what to say! Intense naman nito!

"Speaking of, wala ba akong regalo?" tinignan ko sya bigla. Damn, he's smiling! Bakit sya nakangiti? Di ba dapat galit sya sakin dahil dun sa ginawa ko?

"Uhhh. Tignan mo yung box sa loob, t*nga. Di naghahanap."

Para syang bata na naghahanap ng candy sa jar! Bakit naman sya excited?! "Uy! Wag mo na dito buksan yan. Nakakahiya e, hindi yan mamahalin!"

Ay bwiset, di ako pinakinggan! Gora lang sya sa pagsira ng wrapper. "Ano to? Bomba?"

"Pwede rin. Joke lang! Sorry talaga kung yan lang. Wala na talaga akong mai-"

Di ko na natapos yung sinasabi ko. I stared at him, na super amazed sa Dawn of the Dead figures. Is he happy or what? Kainis!

"P-pano mo to nakuha?"

"Malamang binili ko. Sa Ebay ko nakuha yan. Last one. Good thing German yung buyer, nauto ko."

He laughed heartily. Shet, I missed that laugh! And sarap pakinggan! "Diskarte Queen ka talaga kahit kelan!" Halatang super amazed sya sa figures. Fan ako ng zombie films pero di naman aabot sa point na kinakausap ko na yung mga figures! Creepy much.

"Osha, una nako. Yan lang naman talaga ang pakay ko e. Una na ko, kay?" sabi ko sa kanya at naglakad nako pabalik ng bahay. Mga 2 steps pa lang ako nang hinila nya yung kamay ko.

"Wala ka man lang Thank You? Swapang talaga nito kahit kelan."

Bago pa ako makareply, he really pulled me closer to him. Yung right shoulder ko ay nakadikit na sa dibdib nya.

Good Lord!

"Thank you sa regalo. Hoy, honest ako dyan ha. I just can't use the pumps. Ang mahal kaya! Basta, thank you. And sorry, kasi yan lang regalo ko sayo. No match ang credit card ko sa credit card mo e!"

Kinurot nya ko sa braso. "Madrama ka. Imba nga tong figures e! Alam mo bang iniyakan ko to dati kasi naubusan ako nito? Haha. Galing."

"Nasan ang thank you ko? Nawala na?"

Uh oh. Bigla akong kinabahan sa tingin nya. Parang gwapong rapist na ewan! "Di ka naman atat sa Thank You noh?" at..

At...

Unti-unti nyang nilapit ang lips nya sa mukha ko.

Oh shet. Oh shet.

Is he going to kiss me?!

"Oh my gosh!" I heard someone gasped nearby. That sounded a very scandalized Sath.

"Sshhh Sath! Wag kang maingay! Baka marinig tayo!" AT KASAMA NYA ANG MAGALING NA BOYFRIEND. NICE ONE -__-

MALAPIT NA LUMAPAT EH! ONTI NA LANG TALAGA! I could feel his breath on my cheeks already!

Pero tumigil sya. And he whispered, "Looks like your thank you's kinda postponed. Next time na lang daw." At bumaling sya kina Jerro. "TOL PWEDE NA KAYONG LUMABAS DYAN SA LUNGGA NYO! Tapos na ang live show!"

Lumabas nga si Paolo. "Don't mind us here! Tuloy nyo lang yan!"

"Oo nga naman! We won't disturb you naman. Proceed!" - Amae.

"BWISET KAYO!!! Umayos nga kayo. Di kayo nakakatuwa!" sabi ko, "At ikaw naman Kevin, taking advantage ka! Pwede namang magThank you ng maayos diba?! Rape!"

"KAPAL NG MUKHA MO!! Rape!? Asa ka!"

"UUUUYYYY!!! Bati na sila!!! Hug naman dyan oh! Hug naman!!!"

Nagkatinginan kaming dalawa ni Kevin. Oh yeah, magkagalit nga pala kami!

"Oy, bati na ba tayo?" he asked me seriously.

"Bati? Sinong nagsabi na ayos na tayo?"

"JERSEY! WAG MO NANG PAIRALIN YANG KAARTEHAN MO!" sigaw nina Sath.

Nagtawanan kaming dalawa. "Eeehh kasi kasalanan mo e! Inaway mo ko e!"

Uminit ulo ko. "KASALANAN MO RIN KAYA! Selos ka lang e."

"MUKHA MO SELOS! Ako, selos? Sa gwapo kong to? Asa ka!"

"KAPAL NG MUKHA MO!"

*silence*

Nakakailang! Ano ba beautiful tooooooo!

Sya yung unang nagsalita. "Kainis, hindi kita matiis! Lika nga dito!" Hinigit nya ulit ako at.. Niyakap.

At niyakap.

Nang mahigpit.

At matutunaw nako!

Hiyawan sina Amae sa gilid namin. "KAMOWN!! Inom tayo! Let's celebrate!"

I broke the embrace. "Celebrate what?"

"Ano pa, e di ang reconciliation ng KevJe duo! Tara, I'll call Keith and KenJill!"

"KEVJE DUO?! Kelan pa nagkaron ng ganon!?" sabay naming reklamo ni Kevin. Mga kalokohan talaga e! Kainis.

"Matagal na kayang may ganon! Osha, pasok na sa loob! Kamownnnn!" sabi ni Sath na excited na pumasok ng bahay. Yeah, we have a weird set of friends.

Naiwan kaming dalawa ni Kevin sa kalsada. Buti na lang wala masyadong tao!

"Ano na, pasok na tayo! Ang lamig kaya dito," parinig nya.

"Tsss. Okay fine! Kahit kelan may pagka-Hitler ka rin noh!?"

He placed his arm on my shoulders. "Asa ka. Yan, bati na tayo ha?! Next time wag mo nang uulitin yung pang-aaway sakin!"

"AY KAPAL! Ikaw kaya nanguna!" sinamaan nya ko ng tingin. "Sige na, ako na ang magpapahumble sating dalawa. Kahiya naman e."

Naglakad na kami papunta sa bahay na nakaakbay sya sakin. Okay na kaya kami?! Pano na si Paul at yung deal namin? Heck, 2 weeks na lang before the Homecoming. So it means 2 weeks ko pa sya makakasama. Drat :@

Teka, ano kayang nangyari kay Kevin at Maxene? Tanong ko kaya? Naaah. Never mind. Natatakot ako, baka kasi sila na. Please po wag!!! Di ko keri yun!

Kung irerate ko ngayon ang feelings ko for Paul and Kevin, mas lamang pa rin si Paul. Darn, bakit pa sya yung lamang?! Dahil ba kay Max!?

Shut up, Jersey. Love makes you think so much.

Next week, Saturday..

(Paolo's POV)

Akala nyo okay na noh!? Ha, hindi pa rin masyado. Akala rin namin aayos na e!

What I mean is, may epal pa rin sa story ng KevJe duo. Yep, Paul's still in the picture. Syempre, inaayos nila ni Jersey yung Homecoming ngayong Saturday. Kaya palaging magkasama yung dalawa. Topak din ni Jersey ngayon noh?! Parang last week lang yung reconciliation nila. Haaaayy, panira talaga!

Teka, ano kaya magandang strategy para magbati na lalo yung dalawa at magkadevelopan na? Haha ;D

AYUN! Tawagan ko kaya si Kevin?!

*calls Kevin*

K: Hello?

P: Kev! May gagawin ka mamaya?

K: Panong mamaya? Wait.. Wala naman. Bakit?

K: Available ka naman ng 7PM right? Pwede favor?

K: Ano yun?

P: Si Jersey kasi, nahihiya magtanong kung pwede ka raw nyang maging 'date' mamaya.

K: Eh nasan si Paul?

P: Busy si Paul later kaya di nya masusundo si Je.

K: Okay okay. What time ko raw sya susunduin?

P: Around 6:30 siguro. Formal pala yung attire, coat and tie.

K: Sige, punta ako.

P: Salamat bro! Bye!

**EVIL GRIN**

HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!!! Naniwala naman siya sakin! Hindi naman talaga kailangan ni Jersey ng date tonight. Ang talino ko talaga!

Sana after this night, mawala na si Paul sa picture.

(Jersey's POV)

Crap, I'm really really nervous! Di ko nga alam kung bakit e. Kanina pa ako nag-aayos dito, pero ayaw maalis ng kaba. Darn!

Isa pa tong si Paul, kahapon pa di nagrereply sakin. Kainis! After ng final meeting namin yesterday hindi ko na sya nakausap. Tinadtad ko na nga ng text pero wala pa rin!

What's happening to him?

Yes, I look so gorgeous tonight. Haha! Kapal e. An kyut ng dress ko, color black :D Gamitin ko kaya yung bigay ni Kevin? Suuss, nevermind! Baka masira pa yung P37500 noh!

Around 6:30 daw ako susunduin ni Paolo dito sa bahay, then si Kat naman. Nasan na sya? Malapit na ngang mag 6:30 o! Never pang nalate yun sa pagsundo sakin!!

**door bell rings**

Yan na! Sakto lang si Pao! Dali-dali akong bumaba sa may living room para buksan yung pinto.

"Hay nako Paolo Inciong, kahit kelan talaga cliffhanger ka!!! Kainis to, di man lang nagte-"

TRIPLE CRAP. NASA TAMANG BAHAY NAMAN AKO, RIGHT? WALA NAMAN SIGURO AKO SA TWILIGH ZONE??

Pagbukas ko ng pinto, hindi si Pao ang tumambad sakin.

Si Kevin.

Si Kevin na naka maroon long sleeves, coat and slacks.

Damn, gwapo! Ako naman, gulat.

"A-anong ginagawa mo dito!?" sabi ko sa kanya.

Naguluhan sya sa sinabi ko. "H-ha? I'm your date, remember?"

HE'S MY WHAT?!?!

## CHAPTER 22.5

(Kevin's POV)

"You're my what?!" tanong ni Jersey sakin, na medyo gulat.

"Hoy, wag mo kong Englisin dyan ha. I'm your date tonight diba? Sabi ni Paolo." Akala ko matatandaan nya, but she looked at me helplessly. "Sabi mo raw, wala si Paul kaya you needed a date. That's why I'm here."

"Wala naman akong sinabing ganun ah! Tsaka hindi naman namin kailangan ng date! Ano to, JS Prom?"

Ay p*cha! Talaga tong si Paolo! Lahat gagawin para magkausap kami ni Jersey! "Eh kung ayaw mo, okay lang. I brought my car naman so I could go home no-"

She sighed. "Sige na nga, lika na! Mukhang di naman ako susunduin ni Paolo dito. That creep! And.. Paul's not replying to my texts e," nainis ako sa worried expression ng mukha nya. So what kung di nagrereply yung balahurang yon?! Nakngteteng e!

Pumasok sya saglit sa bahay nila para kunin yung bag at dSLR nya. Hayy! Ano kayang mangyayari mamaya?

"Nice car!" sabi nya nang pumasok na kami sa kotse ko.

"Syempre, nice yung may ari!"

She gave me a deadpanned look. "KROOO.. KROOO.. KROOO.."

The car drive to Bellevue was very silent. Ewanko lang ah, pero ganun ba talaga kayong mag-alala pag di nirereplayan ng boyfriend?! Pambihira.

Ay, sila nga ba talaga ni Paul? O ako lang yun? Putek sana hindi.

Siguro after 15 minutes nasa Bellevue na kami. Bago bumaba ng kotse, may sinabi sakin si Jersey.

"Kevin.. Uhh.."

and she ended up staring at me.

"OA ka. Alam kong gwapo ako but please, don't stare at me. Tinatakot mo ko!"

"Tss. Here it goes. You're my chaperone tonight, right? Uhh.. Pwede bang pag dumating si Paul, can you.. You know.. step aside? Kung okay lang sayo."

T@nga ba to? As much as I want to be with her, hindi ko naman kayang maging third wheel sa kanila. Eto ang problema, hindi ko sya matiis. "Yun lang ba? Sure, okay lang! Anything for you, Devil Woman! And besides, feel ko marami namang chicks dyan sa loob. Let's go!"

"As if naman papayag ako na landiin mo batchmates ko!" she laughed. "Lika na nga!"

I offered my arm to her, ala Prince Charming... este proxy Prince Charming. Mamaya pa kasi dadating yung totoong Prince Charming na gustung-gusto ko nang palitan.

P*cha, ano ba tong pinagsasabi ko!?

"Hoy, be formal ha. Don't be such an ass, okay?" paalala nya habang papasok kami ng hotel.

"Bah, swerte nga ng batchmates mo e! May clown na sila, gwapo pa! By the way, mukha kang tao ngayon."

She punched my arm thrice. "Gagi. Why can't you just say it outright? Matagal nakong maganda."

"Kapal ng mukha nito! Bahala ka nga dyan!"

Pagdating namin sa ballroom entrance, may mga natinginan samin. I know na hindi nila ako schoolmate pero bakit parang iba yung ambiance?!

"Oh gosh Jersey! How are you na?!"bati nung isang girl na naka light blue cocktail dress sa may registration.

"Anne! I'm good! Tagal na nating di nagkita ah. Kamusta Mapua?"

"Patayan syempre, pero what the heck. Lahat gagawin ko para maging architect! Life long dream namin ni Amae ang tandem diba?" napatingin sya sakin. "Hey! He's the guy on FB right? Ang famous 'partner' mo?"

I looked at Jersey. "Yup. Kevin, si Anne pala. Student Council Treasurer and classmate ko. Anne, si Kevin. Blockmate ko."

We shook hands. "So ikaw pala ang partner ni Jey. I've heard a lot about you."

"Sus Kevin, wag mong pansinin yan! Where's Sath and the gang?"

"Nasa table nyo na. Sige, gotta go. May pinapaayos pa si Sir Patiño e!"

Nang nakaalis na si Anne, ginisa ko si Jersey. "She said she heard a lot about me. Anong pinagsasabi mo dun?"

"T@nga ka ba? Ngayon nga lang ulit nagkita e! Sina Amae siguro nagkwento sa kanya. And besides, bakit naman ako magkukwento ng tungkol sayo?"

"Kunwari pa! Sus, if I know.." kinurot nya braso ko. "Aray! Sige na, titigil na!"

Naabutan namin sina Amae na nagpipicturan sa table. "Nice Kev! Buti naman nakarating ka!"

"MIGUEL PAOLO ESTEVEZ INCIONG LAGOT KA SAKIN AFTER NITO!!!" sigaw ni Jersey.

Si Jerro naman, nagulat kung bakit ako kasama ni Jersey. "Promise tol," sabi ko sa kanya, "Long story."

Hindi naman mapakali si Jersey sa upuan nya. Palaging tumitingin sa entrance, nagchecheck ng phone. Napansin din to ni Sath. "Je, what's wrong?"

"Si Paul kasi hindi nagrereply. May kailangan pa kaming i-finalize na AVP." Tumahimik si Jerro, sina Paolo naman nagtinginan.

"Hinahanap nga pala sya ni Mr. Pats, yun nga sa AVP," sagot ni Amae. "Speaking of, hinahanap ka nga pala ni Mr. Hilario. Yung utang mo raw sa kanya."

Jersey stood up and looked at me. "Uy, samahan mo naman ako kay Sir please? Saglit lang." ANO PA BANG MAGAGAWA KO!?

Isa sa mga bagay na narealize ko: mabait talaga tong si Jersey. Ang dami nyang friends, kahit dun pa sa mga kabatch ng dalawang kuya nya. Halos lahat ata ng madadaanan naming table may kakilala sya e!

Pumunta kami sa may stage, malapit sa may sound syste, booth. "LOUGENE!!!" tawag nya dun sa lalaking nakagreen long sleeves. Lumingon naman yung teacher nya, nakasmile.

"Kahit kelan bastos ka pa rin Ms. Santiago! Kamusta?" niyakap nya si Jersey.

"As usual maganda pa rin! Keber na keber lang!"

Napansin na rin ako nung teacher. "O, eto na pala boyfriend mo ngayon? Nako, ang malas mo sa girlfriend mo. Ang daming kalokohan nyan.. makipagbreak ka na!"

Nginitian ko lang si Mr. Hilario. "Hoy Lougene!" depensa ni Jersey na parang nahihiya na, "He's not my boyfriend. Malisyoso ka talaga! Cher, si Kevin, blockmate ko. Kev, si Louge, our Math teacher. Wala akong natutunan sa kanya."

Tinitigan nya kami ulit ni Je. "Seryoso, hindi kayo?"

"HINDI NGA SABI E!!"

"Sorry ha, nagtatanong lang. Para kasing kayo e!" Pang-ilan na to? Kung babayaran lang nila ako ng 1k sa bawat sabi na bagay kami ni Jersey, aba okay lang! :D

"Che! Ewan ko sayo! Teka, ano nga pala yung ipapagawa mo sakin?! Joke lang ba yun?"

"Pakikuha yung cuecards kay Arlene, please?!"

Iniwan namin si Mr. H para kunin yung cuecards. Tinatawanan na lang namin ni Jersey yang mga "Kayo ba?" statements na yan. Psh, kadiri kaya! Kami ni Jersey? No thanks!

"Ikaw, lumayo-layo ka nga sakin! Napagkakamalan tayo e!" bulong nya sakin pabalik sa may sound system.

"Aba, ikaw na noh. Ikaw kaya unang dumikit sakin! Kapal mo rin noh?!" Bigla na lang syang napatigil sa paglalakad, at naptulala. Kaya pala, dumating na si Paul, kausap ni Mr. H. Okaaay, so I need to "step aside and find chicks" na.

P*cha, ang bilis ng pangyayari. Dumating si Krissy. Teka, bakit sya nandito?!

"Nga pala cher, si Krissy," sabi ni Paul habang pinalibot nya yung braso nya sa bewang,"Girlfriend ko."

Narinig ko na lang na may nahulog na papel sa tabi ko.

(Jersey's POV)

"P*ta, sorry!" sigaw ko nang di sinasadya. Lumingon tuloy sakin sina Louge at Paul. I crouched and tried to pick up the cuecards. Bakit ganon parang.. parang ang bigat nung cuecards? Mas mabigat pa ata to sa isang litrong Coke e! Ba't bumigat???

Si Kevin, nakipulot na rin. "Ako na," utos ko sa kanya at pilit na inaagaw ang cards. He looked at me hesistantly, then surrendered the papers.

Lumapit ako kina Lougene. "Oh cher, eto na ha. Sabi ni Mam Arlene wag raw gusutin. Seeya later!" Paul looked.. confused. May gusto ata syang sabihin pero di nya nagawa.

Ano bang magandang gawin dito? Magwalk out? Magdrama?

Lumabas na lang ako sa ballroom at pumunta sa parking lot. Shet, mukha akong lasing dito. Shet, what's happening to me?!

Sa kotse ni Kevin ako pumunta, buti na lang nasa purse ko yung susi. "Bwiset! Ba't ayaw mo bumukas ha?! Damn you! Just open up!!" Pinagsisipa ko yung gulong ng sasakyam hanggang sa nanakit na yung right foot ko. Bumagsak ako sa kalsada sa sobrang sakit.

"Jersey!" I heard Kevin whispered audibly behind me. "Get up. Cmon."

"Know what? I'm hurt. Di ko alam kung bakit. Is it because I kicked your car or.. Shit ass. Takte, sayang tong Jimmy Choo ko! I just bought this kanina. 8k, ginamit lang para sipain kotse mo. P*ta."

"Tumayo ka na dyan. Magsisi-"

"Ang sakit pala nung ganun. Mas masakit kesa nung sinabi nya na 'Break na tayo, lalaki kasi ako.' T@ngina ang sakit! Iba na pala pag harapan na e. Why is this happening to me? Do I even deserve this? Mabait naman ako! Di naman ako gumanti nung nagbreak kami e. Ba't sya ganun?!"

"We'll deal with this later, okay? Now get up." Hiniwakan nya ang kamay ko at hinala ako patayo. Na out of balance ako kaya I landed on his chest. He hugged me. Ang sarap ng feeling nung pagbagsak ko sa dibdib nya, medyo nawala yung sakit.

"Wag kang iiyak, Devil Woman. Palipasin mo muna tong homecoming."

"Tsss. Bahala na. Basta hindi ako iiyak."

Tapos na ang Lupang Hinirang nang pumasok kami. Medyo mabagal na kong maglakad dahil dun sa pagsipa ko sa kotse. I pretended that nothing happened. Todo smile, tawa nang tawa. Thank you Lord for giving me great acting skills! Pati sina Jerro di napansin ang nangyari.

Natuto nakong maging manhid kay Paul.

I could hear the two of them laughing kahit 5 tables ang layo nila samin. T@ngina, nagawa pang tumawa! Sarap ingudngud ng mukha sa kanal!

In fairness, Kevin's kinda concerned for me this time. Inaalalayan nya ko ngayon. Freak, kung nangyari pa to dati nung crush ko pa sya, lalo akong maiinlove sa kanya.

Sa gitna ng ceremony, kinausap nya ko. "Suntukin ko, gusto mo?"

"Just don't hit him. Ako na bahala." Pero sa totoo lang, di ko alam kung anong gagawin ko.

Mga 11pm na nang matapos ang Homecoming. May after party pa ang organizers (kasama kami ni Paul) pero di ako sumama. Sabi ko masakit ang ulo ko na totoo naman. Ulo nga ba o puso?

Nauna nang umalis sina Paolo kesa samin. Sinadya ko talagang magpahuli, kasi alam kong susundan ako ni Paul.

"Tara," sabi sakin ni Kevin nang malapit na kami sa kotse nua, "Let's go."

Then a guy came to us. The asshole.

"Jersey."

Buti na lang nakatalikod ako nun, kung di baka naiyak nako. I gathered all my strength and tried to flash an almost authentic smile.

"Anything?"

He fumbled through his words. "About kanina.."

"Look, you don't have to explain anything. Action speaks louder than words naman talaga e. Okay na yun. Goodbye."

"Wait, let me explain. Just this once."

"G@go. Ayoko nang makarinig ng kung ano galing sayo!" Pumasok nako sa loob ng kotse ni Kevin, pero lumabas din agad ako. "Question: Bakit?"

I saw fear on his handsome face. "T@ngina naman Paul! Bakit lang tanong ko, hindi Calculus problem!"

"I'm sorry, Jersey."

That's where my tears started to fall.

"Sorry? Sorry lang? Aba'y g@go ka pala talaga! Umay na umay nako sa sorry na yan. Ano ako, sugat tapos ginawa mong band-aid ang sorry? F*ck Paul! Ni hindi ko nga alam kung anong gagawin ko e! Kung okay lang ba sakin o sasampalin kita. Ang sakit kaya nito-"

"I was wrong. I thought na pag nakipagbalikan ako sayo, magiging okay na lahat. Hindi na magagalit sakin si Jerro, magiging masaya na tayo ulit. Je, mahal pa rin naman kita e. Hindi naman nagbago yun."

"P*ta, kung ganyan ka magmahal, wag na lang! So, ginamit mo lang ako para magkaayos kayo ni Jerro? Tapos you think na sasaya ulti tayo after that? Pathetic. Do you think that all of us will be okay after this? Shet Paul, newflash: ang bobo mo. Nilandi mo ko, tas ako si tanga nagpalandi naman sa may girlfriend. Alam mo.. akala ko totoo e. Na serious ka sa pakikipagbalikan sakin. Nag-away pa kami nina Kevin at barkada dahil dito. And sina Kuya, pinaniwala mo! Ano ba, kasalanan mo to e. Kung di mo sinabi yun kay Kuya e di sana wala nang gaguhan na ganito. They told me to stay away from you, but I didn't listen. Bakit? Kasi mahal kita. Di pa ko completely na nakakamove on sayo p*cha! I did everything just to forget about you. Pero masisira lang ng isang Starbucks frappe ang lahat ng pinaghirapan ko!"

Di sya nakapagsalita. Hinanap ko si Kevin, nasa loob pala sya ng kotse, naghihintay.

"Paul, seriously. Do you still love me?"

"Jersey. Mahal kita.. pero.."

Natawa ako bigla. "Shet, ano to, Pano Na Kaya?! Ikaw si Bogs tas ako si Mae? Freak, you're no Gerald Anderson! Kahit sa pagpapaliwanag, sablay ka parin!"

"I love you Jersey! Pero hindi ko pwedeng iwan ngayon si Krissy. She's bulimic, and I promised to help her to survive this. I just can't leave her hanging like this!"

"Wow, diba Engineering ka? May Bulimia Engineering pala?" I said sarcastically.

"Hindi mo talaga maii-"

"I know, coz I'm not smart like you. Whatever. Pero hindi mo ba narealize, nasaktan mo si Krissy dito? Na nasaktan mo kami pareho dito? Ang selfish selfish mo kasi! Kaya pati kami dinadamay mo!"

"But I never promised you anything! Ano bang kinagagalit mo? Look, I'm really really sorry. I just can't continue this. Dapat kakausapin kita kahapon kaso may check-up si Krissy."

"Oo nga, wala ka ngang pinangako sakin. Pero pinaasa mo ko, gago. Gosh, bakit bako mura nang mura!? This is all your fault Paul. Sige nga, pano ko ipapaliwanag kina Mama yung nangyari? Sasabihin ko bang 'Ay Ma, joke lang pala yung samin ni Paul. He was fooling around pala. May girlfriend syang bulimic, tas akaya sya kunwaring nakipagbalikan para maging okay sila ni Jerro. Wag na kayong umasa saming dalawa, okay?' GANON BA GUSTO MO!? SA TANANG BUHAY KO NGAYON LANG AKO NAGALIT NANG GANITO. MAS MALALA PA TO KESA NUNG GRADUATION PAUL! Hindi kita mapapatawad!"

Ano bang tear ducts to, todo produce ng luha! Sabi ko di ako iiyak. Hindi ako iiyak. Hindi. Heto naman, iniiyakan ko si Paul.

Tinignan ko sya, at wow. Lumuhod pa ang loko sa harap ko while crying! Piolo Pascual nakngteteng!

"Jersey, marami nakong atraso sa-"

"Buti naman alam mo!"

"Kaya nga ako nagsosorry. Sorry sa lahat. Hindi ko sinasadya. I was never good to you. I'm sorry."

"Tumayo ka nga dyan Paul. Mukha kang tanga. Tama na drama, okay na ko," naglakad ako pabalik sa kotse ni Kevin. I don't want to look back. Please.

Binuksan ni Kevin yung pinto. "Okay ka na?"

I tried to smile. "Barely. Let's go."

Isasarado ko na sana yung pinto nang iharang ni Paul yung kamay nya. "Wait. Can we talk about this next time?"

Pare, iuuwi ko na to. Tama na yung stress na ginawa mo sa kanya today," extra ni Kevin. Uh oh. Gulo na naman ata to.

Paul looked at me intently. Hindi na ko magpapaloko pa sa mga mata nya. "Kevin's right. Masyado ka naman atang insensitive noh? Please, we have to go."

"Jerse-"

"Just remember one thing, Paul. Hindi ako magiging unfair sayo, kahit naging unfair ka sakin."Inalis na rin nya yung kamay nya and we went away.

Tahimik lang kami ni Kevin for 5 minutes. Until..

"Kevin," I said.

"Ano? Starbucks tayo?"

"No. Drive me away coz tonight just feels right. Take me away with you tonight, anywhere with you."**

Hindi na sya sumagot. Instead, he held my hand and squeezed it gently.

## Chapter 23

(Kevin's POV)

*Drive me away 'coz tonight just feels right*
*Take me away with you tonight*
*Anywhere with you*
*Anywhere with you*

Nakatulog si Jersey habang nasa byahe kami. Hindi ko alam kung anong gagawin sa situation na to. Naaawa ako na nagagalit. Bakit ba ako sobrang apektado? Haaayy.

Saan ko ba sya dadalhin? Kinilabutan ako dun sa sinabi nya kanina: Take me away with you tonight. Anywhere with you. She really needs me now. Ano bang magagawa ko?

After almost an hour, dumating na rin kami sa destination namin. Sarap pa ng tulog nya.

"Oy Devil Woman! Hoy!" kinurot ko yung balikat nya. "Gising na!"

"Anoo ba. Mamaya na!" tumalikod pa sya sakin.

"HOY! ANO BA! ITATAPON KITA SIGE!!!"

"E DI ITAPON MO!!!"

"Ang arte mo oy, suicidal ka! Kapal nito. Gising na! We're here."

"Nasan na tayo?" bigla syang humarap sa akin. "San mo ko dinala?"

Tinignan ko lang sya at lumabas nako ng sasakyan. Hah, bahala sya! Pumunta ako sa likuran para kunin yung binili ko kanina.

Saan ko ba sya dinala? Nasa Los Baños kami, at dinala ko sya sa University Library. Sorry naman! Wala na talaga akong mapagdalhan sa kanya e, tsaka mas tahimik dito. Ako na cheap at di romantic!

As expected, sinundan nya ko sa likuran. "Bakit mo ko dinala sa library?!"

"Sabi mo anywhere e, ayan! Eto ang anywhere ko! Reklamo pa e."

Nilabas ko yung box na may laman na Red Horse at Tanduay Ice. "O, kuha ka. Libre ko yan."

She smiled. "Wow, kilalang-kilala mo na ata ako ah! Thanks!" Sinilip nya yung laman ng hood ko. "Hey, can I borrow your guitar?"

Inabot ko naman sa kanya. "Paki-ingatan please? Ibañez yan!"

"Ay talaga?" nilabas nya yung gitara sa case at kunwaring ihahampas sa poste.

"JERSEY NAMAN! WALANG GANYANAN! KUNG GALIT KA AKO NA LANG SAPAKIN MO!!! WAG YAN!!!"

Tumawa nang malakas si Jersey. "Grabe ka! Alam mo yung joke? :D Haha! Lika na nga! Dun na tayo sa lib!"

Umupo lang kami dun at uminom ng beer. Hindi nag-uusap. Sya naman, nagigitara pero walang mabuong kanta.

"O Kevin, bakit natahimik ka dyan?! Lasing na?"

"Lul! Di pa ah. Nag-iisip ako."

"Ay wait! Listen to my song. Ha? Ha???"

*Niyaya mo ako mamasyal sa labas*
*Ang sabi mo kasi, kailangan mo ng kasama*
*Sumama naman ako*
*Kasi ex kita, hindi ba?*
*Kung sabagay gusto ko na ring magka-alam mo na.*

*Pagkatapos kumain tayo sa Calamba*
*Kwentuhan tulad nung tayo pa*
*Nung tayo pa*
*May feelings ka pa pala sa akin*
*Kasi ayaw mong mawala ako.*

*Mahal ka ba nya talaga?*
*Mahal ka ba nya talaga?*

*Inaliw kita*
*Tawa ka pa nga nang tawa*
*Ang sabi mo, wag kitang iwan*

*Ayaw mong mag-isa*

*Okay lang sa'kin*
*Abutin man ng umaga*
*Lahat ay gagawin para ka lang mapasaya.*

*Mahal ka ba nya talaga?*
*Mahal mo ba talaga sya?*

*Ako, mahal kita.*
*Mahal kita. Mahal kita.*
*Mahal na mahal.*
*T@ngina, mahal na mahal.*

*Mahal na mahal.*

"BWISET NA BUHAY TOOOOO!!! PAUL NAMAN ANG G@GO MO!!! SHET!!" dun na sya nagsimulang humagulgol. Niyakap pa nya yung gitara ko. Anong gagawin ko?!

"Intense grabe. Ang t@nga ko noh? Sa tingin mo sinong mas t@nga saming dalawa, Kev? Ha? Yung totoo! YUNG TOTOO!!!"

Iniwas ko yung tingin ko sa kanya. I don't want to see her like this. Mas naaawa tuloy ako sa kanya. In an instant, hinila ko sya papalapit sa akin at niyakap. Dun sya mas naiyak.

"Sssshhh. Tigil na Je. Tapos na e, tanggapin mo na lang yun."

"A-akala mo madali!? HA!? Tae Kev, ang sakit. Ewan ko kung bakit ako ganito maka-react. Niloko ako e! Teka hindi ko naman sya boyfriend diba? Sya lang naman nagsabi nun kina Kuya! Alam mo.. haaay! P*cha kapagod!"

"Di ba sinabi ko yan sayo? Ang yelo pag natunaw, pwedeng maging yelo ulit. Pero sa case nyo, naging ice tubig ata kayo. Half ice, half tubig."

"So here's the part you'll shout I TOLD YOU SO right? Cmon, do it! Okay lang sakin, promise. Won't even budge."

Hinigpitan ko yakap ko sa kanya. "ANG TANGA-TANGA MO KASI. ANG TANGA MO JERSEY BENITEZ SANTIAGO. ANG TANGA TANGA. Hindi ako magsasawang isigaw sayo yan hangga't di ka nagtatanda! TANGA TANGA TANGA TANGA TAN-"

"OO NA AKO NA TANGA! NAGSALITA ANG HINDI TANGA AH!!!"

"Ako, tanga? Kelan pa?"

"Lul! Yung kay Maxene! Teka, anong nangyari nung Christmas sa inyo? Spill!"

Bigla kong natandaan yung nangyari sa Germany. Tcsh. "Sus, wala yun. Pasko lang naman, no big deal."

Jersey looked at me suspiciously. "Talaga lang ha? Hmmm. Don't tell me kayo na ni Maxene? Huuy! Spill na oy!"

"Secret! Hindi kami ni Maxene, tomadora. Ano ba, ikaw tong may problema dito ah!"

"Tch. Ano ba yan, ang malas natin parehas sa love life. Nakakainis! Pero at least hindi lang ako ang Forever Alone dito. Diba?" At nagawa pa nyang mang-asar!

"Siguro kaya tayo pinagsama kasi parehas tayo ng fate. Ay leche, ano ba tong pinagsasabi ko!!"

"So, tayo na?" seryoso nyang sabi.

Nanlaki naman yung mga mata ko. "HOY JERSEY UMAYOS KA NGA DYAN. LASING KA NA ATA E!!"

"No, asshole. I'm dead serious here. Sayo na rin nanggaling e! Kaya tayo pinagsama kasi parehes tayo ng fate. Don't you get the logic? We're here to fill each other's empty spaces. Malay mo, meant to be tayo? Ayt? Ano, tayo na?"

"Nasisiraan ka na ba?!" inalis ko yung pagkakayakap ko sa kanya.

"Hindi nga! Seryoso ako dito! Duh, are you blind? Here, look at me!" tumayo pa sya sa harap ko para magmodel. "I'm 36-27-36! I could speak 8 languages, wala pang Philippine dialects! I could act, dance and sing! Matalino ako, hindi nga lang gaano sa Math. I'm the ideal girl. Ano pang ayaw mo sakin!?"

Napanganga lang ako sa pinagsasabi nya. Nako, baliw na ata to. "Jersey, ayos ka lang ba talaga!?"

"Leche, oo naman! Hoy, seryoso ako. Tayo na lang, ano?"

"Look. Sige, ikaw na ang ideal girl. Maganda ka, sexy, matalino. Pero you know me, Jersey. And.. friends lang tayo okay? Ayokong isipin nila na nag-aadvantage ako sayo. Tsaka ano ba, lasing ka naman ata e!"

Halata sa mukha nya yung lungkot, at umiyak sya. "Oh gosh. I can't believe it. Two rejections in one night! Panget na ba ako? Wala na ba ang sex appeal ko!? CRAP." Umupo sya sa sahig at tumungo. Leche, umiyak na sya dun!?

"Hey," nilapitan ko na sya. "I didn't mean to say those things. It's just that it's best for us to be just friends. Friends lang, kasi mas masaya pag ganun. Ano ba quit crying!"

Yung iyak nya ay napalitan ng malakas na tawa. "HAHAHAHAHAHAHA! Shet, sorry Kevin! Sorry talaga di ko mapigilang tawanan ka!!! HAHAHAH!! Putek ang benta sakin ng facial expression mo!! HAHAHAHAH!!!"

"H-ha? Ano?"

"Gagi, joke lang yung pinagsasabi ko sayo! Hahaha! :D Grabe, priceless itsura mo Kev! Intense! Hahahah!:D"

Para akong nirape nun ah! I'm so stunned! Sa lahat ba naman kasi ng pantitrip, ganun pa yung ginawa nya! KAINIS!!

"Hoy! Tae, wagas na tong tawa ko!!! Move on naman dyan Kevin oh! Di ako seryoso dun sa sinabi ko ha! I just want to see your reaction! Hahahaha!:D SUCCESSFUL!!! Tsaka duh, ano berr. Sa tingin mo ganun ako kadesperada? Joke. Friends, right?"

"Ganito na pala ang magkaibigan. Salamat sa friendship ha!"

"Uyy! Galit na sya oh! Sorry na! Tara, sayang beer! Inom tayo!"

Ayun nga, nagkwentuhan na lang kami. Pero di ko talaga kinaya yun ha! Nanlamig ako sa sinabi nya. Akala ko totoo e! Bakit naman ako nag-aassume na totoo yun? Bwiset.

Mga 4am na nang matapos kami sa kwentuhan. At in the end, lasing si Jersey. Hindi na makausap nang matino.

"Kaya mo pa bang maglakad?" tanong ko sa kanya.

"Shhh..Wag ka maingaaaay! Baka may tanod dyan!"

"Gagi, ikaw ang maingay! Lika na nga, sakay ka sa likod ko."

"Ayaw."

Wala rin naman syang nagawa kasi kinuha ko yung heels nya. Aba, hindi nya gamit yung heels na bigay ko ah! "Oy. Bakit di mo gamit yung regalo ko sayo?"

"H-ha? Susss. Bakit, gusto mo ba yon yung pinangsipa ko sa kotse mo!? Ay loko. Hahahaha! :DDD"

Binaba ko sya sa likod ko. Hanep, ang gaan naman nya! Kung anu-ano pa yung pinagsasabi nya sakin nun.

"Kasi Kevin.. kasalanan mo to e."

"Ha!? Anong kasalanan ko!?"

"Kasii.. kasi.. Wait ibaba mo ko. I'm gonna throw up!" Binaba ko naman agad sya. Halos 2 minutes ata syang sumuka. Sayang pera!

"Eto talaga, pramis to." sabi nya nung nasa loob na kami ng kotse. "Di muna ako maghahanap ng boyfriend ngayong college. Promise yan! Mag-aaral muna akoo! Haaaa? Kaya Kevin, wala kang pag-asa sakin! Joke laaaaang ."

Tulog na naman sya nung pabalik na kami ng Muntinlupa. Haaay. Grabe, sana okay na sya. January 30 na pala ngayon! Ano ba yan -___-

## Chapter 23.5

2 WEEKS LATER. FEBRUARY 14. VALENTINES' DAY.

(Jersey's POV)

2 weeks na rin ang nakalipas after nung Homecoming. In fairness, medyo okay na rin ako. Buti na lang di ko nakikita si Paul sa campus! Baka naupakan na ni Kevin yun.

So, it's February 14 today. Valentines Day. Eewww. Para kina Sath and Jerro, masaya tong araw na to. Samin ni Amae, Happy Single Awareness Day. Kay Paolo? Official Forever Alone Day to for him :D

Tradition na sa UPLB ang magkaron ng Feb Fair. Syempre, eto na yung ang madaming booth, pwedeng mag-inuman sa university grounds at ang daming concert! KAMOWWWN! :D

Ay, nasabi ba namin sa inyo ni Kevin na may org kami? Actually, dalawa yung org namin ni Kevin. After naming magChampion sa Debate nung first sem, kinuha kami ng UPLB Parliament Debate Society. Tapos this sem naman, sumali kami sa Photographers' Society. Oh diba diba?

So it means may booth kami ngayon sa fair. At ang Parl ay may color coding today: color white.

Kaya laki ng asar ko nang nawawala ang white shirt ko sa cabinet.

"AMAAAAAAEEEEEEEE! SAMANTHAAAAAAA! PUMUNTA KAYO DITOO!!!" sigaw ko sa kanila. Dali-dali naman silang sumunod.

"Hoy iskandalosa ka! Bakit?" sigaw rin ni Sath na nagsusuklay.

"Nasan yung white shirt ko dito sa cabinet?!"

Nagkatinginan silang dalawa. "Anong white shirt!?"

"Yung white shirt ko!! Yung binili ko sa Artwork, may Piccolo na design!"

Amae shook her head. "Patay."

"ANONG PATAY!?!"

"Look!" extra ni Sath. "Don't get mad okay? I wore it yesterday! Di ko naman alam na gagamitin mo e!"

"SAMANTHA NAMAN! Ano baaaa! Di ka man lang nagtext na hihiramin mo! Anong gagamitin ko ngayon?! Malelate nako e!

Pumunta sya sa cabinet nya at may kinuhang white shirt. "Eto ho madam, yan muna. Don't worry, lalabhan ko na yung tshirt mo."

Sinuot ko na yung tshirt. "Sige na sige na! 15 minutes na lang late nako!! Bye na nga!"

(Kevin's POV)

"Nandito lang yun ah! Nasan na yun!?" sabi ko habang hinahalungkat ko yung cabinet ko. Shet nasan na ba yun!? Kagabi dito ko lang nilapag yun ah! Nawawala yung white shirt ko!!

Saktong pumasok si Keith sa kwarto. "Wow, ang gulo ng gamit mo ah!!"

"Nakita mo yung puting tshirt ko?"

"Ha? Yung nilagay mo dyan kagabi? Di ba nandyan lang yun?"

"Bigla nang nawala e! Malelate nako!!"

Hinagisan ako ni Keith ng tshirt. "Yan muna isuot mo Kev. Don't worry, kasya sayo yan."

"Salamat Keith! Ibabalik ko na lang to sayo mamaya!" sabi ko at lumabas nako ng dorm. That's really odd. Nandun lang naman yung tshirt ko e! Bwiset.

Pagdating ko sa Freedom Park, nandun na yung orgmates ko at si Jersey. "Uy! Muntik ka na malate ha!" bati sakin ni Kuya James, President ng org namin.

"Naghanap pa ko ng white shirt e! Sorry Kuya :)"

Tinawag kami ng isa naming orgmate for a picture. Since magkabatch kami ni Jersey, kami ang magkatabi.

"3 minutes na lang late ka na ah!" asar nya sakin.

"Tch. Yabang nito. Mukhang late ka rin ah!"

"Jersey!" sigaw nung orgmate namin. "Usog ka pa nang onti. Yan okay na!"

"Whatever. Mamaya ka na nga mang-asar dyan!"

After maayos yung mga pwesto namin, nagsimula na ang picture taking.

"OKay! One! Tw-" natigilan si Ateng nagpipicture. "Wow, ang cute naman!!!"

"May iniimply ka ba dyan ha?"

"Lika, date tayo!" yaya ko sa kanya.

"Are you crazy!? Baka mas asarin nila tayo nyan!"

"Di ka pa ba sanay? 2 sems na nila tayong inaasar Je. Cmon, Friendly Valentines' Date lang to. Ano?"

Bigla syang ngumiti nang nakakaloko. "Date ba? Fine by me. Pero ako muna magsasabi ng una nating pupuntahan, okay?"

"Sige, san tayo?"

"Dun oh. Sakay tayo!" Tinuro nya yung ferris wheel.

Napalunok ako. Dalawa ang pinaka ayaw kong rides: ferris wheel at Flying Fiesta. Crap. "Kumain na lang muna tayo okay?"

"Ay ayaw ko. Di ba Friendly VDate to? Sakay muna tayo dyan. Please?!" Hindi pa nga ako pumapayag hinila na nya ako sa bilihan ng ticket. "Don't worry, ako na magbabayad for you. Daliiii!"

Pangatlo kami sa sasakay sa ferris wheel at pinagpapawisan na talaga ako. "Jersey pwede ba mamaya na lang? Gutom na talaga ako e."

"Takot ka sumakay noh?" she chuckled.

"Che! Ano naman kung takot ako sa ferris wheel? Bakla na ko nun?"

"Wala akong sinabi! Uy! Tayo na sunod oh!''

CRAP.

Medyo nanginginig ako nang umupo kami sa loob ng ferris wheel. "Oh gosh, you're shaking! Takot ka talaga dito? Lika, baba na tayo."

"Wag na. I'll face my fears na lang. Sayang pera mo dito.'' Tumaas nang onti yung ferris wheel. "Sh*t!

"Uy, mahiya ka naman sa mga tao sa baba! Kalalaking tao mo, gwapo tapos takot ka sumakay sa ferris wheel? That's so funny!:D

"Sige na, masaya ka na. Pag ako hinimatay dito kasalanan mo!"

She held my hand. "Ayan, hawakan mo na lang kamay ko. Geez, para kang si Bry, yung pinsan ko. Takot din sya sa ganito e!"

"Hoy, chansing yan ah!"

"Ikaw na ngang tinutulungan dyan e! Tsaka ayaw mo nun, libreng chansing?" I put on my disgusted face. "Okay fine. Ayaaaan naaa!"

Putek, buwis buhay tong ferris wheel na to! Pang perya kasi to, tas ang bilis pa ng ikot! Napapapikit tuloy ako!!

"KEVIN! BUKSAN MO YANG MATA MO!!!"

"AYOKO NGAAAA!!" napahigpit lalo yung hawak ko sa kanya.

"DALI!! ANG GANDA NG VIEW OH! NASA TUKTOK NA TAYO!!!"

I opened my eyes slowly.. and shet. Ang ganda nga! Kitang-kita ko yung Freedom Park na maraming booth at ilaw. Sarap picturan! After that, di nako pumikit. Nagawa pa naming magpicturan habang umiikot yung ride.

Inikot na namin ni Jersey ang fair after nun. Nakipagsiksika kami. Kumain ng isaw, grilled corn, pizza, footlong at scramble. Nanood din kami ng concert ng Itchyworms at Urbandub. So much for a Friendly Valentines' Date.

Mga 12:30 am nang ihatid ko sya pauwi. Di pa rin sya makamoveon sa nangyari sa ferris wheel.

"Tama na nga Jersey! Wala na kong self esteem dyan sa ginagawa mo e! Kainis to!" reklamo ko sa kanya.

"Ang cute kaya! Magandang pangblackmail yun! Headline sa Perspective: Lakan 2010 Kevin Santos, takot sumakay sa ferris wheel! HAHAHAHAHAHAH! Shemaaay benta sakin talaga!"

"Tsss. Ikaw na masaya!!"

"Sinabi mo pa,"biglang naging seryoso yung tono nya. "Know what? Di ko akalain na maeenjoy ko tong Valentines Day this year. Kasi last year, ang inisip ko, hindi ko to macecelebrate kasi wala akong boyfriend. But this proved me wrong. Kahit ikaw lang kasama ko,okay lang. Masaya naman. Takot sa ferris wheel! HAHAHAHAHA! :DDDD"

"Yabang nito! Ikaw na matapang! Uy, satin satin lang yun ah! Wag mong ipagkalat, masisira diskarte ko!"

"Sige na nga, takot sa ferris wheel! Di ko pagsasabi! Hahah :D Wait, wala ba kong chocolates?"

I stopped walking. "Aba, demanding to. Bakit naman kita bibigyan ng chocolates ha?"

"Kasi sina Jerro at Paolo binigyan ako kanina. And I'm wondering kung bibigyan mo ko. Pero hindi pala. Buti naman!!!"

"Sus, wait lang. Kukunin ko." Binuksan ko yung bag ko.

"Mga joke time mo oy! Impossible naman na bibigyan mo ko ng choco-" natigilan sya nang iabot ko sa kanya ang isang box ng Belgian truffles.

"Kasi hindi naman joke time yan. I bought this sa Germany. Don't worry, di pa panis yan. Sa May pa expiration nyan kaya okay pa. You love dark chocolate, right?Yan, dark chocolate Belgian Truffles. P5000 yan."

"FIVE THOUSAND TO!? Grabe, parang ginto naman! Pero thank you ha! Joke lang naman kasi yung sinabi ko kanina. Eto naman tinotoo."

"Ay akin na yan, ibabalik ko na sa Germany. Dali."

"Joke!!! Sige na, thank you ulit!!" Nasa tapat na kami ng bahay nila.

"Sige, goodnight na. May pasok pa tayo bukas."

"Wait lang! I forgot to tell you something! May gig pala ko this Friday! Sa Black and Brew Cafe sa Vega. Wag ka munang umuwi ha!?"

"Gig? As in singing gig?"

"Yup! Sige, goodnight! :D Thank you ulet!"

Aba, ibang level tong si Jersey ah! May gig nang nalalaman! Tagal pa mag Friday amp -__-''

## Chapter 24

February 18. Friday.

(Sath's POV)

Last day na ng Feb Fair ngayon, and we were supposed to go to Diliman para maki-Fair sa kanila. Kaso nagka-gig nga si Jersey dito sa LB kaya no choice kami -___-

"Hoy Je," I asked her. Nasa bahay kami nun, around 3 pm. Mga 9pm pa yung gig nya. "Pano ka nga pala nila nakuhang for this gig? Baka scam yan or something!"

"G@ga! May classmate kasi akong barista dun sa Black & Brew, naghahanap sila ng tutugtog for their anniversary. Since mabait naman si classmate, I said yes. Hoy wag ka, 2k ang bayad nila sakin mamaya. 8 songs."

"8 songs?! E bakit di ka nagpapractice?!"

"Sus, ako pa! I can do it later! Watch me," she even flashed her 'Ako-na-mayabang-pero-gorabels-lang!' smile nya. Okay, sya na -___-

In fairness, I'm kinda excited for her gig! This would be her first solo performance at acoustic pa! Noice! :DDD

FAST FORWARD: Black & Brew Cafe. 9pm

"CRAAAAAAAAAAAAAAP! I'm nervous!' bulong sakin ni Je habang pasakay kami ng elevator. Madami kasi kaming nakasalubong na kakilala na manunuod sa gig nya.

"Ikaw pa kinabahan! San pa yang kakapalan ng mukha mo?!"

She nudged me. "Che. I should've practiced! Ang yabang ko kasi e!"

"Seriously, hindi ka nagrehearse?" tanong ni Amae na official photographer for tonight.

Umiling si Jersey. "Wala pa nga akong setlist e! Magbigay nga kayo ng kanta na alam ko!"

"MAS MARAMI KANG ALAM KESA SAMIN! TRY MO JUSTIN BIEBER!!!!"

Kaharap ng elevator ang cafe. Imagine our surprise nang bumukas yung pinto. Damn! Bakit ang daming tao!? May nakaupo na sa labas ng cafe, at nagseset na nga ng speakers yung waiter sa labas. Yamaaan ni Jersey!

"Looks like you own the cafe tonight, Bes. Goodluck!" sabi ko sa kanya na super enthusiastic. Imbes mabuhayan ng loob, lalo pa syang kinabahan.

"Oh no. Bakit sila nandito lahat?!?"

"Duh. You invited them diba! Tapos sabi mo pa nga, bring your friends. Sinunod ka lang naman nila e!"

Buti na lang at may nakareserve na table para sa barkada namin sa harapan. Manunuod din ang blockmates, classmates at ibang professors ni Jersey. Wow, artista si Ateng!?:DDD

"Goodluck Jersey!" sabay na cheer nina Keith, Ken at Jill. Nakicheer na rin kami sa kanya.

Napansin ni Jerro na parang may hinahanap si Jersey sa crowd. "Oy, kung si Kevin yang hinahanap mo dyan, don't worry. NagCR lang sya."

"Excuse me!" kunwari pa syang nasusuka. "Hindi sya yung hinahanap ko noh! I'm looking for Sir Castillo and Ma'am Charm. Bakit ko naman hahanapin si Kevin ha!?''

Ang hindi nya alam, nasa likuran lang nya si Kevin. "Sus, deny pa to. I just received 5 messages from you oh! Yan pala ang hindi hinahanap ah!"

Tumalikod naman si Jersey. "Feeler ka! GM yan oh!"

"Wala naman kaming nareceive na GM ah?" sabi ni Keith.

Namula ang bestfriend ko. Bistado!!! "Che! Dyan na nga kayo! Magreready na ko!!! Salamat ah! -__-"

Pumunta na sya sa stage para magset-up. Syempre, kung akala nyo matatapos ang pantitrip namin sa kanila nung Monday (remember the I may be hard to get but I got her shirt? :D), mali kayo! Sinadya namin pinaupo si Kevin sa pinakagitnang upuan, na pag pumwesto si Je sa stage, si Kevin ang sentrong makikita nya. Ayayayaaay! :DDDDD

"Good evening everyone!" greet nya samin through mic. "Thank you for coming tonight. Crap, kung alam nyo lang kung gaano ako kinakabahan ngayon!! INTENSE! Well anyway, I hope that you'll enjoy tonight. Sana kahit paano maappreciate nyo ang boses ko. Charot! Okay, my first song is from one of my favorite artists. This one's called Baby I Love Your Way by Bob Marley.

Hiyawan kami nang nagsimula na syang kumanta.

*Shadows grow so long before my eyes*
*And they're moving across the page*

*Oooohh baby I love your way, everyday*
*Gonna tell you I love your way, everyday*
*Wanna be with you night and day*

"Next song is dedicated to Amae. Alam kong favorite mo to. Advance happy birthday!"

*I've been searching for you*
*I heard a cry within my soul*
*I never had a yearning quite like this before*

*All of my life, where have you been?*
*I wonder if I ever see you again*
*And when that day comes*
*I hope we could win*
*I wonder if I ever see you again*

(Again - Lenny Kravitz)

"Pag gumigising ba kayo sa umaga, hindi nyo ba mapigilan na kahit paano na makaramdam ng lungkot?" may sumagot ng oo sa audience "Sir Castillo! Kayo ba yun? Haha! Joke lang. Kanina pag gising ko, eto yung kantang nasa isip ko. John Mayer's Dreaming With A Broken Heart."

*When you're dreaming with a broken heart*
*The waking up is the hardest part*
*You roll out of the bed..*

"Sinong may karelasyon dito? Taas ng kamay!" syempre taas naman kaming dalawa ni Jerro. "Eto, pang belated Valentines sa inyo. A song from Kina Grannis, Valentine."

*Love? It's a special thing.....*

The heck, she sounds so good! Yan na ang hindi nagrehearse ah! Sya na! -___-

"Request naman dyan oh! Isang request lang!" tumingin sya sa table namin. "Request? Ano na?"

"BREAKEVEN!" sigaw ni Jill. May iba ring nakisigaw ng Breakeven. Cmon Je!

"Sige, as requested. The Script, right?" Nagsimula na nyang kapain yung chords.

"Eto, I'm sure maraming makakarelate dito sa next song ko. Para sa mga may crush dyan na hanggang tingin na lang. Sa mga nananaginip nang gising na sana lumingon sa kanila yung mga crush nila, this song is for you."

*Di mo lang alam, naiisip kita*
*Baka sakali lang maisip mo ako*
*Di mo lang alam, hanggang sa gabi*
*Inaasam makita kang muli.*

*Nagtapos ang lahat sa di inaasahang panahon*
*At ngayon, ako'y iyong iniwang luhaang, sugatang di mapakinabangan*
*Sana nagtanong ka lang kung di mo lang alam*
*Sana'y nagtanong ka lang kung di mo lang alam*

*Ako'y yong nasaktan....*

Wait a minute.. Is it just me o talagang sinasadya nyang tumitig kay Kevin? Shemaaaay! Para kay Kevin yung Oo! Tanda ko pa nung highschool kami, sabi ni Jersey, kakantahin lang daw nya sa harap ng madaming tao yung Oo kapag nasa audience lang yung tao na nagparamdam sa kanya nung message ng song! Yiheeee! :D

Hindi naman kasi napansin ni Kevin e! Kumukuha rin kasi sya ng pictures ni Je. Stalker oh!

*Your face lights up the sky on the highway*
*Someday, you'll share your world with me someday*
*You mesmerize me with diamond eyes*
*I tried to fool my to think I'll be alright*
*But I am losing all control*

*My mind, my heart*
*My body and my soul*

*Never in my life I have been so sure*
*So come back unto me and close the door*
*Nobody's made me feel this way before*
*You're everything I wanted*
*And more*

"Finally! My last song. Thank you thank you po sa lahat ng pumunta. Sana naman naaliw ko kayo ngayong gabi! My last song.. is dedicated to a band that I really look up to. Tanda ko nung 17th birthday ko, a friend of mine hired this band to play me a song in front of our house at 12 mn! Grabe. Eto yung pinakapaborito kong kanta nila. This song is from Sugarfree's Sa Wakas album. Burnout."

*O kay tagal din kitang minahal*
*O kay tagal din kitang minahal*

Kyaaaaa! Standing ovation si Ateng!!! I'm so proud of her! Todo congrats sa kanya yung mga tao pag baba nya sa stage. Intense talaga!

"Sath! I have to go," bulong sakin ni Kevin.

"HA!? HAHANAPIN KA NI JERSEY!!!"

"TELL HER I'LL BE BACK. MAY PINAPAKUHA LANG KASI SAKIN NA FILES FOR PARLE!"

Nako, I'm sure malulungkot si Ms. Songer nito! Saktong paglabas ni Kevin ng cafe, dumating si Jersey.

"O, san pupunta yun?" turo nya kay Kev.

"Kukunin lang yung papers for Parl. Babalik din agad yun! Eto naman biglang namiss!"

Bumelat sya. "Kapal mo teh! Lika, kain tayo! My treat! Pili lang kayo dyan sa menu! Let's celebrate!!!

(Jersey's POV)

I am so overwhelmed tonight! Una sobrang kabado ako kasi wala talaga akong setlist. Super random lang talaga yung mga kantang tinugtog ko e! Intense e. -_-

Ang hirap pang kumanta kanina, di ako makatingin nang diretso. Pano ba naman, si Kevin nasa harapan ko!? Yung kinanta ko yung Oo, most of the time e sa kanya ako nakatingin. Damn! Baka isipin nun na dedicated sa kanya yung song!

Speaking of Kevin, hindi na bumalik yung loko na yun ah! Tapos na kaming kumain around 12am pero wala pa rin sya. Ano kayang meron?

"Je, cmon. Uwi na tayo. Inaantok na ko e!'' yaya sakin ni Paolo, Sino ba namang di aantukin e ang dami nyang nakain? Kainis!

"Eto namang si Pao oh, insensitive! Hinihintay pa nyan si Kevin dito oh!" umextra na naman tong si Amae!

"Hoy excuse me, I'm not waiting for him. Nagtext sya sakin na di sya makakahabol, intense raw yung nangyari sa papers nya. Dali, let's go na!"

Palabas kami ng Black and Brew nang bigla akong naihi. Nasobrahan ata ako sa frappe e! :( "Guys, bukas pa kaya yung CR dito sa 2nd floor?"

"Nako Je, di na bukas yun. 12 na kasi e! Yung CR sa rooftop na lang yung bukas," sabi sakin ni Ken.

SInce hindi ko na talaga mapigilan, solo flight akong pumunta sa rooftop ng Vega para mag CR. Thank goodness may tao pa rin dun kahit pano, kung di maloloka ako sa sobrang katahimikan!

I can't help to think about Kevin's reaction to my performance. Wala lang, bigla ko lang nafeel na itanong sa kanya kung kamusta ako as a singer. Lintek, kelan ko pa sya ginawang batayan para sa mga gagawin ko!? Overdosed na ata ako sa kape e! -___-

Mga 12:25 na nang matapos ako magCR. As I was going to the elevator, something caught my eye. Nandun si Kevin malapit sa may elevator, nagtetext. Okaaay. Creepy much!!!

"Hey!" sigaw ko sa kanya. Napatalon tuloy sya sa gulat.

"P*ta naman Jersey! Bakit ka ba nanggugulat ha!?" medyo namutla pa sya.

"Wala lang. Oy, kamusta yung papers mo Okay na?"

"Ayun, niretype ko lahat. Hindi na naretrieve e! Nakakainis nga."

Ano, itatanong ko ba kung okay lang ako kanina? Craaap. Here it goes. "So, how's it?"

Nagtaka naman sya. "Ang redundant mo rin noh! Okay na nga yung papers ko. Ulit-ulit?!"

"HINDI YUNG PAPERS MO ANG TINUTUKOY KO. Yung performance ko kanina, okay ba?" Masyado akong expectant dito ah!

I thought na sasagutin nya agad yung tanong ko. Mali pala. Unting-unti naglaho yung smile nya at kumunot ang noo. "Do you really want me to answer that question?"

UGH. Anong meron!? Bigla tuloy akong kinabahan! "Naman! Di ko naman itatanong yun kung ayaw kong masagot diba?!"

"Are you serious?"

Nakakainis ha, cliffhanger!!! I pinched his arm. "Say it! Say it! Epal nito!"

"Tae masakit! Teka lang ha!" nilagay nya muna yung iPhone nya sa bulsa nya bago sya magsalita. "Actually, I'm disappointed. Weak song choices. You should've chosen songs na hindi masyadong cheesy and the like. Marami ka namang alam na kanta, pero medyo lame yung napili mo."

"Sorry naman! Eh kasi sab-"

"I'm not through yet. Yung aura mo, halatang kabado ka. Muntik ka nang pumiyok sa Baby I Love Your Way kanina. Mahina ang stage presence mo. Namiss ko tuloy yung performance natin nung

Lakan Finals. Mas maayos kung ganun yung angas mo e. Buti na lang may itsura ka at mayaman. Wala kang future sa pagkanta."

Naluluha na ko sa pinagsasabi nya. Yumuko na lang ako para di nya makita na naiiyak ako. "Crap. So kaplastikan lang nilang lahat yun. Kainis! Hindi na nga ako ulit kakanta ever!"

Okay na sana e, kaso I heard him suppressing his laughter. Nang inangat ko na yung ulo ko, dun sya humagalpak ng tawa.

"HAHAHAHAAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH!!!! :DDDD Grabe, naniwala ka dun!? HAHAHAHAHAAH!!!!"

"Leche ka!!!" pinagkukurot ko lalo sya. Buti na lang walang umiikot na guard dito ngayon. "WAG MO NGA AKONG PAGTRIPAN! PAGOD AKO!!!"

"GUMAGANTI LANG AKO! TANDA MO NUNG NASA LIB TAYO!? ANO? Shet, gumagaling nako sa acting!"

I wiped the tears off my face. That asshole! Naiyak tuloy ako nang di oras! Well, if that's a joke, that means I did a great job right? Pero syempre I don't want to jump into conclusions first. Dapat sa kanya mismo galing na magaling ako kanina. "So ano nga, how's my performance?"

Tumingin sya sakin, but this time medyo mabait na yung approach. "T@nginaJersey, you're so good kanina. As in no joke, ang galing mo! Kahit wala kang practice ayos pa rin ng tugtog mo. The song choices are okay, pero mas mapapaganda pa sana yun. WTF, ayos talaga. T@ngina ang galing! Lalo na yung Oo, ramdam yung feelings ala Armi Millare! Galing!!!"

Bakit ganun, pag sya yung nagsasabi ng ganyang praises, ang saya saya ko talaga!? Yung tipong mapapatalon ako sa tuwa! As in. Ang saya saya ko! Sa sobrang saya, hindi ko napigilan ang sarili kong yakapin sya. As in yakap. "OH GOSH THANK YOU THANK YOU THANK YOU!!!!! THANK YOU!!!"

The shocking part? He hugged me back. "You should do this more. Magandang gig to Je!"

Sa barkada namin nina Sath, we have this thing for saying super thank you. We kiss each other. Yep, as in kiss. Yep, as in including Paolo and Jerro. Hindi naman yung lips to lips ah! Syempre hindi kami pwedeng makipaglips to lips kay Jerro, baka pinatay na kami ni Sath! We give those Grandma kisses (yung may onting laway ba. Haha! :D) or the closed lip lips to lips. Weird, right?

Since he made me super happy, I want to super thank you him. As in I want to kiss him on the cheek. So, I broke the hug. And kissed his cheek.

P*ta, hindi naman sa cheeks nya lumanding yung labi ko.

Sa labi din nya.

Oh no, I told myself. I kissed him on the lips. I. must. stop. this. NOW. But I can't! Imbes na ilayo ko ang sarili ko, I kissed him more. As in I KISSED HIM MORE.

Shit, I never thought I have this intense urge to kiss him. Sya? Ayun, he was just frigid. Nagulat ata.

Oh shit, bakit ang lambot ng lip- STOP KISSING HIM YOU BITCH!!!! STOP KISSING HIM!!!

Tumigil ako sa paghalik sa kanya. Darn. I'm doomed. I stared into his eyes. He's still confused. "Oh crap. Sorry. I didn't mean to-"

Bumukas yung elevator. Walang tao.

Before I knew it, Kevin pulled me inside the elevator and..

soul kissed me.

Damn, where did he learn to kiss like this!? Rather, who taught him this damn good kissing!? Kung tama ako, never pa syang nakahalik ng babae right? Crap. He deepened the kiss. Shit. We've been friends for almost a year now but.. bongga! I never realized how much I want him in the first place. Ako na siguro yung denial mode! His right hand supported my head para mas lumalim yung kiss nya. Damn. This is so good.

Fuck, this is so wrong.

From 4th floor up to the ground floor din yun. Good thing may bell yung elevator. Tumunog ito nang makarating kami sa ground floor.

Suddenly he stopped kissing me. Shet, can you please continue? HOY! BITIN! Pero parang nasampal ako ng tingin nya sakin. Parehas kaming nagulat sa nangyari.

Saktong pagbukas ng pinto, sabay pa kaming napasigaw ng "Shit!" while staring at each other.

And dun lang sakin nagsink in.

Ako ang first kiss ni Kevin.

Oh crap no.

## Chapter 25

"Uy. Tulog pa rin si Je? Aba, pagod na pagod ah!"

"Sshh. Syempre, she had a blast last night! Dapat ihanap pa natin sya ng gigs. I'll be the manager!" = Sath

(Jersey's POV) THE MORNING AFTER.

Pauwi na kami sa Muntinlupa ngayon, sakay ng family car nina Jerro (at sya na rin driver). AT HINDI AKO TULOG. Nakapikit lang kaya ako dito!

Bwiset. Sige nga, kung nangyari sayo yung nangyari samin ni Kevin, makakatulog ka pa kaya ng maayos!?

Eeww. That's sounds so inappropriate. NANGYARI!? Don't deny it Jersey. Something did happen. And it's all my fault. The raging hormones! -__-

Ewan ko. Di ko alam kung anong gagawin ko. KYAAAAAAAAA INTENSE! E ano bang nangyari samin after that!?

*FLASHBACK*

"Sh*t" sabay naming sabi. We both froze. There are three things in my mind right now.

1. BAKIT KO SYA HINALIKAN!? CRAP THIS IS SO WRONG!

2. SHET BUMUKAS YUNG ELEVATOR! MAY NAKAKITA KAYA SAMIN!?

3. PWEDENG ISA PA!? BITIN!!!

Damn! Bakit di ako makapagsalita! Nagkatitigan lang kami ni Kevin dun, at nafefeel ko na nagbublush nako. Oh great. You just spoiled your big night Jersey. By a stupid kiss. Tumingin ako sa labas, buti walang tao. Thankyou Lord! Walang nakakita!

"HOY! Okay lang kayong dalawa dyan!?" panggugulat ni Keith. In fairness, effective na ice breaker yun! Ugh.

Tahimik pa rin si Kevin, kaya lalong naging obvious ang ilangan between us. Pati si Keith napansin din. "O, anong meron? Okay lang ba talaga kayo?"

"Y-yeah! Ano ba. Muntanga kasi tong si Kevin, pinatay yung ilaw sa loob kanina. Mangugulat ata, pero sya pa natakot!" I nudged his arm, "Di ba?" Shet. Nung tumama yung siko ko sa braso nya, parang nakuryente ako! Anoberrrr.

It took him 2 seconds to process my alibi. "Shet pare, ayoko na ngang sumakay sa elevator na yan! Nakakatakot e!"

Dumating na rin sina Sath at nakigulo samin. In fairness, nabawasan din kahit paano yung ilang. "Hey! Let's celebrate again sa Monday ha? Eto kasing Santos na to, MIA kanina! Sagot mo beer sa Monday!" hamon ni Sath.

"Beer lang? Pati proven akin na!"

Shemaay to the highest level. Ni hindi ako makatingin sa sapatos nya! Nanlalamig ako na ewan. Basta. Ano ba dapat ang maramdaman after ng isang kiss na ganun: kiligin, mainis, mahiya o wala lang? Crap. I'm not really good at this!

Hindi ko napansin na nakatulala na pala ako kay Jerro. "Je, inaantok ka na ba? Tulala ka na e!"

"Oo," I lied (Lord sorry po. I just don't know what to say!) "Intense kaya magperform! Can we go home na? Maaga pa tayo bukas e." Ayun, nagbabay na kami sa isa't-isa. Nung kay Kevin na, isang

mahinang "Bye" lang ang nasabi nya.. at poof. Larga na papuntang Demarces. I can't blame him for acting like that. Namaaan, nakakahiya kaya!

Pagdating namin sa bahay, hindi ako makatulog. Nag-isip lang ako ng mga what-ifs. Ano kayang mangyayari after this? Shet Jersey, you made a promise na lalayuan mo na sya. Na hindi mo na sya crush. Anong kagagahan na naman tong pinasok mo ha!? HINALIKAN MO PA! Pano na sa Monday, anong gagawin mo? Act normal o pag-uusapan nyo? ANO!? THINK JERSEY! IT'S ALL YOUR FAULT!

Hey, in fairness ha, he's a good kiss- SHUT UP BRAIN SHUT UP!!! Baliw ka rin noh, kaibigan mo yung tao. Hindi sya katulad ni Paolo na pwede mong halikan sa pisngi basta-basta. EX CRUSH YUN E. EX CRUSH.

*end flashback*

See? Hanggang ngayon wala pakong maayos na tulog. Pag pinipikit ko mga mata ko, OA man kung OA, nagrereplay yung kiss namin. Crap this is not good. Nawala na nga sakin si Paul (Screw him!), pati ba naman si Kevin!? Sana wag nya ko iwasan. /wrist.

(Kevin's POV)

"Hoy Kev! KEV! Yung cellphone mo nagriring!" sigaw ni Keith sa may tenga ko. Napatalon tuloy ako sa gulat.

"T@ngina naman Keith! Wag ka ngang mangulat!"

"Kanina ka pa kasi nakatulala dyan sa salamin e. Matulog ka na nga!"

Dun ko lang narealize na nakatayo pala ako sa harap ng salamin ng CR namin. Teka, pano ako napunta dito? Kanina nasa harap lang ako ng laptop ko ah! Weird.

P*cha. Weird kung weird. Hindi ako makatulog nang maayos kanina pa. Ano ka ba Santos. Pagod na ang katawan mo. Inaantok ka na.

Sinilip ko yung phone ko. Si Sath lang pala yung nagtext.

**From: Sath**

Hoy. Wag na lang pala sa Monday yung celebration. Tomorrow na lang dito sa bahay namin. Ayt? :) Kay Jersey na lang daw yung pulutan. :>>

Medyo loading ako dun sa last sentence. Kay Jersey na lang daw yung pulutan. Kay Jersey. Jersey. JERSEY.

"AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAHHHHHHHHHHHHHHHHHH!!!!" napasigaw ako sa sobrang frustration. ANG TANGA KO TALAGA!

F*ck. The truth is, I'm happy.

Hoy, ayos mo. Hindi ako manyak ah. Nagulat ako dun sa kiss na yun. Wala talaga akong masabi. Basta, masaya ako.
Parang di ko first kiss yun ah! :O

Yup. That's my first kiss. Baduy ba? Sus. Alam nyo naman yun diba! Atin-atin lang to, pero may promise kasi ako sa sarili ko. Na yung first kiss ko ay dapat sa unang babae na magpapa-tugstugs nang todo sa puso ko.

Shet, di ba turn off to? Wala lang. Gusto ko lang ireserba yung kiss na yun para sa kanya, kasi special sya. Tapos eto pa ang nangyarim si Jersey pa ang nakauna sakin! Rape ba to o ano?

Pero mali rin ako. I kissed back. T@ngina Kevin, bakit mo kasi hinalikan ulit? Tumigil na sya ah! Ewan. Meron kasing something dito kay Jersey na hindi ko maintindihan. It's like I'm drawn to her so bad. Heightened ang five senses ko nun ah! Nakakakuryente pala ang first kiss.

Don't get me wrong. Special sakin si Jersey, pero hindi abot dun sa point na sobrang special. Gets mo yun? Close friends. Haaay buhay. Nakakailang to! Pano na bukas!?

SUNDAY. SATH'S HOUSE

(Jersey's POV)

WHATAMAYGONNADOOOOOOOOOO!? Malapit nang dumating sina Kevin dito kina Amae. CRAP CRAP CRAP!!! Masyadong intense naman to oh! Kanina pa ko palakad-lakad sa kwarto ni Sath, nag-iisip ng kung anong pwedeng gawin.

"Uhh. Hi Kevin! Musta na? Shet, that sounds so pathetic.... HOY. BAKIT KA NANDITO!? SINONG NAGSABI NA PWEDE KA DITO!? Nako super defensive naman!!!... Papansinin ko ba o iiwasan ko? KYAAAAA!"

"Je, are you alright?" sumulpot bigla si Paolo sa pintuan ni Sath. Di ko napansin na bumukas pala yung pinto.

"Yerr, I'm fine. Bakit?"

"Ano ba yang pinapraktis mo dyan? Para kang engeng e!"

I froze. So kanina pa sya dyan sa may labas!? "Ikaw naman, parang di ka na sanay sakin! Madalas akong magmonologue remember?" Nagsmile pa ko sa kanya para mapaniwala sya. Please be gullible this time Pao!

"Uhh okay. Ay, kumulo na yung kaldereta mo sa baba. Tikman mo raw sabi ni Sath. Baka bumula bibig namin dyan e!" Sumabay nako sa pagbaba papunta sa kitchen. Ako na yung sumagot sa pulutan for tonight. Nakakahiya naman kasi kay Kevin na sya pa yung gagastos di ba? -___-

Around 6pm nang dumating sina Jill, Ken, Keith at Kevin from Los Banos. Sleepover na rin sila dito then sabay-sabay na kami pabalik ng college tomorrow morning.

"TAMA NA YAN INUMAN NA!!!!!" sigaw ni Keith habang tinaas yung 2 maliit na box. Mga usual drinks ang laman: Tanduay Ice, Red Horse, The Bar and Mudshake.

Everyone was chattering excitedly about my gig, making sly remarks ("Talsik laway ni Jersey nung kumanta sya ng Oo! Thank God na hindi masyadong halata!" - Sath), laughing much more loudly than they should. Si Keith naman, pasimpleng tumabi kay Amae para pumorma.

"Amae, tapos mo na yung paper sa ENSC 11?" tanong nya.

"Uhh. Yup. Nung Thursday pa."

"Grabe, e kakabigay lang ni Sir Martin nun that day ah! Di ka naman masyadong excited noh?!" he exclaimed.

"Bored kasi ako nung Thursday night kaya ginawa ko na. Hindi kasi ako procrastinator."

Sampal kay Keith yung procrastinator spiel ni Amae. "Nagpaparinig ka ba?"

"Me?" tinignan sya ni Amae. "It's not my fault na tinamaan ka. Ikaw ang unang lumapit dito at nag-brought up ng topic na yan, right? Suits you fine."

"Hoy Amae," Ken butted in. "Wag mo namang tarayan yang si Keith. Gusto lang nyan magpaturo sayo about sa format ng paper. Kanina pa sya nagpapractice kung pano ka nya lalapitan." He waved a pseudo-tipsy hand to Keith in half=apology.

"Is that true?"

"OO! Tae. Sira diskarte ko dahil sa katarayan mong yan! Okay lang, hindi ko na kailangan ng tulong mo. Kay Ar-"

"Ay ang arte mo Kuya. Bukas, pumunta ka sa bahay sa LB. Gawin natin yang paper mo. Pero in one condition: Libre mo dinner ko for the whole week. Deal?"

Todo ngiti si Keith, with matching twinkle pa ang mga mata. "SURE BA!! BUKAS HA, WAG MONG KALIMUTAN!!!!"

"YES NAMAN! NAKASCORE NG DATE SI KEITH OH!! DI NA FOREVER ALONE!!!" banat ni Ken na nasa kabilang dulo ng table. Naki-asar ang iba sa kanila, resulting to pamumula nina Amae at Keith. Kawawa naman! :>>>

Only Kevin and I were silent, mostly because we were still appalled at what had happened two(or a night?) nights before, and because of the rotten fact that we were seated beside each other. I was reduces to a shell-shocked adolescent in my first inuman, maddeningly conscious of everything about him. The pleasant smells of his Baby Bench cologne and Downy Passion, mingling. His right hand clasped around a Red Horse bottle, the same hand that held my head nights before. And under the plastic table, the three inches of humid aire that separated his other hand from mine.

F*ck. Ako na ang super aware.

"Hey, who wants some isaw or betamax?" I suddenly blurted out. Lahat na gagawin ko para makaalis muna sa scenariong ito. Buti na lang maraming tumaas ng kamay sa kanila. Dali-dali akong lumabas sa garden at pumunta sa isawan 3 streets away from Sath's house. Yeah right.

Almost 30 minutes din bago maluto lahat ng inorder ko. 200php worth of ihaw beybe! :DDD Nasa street nako nina Sath nang makita ko si Kevin na nasa kotse nya, may kinukuha sa trunk.

Should I talk to him? Crap. Whatever.

"Hey." I said.

He turned around before replying. "Hey."

"It's kinda cool. The weather, I mean." I shifted my weight from one fooot to the other.

"Hmmm.." We smiled widely at each other, the kind of smile you would give to a waiter because you didn't wait him spitting in your soup.

"Ang dami mo naman atang biniling isaw. Papatayin mo ba kami?"

"Sus, minsan lang ako manlibre noh. Ano berr!"

"Susuka na si Keith pag kumain sya ng dalawang betamax. Medyo may amats na e," he quietly said, and I grinned at the thought.

"Hey.. After the show, the adrenaline was, like, way up, everyone was crazy, you know?" I said. Tamang singit lang ng topic, Jersey. From isaw to the Friday gig. Nice.

"I know."

"And I'm just so glad you loved me. In the gig, I mean. I was so worried you guys wouldn't like it."

"I know."

Putek, ganito ba sya ka-awkward na puro I know na lang sinasabi nya? "So.. How's the trip to Germany? Don't get me wrong. Wala ka lang kasi nakukwento talaga." I suddenly heard myself say. Ugh. I had decided to play the understanding friend.

"You.. what? Ay, Germany ba? The same. Frankfurters and stuff. Nothing really great," Kevin tiptoed, stretching his limbs. "Medyo boring. Let's just say na tama ka, nag-aksaya lang ako ng pera for that trip."

Wait. What? Sayang? So hindi sila ni Maxene? HINDI SILA NAGKITA O NAGKAUSAP!? WHAT!? Oh noes. Anong meron? I was about to ask him when..

"Jersey. Nung Friday pala, sorry about that."

I froze. This is it. "No. I shoulf be the one to say sorry. It's all my fault! Sa cheeks lang dapat talaga y-"

"Sige. Laksan mo pa! Joke."

"Sorry. I'm really really sorry talaga Kevin. Gusto ko lang mag-thank you sayo nun talaga. E kasi di ba close naman tayo. Gawain kasi namin nina Paolo yun, pero kyaaaa sorry talaga Kevin! So-"

"Shhhh." He placed his index finger on my lips. Shet naman, bakit!? He smiled at me, that knee-jelly jerking smile. Makalaglag panty! "Ano ba, sorry accepted. Parehas nating kasalanan yun. Sssshh. Alam mo bang ikaw ang first kiss ko? Nice, ninakaw mo yun. Para dapat sa asawa ko yun e!"

I removed his finger on my lips. "Excuse me! HINDI KO NGA SINASADYA E!!! You should be proud pa nga, ang ganda ng nagnakaw ng first kiss mo!"

"Yuck. Spare me please! Kapal nito!"

Ayan, unting-unti nang gumaan yung pakiramdam ko. "Sus, if I know.. you liked my kiss noh?" pabiro kong tanong sa kanya.

"Asa ka. Rapist!"

Hinampas ko sya sa likod. "LECHE!! DI AKO RAPIST!!!"

Tumawa na lang kaming dalawa.

"Hoy, basta ah. Walang magbabago after that ha? Friends pa rin tayo ha?" he said.

"Naman! Ano ka ba, parang may gusto ako sayo. Never!" Ouch, bakit parang may kumirot? -__- Sa kanya na galing e! E di live with it na lang.

Kevin put his arm around me and we went back to the garden as if nothing happened.

Well, really. Because nothing did.

## Chapter 26

(Jersey's POV)

In fairness, okay naman kami ni Kevin ngayon. Mas naging close pa nga kami eh! We decided to forget about the "incident" for our friendship's sake. Mas mabuti pa kasi kung ganito ang set-up namin, hindi nakakailang :D

Mas dumalas pa nga ang hang-out moments namin ngayon. O diba? Parang walang nangyari! He even became my gig buddy nung February and ngayong March. Kasama ko sya sa last bar tour ng Sugarfree sa 19 East, at syempre, sa Paalam Pilipinas Concert nila sa Eastwood nung March 1.

*FLASHBACK: EASTWOOD CENTRAL PLAZA; MARCH 1*

Last song na for that night, pero simula pa lang nung first song ng Sugarfree pa ako umiiyak. Inaasar na nga ako ni Kevin, masyado naman daw akong affected sa break-up ng banda. Baleng sapakin tong bwiset na to!

"Burnout" ang last song nila, at nagkataon na yon ang pinakapaborito kong kanta ng Sugarfree. Intro pa lang todo iyak nako. Nanigas lang ako dun nang may kamay na umakbay sakin.

"Tanga mo rin. Iiyak ka nang ganyan pero wala kang panyo. Jacket ko na lang iyakan mo." Hindi ko nagets yung sinabi nya, kung nang-aasar ba sya o ano. Instead of picking up a fight, I hugged him. Dun ako umiyak nang bonggang-bongga.

Lumapit kami sa Sugarfree after ng concert. Nilabas ko yung 4 na CDs nila. "Ebe, pwede bang papirma ulet?"

Kahit pagod na pagod sila, niyakap muna nya ako at kinuha yung CD. "Grabe, hanggang dito sa Eastwood hinabol nyo ko? Bilib din ako sa boyfriend mo, pumapayag na samahan ka. Jersey, right? Thanks nga pala sa cheesecake nung birthday mo. Superb!"

I was too overwhelmed to correct him. Eto na naman tayo sa boyfriend thingy! Si Kevin kasi e, ayaw pang maniwala na bagay kami. chos!

Syempre, nilapitan ko rin yung ibang banda, lalo na yung crush kong girl band, ang Sugar Hiccup. Crush na crush ko si Kach dun! :)))

Mga 3am na nang nasa bus kami pabalik ng Los Banos. Buti na lang 10 am na ang klase namin!

"Sus, yang ngitin mong yan," sabi niya sakin. Nagtaka ako. "Swerte, natandaan pa nila tayo. Mali lang status."

"ASA. Si Mong ang nagpangiti sakin ng ganito noh! Hoy, reklamo ka dyan. Ikaw nga di mo kinorek e! If I know, feel na feel mo rin naman!"

Binelatan nya ako. "Asa ka! Nahiya lang ako kay Ebe kanina. Tsaka na-starstruck ako kay Kach. Ang ganda pala nya!"

"HOY. KACH IS MINE. Back off."

Bigla syang tumingin sakin nang malisyoso. "Are you.. jealous?"

I almost puked. "YUCK. ASA KA KEVIN. Kaya ako defensive kasi nauna ako kay Kach! Kainis ka."

"Lesbo ka pala? Kaya pala di tumatalab sayo ang charm ko!"

Nginitian ko lang sya. Nako Santos, kung alam mo lang kung gano kalala ang tama ng charm mo sakin nung first sem! HAHAHAHAHA :DDD

FAST FORWARD TO MARCH 23. LAST DAY OF CLASSES.

(Kevin's POV)

Last day na rin of classes! Ayus! Haay. Sophomore na rin ako next sem. Haha! So it means 10 months na kaming friends ni Jersey. Hindi ko akalain na makakatagal ako ng isang academic year na kasama sya! haha! :DD

Wednesday. As usual late na naman ako for our PE 1 class. Leche naman kasi, 7am pa PE! Sino bang maeenganyong pumasok nang ganung kaaga diba?

Nauna na si Jersey sa EE Audi for our class. Sus, kaya na naman nya sarili nya e. Matanda na yun! Nagtext pa nga sya sakin kagabi, may sem-ender party sa PE 1 class. Psssh. Hindi na sana ako aattend, pero kawawa naman kung iiwan ko sya dun diba? Papasok na lang ako!

Pagbukas ko ng pintuan ng auditorium, sinalubong ako ng super lakas na hiyawan. Anong meron? Aba, sa pwesto pa namin nina Jersey galing yung commotion. Nakabilog nga yung iba naming classmates dun e! Ako naman, ayoko pahuli kaya nakisingit ako.

"Teka anong me-"

T@ngina. Ano to!?

Si Jersey. Kinakausap nung isa naming kaklase.

Si classmate, may hawak na bouquet of flowers. Red roses.

PUCHA ANO YAN!?

Si Jersey naman, namumula na sa hiya. First time ko syang makitang ganyang mag-blush. Grabe! "Uhh.. Para san to?"

"Wala lang.. kasi.. last sem pa tayo magkaklase e. And I think you're really awesome. I know na hindi tayo nagkakausap, kaya eto. I just want to say thank you. Natutuwa kasi ako sayo."

I remember this guy. Kaklase nga namin sya last sem sa SOSC 3 lecture. Tapos ngayon sa PE1 groupmate namin sya kaso 3 times lang ata sya nakausap ni Jersey.

Mas lalo syang namula. Inabot na nung lalaki yung bouquet kay Jersey. Yung mga kaibigan naman ng guy, todo cheer pa. May isang nakakita sakin na nakatayo sa may tabi nila. "Pre, si Kevin," binulong nya dun sa guy.

In an instant, tumahimik silang lahat. Napatingin sakin si Jersey na medyo gulat pa. Yung lalaki naman, parang natakot.

Taena ano na namang ginawa ko!?

"Oh, bakit kayo tumigil?" sigaw ko sa kanila. Kay Jersey naman, "Ikaw naman Devil Woman, wag ka ngang maarte! Sayang yung effort nung lalaki o! Tanggapin mo na!"

At ang loko, nakahinga nang maluwag! Anong sa tingin nyang gagawin ko sa kanya, sasapakin ko? Konti na lang magagawa ko na e! kainis.

In the end, tinanggap ni Jersey yung bouquet. Sus, bouquet lang yan, malalanta din yan next week. Nagpapicture pa ampota. Ginawa namang artista si Jersey. BAKIT BA NAKAKAINIS HA.

After ng sem ender, naglakad kami papunta sa next class namin na may sem ender din. Halata kay Jersey na tuwang-tuwa sya sa flowers na nareceive nya.

"Hoy, tigilan mo na nga yang kakatitig dyan sa bulaklak. Maawa ka naman o!" sabi ko sa kanya.

"Che. Ang cute kaya! Favorite flower ko tong rose noh. Sana hindi to malanta agad!"

"Tss. Ibilad ko sa araw yan mamaya e!" bulong ko sa sarili ko.

She looked at me. "May sinabi ka?"

"Sabi ko ilagay mo sa freezer para di malanta. Dalian mo nga dyan! Malelate na tayo sa recit natin!" binilisan ko na yung paglalakad para maiwan sya.

"Teka! 30 minutes early naman tayo ah! OY!!!"

Kunwari wala na kong narinig.

(Jersey's POV)

OKAAAAY. Anong pinuputok ng butse nun? Daig pa may menopause e! Kainis. Okay na e, ang ganda na ng araw ko! JS Prom nung huli akong nakareceive ng bouquet galing pa kay Paul. These roses really made my day so far. Haaay kilig! :">>

May sem ender din kami sa HUM1 ngayon. At ang aga namin ni Kevin. Kainis. At iniwan nya akong mag-isa dito sa room. Putek, CR nga muna ako!

Pabalik nako from the CR nang may marinig akong ingay sa loob ng classroom. Puro babae? yeah right. 5 lang sina Kevin na lalaki sa recit namin. Sya syempre ang may itsura sa lahat.

Pag bukas ko nang pinto, natigilan silang lahat at napatingin sakin. Okay awkward -__-

"Jersey!" sabi ni Jayne, yung isa sa mga naging friends ko sa class. "Pwede bang papicture kami ni Kevin?"

I was like LECHE ANG DAMI NYO DYAN BAKIT AKO PA PINAPAKUHA NYO NG PICTURE LECHEFLAN!!! Pero syempre, mabait ako. "Sure!" sabi ko sabay kuha ng digicam nya.

Todo pose pa ang mga babae kasama ni Kevin. Tuwang-tuwa naman ang bwiset!!! IKAW NA NAPAPALIBUTAN NG BABAE CREEP!!! Feel na feel mo naman masyado ah!! Kainis ka.

Parang nagphoto shoot nako dun for Candy mag. Nakakainis. Halos wala akon picture dito ah! Tapos ko na silang kunan lahat nang humirit pa si Jayne. "Kayo naman ni Kevin picture! Akina yung cam."

Ako si tanga, binigay nga yung cam. Tumabi ako kay Kevin. "Okay!" signal ni Jayne. "One! Two! Three! Smile!"

Todo smile nako sa two. Pero ang nakakagulat, bago magthree, hinila ako ni Kevin papalapit sa kanya. LECHUGAAAS ISSUE NA NAMAN TO! PATAY AKO SA KEVIN ARMY!!!

After the shot, nagtilian yung mga kaklase namin. "Wow, bagay nga sila!" bulong nung isa. Ang lakas ng bulong nya ha, rinig ko -__-

Napansin ni Jayne yung flowers sa table ko. "Wow, sweet naman ni Kevin! Flowers sa last day!" Umirit na naman yung mga kaklase ko.

"Hindi ako yung nagbigay sa kanya nyan," Kevin replied in a deadpanned voice.

Nagulat naman ako dun sa sinabi nya. Teka anong meron!? Bago pa ako mag-react, si Jayne na ang gumisa sa kanya.

"UYYY! ARE YOU JEALOUS!?"

Natahimik yung iba. Lahat kami nakatingin kay Kevin.

"No, I'm not. Kasi kung magbibigay man ako ng flowers, hindi lang bouquet. Garden pa ibibigay ko." Shet bakit ako kinikilig sa sinabi nya e hindi naman para sakin yun maygaaaassssh!!! Hindi ko na pinahalata yung kilig ko, pero yung mga kaklase ko halos himatayin na sa sobrang kilig!

"Uy Jersey! Kinikilig na yan!" tae tong si Jayne mang-aasar pa e!

"Hey, sinong nagsabing kay Jersey ko ibibigay yung garden? Santan lang ibibigay ko dyan noh!"

Napa-sus sila. Yeah right Kevin! "Whatever. As if inassume ko na ako yun!" sabi ko. Nagsimula na naman kaming mag-away.

Kainis talaga to. Pabitin sa kilig e! Andun na tas biglang babawiin. Sarap batukan amp!!!

(Amae;s POV)

Since last day na.. it only means.. SUMMER! :DDD Kaya nandito kami sa bahay para magplano ng aming summer get-away!

"Anong gagawin nyo this summer?" I asked them. Ako kasi, magsusummer classes ako sa UP Manila. Pampalipas oras :)

"Summer job sa Starbucks! Kami ni Jill!" sabi ni Sath.

"Summer job din sa Starbucks," sabay na sabi nina Jerro at Ken. Wow, bantay?

"Summer classes dito sa LB" sabi ni Keith. Bwiset hindi ata ako papatahimikin nito e!

"Sa bahay lang. RareJob. Magtuturo ng English" - Paolo.

"Uhh. I'll cross register sa Diliman. Film subjects" - Jersey

"Sa UP Manila. ComSci subjects." - Kevin.

PUTRES. ANONG SUMMER LIFE ANG MERON KAMI!? "Grabe, so lahat tayo busy!?" sabi ko sa kanila.

"Duh. Obvious ba Amae!? Kainis to!" pambabara ni Jerro sakin. Salamat ah! -__-

"Hoy, magswimming naman tayo oh! Dali na. Pero syempre mga May na tayo makakapagswimming nito diba? Cmon guys!" aya ni Paolo na may enthusiasm talaga.

"Eh san naman tayo?" tanong ni Jill. Napaisip tuloy kami kung saan.

"Let's try Pagudpud." simpleng sabi ni Jersey. In an instant, binuksan ni Jerro yung laptop nya at nagsearch sa Google.

"Eto, mukhang maganda. Hannah's Beach Resort. Mura pa! Ano, try natin? Pabook na tayo!"

We all agreed na sa May 27 kami pupunta sa Pagudpud, 3 days & 2 nights. Para sulit! :)))

(JERSEY'S POV; APRIL 12)

Haaay. Ako lang mag-isa dito sa Diliman. Lahat kasi sila sa LB or Manila nagsummer. FOREVER ALONE!

Pero okay na rin, hindi ko kasama si Kevin dito. THANKS TALAGAAA! Makakapag-aral ako ng film nang matiwasay. Baka sa Diliman ako makakita ng Prince Charming! Hihihihi :>

First day of summer classes ngayon. At ako lang ang hindi galing ng UP Diliman na nagtake ng Film 10. Intimidated? Nope! Sa ganda kong to! :DDD

Habang naglalakad ako sa hall sa UP Film Center, may narinig akong nag-uusap na 2 babae.

Girl 1: Nakita mo yun?
Girl 2: Yup! Grabe! Buti pinayagan pa syang magcross reg dito. Super late na kaya sya!
Girl 2: Sus, kung ako man ang nasa admissions office, tatanggapin ko yan agad! Sobrang gwapo ba naman e!!!
Girl 1: Siguro dito sa CMC sya mag-susummer noh? Swerte naman!
Girl 2: Haaay. Dapat pala hindi na lang SOSC 3 yung sinummer ko! Kainis! -__--

OKAY NAY GWAPO DITO SA SUMMER CLASSES! *winks* Yes, saktong sakto! Sana kaklase ko sya dito. Haha :D

Pag dating ko sa room, nandun na yung instructor namin. Guess who?

Si Ramon Bautista himself. Buti na lang at kakilala nya ko kahit pano.

"Hey. Are you-"

"Yes, sir. Brewster :D" He smiled back. Double yes! Masaya tong Film 10 class na to!

Mga 5 minutes later nang magsalita ulit si Sir Bautista. "Okay class. May hinihintay lang tayong isa pang kaklase nyo. Late reg kasi sya kaya pacool. Joke lang."

OH GOSH. OH GOSH SAKTO DITO YUNG GWAPO!!! hahaha buti na lang vacant yung upuan sa right side ko. yes!!

Nilabas ko muna yung iTouch ko at naglaro saglit ng Angry Birds. After 3 minutes, medyo umingay yung paligid. Nagsalita si Sir Bautista.

"Yan! Sa wakas dumating ka na rin.. Mister? What's your last name?"

"Santos, sir."

Pagkarinig ko nung apelyido, napatingin agad ako sa harap.

WHAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAT.

"KEVIN! ANONG GINAGAWA MO DITO!?"

## Chapter 26.5

Nagtinginan sakin lahat ng kaklase ko, pati si Sir Ramon. Si Kevin naman, ayun, nakangiti lang. Himala, balik eye glasses sya ngayon ha!

"Anong meron?" tanong ni Sir Ramon sakin. Hindi naman ako nakasagot kasi nabigla ako. Kay Kevin naman nya tinanong. "Mr. Santos, anong meron? Don't tell me ex girlfriend mo tong si Jersey?!"

Napa-huh ang klase. Ako? -___- lang. E ano bang pwede kong ireact dito, aber!?

"Ay hindi po Sir. Blockmates po kami, from UP Los Banos po," he said with a smile. May isang babae sa dulo ng room ang napa-irit dahil sa smile na yun. Eeerrk!

I tried to regain myself from the shock. "Yes Sir. Blockmates lang po kami."

Napangiti naman sakin si Sir Ramon, na parang nang-iintriga na ewan. "Sus, mga denial nyo dyan! Siguro crush mo tong si Mr. Santos kaya ganyan ka maka-react noh!?"

I was like DARN! "Eeeww. He's not even my type, Sir." HOOOOOOO JERSEY. HOOO. CALM DOWN!

"YESSSSS!" sigaw ng iba kong kaklase. Ano ba yan! Akala ko tatahimik ang summer classes ko.. tapos eto pa! BWISET!!!

Pinaupo ni Sir Ramon si Kevin three seats away from me. So sya yung pinag-uusapan dito kanina? Crap. Nahumaling na rin ang Diliman sa kagwapuhan kuno ng Icelot na to! Damn.

3 hours yung lecture ng Film 10. Buti na lang at masayang prof si Sir Ramon! Hindi boring or what. Lalong naging interesting dahil sa mga kaklase ko na mababait at funny (Pero may iba na nagdada moves na kay Kevin. Chepars!). Natapos ang klase around 1pm. Nagmamadali akong lumabas ng room para hindi ako abutan ni Kevin. Eto pala ang advantage ng heartthrob, ang daming humahabol sayo. Buti nga sa kanya, hinarang sya ng ibang kaklase namin at tinatanong yung number nya. HAHAHAHAHA buti nga sa kanya!

Malaki ang UP Diliman, kaya sumakay ako ng ikot papuntang Palma Hall. In the end, sa Sunken Garden ang bagsak ko. Humiga na lang ako dun at pinilit matulog.

Wala pang 10 minutes akong nakahiga nang may bumato sakin. "Leche! Sino ba yan!?" napasigaw tuloy ako.

"Grabe, namura agad ako oh."

Umayos ako nang pwesto. "Crap. Ikaw na naman."

Tumabi sakin si Kevin na may dalang isang styro at isang litro ng Tropicana. "Gusto mo?"

"Ano ba yan?"

Binuksan nya yung styro... shemay. KWEK KWEK!!! "Taena, ang mahal ng kwek kwek nila dito. Tres isa! Kung di lang ako gutom e!"

"Pengeng stick."

"Anong stick ka dyan? Bumili ka nang sarili mo!"

Napaupo ako sa sobrang asar. "BWISET KA. Ikaw tong nagtatanong ng 'Gusto mo?' tapos hindi mo rin pala iseshare!? Salamat ha."

"Wow. Sa tingin mo bibigyan kita nito? Asaness, Devil Woman."

Medyo tumalon ang [puso ko. In fairness ha, ngayon lang nya ko ulit tinawag na Devil Woman. Kahit nakakairita yung pet name na yun, namiss ko rin. Slight lang :"> "Okay fine. Lamunin mo yang mga pugo na yan! Kainis." Kinuha ko yung bag ko at nilabas ang isang pack ng Lays. "Di hamak na mas masarap tong Lays kesa sa kwek kwek!"

"Tataba ka naman dyan."

"Pake mo ba? Hindi ako mabilis tumaba. If I know, mas mabilbil ka pa kesa sakin."

Tumawa sya nang malakas. "Ows talaga? Pano mo nalaman? Sinilipan mo ko?"

The thought of him without a shirt made me blush. Punyeta naman! "EXCUSE ME. HINDI AKO CHEAP PARA SILIPAN KA! HOW DARE YOU!!! TSAKA BAKIT KA NGA PALA NANDITO ABER!?! DI BA DAPAT SA MANILA KA MAGSUSUMMER!?"

It took him 2 seconds to reply. "Eh. Ayoko sa Manila. Dito gusto ko."

"Bwiset. Maniwala ako sayo!"

"Ayoko nga dun e," tumingin sya sakin. "Tsaka maiiwanan ba kitang mag-isa dito? Tsss. Isa ka pa ngang tangangers e."

ANO RAW!?! ANO RAW!? "Haa?"

"Lech. Ang bingi. Sabi ko, mas gusto ko yung classes dito kesa sa Manila. Akala mo dahil sayo kaya ako nandito noh? Asa ka."

Bakit parang iba yung unang sinabi nya? Labo talaga nito! "Amin na kasi. Hiya pa eh! Mamimiss mo lang ako kaya ka nandito noh? HUUYYYY!!! HAHAHAH!" pang-asar ko sa kanya.

"Ang kapal mo. Hindi kita namimiss. Kilabutan ka naman!"

"Deny pa e. Tsaka walang ComSci summer classes dito. Palusot mo."

"Masama mag-Film? Kakainis to."

"Eh tuwang-tuwa ka naman sa mga kaklase natin diba? Kuya, can I get your number? Eeeeew," napatingin tuloy sya sakin. "What?"

"Are you jealous?"

"Eeww. No. Why should I?"

"Sure?"

"OO NGA. BAKIT NAMAN AKO MAGSESELOS!? Kapal mo hoy!"

"Good," inabot nya sakin yung styro na may 3 kwek-kwek. "So okay lang sayo kung may idate ako sa mga kaklase natin?"

Define NGANGA ako sa sinabi nya. Yuck! Wala pa ngang 6hours kaming nagsama as a class tapos may ka-date na agad to!? Desperado much! "Yuck. Ano ka ba, hindi mo pa naman kilala yung mga kaklase natin. I never thought na talanders ka rin!!!"

TUMAWA NA NAMAN SYA NG MALAKAS. "Sabi na nga ba e! Selos ka noh? Uuyyy! Selos namputek! Joke lang. As if may idedate ako sa kanila."

"NAKO KEVIN ISA PANG ASAR MO SAKING NAGSESELOS AKO MA-"

"Matutuluyan ka na sakin?" he asked with an amused smile on his face. Damn that smile!

"Creep no. Bahala ka na nga dyan! Nakakainis ka!" napa-walkout na naman ako nang di oras. Badtrip!

MAY 2011

(Kevin's POV)

HAHAHAHAHAHA PLAN SUCCESSFUL! Hanggang summer maiinis ko pa rin si Jersey. Sa mga nag-iisip na kaya ako nasa Diliman dahil miss ko sya, asa kayo. Hindi ko to mamimiss.

Itaga nyo yan sa bato.

Mabilis lang naman talaga ang summer classes dito. Mondays-Fridays. Every Tuesday and Thursday may pinapanood kaming film, na entertaining naman. Ramon Bautista ba naman teacher mo e! What can you expect? Bilib ako dito kay Jersey. Dapat pala nag Film na lang sya, galing eh! Sya na matalino. Kainis.

Anyway, last week of classes na pala namin ngayon. Gumagawa kami ng 3 minute video para final project namin sa Film 10. Tuesday. Nang biglang tumawag si Jerro kay Jersey.

Jerro: Je! Nasan kayo?
DW: Nasa Diliman. bakit?
J: San sa Diliman? Anong building?
DW: Benitez Hall! Oy. Bakit nga?

Biglang may sasakyan na bumusina sa harapan namin. "HELLLOOOO KEVJE DUOOOOO!!!" sigaw ni Sath. Nasa loob din ng sasakyan ang ibang barkada namin. Nice.

"SATH! Anong ginagawa nyo dito!?" tanong ni Jersey.

"She's wondering kung nagli-live in na ba kayo ni Kevin dito," sabi ni Paolo. "Joke lang! Miss na namin kayong dalawa e!"

"Oo nga! Si Kevin naman, sinolo tong si Jersey!" sabi ni Jill. Ako na naman ang topic!

"Sunduin nyo na nga yang Devil Woman na yan! Nakakairita e!"

"NAGSALITA!!!!"

Sumingit si Keith sa gitna namin ni Jersey. "HEPHEP! Maglalambingan pa e! Tour nyo naman kami dito oh!"

"Oo nga," sabi ni Amae. "Pakilala nyo kami kay Sir Ramon! Daliiiii!!!"

No choice naman kami ni Jersey, sumama na kami sa kanila. Paikot-ikot lang kami sa campus, parang turista yung pito! Last naming pinuntahan ang UP Film Center, para magpapicture sila kay Sir Ramon.

Saktong pagpasok namin sa FI, palabas ng building si Sir Ramon. Tinawag sya ni Jersey, at buti naman lumapit sya. Picture picture blah blah blah. Inaantok nako kaya di ko na masyadong pinansin yung pinaggagawa nila.

Paalis na ulit si Sir nang may sabihin sya kay Jersey. "Nakita nyo na yung exhibit nyo?"
Nagising tuloy ako.

"Anong exhibit Sir?" tanong ni Je, na halatang naguguluhan.

"Sus. Kunwari pa kayo! May exhibit dyan sa loob, may mmga picture kayo ni Kevin." Nagkatinginan kami ni Jersey. Wala naman kaming matandaan na pictorial o kahit ano ah? "German photographers yung kumuha. Tignan nyo kaya sa loob!"

And then it hit me. Yung sa LB! Yung dalawang nagpadugo ng ilong ko dahil sa kakasalita nila ng German!!! Akala ko ba!? Hindi na ko natapos sa pag-iisip. Hinigit na ko ni Jersey papasok sa FI para makita yung exhibit.

Ang barkada naman, excited masyado. "Nice one! Models na kayong dalawa!" asar ni Ken. Nasa gitna ng exhibit yung mga picture namin. 8 photos. 8 SHOCKING PHOTOS.

Photo #1: Yung first meeting namin ni Jersey sa harap ni Oble.

Photo #2: Sa SU. Yung unang beses ko syang tinawag na Devil Woman. Nakasandal sya sa [pader.

Photo #3: Lakan & Lakambini practice sa Freedom Park. Nakaupo kami sa bench, naggigitara. Nagtatawanan.

Photo #4: Lakan Finals. Tinakpan ko yung mata nya.

Photo #5: Nasa HUM Steps kami. Nag-aaway dahil sa Gummy Worms.

Photo #6: December. Umiiyak sya. Nag-away kami sa Freedom Park.

Photo #7: Nung naglasing kami sa may Library. After ng Homecoming. Nakasakay sya sa likod ko.

Napa-sh*t ako sa picture number 8. Hulaan nyo kung ano?

YUNG SA ELEVATOR. NUNG GIG NI JERSEY. Saktong pagbukas ng elevator paglapag namin ng groundfloor. Halatang inshock kami ni Jersey sa picture.

NAKNANGHUCHA. Pati yun nakunan ng picture!?

"Oh gosh. Nice shots! Kinikilig ako!!! :">" sabi ni Amae. Sumang-ayon naman yung iba. Kanina ko pa pinapaulit-ulit sa utak ko na sana walang makapansin sa photo 8. Please sana wala.. [please sana wala... please sana wala.. please sa-

"Hey. Di ko gets yung #8. Je, anong nangyari dyan?" tanong ni Sath. LECH*.

Natagalan si Jersey bago sumagot. "Ha? Wala lang yan. Tangangers tong si Kevin, umutot ba naman! With matching sound pa! NAKAKASHOCK ANG AMOY!" PUTRES. Sa lahat ba naman ng pwedeng idahilan, utot pa!? Parang nandiri tuloy sina Sath sakin. Kainis.

"EEWWW!!! SANA MAN LANG NAG-EXCUSE KA KEV!! KADIRI TO!!!"

"E kasalanan naman nya e! Pinapatawa ako. Di ko naman mapigilan yung utot!" tumingin ako kay Je. Tinaasan nya ko ng kilay. Abaaa, pwede na ata kami sa acting ah!~In fairness naniwala naman sila samin. Haaay. Muntik na!

Sumabay na rin kami sa kanila pauwi sa Muntinlupa. As usual, si Jerro ang nagdadrive. Katabi nya si Sath sa harapan. Tas sa second row (sorry eto tawag ko ah!) sina Amae, Jill, Ken at Keith. Pinakalikod naman kami nina Jersey at Paolo.

Shet, hindi pa rin ako makamoveon dun sa picture. Maganda nga yung kuha, pero di ba parang stalkerish yung dating? o_O Ang lakas naman nata ng radar nung mga German na yun! Nasakto pa sa pagbukas ng elevator.

BOBO, SANTOS. Kaya nasakto yun kasi nakita nila na hina- SHEEEEEEEEEEEET TAMA NAAAA! KINALIMUTAN KO NA YUN. WALANG NANGYARI. WALA. WALA. WALA WA-.

I felt something touched my shoulder. Pag tingin ko, ulo pala yun ni Jersey. Aba, wala pa nga kami sa may Cubao tulog na to!

Tinitigan ko yung mukha nya. Hmmm. Medyo nacoconvince nako na maganda sya. Tanda ko tuloy yung nasa library kami, binida nya lahat ng qualities niya etc. Okay naman, pang girlfriend material. Kung (as in KUNG lang ha.) hindi kami super friends nito, malamang niligawan ko na to.

Bigla tuloy akong kinilabutan sa iniisip ko. Eto, magugustuhan ko? MUKHANG MALABO. Siguro magugustuhan ko lang sya kapag wala na talaga akong choice na maging girlfriend. Ngayon, ang status ko sa kanya? Close friend. Di ko hahayaang lumapit si Paul o kung sino mang sanggano dyan para ligawan to. Wow, defensive?

Nagising sya nung biglang pumreno si Jerro. Bwiset, napasobra ata ang pagtitig ko sa kanya! Ano ba to -__- When she opened her eyes..

I accidentally stared at her. Again.

Then something.. something hit me.

## Chapter 27

MAY 24.

(Amae's POV)

"RISE AND SHINE HONEYS!!! Come on!!!" sigaw ko sa tenga nina Jersey. Effective talaga akong alarm clock! It's already 6am today. And.. ngayon kami pupunta sa Pagudpud! :DDDD

"ANO BA AMAE!!!! INAANTOK PA AKO!!!" Aba, nagwawala pa tong si Jersey. Sarap batukan! Well, in case you're wondering, nasa Manila kami ngayon. Kakagaling lang namin sa concert ng Maroon 5 kagabi! <3 <3 After ng concert dumiretso kami sa condo nina Sath para dun na matulog tapos larga na papuntang Pagudpud!

Binato ko na sya ng unan para magising na. "HOY. Maligo ka na! Aalis na tayo ng 7!"

"Ayaw. Ang aga pa kaya!"

"GISING NA! IKAW NA LANG HINIHINTAY!!!"

"...."

ABA! NAKAKAINIS TALAGA TO PAG INAANTOK! ANO KAYANG PAMPAGISING? HMMM. ALAM KO NA!!! "KEVIIIIIN! LIKA NGA DITO!"

Pumunta naman agad sya. "Yes?"

"Gisingin mo nga tong bwiset na to! Nakakainis e!"

Lumapit si KEvin sa higaan at hinila yung kumot ni Jersey. "Devil Woman! Hiya naman dyan oh! MALIGO KA NA!!"

Crap. Jersey didn't even budge! Nandun lang sya, nagtakip ng unan sa mukha. LECHUGAS!!! Halatang naiirita na si Kevin, isa pa rin syang inaantok e. "Hoy. Sabing bangon na e! Ano ba Jersey Santiago wag kang epal!"

"..."

"Puch*! Makulit ka rin noh!?" bulong ni Kevin. Walang kyeme, binuhat nya si Jersey paalis ng kama. DEFINE BUHAT.

In an instant, nagising naman si Jersey. "Shemay! Put me down, will you!? PUT ME DOWN!" Pinilit nyang kumawala sa braso ni Kevin, kaso hindi nya kaya. Nakakita na ba kayo ng magsasaka na may buhat na sako ng bigas? Ganun itsura nila. At ako'y kinikiliiiiig!!! :">>>

Tawa nang tawa sina Jerro pagkalabas ng dalawa sa room. "Ayan kasi, ayaw pa bumangon!" pang-asar nila. Lumabas nako ng room para makita kung anong nangyayari. It turns out na dinala na ni Kevin si Jersey sa loob ng CR. Uh oh. At nakasarado ang pinto.

UH OH.

(Jersey's POV)

"DAMMIT!!! ANO BA!!" sigaw ko sa lechugas na bumuhat sakin. PUYAT NA PUYAAAAT AKOOOO tapos gigisingin ako ng maaga!? ANO BA!!! Teka, nasan na pala ako? Hindi ko na nakita kung san ako dinala ng WTH na to. Nakasamburay na kasi yung buhok ko at natakpan ang mukha ko! BAD VIBES!!

Narinig ko na lang na may bumukas at sumaradong pinto. At binaba nya ko sa... toilet?

SHEEEEET. NASA CR KAMI!?!

Inayos ko kaagad yung buhok ko. Crap oo nga, nasa CR kami. Binuksan pa ni Kevin yung shower. "What in the world are you doing!? HOY!!!"

Hindi man lang nya ako tinignan. Bwiset! "Maligo ka na."

"E bakit ka galit!?"

"Isa pang salita dyan papaliguan kita. Umayos ka."

Hey, what's wrong? Ba't galit to? Nakakainis naman. Ayun, hindi na lang ako nagsalita at pumunta sa shower area. Isasarado ko na sana yung shower curtain nang mapansin ko na nakaupo pa rin sya sa toilet.

"Uhh. Excuse me, do you mind?" naiirita kong sabi.

At last, tumingin na rin sya sakin. Namula pa ang loko. "Sorry. Pakidalian please." And he went out. Anong problema nun?!

AFTER 3 HOURS.

Nasa NLEX na rin kami. Haaay. Kung nag-eroplano kami, kanina pa kami nandun! 45 minutes lang ang Manila to Laoag, tapos 1 hour ang Laoag to Pagudpud. Ano ba kami, adventurous o suicidal? 10 hours by land ang papunta sa Laoag, tapos another 1 hour papunta sa Pagudpud. KALAHATING ARAW SA VAN!? CRAP.

Si Paolo ang nagdadrive ngayon. Syempre, puro mga lalaki ang magdadrive. Every 2 hours ang palit ng drivers, so pag every stop namin yun. Katabi nya sa harap si Jerro. Sa 2nd row naman sina Amae, Sath, Ken at Keith. At nasa likod naman kami nina Jill at Kevin. Wait, nasa gitna namin si Jill. At hindi sya namamansin. Meron ba sya!? Matext nga!

To Kevin:

HOY. Galit ka?

Sinilip ko kung binasa nya yung message ko. Ay bwiset, tinignan lang nya!!!

To Kevin:

Leche. Mamansin ka naman dyan oh!

Hindi na nya tinignan yung phone nya. Bwiset. TATAWAGAN KO NA LANG!! E di tinawagan ko nga. Tapos nagring naman ang phone nya. Nagulat ako sa ringtone.

WARNING. THIS PHONE HAS DETECTED AN INCOMING CALL FROM A LOSER.

Dun na ko nainis. "BAKIT GANYAN NAMAN YUNG RINGTONE MO SAKEN!!!?!"

Nagtinginan sakin ang lahat, except kay Kevin. "Je, ba't mo naman tinatawagan yang si Kev?" tanong ni Ken.

"WALA LANG. TESTING LANG." Sinilip ko sya. Wow, no reaction? Ano bang meron?!? Sus. Bahala na nga! Matutulog na lang ako the whole trip! Bahala sya dyan -___-

Eventually ako around 3pm na. Wow ha, 5 hours akong tulong! Naka-dalawang stop na ata sila, pero di man lang ako ginising! Si Kevin na yung nagdadrive. Haay buti naman, para walang istorbo dito sa likod! Kinuha ko yung iTouch ko at naglaro saglit ng Angry Birds. Crap. Boring naman! Tinignan ko yung phone ko. One message received.

From: Kevin

HAHAHA :P

TINAMAAN NG LINTEK YAN OH!!!! Tinawanan lang ako!? "Bwiset!!" sabi ko tuloy. Sinilip ko sya dun sa may mirror (hindi ko alam yung tawag! -___-) and I saw him smirked. KAINIS.

To make the long story short, dumating kami sa Hannah's Resort ng 7:35 pm. Niligaw kasi kami ni Ken e. Kainis!! Ang ganda sa lugar! Kitang-kita yung Blue Lagoon sa pwesto namin. Medyo marami din yung tao dito, pero ayos lang!

"Grabe Jerro, " I heard Sath whispered, "Ang galing ng random [pick mo! This place is beautiful!"

"Yess! Come on, maglagay na tayo ng gamit sa suite natin! Ang dami kaya ajujuju", umandar na naman ang pagka-jejemon nitong si Keith!

Family suite ang kinuha namin. The suite has 2 rooms, and could accommodate 5 persons each room. Oraaayt! 3 days and 2 nights kami dito, pero super OA naman ang dala ko. Isang malaking luggage bag, Jansport na backpack at isang medium sized travel bag. Sorry, maarte e!

Syempre, hirap[na hirap akong iakyat yung luggage bag! Nauna na kasi sina Paolo sa loob. Kyaaaa. "Yan kasi Jersey! Ang laki pa ng bag na dinala ko," nilecture ko sa sarili ko. Super hassle ako sa pagkaladkad nang may nabangga ako.

"Ay sorry p-"

"Akin na yan." In a flash, may humablot ng bag ko. Si Kevin ba yun? Oo nga. Sya. Grabe, isang bag lang dala nya!?

Natigilan ako dun ah! "Hoy!" tinawag nya ko. Medyo inis. "Babagal pa?"

Sumunod na lang ako. Ang sungit! Ni hindi man lang nya ako kinausap habang papunta kami sa suite. Pagdating naman namin sa loob, tinabi lang nya sa may pintuan ng room namin yung luggage bag ko.

The rest of the night was a blast! Dinner-party-inom-karaoke-billiards-swimming-tongits-inom-karaoke-tawanan-kwentuhan-picturan GRABBEEEEE SAYA NG SUMMER! :D Masaya kahit hindi ako masyado pinapansin ni Kevin. The others didn't notice it naman. Anyway Jose, I don't care. Basta masaya na ako :)))

THE NEXT DAY.

Pabonggahan na to ng beach bod! :D 9am nang magdecide kaming magpalit na ng swimsuit. I decided to wear my fave swimsuit: black na two piece with gold lining. Simple lang :D Nagshorts and loose shirt muna ako para di masyadong nakakailang. Plus Rayban shades baby!

"JERSEEEEEEY!!! DALI!! LABAS NA DYAN!!" tawag sakin ni Sath sa labas. Ako na lang pala ang natira dito badtrip!

Paglabas ko, nakaready na sila para sumakay sa ATV (All-Terrain-Vehicle). Tuma-topless ang boys! "Naaaaks naman! Pabonggahan ba ng abs ito!?" asar ko sa kanila.

"Hoy. Camera mo nasan?" paalala ni Paolo. Oh shoot! I forgot my cam!

"Wait lang! Wait ha," sabi ko sa kanila. When I turned around, may nabangga na naman ako.

Skin to skin.

Kevin!?

"Oh crap I'm sorr-" CRAP. TOPLESS. CRAP. CAN'T STOP STARING. Medium built lang naman si Kevin pero I never thought na.. buff sya. Huhuhuhu six pack panalo to.

I didn't realize that I was staring already. "Ano. Mang-aasar ka pa na may bilbil ako?" I heard him say.

"Freak no. Tabi nga dyan!" tinulak ko pa sya palayo sakin. Ooohlalala skin to skin! Shut up brain! Shut up!! TAMA NA NGA. Bad shot ka na nga sa tao Jersey, pag-iisipan mo pa nang kung ano. WALANJO.

(Kevin's POV)

AKO NA NAIINIS. Pucha, bakit ba ako naiinis pag nakikita ko tong si Jersey? NAIINIS TALAGA AKO. BWISEEEEET SARAP SAPAKIN NG SARILI KO!!!

Leche. Pasensya na kung mura ako nang mura. Mas naiinis ako sa sarili ko. Bakit ba? After nung car ride last week, nagsimula na akong mainis sa kanya. Wala naman syang ginagawa saking masama. Ganun pa rin naman sya. Ako talaga may problema.

Tulad ngayon. Kaming dalawa pa yung magka-angkas sa ATV na nirent namin. Dahil ako ang lalaki, ako ang magdadrive. Kainis, nasa likuran ko pa sya. At nakakahiya, sya pa nagturo sakin kung pano magmotor.

Sumakay nako sa motor. She just stood there, staring at me. "Anong hinihintay mo dyan, New Year? Sakay na!" Shet nasungitan ko na naman. Sumakay na lang sya sa ATV. Mountain trekking nga pala kami ngayon. Sana hindi kami mawala.

Medyo hindi pa mabato yung unang trail na dinaanan namin. Tahimik lang kaming dalawa. Ako nagcoconcentrate sa pagmomotor (at para di ko na sya sungitan). Busy naman sya sa pagpipicture. The next trail was very.. rocky. Naririnig ko na sina Amae at Jill na sumisigaw sa unahan namin.

Nakakapit kaya si Jersey? Eto kasi, may pagkasuicidal to e. "Jersey!! Humawak ka nga dyan!!" sigaw ko sa kanya. Hindi ko na sya masilip, ang hirap kayang magdrive dito!!

"HA!?! I CAN'T HEAR YOU!!!" sabi nya sakin. Masyado na atang mabilis yung takbo namin.

"KUMAPIT KA DYAN! MABATO NA YUNG DAAN!!!"

"ANOOO!?!"

Leche. Ang bingi naman oh. Bahala na nga! Bumitiw ako saglit sa ATV at hinablot ko yung kamay nya. Hinila ko sya palapit sakin, nakayakap sa likod ko.

"H-hey!" sabi nya. She was about to remove her arms around me nang higpitan ko yung hawak ko sa kanya.

"Wag na makulit. Baka mahulog ka." Bwiset. Ano ba. I heard her mumbled something. Bahala na nga! Ganun lang kaming dalawa the rest of the ride. Tahimik lang. Pucha, skin to skin to. Nakakainis! Dapat nagtshirt ako!

Mga 11am na nung bumalik kami sa may beach para maglunch. Tameme naman si Jersey. Ano bang problema nya? Hindi lang sya napansin. Sya na nga tong nakachansing sakin kanina e! :DD

After ng lunch, I decided to roam around the resort alone. Dinala ko na rin yung dSLR ko para picturan yung Blue Lagoon. Maraming tao dito sa Hannah's, okay lang. Mas maganda ang lugar na to kung konti lang ang tao.

Pumunta ako sa isang nipa hut malapit sa beach shore para dun magpicture. Ang saya, ang tahimik dito! Mga 10 minutes na siguro akong nagpipicture nang may marinig akong ingay malapit sa nipa hut ko. When I looked around, crap.

May tatlong babae na nagtatago sa likod ng nipa hut. What now?

Nginitian ako nung babae na naka red swim suit. That made them to approach me. "Hi!"

I don't want to be rude so I smiled back. "Hello."

Pumasok na sila sa loob. Mukhang ka-edad ko naman sila. Cute, pero hindi appealing. Kinausap ako nung isang naka blue. "Wow. Are you a photographer?"

"Ay hindi. Hobby lang."

"Why are you alone?" tanong nung naka white. Nagtinginan pa silang tatlo.

"Actually I'm with my friends here. Kahapon lang."

They even tried to smile at me seductively. T@ngina. Ayoko sa lahat e mga babaeng malandi. "Really? For how long? Until next week?"

"Hanggang bukas lang kami dito e."

Aba, nalungkot pa ang mga malalandi. "Ganun? E may gagawin ka ba later? Gusto mo mag scuba diving? Cmon. It's gonna be fun!"

ANAK NG TETENG. PANO BA TANGGIHAN TONG MGA TO!? "Naka-schedule na kasi kami ng 2pm e. Sorry."

"How about dinner? Later? Cmon, saglit lang."

KAINIS. PARANG SI CHARLIE TO AH!!! "We have plans tonight. Thanks for the invite anyway."

"We? Barkada mo right?" sabi nung naka blue.

"Or may girlfriend ka dito?" extra nung naka-red. Badtrip. Ano ba!

Sasagutin ko na sana ng "LECHE ANG LALANDI NYO PWEDE ALIS NA!?" nang may narinig akong boses na palapit samin.

"BABE!"

ANO BA YAN. BAKIT BA ANG DAMING FEELINGERA SA PANAHON NA TO!? Nang tinignan ko kung sino yung sumigaw, napa-nganga ako. Literal.

Si Jersey pala yun. Ayan, nakaswim suit na. Freak. Ang ganda. Ang..

"Hey!" lumapit na sya sakin. And she planted a kiss on my cheek. "Where have you been? Kanina pa kita hinahanap ah!"

Speechless ako dito. Anong ginagawa nito!? Tsaka bakit may pa-Babe Babe pang nalalaman!? "H-hindi mo ba nareceive yung text ko? I said I'll roam around." Para mas convincing, I placed my arm on her waist. Nginitian ko pa. Please Jersey mamaya mo na ako sapakin okay!? -__-

Jersey smiled back. "Nasa suite yung phone ko. Sorry! :D"

"AHEEEEMMM!!!" sabi nung naka-white. "What's this?"

Tumaas yung kilay ni Jersey. "Uhh. Excuse me?"

"Girlfriend ka ba nya?"

Napahigpit tuloy yung paghawak ko sa kanya. Uh oh. Anong isasagot nito!? Ako na sana sasagot nang..

"Yes. I'm his girlfriend. Bakit?" SHET.

Sumama na yung tingin ng tatlo. "I don't believe you. Prove it!" ANAK NG TETENG! ANO BA.

"Je-"

"You want us to prove it? Sure!" tinignan ako ni Jersey, seryoso. She slowly moved her face towards mine. PUCHA. NO. PLEASE. DON'T. KISS. ME.

Lalapat na sana e! As in malapit na!! Nang..

"OKAY WE'VE SEEN ENOUGH! UGH." sigaw nung naka-red. Napangiti tuloy si Jersey.

"Look. We have to go! Sana enjoy nyo tong trip na to girls!" sabi nya, na may pagkaplastic. "Babe! Cmon, let's get ready na." She held my hand and we stormed off the scene. Iniwan namin yung tatlo na nanggagalaiti sa inggit.

Gusto kong bitiwan yung kamay nya. Hindi ko alam kung bakit. Parang.. ewan! Ang gulo, gusto ko ring hawak ko yung kamay nya. Ano ba! Hihigpitan ko na sana yung hawak ko nang sya yung bumitaw.

Aray.

Napatigil din sya sa paglalakad. "Ano, how's my acting skills? Pwede na ba?" she asked with a sly smile on her face.

I pretended that I don't care. "Bahala ka nga dyan!" Naglakad na ako palayo sa kanya. Bwiset!!!

Natuloy naman kami sa scuba diving, hindi na naman kami nagpansinan. Well, ako na tong umiiwas. Nailang kasi ako dun sa ginawa nya kanina. Magpanggap ba naman na girlfriend! -__-

Nung gabi, we decided to rent 2 tents para sa may shore kami matutulog. Kasya ang 10 tao sa isang tent, pero syempre naman privacy. May camp fire pa kami ha! Naglabas ng gitara si Jerro, kaya jamming kaming lahat. Sayaaa! Last day na pala namin dito bukas. Grabe sa bitin!

Pumasok kami sa tent ng 2am para matulog. AAAAAAAAGGGGH DI AKO MAKATULOG! Lumabas muna ako ng tent namin para tumambay sa labas. Di pa pala napatay ni Keith yung camp fire namin. Tae, camp fire talaga tawag noh? :DD

Hahagisan ko na sana ng tubig yung siga nang..

"Hey! Wag muna!" napalingon ako. Si Jersey na naman. Crap. Naupo sya sa harap ng siga.

Alangan namang bumalik ako sa loob ng tent diba? Tumabi na lang ako sa kanya. "Patabi."

"Nakaupo ka na e. Ano pa bang magagawa ko!?"

"..."

"Nga pala.." she looked at me. "Sorry nga pala sa kanina. Hindi ko na pala dapat ginawa yun. Sorry!"

"Tsss. OKay lang. I should thank you pa nga," natawa pa sya. "Seriously. Muntikan nakong ma-rape nung mga yon!"

"Magpapa-rape ka naman ata sa kanila e!"

"Kapal mo oy! Baka nga ikaw pa ang mangmanyak sakin!"

Tawa naman kaming dalawa. Tapos tahimik na ulit. Ang awkward.

"Uhh. Galit ka ba sakin?" Napalunok na lang ako. "Kasi.. ewan. Bigla mo ko hindi kinausap. Ang sungit mo! Talo mo pa may dalaw e!!"

"Hindi ako galit."

"Eh ano yang drama mong yan!? Bwiset. Ikaw na maarte! Hoy, galit ka kaya!"

"Hayy. Ano ba. Wag mo ngang ipilit na galit ako. Baka matuluyan talaga."

"E DI TULU-.. Joke. Bakit ka ba ganyan? I mean.. Ugh. Ako lang yun. I wish you could explain. But it looks like..."

"Sa totoo lang, ewan ko. Pag nakikita kita, naiirita agad ako. Seryoso. Naiirita ako. I tried to stay away from you as much as possible, pero putek barkada kasi tayo kaya hindi kita malayuan. Nakakafrustrate. Hirap explain. Di ko alam kung bakit ako naiirita. Sorry kung hindi ko maexplain, Jersey. Ang dami ko lang iniisip ngayon."

"Are you sick? Bakit ka naman naiirita sakin? Tss. I knew it. Wala na talaga akong charm!" t@ngina! Natatawa ako! "Leche wala namang ganyanan!"

"Bakit mo ba iniisip yang charm mo? Okay naman ah."

"Nasabi mo na rin yan..." humarap[na sya sakin, parang may itatanong na ewan. "Eto. Hypothetical lang ha. Uhh. Is there a possibility that you will like me? Kasi.. wait do I sound desperate?"

"Bakit mo ba sakin tinatanong yan!?"

"Wala lang. Kasi.. you think out of the box. Tsaka you know.. BASTA! Kasi I think ikaw na ata ang pinakahuling tao na magkakagusto sakin. Though you haven't seen me in all of my worst moments.. kyaaa ano ba to."

"Hmm. I have an answer. Gusto mo marinig?"

"NAMAN!"

Teka. Ano nga bang isasagot. "Sige, hypothetical. Kunwari hindi tayo barkada. Let's just say I'm a frat man. Tapos nakita kita.. hmmm.. Kung hindi kita palaging kasama, siguro.. magagandahan ako sayo. Crush crush, mga ganun. Kasi interesting ka e. Ang dami mong pwedeng gawin. Ibang klase ang sense of humor mo. Marami naman sigurong maiinlove sayo."

"EH SA PALAGAY MO NGA KUNG HINDI TAYO MA-"

"I think magkakagusto ako sayo. Kasi.. you're close to my type. Tsaka you're unpredictable. Pero sorry ka na lang, hypothetical lang yan. Asa ka naman!"

Pinagpapalo nya ko sa braso. "Leche! HOY! IKAW TONG NAGTATANONG TAPOS IKAW PA GALIT! TSAKA BAKIT NAMAN SA TINGIN MO AKO ANG PINAKAHULING LALAKI NA MAGKAKAGUSTO SAYO!?"

"KASI. Ganun naman talaga diba? Kahit pagbaligtarin mo man ang mundo, you'll never like me. Romantically. Kung mangyayari man yon, grabe pre, baliw ka na!"

"Sus. If I know, crush mo ko Jersey!" pa-joke kong sabi.

"Oo nga, naging crush kita. Asshole."

WHAAAT!? "Ngee. Korni mo. Maniwala?!"

"Oo nga, Naging crush kita nung first sem. God I hate confessions! Well, ayun nga. Crush nga kita. Pero asa ka, wala na yun! As in first sem lang. Sorry ha. Ikaw kasi!"

I really don't know what to say. Crush nya ko.. dati?

"HOY! Natulala ka naman dyan Kevin! Sabi ko dati ha. Tsaka na-turn off ako sa kaka-Maxene mo. Okay lang. Just don't mind me."

KEVIN SANTOS MAGSALITA KA!! HOY. BAKIT AYAW MONG MAGSALITA!? Tinatawanan nga ako ni Jersey dito. "Grabe, in shock? Sorry na! Wag mo na lang isipin yung sinabi ko. I just want to let you know. Sana hindi ka mailang sakin, kasi I'm really cool with it. Di ba I promised, no love life muna? HOY!!"

HINDI AKO MAKAGALAW. BAKIT!?

Jersey stood up. "OA NA KEVIN. Osha, inaantok nako! Goodnight!"

And she kissed me on the forehead.

LUBB DUBB. Crap.

## *Chapter 28*

MAY 31.

(Jersey's POV) McDonald's

Ang sakit na ng braso ko! Bwiset tong si Kevin amp.

"BATO BATO.. PIKS!!! YES PANALO AKOOOOO!!" sigaw nya na parang baliw. Sumayaw pa sya nag nakakaloko.

"Masaya ka na nyan!? Leche. IKAW NA!!"

Tumigil sya sa pagsayaw at humarap sakin. Wagas na naman ang tawa nitong bwisit na to. "Well well well. Panalo ako Jersey! Pano na yan, kawawa ka."

SHIZZZ. Anong meron? Kasi nga malapit na ang enlistment of subjects ngayon. Since kami ay CommArts, we need to take a Math elective. Pinagtatalunan namin kung Math 11 (College Algebra) or

Math 17 (College Algebra & Trigonometry). Mas gusto ni Kevin ang Math 17 kasi pwede na syang magshift ng ComSci. Mas madadalian ko namang i-uno ang Math 11. So there.

Teka nga. Teka nga. Bakit nga ba kailangan naming magsama sa isang subject? Pwede naman nya kunin yung Math 17, ako Math 11. Weird.

"Okay fine. Math 17 na. Are you sure about this? Magsishift ka ba talaga?" tanong ko sa kanya. Natigilan tuloy sya.

"Nag-iisip pa ako. Gusto ko talagang mag-ComSci e. It's my dream ever since. Kasalanan mo kaya kung bakit di ako nakapagComSci!"

ETO NA NAMAN ANG KWENTONG UPCAT. "I know. I know. Sorry na nga e! Come to think of it. Kung di nangyari yon, e hindi tayo magkakakilala diba? :D"

Medyo sumimangot sya. "Sa tingin mo masaya ako na nakilala kita?"

"Naman. Kung nakapasa ka nga sa Manila, e di may TB ka na dun dahil sa sobrang polluted ng lugar. Tsaka aba, wala kang makikitang kasing ganda ko dun noh! Mukha ka namang masaya ha!" I said with a smile.

"Sigurado ka ba? Tss. Hangin mo rin noh!", umiwas pa sya ng tingin. "Hindi kaya masaya. Korni mo!"

"Aysos wag na magdeny! Kahit pano naman siguro masaya ka na nakilala mo ko. Tama na nga to! Ang cheesy na e!" tumayo ako at nag-ayos ng shorts. "Ano, Math 17 na talaga?"

"Oo nga. Ay alam ko na! Pustahan tayo!" sabi nya na parang naka-isip ng isang evil plan. This is not good.

"Ano na naman!? Pera?"

"Hindi. Ganito na lang. Uhhh. Pataasan tayo ng grade sa class card! Ano?"

I love challenges! "Sige ba! Chicken lang yang Math sakin ha. Akala mo!"

Binelatan nya naman ako. "Sus. Kapal mo. Pag na-uno ko yang Math, may ipapagawa ako sayo."

"ANO!?!"

Tumayo na rin sya. Haay sa wakas makakaalis na rin dito sa McDo! Kanina pa kami pinagtitinginan ng mga tao dito e. "Secret. Basta, walang bawian ha. Deal?" He extended his right hand to me. I shook it naman. "Ayan. Excited na ko. Magandang birthday gift to!"

"Don't be so sure, Santos. I might beat the hell out of you. Pag mataas ako kesa sayo, dun ko gagamitin ang deal."

"Whatever you say, Debs."

Napatigil ako sa pagbaba sa hagdan. "DEBS!?"

"Debs. Devil Woman na may bilbil. Lakas ng loob mong mag-two piece last week, puro bilbil ka naman pala. Ilang kilos ka ba?"

"46 kilos. HOY. WALA AKONG BILBIL!!!"

Kinurot nya pa yung tiyan ko. "Eh ano yan!?"

"SHET KA!!! KAINIS!!!"

Nasa Los Banos nga pala kami ngayon. Nag-ayos kasi kami nina Sath ng gamit for the coming semester at ngayon lang namin kinuha ang mga class cards namin. Yes, University Scholar pa rin ako! :D

Naglalakad ako sa may street namin nang mapansin ko na may nakapark na familiar na sasakyan malapit samin. May lumabas na lalaki sa sasakyan.

Kaya pala familiar kasi si Paul yung lalaki.

What now?! Binilisan ko pa lalo yung paglalakad. Ang hina talaga ng ulo nito noh!? Sinabing ayaw ko na syang makita, but f*ck it. He's here. And he's heading towards me.

"Jersey. Can we talk?" he said nung nasa harap ko na sya.

"I told you, wala na tayong dapat pag-usapan diba? Ang hina mo rin." Hindi ko na talaga mapigilang mainis.

"Saglit lang. May gusto lang akong sabihin."

Bad timing naman, walang katao-tao sa street namin. As in wala. Kaming dalawa lang. I stared at him for a while. Mukha namang sincere sya sa sinabi nya. "Okay. But be fast."

"Okay lang ba sa kotse na lang tayo mag-usap?"

Hindi ko na sya hinintay. Nauna nako papunta sa sasakyan nya.

2 minutes kaming tahimik simula nung pumasok kami sa sasakyan. Sarap talaga batukan nito.

"Jersey. Teka kinakabahan akong kausapin ka."

"I won't bite. Trust me."

Huminga muna sya ng malalim. "Please wag mo muna akong babarahin, okay? Uhh.. I've been reflecting during the summer break. Uh.. I really don't know what to say right now. Shet. Okay. I'm so sorry. Oo, g@go talaga ako. Ni hindi ko nga alam kung bakit ko nagawa yun. Alam kong di ka maniniwala, pero namiss talaga kita. Sobra. Right after kong sinabi na break na tayo, nanghinayang talaga ako sobra. Wrong move. I distracted myself. Pero small world, isang university lang tayo e. Akala ko pag nakita kita dito sa campus, okay lang tayong dalawa. No fuss. Pero mali e. Nung nakita ko kayo ni Kevin sa Room 9, narealize ko na mahal pa kita. Kasi may kumirot. T@ngina, parang di ako to ah.

Yung sa meeting ng homecoming, di ko inakalang pupunta ka ng mag-isa. Dapat hindi na nga ako pupunta pero sayang. Tsaka may feeling ako na may mangyayari e. Sana pala hindi na lang ako pumunta. Para hindi na nangyari yun. Sorry Jersey, ang tanga ko. August pa naging kami ni Krissy pero hindi ako masyadong seryoso. Naawa lang ako kasi nga may sakit sya, tapos her parents got divorced. She needed my help. Kaya hindi ko sya naiwan nung November. Yes, she broke up with me right after the homecoming. Two losses in one night. Parusa talaga sakin yun. Ang sakit e. Pero mas nasaktan ko kayo.

Yung two months Jersey, totoo yun. Okay lang kahit hindi ka maniwala sakin. Akala ko malelate ka nung homecoming kaya pinakilala ko si Krissy na girlfriend ko. Sorry kung hindi ko sinasagot yung mga tawag mo nights before that. I was thinking about us, about Krissy. I decided to break-up[with her pero sumabay naman yung suicide attempt nya. Her father died. Alangan iwan kong ganun yun. But in the end she left me. Ang tanga ko noh?"

Stop those tears, Jersey. Stop it. Shet, I can't. Sa 10 years ko syang kilala, ngayon ko lang sya narinig na sobrang seryoso. Na sobrang honest. Ang sakit. Hindi ako makapagsalita.

"Don't worry," pahabol nya. His eyes are fixed on the dashboard. "Last na talaga to. Gusto ko lang magsorry sayo. And mag-thank you. Kasi ikaw lang yung nakagawa sakin ng ganito e. I learned to be honest with my feelings because of you. Yet I broke your trust. Sorry ha, mahal kasi kita e. Ang ironic diba, mahal kita pero ginago lang kita. Siguro hindi ka lang talaga para sakin. Okay na rin yung 10 years kitang nakasama. That's a long time already. Masyado naman akong selfish kung.. maghohold on ako sayo."

"P-Paul naman.."

"Hoy! Wag ka ngang umiyak dyan! Ayokong makita kang umiiyak ngayon. Na-trauma na ko dun sa pag-iyak mo nung Homecoming. Sampal kasi yun, na sobrang unfair ko sa inyong lahat. Cheer up, Jersey! Para naman may maganda akong baunin pag-alis ko."

PAG-ALIS!? PAG-ALIS!? "Wa-w.. What? You're leaving!?"

He smiled at me, tapos inabot nya sakin yung panyo nya. "Punasan mo muna yang luha mo. Nag-run na mascara mo oy!"

Kinuha ko na yung panyo nya at nagpunas na ko. "Sagutin mo nga ako. Aalis ka!?"

"Yes. Approved na yung transfer ko sa Diliman. Mechanical Engineering. Kinuha ko lang yung gamit ko sa apartment kanina."

"B-bakit ka lilipat?"

"I'm not a masochist, Jersey. Ang dami kong nagawang masamang bagay dito, sa inyo. May konsensya din naman ako noh!?" tumawa pa sya "Besides gusto ko talaga yung Mechanical ever since. Kaya I took the risk. Ayaw mo nun, hindi mo na ako makikita dito sa campus!?"

Naiyak na naman ako. "Hindi naman sa ganun, Pa-"

"Tss. Final na Jersey. Ayaw mo nun, tahimik na kayo nina Jerro dito? Isa pa pala sya sa dapat kong kausapin. Next time na nga lang!"

Ayoko sa lahat ng ganito. Kahit ganun pa yung ginawa nya sakin, minahal ko rin naman sya di ba? He's my first love, and nothing could ever change that. 10 years! Ganun ko lang ba kakalimutan yon? Words couldn't express how I feel so I just hugged him. Iniyakan ko lang yung balikat nya.

"Hindi ka pa rin nagbabago, iyakin ka pa rin," he patted my back. "Grabe, Diliman lang naman yun noh. Kasama ko sina Bryan dun, don't worry. Tsaka baka bumisita ako dito. Wag ka ngang umiyak dyan! Gusto ko nakasmile ka lang palagi. Hindi ko kasi nagawang pangitiin ka e."

He broke the hug first. "Tama na nga. Baka kidnapin pa kita e. Joke lang! Sige Je, yun lang gusto kong sabihin. Ang gulo diba? Pero feel ko pag tanda natin, tatawanan na lang natin tong nangyari satin."

Nagbiruan pa kami saglit bago ako nagdecide lumabas ng sasakyan. I said goodbye properly blah blah blah. Paglabas ko ng kotse nya, may pahabol pa sya.

"Nga pala.. Mukhang may nagpapangiti naman sayo ngayon. Sana tuloy tuloy na yan."

"Ha?! Wala naman kaya!"

"Sus. Deny ka pa. Meron yan, denial ka lang. Pano, see you around!"

Nagbabay ako sa kanya at pumasok na sa bahay.. Haaay! :D Gumaan na yung pakiramdam ko dahil dun! Loko talaga tong si Paul! Nagpapangiti?! Wala naman ah! ;"">>>>>

JUNE 7

(Jerro's POV)

"O, bakit ganyan yang mukha mo?"tanong ko kay Jersey. Kanina pa sya nakatitig sa Form 5 nya.

"Eeeeh kas-"}

"HINDI KAYO MAGKA LECTURE NI KEVIN SA MATH 17!?" extra ni Sath. Kumunot tuloy ang noo ni Jersey. Wow, first time nilang hindi magkaklase sa isang subject ah!

"Nako, i-cancel mo na yang subject na yan! Anong section mo ba?" tanong ni Amae. Aba, umaarriba ang presidente ng KevJeForever!

"Section D. Section ST naman sina Kevin. MWF ang classes ko, tapos TWTh sila. Ano ba to!!!"

"SUS. PARANG ISANG SUBJECT LANG EH!! MAMIMISS MO NA AGAD!! :DD"

"Eew. Asa ka! Hindi naman sa mamimiss ko yun noh. Kayo talaga!" excuse ni Jersey.

"Ay basta! Baka landiin ng iba si Kevin sa section nila, masira pa ang KevJe couple! Wag!" hysterical na si Amae. Grabe ang pagka-aliw nito kina Kevin!

"Uhh Amae," singit ni Sath. "Di ba 7am pasok mo? 6:50 na."

Napatingin kaming lima sa wall clock namin. "ANO BA NAMAN SATH! BAKIT NGAYON MO LANG SINABI!?" ayan, ngaragan tuloy syang lumabas ng bahay para pumasok. Kaming apat? Ayun, hagalpak sa tawa!

Umupo si Jersey sa favorite nyang bean bag sa sala. "But hey, this can be an advantage for me! Matatalo ko sya sa pustahan namin!"

Nagkatinginan naman kaming tatlo. "Anong pustahan?"

Jersey: O__O >.O =")))  "Aahh. Wala yun. Pataasan lang kami ng grades. Libre libre ba."

Hindi naman ako masyadong naniwala sa sinabi nya, pero nagpanggap na lang ako. "Okay fine. Basta, pumasok ka mamaya at wag mong i-cancel yang subject mo. Mahirap magpre-rog!"

She smiled at us. "Don't worry! =)))"

(Jersey's POV)

Iba pala yung feeling pag hindi ko kaklase si Kevin. Duh, 2nd year na kaya kami! So it means wala nang epekto yung buddy system namin last year. Actually, kaming dalawa lang ata ang nagcomply sa buddy system na yun! Eerrr.

Mag-isa lang ako ngayon papunta sa Math Bldg Lecture Hall. Ugh. Baka wala akong maintindihan sa Math 17 lecture na to, 1-2pm ba naman ang klase ko e! Nung freshman ako, vacant time ko ang 1-2pm. Ugh. I shouldn't have made a deal with that scumbag!

Speaking of scumbag, walang klase ngayon si Kevin. Ang next class nya ay SPCM 107, at kaklase ko sya dun. Kyaaa. 4pm pa yun! Now wait a minute Santiago, bakit naman masyado kang eager na makita si Kevin, aber? Nagkita naman kayo kanina ah! At ang sabi nya nasa dorm sya ng ganitong oras. Don't even try to text him now, baka akalain nun na miss mo sya.

Eeeeehh medyo miss ko nga. Hello! Wala kaya akong kakilala dito sa lecture! Well, meron naman pero hindi ko sila close. Huhuhu ;(((

Pagpasok ko ng lecture hall, I decided na sa harapan ako umupo, para makaintindi naman ako kahit pano sa lecture. 5th row, katabi ako umupo. Mga 12:50 pa lang nandun nako. Yuck, early bird?! Konti pa lang kami dito sa LH. At wala pa akong katabi.

"Excuse me," I heard someone said behind me. When I turned around, I saw this guy. "Uhh, may katabi ka ba?"

Ay shunga, nakapatong pala tong bag ko sa upuan na tinuturo nya. "Oh. Wala." tinanggal ko bag ko.

Umupo naman si Kuya sa tabi ko. Darn! Baka freshman to, tinawag ko namang Kuya. Kainis! Dumadami na yung tao sa LH. Tatayo sana ako para magCR saglit nang napansin kong naupuan ni Kuya yung laylayan ng cardigan ko.

"Excuse me?" ay shet. Tulog pala tong si Kuya. Sorry naman di ko napansin! Kinalabit ko na. "Excuse me."

Naaasar pa ata sya nang inangat nya ang ulo nya. "What!?"

"Naupuan mo yung cardigan ko."

Tinignan pa nya yung damit ko tsaka sya umusog para mahila ko. "Mangigising pa pwede namang hilahin na lang!" sabay balik sa pagtulog.

The nerve of this guy! He reminded me of Kevin nung freshmen kami. Same attitude! Kabanas. MakapagCR na nga!

Pagkabalik ko, nandun na yung prof namin. Buti naman at bumangon na tong bwiset na katabi ko.

"Hello. Welcome to Math 17: College Algebra and Trigonometry. I'll be your professor this semester, Prof. Lawas. So.. Nandyan na ba yung S.A ko? There. Mr. Santos, please pass the attendance sheets." Oh great. Si Sir Lawas pa ang prof!? E terror daw to ah? Goodbye to my dreams! Mukhang panalo tong si Kevin sa pustahan!

Umikot na nga samin yung attendance sheets. And since ako yung malapit sa aisle sa row namin, sakin kukunin ng SA yung papel. Lintek, di ako makakopya ng maayos dahil sa paghawak ko ng paper na to!

"Shemay naman yang SA ni Sir! Ang kupad kumuha ng attendance!" malakas kong bulong. Medyo natawa pa yung bwiset kong katabi.

"Ah.. Makupad pala ha!" sabi nung lalaki sa likod ko. Shet, narinig ako nung SA!

"Pakikuha na po Kuya. Kokop-"

PAAAAAKKK. Paglingon ko..

Si Kevin ang nakita ko.

"IKAW YUNG SA DITO!?"

## Chapter 29

(Amae's POV)

3rd week na ng June ngayon. Grabe, ang bilis ng oras! Haay Anyway, Monday nga pala ngayon. Nandito kami sa bahay sa LB.. As in kaming 9. Bakit?

"Uy Je, don't forget my Strawberry jam ha!" - Jill.

"Ako naman sundot-kulangot!" - Jerro.

"Hoy, i-ukay ukay mo naman ako dun. Kahit 500 pesos lang! Shirt dress ha?!" - Sath

"Peanut brittle ko!" - Ken

"Strawberry wine!" - Keith

"Shawl bebe ples?" - Ako

"Hoy. Uwian mo ako ng barrel man ha?! Syempre joke." - Paolo
Yeah. You heard it right. Jersey's going to Baguio!

Nilagay na ni Jersey ang pinakahuling purse nya sa loob ng luggage bag. "Grabe. Sana man lang nilista nyo noh!? Wala akong photographic memory!"

"Sus naman! The usual things naman yung sinabi namin e. Di mo na makakalimuts yun!" sabi ni Jerro.

"Hey. Wag kang matakot sa Ateneans na kasali dun. You can do it bebe!" I cheered.
Kasali si Jersey sa mga representative ng The Parliament para sa National Debate Championship. Four days sila dun. Huhuhu this is so malungkot! Hindi buo ang KevJe couple! =(((

Chineck ulit ni Jersey kung kumpleto ang mga gamit nya. In fairness, nadala na sya dun sa mga dinala nya sa Pagudpud. Nabawasan naman kahit papaano.

"Wala na ba akong nakalimutan?" she asked us. Tinignan din namin yung paligid kung meron syang kulang.

"Pssst," bulong ni Keith. Napatingin naman kaming lahat. May tinuro sya gamit yung nguso nya. Nang sinundan namin...

Aba, oo nga. Si Kevin! Bakit tahimik sya? Nakaupo sya sa may dining table. Ayun, nag-iinternet.
Tinulak ko si Jersey para lapitan si Kevin. Medyo nahiya pa sya sa paglapit. "Hoy!"

ABA. NR tong si Kevin ah! "O bakit?"

"Wala ka bang gustong pasalubong?"

"Kahit ano na lang. Madami ka naman atang mabibili dun."

Tumaas ang kilay ni Jersey. Kaaga-aga nagsusungit tong lalaking to! "Sure ka na wala kang gustong ipabili? As in wala?"

"Yup. Kahit ano. Hindi naman ako choosy."

She gave up and left the table. "Haaay. Ikaw bahala. Sige guys, alis nako. Dadating na sina Kuya Allan dito any minute. Pao, padala naman ng maleta ko oh!"

Ayan, nag-goodbye na kaming lahat kay Jersey. Parang di na babalik noh! Haha Nakakatawa lang e.

"Hoy Kevin!" tawag ni Ken mula sa labas. "Aalis na si Jersey oh!"

"Pakisabi goodbye, ingat at godbless!" sigaw ulit nito.

Nagkatinginan kaming lahat. Wow, ayaw lumabas? "Santos! Salamat ha! Goodbye na lang. Don't worry, itetext na lang kita!"

"Bahala ka! Di ako magloload!"
Nagtawanan na kaming lahat, saktong dumating yung sundo nina Jersey. Nang nakasakay na si Je sa van..

"Hoy. Yung barrel man, seryoso ako dun!" pahabol ni Pao bago nya isara ang gate.

Pagpasok namin sa bahay, nakaupo na sa sofa si Kevin. Eto na, hot seat na!

"Bakit ang init naman ata ng ulo mo, Kevin?!" tanong ni Jill.

"Pagod ako. Ang daming pinapaasikaso sakin ng Photos e."

Tinabihan ko sya. "Oh really? Sayang, di ka tuloy nakapagbabay ng maayos kay Je!" "Sus. Apat na araw lang naman sya mawawala e. Mabilis lang yun."

"Eh bakit parang ang lungkot mo?"

"EH BAKIT ANG DAMI NYONG TANONG!? NAKAKAINIS!"

"Wala wala.. Nakakatuwa ka kasi!" nanloloko na sinabi ni Jerro. "Ano, movie marathon tayo?"

Uyyy! May mas hihigit pa pala sa pagiging denial queen ni Jersey! Sarap naman sapukin ni Kevin, ayaw pa umamin e!

(Kevin's POV)

Tuesday. Okay anong meron? Busy ako. Lintek na org yan oh! Lahat halos ng editing job e binigay na sakin! Walang pahinga. Walang tulog. Walang happiness. Walang makulit. Walang Je-

Nasa Baguio, Kevin. Di pa naman patay yung tao.

Ano bang topak nung mga yun at ang daming tanong sakin kahapon?! Kita naman nila na busy ako e! Haaay. Mga walang magawa.

Nasa Psy 1 lecture ako ngayon. So far eto ang pinakapaborito kong class ngayong sem. Interesting ang psychology e! "Hoy Debs peram na-" ay shet. Wala nga pala akong katabi. Tss. Napatingin tuloy sakin yung katabi ni Jersey sa kabilang side. Nginitian ko na lang. Badtrip.

Ewan. Ang boring ngayon ng lecture. Walang sense sakin tong History ng Psychology kung walang nag-eexplain sa akin. Aaaaahhhh leche tama na nga! Makikinig na lang ako.

Parehas nga pala kaming Writing major ni Jersey. Wala na talaga akong mapiling major. Kung magshift kaya ako sa UP Manila ng ComSci? Ayos naman siguro diba?

Wala naman akong mayayang maglunch ngayon, lahat sila may klase. Nakakainis! Ang tahimik naman ng cellphone ko. Wala man lang nagtetext!

*beep! beep!*

**From: Jersey**

Hey! Kamusta? The program will start any minute. Kinakabahan nako Kev! Nakakaintimidate yung mga Atenista dito!

Wow. Ang tagal naman nya bago magreply ha! Wag ko nga replayan? Tsss. Sama ko talaga, kinakabahan na nga tapos wa pake pako.

**To: Jersey**

Wala yan. Atenista lang yan. Isipin mo taga-Harvard ka.

**From Jersey:**

Potassium!

**To Jersey:**

Aba! Ikaw na nga tong nireplayan tapos ako pa minura mo! Ang sama walah.

**From Jersey:**

Tanga. Potassium = K. Ano ba! Bahala ka nga dyan!!

Sige, bahala talaga ko sa sarili ko! Wag na syang magtext!

Pero halos every five minutes kong tinitignan ang cellphone ko. Time conscious? Asa. Wala lang. Nakakainis. Parang ang sarap umabsent ngayon! Nakakawalang-gana yung mga klase ko e. Haaaayyy.

Dumaan ang Wednesday. Boring. Ni isang text wala. Aba, bahala talaga sya! Nagtampo?

Kina Amae ako nagdinner. At as usual, iniintriga ako.

"So, kamusta ka naman Kevin? How's your acads?" tanong ni Paolo sakin.

"Okay lang naman. Bakit?"

"E si Jersey? Kinontact ka ba nya?"

"Oo. Nung Tuesday lang."

Lumapit tuloy sina Amae sa akin. "Tuesday lang!?"

"Oo. Hindi naman pala-text yung babaeng yun e!"

"Tinawagan mo ba?"

"Bakit ko naman tatawagan?"

"Namimiss mo ba?"

Kumunot na ang noo ko. "Ba't ba ang dami nyong tanong ha?!"

Napangisi silang apat. "Aah.. Eeh.. Wala lang. Sige, kain ka!"

*WARNING! THIS PHONE HAS DETECTED A CALL FROM A LOSER*

Sabay kaming napatingin sa cellphone ko. Halos mag-agawan na kami ni Paolo sa phone! Grabe.

"Hello Je!... Ha? Eh.. Nandito si Kevin sa bahay! ... Duh, dinner! ... Kausapin mo?" inabot sakin ni Pao yung phone. Wow, sa kanya?!

Medyo kinakabahan akong kausapin sya. "Ano? Potassium!?"

"Heeeeyyy! Kamusta ka dyan?" parang may tumalon na kung ano sakin. So-

"Buhay pa. Obvious naman."

"Eto naman," parang may hurt sa boses nya. "Nangangamusta lang e."

Magsasalita na sana ako nang napansin kong sobrang lapit na nila sakin. "Excuse me lang ha." Tumayo ako at lumabas sa bahay nila.

"Oh bakit?"

"Lumabas lang ako."

"Ahh. Okay. Uhh. Guess what?"

"Ano?"

"We won! Champion kami! O diba?!"

"Ah. K."

"Ay grabe naman! K lang masasabi mo sakin?! Thanks ha! Sayang lo-"

"Bakit ka ba kasi tumawag ha?!"

"Ang sama naman nito. Wala lang. Masama bang tumawag?"

"Sayang sa battery ko. May itatanong ka pa?"

"Math 17, kamusta?"

"Ganun pa rin. Hindi ka na makakahabol."

"Turuan mo naman ako pagbalik namin dyan oh! Please?!"

"Che. Ayoko nga. Pano yung pustahan ha?! Batukan kita dyan e."

"Okay fine. Seems like you don't want to talk right now. Bye na nga, nakakainis to."

Hala, nagalit pa! "Uy teka la-"

*tuuut tuuut tuuut*

Ay p*ta, binabaan ako! Talagang kainis to ha! Sya na nga tong nag-aksaya sa oras ko tapos sya pa galit?! Haay.

Pagbalik ko sa loob, intriga na naman ang inabot ko.

"Anong sabi ni Je?" tanong ni Amae.

"Champion daw sila."

"O, bakit hindi ka naman masaya?"

Oo nga, bakit hindi ako masaya? Ewan! "Masaya naman ako ah!"

Nagtawanan yung apat. "Ay halata Kevin. Halatang halata!"

Tsss. What's wrong with them? Konti na lang. Konti na lang! Grrrr.

Thursday went by so fast. Isang text message lang ang nareceive ko. "Hey. 8pm ang alis namin dito. See you tomorrow!"

Bukas na pala sila uuwi! Anong gagawin ko!? As usual, cool lang. Ang OA ko naman kung sobrang saya ko sa pagbalik nya. Parang di naman ako yun. Eventually kina Amae kami natulog nina Keith para masalubong namin sya sa umaga. Ano ba yan, pwede naman silang mag-eroplano na lang para mabilis yung byahe! Delikado kaya magbyahe ng gabi!?

Friday.

4am pa lang gising nako. Ano ba, masyadong maaga naman oh! Hindi ako excited okay? Malamok kasi dito sa bahay nila kaya hindi ako makatulog. It took me 45 minutes to sleep again. Ang lalim talaga ng tulog ko. Haaaay.

"Kev! Kev!"

Hmmm.. Ano ba yan!? Ang sarap ng tulog ko! "Ano baa.."

"Gising na Kev! Dali!" nakakainis na tong si Keith ha! Sarap batukan e!

"Bakit ba? Anong meron?!"

"Kevin! Gising na dyan!"

Bigla ako napabangon. Anong oras na ba!? Baka nananaginip ako dito ha. Parang si Jersey yun ah?! Pagmulat ko, sya nga nakita ko. Sya nga. Face to face.

She's smiling at me. "Good morning!"

Anong gagawin ko!? Ano!? Bakit naman ako kinabahan agad? Imbis mag-Good morning sa kanya, eto ang nasabi ko. "Excuse me, CR lang ako."

Nagtaka naman sila sa ginawa ko. Aba, ako rin naman ah! Ayoko ngang humarap sa kanya na bagong gising! Baka may laway pa ako o ano, tawanan pa nya ko.

Di ko namalayan na sinundan nya ako sa CR.

Seryoso, namiss nya ko? Loka talaga to. "Hahahaha! Nagpapatawa ka ata. Ako, namiss mo? Himala ata!"

"Oo nga! Ayaw pa maniwala nito. Kainis."

"E hindi ka kasi convincing e."

Nagpout pa ang maarte. "E di wag! Wait, sigurado ka bang di mo ko namimiss? As in?"

"Naiinis ako. Kaya wag kang feeling. Eeww ka."

"Che! Maghilamos ka na nga lang!" At lumabas sya ng CR.

Naiinis ako? Ba't ba yun nasabi ko? Hindi naman ako naiinis e! Ano ka ba, Santos!?

(Jersey's POV)

Haaay. Ang bilis ng araw! Tuesday na ngayon so balik studies nako. Namiss ko tuloy yung Baguio! Pero uwing-uwi na talaga ako last week e. Tapos pag-uwi ko may sasalubong sakin na "Naiinis ako"!? Tinamaan ng lintek yan oh.

Since wala akong klase ng 2pm, nagpunta kami ni Kevin sa library para humiram ng libro na Mga Ibong Mandaragit. We're both writing majors kasi, kaya kailangan naming gumawa ng analysis tungkol sa librong yon.

"Nasa Filipiniana section yun diba?" tanong nya sakin habang paakyat kami ng 2nd floor.

"Yup. Binasa mo na kaya yun last year!"

"Alam ko. Pero konti lang ang binasa ko."

"Potassium." Nilapag ko yung bag ko sa unang table sa may Filipiniana section at diretso na ko sa bookshelf. Sya naman, ayun, naghintay na lang sa table, naglalaro na naman ng Angry Birds.

"Pwedeng pakibilisan naman ang paghahanap?" parinig nya? "May meeting pa kasi ako e."

"Kung ikaw na lang kaya naghahanap dito, Sir." Napa- Psssht pa sya bago pumunta sa may bookshelf. Katamaran talaga nitong nilintikan na to!

Mga 45 minutes din kaming nagbasa at nag-analyze nang magdecide syang umalis. "Hoy, wag kang aalis dito ha. Babalikan kita."

"Che. Asa namang babalikan mo ko dito."

"Psssh. Ang arte mo rin noh? Sabi ko kay Paolo ako maghahatid sayo pauwi."

Tinignan ko syang mabuti. "Wow. I didn't know that I have a personal driver here. Ayos mo rin noh."

Halatang asar na sakin tong mokong na to. Buti nga! "Leche. Ewan ko sayo. Basta, wag kang aalis dito. No matter what happens, wait for me. Gets?"

"Oo na sige na. Malelate ka pa sa meeting mo, Sir. Alis na!!"

Sa may Registrar's office lang naman daw ang meeting nila so medyo malapit lang yun. 30 minutes pax, tapos na yang meeting nila! So there, tinapos ko na yung synthesis paper ko at gumawa na ng ibang requirements. Pampalipas oras ba.

Di ko namalayan na 4pm na. Shet, nasan na kaya yun? Buti na lang at wala kaming klase ngayong hapon! I checked my phone, but heck, empty batt na pala ko. Great. So I really have to wait for him here. Mga 4:20 na nang nilapitan ako nung library personnel, "Miss, magsasara na po yung library."

"Can I just wait here for a while?"

"Sa lobby na lang po kayo maghintay. Isasara na kasi namin yung aircon." No choice ako.

Tinry ko ring buksan yung phone ko pero wala talaga. And to make things worse, umulan pa ng malakas. Triple sh*t talaga. Bakit ba pag nasa library ako wala akong dalang payong?

May naalala ako bigla. Nung first sem, yung pinayungan ako ni Kevin. Hay grabe, ang bilis talaga ng oras! Tandang-tanda ko pa kung anong nangyari nung hapon na yun. Kaya hihintayin ko sya dito no matter what. Promise nya kasi e!

Nag-wangwang na. Signal yun na 5pm na. Nagsilabasan na yung ibang estudyante ng library. Paunti-unti na yung tao. Pinalabas na rin ako sa lobby, sa labas na raw ako maghintay. Shet, where in the world is he? Sa totoo lang, naiiyak nako. Kasi bihira lang naman sya hindi tumupad sa promise nya e. As in define bihira. Baka lalong mainis sakin yun pag umalis ako dito. "Tanga ka rin noh?! Sabi ko sayo hintayin mo ko! Ba't ka umalis!? Ikaw talaga masasapak na kita!" -- siguro eto yung sasabihin nya sakin pag nagkita kami. Kainis.

Mas lumakas pa yung ulan. Wala pa rin sya. Ako na lang mag-isa sa library. Ano ba, nasan na ba yung lintek na yun? Nakakainis na ha! Umupo na lang ako dun para hindi ako magmukhang tanga at naglaro na lang ng Zombie Cafe. Then I heard footsteps. Papalapit sakin. Napatigil ako sa paglalaro. "Leche ka Kevin! Ba't ngayon ka lang dum-"

"Kevin? Sino yun!?"

Pag lingon ko, hindi pala si Kevin. I saw this familiar guy, wearing a red hoodie and dark washed jeans. Cute, but not my type.

"Ay sorry. I thought you're-"

"Boyfriend mo?" he smirked.

"No. I'm waiting for my friend. But hey, you look familiar."

Lumapit pa sya sakin. "Grabe, 3 times a week tayong nagkikita tapos hindi mo pa rin ako mamukhaan? Pambihira ka rin noh."

Sino nga ba to? Wait lang ha..malapit na.. "Ikaw! Yung masungit sa Math! Ikaw yun!"

Tumawa pa ang loko! "Wow. What a description. Masungit, ako? First time na may nagsabi na masungit ako ah."

"Eh sa masungit ka e! Ang hilig mo pa matulog sa lectures! Ang tamad walah."

"Tumayo ka na dyan. Dali, didilim na. At mukhang di ka na susunduin ng boyfriend mo."

"Wala akong boyfriend, okay? Tsaka hindi ako pwedeng umalis dito. Sabi nya susunduin nya ko."

Napakamot sya sa baba nya. "Ang Gulliver's Travels mo naman! Look, malakas ang ulan. May bagyo kaya ngayon! Sige ka, may gumagalang snatcher dito. Mukha ka pa namang mayaman."

Sinilip ko ulit yung paligid. No sign of Kevin. Pati malapit na mag-gabi, I'm sure hinahanap nako nina Amae sa bahay. I examined this guy first. Hmmm. He looks trustworthy naman e. Classmate ko pa. There's nothing to lose, right?

"Wala akong payong," I told him.

"E di tumakbo tayo sa ulan! Nasa likod ng lib yung oto ko. Takbo na!" tumakbo na sya papunta sa likod. Sumunod naman ako.

Darn, ang lakas nga ng ulan! Wala pa siguro ng 10 seconds yung pagtakbo ko sa ulan, basang-basa nako. Buti na lang bukas na yung pinto ng sasakyan nya.

He handed me a hand towel when I got in. "Basang-sisiw." Nang-asar pa!

"Thanks!"

"San ka!?"

"Sa Raymundo Gate lang ako, may dadaanan pa kasi ako."

Wala pang 2 minutes nasa tapat na kami ng Raymundo gate. Ni hindi na kami nakapag-usap sa sobrang bilis nyang magpatakbo.

"Uhh. May payong ka ba dyan? Pwedeng pahiram muna? Babalik ko na lang bukas sa recit," nahihiya kong sabi sa kanya.

Inabot nya sakin yung payong nya. Wow, parehas pa kami ng payong! "Sure. Mas kailangan mo yan ngayon."

Bumaba na ko ng sasakyan at pumasok ng gate. "Wait lang!" tawag nya sakin.

Napalingon ako. "What?"

"Jersey, right?!"

"Yes! Ay shoot. Hindi ko pa pala al-"

"JM. Bukas, payong ko ha!" and he drove off.

## *Chapter 30*

(Jersey's POV)

Pagdating ko sa bahay, saktong nandun ang barkada. Minus Kevin of course.

"Hey! Anong meron?" tanong ko sa kanila. Mukhang may hinihintay silang dumating e.

"There you are! Ba't ngayon ka lang ha?" nagtatakang tanong ni Sath.

"Oo nga. Kanina ka pa namin tinetext pero di ka sumasagot. Akala namin kung napano ka na!" - Ken

"Bakit di mo kasama si Kevin?" - Amae. We all looked at her. "What? Just asking."

Pumasok muna ako saglit sa kwarto para kunin yung charger ko. "Empty batt ako guys. OA kayo."

"Pakidalian please. Dinner tayo sa Siomai Foodhaus!"

Sakto! I'm craving for siomai pa naman ngayon. "Cmon! Gutom na gutom na talaga akooo!"

Medyo masikip ang Siomai Foodhaus, at san ka nakakita ng siomai house na de-aircon?! Kapit talaga ang amoy siomai sa buhok mo kapag kumain ka dito. But what the hell, the siomai's good. What can you ask for?! XD

"Grabe Jersey, lamon marino ah!" pang-asar ni Paolo. Anong order ko? 10 pcs siomai & 2 cups ng rice. Hihihihi :>>>

Nang nakaupo na kami, nagsimula na silang magtanong.

Amae: So.. Nasan si Kevin?

Ako: Ha? May meeting ata. Or tapos na yun. I contact nyo kaya!

Jill: Wala lang. We thought you knew.

Ako: Ano ako, secretary nun?!

Sath: O, bat defensive ka naman masyado?!

Jerro: Hmmm. Talaga lang ha!?

Ako: Ano na naman yang Talaga lang ha!? mo na yan Jerome?!

Jerro: Wala naman. ;)))

Keith: So.. kamusta na kayo ni Kevin?

Ako: What do you mean 'kamusta na kami?'

Jill: Eh ano na bang status nyo ngayon ni Kevin ha?

Ako: O_O What in the hell are you talking about!? ANONG STATUS BA YANG PINAGTATANONG NYO HA!?

Amae: Isn't is obvious bebe?!

Sath: Hello Je! Look ha. Ilan tayo sa barkada?

Ako: 9.

Sath: 9. Ako-Jerro. Jill-Ken. Pao-Kat. Amae-Keith.

Amae & Keith: ANONG AMAE-KEITH KA DYAN!!!

Sath: As I was saying.. And of course, KevJe couple.

Ako: So.. anong meron?!

Keith: Wag mo samin ibalik ang tanong, Je. Anong meron ba sa inyo.

Ako: (natawa) Guys, ang funny nyo. Wala namang meron samin ni Kevin e. Like really. (napansin ko na masama na tingin nila sakin) What!? I just answered the question!

Pao: Wala ba talaga!?

Ako: Isa pa masasapak na kita!

Jerro: Eh anong meaning nung paghahatid nya sayo pauwi araw-araw?

Amae: Late night Boston hang-outs?

Jill: Skype marathons?

Ken: Jamming sessions?

Pao: Photo walks?

Amae: Pakilig FB posts, text messages, phone calls?

Sath: At sya na ata ang bagong mong bestfriend :(((

Ako: WAIT GUYS. WAIT LANG HA!!! Kinakabahan naman ako sa pinagsasabi nyo. Duh, we're close friends! Blockmates! Orgmates! Partners! Anoberr ;( And Sath, he's not my bestfriend. Wag ka namang ganyan oh :((

Jill: Ay hindi kami convinced Je. Hindi

Ako: Ano ba! Eeww guys. Hindi ko na kayo keribels!

Sath: Eto Jersey, matinong tanong. Naimagine mo ba.. I mean. I know he's your cru-

Ako: Was. WAS. Bebe.

Sath: Okay! Was your crush. Naimagine mo ba na kayo?

My mind went blank. Totally went blank. Ano to, Math 17?! Naimagine ko nga ba na kami?! Wait. That's normal naman pag may crush diba?! Na maimagine kung what if kayo nga. Well..naimagine ko nga yun, pero nung pumasok na ang Maxene phase, nilagay ko na sa unconscious ko ang imagination na yun. Ugh.

Ako: Eww. No way.

Ken: Seryoso!?

Ako: Oo nga! Ang weird lang kaya! Ugh. Disturbing mental images! Tsaka ano ba, taking advantage na rin yun sa tao e.

Jerro: You lost me there.

Ako: Para sa friendship na ganitong ka-special, ang hirap isipin yung mga ganun. I'll never go out of bounds. Parang minamanyak ko si Kevin e.

Jill: So contented ka na sa ganyan!?

Ako: Oo naman. Mahirap makahanap ng true friend kesa sa lover noh. Kayo talaga! Ba't ba lovelife ko ang pinoproblema nyo!?

Ken: Wala lang. Kasi.. ang cute nyong tignan.

Pao: Bagay kasi kayo!

Ako: Hihihihi whatever.

Jerro: So.. I guess that settles it. Is there a chance that you'll fall for him..again?!

Ako: What's with the again!? Ewan. Ayokong isipin yan e. Guys, please. Kung anong meron kami ni Kevin ngayon, okay na sakin yun. We'll never know.. but don't set your hopes up.

Amae: Ang maganda, masaya kayo kahit hindi kayo. Tama ba?!

Ako: TAMAAAA!

Ken: Oohh. Masaya! Eh nagdedate kayo?!

Ako: Grabe Ken! Di ka na natapos!

Jill: Hoy. Ang alam kaya ng lahat e nagdedate kayo!

AKO: ARE YOU KIDDING ME!?

Keith: Hindi mo alam?! Ang alam ng ibang batchmates at freshmen e nagdedate kayo!

Amae: Well.. kung hindi ko kayo kabarkada, pagkakamalan ko na kayo e! Sorry Je.

Okay. Anong meron. KYAAAA! Nakakahiya naman sa ibang students dito! They're getting the wrong impression about us! Kaya pala iba na yung tingin samin pag naglalakad kami around the campus. Nakakailang >.<

Around 8:30pm nang umalis kami ng Siomai Foodhaus. "Guys," tawag ko sa kanila. "Papa-photocopy lang ako ng hand-outs sa may Star. Una na kayo."

"Hoy. Diretso uwi ah!" paalala ni Tatay Jerro.

Habang naglalakad ako, may nasense ako na may sumusunod sakin. Heck, paranoid na ata ako! Nang natapos nako magpaphotocopy, parang napadaan si Kevin sa harapan ko. "Kevin Santos! Hoy!"

In fairness, napalingon sya sakin. Pero as in lingon lang. Then he walked on. Shoot, galit nga sya sakin! Hinabol ko sya. "Hoy! Mamansin ka naman." I linked my arm to his, but he removed it.

"Ano ba. Tigilan mo nga ako."

"Eto naman e! Wag ka na magalit."

"Hindi ako galit. Pagod nako."

"Uhh. Di ba dun pa yung dorm mo? E papunta to samin ah!?"

Natigilan sya saglit, tapos nagre-route pabalik sa UP Gate. "May bibilhin sana ako. Kaso nawalan nako ng gana."

"Hey. Don't ignore me naman oh! Galit ka ba?!"

"Bakit mo ba ko sinusundan ha!?"

"Gusto kita makausap e! Hoy!" Nakaabot na kami dun sa may waiting shed sa loob ng campus. Walang tao.

"Ikaw nga Santiago! Tigilan mo nga ako!"

Hindi ko na napigilan ang sarili ko na batukan sya. "Bwiset ka. Mga sumpong mo!"

"Aray! Teka nga, wag mo ngang baligtarin okay?! Di ba sinabi ko sayo na wag kang aalis dun!? Na hintayin mo ko? Simpleng instruction lang di mo magawa!"

"Pakshet ka. Nasaraduhan na nga ako ng library kakahintay sayo! Muntik na ngang malipat sakin yung alikabok ng mga libro dun. Ang taga-"

"Eh bakit hindi ka naghintay sa labas!?"

"Naghintay ako sa labas, idiot! Ako na nga lang mag-isa e! Bu-"

"Ano? Buti na lang at may jejemon na nagrescue sayo dun!? Sus naman Je! Tatanga-tanga ka na naman! Bakit ka ba sumama dun!?"

"Whoa. Wait lang ha. Jejemon!? Are you talking about JM?! Hello, tinulungan lang naman ako nung tao! Kung di pa nya ko nakita dun e di sana hanggang ngayon nandun pa ko! Nakakain-"

"Ayoko ngang makita kong kasama mo yang jejemon na yan!"

"Wow. Nagsalita ka! At least sya, he was there. Sino ba naman tong tangangers na hindi tumupad sa promise ha!? Akala ko nga kung ano na nangyari sayo. Baka nabugbog ka na ng frat or something. Can you just be happy that I arrived home safely?!"

"Di mo nga kilala yun e! Oo, kaklase mo nga sa Math, pero it doesn't mean that he's trustworthy or something."

Napuno nako sa kanya. "Alam mo, hindi ko alam kung galit ka ba sakin o ano. Nakakairita e. Mood swings mo nga, ayusin mo. Bwiset." Naglakad ako palayo sa kanya nang hablutin nya ako.. And he embraced me.

"Psht. I'm sorry, Jersey. Sorry na. Kinabahan lang kasi ako sayo e. Hinanap kita kanina! Paikot-ikot ako sa campus kanina, tapos nakita ko na bumaba ka sa kotse nung jejemon na yun. Akala ko kung ano nang nangyari e!"

I can't breathe. Seriously. Bawat salitang sinabi nya e lalong humihigpit ang yakap nya. "T-teka..lan-"

"Next time, don't make me worry okay?! Ako kasi malalagot kina Jerro e! Wag kang basta-basta umalis ng ganun, nakakapagod ka kayang hanapin!"

"E di wag mokong hanapin! Problema ba yun!? Masanay ka naman na aalis ako please?!"

"And you're breaking a promise."

"What promise!?"

Medyo niluwagan nya ang yakap nya. Thank you!  "Please. Wag mo kong iwan. You promised me right? Please don't leave me, just like what she did. Kasi hindi ko na alam ang gagawin ko kung pati ikaw mawawala."

OMG. OMG. Bakit ako kinikilig!? Talaga tong si Santos kahi kailan paasa! Grabe! Yumuko na ko para di nya mapansin na todo blush ako. "S-shut up nga!"

Bigla syang bumitaw sa yakap. "Ano, kinilig ka naman!? Syempre, joke. Pinapakilig lang kita."

"AAAHHHH! BAKIT KA BA GANYAN!? HINDI NAKAKATUWA AH! Tsaka bigla bigla kang yumayakap sakin! Kaya napagkakamalan tayong nagdedate e!"

Nagulat naman sya sa sinabi ko. "Tayo?! Nagdedate! Sino nagsabi?!"

"Sina Ken. Ang akala raw ng ibang batchmates and freshmen na nagdedate tayo. Yuck kaya!"

"Anong yuck ka dyan? Okay kaya yun!"

"TALAGANG NATUWA KA PA HA!?"

"Bakit, masama? Ayaw mo nun, walang makakalapit sakin na mga feelingera? Tsaka wala ring makakalapit na jejemon sayo. Diba diba?! Safe ka."

Binatukan ko ulit sya. "Leche. Kahit kelan manyak ka talaga!"

"Hindi ako manyak. Protective lang sa barkada noh." Shet. Pumitlag na naman ang puso ko sa word na barkada. Ano berr.

*ring! ring!* Phone ni Kevin.

"Yoh... Ha?! Kasama ko.. Yep.. Hahatid ko na dyan... Si Keith?.. Sige, papunta na.. Bye!"

"Sino yun?!"

"President ng fansclub natin. Tara, uwi na tayo." President? Si Amae?! WTF!

Hindi naman agad ako naglakad. "Hoy. Hindi pa tayo ayos."

Binalikan naman nya ko at nakipagkamay sya sakin. "Bati na tayo, Debs."

I shook his hand. "Okay fine. Ayos na."

"Good. Let's go."

Aba. Hindi sya masyadong alarmed sa mga nangyari ha! Ako nga tong tense na tense e! Okay fine ako lang to.

NagFacebook ako around 11pm, saktong OL kaming barkada. (I love you, WIFI!) Nagstatus ako:

Jersey Santiago: Okay lang kahit araw-araw kaming mag-away ni Kevin Santos. Tomoooo

Wala pang 10 minutes, nakaka-26 likes na yung status ko.

Jillian Fernandez: Kaya naiintriga e! (18 likes)

Sath Garoza: Wow, LQ!? At ang benta ng status mo teh! (17 likes)

Kevin Santos: Hoy Debs. Sa susunod nga wag mo kong itatag sa status mo. Batukan kita dyan e. (25 likes)

Jersey Santiago: PEOPLE WHAT'S THE MATTER WITH YOU. KUNG MAKA-LIKE WAGAS!

Kevin, you can un-tag naman. Quit yapping. (23 likes)

Kevin Santos: Baka hinihintay mo kasing i-like ko tong status mo, kaso what for? (20 likes)

Jersey Santiago: What do you mean?

Kevin Santos: Ila-like ko pa e alam mo namang matagal na kitang 'like' di ba?!

Sa mga hindi makagets, joke lang yan. Green minded. (45 likes)

Jillian Fernandez: Wooooo. Palusot pa e! :DD (32 likes)

So much for my FB status. Kruu kruu.

A WEEK LATER...

"Are you interested!?" tanong sakin ni Sath habang nasa ilalim kami ng Fertility Tree. Monday afternoon merienda namin sa Freedom Park ngayon, at naglalaro ang boys ng frisbee. Kaming girls, kwentuhan saglit.

"You should try out for this, Je! I heard na Sir Marquez wants you to play the lead role. He gave a clue kasi sa prod staff e. Ano na?" sabi sakin ni Jill. Teka, ano ba to!?

I'm holding a play script right now. 'Minsan Ako Si Madonna', ang first production ng UP Samasining this semester. Binasa ko saglit yung script. "I could try out for this one. But Sath, theater isn't really my thing. Magsusulat na lang ako ng script kesa ako umarte noh!"

"Gaga. Bagay nga sayo yang role ni Madge! Ikaw na ikaw teh!" Amae chuckled.

"Eehh.. Parang may nudity tong play na to ah!"

"I scanned it. Wala naman. Hindi yan Elbi Pie na sobrang bulgaran about sex. Safe yan Je " - Sath.

"Kelan auditions?"

"This Friday sa NCAS Audi! Kamon. I'll audition sa other roles bebe. Dali na, let's join!"

Tumabi sakin si Jill. "Je, don't worry. Most of our blockmates yung prod staff. Ako rin kasama. Thea major ata to!"

"Anong auditions?" extra ni Keith. Tumigil na pala sila sa paglalaro.

"Epal naman to. Hindi naman sya kasali sa usapan!" pambabara ni Amae. Ang sweet talaga nilang dalawa!

"Kausap ka, Amae!?"

"Tsss. Tigil na nga! Ayan na naman kayo e!" Wow, nagreferee si Kevin!? Himala! Inabutan ko sya ng mineral water at panyo. "Thanks."

*kruuu kruuu*

Bakit ang tahimik?! Ay shet, nakatingin pala sila samin. "What now?!"

"Hihihi.." umiwas na sila ng tingin. "W-wala lang. Ang kyot nyo kasing tignan. Kkkkk."

Nagkatinginan kaming dalawa. Masama na bang mag-abot ng tubig at panyo ngayon!? "Hoy. Mga titig mong yan, Santos. Napapadalas na ha!"

Is it just me or nagblush sya? Err cut that. He's just dead exhausted. Di sya nagblush. "Asa. Kapal mo rin noh."

Pinag-aaralan ko yung script habang pauwi na kami. "Je," tawag sakin ni Paolo. "Mag-aaudition ka ba talaga?!"

"The script's good. Nakakatuwa nga e, feeler man pero parang bagay sakin yung role. So I'll try."

"Tss. Try ka dyan. Feel ko pag ikaw ang pinili nila, magiging flop ang Madonna. Eeww," tinignan ko ng masama si Kevin. Aba, binelatan lang ako!

"Excuse me po, Kuya. Hindi ako magaling umarte but I assure you I could pull it off. You'll see."

FRIDAY.

In fairness, maraming gustong mag-audition para sa lead role ng play. Ano nga bang kwento!? Si Magdalena (aka Madge) ay isang probinsyanang teenager na gustong maging artista. Obviously, idol nya si Madonna. She did everything just to be famous, until one day nagkaron ng shooting sa lugar nila yung crush nyang artista. Pinangakuan sya nito ng artist contract sa Manila, and being gullible as ever, lumuwas sya, leaving her mother and her childhood sweetheart sa barrio. Basta, sumikat sya at lumaki ang ulo, until nakalimutan na nya yung barrio life nya. After ng isang malaking scandal, nalaos sya. She tried to go back to their barrio pero pinagtabuyan na sya ng tao. K, mas bagay ata sakin ang maging storyteller na lang!

Naghanda ako ng audition piece for this play. A monologue. At nandito ako sa likod ng NCAS Audi, nagpapractice.

"Francis, minahal kita. But what did you do? You lef-"

"Sinong Francis yan ha!?"

I stopped speaking. Grrr. Of all people! "Bakit ka na naman nandito?!"

"Wala lang. Cheerer. Masama? Tsaka manunuod ang barkada. Parang pasok ka na e."

"Shut up nga! Kitang nag-iinternalize ako oh!"

"Okay. Hindi na manggugulo. Sigurado ka ba sa pagsali dito?"

"Oo naman. Maganda yung script. Tsaka I could relate with the lead role. Try lang naman e."

"Pano kung nakapasok ka..ready ka ba sa makakapartner mo dun?!" Kevin said, na parang bulong.

"Suus. Teka, am I sensing jealousy on your tone? Hoy. Masyado kang possessive Santos!"

"Hindi ako possessive. Iniimagine ko lang yung torture na pagdadaanan ng magiging leading man mo sa play. I should give hi m poi- ARAY!"

"Shut up na nga! Alam kong yan ang paraan mo para i-cheer ako. So okay na sakin. Papasok na ko."

"Wait lang." Before I knew it, he grabbed my wrists and pulled me closer towards him. "Hindi ako ganun magcheer, Debs. Goodluck." And he planted a kiss on my forehead.

"Tama na nga! Pervert!" nagmamadali akong tumakbo para di nya makita yung pagbablush ko crap.

Medyo matagal din akong naghintay para sa turn ko. Nang ako na...

"30 minutes. Maraming pwedeng mangyari sa loob ng 30 minutes diba? Kunwari nasa jeep ka, tapos natrapik ka for 30 minutes, anong gagawin mo para hindi ka mabore? Matutulog? Soundtrip? Maglalaro sa cellphone?

Ilang beses nakong natrapik, Francis. Hindi ko na mabilang. Pero kanina, 30 minutes na nakakalipas, sa loob ng mabilis na oras, minahal kita, Francis. Minahal kita.

Pero ayokong maging substitute sa babaeng mahal mo, Francis. Ayoko. Ayokong maging isang alaala na nakatitig lang sayo sa araw-araw na ginawa ng Diyos. Gusto kong kahit minsan, mahalin mo ko. Kahit sa nalalabing limang minuto bago umandar ang sasakyan, mahalin mo ko.

Kahit saglit lang, bago ka bumaba."

Nagpalakpakan sina Amae sa audience. Nang tinignan ko si Kevin, nakangiti sya sakin, naka-thumbs up pa!

Natapos na ang audition para sa role ni Madge. Aalis na sana kami nang nataranta ang prod staff at si Ma'am Aguinaldo, ang professor in charge. Nilapitan kami ni Jill. "Guys, don't wait for me okay? May problema kasi e."

"Anong nangyari ba?!"

"Wala kasing nag-audition para kay Efren, yung male lead. Actually meron, kaso hindi satisfied si Mam A."

"Hold special auditions na lang kaya!?" sabi ni Keith.

Napangiwi si Jill. "We can't. Sa August na ang prod nito e. Last week of June na! Ang dami-dami pang gagawin for this. Kaya we need to finalize the roles."

Nag-iisip kami ng gagawin nang marinig namin na sumisigaw si Mam A. "Punyeta! Anong ayaw nya!? That bastard! Pakisabi wag syang magpapakita sakin next production!" hinagis pa nya ang clipboard na hawak nya.

"Crap. She's so nakakatakot!" bulong ni Jerro sakin.

"Prof namin yan last sem. Mabait yan..pero ganyan talaga."

Nagkakagulo na sila sa may stage. They're looking for possible boys to audition. Aalis na sana kami nang..

"Mr. Santos, is that you!?" Huuuuwwaaaaat! Patay tayo dyan. -__-

Humarap agad si Kevin. "Yes Mam!?"

"Come over here, please." Parang tuod si Kevin na naglakad papunta kay Mam.

"Why are you here?!" sasagot na sana sya nang pinutol ni Mam, "Oh yeah. Jersey's here. Can I ask you a favor? Would you run through these lines for me?" Inabot nya yung script kay Kevin at tinuro yung lines.

"Oh my gosh. Is this.." napalakas kong sabi. Kinurot tuloy ako ni Amae.

Nasa taas na ng stage si Kevin, binabasa yung script.

"Mam, I can't do this script. Pwede bang mag-monologue na rin ako?!"

Mam A smiled. "Go ahead."

"Sabi mo, 30 minutes. Akala mo ikaw lang ang nahulog sa loob ng 30 minutes? Grace, ako rin. Minahal din kita habang nasa gitna tayo ng trapik na mukhang ayoko nang matapos."

AM I DREAMING? O TALAGANG SINASAGOT NYA YUNG MONOLOGUE KO!? OH NOES.

"Hindi ko masabi kasi natatakot ako. Natatakot na baka hindi ko mapatunayan na hindi ka basta substitute ng taong minahal ko. Kasi alam ko ang pakiramdam ng taong nakatingin lang, ng tao na isang alaala lang. Naghihintay na mapansin kahit saglit. Ganun ang nangyari sa amin.

Sa loob ng 30 minutes na yun, minahal kita. Minahal, dahil alam kong sayo ako sasaya. Sayo ako malulunod. Kung hindi lang ako bumaba ng jeep para maglakad. Pero bakit ganun, mahal mo ko diba? Bakit hindi ka rin bumaba sa jeep para sundan at sabayan ako sa paglalakad!?"

Speechless kaming lahat sa ginawa nya, lalo na ako. How could he pull off such thing in an instant?!

"Darn, he's good. Mukhang..makukuha nya yung role. Look at Mam oh!" sabi ni Ken. Wow, Mam A's smiling! She even stood up and clapped her hands.

"Nice job, Mr. Santos. As expected of you. You got the role."

Ako: O_O >.< :DD

Nagulat din si Kevin sa sinabi ni Mam. "Sure po kayo Mam?"

"Of course. Do I look like I'm joking, Mr. Santos?! Don't worry, Jersey got the part anyway. I think this could be my best production."

I. Got. The. Part!? I GOT THE PART!?

Kyaaaa. Hanggang sa play ba naman love team pa rin kami ni Kevin!? Ano ber TT

(3 Days later)

So yeah, I got Madge's role. At kami ang partner ni Kevin. Sa sobrang tuwa ni Sir Marquez, inedit nya nang onti ang script. Medyo hindi raw bagay kay Kevin yung ibang parts kaya ayun, inayos nya. Special treatment his @ss! Grrr.

Tanghali ngayon, and papunta ako sa Math 17 class ko. Aaaahhh. Makikita ko na naman tong si JM, at papagalitan na naman ako ni Sir Kevin. Habang naglalakad ako sa street namin, I felt someone is following me. Hindi muna ako lumingon, baka kasi holdaper agad. Calm down, Jersey. Calm down. Cal-

*BEEP! BEEP!*

"Leche!" napasigaw ako nang di oras. Bastos na sasakyan yan! "Hey you!"

Teka, this car looks so familiar. So familiar na lumabas na yung driver.

"Tabi nga, harang ka e."

I bit my lip to supress my annoyance. "Ano ka ba Kevin! Natakot ako dun ha!"

As usual, tumawa na naman sya. Kasiyahan talaga nito ang asarin ako araw-araw. "Bakit naman ha?!"

"Gago ka pala e! Akala ko may holdaper or wakwak gang na sumusunod sakin e!"

"Wakwak gang!?" kumunot pa noo nya.

"Wakwak gang. Hindi mo alam yun?!" umiling sya. "Haay. So ignorant. Anyway, yung wakwak gang yung nakasakay sa van, tapos nangunguha ng bata. Then inooperahan sila para makuha yung internal organs."

"Sus. Pwede pang holdaper, pero I don't think na papatulan ka ng Wakwak gang na yan."

"Whatever, schmuck. Why are you here anyway?!"

Tinuro nya yung kotse nya. "Obvious ba, sinusundo ka."

Ö "What do you think I am, Junior Casa?! No thanks."

"10 minutes na lang bago magklase Jersey. Ayaw mo, mabilis?!"

Oo nga, konti na lang malelate nako. "Sure. Sasabay nako okay?! Kasama ko naman yung S.A. ni Sir kaya safe na safe ako pag nalate ako. Haha! "

Sumakay na kami sa kotse nya. Hmmmm.. Bakit biglaan naman ata tong pagsundo nya?! Hidden agenda or something?!

"Hoy," sabi nya sakin. "Nagtataka ka noh!?"

"H-hindi ah! Bakit mo naman nasabi yan!?"

"Eh nasabi mo kaya. Habit mo na yan, sinasabi mo yung nasa isip mo. Weirdo."

"Che! Hindi naman kaya."

"Ayoko lang kasi na sumasakay ka sa kotse ng iba, lalo na hindi mo pa kakilala yung tao. Nag-aalala kasi ako. Sapakin kita e! That may sound so possessive, but that's how I roll." *insert Kevin's heart-melting smile here*

BWISEEEEET. Kainis ang pakilig nitong asar na to! "So ganito ka pala maging possessive ha?! If that's the case, then I should take advantage of this."

"Okay lang. Ikaw naman e." Tumigil na yung sasakyan. "Come on, malapit na dumating si Sir.

Sa totoo lang, ayoko sa mga taong possessive. Pero bakit paf sa kanya, okay lang sakin?! Haaay buhay -___-

## *Chapter 31*

(Sath's POV)

It's Sunday today, and bumalik kami sa aming mga bahay for the weekend. 2nd week na ng July ngayon at medyo ngaragan na naman kaming lahat dahil malapit na ang midterms. -__- Since masipag akong estudyante, eto ako, nakatambad sa harap ng aking laptop, nagfe-Facebook.

Puro scroll down chorva lang ako nang may mapansin akong something. Ang daming nagstastatus nito sa FB:

Kung sino ang 1st like sa status: profile pic. 2nd like: surname. 3rd like: relationship status. 4th like: dare.

Ooohhh. Ang cute naman nito! Magawa nga!?

After kong ipost yung status, si Jersey agad ang unang naglike. Tapos sumunod si Kat. Ako na syempre ang 3rd liker, baka patayin ako ni Jerro kung makita nyang iba na yung nakalagay na name sa relationship status ko e! 4th si Ken. Ang dare!? Ipagawa ring status kay Jersey yung like chorva na yun. Ha, knowing Jersey, gustung-gusto nya nga ang mga ganitong kaartehan sa FB. Surveys and stuff. I was about to PM her nang nagmessage sakin si Amae.

To: Jerro Torres, Sath Garoza, Jillian Fernandez, Ken Romero, Keith Estevez

GUYS! I haz a plan. Dare ni Ken kay Sath na ipapagawang status kay Je right?! Ganito. Let's make Kevin the 3rd liker! Tas dapat isa satin yung 4th, para yung profile pic e sila! Oha oha :DD

Keith Romero: Shunga. Di naman online ngayon si Kevin.

Amae Cruz: That's why I included you in this plan, @sshole. Baka alam mo yung password ni Kevin!?

Keith Romero: Online na sya! Kamon! Gawin na natin!

*insert evil laugh here* Pano ba yan!? Knowing Kevin, papatulan din nya tong status ni Jersey! Lahat naman ng uri ng pang-aasar e ginawa na nya. Yieee :"> Natuwa pa si Jersey nung nagmessage ako sa kanya about sa dare sakin ni Ken. Agad nyang ginawang status yung likes chorva. Mukha kaming predator nina Amae sa kakarefresh ng page ni Jersey. 1st like si Jill. 2nd like si Paolo. 3rd like....

Wait for it... Sakto! Kevin Santoooos! At ako na yung 4th liker.

Nagwallpost ako kay Jersey:

**Sath Garoza:** Tignan nga naman natin oh. 3rd liker si Kevin Santos

**Jersey Santiago:** KYAAA! Kahit kailan epal talaga tong bwiset na to!

**Kevin Santos:** Akala ko nga ako yung 2nd liker e! Tsaka ikaw tong tanga, nagpost ka ng ganyan. Alam mo namang kahit sino pwedeng mag-like nyan.

**Sath Garoza:** Hephep! Je, yung dare mo nga pala :))

**Jersey Santiago:** What's the dare?

**Sath Garoza:** PM ko na lang sayo  And please, change the relationship status already. This goes on for a week. Hihihi :>

Halos murahin ako ni Je nang i-PM ko sa kanya yung dare. "Talagang pinagplanuhan nyo to noh!?" tanong nya sakin. Isang HAHAHA ellipsis na lang ang naisagot ko sa kanya. Sorry na lang sya Buti na lang at binago nya yung picture. At windangers naman kami sa picture: kuha pa sa Pagudpud! Teka hindi namin alam tong picture nato ah! Sa may tent!? Talaga tong dalawa! Pero mali pala ako, may mas wiwindang pa.

Jersey Santiago is in a relationship with Kevin Santos. (56 likes)

Halaaaa ang benta! Gumawa pa nga ng disclaimer si Jersey na dahil lang sa status likes kaya in a relationship sila ni Kevin. Ayaw naman maniwala ng iba, boto naman daw sila kay Kevin  for Jersey. Kyaaaa kilig!

Reaction ni Kevin? Ayun, wala. Inaaasar pa si Jersey. Sarap talagang sapakin nito e! Halata namang may gusto na kay Jersey, ayaw pa umamin. Haaay :))

(Jersey's POV)

Parang Midterms week na para sa kin ngayon sa sobrang windangers ko. Pahamak na status yan! Binura ko na nga nung Monday ng madaling araw pero binalik ni Sath, at binago pa nya password ko para di ko mabura! Kainis. So I have to endure the week with all this craziness. Ang daming nagcocongrats at kung anu-ano pa samin. Todo deny naman ako. Todo ayaw nilang maniwala. What's wrong with you, people!?

The play rehearsals are good. Medyo musical pala to kaya songs muna ang pinapraktis namin the whole week. Next week na ang act 1 and 2.

Saturday ngayon at nasa Serendra ako. Malapit na kasi ang 18th birthday ni Jill kaya naghahanap ako ng regalo for her. So far I bought her a cardigan and a black bag. Hihihihi :))

"Aaahhh! Ang sakit na ng paa ko!" I told myself habang nag-iikot ako sa loob ng Topshop. Medyo hindi na kasi ako sanay mag-flats kaya may paltos na yung paa ko. I decided to buy later at pumunta ako sa Go Nuts Donuts.

Pagdating ko sa Go Nuts, I ordered my fave donut nang...

"Miss, chocolate donut din please," sabi nung babaeng nasa likuran ko.

"Ay mam, sorry wala na po e."

Paglingon ko..

Ako: O_O

"Well. Hello Jersey! Sabi na nga ba e, basta sa donut shops makikita kita!" sabi nya sakin with a smile.

Si Maxene nga ba to!?

(Few minutes later...)

Nasa loob na kami ng Starbucks para mag-usap. Wow, mas gumanda sya ngayon! Seriously. She gained some weight, but that made her beautiful. Bagay pa sa kanya ang gupit nya.

Here's our conversation:

J: Nakakagulat naman! So maybe tama nga siguro ang hypothesis natin, kung san man may donut e magkikita tayo.

M: Oo nga e. Ang cute ng coincidence noh?! Pero actually, kanina sa Mango nakita kita, pero I told myself na baka ka-body built mo lang. Yun pala ikaw na!

Teka. Bakit sya nandito?! So kung nandito sya, she's after Kevin, right?! Arrgg. ;/

J: Kelan ka dumating?

M: Last night. Biglaan nga lang to e. Anyway, congrats sa inyo ni Kevin! At last!

J: Oh crap. Pati ba naman ikaw!?

M: Huh?! What do you mean?

J: Hindi naman talaga kami ni Kevin e.

M: Really. Jersey, you don't have to deny it naman. Alam kong alam mo yung past namin, and don't think of that anymore.

J: Seryoso nga! Hindi nga kami nun.

M: Hmm. E bakit nakalagay sa profile nya na in a relationship kayo?

J: Dahil kasi sa status yun sa FB. Yung first 4 friends mo na maglalike ay may corresponding na challenge. Sakto si Kevin ang 3rd, yun nga. Relationship status.

Akala ko maiinis sya sa nangyari. Pero..natawa pa sya! As in natawa sya ng bongga!

M: I'm sorry, Jersey. I just can't help it! So dahil sa like sa FB kaya naging ganun!? Hilarious! :DDD

J: It's nothing serious, really. Ilang beses ko na ngang binura yun pero everytime na gagawin kong single, binabago ng bestfriend ko at etong bwiset na to, inaaccept naman! Topak sa buhay e. Aaarrg! I think Kevin will deny it naman pag nag-usap kayo habang nandito ka pa. Alam mo naman yun, baliw.

Nagbago yung facial expression nya. Anong meron?

M: Actually, he doesn't even know that I'm here.

J:WEH!? Bakit naman!?

M: Honestly, wala akong pinagsabihan about this. Summer naman sa Germany ngayon and alam ng parents ko na sa Australia ako pupunta. Well, I'll go there naman talaga. Detour lang ako dito sa Pinas.

J: Kelan naman sa Australia?

M: Actually, mamayang gabi na flight ko. Sadyang dumaan lang ako dito. To talk to you.

J: Me? Bakit naman?

M: To congratulate you. And him. Kaso yun pala hindi totoo. Sayang pamasahe ko oh! Kainis.

J: Nako sorry Maxene! Kasi ton-

M: You don't have to be sorry, Jersey. It's Kevin's fault naman talaga e. Kahit kelan talaga mahina sa diskarte yun. 6 months na nung di kami nag-usap ah!

J: Hindi kayo nag-uusap? Really? Akala ko joke lang nya. Uhhh.. Ano bang nangyari!?

M: I guess you need to ask Kevin about that. Hmmm. Ay don't ask him pala. He'll never learn his lesson if you do that. Kailangan talaga nya ng super kaduper force para gumana. That creep.

J: I'm confused. Sorry ha.

M: Sus, don't be sorry nga. Kasalanan talaga nung Santos na yun lahat ng to. Kung pwede lang alugin utak nya e! *di ako nakasagot agad* Kamusta naman sya?

J: He's the same pa rin. Ayun, we're starring in a play this August. Of all people, sya pa ang naging kapartner ko. Creep.

M: Really? Alam mo bang ayaw nyan sumali sa mga play nung highschool though magaling syang umarte? Baliw talaga yun!

J: Well I have to admit he's good. So good na naiirita ako kasi palagi nya kong pinagtatawanan pag rehearsals. Nakakainis!

M: Kamusta naman trato nya sayo? I mean.. Is he being nice or something?

J: Anong something?

M: Something.. weird.

J: Come to think of it.. Hmmm. Minsan mabait sya sakin. Minsan napakagago nya. Mas malala pa ang mood swings nya kesa sakin! And oh. May weird moment sya. Pagbalik ko galing Baguio nung June, I asked him kung namiss nya ko. Syempre pa-joke lang naman yun. Ang sabi nya sakin "Naiinis ako". Grabe, ang weird.

M: (tumawa ng wagas) Gosh. Sinabi nya yun!? Hindi nga! Di pa rin sya nagbago. Subtle as ever.

J: What do you mean?!

M: Nako, don't worry about that bastard. Hindi naman talaga sya naiinis. Si Kevin kasi, sa pambobola lang magaling yan. Pero sa pagsasabi ng feelings, yan ang palaging excuse nya, na naiinis sya. Madali kasi syang maconfuse sa mga bagay-bagay. Ayaw nya kasi ng emotional stuff. Tsaka.. he needs to figure it out by himself.

J: Ang alin?

M: That's his problem. Isa pang problema nyan, ang kupad. Haaay nako. Sarap batukan!

J: Wala akong nagets sa sinabi mo. Sorry.

M: What I mean is, namiss ka nun. Nahiya lang sya sabihin kasi hindi naman sya sanay na makamiss ng tao. Tignan mo ha, palagi kayong magkasama right? Ang bagay na nakasanayan, mamimiss mo kahit saglit lang nawala. Yun pa, topakers yun.

J: Eehh. So for him: Naiinis ako = Namiss kita? Is he that weird? Ang hirap naman intindihin nun.

M: Madali syang intindihin, sya lang talaga ang magulo. I'm not making sense to you, right?

J: Medyo gets ko na. Pag nagkita kami, babatukan ko yun.

M: Just don't tell him that I told you about this. Malalaman nya na pumunta ako sa Pinas. He'll kill me kasi.

J: Sure. Nga pala Maxene, thank you ha. Sayang, saglit lang tong chat natin. Sana next time medyo mahaba na.

M: Punta ka sa Germany! Sabi kasi ni K-.. Never mind. Don't hesitate to call me pag tinopak sya ha. Lagot sya sakin.

J: Sure! I'll call you agad.

M: Look, I have to go na. May pupuntahan pa kasi ako sa Greenhills e.

J: Just one last question: hindi pa ba kayo nag-uusap ni Kevin after nyang bumalik from Germany?

M: Yup. Not a single syllable.

J: Pinakalast na: Bakit naman?

M: Mahina kasi utak nun. He needs to realize something, and kung di nya marealize yun, I won't talk to him again. Tama lang yun sa kanya. That @ss. Pano, una nako

Her last statement really confused me. Ano bang meron?! Weirdo nga talaga ang magbestfriend na yun! Sila lang nagkakaintindihan e.

(Kevin's POV)

"Pero Madge.. Talaga bang iiwan mo na kami?! Iwan mo na ako?" tinignan ko sya nang malalim.

She smiled at me weakly. "Hindi mo talaga ako naiintindihan, Efren. This is my dream. Nandito na e. Alangan namang pakawalan ko pa diba?"

"Madge. Huli pa ba kung sasabihin ko na.. mahal kita?"

"Mahal mo ko?!" nilapit nya ang mukha nya sakin. I could feel her breath on my face.

Bigla akong nablangko. Hindi na si Madge na nakikita ko kundi si Jersey. Mahal ko ba sya?! Mah-

"CUUUUUUUT!" sigaw ni Mam A mula sa audience. Nagising tuloy ako. Lagot

"Are you okay, Mr. Santos? You look very pale."

"Okay naman po ako Mam. Sorry for spacing out."

"Nevermind. 20 minutes break muna people!"

Medyo nag-alangan pa akong gumalaw sa plastic armchair na kinauupuan ko.

"Kevin. Kevin!" di ko napansin na nasa harapan ko na si Jersey. "Kanina pa kita tinatawag e! Lika, let's go out!" hinila pa nya ko para lumabas kami ng lecture hall. Tapos na namin i-practice yung mga kanta, kaya dialogues na kami ngayon. Next week sa mismong auditorium na kami magpapractice. Dinala ako ni Jersey sa CAS Ruins, isang lumang amphitheater sa campus. Malapit lang naman yun sa lecture hall na pinagpapractisan namin.

"O," inabutan nya ko ng Nestea. "You scared me kanina."

"Bakit naman?"

"Namutla ka kanina e. Tapos kung makatitig ka sakin, parang may gagawin kang masama sakin. Creepy."

"Medyo pagod na kasi ako. Ang daming gagawin e. Wala kaya akong tulog!" nakatitig pala sya sakin. "B-bakit?!"

She smiled widely. "Nothing. Don't get the wrong impression ha. Pero tama nga sila Kev, ang gwapo mo nga. Seriously."

Pagkasabi nya nun, biglang uminit ang mukha ko. Shet, di normal to. Bakit ba ako nagbublush!? Umiwas ako ng tingin sa kanya, kunwari nakatitig ako sa langit. "S-sus. Kaya mo nga ako crush diba?! Buti naman at inamin mo rin!"

"CHE! Wag ka ngang maingay!" pinalo pa nya ko sa braso. "Wag kang feeler Kevin, dati yun. Tekaaa.. humarap ka nga sakin! Oy!"

"Ano ba, nag-iinternalize ako dito!" hinarang ko yung braso ko para di nya ko mahigit sa kanya.

"I don't believe it! You're blushing!" she exclaimed loudly. Napabalikwas tuloy ako at tinakpan ko ang bibig nya.

"SHHHH! Wag ka ngang maingay dyan Santiago!"

Di ko napansin na masyadong malapit pala ang mukha ko sa mukha nya. Kumbaga, yung kamay ko na lang ang naglalayo sa mukha namin.

Jersey removed my hand off her face. "On the second thought, mas gwapo ka pa pala pag malapitan. Hmmm.. Pwede ba kitang maging crush!?"

Lalo akong namula. "H-ha!? Manyak ka noh!" lumayo ako nang onti sa kanya.

Tumawa naman sya ng wagas na wagas. "Crap Kevin! What's wrong with you!? Bigla ka na lang nagbublush e. Ang cute!"

"Hindi ako cute! Pogi ako!!"

"E di ikaw na pogi. Ano, sa lagay na yan naiinis ka pa rin ba sakin?!"

"Oo. Naiinis pa rin ako sayo!"

She glanced at her watch. "Crap. 8 mins na lang!" tumayo sya para ayusin yung damit nya. "Let's go, handsome. Baka may umagaw pa sayo e!"

"Hilahin mo muna ako patayo." I extended my hand to her.

"Ikaw ha, taking advantage ka! Dali, lezzgo!" hinawakan naman nya ang kamay ko at successful naman sya sa paghigit sakin. Pagtayo ko, bibitaw na sana ako nang..

"O, anong ginagawa mo!?" nagtataka pa sya.

"Bibitaw na."

"Sus, ngayon ka pa nahiya! Cmon, di nila mapapansin na magkaholding hands tayo. Kung may makapansin man, e di let's say na nagpapractice tayo. Diba diba!?"

Magrereklamo pa sana ako pero nginitian nya ko. Yung tipo ng ngiti na mararamdaman mo na safe ka sa kanya, na sa kanya mo gustong malunod.

Tsss. Nandito na rin lang kami, bakit hindi ko na lang i-enjoy diba?! I smiled back at her.
"Hoy. Wag mo na nga akong ngitian dyan. Late na tayo!"

Hinigpitan ko na lang ang hawak ko sa kamay nya. "Sus Jersey. Kung gusto mo lang akong maka-holding hands, sabihin mo ng matino, okay!? Straight to the point. Hinarass mo pako e!"

"Shut up, creep!"

## Chapter 32

Paano mo ba malalaman kung in love ka na sa isang tao? Ikaw ba yung tipo na magdedecide na mahal mo na pala sya? O di kaya ikaw yung tipo na marealize mo na lang bigla habang nagsosolve ka ng kung anong Math problem? O di kaya nakadepende ka sa signs?

Sa tingin nyo, paano kaya marerealize ni Kevin na.. alam nyo na.. gusto nya si Jersey?

(Kevin's POV)

May naaamoy ako.. hmmm. kape nga ba yun? Hmmm.. ang bango bango naman! Parang tinatawag ako nung amoy na kape.. ginigising ako...

Aaaahhh! Ano ba to, ba't ang liwanag naman ata?! Talaga tong si Keith, hindi na naman inayos yung kur-.

BULL. NASAN AKO!? TEKA. Hindi naman to yung dorm namin ah! Nasan ako?! Sa isang condo unit? Ang ganda naman. Simple lang tong kwarto na to, black and white ang pintura ng pader. Minimalist ba. May napansin ako sa may bedside table.. Olay Natural White? Leche, hindi naman ako gumagamit nito ah!

I smelled something.. delicious. Bacon and eggs? Nagutom tuloy ako bigla. Mabilis akong lumabas ng kwarto para kumain.. Hmmm. Sinong nagluluto? Si Keith ba? Nako, malabo yan. Hindi nga nya kayang maghiwa ng sibuyas e!

Aba. Ang ganda nga nitong condo unit na to. Ang laki! Ang yaman naman ng may-ari nito. Sana babae, para gawin kong girlfriend! Joke lang :D

Mas lalo akong nagutom nang narating ko na ang kitchen. Wait. Wait. May babaeng naka-apron. Kumakanta pa sya ng "Baby I Love Your Way". Familiar ang boses..

Si Jersey ba yun?

Oo. Si Jersey nga. Likod pa lang nya alam ko na e! Teka.. bakit ko sya kasama dito? Sumasayaw na sya ngayon. Grabe, baliw baliw talaga to! :D Nilapitan ko sya.. at niyakap. Whoaaaa. Bakit nasa instinct ko na ang yakapin to?!?

"Oh. You awake already?" she smiled at me widely. I kissed her on the cheeks. "Good morning, handsome. I love you!"

Shet. Tama ba ang narinig ko?! Tumingin naman ako sa likuran ko, baka kasi may ibang lalaki e. Wala naman. Ako lang kausap nya. Magsasalita na sana ako pero walang boses na lumabas sa bibig ko.

My instinct told me to hug her tighter. Dun ko napansin na mas gumanda si Jersey ngayon. Medyo bumilog din. I rubbed my hands on her stomach.

"So.. have you decided na? Anong ipapangalan natin sa baby natin!?'

ANO RAAAAAW?!?!? SI JERSEY NGA BA TO!?

Si Jersey naman, ayun, nakatingin pa rin sakin. Nakasmile at hinihintay ang sagot ko..

"Kevin Honey, ano na?!!"

"KEVIN!! KEVIN!!! KEVIN!!! GISING NA!!! GUMISING KA NAAAAA!!!" Naramdaman ko na may umaalog sakin, parang ginigising ako. At.. paaaak! Nasampal ako.

Napabangon ako bigla. Shet, nasa dorm ako. Nasa dorm ako. Walang Olay Natural White sa ibabaw ng mesa. Hindi black & white ang pader. At.. nasa harapan ko si Keith.

"Kevin! Shet bro buti gumising ka na!!"

Napabangon ako bigla. Bakit parang pagod na pagod ako?! Hingal ako nang hingal e. "Aaa.. anong nangyari sakin Keith?"

"Binangungot ka ata e.. Ay, nanaginip ka pala. Kanina ka pa nga gulong nang gulong dyan!! Ayaw mong magising!"

Nanaginip? Bangungot nga ata yun e! Dun ko lang napansin na basang-basa ang likod ko sa sobrang pawis. Tagaktak talaga. Nag-replay sakin yung panaginip ko. Jersey's.. pregnant? PREGNANT.

PREGNANT. PREGNANT. PREGNANT.

"AAAAAAAHHHHHHHH!!!!" napasigaw ako nang malakas.

"O bakit? Okay ka lang? Ano bang napanaginipan mo?"

Syempre hindi ko naman pwede ikwento sa kanya. Humiga ulit ako at nagtakip ng unan sa mukha. Bwiset naman, bakit ba ako nagbublush? Nababading na ba ako!? -___- "H-ha? Wala wala.. Binangungot lang talaga ako kanina."

Natawa pa saglit si Keith. "Nako, mamaya ka na magdrama dyan. 8:30 na oh. Baka malate ka pa sa klase mo mamaya."

"S-sige sige. Salamat sa paggising sakin tol."

"Okay lang. Nakakatuwa nga e, first time kong makakita ng binabangungot na nakangiti.. at binabanggit pa ang pangalan ni Jersey. Bye!" sinara nya ang pinto.

NAKNGTUCHA NAMAN. Sa lagay na yun nakangiti pa ko?! Ano bang ibig sabihin nung panaginip na yun? T____T

(10am; ENG 4 lecture)

Sa sobrang occupied ako sa panaginip ko, napaaga ako ng pasok sa first class ko. Pinipilit ko na ngang di isipin, pero ano ba to! Naka-loop talaga sa utak ko yung "Good morning, handsome. I love you!" Hanggang panaginip na lang siguro mangyayari yun.

"Good morning, handsome!"

"AY P*CHA TIGILAN MO NGA AKO!!!"

Isang malakas na hampas ang sumagot sa kin. "Hoy. Kaaga-aga minumura mo agad ako!!!"

Napatingin ako sa katabi ko. Si Jersey pala yun! "Psssh. Ano ka ba Je! Ang hilig mong sumulpot!"

Binelatan nya ako. "Whatever! Batukan kita dyan e. Ba't ang aga mo ata ngayon?"

"Wala.. Masakit lang ang ulo ko."

"Gusto mo ng gamot? Teka meron ako dito," hinalungkat pa nya yung bag nya.

"You don't have to. Okay lang ako." Hinawakan ko na yung kamay nya para tumigil na sya.

At nakuryente ako.

"Hey. Are you really okay? Nakatulala ka na naman e."

"Oh. Sorry." Umiwas agad ako ng tingin.

The rest of the period went like a blur. Hindi pa rin ako makapag-isip ng matino. BAKIT NGA BA AKO NAGKAKAGANITO!?

Malas nga naman, umulan pagkatapos ng klase namin. Bad timing, iniwan ko sa bahay yung kotse ko!

"Oh crap. Wala pa kong payong ngayon!" I heard Jersey whispered. Isa pang tanga to, alam na malamig ang panahon pero nagshorts pa rin!

Tinanggal ko yung jacket ko at inabot ko sa kanya. "Hoy. Eto oh."

Jersey: O.O "Anong gagawin ko dyan?"

"E di suotin mo!"

"Ay, don't mind me. Keribels ko naman tong lamig."

"Psht. Ang arte e! Lika nga dito!" hinigit ko sya palapit sakin at sinuot ko yung jacket sa kanya. "Ayan. Sa susunod wag kang magsusuot ng shorts. Alam mo namang malamig ngayon e."

"Kevin, I can't wear this. Pano ka?"

Nilabas ko yung payong ko. 'Meron naman ako nito. Cmon, malelate na tayo sa next class natin."

"Ke-"

"Shut up. Let's go." Hinawakan ko na ang kamay nya para tumigil na sya.

Then I realized something.

The moment I held her hand, I knew it.

Matagal na pala akong nalunod sa kanya.

Dahil ba sa ulan? Hindi. Ewan ko. Tama nga si Maxene, tangangers talaga ako. Why am I so stupid? Yung panaginip ko at yung iba pang nangyari, eto pala ang meaning nun.

Mahal na mahal ko pala si Jersey.

Eto pala yung pinaparealize sakin ni Maxene. Nakangiti ako na parang timang. Umuulan. Hawak ko pa ang kamay nya.

Ang saya ko! Shet di ko mapigilan na ngumiti dito, kahit mukha akong tanga.

"Hey. Why are you smiling?!" tanong nya sakin habang naglalakad kami.

That made me smile wider. "Nothing. Ang saya talaga pag umuulan noh?!"

Sinilip nya yung likuran ko. "Darn! Tignan mo nga, basa na yung likod mo! Here, take your jacket." Tatanggalin na naman nya yung jacket ko.

I pulled her closer to me. "Ulitin mo pa yan, lagot ka na sakin!"

"Tsss. Ayusin mo nga yang pagpapayong mo. Kanina ka pa nakatingin sakin e."

"Yuck. Hindi kaya ako nakatingin sayo. Ilusyonada!"

Nakarating na kami sa lecture hall nang makasalubong namin yung jejemon. Panira ng mood.

"Hi Jersey!" ngumiti pa sya. Sarap batukan nito.

"Oh JM! Anong klase mo dito?!"

"SOSC1. Ikaw?!"

"HUM 2," napatingin sya sakin. "By the way, JM, si Kevin nga pala. Kevin, si JM. Siguro naman familiar na kayo sa isa't isa."

Nakipagkamay ako sa loko. "Nice meeting you."

"Magkakilala pala kayo!? Nako, marami na ba kong absent sa Math?!"

Oo. Binubura ko kasi yung pangalan mo sa attendance. "Di ko sure e. Di ko pa nasisilip ulit yung attendance nyo."

"By the way," si Jersey naman ang kinausap nya. "Malapit na Midterms natin sa Math ah. Uhhh. Pwede magpaturo sayo? This Monday?"

Anak ng tucha. Pinopormahan ba nito si Jersey?! Kumukulo ang dugo ko sa jejemon na to ah!!! Bwiset.

Hihilahin ko na sana si Jersey kasi malelate na kami sa klase nang..

"Sure! Text me na lang the details. Sure ka bang sakin ka magpapaturo? Baka mas bumagsak ka dahil sakin ha!"

"Ehem," extra ko sa kanila. "Malelate na tayo Je. Let's go."

Nakaramdam naman kahit pano yung loko. "Sige, una nako. Pano pre, nice meeting you."

Pakanta-kanta pa si Jersey habang papunta kami sa mga upuan namin. "Tigilan mo nga yang pagkanta-kanta mo dyan. Para kang baliw e."

"Tsss. Hey. Uhhh. Can I ask you a favor?"

"Hnnn.."

"Pwede mo ba kami samahan ni JM sa Monday?! Kasi.. mas magaling ka naman sa Math kesa sakin. Paturo naman kami oh."

"Ayoko."

"Hoy. Ang sama naman nito. Asar ka pa rin ba sa kanya? Tinawag mo na nga syang jejemon e. Ikaw nga tong masama!"

T@nga ba talaga to o ano!? E asungot yun e! Bakit ko tuturuan? "May gagawin ako sa Monday e. Tuesday morning pa balik ko. Tsaka bakit ba kita tuturuan ha? Di ba may pustahan nga tayo? Sariling sikap, Jersey."

Sumimangot pa sya sa harap ko. "Tss. I hate it when you're like that."

"Ha. Sorry ka. Possessive ako."

"Ugh. Ewan ko ba kung matutuwa o kikiligin ako sa pagiging possessive mo sakin."

"Sus. If I know, kinikilig ka lang e."

Namula na naman sya. "No. Makinig ka na nga lang kay Mam! Bwiset to."

Manhid ba to o sadyang t@nga lang? Halata naman na ayaw ko dun sa JejeJM na yun, pilit pang nagpapapansin. Aaaahhhh! Nasan ba si Maxene kung kelan kailangan ko sya?! Pwede ko na siguro syang kausapin kasi narealize ko na yung dapat marealize diba? Kung kelan kailangan oh. Badtrip.

MONDAY.

(Jersey's POV)

Kanina pako nagrereview para sa Math 17 review namin ni JM. Okaaay. Hindi naman talaga ako kagalingan talaga sa Math. Bakit ba sakin nagpapaturo si JM? Well, hindi rin pala sya masyadong familiar sa subject na yun. Shiftee kasi sya, from Sociology to Economics. Haaay </3

"So.. ang function nito ay..shet mali!! Paolo nasan ka ba sa oras na kailangan kita!?" sigaw ko ng malakas. Bukas pa yung balik ng apat kong housemate, "busy" daw kasi sila. Badtrip na busy yan! Siguro may plano na naman yung apat na yun. Grr.

Haaay. Last week na pala ng July ngayon. A month and a half to go! Ang malas nga, sa birthday pa ni Kevin yung pilot ng play. Kyaaaa! Kinakabahan ako!

*insert thunder sound here*

Shet. Uulan pa ata oh! At sakto, nilalamig pako ngayon. Huhuhu, nakakatakot pa dito sa bahay. Mamaya pang gabi uwi nina Amae galing sa Muntinlupa e. Makuha nga yung jacket ko! Habang naghahalungkat ako sa cabinet, may napansin akong nakasampay sa may likod ng pintuan namin. Jacket ni Kevin. Heck, I forgot to return it na naman! One week na to sakin. Baka isipin nun na pinagnanasaan ko ang jacket nya! Bwiset!

*beep! beep!*

From JM:

Jersey! 2:30 sa Boston Grove. Okay lang?

I glanced at my watch, 1:35. Yosh! May ilang minutes pa! Tiniklop ko yung jacket ni Kevin at nilagay sa paperbag. Dadaan muna ako sa dorm nila bago ako pumunta sa Boston.

To: Kevin

Panget. Tapos ka na bang maging busy? Your jacket's still with me. Dadaan ko na lang sa dorm nyo. Reply asap.

Normally, magrereply agad to kahit ano pang ginagawa nya. Pero 10 minutes na ang nakalipas, wareps pa rin. Anong problema nun!?

Hay. Nevermind! Magrereview muna ako ng Math. Tahimik lang talaga ako. Ang maririnig na tunog lang ay ang pagpatak ng ulan, ang pagdikit ng ballpen sa yellow pad at ang mahinang padyak ng mga paa ko. Ang tahimik talaga ng pali-

BEEEEEEEEEEEEEEEPPPPPP!!!!!

"AY P*TA! ANO BA YAN!" napatalon tuloy ako sa gulat. What in the world is that?! Sinong matinong tao ba naman ang bubusina sa hapon na 'to!? Whoever did that is an idiot. Lagot sya sakin! Kinuha ko ang payong ko at lumabas ako para awayin yung bwiset na yun. Paglabas ko..

Kotse ni Kevin ang tumambad sakin.

Oh wait. Are you kidding me? Kaya ba sya nandito para turuan kami ni JM? How nice!

Kinatok ko yung pintuan sa may driver's seat. "Kevin. Hoy! Open up!" Bwiset. Sobrang tinted naman kasi ng windows nya! Di ko tuloy masilip kung anong ginagawa nya sa loob ng sasakyan. Is he even here?

"Nako Kevin. Wala akong oras para makipagbiruan dito ha! 15 minutes na lang aalis nako! Ano ba!" No choice ako kundi i-try kung bukas ang pintuan. Oops, it's open! "Ho- KEVIN!!!"

Nasa loob ng kotse si Kevin, actually nasa backseat sya nakahiga. He's panting as hell. Namumula yung mukha at batok nya.

Pumunta ako sa may paanan nya. "Damn you. What happened?!" May sinasabi sya sakin pero hindi ko maintindihan. Ano kaya to!? "I can't understand you! Hoy!" Tapos may tinuro sya sakin, sa may dashboard.

Isang box ng fried kangkong ng Mang Inasal.

(Para sa mga di makatanda ng Chapter 11, hindi kumakain si Kevin ng kangkong dahil may allergy sya dun. Weird diba? Hihihi.)

"G@go ka pala e! Bakit ka kumain nyan!?" Crap I don't know what to do!! Okay Jersey, isa sa weakest points mo ay ang first aid. No choice ka na dito. Ugh. "Wait. Where's your bag? May gamot ka ba dun!?" Tinuro nya sa may baba ng backseat yung bag nya, tapos binuksan yung compartment sa gilid. Pilit ko syang tinayo at lumabas kami ng sasakyan. Define basa ng ulan ang damit ko. Crap.

"J-jersey.. Nas..susuka.. ako," bulong nya sakin habang papasok kami ng bahay.

"Whaaaat!? Hold on! Wag kang susuka dito sa sala namin!" Shet. Kahit mukhang patpatin to, ang bigat din pala nya kahit papano. Nangangalay na nga balikat ko sa pag-akay sa kanya e! Bwiset! Sya na lang mag-isa yung pumasok sa loob ng CR. Di ko keri yang mga nakakadiring suka! -...-

"O-okay ka na!?" I asked him without looking inside the bathroom.

"Y-yup." No choice na naman ako, pumasok na ko sa loob para sunduin sya. Yuck. I don't want to describe what I saw. Basta, color green. O.O

Dinala ko sya sa kwarto namin to rest. Namumula pa rin yung mga pantal nya sa mukha. I dragged him to our room at pinahiga sa kama ko. Gosh, I'm too nervous! Wala talaga akong kaalam-alam sa gagawin ko dito. "Crap crap crap cr-"

"Jersey please, stop chanting that crap word. It doesn't make me feel any better."

"WHAT AM I SUPPOSED TO DO!?" namumula pa rin sya sobra. As in define pantal. I hate these situations! Naiiyak nako dito. -__-

"C-compose yourself. Wag kang iiyak."

I have this urge to smack his head. So.. I did smack his head. "Tanga tanga mo- BAKIT KA NILALAGNAT!!! BAKIT KA NILALAGNAT!"

"GANITO TALAGA KO PAG INAALLERGY! WAG MO KO SIGAWAN!"

WHAT TO DO WHAT TO DO!? Lumabas agad ako para kumuha ng towels, batsa at yelo sa kitchen. Pati baso na rin pala,papainumin ko na sya ng gamot. Nakapikit sya nang bumalik ako sa kwarto. "Stupid. Ano bang meron sayo at kumain ka nun!? TANGA KA RIN TALAGA!" Medyo napadiin ata yung pagpunas ko sa mukha nya.

"Aray. Wag naman masyadong madiin!"

"Answer me, dammit!"

Umiwas sya ng tingin sakin. "Wala lang. Gusto ko lang i-try kung anong lasa ng kangkong. Masama ba?"

"Ay, hindi sya masama promise!! Inatake ka lang naman ng di oras!!!"

"Know what? Hindi ka talaga qualified maging.. nurse."

Tumigil ako sa pagpupunas sa mukha nya. "I know right? Eto ang pinakaayoko sa lahat, magkasakit. Hindi kasi ako sakitin kaya wala akong kaalam=alam sa bagay na to. Crap. Ang lamig lamig tapos pinagpapawisan ka!? Abnoy."

"Syempre, nilalagnat ako! Tch. Wow. I'm surprised. Ang University Scholar na si Jersey Santiago, hindi marunong mag-alaga ng may sakit!? Is this for real?"

"Oo na, for real na. See, I'm not tha perfect what=ass nerdy bitch. Kaya siguro.. wala nakong appeal. Ajujuju." Then he muttered something. "Ano yun?"

"Naiinitan ako."

"Gusto mo, aircon?" Muntik na nya akong batukan.

"Since eagle scout ako, marunong ako ng first aid. Ganito, I need to change my shirt."

That totally stopped me from moving. "Why?"

"Kasi pinagpapawisan ako?"

"It will eventually dry up, right?"

Tumawa sya ng malakas. "Nako. My life's in danger right now. Thanks to you."

"Talagang ako pa ha!?" he nodded. Bwiset. "Go, change your clothes."

"I can't."

"LOOK. YOU'RE BEING ANNOYING. BAKIT HINDI MO KAYANG MAGPALIT NG TSHIRT HA!?"

"Eh kasi wala naman akong tshirt in the first place." Oh yeah. Kumuha ako ng tshirt sa cabinet ni Pao.

"Ayan. Change your shirt."

"I can't."

NAIIRITA NAKO HA. "DON'T START THIS BS THING, SANTOS. NAIINIS NAKO!"

"HINDI KO MAGALAW KAMAY KO. AT NAHIHILO AKO. I CAN'T GET UP."

"SO WHAT DO YOU WANT ME TO DO?!"

"YOU UNDRESS ME."

YOU UNDRESS ME. YOU UNDRESS ME. YOU UNDRESS ME. "WHAT THE FREAKIN HELL!?" Magwawalk out na sana ako nang makita kong... mukhang nahihirapan nga sya. Namumutla at namamantal. Jersey, anong gagawin mo!?

"Crap. Okay fine. I'll do it." Wait, ngumiti ba sya?! Ugh. Quit imagining things!!! So there, lumapit nako sa tabi nya. Hinawakan ko yung laylayan ng tshirt nya. Pumikit ako. Unti-unti kong tinaas yung tshirt nya.

"B-bakit ka nakapikit?!" he asked me. And he sounds so amused by this, Asshole.

"Disturbing mental images. Disturbing mental images.THERE! NATANGGAL KO NA RIN!! HAPPY!?"

"P-pakipunasan na rin ako please."

'DAMN YOU! IKAW NA MAGPUNAS DYAN SA KATAWAN MO PLEASE!?" NAKAKAINIS!!!

"EH HINDI NGA AKO MAKAUPO! NAHIHILO PA KO! DALI, MATUTUYUAN AKO NG PAWIS NITO E!!"

"OH YO-" Shoot. I just opened my eyes. I just opened my eyes and saw... OOOOHHHLALALAA HELLO SIX PAAAAAAAAACK! "KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAA! AYOKO NGAA!!!!"

"Eto naman!1 Para kang nakakita ng multo! Sus. Pinagnanasaan mo nga tong six pack ko sa Pagudpud e!"

I instantly looked away. Crap. Am I that obvious!? Okay okay. Hindi ko naman pinagnanasaan talaga yung katawan nya. Patago ko lang tinititigan, okay?! PATAGO LANG. After all, who wouldn't resist to stare at those.. ooohhlalalalala :DDDDD

"Excuse me. Hindi ko pinagnanasaan yang katawan mo, okay? Feel mo naman."

"Then gawin mo yung sinabi ko." he said with a challenging smile.

I lost. I gently wiped his body (!) with the towel, WITHOUT LOOKING. "HOY," tawag nya sakin. "Hindi ka makatingin kasi crush mo pa rin ako noh!?"

"H-ha? Hoy ka rin. May lagnat ka lang kaya kung anu-ano na sinasabi mo dyan." Am I that transparent!? HUhuhuhu /wrist. "'A-ayoko lang talaga tumingin sayo ngayon."

"And why?"

"Kasi naaawa ako." Good lie, Jersey!

"Then don't be. Tignan mo ako please. This is so awkward."

"MAS AWKWARD NAMAN TO SAKIN, DIBA!? PARA KITANG MINOMOLESTIYA DITO!!!!"

"Ikaw? Sus. Sa lahat ng tao, sayo ako safe. Ano ka ba. Confident ako na wala kang gagawin saking masama."

That made me feel better. Like really. So tumingin nako. Oh geezus. Bakit mas gumwapo sya ngayon na may sakit sya? Of course, excluding the pantal on his face. Ang lalim ng paghinga nya ngayon. Ano bang nangyari dito?

"Hey. I'm done. Pwede ka bang lumapit sakin? Konti lang," sabi ko sa kanya.

"Bakit?"

"Uh isusuot ko yung tshirt mo?" Duh. Nakakatanga ba talaga ang pagiging allergic sa kangkong!?

Ayun, lumapit sya sakin. Define malapit. Jersey, don't think or do anything stupid. Oh god ang lapit na ng mukha nya sakin. Oh god. "Look on your left, please,"sabi ko kaagad sa kanya. Magtatanong pa sana sya nang narealize nya na napaka AWKWARD ng pwesto namin. Like duh, he could kiss me any minute!

"Sus. Nahiya pa to. Parang nangyari na to sa ele-"

"Gusto mong sapakin kita?! Shut your mouth." I don't even deserve this crap! I'm blushing like hell here!?!?! Good thing nasuot ko agad yung tshirt nya. "Kevin, okay na. Humiga ka na."

"Yosh!" at humarap sya sakin.

Uhh. Did I mention na almost 5 inches lang ang layo ng mukha nya sa mukha ko!?

Oh noes. Oh noes. Oh yes. Oh yes. He's gonna kiss me again. Again. Again. OH GEEZUS.

"Jersey..." his face inched closer to mine.

"Y-yeah?"

"I have to tell you something."

"Ano y-yun?"

"I.. I.."

*RING! RINGI RING!*

SO MUCH FOR THAT KILIG MOMENT!!! "S-sorry." Humiga ulit si Kevin tapos ako naman sinagot ko yung tawag.

"H-hello?"

"Jersey!" OH CRAP. SI JM! NAKALIMUTAN KO NA MAGKIKITA KAMI!!

"Oh JM! H-hi.."

"Uh nasan ka na?!"

Tinignan ko ang oras. 2:54. "Oh shoot. Nasa bahay pa kasi ako! Sorry sorry!"

"Where's exactly your house? Sunduin na lang kita."

For the nth time today WHAT AM I GONNA DO!? "Anooo kasi.. Look. I can't go." From my peripheral vision, I saw Kevin opened his eyes. Mukhang na shock.

"Ha? Bakit naman?"

"Uhh. May sakit kasi si Kevin e. Inatake sya ng allergy ngayon.. eh.. wa-"

"Oh. I get. Nurse?"

"Y-yeah. I'm so sorry. He really needs my help here. Babawi na lang ako next time."

"It's okay. Pakisabi kay Kevin na pagaling sya. Sige. Bye!"

WHEEW! Nakahinga rin ng maluwag!

"Oy. Bakit mo sinabi sa kanya yun ha!?" sabi ni Kevin sakin.

"I cannot lie."

"Jersey, just go. Okay na ko. You can leave me here."

Kevin's really really infuriating me! "PAKSHET. I TOLD HIM THAT I WON'T GO."

"Then you should go. After all, kanina ka pa nagrereview para turuan yung mokong na yun ah!"

Leche. Hindi lang sya nagiging tanga pag may sakit, nagiging bwiset pa! Tumabi ulit ako sa kanya. "Eh g@go ka pala e! Kanina ka pa nambibwiset ha!!!"

"AKO PA ANG NAMBIBWISET NGAYON! IKAW NA NGA TONG PINAPAPUNTA DUN SA DATE NYO NUNG JEJEJM NA YUN AH! PUNTA NA, BA! OKAY NA NGA AKO!"

"HOW MANY TIMES DO I HAVE TO TELL YOU NA HINDI JEJEMON SI JM! AND PLEASE AYOKO NGANG PUMUNTA DUN!!!"

"EH BAKIT NGA AYAW MO! DI HAMAK NAMAN NA MAS OKAY BA KASAMA MO YUN SA BOSTON HABANG UMIINOM KA NG FRAPPE AT TINUTURUAN MO NG FUNCTIONS YUNG JEJEMON NA YUN! KESA KASAMA MO KO DITO NA MAY SAKIT DIBA?!"

"PAKSHET! CUT IT OUT, PLEASE!? AYOKO NGA PUMUNTA DUN KASI AYAW KITANG IWAN DITO!!" he froze. "F*ck. Alam mo ba kung gano ako kinabahan kanina sa loob ng sasakyan mo!? I was so nervous, you dumbass! I didn't know what to do! I was this close, this close to have my panic attack!! PANIC ATTACK, GET IT!? Pero I told myself, Jersey don't panic. Kevin needs you now. He's in danger so please calm down. So there. I did it. Kahit takot na takot ako, ginawa ko kasi ayokong nakikita kang ganyan. I am so freaking worried!!! At anong ginagawa mo? May sakit ka na nga pero you're acting like an ass right now. Sige, gusto mo kong pumunta dun!? FINE, I'LL GO!! IIWAN KITA DITO!! PAPABAYAAN NA KITANG ATAKIHIN DYAN!!! SANA NGA DI NA GUMALING YANG ALLERGY MO!! AT YUCK, IKAW LANG ATA ANG ALLERGIC SA KANGKONG! OF ALL VEGETABLES MY GOSH!!! SIge, AALIS NA KO. FINE!! AALI-"

He grabbed my hand and pulled me onto his chest. That's when I cried. "Sorry. Sorry. Sige na.. wag ka na umalis. Okay?"

Naramdaman ko agad yung pagod. Inaantok tuloy ako. "O-okay."

May naramdaman ako na kung ano na nakapatong sa may dibdib ko. It's.. very warm. Wait... it's moving. Moving. Moving.

A.. hand?

"Kyaa.." minulat ko ng onti yung mata ko. "Ano ba.." Napamulat na ko.

"AAAAAAAGGGGGGHHHHHHHHH!!!!!!!!"

"SHET! ANONG MERON!?" sigaw din ni Kevin.

"IKAW! MANYAK KA!!!!"

Nagtaka pa sya. "A-ako!? May sakit ako!!"

"Wala kang lagnat! Joke lang yang sakit mo! Inatake ka na naman ng Pervert Disease!!!"

"ANO BANG GINAWA KO SAYO!!!"

"You touched my... AAAAAAAAAAAAAAAGGGGGGGGH!!"

Nag-isip pa sya saglit. Then he smirked. "Aaahh. So hindi pala panaginip yun." I whacked his head with a pillow. "Aray! Eto naman! Hindi ko naman alam e! I was dreaming!"

"OOOHH," nanlaki na naman mga mata ko sa sobrang galit. "AND YOU'RE LUSTING ON ME!? Oh crap. I don't believe this!"

"Si Cristine Reyes ang napanaginipan ko. Hindi ikaw. Tsaka naman Jersey, di hamak na mas.. maganda yung katawan nun kesa sayo."

"ASSHOLE!! THANK YOU FOR BOOSTING MY SELF ESTEEM!!!! SALAMAT TALAGA!!" then nag-alala na naman ako. "Are you okay? May lagnat ka pa ba?"

"Nahihilo lang ako. Oh, yung gamot ko nga pala."

Kinuha ko sa bulsa ko yung gamot nya. "Yan, inumin mo."

"Tubig." Inabot ko sa kanya.

"Wow, like a boss!" he laughed. "Feeling better?"

"Yeah. Medyo. Pwede ka na maging nurse.:

"You shut up."

"Oo nga, seryoso ako. Bawasan mo lang yan panic attacks mo, pwede ka na."

I huffed. "So hanggang nurse na lang ako ngayon!? Hello. I'm Jersey Santiago. I'm a potential nurse, not a potential girlfriend. Hey, turn off ba talaga sa inyo ang pagiging nerd ko? I mean, I don't look like a nerd naman diba!?"

"You look okay. Believe me. At bakit ka ba ungot ng ungot dyan na potential girlfriend acheche na yan!? It sucks."

"Masama ba?"

"Hindi naman. Hmm. Alam mo kasi, baka may iba dyan na tingin sayo e girlfriend material, humahanap lang ng tiyempo."

"Hmm. Is that so? Hey. Do you think that I am a girlfriend material?"

"No."

"Asshole."

"Sa tingin mo ba magkakagusto ako sa'yo? Yuck."

"Okay fine. As if magkakagusto rin ako sayo!"

"Sus. Crush mo nga ako, diba?"

"SO!?"

"You even kissed me inside the elevator."

"HINDI KO NAMAN KASI SINASADYA YUN DIBA!!!"

"Nasa unconscious mo lang yan. Freud."

"Shut up."

"Gawa mo kong ramen."

"With malunggay?"

"Sapak gusto mo!?"

Ayun nga, nilabas ko sya sa kwarto at ginawa ko sya ng ramen (instant ramen, of course). Tapos nandun lang kami sa sala at nanuod ng Yamato Nadeshiko live action habang nagrereview ng Math 17. He looks okay naman, medyo nagfade na yung mga pantal sa mukha at leeg nya.

Around 10:30 na ng magdecide syang umuwi.

"Sure ka bang kaya mo na magdrive?" I asked him.

"Yosh. Okay na ko. I could drive."

Teka.. I forgot to tell something! "WAIT! YUNG JACKET MO NGA PALA!" Takbo agad ako sa loob para makuha yung jacket ni Kevin.

"Oh ano yan?" tanong nya sakin pagbalik ko.

"Y-yung.. jacket mo... I ff.orgot to.. return.. it last time."

Kinuha nya naman yung jacket nya. "Thank you~

"Wait. Bakit ka nga pala pumunta dito?! Para ba sa jacket?"

"Well.. that's the second reason."

Ass. "Then what's the first one?"

"Di ba nagtext ka sakin? Kaya kita pinuntahan dito. To ask what do you want from me."

That doesn't make any sense!! "Eh ano yung sasabihin mo sana kanina? Bago tumawag si JM?"

"Aaah yun ba? That bird said she had a line."

"What the f*ck is that!?"

"Nothing. Sige, bye! Salamat ulit, Miss Nurse."

And he drove off.

That bird said she had a line? Sounds familiar.. San ko nga ba nabasa yun!?

30 minutes later, dumating sina Amae.

"Heeeeey! Kamusta review date nyo?" pambungad na tanong ni Sath.

"Review date my @ss. Hindi ako pumunta."

Nagulat naman sina Jerro. "Oh. Bakit naman!?"

I was about to explain nang sumigaw si Amae, na nasa kwarto namin. "JERSEEEEEEEEEEEEYYYYYYYYYY!!!!!!!!!!!!!!!!!!! BAKIT NANDITO YUNG TSHIRT NI KEVIN!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!??????"

Jerro Sath Paolo: ANONG NANGYARI SA INYO DITO!?

AKO: WAIT!!! LET ME EXPLAIN!!!

(Kevin's POV)

I can't wipe this stupid smirk off my face. Kahit pabalik nako sa apartment, ngiting-ngiti pa rin ako.

Nasa apartment na si Keith pagdating ko. "O, kamusta? Okay ba plano mo?"

"Sus. Buti nga hindi pa sya nakakaalis sa bahay e! Saktong-sakto lang!"

"Kamusta naman allergy mo? Pano mo napeke?"

"Hindi ako kumain ng kangkong. Kumuha lang ako ng dahon dyan na makati tas kinuskos ko sa balat ko. Voila, instant pantal!"

"Grabe ka Kevin. Harsh mo rin. E di nataranta pa si Jersey non?"

Napangiti lalo ako. "Naman. Gumagaling na talaga ako sa acting, bro. Pwede na."

"Eh kelan ka aamin?"

"Beats me."

## *Chapter 33*

(Jill's POV)

Habang naglulunch kami sa KFC..

"Hoy Kevin," Amae said in a deadpanned voice. "Matanong nga kita. Anong nangyari sa inyo ni Jersey nung Monday?!"

Natahimik kaming lahat na nasa table at napatingin kay Kevin. Hindi nga pala namin kasama si Jersey ngayon kasi nagrereview sila ni JM para sa Math 17 midterms nila mamayang gabi.

"Ha? Wala namang nangyari samin e."

Pinalo tuloy ni Amae yung table. Napatingin sa kanya yung couple na nasa kabilang table. "Tsss. Eh bakit nasa kwarto namin yung tshirt mo ha!?"

Ako & Ken: -__- O.O"

"Ah yun ba. Long story."

"Eh ikwento mo na!"

Sumingit naman si Sath. "Nako Kevin, don't mind her. Nagkwento na si Jersey nung Monday kaya okay na."

"Eeeehh Sath! Pag si Jersey nagkwento, pihadong may hindi sinabi yun!"

"Amae. Kung anong kinwento nya, ganun na rin yung akin. Tsaka wala rin akong masyadong maalala, I was sleeping the whole time."

Napasimangot naman si Amae. Haaay. Naloka talaga ako dito sa babaeng to! President ng KevJe forever e! In fairness, ako naman ang Vice President. Oha oha, supportive kami oh! XD

"Alam mo Kevin," extra ni Paolo. "Ikaw pa lang yung inalagaan nun. I remember nung may basketball game kami nung 2nd year, nadapa ako nun. Hindi nya kinaya na gamutin yung sugat ko."

"Maarte kasi," sabay na sabi nina Jerro at Sath. Tawanan naman kaming lahat.

Then parang nagkaron ng Eureka moment si Amae. "Ooohh. Since you're here naman, ikaw na ang nasa hot seat namin."

Natigilan si Kevin. "H-ha?! Ako?"

Nginitian ako ni Amae.. Hmm. Ah I get it! "Oo nga naman Kevin! Spill naman dyan oh."

"Ano naman ikukwento ko?"

"E di yung status nyong dalawa!" sabay naming sigaw nina Sath at Amae. There, nagtinginan na silang lahat samin.

"Eto talagang mga babaeng to! Mahiya naman kayo!" bulong samin ni Ken.

"We're really curious talaga. Please kwento naman!"

Tumingin muna si Kevin sa paligid bago nagkwento. "Wala naman talaga e. Close friends kami."

Sath: Narinig na namin kay Jersey yan. Wala na bang bago?

Ako: Oo nga! Sarap nyo kayang pag-umpugin!

Ken: Hindi mo ba sya gusto?

Kevin: Hindi.. hindi ko sya gusto.

Our faces fell. So walang kwenta tong KevJe forever namin. Hanggang love team na lang silang dalawa </3

Amae: Ano ba yan. Nakakainis oh. Akala ko pa naman kahit konti lang may gusto ka sa kanya!

Keith: Ikaw lang kasi nag-aassume ng ganun, Amae. Gising gising na kasi. :D

Amae: Che! Hoy Kevin. Hindi naman sa nakikialam ako sa inyo ni Je ha. Pero kung ako papipiliin, ikaw na yung bagay na maging boyfriend nun. I'm dead serious.

Kevin: Tsss. Talaga? May crush yun, yung JM. They look good together.

Sath: Is it just me o talagang may selos dyan sa tono mo!?

Kevin: Sino bang di magseselos dun!? Kunwari pa yang jejemon na yan na magpapaturo, pero ang totoo nagpapacute lang sya kay Jersey. Kainis.

Ako: Yiheee! Nagseselos ka nga!

Kevin: Jill, naiirita ako. Hindi ako nagseselos.

Natawa si Paolo. "Sus Kevin. Tingin ko dyan kay JM, may tama na kay Je yun. Bahala ka, maunahan ka nun.

Natameme na lang si Kevin.

(Jersey's POV)

"Hoy. Okay ka lang?" tanong sakin ni JM. Nasa Boston Cafe kami. Grrr. 1 hour to go before the exam!

"Sorry." Nilapag na nung waitress yung order namin sa table. "I'm too nervous!"

"Chill lang kasi Jersey. Nagreview naman tayo diba?!"

Hindi muna ako sumagot. Darn, gutom na gutom na kaya ako! Kanina pa kami nagrereview ni JM. Err, syempre pumasok kami sa classes namin. Pero kyaaa, hindi naman ako makapagconcentrate!!

"I can't chill! I have to perfect the exam. As in super perfect!"

JM laughed. "Grabe. I didn't know that you're such a perfectionist."

"Hindi naman talaga ako perfectionist. Ayoko lang talaga matalo sa.. Basta. Yung GWA ko lang iniisip ko!" Damn! Kailangan talaga maperfect ko yun! I can't let Kevin win our bet. As in. Baka kung anong gawin sakin nun e!

"Tss. Well, we should aim for the highest nga naman. Tsaka aba, todo nagrereview ka kaya!"

"Sinabi mo pa. Ugh. Bakit ba kasi hindi ako magaling sa Math e. Kainis."

"Nga pala, kamusta na si Kevin?" napatitig pa sakin saglit si JM. "Nagulat lang kasi ako nung Monday. Akala ko pinaasa mo lang ako."

"Sus eto naman! Ang drama e! Uhh, okay na sya. Sorry nga pala ulit ha. Epal kasi yun e."

"MU ba kayo nun?!"

Nasamid ako dun ha! "H-ha?! H-hindi ah!"

"Bakit parang ang close nyo? Last sem nakita ko kayo sa Freedom Park, naggigitara. Parang date e."

"Aaah. Ano berr, hindi kami nun! May partner system kasi kami nung first sem sa block namin. Sya naging partner ko."

"And naging close kayo ever since?" I nodded. "How cool! Sana may makilala din akong ganyan. Ang hirap pala ng transferee, wala akong kakilala dito."

"Sus. You'll get used to this naman. Friendly ka naman kaya you could manage. And.. looks like you're a heartthrob." Tinuro ko yung 2 babae sa kabilang table na kanina pa nakatitig samin.. I mean, kay JM.

"Tss. Ano ba yan. Hindi naman ako gwapo ah!"

"Pahumble pa oh! May charisma ka kaya. Tignan mo nga sila, kinikilig."

Sinamaan nya ako ng tingin. "Ayoko sa lahat ng ganyan, mga pacute. Sarap batukan e!"

Hindi ko mapigilang di matawa. Naalala ko kasi si Kevin nung first sem, ganyan din yung attitude nya towards kay Charlie. Haay. Nasan kaya yun? Nagreview na kaya sya?!

*beep! beep!*

From: Kevin

Hoy. Handa ka nabang bumagsak mamaya? Dasal dasal na oy! Haha :D

I replied:

Shattap. I won't lose to you, @hole. Ikaw ang humanda sa ipapagawa ko sayo. :P

From: Kevin

Really? Bakit naman? Nanakawan mo na naman ako ng kiss? Ha. Pervert.

THIS @SS! ANG KAPAL NG MUKHA NITO!!!

Hoy Santos. Mas pervert ka! Yung ginawa mo nung Monday... KYAAA MANYAK!

From: Kevin

Eeww. Wala nga kong nahawakan e. Kapal mo. Where are you? Lika, dinner tayo. :)

Oh. I'm here at Boston. You should've texted earlier. Kumakain na kami ni JM ngayon e.

Aba! Hindi na nagreply ang bwiset!! Ayan tuloy, medyo nawalan nako ng gana kumain!! "@sshole!"

"Sino na naman yang kaaway mo? Si Kevin ba?" Hindi ako nakasagot. "I knew it. Ang cute nyong dalawa, LQ palagi."

"Yuck. LQ his ass." Inubos ko na lang yung pagkain ko.

(Kevin's POV)

7 pm

Nakatambay ako sa labas ng exam room namin, kasama ko mga recit mates ko. Wala lang, tawanan lang. Pero sa totoo lang naiinis ako. Alam nyo naman siguro kung bakit.

"Kev," tawag sakin ni Gab. "Bakit di mo ata kasama si Jersey ngayon?"

"Aah. Busy sya. Nagrereview e."

"Kamusta naman yung play? I heard tuwang-tuwa raw sina Mam A sa inyo ni Jersey ha!" Nagsimula na naman ang asaran nila samin. Hay.

"Pssst. Kevin! Sino yung kasama ni Jersey?" bulong ni Patrick sakin. Parang automatic na napalingon kami sa kanan.

Ayos. Magkasama sina Jersey at JM. Nagtatawanan. Bwiset.

"Ah. Classmate nya sa recit yan." Umiwas nako ng tingin.

Napansin ni Gab na umiwas ako ng tingin. "O, ba't di ka makatingin? Ano umbagan na natin?"

"Ssh wag kang maingay. Nagdadasal ako."

Biglang tumahimik sa paligid. Then..

"Pssst."

"Pano Kev, una na kami sa loob ha," sabi sakin ni Patrick.

"O tek-" Kaya naman pala. Nasa harap ko pala si Jersey.

"Hi. Kamusta?" P*cha. Ano na namang pacute nito?

Syempre, kailangan kong magpacute din dito. Kunwari nagtampo :) "Bakit?"

"Eto naman. Wag mo ngang sagutin ng tanong yung tanong ko!"

"O tapos?"

She pouted. "Wow ha. I'm just asking if you're okay."

"Okay lang."

Lumapit sya sakin at kinalabit ako. "Uy. Bakit di ka nagreply kanina?"

"Busy ako. Nagreview ako kanina e."

"Ows? Sino kasama mo?"

Hmm. Selosa? "Si Jamie, recit mate ko." Tinuro ko nga si Jamie, isa sa mga magaganda kong classmate.

"Ah. Wow, solving Math problems together. How sweet."

"Ooh. Nagselos na naman ang girlfriend ko." Hinawakan ko pa yung kamay nya.

She instantly slapped my hand. "Ano ka ba! Don't say such things in public! Someone mi-"

"Bakit, maasar ka? Sus. Kunwari lang naman e!" Lumapit ako sa kanya, as in malapit. "Nga pala, goodluck sa exam ha. Ibagsak mo."

"@sshole! Hindi ako babagsak."

"Pag ako nanalo Jersey.. be ready. Babe."

Pinandilatan na naman nya ako ng mata. "Babe-in mo yang mukha mo! Malasin ka sana sa exam mo!" Magwawalk-out na sana sya nang hinigit ko yung kamay nya. Ayoko namang magalit to sakin, nakakakonsensya e!

"Eto naman oh. I'm sorry. Wag ka nang magalit."

"E SINO BANG DI MAGAGALIT SA KA-EPALAN MO HA!?"

"Ang ganda mo pag galit. Sana palagi ka nalang galit."

"Isa pa Ke-"

"O sorry na nga e! Please? Bati na tayo. Libre kita mamaya."

She blushed. At nagblush na rin ako. Ano ba, bakit ang lakas ata ng tama ko sa kanya?!

"Ehemm Mr. Santos and Ms. Santiago." Shoot. Nasa harap na pala namin si Mr. Lawas!

Bumitaw na sakin si Jersey. "H-hi Sir!"

"Mamaya na kayo magligawan dyan! Ipasa nyo muna ang exam ko. Okay?"

"Sige Sir. Pag na-100 ko, ligawan ko to ah!?" pajoke kong sabi. (Pero sa totoo lang di ako nagjojoke.)

"Isa pang epal Kevin malilintikan ka sakin!" irir ni Jersey. Tinawanan naman sya ni Sir Lawas kasi todo blush na sya.

"Jersey, see you later!"

Nanlaki na naman yung mga mata nya sa sobrang asar. Ang ganda nya kahit galit. Shet ba't ako kinikilig. -__-

Mga 40 minutes ko lang sinagutan yung exam. Sus, Math genius ata to! XD Kamusta kaya si Jersey? Sana bagsak sya. *fingers crossed* Please sana mas mataas sana ako! Paglabas ko ng room, nakita ko sya sa gilid, naghihintay.

"Grabe," pang-asar nya sakin. "Ang tagal mo naman mag-exam!"

"Tumahimik ka nga. Late kami nagstart. Wow, bilis mo ah! Wala ka na bang masagot?"

Binatukan nya naman ako. "Yabang. Sinagutan ko lahat yun noh! Perfect ko yung exam. Watch me."

"Hahahaha. Wag kang mangarap. Mas magaling ako sa Math kesa sayo."

She ignored my sarcasm. "Ano, san na libre mo sakin?"

Since medyo maaga kaming natapos, nilibre ko sya sa Siomai Foodhaus. Okay, ako na cheap. Pero ang baliw, tuwang-tuwa sa sandamukal na siomai. Sus, di ba nya alam na para sakin date to!? Tss. Eh kung umamin na kaya ako? Walanjo. Hindi naman kasi romantic tong siomai house na to. Amp.

"Ano, ano pa gusto mo?" tanong ko sa kanya after naming kumain.

"Hmm.. Gusto ko ng.. wala na. Okay nako sa siomai!" ngumiti na naman sya ng bongga.

"S-sigurado ka?" she nodded. Ang bilis naman ata namin kalimutan yung Math exam ah!

"Hatid mo na lang ako pauwi."

So there, hinatid ko nga.

Malapit na kami sa bahay nila nang napatigil sya sa paglalakad. "Oh anong nangyari sayo?"

"Kevin. Kasi.. remember yung sinabi mo sakin nung Monday? Ay. Wag na yun. May.. narealize kasi ako e."

Napalunok ako. Anong narealize nya!? Hala, baka nahalata na nya?

Patay.

"I've been thinking ka-"

"Wow. That's new. You're thinking pala?"

*insert Jersey's death glare here* "Shut up. I'm serious. Anyway.. napansin ko kasi na medyo weird ka simula nung.. February. You know, after the incident." Shet. Alam na nya ata! Pinagpapawisan ako ng todo dito! Kainis.

"Te-"

"Don't speak."

She looked at me intently, na parang naiiyak na ewan. "Uhh. I know na may pagka-insensitive ako minsan. Wait, madalas pala. And.. I don't know how to react towards this matter. Kasi.. ang hirap. Swear. Awkward would be the right word. Crap. Ano ba!" Medyo nahihiya sya na ewan. Ang likot pa ng paa nya.

"Jersey.. am I that obvious? Look. Recently ko lang kasi narealize to. Humahanap ako ng tyempo para masabi sayo. Baka kasi isi-"

"Kevin! I'm begging you. Please..

Don't use drugs!"

*kruu kruu*

"H-ha!?" Teka, anong pinagsasabi nito!?

"Don't give me that look. Alam kong hectic ang schedule natin dahil sa prod and other school stuff. I could feel the pressure too. Pero you don't need to resort to drugs! Nandito naman ako diba? Baliw ka ba para magdrugs? My god!"

Ako: -____ - "T-teka. P-pano mo nasabi.."

"Asshole. Mahina ako sa Math pero I know a lot about music. Yung huli mong sinabi sakin nung Monda-"

"Yung 'That bird said he had a line'?"

"Exactly! Akala mo tanga ako? No no no Kevin. Alam ko kung anong ibig sabihin nun. It's from Pete Doherty ng The Babyshambles. He's talking about drugs and girls. Well okay lang sakin yung girls. But the drugs? Have you lost your mind!?"

P*cha. Di ko na mapigilan.. "HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!!" Napaupo nako sa kalsada sa sobrang kakatawa. Grabe laughtrip!

"AT NAGAWA MO PANG TUMAWA!!"

"S-sorry Je! Hindi ko talaga.. HAHAHAHAHAHAHAH!!"

Isang malakas na hampas ang natanggap ko sa kanya. "Pakshet. Okay fine, tawanan mo lang ako. Tutal palagi kang ganyan e, hindi mo ako siniseryoso. Look, nung Monday pa ako bothered dito okay? Ilang beses akong nagpractice para kau-"

To shut her up, I hugged her. "Eto naman, nagtampo agad! Minsan lang maglambing e. Sorry na, hindi na tatawa."

"Kung ganito ka maglambing, pakamatay ka na ples. It's not funny anymore."

"Wait lang. Do you seriously think that I'm using drugs?"

"Yes of co-"

Kinatok ko yung ulo nya. "T@nga. Sa gwapo kong to, magdudrugs ako!? Asa. Hindi ako addict."

"E ba't mo sinabi yun?"

Nilayo ko sya sakin ng onti. "That's not what I meant."

"ANO NGA!?"

"I like you."

Jersey: O_____O "HAHAHAHAHAHAHAHAHA! MATAGAL KO NANG ALAM NA CRUSH MO KO! ASUS!"

ANO RAW!? "Teka mali ka na-"

Pero hindi na nya ako narinig. Tumakbo si Jersey palayo sakin, with matching talon talon pa. Kainis. "Hoy! Jersey! Hindi nga yun yon!!"

"Wooooh! Crush ako ni Kevin! HAHAHAHAHAH! TOO LATE, @SSHOLE! Sana nung first sem mo pa sinabi para crush natin ang isa't-isa. Who knows... Whatever! Lika, lezz race!"

Pinabayaan ko lang syang tumakbo. Ako naman, eto natameme. Wala akong naintindihan sa mga pinagsasabi nya e! Aning talaga yun -.-

(Jersey's POV)

Akala ko nagkamali lang ako ng dinig.

"Miss Santiago, are you okay?" tanong sakin ni Mam A. Oh noes, mukhang galit ata to ngayon. Wrong timing.

'Mam, ano po ulit yung sinabi nyo kanina?"

"Oh. Mr. Marquez revised a scene here. Scene 25." Hiniram ko kay Kevin yung script nya. Scene 25... Hmmm. Eto yung scene na nagkita si Efren at Madge sa may Luneta, kung saan sasabihin ni Efren na mahal pa nya si Madge, at iwanan na nito ang showbiz. Since ang dami nang iskandalo sa buhay ni Madge, she agreed. It was an okay scene. Okay sya. Swear.

"This scene seems to be fine, Mam. Narehearse na po natin to diba?" singit ni Jill. Assistant kasi sya ni Mam A.

"Yeah. But Sir Marquez changed some scenes. Yung ibang dull scenes inayos nya, so hinabaan nya yun. Then naghanap sya ng scene na pwedeng i-cut. Since 4 minutes tong scene na to, he decided to trim it into a minute, and extend the other scenes."

What? Scene 25 in just a minute? Is she serious about this? "Eh pano na po ang gagawin natin sa scene na to, Mam?" tanong ni Kevin.

"Oh. It's simple....

The both of you should kiss."

"WHAAAAT?!"

Natigilan lahat ng tao sa loob ng auditorium dahil sa sigaw namin. Si Mam A naman, humagalpak sa tawa. "What's with that reaction, Mr. Santos? Ms. Santiago? Is there something between the both of you?"

I froze. Nakakatakot naman tong professor na to! Jersey, you have to say something! Good Lord. Or better yet, Kevin! Say something!

At last, nauna sakin si Kevin. "Nothing, Ma'am."

"And you, Ms. Santiago?"

"Same here."

Mukhang di convinced si Mam A sa sinabi namin. Hey, wala naman talaga diba?! I'm so nervous. "Really, huh? If that's the case, let's practice it."

"MA'AM!!" Oh my gosh Je. Bakit ka naman sumigaw!?

"Any objections?"

"Do we really need to kiss here? Right now?!"

"Hmm. Actually we'll practice Scene 25 first sana.. Do you want to proceed to the kiss already!?"

Nakita kong nanlaki yung mga mata ni Jill sakin. Parang sinasabi nya na "Jersey shut the hell up! Kiss him na lang!"

"H-hindi naman po sa ganun, Ma'am. Kaso.."

"This is a rehearsal, Jersey. REHEARSAL. Kahit sabihin mong 5 segundo lang yang kiss, it's still a pivotal part of our play. Besides, you should be professional in handling this. Do not involve personal feelings here. Kung may namamagitan man sa inyo romantically," I was about to protest nang pinandilatan nya ko. "Don't deny it, Ms. Santiago. As I was saying, PROFESSIONALISM ho guys. Ano, hindi nyo ba gagawin? Nagawa nyo yung ibang yakapan at harutan scenes pero kiss lang, titiklop na kayo? Gusto nyo bang maging lead dito sa play?!"

HUHUHUHU I'M SCARED! First time ko lang mapagalitan ng prof ngayong college! At yung pinakamataray pa ang nagalit sakin! Sinilip ko yung reaction ni Kevin, shet nag-iisip ata to. At delikado pa naman sya pag nag-iisip. Wait, don't tell me..

"We'll do it, Ma'am," he said. With conviction.

The unexpected happened: nagpalakpakan silang lahat. Uh oh. This. is. so. embarrassing! Natuwa naman si Mam. "That settles it. Let's do Act One ulit."

"Ha?!" sabay naming sabi ni Kevin.

Natigilan si Ma'am A sa paglalakad. "What now?!"

"Eh.. akala po namin.. scene 25 na ulit?!" parang t@ngang sabi ni Kevin.

Napailing si Ma'am A. "Gosh. Are you that eager to kiss Jersey? The kiss is just a small part, so we won't practice it. Sa mismong play na lang. Questions?"

Masyado akong nasoshock dito ha. Akala ko talaga gagawin na namin! What am I gonna do!?!

After 2 rounds ng practice, natapos din kami around 11 pm. As usual, hinatid na naman ako ni Kevin. Ang nakakagulat, tahimik sya habang naglalakad kami.

"Hoy. Ba't ang tahimik mo dyan!?" tanong ko sa kanya.

"Nothing."

"Asus. Nothing nothing ka dyan! Alam mo ba kung di lang ako nahihiya, sinapak na kita sa stage kanina. Nung sinabi mo na We'll do it, Mam. Grabe sarap mong sapakin nun!! As in sapak talaga." Nag-demo pa ako ng sapak moves para malaman nya na seryoso ako. Aba, di man lang ako pinansin. "Hoy. Wag ka ngang tahimik! May phobia ako sa mga taong tahimik e!"

"Madali naman akong mairita sa mga madadaldal."

"Pssht. What's wrong with you!? AHA! ALAM KO NA! NAIILANG KA SAKIN NOH!?! Kasi crush mo ko kaya ka ganyan. Di mo alam kung anong gaga-" Kevin grabbed my arm and pulled me towards him.. For a kiss..

Shet ano ba to rape! Crap crap crap! Nang malapit na talaga yung mga mukha namin, nagpanic ako. So ang initial reaction ko!?

Head butt.

"ARAAAAAAAAYYYY!" masyado ata napalakas yung pagkakaumpog ko sa kanya. Todo sigaw pa sya dun.

"Yaaa!! Bakit mo ginawa yun ha!?! Masyado kang taking advantage!!"

"Pwede mo naman akong itulak diba!? Head butt head butt ka pa dyan! Sapakin kita e!!"

"Eh kasi masyado ka nang malapit e! Tsaka.. tsaka.." wala na ko masabi! Kainis! Ang sakit tuloy ng noo ko. Nagpaka- wrestler na naman ako dito! Amp.

Napaupo si Kevin sa may damuhan, nakayuko. "Hoy Santos. Tama na ang acting dyan! Hindi bagay sayo oy!" Wa epek. Ni hindi man lang nya ako tinignan! Mas lumapit ako sa kanya. "Hoy. M-masakit ba?" I tried to remove his hand off his face pero pinalo lang nya ako.

"Huwag mo kong hawakan."

Aray. Ang sakit naman nun! "Shut up. Nagdudugo ba? Nasan? Dali, punta na tayo sa bahay!"

"Ayoko. Mauna ka na umuwi."

"Wag ka ngang maarte! Patingin nga! Baka may bukol or pasa na yan. Come on, wag na maarte."

"Iwan mo na ko dito. Puntahan mo nalang yung jejemon na yun. Sya na maghatid sayo."

Naiinis na ko ha! Nag-aalala na nga e -.- "Isa pang sabi nyang JM na yan, pupuntahan ko na talaga yun. Sa kanya na ko sasama."

"E di dun ka na! Mas masaya naman kasama yung jejemon na yun. May pa dinner-dinner pa kayong nalalaman. Ano, tawagan mo na! Baka gising pa yun, kating-kati na ihatid ka."

Talagang ginagalit ako ng g@gong to ah! Naupo na rin ako sa tabi nya, at saktong may nakapa akong maliit na bato. Syempre, binato ko sa kanya. "ARAY KO JERSEY! BALIW KA NA TALAGA NOH!!"

"Bakit mo ba kasi ako pinagpipilitan dun. It's not even funny. It annoys me so much that I want to smack your head. Tas pag pumunta naman ako kay JM, magagalit ka. Tatawagin mong jejemon. Pag sayo naman ako sumama, papapuntahin mo ko sa kanya. What the fuck is that?! TAPOS SINASABI MONG POSSESSIVE KA. GUESS WHAT? I hate you. I hate hate you. Kung nagsasawa kang kasama ako, then say it. Basta ako, masaya ako. Makonsensya ka naman oh! Come on, uwi na tayo. Dali na."

Hinigit ko yung braso nya, pero di sya natinag. Ayun, naghigitan kami for awhile until na-out of balance ako. At.. unexpectedly, sinalo nya ko. (A/N: Imagine: Jersey's on top of Kevin. Yung right arm ni Kevin ang 'support' nya sa ground. And the left hand? Nasa bewang ni Jersey. Kyaaa~ )

OMG WHAT THE EFF IS THIS!? ANG AWKWARD. "K-kevin. Let me go. Someone might see u-"

"I don't care."

"Oh cu-"

"Sorry." He fixed his stare unto my eyes. Natutunaw nako dito!!

"Sorry," humigpit yung yakap nya sakin. "Sorry. Ang gulo ko noh?! Kasalanan mo kasi to e. Nakikinig ka ba sa Psych class natin? Alam mo yung reverse psychology? Yun ang ginagawa ko sayo. Pero hindi pala effective. Imbis na hindi ka sumama sa jejemon na yun, ayan todo dikit ka pa rin. Kahit anong sabi ko sayo na wag mo samahan, di mo ko pinakikinggan. Ikaw ba talaga ang may problema? O ako? Pag sinabi kong pumunta ka sa kanya, I'm lying. University scholar ka tapos hindi mo man lang alam ang reverse psychology? Mahiya ka naman oy!"

Bakit ganun, imbis mainis sa ginagawa nya, kinikilig ako? Okay, I still like him in a way. Konti na lang talaga.

"If that's the case, bakit hindi mo pa ako diniretso? Ang kilala kong Kevin, pranka. Kahit masakit pakinggan, okay lang."

"Yun na nga ang problema sakin. I don't even know what's happening to me. Ikaw nga kasi."

"Just answer me, dammit!"

"Seryoso ka ba dyan? Well sige. Akala ko ba matalino ka? Hindi mo ba nahahalata? Ay sabagay, may pagkamanhid ka pala. Sa tingin mo bakit ayoko sa jejemon na yun?"

"He's not a jejemon, crissakes. Honestly di ko alam kung anong pumasok dyan sa kokote mo at naiinis ka sa kanya."

"Hmm. Alam mo ba kung bakit di ko madiretso? Kasi dati hindi rin ako sigurado kung ba't ako naaasar. Then something hit me.

Nagseselos pala ako."

FOR THE SECOND TIME TONIGHT, TAMA BA ANG NARINIG KO!? "What the freak is that?! You're jealous?"

"Aba. Possessive nga ako diba? Hindi mo kasi ako kasama sa Math kaya siguro ganito. Nasanay kasi ako na palagi kitang kasama. For one year. It became a habit. Pero ngayon.. ang weird. Ikaw pa ang hindi ko nakasama sa favorite subject ko. Kaya nag-SA ako sa section nyo."

"T-that's absurd."

"Hey, I'm just protecting my property from trespassers." He smirked at me.

"G@go ka. Kelan mo pako naging property!? Ayusin mo bu-" hinigpitan pa nya ang kapit sakin. Hinigpitan = lumiit ang distance ng mukha ko sa mukha nya.

"Hmm. Hindi ba kita property?! Sa pagkakatanda ko, oo."

"Pakshet ka Santos. Bakit mo ko naging property ha!? Can you please explain?!"

"Sa tingin mo, bakit nga ba? Bakit nga ba ako nagseselos?! Alam ko ang sagot, pero di ko sasabihin."

"Wag mo nga akong paglaruan, please. Di na nakakatuwa. And please, let me go."

"Let you go? Jersey, halos 3 minutes nakong nakahawak sa bewang mo. Nasan na ang defense mechanism mo? Kung ayaw mo ng ganito, kanina ka pa namang may option na lumayo sakin diba? Ba't bigla atang nawala yun?"

He's embarrassing me! Oh crap. Nakakahiya man, pero I kinda like this. Ang bastos pakinggan amp! Bago pa ko makasagot..

He kissed me on my right cheek. At tinanggal na nya yung kamay nya sa bewang ko.

I froze. Naloloka nako sa biglaang pagpapalit ng emotions ko!! What's happening to me!?

Kevin gently pushed me away from him and stood up. "Ano, hatid na kita. Nakaganti na rin kasi ako."

"Hate to say this but t@ngina! ANG G@GO MO JOHN KEVIN UY SANTOS!"

Halos mabingi nako sa kakatawa nya. "Shet Jersey. This may sound so perverted, pero pag nagmumura ka, natu-turn on ako. Sorry. Lika na!"

PATAY NAKO. PATAY NAKO. PATAY NAKO.

OF ALL THINGS NA PWEDENG SABIHIN!!! -.-

## *Chapter 34*

(Kevin's POV; Sunday)

From: Jersey

Panget. Uhh.. Balik LB ka ngayon, right? Pwede bang sumabay sayo? Sunduin mo naman ako dito sa bahay oh! Around 2pm Thanks!

Aba, anong akala ng babaeng to, driver nya ko!? Sumusobra na sya ha! Nakalimutan nya agad yung ginawa nya sakin nung Friday, i-headbutt ba naman ako!? Pero.. ha! Akala nya maiisahan nya ko. Nakanakaw naman ako ng kiss, sa cheeks nga lang. Hahahaha!

"Tss. Bahala ka sa buhay mo! Ano ako, driver mo!?" sabi ko sa cellphone ko at binalik ko sa bulsa. Hah! Manigas sya dyan!

*beep! beep!*

From: Jersey

YAA! BAKIT AYAW MONG MAGREPLY!?! OKAY FINE. Si JM na lang itetext ko. Tutal taga Las Piñas naman sya, malapit dito. Kbye.

AHA. NANANADYA TALAGA TONG BWISET NA TO HA!!! Sinabi na ngang nagseselos todo entertain pa rin sa jejemon na yun!

Sa sobrang inis, tinawagan ko sya. "HOY!"

Medyo maingay yung background nya, parang nagbeblendeer. "Hello!?"

"ITIGIL MO MUNA YANG BLENDER!! P*CHA NARIRINIG MO BA AKO!?"

"Ayan, okay na. Why did you call?!"

"ANO YUNG TINEXT MO SAKIN HA?!"

"Aahh. Yun ba?" naiimagine ko na nakangiti sya ngayon. That made me more furious! "Wala yun."

"WALA YUN?! BATUKAN KITA DYAN E! ANONG WALA!? TINEXT MO NA NAMAN YUNG JEJE-"

"Will you quit that jejemon sh*t, Kevin."

"Okay. Ni JM. God I hate his name!! Teka, tinext mo na ba yun!?!"

"Yup. As in a second before you called, nag-message sent na."

BAKIT BA NAPAKAEPAL NITONG JEJE NA TO!? "HA. Bawiin mo yung text mo. I'll pick you up."

"I c-can't. Natext ko na e!"

"BAWIIN MO NGA! DI BA NAG-USAP NA TAYO NUNG FRIDAY!? SABI KO SAYO AYAW KONG KASAMA MO YUN! ANO BANG DI MO MAINTINDIHAN DUN HA?!?!"

"Hay nako. Ihahatid lang naman ako e! Di naman nanliligaw yung tao. Para kang si Kuya! Kainis ka."

"Basta. Ako susundo sayo. As in ngayon na. Give me an hour."

"W-wait lang!" Binabaan ko sya ng phone.

Bah! Hindi ako papadaig dun sa JM na yun! Sino ba sya!? Tsss. Dali-dali akong nag-ayos ng gamit at nagdrive na papunta sa kanila. Buti na lang di traffic!!

Pagdating ko sa street nila, napansin ko na may pulang Volvo na nakapark sa tapat ng bahay nila. Teka, kay JM ba to!? Hindi naman ito yung nakita ko dati ah? Tsss. Pasikat talaga to kahit kelan!

Tinawagan ko si Jersey. "Yaa. Bakit na naman @sshole?!" pambungad nya sakin.

"Let's go. Nandito nako sa labas ng bahay nyo."

"WHAAAAAT!? BAKIT ANG AGA MO NAMAN! T@nga talaga nito."

"Shut up! Ano ma-" napatingin ako sa relo ko. Shet, 11:45 am pa lang. Ang aga ko nga!

"Hahahahaha! Tignan mo, di pa nga ako tapos magluto ng lunch e! Wait lang, lalabas ako."

Patay! Nakakahiya naman sa kanila. Makauwi na nga muna! Aalis na sana ako nang nakita kong lumabas si Jersey ng gate.

Kinatok nya yung bintana. "Hoy. Open up."

Binaba ko na lang yung bintana. "Oh?!"

"Ang aga mo noh! Nagpanic ka ba!?"

"KUNG HINDI AKO NAGPANIC E DI SANA WALA AKO DITO DIBA?!? BADTRIP."

"Uhh. Lika, pasok ka muna oh! Sorry kung pinagmadali kita ha."

"Nasa loob na ba yung JM na yun!? Nakaharang yung sasakyan nya oh!"

Napangiwi yung mukha ni Jersey. "Wala naman si JM dito. Hindi ko naman sya tinext."

Ako: T____T
"ANG LAKAS DIN TALAGA NG TOPAK MO! Bakit mo ba ko palaging pinagtitripan ha?!"

"Coz you look cute when you're jealous."

Shet. Nantitrip talaga to! "Tumahimik ka nga!!"

"Tatahimik lang ako pag pumasok ka sa loob. Cmon, dito ka na maglunch "

"Ayoko. Baka may lason pa yung luto mo!"

Binuksan na nya yung pintuan sa may driver's seat. "Wag na maarte, Kevin! Peace offering ko na nga to sayo e. Dali naaa."

"Ayoko nga. Babalik na lang ako mamaya. Tambay muna ko sa ATC."

"Jesh! Sino yan?" sigaw ng isang lalaki sa may pintuan ng bahay nila.

Si Tops.

"Kuya! May bisita ako. Si Kevin, remember?!" Kumaway naman ako. Nakakahiya!

Kumunot naman ang noo ni Tops nung nakita ako. "Ba't di mo papasukin yan?!"

Binalikan naman ako ni Jersey. "O, narinig mo na si Kuya! Hala baba na dyan!!"

Nakakatakot talaga tong Kuya nya! No choice ako kundi sundin si Jersey.

Pinaupo ako ni Jersey sa sofa nila. "Hey. Wait lang ha. Aayusin ko na lang yung table!"

Umextra naman si Manang Judith, yung yaya ni Jersey. "Nako Je ako na bahala sa table," ako naman kinausap nya. "Hi Kevin! Kamusta ka na?"

Nga pala, favorite ako ni Manang Judith. Ever since nung birthday surprise ko kay Jersey, palagi na raw akong hinahanap nito. At nung Christmas, pinadalhan pa ko ng isang box ng butterscotch at brownies. "Okay lang po ako, Manang. Gumaganda kayo ngayon ah!"

"Sus, nambola pa!" extra ni Jersey.

Mukhang na-flatter naman si Manang Judith sa sinabi ko. "Nako ikaw talaga Kevin! Osha, aayusin ko muna yung table. Si Jersey nagluto ng pagkain!"

"Uhmm Manang paki-check naman po kung walang lason ha. Baka kas- ouch!!" kinurot na naman ako ng balahurang to. "Sige po, una na kayo."

Pumasok ulit si Tops sa loob ng bahay. "Tan! Yung kotse mo pakipasok mamaya!"

Dun ko nakita yung isang lalaki pababa ng stairs. Shet. Isa na namang boy version ni Jersey!

"I'll do that later. O Jesh, okay na lunch?" napansin nya ako. "Ay, may bisita ka pala."

"Uh Kuya!" tumayo si Jersey. "Si Kevin nga pala, blockmate ko. Kevin, si Kuya Tatan. Tas kilala mo naman tong si Tops."

"Hello. Nice meeting you." Tumayo na rin ako at nakipagkamay. Bullshit, ang higpit namang makahawak nitong si Tatan! Nakakatakot pa sya kesa kay Tops. Patay.

Buti na lang at tinawag kami ni Manang Judith para kumain na ng lunch. Nakakakilabot tong mag-kuya! Parang kakainin nako ng buhay e! T.T

Eto ang convo namin habang kumakain:

Ta: You look familiar to me. San ka nag-highschool?

Ako: Sa UPIS. Pero sa San Pedro ako nakatira.

To: Ahh. Nagboboard ka sa QC?

Ako: Nope. May bahay kami sa may Katipunan.

Ta: May kapatid ka ba na Diliman graduate? May kamukha ka kasi e.

Ako: Yup. Graduate dun si Kuya Jonathan.

(Natigilan sa pagkain si Tatan) Ta: Kuya mo si Athan?!

Jersey: Wait.. Athan!? Si Kuya Athan?

Ako: Yep. Kilala mo sya?!

Ta: Wow. I can't believe it! Roommates kami ni Tatan sa Kalayaan dorm dati, for 5 years.

P*cha. Tatan. Christian. Ako: I-ikaw yun!? Yung parang nerd na roommate ni Kuya!?!

Tumawa ng malakas si Tatan sa sinabi ko. "At ikaw yung uhugin na walang ginawa kundi mangialam ng computer!?

To: Wait wait. Magkakilala na kayo dati!?

Ta & Ako: OO!

Kung na-shock kami ni Tatan, mas nagulat si Jersey. "Oh crap. I can't believe this! Kilala mo pala Kuya ko!? Eh.. yung nakita ko Kuya mo sa picture.. hindi ko sya namukhaan!

Ako: After graduation kasi sa New York na sya nagtrabaho. Minsan na lang sya umuwi e.

Ta: Teka. Ilang taon ka na?

Ako: Malapit na kong mag 18, September 23.

To: Tinatanong ba nya birthday mo? Ayos ka rin ah.

Ta: Kahi kelan talaga epal ka, Tops! BACA ka right? Ang pagkakatanda ko dati, gusto mo mag Computer Engineering or ComSci?

To: Ikaw, ComSci?! Hindi bagay sayo. Mukhang mas magaling pa si Jersey sayo sa Math e!

(Kung alam nyo lang ang ginagawa nyan sa Math lecture!! Kainis tong Tops na to ha.) Ako: Uhh. Hindi kasi ako nakaabot sa quota ng ComSci sa UP Manila e. But I'm planning to shift next year sa ComSci.

Je: Hey. Are you even serious?

Ta & To: O, bakit ka ganyan maka-react!?

Je: Wala naman kasi syang nabanggit sakin e! Nagulat lang ako. Kuya, wag nyo nga akong tignan ng ganyan!!

Ta: Madedelay ka sa gagawin mong yan, Kevin.

Ako: I'm okay with it. Quality education takes time naman, diba? (tawanan)

To: Bakit ka nga pala nandito?!

Je: Kuya Tops pl-

To: Kelan ka pa naging si Kevin? Eto ha, bakit ba aligid ka nang aligid kay Jesh? Nakakairita e.

Ta: Tops! Tinatakot mo yung bata e!

To: Hoy, di ako nananakot. May attitude kasi to! Sinisigawan ba naman si Jersey!

Ta: Is that true!?

Je: Oo Kuya! He even calls me Devil Woman!

Ta & To: DEVIL WOMAN!?

Je: Oo naman! Alam nyo ba, binubully ako palagi nyan!

Putek! Ngayon pa sya nagsumbong!! Napalunok na lang ako sa sobrang kaba. Okay Kevin, ihanda mo na ang sarili mo sa pamatay na upak at mura ng mga kuya nya. Lord help me.

Pero hindi mura ang narinig ko.

HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!!

P*cha. Baliw din tong Tatan at Tops na to! Hagalpak sa tawa amp!

Mas nagulat pa sakin si Jersey. "What the freak?! BAKIT KAYO TUMATAWA KUYA!! You're supposed to defend me ah!!"

Ta: T@ngna. S-sorry Jesh! D-di.. HAHAHAHAHAHAHAHAHA!!

To: Grabe.. Ang benta!! Devil Woman!!! HAHAHAHAHAHAHAHAHAH!!

Nagkatinginan tuloy kami ni Jersey. Dun ko lang napansin na tumatawa rin si Manang Judith sa may likuran namin. Mga 3 minutes siguro silang tumawa. Yun ang tawang wagas.

Ta: G.. Grabe! Ngayon lang ulit ako nakatawa ng ganon! Teka nga Kevin, bakit ba Devil Woman tawag mo sa kanya?!

Ako: E kasi.. wala syang ginawa kundi sumimangot at sigawan ako nung first sem. High pitch palagi, parang devil. Eeww.

To: Wow ha. First time na may nang-asar ng ganyan kay Jersey! Pasalamat ka benta samin yang Devil Woman na yan kundi kanina ka pa namin nasapak.

Je: Kuya Tops naman! Nakakainis kayong dalawaaaaa! :((((

Ta: Kidding aside, bakit ka nga pala nandito?

Ako: Uhh. Susunduin ko si Jersey. May rehearsals kasi kami ng 6pm.

Ta & To: (to Jersey) BAKIT KA NAGPAPASUNDO SA KANYA?? PWEDE KA NAMAN IHATID AH!!

Je: Kuya.. Ano ba kayo! Ang tearts ha. Driver ko kaya to!

To: Hoy. Hoy! Driver ka ba nito?!

Ako: H-hindi. Nag-iilusyon lang yan

Ta: Jersey, boyfriend mo na ba sya?!

Ako & Je: O____O

Ako: Actual-

Je: Eeww. Hindi kaya kuya! Compare mo naman yan kay Paul noh. Ang layo!!

Ako: Tsss. Ang yabang mo ah! Di hamak naman na mas gwapo ako dun!

Ta: At kailangan talagang may part na iangat mo sarili mo?!

To: Hoy. Kapal ng mukha mo boy! Wala ka pa sa mga libag namin ni Tops noh!

Walang duda, magkakapatid nga tong tatlong to. Masyadong bilib sa sarili e! Ayun, ang lunch ay naging interrogation period para sa akin. Ang sarap pa naman ng chicken afritada! Sayang hindi ko naenjoy. Salamat Tops at Tatan ha! Kainis.

After kumain, nagpaalam samin si Jersey. "Hey. Mag-aayos lang ako ng gamit ha! Wait for me."

"Ano ba yan! Akala ko ready ka na. Dalian mo nga!!"

"Jesh, take your time. Di pa kami tapos mag-usap nitong 'blockmate' mo," nakakatakot na sabi ni Tatan. Napapadalas na ata ang paglunok ko ngayon ah! Nakakatakot ba naman kasi e -,-

Pumunta kami sa terrace, at pinaupo nila ako sa may bean bag.

"Aah. Ano yung.. pag-uusapan natin?" medyong nahihiya kong tanong sa kanila.

Tinignan ako ni Tatan. Hala para naman tong NBI! Dati ang bait-bait nito sakin. Nagta-trade pa nga kami ng Pokemon cards e! "Tops told me things about you."

Nalipat ang tingin ko kay Tops. "Hoy. Tingin mo dyan?" sigaw nya sakin. "Sinumbong ko lang naman yung nangyari last November, nung nasa LB ako."

"Kaya.. explain."

"Ano naman ipapaliwanag ko?!?"

"Una, bakit ka ganung makareact kay Jersey at Paul?"

Anak ng lintek yan o. Ulit-ulit?! "Naaasar lang ako. Jerro told me what happened to them. That guy's an @sshole, by the way. Sorry for the word."

Tatan nodded. "I agree with you. Pero.. ano tong nabalitaan ko na ikaw ang tagahatid, tagasundo at palaging kasama ni Jersey?!"

"We're partners nung first sem, tapos orgmates din kami. Then kami yung lead actors sa play this sem."

"P*cha. Hindi ka naman stalker ng kapatid ko?!" medyo asar na tanong ni Tops. I therefore conclude na si Tops ang guy version ni Jersey. Parehas mainitin ang ulo e!

"Mas stalker kaya yang si Jersey!" at kinwento ko yung nangyari 2 years ago, nung nagtake kami ng UPCAT.

Tawa nang tawa ang dalawa. Ano ako, si Vice Ganda?

"Buti nga sayo!! Yabang mo kasi e!" sabi ni Tops sabay suntok sa braso ko. Nananadya na to ha!!

"At eto pa.. Bakit nakita ko one time na in a relationship kayo ni Je sa facebook? Dapat magcocomment sana ako kaso natabunan na sa wall nya e."

"Aah. Dare lang kasi yun e. No big deal."

"Dare dare ka pa dyan, if I know feel na feel mo naman!!" makakatikim na sakin tong Tops na to ah!!

Tumigil kami saglit kasi dumating si Manang Judith na may dalang iced tea. Aba, alam din ba nyang ginigisa ako ng dalawang to!?
Bahala na nga! Nanunuyo na nga tong lalamunan ko sa sobrang kaba e. Halos maubos ko na yung iced tea sa isang lagok ko.

"Ahem. Kevin, umamin ka nga. May gusto ka ba kay Jersey?!" seryosong tanong sakin ni Tatan. Nasamid ako dahil sa tanong na yun!

"H-ha?!"

"Look," si Tops naman ngayon. "Only girl si Jersey. And we love her so much. At lahat ng mga lalaking close sa kanya, kinikilatis muna namin. All of them are nice, except sayo."

"Anong akala nyo sa kin, manyak!?"

The two of them nodded. Pucha! Magkapatid nga sila ni Jersey!

"Usapang lalaki to, Kevin. Kaya sumagot ka ng maayos. May gusto ka ba kay Jersey!? Yes or No lang."

This is it. Wala nang atrasan to. "Uhh. Wait. I have to say something.. Kaya ako nandito..

Magpapaalam kasi sana ako sa inyo. Pwede ko bang ligawan si Jersey?"

Napatulala sakin yung mag-Kuya. Nako, baka tumawa na naman to ng wagas o ano ha! Hinanda ko na ang sarili ko sa gagawin nilang dalawa sakin. Shet, bakit ko na sinabi na liligawan ko?! Tss. Hindi naman ako nagpapasikat o ano ha, pero respeto naman sa mga kuya nya. Ano ba, gentleman to noh!

Ngumiti si Tops. "Sabi na nga ba e. Unang kita ko pa lang sayo, halata ko na may gusto ka sa kapatid ko." HAAAA?! Eh recently ko lang naman narealize na may gusto ako kay Jersey ah!? Epal talaga tong ampf nato!!

"Seryoso ka ba sa sinabi mo?"

"100%. I've never been serious about this until now."

"Look, open si Jersey samin tungkol sa ganito. Siguro alam mo na naman na dati ka nyang crush. And she told us about that girl.."

"Si Maxene."

"Yeah, that's the one. To quote her: 'Asa namang papansinin ako nun! Walang ibang sinabi yun kundi Max Max Max! Baling sapakin e!'"

"Kay nagtataka kami, kung may gusto ka nga sa kapatid namin, papano na yung Maxene? Panakip butas lang ba si Je?"

Aray. Sampal yun ah! "Hindi naman panakip butas. I never thought about that."

"EH ANO SYA!?"

"Look, I can't explain it clearly. Medyo magulo rin kasi e. Kung icocompare yung tama ko dati kay Maxene sa tama ko ngayon kay Jersey, ibang-iba. Denial pa ako e. Akala ko okay lang pag wala sya, na okay lang pag di ko sya nakakausap o nakikita. I was wrong. Pag wala sya, ewan. Ang gulo. Hindi ko maisip na wala sya sa tabi ko. At sya lang ang nakakatagal sa ugali kong to. Ewan."

"Wala kaming naintindihan sa sinabi mo, bata."

Napangiti ako. "Ako rin naman. Seryoso ako kay Jersey, that's what I can assure you. Hindi lang to basta pacute na infatuation o ano. Nung narealize ko na mahal ko sya, sabi ko sa sarili ko, 'Kung eto talaga ay love, ibig sabihin lahat ng nangyari kay Maxene infatuation lang?'. Come on, hit me all you want. Pagdating sa pagcoconvey ng feelings mahina ako. Sorry."

Tumayo si Tops sa kinauupuan nya. "Christian, alam na."

"Oo. Alam na," tumayo na rin si Tatan at tumingin satin. "Tayo dyan, bata. Tignan natin kung pasado ka samin."

"H-ha?! An-anong gagawin nyo sakin!?!"

Hindi na nila pinansin yung tanong ko. They grabbed my hand and dragged me. Shet san ako dadalhin nito?!?!

(Jersey's POV)

Kyaaa! Masyado ata akong nawili sa pagligo at pag-ayos ng gamit! 2:30 na!! Pagpunta ko sa living room, napansin ko na wala yung tatlo.

"Manang Judith!" sigaw ko sa may kusina. "Nasan po sina Kuya?!"

"Ay hindi ko napansin e! Pero mukhang nandito lang sa loob ng bahay yun!"

Crap, san naman dito!? Sa laki ng bahay namin, di ko alam kung san dinala nina Kuya si Kevin. Malelate kami nito sa rehearsals e!

"Tsss. Baka sinalvage na nina Kuya yung mokong na yun. Sana ngaaaa! Pero tawagan ko na nga!! *ring! ring!* Aaarrg! Ayaw pa sagutin! Hanapin ko na kaya?!

Paakyat na sana ulit ako nang nakita kong pababa silang tatlo.

Wait a minute, tama ba tong nakikita ko?! Nakaakbay sina Kuya kay Kevin?!

"O pano, sa uulitin ha!" sabi ni Kuya Tatan.. na nakasmile.

"Bah! Sa next time na yan, di ko na pababayaan na matalo mo ko!!" - Tops

"Sure ba! Lupet nyo palang dalawa!"

"MAS MALUPET KA NGA E!!"

"KUYAAAAAA!! What's the meaning of this!?!" di ko napigilang sumigaw dahil sa frustration. Anong meron?!

Akala ko tatanggalin nina Kuya yung akbay kay Kevin. Shoot hindi!! Ang weird!! "O Jesh! Nandyan ka na pala! Kala namin nilamon ka na ng bath tub mo e!" joke ni Kuya Tops.

"What's going on!? Bakit biglang buddy-buddy na kayong tatlo?!"

"Wala naman. Nako, diba may rehearsals kayo ng 6? Baka traffic ngayon sa SLEX!" tinulak ni Kuya Tatan si Kevin pababa ng hagdan. "Dalian nyo na!"

Kinuha naman ni Kevin yung bag ko. "Buong closet mo ba to?! Bakit ang bigat ha?!"

Inagaw ko naman sa kanya. "Shut up. Hindi ko naman pinapabuhat sayo to ah!"

"Je, ipabuhat mo na! Mukhang mabigat yang bag mo e," sabi ni Kuya Tops.. at ngumiti pa kay Kevin! Ano ba toooo </3 No choice ako kundi iabot nga kay Kevin ang bag ko.

Hinatid kami nina Kuya sa may gate.

Tatan: Oy Kevin! Ingat sa pagdadrive ha?!

Tops: Text ka na lang pag pupunta ka dito! November pa kasi balik ni Tatan sa UK e!

Tatan: Hoy Devil Woman! Pag di mo kasabay sina Amae pauwi, pahatid ka na lang kay Kevin. Wag ka masyadong magcocommute ha!

Tops: Kevin! Ayos mo ha!!

Kevin: Sige ba! Bye Kuya!

Tatan & Tops: Byeeee!

Ako: O___O >.< x___x </3 *dies*

Nakangiti si Kevin habang nagmamaneho palabas ng village namin. Ako naman, in shock pa rin.

"SANTOS!!!!!!"

Nagulat sya sa sigaw ko. "Ano!?"

"WHAT'S THAT, HA!??!?"

"HAAAAA!?!"

Di ko napigilang pagpapaluin yung braso nya. "Anong ginawa mo sa mga kuya ko!! Ginayuma mo noh!?!"

"Wala akong gi-"

"Leche tumahimik ka! Kanina ayaw nila sayo tapos ngayon, may pa BYE KUYA KUYA KA PA DYAN!! At anong next time ang sinasabini Kuya Tops!?!"

"Aray Jersey! Wag mo nga akong paluin! Pag tayo nabangga kasalanan mo lahat!!"

"Shut up!!" tumigil nako sa pagpalo sa kanya. Nakakapagod ha!! "Hindi mo ba alam na asar na asar sila sayo?! Lalo na si Kuya Tops! Tapos.. kyaaaa! Ibalik mo sakin mga kuya ko!!"

"Ay, ang OA na Je. Di na bagay sayo."

"San ba kayo galing kanina?"

"Sa Music Room nyo."

Eerrk. Of all places, sa music room pa nila dinala! Pinagawa kasi yun ni Kuya Tatan para saming tatlo. Soundproof room sya, at dun kami nagjajam minsan.

"E anong ginawa nyo dun?!"

"Tumugtog, natural. Ang galing ng mga kuya mo, kaso mas magaling ako." He even smirked at me.

"Aisht. May ginawa kang masama sa kanila! Imposible namang bumait sila kaagad sayo. That's.. a miracle!"

"Hahahahahah! E di miracle na. Can't you see? Ang lakas ng charisma ko. Pogi ko kasi! Sa'yo lang di tumatalab. Sayang, you've missed half of your life."

"Aaaassshhhh!!! Hello Kevin! Effective yang so called charisma mo sakin BEFORE. Wag kang magfeeling ples."

"Bakit, hindi na ba pwedeng maging effective ulit?"

"HINDI NA!! Tumahimik ka na nga lang dyan!! MATUTULOG NA LANG AKO KESA KAUSAPIN KITA!! YOU'RE CORRUPTING MY MIND, @SSHOLE!!"

Kainiiiiis! Bakit sya ganyan!? -,-

Monday Afternoon.

(Paolo's POV)

Since rehearsal break ngayon nina Jersey at Kevin, nagdecide kami na mag-barkada bonding dito sa campus. Nasa Freedom Park kami ngayon, naglalaro ng volleyball.

Team A: Jerro, Sath, Kevin, Keith

Team B: Jersey, Ako, Jill, Amae.

Referee: Ken

"Haynako Paolo! Mamalasin kayo sa grupo nyo. Tignan mo naman kung sino kasama nyo!!" pang-asar ni Keith kay Amae.

"Hoy lintek ka wag kang umextra dito!! Hanggang basketball ka lang!!" sagot naman ni Amae na handang-handa ng manapak.

Medyo kampante naman ako sa group namin, marunong naman ako magvolleyball tas nandito pa ang varsity captain namin na si Jersey! Teka, nasan si Jersey?! Ayun! Nasa Grandstand pa sila.. ni Kevin :> Eto ang nangyayari sa kanila:

Kev: (may hawak na knee pads & elbow pads) O, suot mo.

Je: Eeww. Where did you get this?

Kev: Wag na magtanong. Suot mo na.

Je: No. Ang tunay na volleyball player, hindi kailangan nyan not unless may injury or something.

Kev: Ha. San mo naman napulot yan? Hoy. Concerned lang ako sa balat mo. Ang panget kaya pag puro sugat yan sa pilot ng Madonna!

Je: Kthnx. I won't wear this!

Kev: Okay. Maghelmet ka na lang.

Je: For heaven's sake you're being ridiculous! Hindi ako magmomotor asshole! VOLLEYBALL, GET IT?! Ugh.

Kev: Chill lang! Concerned lang.

Je: Newsflash: I do not need your sympathy now. Kalaban ata kita ngayon.

Kev: Nako nako.. Baka bawiin mo yang sinabi mo ha!!

May narinig akong *click* sa tabi ko. Si Amae, hawak ang dSLR nya, pinipicturan nya ang KevJe duo. "Amae! Anong kalokohan na naman yan ha?"

"I'm documenting KevJe moments, DUH!"

Sumingit na naman si Keith. "Pano naman ang Kemae moments? Kukunan mo rin ba?!"

Isang malakas at malutong na suntok sa tiyan ang nakuhang sagot ni Keith. Aray

After nahimasmasan ni Keith, pumwesto na kaming walo sa respective courts namin. As expected, sina Kevin at Je ang captains.

Lumapit sila kay Ken na nasa may pole. "Toss coin para sa unang server. Take your pick."

Kev: Tails
Je: Bwiset. Ano pa ba, HEADS!

At ang lumabaaaaas....

"TAILS! Server ang Team A!" announce ni Ken.

"Leche! Malas ka talaga kahit kelan, Santos!" asar na sabi ni Jersey. Hindi naman namin napigilan na matawa sa reaction nya. Ang cute kasi nila pag nag-aaway e!

Okay naman ang first set, lamang kami kina Kevin. Pano ba naman si Sath, takot sa bola!

Nang nagpalit kami ng court, nag-asaran ang KevJe.

Je: Nako, wala pala kayo e!

Kev: Hoy. Takot lang yang bestfriend mo sa bola noh!

Sath: Onga Je! Be gentle naman oh! Devil Woman mode ka na naman e!

Je: Psssht! Kainis. Ayokong patalo sayo Kevin!

Kev: (tumigil sa harapan ni Je.) Je, may ano..

Je: ANO NA NAMAN!?

Kev: (lumapit lalo kay Jersey; may tinanggal na damo sa mukha nito) Wala. May damo lang. Para kang kambing e!

Je: (nagblush) Kaya ko naman po kasi tanggalin e! Sabihin mo na lang ples?! Amp.

Kev: Ang ganda mo.. ang ganda mong dapain!! (sinubukan ni Kevin na dapain si Je, pero sya pa ang natisod)

Je: Yuck! Ang lampa naman nya oh. Eeww!

Kev: Humanda ka sakin! Makakatikim ka ng malupet pramis.

The 2nd Set was.. frustrating. Si Kevin halos yung sumasalo sa mga bola na di masalo ni Sath, tapos nagpakitang-gilas naman tong sina Jerro at Keith. Namaaan! In the end, 20-13. Asar na asar si Jersey.

"Ano, mayabang ka na ngayon!?" pandadarag nya kay Kevin.

"Gaaah. Pikon ka lang e!"

"NAKAKAINIS KA NA!! Just wait and see, matatalo kayo!!"

"Asa! Napakagaling kaya namin!!"

"WHATEVER!!"

Sa 3rd set, sobrang intense na ng laban. Kung kailangan na magdive, talagang magdidive na sina Amae at Je. Taga-salo naman kaming dalawa ni Jill.

"YOSH! Last na to!" sigaw ni Ken. "Amae, pag di nila nareceive nina Keith, panalo na kayo. Pag di nyo naman nabalik sa kanila, talo kayo."

"Yes! Amae babyloves, patalo ka na please?!" sigaw ni Keith, sabay nagpogi pose pa.

"Kiss Doink's @ss, Keith. I won't lose to you!!"

Eto na! Relax na relax si Amae nang nagserve sya. Nareceive ni Jerro. Binalik ko. Dun ko napansin na magkatapat sina Je at Kevin sa may net. Binabantayan nila ang galaw ng isa't-isa.

"Je! Yung bola! Spike mo!!" sigaw ni Jill. Sinunod naman ni Je. Nabalik naman samin ni Kevin yung bola, pa-spike. Sa sobrang taas ng talon nya, sumabit yung braso nya sa may net. The result? Nahulog sya.

"Kevin!!" nataranta bigla si Jersey. Hindi na nya natamaan yung bola dahil pinuntahan nya si Kevin. Tinigil na rin ni Ken yung laro.

"Oh my god ohmygod are you alright!?" tanong ni Je. Chineck nya kung may bali o sugat si Kevin.

"J-jer..sey.."

"What!? San masakit?!"

"See.."

"See what?!"

"See how I fall for you!?"

kruu kruu.

Natawa naman kaming lahat, maliban kay Jersey. Wala naman palang masakit sa katawan nitong mokong na to e! Si Je naman, ayun, nakayuko na.

Umupo na si Kevin ng maayos. "Hoy Je! Okay ka lang? Eto naman e, joke lang yun! Don't worry, walang masakit sakin :)))

"A.. Anong.. sinabi mo.. kanina?"

"Alin? See how I fall for you?" ngumiti pa ang loko.

Biglang inangat ni Jersey ang ulo nya. Shet, galit na galit ang loka! "Ahh. See how I fall for you pala ha!? Eto sayo!!"

At ayan.. isang malakas na headbutt ang natanggap ni Kevin.

"ARAAAAAAAAAYYYYY!!" napasigaw ng malakas si Kevin. Si Je naman, tumayo at naglakad papunta sa Grandstand. I'm not sure kung anong uunahin ko, ang tumawa o tulungan si Kevin.

"HOY DEVIL WOMAN!! Nakakadalawa ka na ha!!! HOY!! BUMALIK KA DITO!!"

"HA AYOKO NGA!! Leche ka!!! WALA PA LANG MASAKIT HA!? AYAN MAY MASAKIT NA!! SANA MAGDUGO YAN AT MABOBO KA NA!! BWISET!!"

Tuluyan na kaming natawa sa kanilang dalawa. Sumunod na sila kay Je, ako naman sinamahan ko si Kevin.

"Ano tol, okay ka lang?" tanong ko sa kanya habang tinulungan ko syang tumayo.

"Kainis. Ang sakit nun ah! Makakatikim talaga sakin yang si Jersey. Humanda yan!!"

I shook my head. Haaaynako! "Kung aamin ka kasi, dapat straight to the point. Isa pang tanga yan si Je e. Nagsama pa kayo."

Naiwan ko si Kevin na nakatunganga. Ha, ang bulok kasi ng style e!

## CHAPTER 35

(Jersey's POV)

Ang bilis ng araw talaga!! First week na ng September, and almost 2 weeks na lang before the play! Yikeees!

"Ganito kasi gawin mo sa scene 36, don't be too stiif. Natatawa ako pag kausap mo si Allan e!" natatawang sabi sakin ni Kevin. Nasa McDo kami ngayon, kumakain ng lunch/nagpapractice.

"Wow, director ka na ngayon? Crap. Eh kasalanan kasi ni Allan e! Pag tumitingin ako sa kanya, natatawa sya. Darn that guy!"

"Nanisi ka pa! Ayusin mo kasi acting mo. Nakakasuya e."

"AT IKAW PA ANG NASUYA! Nakakainis ka talaga!" I leaned on the table and tried to headbutt him. Umiwas ang loko!

"Napapadalas na yang pagheadbutt mo ah. Gusto mo bang mabobo? Masisira yang frontal lobe mo sa kakaganyan mo e!"

"At KELAN KA PA NAGING PSYCHOLOGIST!?"

"Psychology happens to be my favorite subject this sem. Haaay. Yung Math 17, parang refresher course lang. Kadali e!!" Aaaarrrggg! Nagyabang na naman ang putek!

*beep beep*

From: JM

Jersey! San ka ngayon?!

I replied: Mcdo. Why?

Sinilip ni bwiset ang phone ko. "Sino na naman yan?!"

"None of your business."

"Taray mo ah! Ay nga pala, pupunta ako sa inyo this weekend "

"AT BAKIT NAMAN!!?"

"Pinapapunta ako ni Kuya Tatan e."

I felt goosebumps creeping all over my body. "WAG MO NGANG MATAWAG NA KUYA ANG KUYA KO!! KAPAL NG MUKHA MO!!"

"WAG MO RING TAWAGIN NA KUYA ATHAN ANG KUYA KO! LECHUGAS. Courtesy lang naman sa mga kapatid mo yun. Arte!"

"Okay fine Mr. Manners! Ugh. You're really ridiculous." Pero sa totoo lang, natutuwa ako na okay si Kevin kina Kuya. At ang bilis ha! Nung kay Paul nga lang, 3 months! Tapos kay Kevin, isang araw lang?!

Hoy Jersey, anong comparison na naman yan!? Kinocompare mo na naman silang dalawa. At di nanliligaw si Kevin, okay? He's just being a pest.

Hingal na dumating si JM sa table namin ni Kevin sa McDo.

"J-jersey!!"

Sumama naman ang mukha ni Kevin. "Anong ginagawa nyan dito?!" bulong nya sakin, halatang asar na asar.

"Be kind please. I texted him," I replied, while flashing my most assuring fake smile. Jealousy his @ss. Si JM naman ang pinansin ko. "Bakit mo nga pala ako hinahanap, JM?"

Umupo sya sa tabi ni Kevin. 'Uupakan ko na to!' Kevin mouthed at me. Sinipa ko paa nya sa ilalim ng table. That shut him up. >:D

"Y-yung.. result ng Math Midterms, nakapost na sa Math bldg. Napadaan kasi ako kanina, kaso di ko nabasa lahat. Ang dami kasing tao."

Kevin and I stared at each other. Ha, alam na! This is it!! Sino kayang mas mataas saming dalawa?!

Dali-dali kaming tumakbo papuntang Math bldg. Good Lord! Let me win this, please. May masamang kutob kasi ako sa ipapagawa nya sakin e. Arrg.

"WAG KA NGANG TUMAKBO!! HOY!!" sigaw ni Kevin. Aba, bahala sya dyan! Super excited talaga ako na makitang panalo ako sa mokong na to!

"Ayoko nga! ANG BAGAL MONG TUMAKBO!!"

"SASAKIT TIYAN MO NYAN!! Ang dami mong kinain na fries kanina!!"

"CHE! WHATEVER!!" mas binilisan ko pa ang pagtakbo. Buti na lang nakashorts ako. Yosh! Iniimagine ko na ang mangyayari pagdating ko sa Math bldg. Maglulupasay si Kevin pag nakita nyang ako ang topnotcher sa midterms! Tapos iiyak sya sa harap ko at sasabihin nyang, "Master, I'll do everything for you. Please be good to me." HAAAAY WHAT A LIFE! Di ko mapigilang ngumiti. Poor Kevin!

"Parang tanga to, ngumiting mag-isa." Lumingon ako sa bandang kaliwa ko. Si Kevin! Pano nya ko naabutan!?! "Pano, una nako. Miss Number Two."

"ANG KAPAL MO!!!!"

Pagod na pagod kaming nakarating sa harap ng bulletin board ng Math bldg. Grabe, sumasakit na tagiliran ko! Amp! Nevermind the pain, Je! Topnotcher ka naman e! (Please Lord topnotcher po sana ako!!)

"Is this.. a joke!?" narinig kong sabi ni Kevin. Aba, parang amused na asar ang tono nya ah?! Ano kayang meron?

Tinignan ko na yung Math 17 top 20 list.

"OH MY GOD OH MY GOD OH MY GOD!!!! YESSSSSSSSSS!!!!" ALAM NYO NA KUNG ANONG NANGYARI!!! AKO TOPNOTCHER!!! YOOOOOOHOOOOO! Sumayaw pa ako ng victory dance sa sobrang saya ko. Yes yes yes triple yes! NATALO KO RIN SI KEVIN SA WAKAAAAS!

"O ano, Santos. Sinong bobo satin sa Math ha?!" pagmamayabang kong sabi sa kanya. "Bilib ka na sakin noh?! Hmmm. Makapagshift din kaya sa ComSci!? Kyaaa! One word for you. LOSER! "

At ang loko, di man lang natinag! Ngumiti lang sakin!! "Masaya ka na nyan!?"

"Isn't it obvious? Natalo kita! Ako panalo sa pustahan natin beybeeee! " Sumayaw ulit ako para mainis sya. Pero shet, di pala sya nakatingin sakin. Kausap nya yung recitmate nya, si Gab. Nang umalis na si Gab...

"Je, punta lang ako sa office ni Sir Lawas."

"Bakit, susuhulan mo sya para iconsider mga sagot mo?! Hohohohoho that's so pathetic! Talo ka lang e!" hindi na naman nya ko pinansin!! Naglakad na lang sya bigla papunta sa office ni Sir Lawas.

"Hi Sir!" ako na masyadong masaya sa pag-greet kay Sir Lawas pagpasok namin sa office nya. Ako pinatawag!?!

"Aba, magkasama na naman ba kayong dalawa?! Tsk tsk," pang-aasar ni Sir. Pinabayaan ko na lang, topnotcher ako e! :))

"Sir," sabi ko, "I would like to express my deepest gratitude for being my Math 17 professor. Hindi po ako magiging topnotcher kung wala kayo "

Napangiti sakin si Sir. "It's my pleasure, Ms. Santiago. Buti naman at may naiintindihan ka sa klase ko kahit minsan natutulog ka." Damn! Super ingat kaya ako sa pagtulog sa klase nya. Narinig ko na pinipigilan ni Kevin ang tawa nya. I knew it! Sumbungerong epal!!!

"Sir, bakit nyo pala ako pinatawag?!" tanong ni Kevin.

"Oh, about that. Sorry kung late na'to ha. Si Ma'am Liza kasi, kahapon lang nabigay sakin yung exemption list sa mga recit section nya. And sa section nyo, ikaw lang ang exempted. Nagtake ka pa tuloy ng exams."

WHAAAT?! SYA, EXEMPTED!?! Halos lumuwa ang mga mata ko sa sinabi ni Sir. So kung exempted sya, it means na perfect sya. It means.. PAREHAS KAMING TOPNOTCHER!? NOOOOOOO!!!

"And," pahabol ni Sir. "Binigyan ka rin pala ni Liza ng plus 20. Naperfect mo pala lahat ng quizzes at assignments sa recit nyo. Good job!"

Feeling ko binagsakan na ko ng universe. Mas.. mataas sya kesa sakin!? <////3

"Sir, pwede bang makita yung bluebook ni Jersey?!"

"BAKIT BA PATI BLUEBOOK KO PINAPAKIALAMAN MO!?" pero too late, inabot na ni Sir yung bluebook ko. Ang sakit makita sa cover na 100 yung score ko, tapos may bwiset pang exempted at may plus 20 pa! Kadayaaan!!!

Binasa ni Kevin yung mga sagot ko. "Hoy, tama na nga yan. Ang sakit sakit para sakin, noh!?"

"Sir, mali po yung sagot nya sa problem solving. She forgot to put a negative sign."

"May negative sign yan!! Meron yan!!" I protested. Nang pinakita sakin ni Sir..

WALA NGA. <//3 I'm dead.

"Nako, si Krista talaga. Bara-bara magcheck! Ms. Santiago, you know my rule right?"

"Yes sir," mahina kong sabi. "No negative sign makes the whole item wrong."

"Since nakita ko naman ang hardwork mo para sa exam ko, minus .5 na lang."

ARE YOU KIDDING ME!?! 99.5 AKO!?! LECHENG .5 YAN!!!!!!! Mamatay na yang negative sign na yan!!

Nagthank you parin ako kay Sir.

Kahit pilit.

"Pano na yan Sir, pwede na ko noh?!" tanong ni Kevin bago nya isarado ang pinto.

"Okay na okay na!" at nag-thumbs up pa ang mokong. Saraaaap batukaaaan! TT

Ang bigat bigat talaga sa pakiramdam nito!! Tahimik kaming lumabas ni Kevin ng office at dumiretso na sa PhySci for our next class. Bah, ayoko nga syang pansinin!! Magyayabang lang naman sya sa epic win nya. Kaines.

"Hmmm," I heard him say. "Ano kayang magandang ipagawa sayo?! Kung ilibre mo kaya ako ng shopping spree? O di kaya bilhan mo ko ng motor! Ano pa ba.. Hmmm.. Trip to Macau! Ayun, ayos!"

"G@go. Anong akala mo sakin, milyonarya!? Tss. Ang OA naman ng hinihingi mo!!"

Mukhang di na naman nya ko narinig. "Hmm. Masyadong OA pala. How about maging alalay kita? O magpanggap kang palaboy sa may Junction?! That would be super epic!"

Hindi na talaga ako makapagtimpi. "PARANG WALA AKO DITO SA TABI MO HA!!! SIGE LAKASAN MO PA ANG PAGPAPLANO!! I suggest na ipakain mo na rin ako sa baboy para matuluyan na talaga ako! You happy!? Ugh."

He just laughed at me! This @sshole! "Why are you so hyped up? Eto naman, natutuwa lang ako."

That made me angrier. "Aha, natutuwa ka sa misfortune ko!?! Kapal talaga ng mukha mo oy!! Sadista ka! Masochista ka! Lahat na!! Nakakainis ka! I can't believe that I lost to you!"

Tumigil sya sa paglalakad at humarap sakin. "Naaasar ka kasi natalo kita?!"

"No. Naaasar ako sa sarili ko. I knew this will happen, kaso I brushed it off. Mayabang ako, diba? Eto na napala ko. Okay, talo nako sayo. Wag mo lang sakin ipamukha masyado. Parang tanga lang kasi. And please, what's with those absurd consequences?! Palaboy, ako!? Bah, kagandang palaboy naman nito!!"

Inayos nya yung buhok ko tapos hinawakan nya ko sa may baba. "Do you seriously think that I will do those things to you!?"

"Well duh. Of course!"

"Baka," he inched his face towards mine. "Di naman ako ganun ka sadista." (Baka - Japanese term for 'idiot')

"Sa lagay na yan hindi ka sadista?! Grrr. Nang-iinis ka ata e!"

At last, binitawan nya rin ako at naglakad sya palayo sakin. "Kung ako sayo, magready ka na lang sa ipapagawa ko sayo. Walang aangal, okay!?"

Tsss!! Natetempt ako na pulutin yung batong malaki dito sa may tabi ko at ihagis sa kanya. Ugh ugh ugh!! Ano ba'to, bakit.. Bakit kinakabahan ako?! Knowing Kevin, ang dami dami nyang pwedeng gawing kalokohan sakin. Oh my god. Does it involve my.. NOOOOO! Jersey may respeto naman sayo yung tao. Erase erase erase!! Wag mo munang alalahanin to, okay?!

(Next Day. Kevin's POV)

"What in the world is that!?" sabi ko nang pumasok ako sa English 4 class ko.

"Good Morning, Mr. Santos! First time mo atang nalate ngayon ah?!" nang-iinis na pambungad sakin ni Ma'am Castro. Ngumiti na lang ako sa kanya.

Tumabi agad ako kay Jersey. "Hey. Anong meron!?" tanong ko.

She hissed at me. Hissed. Ano sya, naging ahas na!? "Tss. Nababasa mo naman yung nasa board diba?! Dalian mo, hanggang ngayong period lang yan." Inabutan pa nya ako ng 3 pirasong yellow pad paper.

Tinitigan ko lang yung nakasulat sa board. Ugh, essay na naman! Kaya ayoko ng Eng 4 e, puro essay na kung anu-ano. Average lang yung nakukuha kong score sa subject na to, tapos si Jersey naman halos perfect nya lahat ng composition! Writing major talaga si Devil Woman. Ako? Kruu kruu lang -,-

Sinulat ko yung title sa unang line ng papel. THE BEST WAY TO LOSE.

Ano kayang tinira ni Ma'am Castro kagabi at naisipan nya na magpa-essay ng ganito!? Napaka-abstract! Tsaka best way to lose? Meron bang ganun?! Topakers talaga tong si Ma'am! Grabe, 1 hour na lang bago matapos ang period namin pero title pa lang nasusulat ko. Sinilip ko si Jersey, ayun. Enjoy na enjoy sa pagsusulat. At wala pang scratch paper na ginamit! Sya na halimaw sa pagsusulat!!!

"Pssst," bulong ko sa kanya. "Jersey!"

"Don't pester me, @sshole. I'm serious here."

"Anong nilagay mo sa paper mo!?"

"None of your business."

"Siguro nilagay mo dyan yung pagkatalo mo sakin sa Math midterms noh!? Wag mo kong mumurahin please?!"

Tumigil sya sa pagsusulat at tumingin sakin ng masama. "Gusto mong magmumog ka ng ngipin ngayon, Kevin!? Kahapon ka pa nambibwiset ha!"

"Kahapon lang ba? Sa pagkakaalam ko araw-araw kitang nabibwisit e! Sabi mo ka-" ayan na, sumama na yung tingin nya sakin. Tumigil nako at bumalik sa pagsusulat.

Walang kwenta lang yung nilagay ko sa essay ko. Sinabi ko lang na hindi ako naniniwala sa 'best way to lose' na yan ekek. Lalaki ako, at hindi ako cheesy. Ayoko ng drama. At dahil maikli lang naman ang essay ko, mas nauna akong nagpasa kay Jersey.

Talagang hindi ako umalis sa table ni Ma'am para mabasa ko yung papel ni Je. "Je, pabasa naman oh."

"Ma'am, please wag nyo pong ipapabasa kahit kanino yang essay ko. Please Ma'am? Kahit dito sa epal na to." Si Ma'am naman, umagree!

"That's unfair!" I protested.

"Why is it unfair?! Invasion of privacy yang ginagawa mo. Don't piss me off, please."

Bakit kaya ayaw nyang ipabasa sakin yung essay nya?! Yun ang first Eng 4 essay na hindi nya pinabasa sakin. Maybe it's about me?! Hahahaha kapal ko talaga. Basta, kailangan kong mabasa yun!

NORMAL POV

SEPTEMBER 9

Busy ang barkada nina Jersey ngayon September 9. Una, 5th (!) anniversary ngayon nina Jerro at Sath, kaya maaga silang bumalik sa Alabang para magcelebrate. Pangalawa, busy sina Amae at Keith sa paggawa ng ENSC 12 project nila (The truth is, napilitan lang si Amae na samahan si Keith sa paggawa ng project. Si Keith, ayun, tuwang-tuwa naman). Pangatlo, busy si Jill sa pag-aasikaso ng final papers para sa Minsan Ako si Madonna, na sa Sept. 23 na ang unang run. 2 weeks na lang kasi! Pang-apat, magkasama sina Paolo at Ken, naglalaro ng SmackDown vs. RAW sa bahay nina Jersey (Nasa bahay din pala ang KeMae couple ajeje). Siguro hinahanap nyo ang KevJe duo noh!? Magkasama kaya sila? Sa tingin nyo?

Pihado sagot nyo, OO. Sorry guys, hindi sila magkasama. Si Kevin kasi, MIA. Si Jersey?! Eto, nasa CAS Ruins, nagpapractice ng lines nya para sa play.

Rehearsal break nila ngayong araw pero hindi tumigil si Jersey sa kakapractice. She can't let Kevin to outshine her again.

Dahil tungkol kay Madonna ang play, hindi mawawala ang mga Madonna songs. Nasa Act 1, Scene 7 na sya, kung saan kakanta sila ni Kevin ng 'Crazy For You' habang nagso-slow dance.

"Ugh. I need to perfect this!" sigaw nya. Okay lang naman, walang tao sa paligid.

*Swaying room as the music starts*
*Strangers making the most of the dark*
*Two by two their bodies become one..*

Crap, bakit ako kinikilig bigla?! Jersey, tagal nyo nang pinapractice to ni Kevin. Baliw na ata ako, kung kelan wala sya dito tsaka naman ako kinikilig! Abnormal e!

Sumunod naman ang Scene 9 kung saan aalis na si Madge sa barrio nila. Eto ang Goodbye Scene na may yakap effect pa. Eto ang dialogue:

Efren: Wag mong kakalimutan inumin yung mga vitamins mo ha. Tapos wag kang kakain ng maraming fastfoods dun, baka tumaba ka. Tsaka pag umaga tandaan mo uminom ka kaagad ng tu-

Madge: Efren, okay na. Tanda ko na yan. Kakasabi lang sakin ni Mamsy kanina, may sulat pa nga e.

E: Tsaka.. wag mo kaming kakalimutang sulatan ha! Miyerkules mo ipala para makuha ko ng Biyernes.

M: E..efren.

E: Bakit kasi kailangan mo pang umalis! Akala ko ba masaya ka dito!? Nung pyesta, ano yun?! Paasa ka lang ba?!

M: Yung sa pyesta, totoo yun. Sabi mo sakin, abutin ko ang mga pangarap ko. Eto na Efren, konti na lang! Maaabot ko na! Papunta nako sa Maynila! Di ka ba masaya para sakin?!

E: Masaya.. pero.. Paano na ko, Madge? Maraming gwapo sa Maynila, baka.. ipagpalit mo ko sa kanila. Pero..maghihintay pa rin ako sa'yo. Mahal na mahal na mahal kita, Madge.

Dapat sa part na to, sasagot si Jersey ng 'Mahal din kita, Efren' na may emotions. Kaso, isang emotionless na tono ang ginawa ni Jersey.

She just stood there, staring into space. Bakit hindi nya masabi yun ngayon?!

Nadistract sya nang may narinig syang pumapalakpak mula sa baba ng stage. "Wow, ang galing naman! Kaso bakit di mo masabi yung last line? Can I help you?"

Si Kevin. Nakaupo sa 2nd row, left side ng stage.

Oh crap. Bakit sya nandito?!

"No thanks. Tapos na kong magrehearse," lumakad sya papunta sa gilid ng stage para kunin ang bag nya. Pero natigilan sya nang marinig nyang may sinasabi si Kevin.

"Ahemm. The best way to lose is to sacrifice yourself. The best way to lose would be to actually lose and know you're losing. Shallow as other people may seem to think of the idea, losing, in its simplest form, would mean losing in a game ot not getting what you want..."

Wait, that's familiar. San ko nga ba nabasa yan!?!... Oh my god! That's my essay!! PANO NYA NAKUHA ANG ESSAY KO!?!

Pababa na si Jersey para agawin ang papel na hawak ni Kevin nang pigilan sya nito. "Hep hep! San ka pupunta!?"

"KUKUNIN KO YANG PAPEL KO!! PANO MO NAKUHA YANG ESSAY KO!? SIGURO PINASOK MO YUNG DEPARTMENT AT NINAKAW MO YAN SA TABLE NI MAM NOH!?"

"Relax, Jersey. I asked Ms. Castro for this one. Grabe, anong akala mo sakin, magnanakaw!?"

Sinubukan ulit ni Jersey na bumaba ng stage, pero pinigilan ulit sya. "Subukan mong bumaba, pupunitin ko to!"

"W-wag! But please don't read it. Nakakahiya e!"

Hindi na sya pinansin ni Kevin at nagpatuloy ito sa pagbabasa. "Where was I? Ayun.. I think sacrifice is the best way to lose, because in sacrifice you win by losing. Ano raw? Anyway.. You voluntarily give yourself up for someone or something... but because someone else who you care about has something to reap, in exchange for your loss. Ans I think sacrificing is an extremely noble thing to do.

And the best way of sacrificing is loving. Loving someone involves all the risks that any daredevils or stuntmen or math geniuses.. Are you referring to me? Well.. math geniuses wouldn't want to take - because you sacrifice a part of yourself and give it to someone. Because loving someone requires you to sacrifice yourself and hand over yourself entirely to a single person."

"TAMA NA NGA KEVIN!!!"

Nilakasan ni Kevin ang boses nya. "Having said that - and I know it made no sense at all - I say this: I think the best way to lose is to lose yourself to the one you truly love."

Parehas natahimik ang dalawa. Si Jersey, nasa gitna na ng stage, at inuupuan na ang kanyang backpack. Tumayo naman si Kevin. "This paper is full of crap. At nakakuha pa to ng 100? I don't believe this."

"Ha. So naramdaman mo na rin yung naramdaman ko sa Math midterms?! Suits you fine, @hole."

Talaga tong babaeng to! "Basura naman tong paper mo e!"

"BASURA NA KUNG BASURA! Akin na nga yan!!"

Tatalon na sana si Jersey mula sa stage nang pigilan sya ni Kevin. "Hoy wag ka ngang suicidal dyan! Ako na pupunta dyan."

Ano na namang pakulo nito!?! Ugh. Imbyerna! Bumalik na lang si Jersey sa pagkakaupo nya sa backpack nya. Tinignan nya si Kevin habang paakyat ito ng stage. Tengene naman, bakit di ko na naman magawang magalit dito?! Ang gwapo walah! TT

"This popping up at unexpected places has got to stop. Nakita mo namang ako lang mag-isa dito, tapos.. UGH!!"

"Aba, may sakit ka ba? No jumping on me? No wild cries of hello?" Kevin asked.

"Wow. Try mo kayang gawin yun after magpractice ng dance steps at gulatin at imbyernahin ng mokong na tulad mo. Kaya mo!?"

Kevin glanced at his watch. "It's already 11pm. Alam mo namang ang daming g@go dito sa may campus tapos nagawa mo pang magpractice dito? Pano pag narape ka?"

"Why are you mad at me!? Kung makaasta to parang.."

"Parang ano!?"

CRAP THIS MAN. Kaya siguro sila nagkasundo nina Kuya!!! "WALA!! Wala!!"

Tumawa na naman si Kevin nang wagas, at natawa na rin si Jersey. "Cmon, I'm treating you to dinner."

"Ano, siomai na naman? Nauumay nako sa siomai! Ang yaman yaman mo tapos hanggang siomai lang ang kaya mong ibili sakin!? Are you poor?"

"Are you kidding me? Pasalamat ka pa nga na nililibre ka e!"

Jersey hesitated for awhile. Okaaay, anong meron? I have a feeling about this. Ugh. "I can't."

"Bakit naman?!"

"Eh.." Jersey hedged.

"Are you anorexic? Bulimic?"

"Are you for real? Sheeesh. Ang dami kong bilbil dito oh" tinuro pa ni Jersey yung tiyan nya. "Apat na beses akong kumakain ng kanin sa loob ng isang araw. Anorexic to?! Besides, I'm really really beat. Pass muna ako ngayon."

"You of all people, refusing of a free meal." Lumapit si Kevin kay Jersey, at umupo sya sa tabi nito. Si Jersey naman, nag-squat at nag-crab walk palayo kay Kevin. Tumawa na naman si Kevin.

"Takot ka ba sakin?!" Kevin asked, grinning.

"What!? Damn you I'm not!" Jersey waved him off. He took two long steps forward and Jersey calmly squat-crawled two steps back.

"O ba't ka umaatras!?"

"Eh ba't ka lumalapit? Naaasiwa kasi ako sa mukha mo, tsaka yang Baby Bench cologne mo! Pinanligo mo ba yan!?"

"Okay okay!" tumigil na si Kevin at umupo na, legs spreaded.

"Himala ata na di ka OL ngayon. Di ba eto yung oras na dapat ka-Skype mo si Maxene?" Shit Jersey. Of all things na pwede mong sabihin, bakit yan pa!?!

"11pm? Pano mo nalaman? Stalker ka noh?"

"Yuck, no way. Naaabutan lang kitang online sa ganitong oras, kaya I assume magkachat kayo."

"Tagal na naming hindi nag-uusap nun, diba?"

Ay oo nga pala! Nagkita kami ni Maxene two months ago. Bakit ko naman yun nakalimutan?! "Nga pala, I forgot to tell you something. I met Maxene two months ago, sa Serendra."

Halatang gulat si Kevin. "She went back? Bakit di ko alam?!"

"Saglit lang naman sya dito, isang araw lang. May kakausapin daw sya e," napansin nya na natahimik si Kevin. "Uuuyyyy! :)) Iniisip nya si Maxene! Namimiss mo noh!?"

"Che. Hindi ah. Anong sabi nya sayo?"

"Ha? Konti lang. Mga 30 minutes lang kami nag-usap. Mostly about you."

"About me ?! Anong sinabi nya about sakin?!" halatang kinabahan si Kevin.

Oohh. Why is he nervous? Sabi na nga ba e, may pakulo yung Maxene na yun! -,- "Hmmm. Nothing much. Ay, pinapasabi nya nga pala na break na kayo at wag mo na sy-"

"Jersey, I'm dead serious."

Napangiwi si Jersey sa sobrang asar. "Okay okay. Wala naman syang masyadong sinabi sakin. Wala talaga. Bakit nga pala hindi kayo nag-uusap nun? She even begged me not to tell you about her visit. Ha."

Kevin shrugged. "Wala lang. We both kind of decided we were more like friends, pretending to be more than friends."

"Ay parang mali ata yun. Di ba unrequited love ka lang?" Kevin shot her a deadly look. "Oh. My. God. Don't tell me.. naging kayo ni Maxene?! Tapos she broke up with you nung nasa Germany ka?"

"Are you that stupid? She dumped me. Basted nga ako tapos nagbreak kami?! G@ga ka talaga! Tsaka kung naging kami man, ikaw ang unang makakaalam. May sinabi ba ko?"

"Wala."

"Oh. E di hindi naging kami. Kainis ka."

"Haynako. Ang drama drama mo Santos. *Kaya pala weirdo ka pagbalik mo dito*"

"Are you saying something else?!"

"Yeah. May sinabi sya about you realizing your feelings. Heck, that was so ridiculous. You, of all people! Rationalizing feelings?! Parang hindi ka ata equipped for that thing!"

Baliw talaga si Maxene! Sabi ko sa kanya wag nyang banggitin kay Jersey e! Pano na ngayon to? "Just forget what she said. Baliw lang talaga yun!"

Napangiti na lang si Jersey. "Yeah right! I completely forgot about that, until now.. Nako, naiirita lang ako!"

"Nako, masama na yan. Nagseselos ka na naman."

"Haah. Excuse me. FYI, hindi ako selosa."

Then Kevin said, "Tayo na."

"Sige na nga," tumayo si Jersey at sinukbit na yung bag sa balikat nya. "San tayo kakain? Hay nako, libre mo na lang ako ng goto o arroz caldo dyan sa Grove. Or Burger King. Sa sobrang pagod ko ngayon, di uubra sakin ang siomai. Crap siomai! Nakakaumaaaay! "

Hindi naman natinag si Kevin, ayun, nakasquat pa rin. "No, no. I mean, tayo na lang."

"Hoy Santos, ayoko ng g@guhan pag gutom at pagod ako ha. Tara na bah! Sige ka, pag di ka pa tumayo dyan ililibre mo ko ng dinner hanggang November!"

"I repeat. Tayo na lang."

"WHAT!?!"

T@nginaaa bakit ang slow nito! Teka, slow lang ba talaga sya o ayaw lang nya ako intindihin!? "Look, makinig ka muna sakin okay? This is the first time I'll do this in my life. Ayokong masira ang momen-"

"Okay fine just shoot it. Five minutes or else, free dinner for me until November."

There she goes again, Devil Woman!

"Okay. You have a tendency to be self -centered, egotistic and manic-depressive, and I'm being polite when I say th-"

"HAA. POLITE KA NYAN!? POLITE?! YO-"

"Hoy, you're consuming my time limit! Okay. You are responsible for occupying 70% of my thoughts right now, and you have no intention of giving back that 70%. Kahit i-deny mo pa, selosa ka talaga. And that reaally sucks."

"Okay Kevin, what in the hell wa-"

"Just shut up, okay? That's another thing. You never shut up. You reminded me of my Grade 6 Math teacher na inaasar kong Machinegun. Ang kulit mo rin. And sometimes, you're not even cute when you're makulit."

Aba t@ngina nitong lokong to ah! Nilalait nako!! Konti na lang talaga masasampal ko na to!

"Don't slap me yet. I've been trying so hard to be with Maxene. I've been trying so hard to be involved with other women. Hindi talaga to dapat nangyari e! I've seen you wasted when Paul cheated on you. Nakita na rin kitang naglalaway pag tulog, patagong nangungulangot sa Eng 4 class natin at kung anu-ano pang kadiring bagay."

"So this isn't supposed to happen. Nakita mo ako nung inatake ako ng allergy, which by the way, was so gross. At dahil pa sa kangkong yun, nakakahiya."

"Sa tingin ko nga, walang matinong lalaki ang gugustuhin na makasama ka, lalo na ang gwapong Math genius na katulad ko. Actually, I can't imagine not being with you. Sige, sabihin mong OA kasi halos 1 year and a half pa lang tayo magkakilala, pero sa halos araw-araw ba naman kitang kasama, sinong hindi maaattach ng malupet sa'yo? I can't imagine building another story, or history with some other girl, because it wouldn't be as funny. Or as interesting. Or as infuriating. Or as.. magical. Let me put it in this way. Para akong nagbabasa ng Mga Ibong Mandaragit sa dorm ko at bigla ka nalang dumating at binuksan yung ilaw. Mapapaisip ako ng 'T@ngina, mas lumiwanag ah! Ba't di ko naisip yun?'. At dahil ikaw si Jersey, na super epal sa lahat, pagtitripan mo ako. Patay-sindi ang ilaw hanggang sa sumakit ang ulo ko, but the heck, I don't care. Even if you are a pain in the ass, you're the pain of my ass. Ay, hindi naman palagi.

You're a genius, giving, loving, hilarious, talented, and I see that first before I see everything first. Yung mga tipong pasweet na nakakasukang cheesy lines na nakukuha sa mga chain messages? It absolutely bores me. Swear. But Jersey. You make it different. Kaya nga naaasar ako kapag tinatanong mo ako kung wala ka na bang sex appeal sa mga lalaki. Kung alam mo lang, ang lakas ng epekto mo. As in. Sige nga, kung wala ka na ngang sex appeal, bakit ang lala ng attraction ko sa'yo? Ibang klase ka rin, galing mong umarte. Nakakainis ka nga e, masyado nakong naaattach sayo. Pero ako namang si g@go, malayo lang..

parang sasabog na ang puso ko sa takot at sakit. Ewan!"

Jersey stood there, motionless. Namumula na sya dahil sa mga narinig nya. What.. in the world.. is that?! Oh no, he's looking at me. Please Kevin don't look at me like that! I don't know what to do!!! "Your five minutes are up."

"Wow, that's all you can say?! Ang hirap sabihin nun na walang kacheesyhan o ano ha! Tapos 'Your five minutes are up' lang masasabi mo?!"

"Eh ano ba yun ha? Nagpapatawa ka ata e! Halika na nga, kumain na lang tayo!"

"Hoy. Anong sa tingin mo yung ginawa ko?"

"Nagmonologue ka. Duh."

T@NGINAAAAA. MONOLOGUE??! LANG?!?! KUNG SUPALPALIN KO NA TO!? Tumayo na si Kevin at humarap kay Jersey. "Naintindihan mo ba yung sinabi ko sayo? Lahat?"

"I am not dumb. Pero bakit ka naman nagsabi ng ga-"

"Sa tingin mo bakit ko kinuha yung essay mo? Bakit ko binasa sayo yun?"

"Para asarin ako?"

Grabe, iba na ata ang level ng density nitong babaeng to! Napangiti na lang si Kevin kay Jersey. He slowly touched her hand and placed it on top of his chest.

"Jersey Benitez Santiago, sa'yo na rin nanggaling eh. T@nga ka talaga.

The best way to lose is to lose yourself to someone you truly love.

So yeah.

I accept defeat.

I love you, Jersey."

## Chapter 36

(Jersey's POV)

"Hoy Je, okay ka lang?! Kanina ka pa nakatulala dyan e!"

"....."

"Jerseeeeey! Hoy!!"

*paaaaak*

"ARAAAAAAY! MASAKIIIT!" napaupo ako bigla sa kama ko. "Amae ano bang problema mo? Ang sakit nun ha! Kung makapalo ka, wagas!"

Tinignan ako ni Amae ng parang nawiweirduhan sakin. "G@ga ka. Para ka kayang timang dyan! Natatakot na nga sayo si Paolo sa labas e, baka nasapian or narape ka raw sa labas kaya ka nakatulala. Ano bang nangyari sa'yo?"

Nangyari sakin?! NANGYARI SAKIN!? AMAE PWEDE BANG PAKIBASA YUNG CHAPTER 35?! MYGOD AYOKO NANG ULITIN YUNG KAHIHIYAN NA YUUUUUN! *sighs*

FLASHBACK

"The best way to lose is to lose yourself to someone you love.

So yeah.

I accept defeat.

I love you, Jersey."

OH MY GOD. Did he just.. just confess?! He.. he likes me? Tanga, he loves you raw. Oh. My. God.

IS HE SERIOUS?!

Nakatitig lang sakin si Kevin, na nakangiti. Yung ngiti nyang makalaglag panty. Na kinaiinisan ko kasi natatanga ako sa ngiting yun. It looks like he's waiting for me to say something.

TENGENE. SA TINGIN NYO MAY MASASABI AKONG SENSIBLE AFTER NYANG MAGCONFESS?! WHATAMAYGONNADOOOO!?

Yep, weirdo ako. Pag sobrang kinakabahan o nahihiya ako, dinadaan ko na lang sa tawa. In this situation, nahihiya at kinakabahan ako so.. tumawa ako. Na halatang pilit.

"HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA-HA!!!!!!!"

Bumagsak tuloy yung ngiti ni Kevin. "Okay ka lang?!"

Go Jersey, deny deny deny!! Kaya ko to! "Grabe Kevin ha, ang joke mo talaga!! *pats his shoulder* SATH! JERRO! AMAE! PAO! KEITH! JILL! KEN! Aba lumabas na nga kayo dyan! Kunwari pa kayong busy!! Mga trip nyo nga ayusin nyo!! Wait Kevin, may videocam ba somewhere here? Oh my. You should've told me earlier para nakapagmake up ako kahit pano!! Kainis!" tumalikod ako at naglakad papalayo sa kanya. Ano ba tong ginagawa ko ha?!?! "Okay guys just come out! Hindi ako galit! Eto na ang pinakabentang prank nyo sakin ever! Pao swear hindi kita babatukan! Maba..mabait ako ngayon!"
I sounded so fake.

Then I heard Kevin's footsteps coming towards my direction. Oh noes. Oh noes. He turned me around and...

Binigyan nya ko ng malakas na headbutt.

"T@NGINAAAAAAAAAAAA MASAAAAAKIIIIIIIT YUUUUUUUUN!!!!!!!!" Shet ang sakit talaga! Napaupo ako sa stage tuloy!

"Hah. Masakit?! Eh g@ga ka kasi! Ano yang pinaggagagawa mo dyan?! Mukha kang tanga! FYI, walang camera o sina Keith dito. May nakikita ka? SA LAKI NG MATA MONG YAN MAY NAKITA KA?! DI BA WALA!?!"

"HOY HINDI MALAKI MGA MATA KO!! GUSTO MONG BATUKAN KITA DYAN?!?!"

"CHE TUMAHIMIK KA! BUTI NGA SAYO YAN. HEADBUTT! TAGAL KO NA GUSTONG GUMANTI, AT BUTI NA LANG ETO ANG PINAKASWAK SA LAHAT NG TIMING. BWISET KA!!"

Tumingala na ko para kausapin sya. "EH SINO BANG MATINONG BABAE ANHG DI MAGUGULAT SA SPIEL MONG YAN!? CRAP. ANG SAKIT TALAGA NG NOO KO!!!"

"KASALANAN KO?!"

"SYEMPRE! PAKSHET KA!!"

"Nako, di ka talaga nagtatanda noh?! Sabi ko sayo na medyo natuturn on ako kapag nagmumura ka diba?!"

TENGENE IPATANDA PA!!!! Sinipa ko yung tuhod nya, at ayun, napaupo din sya. Para kaming tanga sa stage.

"How.. how is it possible?! I can't believe this. Of all people.. you. You like me?!"

"T@nga. Hindi ka ba nakikinig ka nina? O may auditory agnosia ka?!

I love you, Jersey. Isa pang HA? Mo dyan kukutusan na talaga kita!!"

"PERO SABIHIN MO NGA!! PANO NANGYARI YUN!?! HA??! PANO KA NAINLOVE SAKIN? EH WALA NAMAN AKONG GINAWANG MAGANDA! NAGPAKA-ENGENG LANG AKO!! TAPOS HERE YOU ARE.. DAMN, MAN! YOU'RE EXHAUSTING ME!"

"Bakit ako nagkagusto sayo, you ask? Parang hindi mo pa alam e. Sinabi ko na kanina lahat. The bottomline is, I love you because you are YOU. T@ngina pang lyrics lang ata yun ni Bruno Mars ah!"

"That sucks, Kevin. You, trying to be the pacool cute guy. Eeerrrkk. Nakakasuka."

"Pasensya na kung nakakasuka, lakas lang talaga ng tama ko sayo."

That set my face into a burning red mode. "TIGILAN MO NA NGA PANTITRIP SAKIN!!!"

"SA TINGIN MO NANTITRIP AKO NGAYON!?"

"A BIG HELL YEAH FOR THAT ONE!"

"ANO KA, SI STONECOLD?"

"GUSTO MO NG STUNNER NGAYON?"

"AY WAG NA. MASYADON NAKONG STUNNED SAYO."

"TENGENE PLEASE QUIT TEASING ME!!!"

"Bakit, masama ba? Ang cute mo pag naaasar ka. Lumalabas yang Devil Woman horns mo."

"TUMIGIL KA NA NGAAAAA! *napayuko ako* When.. did you realize that you.. Shet I can't even say that L word!!"

"Last month."

"LAST MONTH? PUHLEEEAAZZE. MAYBE YOU'RE WRONG. Baka infatuated ka lang sa-"

"Shut up. Last month ko lang tinigil yung denial ko. Last month."

"So you even *please insert the L word here!* me before August?"

"Waaaaay way before August. Actually, I think it was November last year. When you got involved with that @ss. Dahil nga sayo kung bakit kami nagkagalit ni Maxene e."

"WHY ME?!"

"Puro ikaw kasi yung binabanggit ko nung nasa Germany ako. Enough about that."

"Wait. I don't believe you! Siguro dahil sa kiss kaya mo ko nagustuhan noh?! Craaap. Dapaaaaaa-"

"G@ga. Tigil mo na nga yang prolonging of syllables mo, naiirita ako. The kiss? Siguro yun na yung gumawa ng butas sa pader. Tapos yung panaginip ko, ayun na. Narealize ko na."

"What dream?"

Natigilan si Kevin dun. Dream? Ano kayang dream yun?!

"Ha? Wala wala. Nevermind. Grabe, gutom ka na ba? Lika libre na kita."

"Nawalan nako ng gana dahil sa sinabi mo."

"Aray. Ang sakit naman nun. Nareject agad ako."

Ay, nagdrama si Kuya! "IHATID MO NA LANG AKO PAUWI!"

"Ayoko nga."

"ABA! IKAW TONG NANANAKOT KANINA NA MARAMING G@GO DITO SA CAMPUS AH! KAINIS."

Nilapitan nya ako at inalok yung kamay nya sakin. "Tayo na." (Tayo, as in stand up ha? Hindi yung isa XD)

"Oo na!"

Tahimik lang kaming naglakad sa napakahabang kalye ng Grove. I'm not used to this atmosphere! Ang weird. Ganito ba talaga kapag.. ugh. Tell me guys! Ganito ba talaga yung feeling pag nagconfess sayo ang close friend (and ex? - crush mo) sayo?! Craaaaap.

Nasa may kanto na kami nang nagkalakas loob ako na kausapin sya. "Okay ka lang?"

"Hindi."

"S-sorry."

He looked at me and smiled. "Okay lang. I was actually expecting that reaction from you. After all, ikaw naman si Jersey."

"Are you teasing me again?! Gusto mo masapak na kita?"

Tumigil sya sa paglalakad, kaya napatigil na rin ako. "Masakit pa ba?" he carressed my forehead.

"Malamang oo. Namumula pa diba?"

"Tsss."

And he kissed me..

Sa noo lang naman! Guys what are you thinking!?! Hindi pa nga nanliligaw e! Ano beeeeh

"Hoy kapal ng mukha mo. Chansing ka pa."

"Gusto mo naman ata e!"

"EEEEEEEWWWWWWWWWWW."

"Hay. Nastress ako sayo, alam mo ba yun? Stress? Nakalimutan ko kasi, si Jersey ka pala. Ang dakilang denial queen."

And he left. Without saying any word.

END FLASHBACK

3:30 am na pala ngayon. So mga 2 hours nakong nakatulala dito sa kwarto?!? Crap. Sorry naman!Nakakagulat lang kasi e. Ano berrrr.

Bumukas bigla yung pinto. Si Pao. "Je.. Okay.. ka lang?"

"Oo naman Pao! *smiles* Bakit?"

"Kasii.. namumula ka tapos.. nakatulala ka. May nangyari ba?"

"W-wala. I'm fine. Kamusta SD vs RAW?"

"The game's awesome! Let's play tomorrow,okay?"

"Sure. Kelan balik nina Sath?"

"Mamayang 8 daw sila aalis dun e. Sige, matulog ka na nga!"

(AMAE's POV)

10:30 na pero tulog pa rin si Jersey. Ang gaga kasi, mga 5 am na natulog! Ano bang problema nun?

At dumagdag pa sa umaga tong si Keith. Ang aga-aga nandito na naman sa bahay!

"Hi Amae! Kamusta ka na?"

Ako: che. Bakit ka na naman nandito?!

Keith: Laro daw kami ng SD vs RAW ni Paolo. Tanghali na a! Bakit di ka pa naliligo?

A: Pake mo ba?

K: Wala lang. Nagtataka lang ako. Maganda ka parin pala pag di ka naliligo.

A: Pakshet ka!!

(umextra naman si Jerro)

Jerro: Aba aba. Anong nakain mo ngayon, Keith? Nambobola ka na naman!!

A & K: BAKIT BA ANG HILIG MONG UMEXTRA!!!!!

Lumabas naman si Sath sa kwarto. "Gisingin nyo na nga si Je! May rehearsals pa sila right?"

Nagulat kami nang nakita namin sina Jill at Ken sa labas ng gate. "Aba, ba't kayo nandito!?"

"Nagtext si Kevin e. Pumunta raw kami!" sabay nilang sagot.

"HAAAAAA?!?"

Something's wrong. Oh my god. Oh my god. Ayokong mag-isip ng kung ano pero... KYAAAAAAAA!

Then poof. Nasa may gate na rin si Kevin, nakangiti nang bongga. Yun ang una kong napansin sa kanya pagpasok nya ng sala.

"Wow ha, iba ata ang ngiti natin ngayon ah!"

"Oo nga! Anong meron?" usi ni Paolo?

Kevin looked at us happily. May mali talaga e. Meron talaga..

"Guys. May sasabihin ako sa inyo. Ay hindi, may ipagpapaalam pala ako sa inyo.

PWEDE KO BANG LIGAWAN SI JERSEY?!?"

FCKINGMABUDGE.

## *Chapter 37*

(Sath's POV)

Medyo inaantok pa ako nung dumating kami ni Jerro sa bahay namin sa Los Baños. Masyado kaming nag-enjoy sa 5th anniversary dinner namin. Ang tanda na namin oh! :">> So ayun nga, ang sarap sarap ng tulog ni Jersey sa kwarto namin. Aba, 9 am na pero tulog pa rin sya oh!

Kinausap ko si Amae paglabas ko sa kwarto..

Me: Amae! *tingin sa kaliwa, tingin sa kanan* Anong oras nakauwi yan?
Amae: Umaga kamo. Joke lang! Around 12 am na nga yan nakauwi e!
Me: *eyes widened* What?! Kasama ba nya si Kevin? Hinatid sya?
A: Ewan. Pero ang weird nyan, nakatulala lang kagabi dyan. Nagfreak out na nga si Paolo, akala nya narape. Ayaw kasi magsalita.

Me: Did you call Kevin?
A: Nope. Wait lang, I'll cook breakfast muna.

Tulala? Ano kayang nangyari sa bestfriend ko? Tsssk. Weird much.

Nung sinabi samin nina Jill at Ken na pinapunta sila ni Kevin dito, I sensed something strange. Mas lumala pa ang kutob ko nang magpakita si Kevin.

Nabuang naman kami nang.. nang.. sabihin ni Kevin yung sentence na yun.

Reaction namin!?

Ako: Define nganga. Nanlaki mata.
Jerro: In shock. Nganga.
Pao: Nagulat.
Keith: "I knew it. Kaya pala iba ngiti mo kagabi!"
Ken: "Nice one tol!" *thumbs up*

At ang President & Vice President ng KevJe Forever Fans Club?!

Amae & Jill: DEFINE NGANGA. NANLAKI MATA. At....

"OH MY GOD OH MY GOD OH MY GOD ARE YOU SERIOUS!?!?"

Kevin: *grins* Do I look like I'm joking!? Of course not. I love her. At tsaka.. kaya ako nagpapaalam kasi.. ayokong isipin nyo na taking advantage ako. Pati.. man! We're buddies! Ano, yes or no?!

KAMING 7: EH G@GO KA PALA E! ALAM MO NA SAGOT NAMIN DYAN!! MALAMANG OO!!!

Kevin: YEEEEESSSS!!!! Woooohoooo! Okaaaaay na!!!

Me: Nako Kevin, ang tagal mo kasi e!
Jill: Oo nga! Kung kelan di ka na crush ni Jersey sabay.. nakonako!!
Jerro: Tsaka tol, last year pa kaya namin hinihintay ang moment na to!!
Keith: Took you long enough!
Amae: You don't even need our consent, Kev! Botong-boto ako sa inyo ni Je! KEVJE FOREVEEEEEER!!!
Ken: Grabe kayang push yung ginawa namin sa inyong dalawa! Kaya mo yan tol!
Paolo: If you need help, don't hesitate to ask us.

Pinalibutan namin si Kevin at pooof! GROUP HUUUUUG! \:D/ Tawanan to the max naman ang boys. Kaming girls, eto, naluluha sa sobrang saya for Jersey! At long last, may lovelife na rin ang bestfriend ko! :">>

Nang kumalas na kami sa group hug..

Kevin: Kaso may problema ako e.

Paolo: Anong problema? Okay naman samin ah! Diba guys? *tumango kaming lahat* Ken: Payag naman kami na ligawan mo sya diba?

Kevin: Yun na nga ang problema..

Amae: Ang dami namang intro nito e! Anong problema ba yang sinasabi mo!?

Kevin: Pano nga ba manligaw?!

*kruu kruu kruu kruu*

"HAAAAAAAA?!?!?"

Jerro: Anong di ka marunong manligaw?!?!
Me: Are you that serious.

Kevin nodded.

Napaupo si Amae sa bean bag na katabi nya, tumatawa.

Amae: Oh gosh Kevin, sorry! It's just that.. first time kitang nakitang helpless. And.. hindi ka ba talaga marunong manligaw?! Kevin: SSSSHHHH! Wag nga kayong maingay dyan!! Baka magising si Jersey! Jill: Tulog pa rin, parang baby.

We all stared at him, shocked. "Hindi ka talaga marunong? As in hindi?"

Kev: Oo nga! Sige ipahiya nyo pa ko. *napayuko*

Me: Eh ano.. ano yung kay Maxene?

Kev: Hindi ko naman sya niligawan e. Kasi nga.. di ako marunong. Akala ko kasi gusto rin ako ni Max kaya nagparamdam lang ako. Si Jersey kasi.. mukhang start from scratch ako. As in wala akong alam.
Keith: Di ba may kuya ka? Di ka ba nagpaturo dun?
Kev: Elementary lang ako nung college sya. Kamalayan ko ba sa panliligaw nun!

Napailing na lang kaming lahat sa pinagsasabi nya samin. Si Kevin Santos, ang Lakan 2010, isa sa mga papabol sa UP Los Baños, hindi marunong manligaw?! Are you kidding me?!? Grabehan lang!

Then something flicked inside my head. "Wait. So hindi mo pa nasasabi kay Jersey na manliligaw ka, right?"

"Hindi pa. Kailangan ba?"

Saraaaaap batukaaaaaan!!!! "T@nga ka ba?! Oo naman! Nanunuod ka ba ng old Tagalog movies?! Craap. Porke sinabihan mo sya ng I love you, hihintayin mo na lang ang I love you, too nya. It's Jersey, Kevin. JERSEY. ANG EVER DENSE AT DENIAL KONG BESTFRIEND. Baka akalain nya na nagconfess ka lang, then wala na. Kung gusto mo talagang maging girlfriend yan, mahirap na proseso. Pasalamat ka boto kami sayo!"

"Eh anong gagawin ko?!"

I shot them with my 'I-have-a-plan-help-me' look. Nagets naman ata ni Jill yung tingin ko, so binuksan nya yung pinto ng kwarto namin. Sina Keith at Jerro naman, pumwesto sa likod ni Kevin. Yosh!

"Since.." si Amae na ang nagsabi ng 'words of encouragement', "Boto kami sayo.. We'll help you. Don't worry, you'll thank us after this."

Kinaladkad ng dalawang bodyguards si Kevin papasok sa kwarto namin. "Tekaaaa!! San nyo ko.. HUWAG NYO KONG IPASOK DITO!!!!"

"TANGE! SASABIHIN MO LANG NAMAN NA MANLILIGAW KA E!"

Sinarado na ni Jill ang pinto, at tinukuran namin ng upuan. Hahaha!

"We'll be back later, guys! Magcecelebrate lang kami! Ciao :)))"

At nilock namin ang front door. Yeeeeesss!! :DD

(Kevin's POV)

"SAMANTHA!! JEROME!! Hoy!! ILABAS NYO NA NGA AKO DITO!!!"

No response.

Crap. Tinamaan naman ng lintek yang barkada o! Kaya lang naman ako pumunta dito para magpaalam e! Tapos ngayon, I'm stuck here. With her.

Ay, tulog pa rin sya?!

Lumapit ako sa kanya. Mukhang puyat na puyat sya. Ano yun, masyadong dinibdib yung sinabi ko kagabi?! Grabe naman tong babaeng to!!! Hindi nga nakakakilig yung delivery ko e. Nilait-lait ko pa sya tapos.. waaaaaa!!

"Go Kevin, you can do this!" yan ang chant ko ngayon. Wooo! Go Kevin! Kapalan mo na mukha mo! This is your chance na!

P*cha, papano ako magpapaalam e.. tulog na tulog to!?!

Tsss. No choice, hihintayin ko syang magising! Naman oh -,-

Come to think of it, hindi naman ako nasupalpal kagabi diba? Wala naman syang sinabi na "Sorry Kevin, I can't accept your feelings" crap. So it means.. may pag-asa pa ako!! \m/

Tinitigan ko sya habang natutulog. Naks, wala syang tulo-laway or something! Nagbagong buhay na sya aba! Bigla akong nilamig. Naknang.. September na ngayon tapos kung makapag-aircon to parang April! Naka-max sa lamig e!

"Aa..atchooo!"
O tignan nyo, sinipon na. Parang timang e. Inayos ko yung kumot nya, nasa may bewang na kasi nang...

*nagising si Jersey*

*blink blink*

*blink blink*

"G-good morning, Jersey!"

*blink blink*

"KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!!!"

Nalaglag ako sa kama sa sobrang lakas ng sigaw nya. Bingi na ata ako!!!!!!

"Ano..anong GINAGAWA MO DITO!!!! GET.OUT.OF.MY.ROOM!!!" sa bawat word na yun, pinagpapalo nya ko ng unan nya.

"ARAAAAY! MASAKIIIIIIIIIT!!!"

Jersey: *panting* Shut.. up!!! Hindi ka nakakatawaaaaa!!!!!
Ako: Nagpapatawa ba ko?!
Je: Why are you here!?
Ako: Sina.. ano..
Je: Forget it. Ako na lang lalabas dito! *pumunta sya sa pinto* Wait. Bakit ayaw.. *humarap sakin* DAMN YOU!!!! ANO NA NAMANG GINAWA MO!?!
Ako: Whaaaat? Wala akong ginagawa! Sina Sath yung may pakana nito. Ni-lock nila tayo. Umalis sila.
Je: WHAT THE F*CK ARE YOU.... Oh gosh. (tumabi sya sakin, pero syempre may onting distance) Why are you here anyway? Ang aga-aga nandito ka!
Ako: 10:30 am na kaya. Anong maaga dun. Puyat ka ba?
Je: Duh!!! Look at me, do I look okay? Sino bang hindi makakarecover dun sa... *blushes* UUUURRRRGGGHHH!

Grabe. Nakakapanibagong makita si Jersey na ganito, tense na tense na kasama ako. Should I be happy about this?

Ako: Uhh. May sasabihin pala ako.
Je: Wait. Nakakagulat ba yan? Let me ready myself first.
Ako: Hindi naman. May idadagdag lang ako sa sinabi ko kagabi.
Je: BWISET KA PIHADONG NAKAKAGULAT YAAAAAAAN! Wait laaaaang! TT
Ako: Ready ka na?!
Je: Not. Yet. *nagtakip sya ng tenga* Okay I'm ready.
Ako: T@NGA KA BA?! PANO MO MARIRINIG YUNG SASABIHIN KO??! TANGGALIN MO NGA YAN!
Je: NARIRINIG PA RIN KITA!!! Mas okay na to, at least hindi ako masyadong magugulat.

Haaaaay. Tama nga bang nagtapat ako sa babaeng to?! Kruu kruu.

Ako: Okay. So nasabi ko na yung gusto kong sabihin sayo last night. I'm sorry kung di ka makarecover ng-

J: You don't look like you're really sorry.

K: Shut it! *glares* Okay. Pero.. may nakalimutan akong sabihin. Since.. since wala ka namang maayos na sagot sa sinabi ko...

J: Isa ka pang t@nga. Wala ka namang tanong e!

K: Kaya nga!!! Yun nga nakalimutan ko e. Umalis kasi ako kaagad. Uhhh. Hindi mo naman ako sinupalpal diba?! So...

I guess..

Pwede naman siguro noh?

Je: Na ano? *tinanggal na nya yung kamay nya sa tenga* Dammit just say it already!

K: Sinabi mo e.

Liligawan kita.

Jersey: O.O
(-.- ") (" -.-)

K: ANONG KLASENG TINGIN YAN JERSEY?!?!!

J: Tatawa na ba ako?!
K: Nang-aasar ka ba?! Seryoso ako dito!
J: Liligawan mo ko!? Come on. Dadaan ka pa sa napakaraming butas ng karayom bago mo ko pwedeng ligawan. Kina Sath.
K: Okay na. Nalusutan ko na.
J: Whaaaaaat?!
K: Yun yung ginawa ko kanina. They even said bakit pa raw ako magpapaalam sa kanila, boto naman daw sila sakin *smirks*
J: THE HELL!!! Badtrip talaga!!! Kina Kuya Tatan and Tops! Hah! Lagot ka dun. Siguradong deds ka! *insert victory smile*
K: Aaaaahhhh. Kina Kuya Tatan ba? *super smirk*
J: WHAT THE FUDGE. KUYA KA DYAN?!? Kapal mo rin ha. Di ka makakalusot sa kanila!
K: Haha. Don't underestimate me, Miss. Matagal na nila akong pinayagan noh.
J: ARE YOU KIDDING ME?!? HOW'S THAT POSSIBLE?!
K: Nung sinundo kita. Ano, ang pogi ko noh!?! :DDDD
J: Gusto mong kutusan kita dyan?! Leche!!! Anong ginawa mo sa kanila!?!
K: Aaaah. Shredding challenge lang naman. Natalo ko sila >:)))))
J: NO.FREAKING.WAY. NATALO MO MGA KUYA KO!?! MAS MAGALING PA NGA SILA SAKIN MAGGITARA E!!!! SIGURO NANDAYA KA NOH!?!!
K: Grabe, ganyan na ba talaga tingin mo sakin, walang talent? Tanong mo pa sa kanila.
J: Meron pang isa..

You need to ask Paul's permission.

K: He already gave me his. Nung May pa.

J: You're kidding, right?

K: Hindi. Ever since last night, hindi ako nagbibiro. Si Paul... nag-usap kayo nung May, di ba?

J: Pano mo nalaman?!

K: Nag-usap din kami after nyong dalawa. Then he told me things that I didn't understand before. Ngayon ko lang narealize na.. damn, he's right.

J: Tungkol sa-
K: You really don't want to know. It's the Bro Code, Jersey. Medyo tight na rin kami ni Paul ngayon. Naglalaro kami ng DotA once a month.

J: EEEEEEEEEEEPPPPPPP! -____- How come you never told me about that!?! Natago mo sakin yun!?! (lumapit sya sakin; pinagpapalo na naman nya ko)
K: Aba, ayoko ngang sabihin sayo! Baka bumalik ka dun, ako pa nawalan!!! Tsaka wag mong kalimutan, po-

J: LECHENG POSSESSIVENESS YAAAAAAAN!!!!!!!
K: Ha. Sorry ka. Napakaswerte mo na nga sakin e. :))) Can't you see?
J: Nevermind!!! Why.. are you doing this?

K: Hmmmm..
Are you stating the obvious?
J: Just answer me.

K: Gusto mo lang ata ulitin ko e. Because I love you? I love you I love you I love you I lo-

J: OO NA JUST CUT THAT IRRITATING CRAP!!!!!!!!! UGH I CAN'T EVEN UTTER THAT... WORD!!!!!!! UGH!! Bakit ka ba nakakafrustrate Kevin?!?!

K: Hmmmm. Siguro kasi may gusto ka rin sakin, kaso nahihiya kang aminin!?

J: Ulul. Ang kapal mo talaga.

K: O pano yan.. Nalusutan ko na yung tatlong 'butas ng karayom'. Nakng! Walang kachallenge-challenge e! Kita mo, sila na rin nagsasabi na bagay tayo

J: ENE!!!! UGH. Ewan ko sayo!

K: Aba. Basta, liligawan kita :>>>

J: Pumayag ba ako?!

K: Pag tinanong ba kita sasagot ka ng matino?

J: H-hindi.

K: O eh di wag na magtanong! De, joke lang.

Aheemmm. Para sa pinakamagandang Devil Woman sa balat ng lupa... pwede bang manligaw?!

J: Na... Na....Naiinis ako sa'yo.

Ano raw?!? Naiinis sya? Naiinis? Mukha namang hindi sya naiinis ah!!! Teka... naiinis? San ko nga ba ginamit yun? Aha! Nung bumalik sya from Baguio! 'I miss you' yung ibig sabihin ko nun ah?! Wait...

K: So... is that a yes?!

Hindi pa rin sya tumitingin sa'kin. Nakayuko lang sya, at halatang namumula na sya.

K: Hoy Devil Woman! Yes or no!!!!!

J: BAHALA KA NA NGA SA BUHAY MO!!!! BASTA NAIINIS AKO SAYO OKAAAY!?!?! UGGGHHHH!!!! Dyan ka lang!!!! Maliligo ako!!!!

K: I take that as a yes!! WOOOOOOHHHOOOOOOOO!!!!! YEEEESSSSS!! THANK YOU PAPA LORD!!! ANG GWAPOOOO KO TALAGAAA YEEEEEAAAAAHHHH!!!" sa sobrang tuwa ko, ginaya ko yung victory dance ni Jersey.

"Hoy. Anong maliligo ka dyan?! Di nga tayo makalabas e!"

Napatigil si Jersey sa pagkuha ng damit. "Alam ko. Sisirain ko na lang yung pinto. Kating-kati nakong maligo!"

"Nagpaparinig ka ba?!"

"Hoy Pervert. Shut the hell up."

"Ooohhh. I love it when you call me Pervert."

"HAAAAAYYYYYY SHAAAAAAATAAAAAAP KEVIN!!!! HINDI CUTE YANG GINAGAWA MO!! !!!"

"Gusto mo na talagang maligo?"

"Obvious ba?!"

"E di sirain natin!!!"

Jersey smiled her patented Devil Woman smirk (na nakakatakot talaga. Alam nyo yung ngiti ng goons sa anime? Ganun -,-). "WASAKIN MO YUNG DOORKNOB. DALI!"

Mga 10 minutes siguro bago namin nasira yung doorknob. Hassle amp!! Wala pa rin sina Sath paglabas namin.

"Hoy stupid," tawag sakin ni Jersey.

"Stupid my @ss. Bakit?!"

"Tignan mo to." Inabot nya sakin yung color green na papel.

"Holla KevJe couple! :">>> Kamusta na kayo? Hihihihi. Hi Je. Wag mo kong patayin mamaya okay? Loveyou!
-Sath

P.S. Kevin, be good. Orayt?!

"Be good be good pa syang nalalaman ha! Anong akala nya sakin, animal?!" may idudugtong pa sana ako nang marinig kong tumawa si Jersey. "Bakit ka tumatawa dyan? Baliw."

"Wala. Wala. It's just that.. you're so worked up by this.. courting fiasco. Nakakatuwa ka pa lang mataranta :>"

"Ah ganon?! Natutuwa ka? Kita mong para akong timang dito!!!"

Mas lumakas pa ang tawa nya. Seriously, tama bang umamin ako sa loka-lokang to?! She's really freaking me out, guys!

"Aba, pasalamat ka pa nga, natutuwa ako sa'yo. Hindi nga kita sinupalpal e!"

At pumunta na sya sa CR.

Wow. So pumayag pala talaga sya.

YOOOOOOOOOOOOOOOOSSSSSSSSSSHHHHH!!!!!!! :DDDDDDD

## *Chapter 38*

Tuesday.

(Jersey's POV)

This is it. 2 weeks na lang before our opening night! Daaaaamn I'm so nervous! Starting today, puspusan na ang practice namin. Kyaaaaa! Kinakabahan ako. Well, more of naloloka na. Pano ba naman, four days ago lang ba nangyari lahat ng yon?! Uwaaaaa ~ baka mamaya mukha akong timang sa rehearsals! Curse that man!

8:20 am. Sa may College of Economics and Management bldg.

Papasok nako sa first class ko nang.. may mapansin akong weird. *looks around* Calm down, Jersey. Napaparanoid ka lang! >:D

Hindi hindi hindi. Okay pa talaga ang utak ko. Ohmaygaaaa. Why are they staring at me?! And.. nakangiti sila sakin! Anong meron T_____T

"Yooohooo! Jersey!" napalingon ako sa may kanan ko. Oh, si Charie pala yung tumawag sakin. Classmate namin sya ni Kevin last sem.

J: Uy Charie! Kamusta? *beso*
C: I'm fine! So how's the rehearsals? Excited nako sa prod nyo!
J: Super rehearsals week kami ngayon. Haaay laspagan na!!
C: *ngumiti ng nakakaloko* By the way, congrats nga pala! Ang tagaaal na naming inabangan yun ah!
J: Sus, thank you! Pinaghahandaan talaga namin yung Ma-
C: No no no! I'm not talking about Madonna. Congrats sa inyo ni Kevin! :">>> At long laaasst!

What. The. Heck. Hindi ko na pinakinggan yung iba nyang blahblahblah. Pano.. pano nya nalaman?!? Nilamig tuloy ako!!

J: Uhhh. H-hindi pa naman.. kami nun. (Ugh. I hate this.)
C: Pero dun pa rin naman papunta yun diba?! Kyaaaa! Classmate ko kasi sina Jill at Amae kanina, e I overheard them talking about it. Oh gosh kinikilig ako!!!

Crap. I hate this! Nagdahilan na lang ako na malelate nako para makaalis na agad. Daaaamn! Ang bilis naman kumalat ng balita!!

*pagdating sa classroom*

Halaaaa. Bakit.. ang tahimik naman ata?! Nandito naman lahat ng kaklase ko ah!

"Hi Jersey!" *kapow!* Alam ko kung kaninong boses yun. Kay.. *gulp* Kevin.

Dahan-dahan akong pumunta sa tabi nya. Wow ha, ang cheerful ata ni Kuya ngayon ah! "Ba't.. nevermind!" lumapit ako sa kanya. "What's with them? Ang.. weird nila!" I whispered.

Define weird? Nakasimangot yung mga lalaki, sinisiringan naman ako ng mga babae. What the fudge!

"Nako nako. Mukhang nakarating na sa kanila yung balita," bulong nya sakin. At nagsmirk.

Balita? Bali.. OHNOES!!

"KYAAAAAA!!!! BAKIT BA KASI ANG DALDAL MO!!!!" sigaw ko sa tenga nya sabay palo sa braso nya.

"Aray Jersey! Masakit!!!!"

Boy CMate 1: Hoy! Tama na nga yang PDA nyo dyan!
Boy CMate 2: Be considerate naman sa feelings namin!
Girl CMate 1: You crushed our dreams, Jersey! *cries*
Girl CMate 2: Ever since 1st sem pa namin sya crush.. tapos..

Lahat ng classmate namin: NAGKAGUSTO PA SYA SAYO!!! UNFAIR!!!!

EEEEEEEHHHHH?!? Bakit ganito?! Tinignan ko si Kevin, ayun, masayang-masaya pa rin sya. What's the matter with you, people? Nakakairita ha!

Even our teacher congratulated us. Nasa UP nga ba ako?! Grabeng freedom of speech itetch!!!

Akala ko sa first class lang mangyayari to. HALOS MABINGI NAKO SA CONGRATULATIONS!!! Feel ko butas-butas na ang katawan ko sa dami ng death glares na nakuha ko sa admirers nitong asdfghjkl na to.

At sya?

Feel na feel nya lahat ng atensyon at congratulations. Mapagkakamalan nyo syang bagong halal na congressman ng Laguna. WTF.

At hindi rin pinatawad ang Madonna rehearsals!!!

Tuesday Rehearsals.

Dahil classmates kami ni Kevin sa last class, palagi kaming magkasabay pumunta sa rehearsals. Pero today, may pagkakaiba.

"Hoy Jersey! Hoy!" sigaw nya sakin. Papunta na kami sa DL Umali Auditorium, at naglalakad kami ngayon sa Palma Bridge.

"ANO?!?"

"BAKIT DYAN KA NAGLALAKAD SA KABILANG SIDE?!?"

"AAAAAAAACCCCCCCCKKKKK! TUMAHIMIK KA NA NGA DYAN!"

"Parang tanga to!!! Tatawid ako dyan!!!"

"SUBUKAN MONG TUMAWID DITO KUNDI IHUHULOG KITA SA ILOG!!!!!"

May nakasalubong na naman syang classmate:

Classmate: Uy Kev! Nice one ah! Congrats sa inyo! *nakita ako* Hi Jersey!
Ako: *insert pilit smile here* H-hi!
Kev: Thanks pre! *insert super big grin here*
Classmate: Goodluck ha! We're rooting for you!

Wow bongga ha, rooting for you!? Basketball game?! That made me more furious! Binilisan ko na lang yung paglalakad para di kami sabay pumasok sa audi.

Pero bwiset, sinundan pa nya ko. Sabay tuloy kaming pumasok sa audi!

"Lumayo-layo ka nga sakin!"

"Eh ganda mo kasi!"

"SHATTAP!!"

Then.. wait for it...

"YIIIIIIIIIIIIIEEEEEEEEEEEEEEEE!!!!!!"

Napalingon naman kaming dalawa sa may stage.

What in the world?!

Nandun silang lahat sa stage, nakatingin samin. Si Ma'am A pa ang nasa gitna.

"Wow. Sa tinagal-tagal ng paghihintay, nalusaw din yang katorpehan mo, Mr. Santos! Goodluck sa panliligaw kay Jersey ha? At Ms. Santiago, wag mo masyadong pahirapan yang boylet mo okay?!" masayang sabi ni Ma'am.

Reaction?

Ako: O.O (x.x)
Kevin: :">>>>

Tengene kinilig pa ang mokong! Nagblush pa namputek!!! ;/

Pagtungtong namin sa stage, hindi na kami sina Jersey at Kevin, kami na sina Madge at Efren. Just like what Ma'am A told us, professionalism first before personal bullcrap. Yakang-yaka ko to! Hah!

Blocking muna ang pinractice namin, then with lines & songs na. Yosh, okay to!

Scene 9 ang favorite scene ni Jill sa play namin (Well, wala pa naman yung infamous Scene 25 kissing scene namin ni Kevin. Craaaaap ;/) "Je," she pulled me towards the corner bago mag Scene 8.

Me: Yeah?
J: Slap me.
Me: Whaaaat?!
J: Slap me naaa!
Me: B-bakit naman?!
J: Kinikiliiiiiig kasi akooooooo!
Me: WHAT THE FREAAAAAK!?!
J: Oh my gosh! Swear. Scene 1 pa lang kinikilig nako sa inyo!
Ako: Uhhh. Scene 1? Naglalaba kami nun ah?!
J: EXACTLY! The brush of the knuckles.. KYAAAA GRABE I'M GONNA DIEEEEE! *pants* Me: *nag-unat ako* Ano, sasampalin pa ba kita?
J: *medyo takot* H-ha? Eeeh. Wag na! Uy, malapit na Scene 9!
Me: No really! I wanna slap you na talaga Jill! WAG KA KASING KILIGIN!!

Nang Scene 9 na..

Ma'am A: Okaay! Mr. Santos, yung kamay mo dapat nasa waist, okay? Slow dance to. And Ms. Santiago? Bayaan mo na yan, chansing

UGH. Whatever. Just.. Do it!

Dialogue:

Madge: Ang galing talaga ni Madonna noh?!
Efren: (nakatitig) Mas maganda ka naman dun.
Madge: Kung upakan kaya kita dyan!
E: Eto namang si Magdalena o! Pero.. ang ganda ng kantang to. May naaalala tuloy ako.
M: Sino naman?
E: Ikaw.
M: Onti na lang Efren!
*eto na ang 1 minute stare contest namin*

My thoughts: Ohmygod ohmygod ohmygod! Why is he staring like this?! Jersey, be professional. Don't.. Don't.. Kyaaaaa dammit! Bakit ba ang gwapo mo, Kevin Santos? Ang sarap mong ha-

Ma'am A: CUUUUUUUUUTTTTTT!

SHET NAGISING AKO DUN AH! Tumigil kami sa pagsasayaw, pero di pa rin nya tinatanggal yung kamay nya sa bewang ko. WTH.

Ma'am A: Jersey, okay ka lang ba?! You forgot to sing! Masyado ka naman atang naoverwhelm sa titig sayo ni Kevin. Asus!

Crew: *fidget fidget* YIIIIIEEEEEEEE!

I removed my hand from Kevin's shoulder. "Sorry Ma'am! Ulitin na lang po natin."

"Okay! Scene 9 ulit! Ang dami pang scenes oh! Mamaya ka na kiligin!"

Huhuhuhu bakit ba nila ako binubully!?

"Sorry about that," said Kevin habang pabalik kami sa una naming position.

"It's my fault. Sorry."

"Pasensya na, Miss. Di lang mapigilan ng mata ko na titigan ka."

*insert super devil plastic smile here* "Tengene ples mamaya na yang kacheesyhan mo?! Batukan kita."

"Okay lang. At least with  ang pambabatok mo." Piningot ko na yung tenga nya.

Nang makaraos na..

Scene naman ang kasunod. Crap. Eto yung scene na may "Mahal Kita" na line. *gulp* Pano ko sasabihin yun na walang awkward feeling?!

I need to encourage myself. "Go Jersey. You can do it! Go go go go go!! You're a professional theater actress. You ca-"

"Jersey?" *triple gulp*

"Yep?"

"About the next scene," pumwesto talaga sya sa likod ng curtain. "I know na kanina ka pa naiilang.. so. Sorry."

"Ugh. I can't help this naman e. Okay lang "

"Sa next scene, please..

Wag mo kong titigan sa mata."

Haaaa?! Ano raaaaaw!?! "Wait. Why?!"

"Mas maiilang ka kasi kung ganon. Gawin mo lang lahat, basta wag mo lang ako titigan sa mata. Baka kasi mawala concentration mo." And he left.

Bigla naman akong naguilty. Sya tong todong nag-aadjust sa situation namin ngayon. Ano berrr </3

Inayos ulit ni Ma'am A yung blocking and action na!

Shet! Eto na yung line na di ko magawang sabihin without any feelings. Anong gagawin ko?!

Efren: Mahal na mahal kita, Madge.

"Sa next scene..please.. Wag mo kong tititigan sa mata."

Ginawa ko yung sinabi nya sakin. Niyakap ko na lang sya and then..

Madge: Mahal din kita, Efren.

"KYAAAAAAAAAAAAA!!!! ~" screamed someone from the audience. Nasira tuloy yung momentum.

That scream sounds so familiar. Si Jill! Patay (-,-)

(Jill: Sorrynaman Jersey! Di ko lang talaga mapigilan yung kiliiiiiiiiig! :">>)

"Yosh," Kevin whispered to me. Haaaay oo nga, hindi ako nailang!

Sa mga susunod na scene puro ako na ang nagpractice, eto na kasi yung nasa Manila ako, the reaching for the star status blahblahblahblah. We practiced our Material Girl routine, na super nakakapagod ang steps. Kyaaaa I think I'm gonna die here </3 Okay lang sumayaw e! Ang landi kasi nung sayaw, parang showgirl with matching gyrating of hips pa. Ugh. Okay lang talaga sakin!!

Pero with Kevin as my audience na nakangiti pa sakin?! Craaaap narealize ko na may word palang SELF-CONSCIOUSNESS. THE HELL.

As usual, around 10:30 pm na kami natapos.

"Nga pala guys," paalala ni Ma'am A samin before kami umalis. "The costumes will be here this Friday. Wag muna kayong magpakasaya sa pagkain, especially you, Jersey."

BAKIT AKO LANG!?! CRAAAAP. Nakakainis naman oh. -__-

WEDNESDAY MORNING.

PLEASE SEE MY TUESDAY MORNING ROUTINE. AKALA KO MAY MAGBABAGO NA SA PALIGID PERO WALA PARIN!!!! KAHIT SAN KAMI (OO, KAMI. AYAW NYA KONG LUBAYAN. GANITO BA MANLIGAW 'TO?!), MAY MAGCOCONGRATULATE, NA AS IF KAMI NA. GUSTO KO NA MAG MATH 17 PARA DI KO NA SYA CLASSMAAAAATE!! CRAPPERS.

MATH 17 CLASS.

Absent ngayon si JM, kaya hindi ako umupo dun sa usual seat namin. Sa 3rd to the last row ako, medyo wala na kong mabasa pero keribels pa rin. Since di ko dala ang contact lens case ko, I wore my hot pink (Sorry naman. Ang arti e!) eyeglasses. Disguse din to :">>>

May kumalabit sakin. "Yes?"

"Oh. What's with that look?!"

I pouted. "What? Aahh. Wala lang. Disguise."

Naloka ako dito kay JM ha! Kung saan-saan sumusulpot! Umupo sya sa vacant seat sa kaliwa ko.

"Nga pala, I heard the news. Co-"

"Don't say that word please. It's getting into my nerves na."

"Took you long enough to notice. Haaaay nako Jersey. So kamusta naman ang panlili- Shet. Here he comes."

Napatingin ako sa aisle. Oh crap he's here! "Ehemmm. Pwede ba kayong bumalik sa upuan nyo?!" medyp pagalit nyang sabi.

"Hehehehehehehe ikaw naman! Bawal ba kami lumipat ng upuan?"

"HINDI. NAHIHIRAPAN AKO MAGCHECK NG ATTENDANCE E."

JM sighed. "Cmon Jersey, punta na tayo dun. Baka dumating na si Sir." Imbis matuwa, siniringan pa sya ni Kevin. Kaines.

Paglipat namin sa upuan, padabog nyang inabot sakin yung attendance sheet. "Galit ka?!"

No reaction. Bwiset.

"Ooops. Sorry!" sabi ni JM na naka-peace sign pa pagkaalis ni Kevin.

"Just let him be. Nakakatuwa nga na masyado syang worked up ngayon."

"Sadista ka rin pala. Kawawa yung tao oh!"

At bago matapos ang class, may inannounce si Sir Lawas.

"Attention! Our Pre-Final Exam is scheduled on September 27, Tuesday, 7PM. Please get ready to face hell again."

Siguro out of 137 students, ako lang ang masaya sa min. Yosh!! Pustahan na naman! Matatalo ko na rin si Kevin! Wooohhhooooo! :DDDD

"Hoy. Lika na. Malelate na tayo sa klase natin."

**

*looks around* "Ay shoot. Sorry."

Nakew, nagalit nga ata sya. Maasar nga!

Ako: Heeeeeeyy!
Kevin: Heeey whut *death glare*
Ako: *gulp* Hi. Galit ka?
Kevin: Hindi.
A: Eh galit ka.
K: Pano mo nalaman?
A: I knew it. Sorry na okay? Gusto ko lang umupo dun sa likod :">
K: Para kalandian mo yung JM na yun?
A: Wow! Hindi mo na sya tinatawag na Jejemon! Improving!
K: Ewan ko sayo. *walks faster*
A: ANG POGI MO PAG NAGSESELOS KA! YIIIIIEEEE KINIKILIG NA YAN! Oyyyy! :DDD

Tumigil sya sa paglalakad. Paglingon nya sakin, he's laughing. Like a hyena.

And it's so embarrassing. Ang daming tao!!

I ran towards him. "Have some decency, man. Ano ka ba. Don't laugh like that in public."

"Mukha ka kasing t@nga kanina."

"I know right!"

"I love you."

NAMULA NAMAN AGAD ANG LOLA NYO! "AND DON'T SAY SUCH THINGS IN PUBLIC!!!!! HALIKA NA WE'RE LATE!!!!"

THURSDAY.

SAME AS TUESDAY AND WEDNESDAY. CONGRATULATIONS MY @SS. PERO AT LEAST NABAWASAN NA. NG 3%. Is that even a good thing?!

FRIDAY.

(Jill's POV)

Bago kami umuwi, pinasukat muna ni Ma'am A yung costumes sa backstage. Naeexcite ako sa costume ni Je! Nakita ko lang kasi yung sketch last month, ang gandaaaa! And I think.. luluwa mata ni Kevin dun. HAHAHAH!

"Je! Bakit ang tagal mo dyan sa loob!" sigaw ko sa kanya. Nasa loob kasi sya ng makeshift dressing room (meaning: kurtina lang. How poor.).

"WAIT LANG! Mukhang tumaba ata ako. My gosh. I can barely breathe!!"

"Stomach in! Chest out!!"

"I'm doing it already! No avail!!"

"Papasok na ko dyan!!"

"WAAAAAAAAAAAGGGGGG! AKO NA LALABAS MAMAYA!!!"

"Sus, nahiya pa si Ate! Makikita din namin yan later!"

"Jill!" tawag sakin ni May, yung head sa costume dept. "Tawag ka ni Kevin."

Nako, bahala na nga tong si Je! Palabas na sana ako nang pumasok naman si Kevin. "Tawag mo ko?"

"Yeah. Do I really have to wear this?" Ay. Suot nya pala yung magsasaka outfit, na may straw hat pa.

"Of course! Costume mo yan aba. Ang arti!"

"Hoy Jill tignan mo ng-"

Ako & Kevin: *stare* *gulp* *stare*
Jersey: *blush* *fidget* HOY ANO BA!!! Wag nyo nga akong titigan ng ganyan!

Oh. Wow. Ang. Ganda. Ng. Costume. Nya. Have you watched Moulin Rouge? Yung costumes nila dun, ganun ang suot ni Jersey. Ang sexy tignan nung black and red corset sa kanya! At ang midriff.. OOOHHLALALALA SI MADONNA!!

Ay, nagkatitigan ang dalawa. Wow ha, eternal stare off ba ito?! Walang iwasan? Then dun ko narealize.. Damn, parang pinapanuod ko na yung mismong play ngayon. Hindi sina Jersey at Kevin ang nakikita ko.

Sina Efren at Madonna.

Natigil lang ang kanilang stare off nang sumigaw na si Ma'am A sa labas. "HOY!! INAANTOK NAKO!!! DALIAN NYO NAMAN!!"

Dali-daling lumabas si Kevin, kami naman ni Jersey naiwan saglit, inayos ko pa kasi yung tali ng corset nya.

Paglabas namin...

All eyes on her. Ang gondaaaaaa nyaaaa! Define nganga ang ibang cast and crew. Si Ma'am naman, napangiti naman. "Wow. You really resemble Madonna in that outfit, Jersey. Looks good on you."

I smiled at her. Yosh! Okay ito! Nang mapadpad naman ako sa mukha ni Kevin...

Galit sya?!

Si Kevin ang naunang bumalik sa backstage. Sumunod naman ako sa kanya.

"Are you okay?" He nodded. No, he doesn't look okay.

Narinig ko naman yung boses ni Jersey na palapit sa pwesto namin. "Sus wala yun! Thanks ha! Goodluck din satin!!"

Sya na lang ang pinansin ko. Sungit kasi ng isa dyan! "You look so gorgeous, bibi! Pramis ganda mo teh!"

"Nambola ka pa! Given na talaga yan :">>" she spotted Kevin. "Oy. Ba't ganyan mukha mo? Okay ka lang?"

"Naman. Magpalit ka na nga."

"Why? Mamaya nako magpapalit. Ang ganda kaya ng suot ko! Parang gusto kong kumanta ng Lady Marmalade dito e!"

"Magpalit ka na nga. Wag makulit."

Hala. Nagtaasan na sila ng boses. "Ano bang problema mo at ang init na naman ng ulo mo!"

"ANG KAPAL MO RING MAGSUOT NG GANYAN! ANG IKLI IKLI OH! YANG STRETCH MARKS AT CELLULITE MI KITANG-KITA! TAPOS YANG BILBIL MO HALATANG-HALATA! SAN BANDA DYAN ANG CUTE?!?"

Then he did a very shocking thing: he removed his t-shirt and put it on to Jersey. (Uhh did I mention na wala syang suot na sando underneath? So yeah. Imagine.) "Come on, hatid na kita."

"Kevin, calm down!" was all I could say. Si Jersey, ayun, nakayuko na lang that time. Humihikbi na sya.

"I've had enough."

Nagwalk-out sya. And Kevin ran after her.

Naman, parang Koreanovela ito ha?!

(Jersey's POV)

BULLSH*T. Pasensya na kung todo mura ako ngayon ha.Naiirita nako.No, hindi pala irita. NAGAGALIT AKO.I mean,who the fcuk is he to degrade me like that?!? Nakakahiya sa ibang cast members, nakakahiya kay Jill.

Tumakbo nako palabas ng auditorium nasuot pa rin ang costume ko. Leche talaga sya! Nagbigay pa ng TSHIRT!!!TENGENENG TSHIRT TO NAKAKABWISET!!

"Jersey! Wait lang!!" THE NERVE OF THAT GUY!!!! Mas binilisan ko pa ang pagtakbo. Damn! Yung bag ko naiwan ko sa loob! Bwiset!!!!

Pero nahabol pa rin nya ko."Sabing wait e."

"F*ck you. Leave me alone."

"I can't leave you alone wearing that outfit."

I faced him."Thank you for your concern,Mister."Dun ko lang napansin na nakatopless ang loko.Shet, I'm wearing his shirt pala:O

BAH! BAHALA SYA DYAN!! TUMAKBO ULIT AKO.

"Jersey wait la- AAAATTTCHOOOOOO!"

That made me to stop.Nagtatalo ang utak ko kung pupuntahan ko sya o hindi.

"O," sabi ko sa kanya.Inabot ko yung shirt nya.

Imbis kunin yung tshirt, BINUHAT NYA KO.

"IBABA MO KO!"

"AYAW."

"I SAID PUT ME DOWN!"

"AYAW."

Ugh.Bahala na nga!

Pumunta kami sa side kung san nya pinark yung kotse nya. Dun na rin sya nagbihis.

The car ride is so.. awkward. Parehas kaming tahimik.Nakakainis.

Pagdating sa bahay...

Kevin: Sorry about that.
Me: Just shut up, okay? Over na ang stress ko these past few days.(lumabas ako ng kotse)
Kev: (lumabas din) Nagsosorry na nga e!
Me:Tama na,please?
Kev:HOY JERSEY! KAUSAPIN MO NAMAN AKO OH! (Sinubukan nyang tumabi sakin pero sinigawan ko sya.)
Me: HANGGANG DYAN KA LANG! HUWAG KANG LALAPIT SAKIN!!!!
K: Ano na namang arte to ha?! (He stepped closer. I moved away from him.)
Me: Nakakapagod na kasi yung atensyon sakin ng tao.Hindi ako sanay,para akong nasa PBB na puro congratulations ang naririnig ko.HINDI AKO MAKAPAGCONCENTRATE,OKAY!Sinabing lumayo ka sakin e!!! Ano ba!!!

He just stood there, staring at me intently. Damn,I'm so mad at him!"Layo? Sure.No problem.If that's what you want.

Sumakay na sya sa kotse nya at nagpaharurot palayo sa bahay.

Palayo sa akin.

## Chapter 39

The moment I finished that dumb sentence, I had this urge to take it back. And say sorry.

Pero umalis sya. Ano na naman tong ginawa ko!? Ang bobo mo, Jersey!

Hindi ko na lang masyadong pinansin yung nangyari, believing that it was just a joke. Sya, lalayo sakin?! Asa! Para ngang tuko yun e! Wait a minute.. Bakit ang saya ko naman ata? Nilait-lait ako nung gunggong na yon! Cellulite? Stretchmarks? Dammit! I admit may bilbil ako (And for you, guys! Wag nyong tawaging bilbil yang asdfghjkl na yan sa harap ng mga babae. Call it lady handles. Okay ako lang yun.), but those things!? FRIG YA MEN, I'M FLAWLESS. Batukan ko kaya sya -,-

"Amae," sabi ko paglabas ko ng CR, Saturday morning. "May cellulite ba ko?" Tumalikod ako para matignan nya yung hita ko.

"Gagi, anong cellulite ka dyan? Wala. Paranoid ka na naman."

"Eh stretch marks?"

"Wala. Hoy, kelan ka pa naging body conscious? You're freaking me out," tapos nag-Shoo! Shoo! hand gesture sya. Aba, ginawa akong aso! Grr

Wala kaming practice ngayong weekend, pero di ako babalik sa Alabang. Tinatamad kasi ako, tsaka.. ewan. Tinatamad lang ako ;D

*beep beep*

Nice! Hindi rin nakatiis ang loko sakin! Bati na rin kami!

*opening message*

From: +639158527740

Hello musta na kau dyan pinas? Dto me saudi mis ko na kau. Pload niu ako ng 300 tawag ako dyan.

*delete*

Pakshet! Anong BS to ha?! Load your face! Pasabugin ko mukha mo nakakabwisit ka e!! Akala ko kung sino na yung nagtext. Walanjo.

Lumipas ang 3 hours. Nakareceive ako ng 7 messages, pero yung taong hinihintay kong magtext, wala. Darn. Hay bahala na nga! Ako na lang magtetext sa kanya!

To: Kevin

Heeeey! LB ka pa? Tara, practice tayo ng lines! Sa Friday na oh! :>

Eeekkk. Ako nga ba to? Well, why am I texting him in the first place? Parang kasalanan ko pa ha! Sino ba tong nilait at napahiya sa harap ng maraming tao? Sino ba ang inaway? DI BA AKO?

This is so ridiculous. Kevin being a drama king. Yuck, sa stage lang sya bagay umarte noh. Hindi sa totoong buhay. Ugh! (-_-") Kung magsosorry sya sakin, mas okay. Tsaka duh, hindi nya kayang di ako kausapin noh! Tignan nyo lang, magrereply din yan!

Lumipas ang tatlong oras. Nakareceive ako ng 7 messages, pero ni isa wala akong natanggap dun sa hinihintay ko. Is he busy? Saan naman? Hoy Je, OA ka na. Stalker? Ick.

Monday. (4 Days to go before Madonna)

Maarte sya ha! Hindi nagreply! Tss. Hay ewan, nananadya sya siguro. Baka naman nanakaw yung phone nya? Isa pa rin kasing shungangers yun e, di maingat sa gamit. Pang-timang lang.

We have technical rehearsals this Monday afternoon. Yosh! Alam ko na! Baka kaya sya di nagpaparamdam kasi nahihiya sya sa ginawa nya sakin, tapos he's planning a surprise for me! Knowing Kevin, madaming pakulo yun :">>

Our rehearsal starts at around 5pm so I decided to buy some snacks. Paalis na ko sa 711 nang may tumawag sa pangalan ko.

"Jersey."

I told you so! I told you so! Hindi talaga makakatiis saking yang mokong na yan! Dapat pa-hard to get ako ngayon, after what he did!

"Bakit?" I said, na kunwaring asar. Paglingon ko..

Tengene. Bakit.. ganun? I felt something wrong. Hindi ko maexplain or what. Basta may mali. Kay Kevin. Ano na-

Damn.

He's not smiling at me. Pati yung 'twinkle' sa mata nya wala. And he looks so serious. And strict.

*gulp*

"Can we talk for a while?"

Isa sa mga pinaka-ayokong marinig na sentence ay yan (pero wala pa ring makakatalo sa line na binitawan ni Paul, "Sorry, lalaki kasi ako e!"). Nervousness suddenly overwhelmed my system. NERVOUS NERVOUS NERVOUS!!

I tried to pretend that I'm fine with it. "Sure!" Palakad na ko papunta sa kanya nang...

"Dyan ka lang. Wag kang lalapit."

That made me stop.

Tengene. Ganun pala yung feeling nun, pag binato sayo yung sinabi mo sa isang tao. Ang sakit sakit pala.

"W-what?"

"10 meters."

"Anong 10 meters? Look, I have no time for this crap. It would be better if we just don't talk. At all."

Naglakad nako palayo. Naiinis ako promise! What's wrong with him?!

Napa-tss sya. Hah, sya pa tong naasar ha!

"10 meters. That would be my distance from you starting now." What? @sshole! "You see, during the weekend, I've been thinking about us. And.. eto na yung best solution ko for this. After all, this is what you want, right? For me to stay away from you. I'm just being nice and obedient. Exemption syempre ang play practice. We can't just ignore each other, right? Pero 4 days lang naman e, kaya okay lang. After four days, wala nang pansinan."

NABABALIW NA BA SYA?! This isn't funny anymore. Swear. Naiiyak na ko sa mga pinagsasabi nya.

I gathered all my remaining courage and shouted, "You know what? F*ck you and your 10 meter rule. I don't care."

UGH. Anong problema nya? Sya ba tong inapi? Bwiset!! May 10 meters pa syang nalalaman amp! Batukan ko kaya yun? (-.-)"

True to his word, sa rehearsal lang nya ako pinansin. Kung dati kinukulit at nagpapapansin sya, ngayon wala na. Minsan lang nya ko kausapin, nagtatanong ng blocking, lines, etc. No smiles. Parang acquaintance lang ang tingin nya sakin.

Ang sakit <////3

He looks so fine with it. Pag scenes na, sya si Efren. Eto na ba yung sinasabi nilang professionalism? Konti na lang talagaaaaa! Define awkward! Lalo na sa Scene 25 blocking. I can't even look at him. Amp.

After ng rehearsals ko lang narealize na wala palang maghahatid sakin pauwi. Wala si Jill ngayon, gumagawa sila ng props somewhere. Matawagan na nga lang si Paolo!

*ring! ring!*

Me: Pao, gising ka pa?
P: Ginising mo, actually.
M: Uhh. Pwede mo ba ko sunduin dito?
P: Ha? Si Kevin nasan?
AY SHOOT. HINDI KO PA PALA NASABI SA KANILA! M: Uhh. Nauna na sya, masama pakiramdam e! Nasa DL ako.
P: Okay okay. Peram muna ng motor, okay lang?
M: Sure. Nasa may TV yung keys. Pakidalian please? Gutom nako.

Saktong nagsilabasan na yung natitirang crew sa audi. Haaaay! Dapat pala kay Jerro na lang ako nagpasundo, forever mabagal kasi tong si Pao! Mga 10 minutes wala pa sya, kaya I decided to call him.

Nang mapalingon ako sa exit ng audi.

Palabas pala si Kevin.

5 seconds siguro kami nagkatitigan, then he broke it off. Dinaanan lang nya ako, as if pusa ako sa audi steps.

I heard a cracking sound. My heart just broke into pieces.

Nakarinig ako ng tunog ng papalapit na motor. At last!

"Je! Si Kevin yun diba?" tanong sakin ni Paolo.

Umangkas na lang ako without saying any word. I guess na medyo gets na nya yung situation. Humarurot na lang sya pauwi sa bahay.

"Nga pala, si Jill nasa bahay. Dun muna sya matutulog. Wala pa raw yung dormmates nya e," sabi nya pagdating namin sa bahay.

Pagpasok ko sa sala, bumungad sakin ang tingin ni Amae. Uh oh. Galit na naman sya! -,-

Amae: Hey. Alam mo bang ginising mo kami sa tawag mo kay Pao?
Sath: Je, don't mind her. Gising pa kami nung tumawag ka.
Amae: (siniringan si Sath) Wow, thanks ha. Ang ayos na ng acting ko e. (to me) So.. can you just explain that? Me: Explain what?
Jerro: Kanina pa pumuputok ang butse nyan. Ba't daw kay Paolo ka pa nagpapasundo e hinahatid ka naman ni Kevin. Me: *gulp* Uhh. He's not feeling well.
A: Really?
Me: Ugh. Please bukas na lang natin pag-usapan to? I'm beat.
S: Nag-away ba kayo?

Nagkatinginan kami ni Jill. Crap.

Me: It's nothing big.
A: Kahit na. Share.

Me: He stopped courting me. As if nanliligaw talaga sya.

All of them: speechless.

Amae: WHAT DID YOU DO?!
Me: Hey. Don't put the blame on me please. Sya yung nauna! Pinahiya nya ko nung costume fitting. That's why I went home wearing that showgirl outfit. Aaaaccck! Bukas na lang please?
S: Inaway mo sya?
Me: Nilait nya ko. I retorted back. Last week was hell, guys! HELL. Yun na siguro ang pinakanakakapagod na linggo sakin.

Para akong bagong kasal! Narindi ako sa congratulations WTF. I know na masaya kayo kasi may nanliligaw na sakin, but hello! Ang OA ha. Yung 'fan girls' nya, kung makatingin para akong kriminal. Pakshet.
Jerro: Hindi naman siguro sya basta susuko, Je. Look, nagpaalam pa samin yan, sa mga kuya mo. Heck, that guy is so serious!
S: Maybe you did something bad kaya umayaw sya.

Me: I did. I asked him to stay away from me. Hello, I don't really mean it! Nagbreakdown nako nun. Mixed emotions! Babawiin ko sana, kaso umalis sya. Then kanina, he said something like '10 meters would be my distance from you etc.' Crap.

A: Oh god. You're such a fool, Jersey. Ikaw na rin ang nagsabi, the best way to lose is to sacrifice. Ugh. HINDI BA PUMASOK SA UTAK MO YAN!?!

Jill: Wait wait.. Pwede bang sumingit? (to me) Je, may basis naman kasi kung bakit nagalit si Kevin nung Friday.

Me: (sarcastic tone) Wow, may basis pa? Reeaaally?

Jill: Listen to me, please? He's not really mad at you. Promise. Nasa audience ako nung nagpresent kayo diba? Kasi.. Galit na nun si Kevin. He was looking somewhere, tas sinundan ko yung tingin nya. Some guys are taking photos of you in that outfit. Worm's eye view pa. Kaya bago ka nya habulin, kinausap nya si Ma'am A para pahabol yung mga nagpicture.

Too much information. Too much information! Ano ba yaaaan! So.. Ugh. Naguilty naman ako dun! He's just protecting me?

We all fell silent. Nanghina tuloy ako.

"Pano ba yan Jersey," Amae said. "You just lost a good one. I mean, the best one."

I guess she's right.

Tuesday.

Gloomy ako buong araw. Seryoso pala talaga sya dun sa 10 meters na distance nya sakin. Sa first class namin today, nasa pinakalikod sya umupo. Sa lectures, it's either sa kabilang side sya ng room or pinakalikod nakaupo.

I feel like a freak. A stupid freak.

Wednesday. Lunch.

From: Amae

Hi Jersey! Lika, lezz go and have lunch dito sa KFC! Libre ko bibi :>

***

Sa wakaaaas! May nanlibre sakin ngayon Ugh. Stressed out na talaga ako these days. 2 days na lang, play na! Buti na lang isang araw lang ang play namin, kaso all-out naman ang production. Last night was our costume & tech practice. And as usual, awkward.

Nasa KFC na sina Amae at Sath pagdating ko.

"Hi Je!" Amae greeted me cheerfully. Aba aba, nakaready na rin pala ang food ko! *gulp* Gutom na talaga ako!

Sath: So, musta klase?
Me: Inaantok nga ako e! Sarap matulog sa lecture ples. Uuwi na sana ako kasoo.. Gutom e!

Amae: Wala ka bang.. you know.. namimiss? *smirks*
Me: Wala naman. Bakit? (UGH. KAKAIN NA LANG AKO KESA SAGUTIN YAN.)
S: Ooohh. Di nga? Totoo naman ba yung 10 meters eber nya?
Me: Yes. Now please, let me eat.

(Kumain kami ng tahimik for 4 minutes until...)

Amae: Manhid talaga tong si Jersey pag galit. Hindi effective ang 'Absence makes the heart grow fonder.'

Sath: Sino yan? *silip silip* Oh damn! Nasa Prettiest Faces yan ah! Top 17 ata? Me: Excuse me, Top 3 ako sa Prettiest Faces of UPLB. Hah.
A&S: *sabay tingin sakin* Oohh. So b*tchy!
Me: Just saying! *rolls eyes*
S: I forgot her name e.. Si ano..
Me: Jamie Lizarda. BS Chemical Engineering, Batch '10. Second sem lang sya pumasok. And Math 17 classmates sila ni Kevin. A: Ooohh. Reaaaally?
Me: Yup. Actually tutor nya si Kevin nung midterms. Looks like they like to eat shawarma together now. How sweet. (SYEMPRE SARCASTIC MEHN.) A&S: *tawang wagas*
Me: AT ANONG NAKAKATAWA HA?!?
S: Bagay talaga kayo ni Kevin!
Me: WHAT?!
A: That facial expression. Darn it! Dito rin sa KFC yun! Tanda mo yung midterms, di ba kasama mo si JM? He told us that he's jealous. Me: Alam ko na yan. So, anong nakakatawa?
A&S: NAGSESELOS KA RIN KASI!
Me: ASA KA TEH. ASA! HINDI AKO NAGSESELOS.

SELOS NA SELOS NA SELOS NA SELOS LANG PO, FROM THE BOTTOM OF MY HEART.

Sh*t. Ako ba talaga yung nagsabi nun!? Nonononono. Di ko na pinansin yung mala-bruhildang tawa nilang dalawa. Spare me please.

WEDNESDAY REHEARSALS

Bago ang mismong play rehearsals, Ma'am A asked us to perform the songs we need to sing. May pagka-musical kasi to, 80's music ang theme (and mostly Madonna songs). Ako na yung inuna, kasi ba naman 5 songs ang kakantahin ko. Deym ;/

"Next! Mr. Santos, onstage!"

Tinabihan ako ni Jill sa audience, front row. Kasama rin namin yung ibang cast members.

"Je, kakanta na loves mo!" pang-asar sakin ni Jill.

"Eeeeekkk. Meron na syang Shawarma Girl."

Nganga sya sa sinabi ko. "What? San mo naman napulot yan?"

I was about to make chika nang.. kumanta na sya.

*Sorry, is all that you can say
Years gone by and still
Words don't come easily
Like sorry, like sorry.*

*Forgive me, is all that you can say
Years gone by and still
Words don't come easily
Like forgive me, forgive me*

*But you can say baby
Baby can I hold you tonight?
Maybe if I told you the right words, the right time
You'll be mine.*

*I love you, is all that you can say
Years gone by and still
Words don't come easily
Like I love you, I love you.*

*But you can say baby
Baby can I hold you tonight?
Maybe if I told you the right words, the right time
You'll be mine.*

IS IT JUST ME O TALAGANG SAKIN SYA NAKATINGIN HABANG KUMAKANTA SYA? Ako naman si Timang, nakatitig sa kanya. -,- Amfufu.

"Damn Jersey! He's looking at you!" kinikilig na bulong sakin ni Jill. And dapaaaak.. nakatingin pala sakin lahat ng katabi namin, nakangiti pa. Si Ma'am A din, nakatingin! NAKAKAHIYA.

Kevin and I proceeded to the rehearsal proper na kunwaring walang nangyari. Casual pa rin kami sa isa't-isa. Ako naman, di ko mapigilang mainis. Aba, wala pang isang linggo, may pinalit agad sakin! KAINIS. Akala ko pa naman matibay to

Then came Scene 25.

Ma'am A: Okay! For this scene, remember: One minute and 30 seconds lang to. Si Kevin lang ang magsasalita, and Jersey's answer would be the kiss. Ayos ba? Blocking! Lights! Go!

Nakaupo kami ni Kevin sa isang bench, magkaharap. Since 'sikat' ang drama ko, nakadisguise pa ako. Ang line lang na sasabihin nya ay "Sasama ka ba sa'kin?" then the kiss. Eeekkk!

Tense na tense talaga ako! Ugh. Damn that Shawarma Girl! "Relax," I heard him say. Narelax naman ako

Here it goes.

Kevin: Sasama ka ba sa'kin?

(dapat 10 seconds akong nakatitig sa kanya, then the kiss. Nagbibilang ako nang.. nang..)

"HAAAAAAAAAAAAAAAAAATTTCHHOOOOOOOOOOOOOOO!"

ALL OF US: (O.O) (>.<) (O¤O)

Kevin: (-_-)

"S-sorry.. Kevin.." Buti na lang may panyo sa bulsa ko! Dahan-dahan kong pinunasan yung mukha nya. NAKAKAHIYA TALAGA MAMAMATAY NAKO SA HIYA PLES

Nakayuko lang sya dun, NR. Hala, nagalit pa ata sakin to. Tuluyan na syang sasama kay Shawarma Girl! </3 nang unexpectedly..

Tumawa sya.
Hindi lang basta tawa, humagalpak sya sa tawa.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!"

Natawa na rin silang lahat. Makikitawa na rin ba ako? T__T

Araw-araw na lang ba ako dapat mapahiya? ;(((((

Ma'am A announced a 20-minute water break kaya ako na nauna sa backstage. This is so embarrassing! Of all things, bakit pa ko bumahing sa mukha nya? Crap?

Nagtago ako sa CR, tutal wala naman gumagamit nito. I checked my phone.

1 message received.

From: Amae

HOY. WHAT DID JUST HAPPEN?! KADIRI KA TEH! Poor Kevin. Ginawa mo syang tissue! Wala ka na talaga! Hello, Shawarma Girl 4evah na!

"Jill!" I hissed under my breath. Grabe na ito ha! Ang bilis ng balita!

"Nakngtucha o. What's with this Shawarma Gi-"

At may nagbukas ng pinto!

"AY SHAWARMA!!" I screamed! Muntik na mahulog Black Berry ko arg! "LECHE!! MARUNONG KA BANG KUMA..TOK?"

Damn shawarma. Si Kevin pala yung nagbukas.

His lips formed a thin smile. "Eh ikaw, marunong ka bang maglock ng pinto?"

I blushed. Eeerrrk. "Hehehehehe. Sige, alis nako." Nagmamadali akong lumabas sa CR.

"Wait. You left your purse."

Bumalik ako at hinablot ko sa kanya ala snatcher yung purse ko. Then I remembered something.

"Kevin," saktong kakasara lang nya ng pintuan.

"Ano?" he shouted.

"Uhhh. Yung sa bet nga pala.. Wala ka pang sinasabing gagawin ko. Next week na kasi yung Pre-Finals."

*kruu kruu*

Looks like he ignored me. Paalis nako nang binuksan nya yung pintuan.

"Beef caldereta."

I turned around. "What?"

"Beef Caldereta. Ipagluto mo ko ng beef caldereta this Friday." Sinarado na nya yung pinto.

Luto? Yun lang? Yosh! I'll do it! Tignan lang nya. Pag natikman nya ang caldereta ko, he'll forget about that Shawarma Girl. Ugh.

Thursday

Excused kami sa lahat ng klase namin today kasi afternoon ang General Practice namin. 2pm to 8pm ang rehearsals kaya laspagan na! I think a good thing happened: medyo.. bumabait na sakin si Kevin. Though rehearsals lang kami nagkakausap (at casual pa!), kahit pano ngumingiti na sya. Ayos to!

After ng practice, dumiretso ako sa LB Square para kumain ng DB Tapa. Eto ang confort food ko ngayo, plus 2 extra rice. Wow ha, parang di showgirl outfit ang susuotin ko!

Nasa kalagitnaan ako ng masayang pagkain nang...

"Yo Jersey!"

"JM! Musta?"

JM sat beside me. "Okay lang naman. Kumain lang ako sa Tea Par Tea. Ikaw? Bakit loner ka ngayon?"

"GenPrac just ended. Haay ka-stress!"

"Want some company?" he asked.

"Sure!" Kasi yun naman talaga ang kailangan ko.

Lumipat kaming dalawa sa Loata, isang restobar sa may LB Square din. Umorder sya ng apat na Tanduay Ice. He asked me about the play ans stuff until...

JM: Hindi ko na nakikita si Kevin ah!
M: Ha? Uhh. He's.. Ewan. Nevermind.
JM: Nag-away ba kayo?
M: Yup.
(Syempre I told him the whole story!)

JM: That was..
M: Insane?
JM: More of ridiculous. *laughs* Alam nyo, talo nyo pa ang ibang couple dyan ha. Hindi pa kayo pero sobra ang awayan nyo! M: You're right. Ever since magkakilala kami, puro away na lang ang nangyayari samin. Know what? UPCAT kami nagkakilala, and he blamed me for not passing UP Manila. ComSci kasi gusto nun. The heck, we became blockmates, partners, debate partners, pageant partners.. Aaaack that partner fiasco! And we reaaaally hate each other back then. Like hell.

It's his birthday tomorrow. Alam mo last year, magkagalit din kami bago sya magbirthday. You see, I liked him before. Yung crush crush ba. Pero he likes someone else, his bestfriend. Torpe kasi yan! Kaya ayun, di kami nagpansinan dahil dun. Pero nagbati kami nung birthday nya, may surprise pako. JS Prom, just the two of us. O diba? Todo effort yun! Just to say sorry. Then now, magkagalit na naman kami. Umay na ko, swear.

(nakatitig lang sakin si JM) O, bakit?

JM: *smiles* Wala wala. You really like him that much?
M: Hey, are you listening? I LIKED him. Past tense!
JM: Talaga? Eh bakit.. parang ang saya mo nung nagkukwento ka kanina?
M: Blame it on the alcohol. Ano ka ba, I seriously don't like him.
JM: Bakit?

Oo nga, bakit nga ba? I kept on saying that I don't like him anymore. Pero hindi ko alam kung bakit.

M: I.. I don't know.
Nang tapos na ang lahat, pinarecite saming girls yung nilista namin. Karamihan samin nilagay matangkad, maganda yung mata, nice set of teeth, makalaglag panty ang smile.. at syempre, POGI!

"Ms. Santiago?"

"Uhh. Sakin po kasi.. Madaling mapikon. Malakas ang sense of humor. At.....

Naka-black rimmed eyeglasses."

Nagtawanan ang ibang kaklase ko, pati si Ma'am. "Wow, talagang specific ha?!"

"Of course! Madali po akong maattract sa mga nakablack rimmed eyeglasses. Para sakin, naeenhance nun yung expressiveness ng mata e " Napangiti naman si Kevin sa sinabi ko. OKAY FINE SIYA NA NGA YUNG DINESCRIBE KO!!!

Boys naman ang sunod. In fairness, hindi nawala sa listahan nila ang sexy, maganda, matalino, tantalizing smile at outgoing. Si Kevin kaya?

"Hmmm. Ano nga ba..." kunwari pa syang nag-iisip! May sinulat namamn sya e!!!

"Aha! Gusto ko sa babae?

Una, magaling maggitara.

Pangalawa, hindi alam ang salitang self-consciousness.

Pangatlo?
Hmmm..

Mabilis magsalita pag galit, naasar at nagseselos "

TENGENE NEMEN AKALA KO MAAYOS NA SAGOT YUNG SASABIHIN NYA BAKIT HALOS LAHAT NG NEGATIVE KO ANG SINABI!!!!!!!!

Benta naman sa mga kaklase ko at kay Ma'am Charm yung sinabi nya. "So.. have you met that girl already?"

Ma'am naman! Nakakahiya dito! Kunwari na lang na nagbabasa ako ng notes para di nila mahalata na nagbublush nako.

"Hmmm. Yes, I've met that girl already." Sabay tingin at ngiti sakin.

OH MY GOD I THINK I'M GONNA DIE!!!!!!!

To make this short, hindi pa rin sila tumigil sa pang-aasar samin hanggang matapos ang Psy1 class. Tuwang-tuwa naman si Kevin sa nangyayari.

"Oh ano, bakit hindi ka makatingin ng maayos sakin!?"

"KASI NAKAKASUYA TIGNAN YANG MUKHA MO!!!!"

"Di nga?!" kinabig nya yung mukha ko para tignan ko sya. "Kinikilig ka lang."

"EEEEEWWWWWWWW NAMAN PLEASE. HINDI AKO KINIKILIG NAIIRITA AKO SAYO!! BAKIT BA SA DINAMI-DAMING PWEDENG SABIHIN, PURO NEGATIVE TRAITS KO PA ANG SINABI MO HA!? NAKAKAHIYA!!!"

"Hindi ka ba nakikinig kay Ma'am kanina? Love is loving an imperfect person perfectly. Tignan mo, t@nga ka talaga. Tsaka ayoko ngang ulitin yung pinagsasabi nila!"

Ngeeee. Kileeeeg ako *insert a very veeeeeery sarcastic tone here*

UGH.

FAST FORWARD. OCTOBER 4. TUESDAY.

MATH 17 CLASS. MR. LAWAS.

(Kevin's POV)

Leche, today is the day. I'm so nervous! Sakto pa sa lecture ni Sir Lawas unang ilalabas ang Pre-Final results. Kanina pa ako kinakabahan dito! Hindi pala kami sabay pumasok ni Jersey, sa bahay kasi sya naglunch tapos ako naman may ginawang synthesis paper. Crap.

*beep beep*

From: Jersey

Ooohhh. Bling item: Sino tong BACA Student na halos mamutla na sa loob ng Math Bldg. Lecture Hall dahil sa kaba dulot ng Pre-Final Results? Advice ko lang sa kanya: FACE IT. HINDI SYA ANG TOPNOTCHER!! :DDD

DAMN THIS WOMAN!!!! Hinanap ko sya sa upuan nya, and there she is, smirking at me.

To: Jersey

HINDI AKO PAPATALO SAYO!!!!

Kainis.

Dumating na si Sir Lawas at pumunta sa computer para i-load yung powerpoint for today's lecture.

"Good Afternoon, class. Bago tayo magproceed sa lecture, I would like to announce the following students na nagtop sa ating Pre-Final Exam. Pinagsama na namin ang apat na lecture class dito. To see your lecture standing and score, may list na sa may bulletin board sa entrance."

Wait for it..

Wait for it..

TENTENENENENENEN!

P*CHA.

IS THIS THE REAL LIFE? OR IS IT JUST FANTASY?!

"And our Pre-Finals topnotcher ay galing dito sa ating lecture class.

Ms. Jersey Santiago who got 150 points!"

TENGENE. NA..PERFECT NGA NYA?!

Hinanap ko naman yung pangalan ko

3RD.

Dammit. I lost.

Lugmok ako buong lecture nila, samantalang tuwang-tuwa naman si Jersey. Ang sakit sakit sakit.

"Oy. Hindi ka ba masaya para sakin!?" pasweet nyang sabi habang naglalakad kami papunta sa next class namin.

"Che. Don't talk to me."

"Aysus!" pinalo pa nya yung balikat ko. "Ang bitter mo naman masyado! 5 points lang ang lamang ko sayo! Wag mo kasi ako masyadong isipin :"">>> "

"CHE!! HINDI KITA INIISIP HABANG NAG-EEXAM AKO! MALAS KA!!!"

"Hmm.. Talaga? Nako, sayang naman. Kung ikaw yung topnotcher, e di sana..

Girlfriend mo na ako ngayon, Love "

AT DAHIL DYAN KAYA AKO NAIINIS. 5 POINTS NA LANG!! KAMI NA SANA KASO NAKNANGTETENG OH!!!

"CHE! TUMAHIMIK KA NGA!!"

"It would be better if you don't use CHE! always."

"Ugh! Ano ba yung papagawa mo sakin!? Shoot it! Para maready ko na!!"

She stopped walking. "Oh. Why so eager to know?"

"SABIHIN MO NA LANG PARA TAPOS NA!!!"

"Hmmm.. Ano nga ba...

Aha! Alam ko na!"

"ANO NGAAAAA!!"

"This weekend."

"Ano?!

"DATE ME."

ANO RAW?! "HAAAA?"

Jersey flashed her Devil Woman smile. "Date me this weekend. Ako pipili kung saan tayo pupunta. Bawal ka tumanggi."

"HINDI AKO PAPAYAG!!"

"Sige ka. Wag kang pumayag...

Kung hindi...

Basted ka na."

IS SHE REALLY REALLY SERIOUS ABOUT THIS?!

DAMN. I HATE LOSING TO THIS GIRL.

## *Chapter 42*

Saturday.

(Kevin's POV)

Eto na ata ang pinaka hindi ko makakalimutang araw sa buong buhay ko. Halos mamatay ako e! Bakit?

*FLASHBACK*

7:30 am

From: Jersey

Hey. Gising na dyan aba! May date tayo today! See you :))

UGH. Anak ng. Sabado ngayon! SABADO!!! Anong oras pa lang? 7:30!! Ang aga-aga ginigising ako! '__'

Tsss. Bahala sya dyan. Date her face! Kala nya kung sino syang bossing ha. Pwe!

Bumaba na ko papunta sa kitchen para mag-almusal. Yep, mag-isa lang ako ngayon sa bahay kasi birthday ng anak ni Yaya Lisa, kaya pinauwi ko muna sa Cavite. Bah, magtatago ako dito! Kala nya ha!

*beep beep*

From: Jersey

Hey. Gising ka na ba? No one's answering your landline e. Whatev. Sunduin mo ko dito ng mga 10:30, okay? :)))

"TSSS. BAHALA KA SA BUHAY MO!" aning na talaga ako. Pati cellphone kinakausap ko na!? Hay, makakain na nga!

Kahit gusto kong magFB, hindi ko magawa. Baka kasi online yun, at maghang pa MBP ko! Kainis. Naligo na lang ako tas natulog ulit. Bahala sya dyan!!

Ang saraaaap na ng tulog ko until... teka bakit.. nasa panaginip ko sya!?

"Keviiiiiin.. Keviiiiiin... Keviiiiin!"

HANGGANG SA PANAGINIP BA NAMAN SUSUNDAN NYA KO!?

"John Keviiiin. John Keviiiin. John Keviiiin!"

Hindi, I told myself. Kahit ba gusto ko tong bwiset na to, hindi ako papayag na sirain nya ang tulog ko!!!! Medyo nasa dream state nako (half-asleep, half-awake) kaya nagmeditate ako nang...

May bumulong sa tenga ko.

"Honey, gising na."

I almost fell off my bed.

THAT SOUNDED SO REAL!!! As in kinilabutan talaga ako dun!!! Lord bakit parang may sa maligno na ang mga panaginip ko?!

Pagtayo ko sa kama..

*wink wink* *kuskos ng mata* *wink wink*

"RISE AND SHINE HONEY! IT'S OUR DATE TODAAAAAAY! :))))"

(O.O) (>.<) (o.O)

"HAAAAAAAAAAAAAA!!! BAKIT KA NANDITO!!!!!!!!!"

Umupo pa si Jersey sa kama ko at tiniklop yung kumot. "Wow, nice room ha. Ang lambot pa ng kama mo! No wonder ang HIRAP MONG GISINGIN!!!"

15 Leng de Chavez
"BAKIT KA BA NANDITO!!! PANO KA NAKAPASOK HA!? INAKYAT MO YUNG BAKOD NAMIN NOH!!!!"

"T@nga ka. Ikaw lang mag-isa dito noh?! Bukas yung gate at front door nyo, kaya pumasok nako. Ganda pala dito sa La Marea e! Makalipat nga XD"

NAKO MALAKAS NA TALAGA ANG SAPAK NITO!! "CHE! Tumahimik ka nga!!!!"

"I told you not to use Che that often. Ang sakin sa tenga! Hindi nakakatuwa."

"Why. Are. You. Here?"

She gave me a very very piercing look. "Anong araw ngayon?"

"Uhhh. Sunday?"

Binato nya ko ng unan. "Ayusin mo ang sagot mo!!!"

"OKAY OKAY SABADO NGAYON!!!"

"At anong oras na?"

Sinilip ko yung bedside clock ko. "11:30."

"Nabasa mo ba text ko? Anong oras mo dapat ako susunduin?"

Damn! Umiwas ako ng tingin sa kanya. "T-text?! Wala.. wala akong narereceive na text galing sayo!"

*paaaaaak!*

"AYUSIN MO NGA!! I sent 2 texts earlier!! Wag mo kasing i-silent yung phone mo!"

"Eh sa ayaw ko ng istorbo e!!"

That did it.

15 hours ago
"Oh. So I am really a nuisance? Okay fine." Umikot sya sa loob ng kwarto ko. Ano na namang plano nito!?

"TINATAGO MO DITO SI SHAWARMA GIRL NOH!?"

"CHE!! ANONG SHAWARMA GIRL NA NAMAN?! Wala akong babae na tinatago dito!!"

"Eh lalake?"

Binato ko sya ng unan, tumama sa braso nya. "Isa pa babatuhin na kita ng lampshade."

"Do that or I'll kill you."

Nagtitigan kami ng matagal, with matching super glares.

Sumandal sya sa pintuan ng CR, nakasimangot. "So.. ayaw mo talagang umalis ngayon?"

Eeeeekk! Kinokonsensya nya na naman ako!!! "Oo. Stressed out at depressed pa rin ako sa mga nangyari, Jersey. Di ka ba marunong makiramdam?"

"Ang arte mo! Nakakainis ka! I hate you!" hala, umiyak!?

Sinubukan ko syang lapitan. "Oy teka lang Jer-"

Tumakbo sya palabas ng kwarto ko. Syempre hinabol ko sya. Nandun sya sa may stairs, nakaupo.

"Ano bang problema mo ha!? Ako naman yung panalo sa bet natin ah!! Nung midterms nga, isang araw lang akong naglupasay! Ikaw, almost one week! Drama king."

"IBA NAMAN KASI YUNG AT STAKE NUNG PRE-FI EHHH!!"

"Even so! You. Need. To. Comply. To. Our. Bet."

*kush kush kush*

Bwiset. Dinadaan ako sa iyak namputek! "Okay okay!! Wag ka na umiyak!! Tama na!! Sige na, magdedate na tayo ngayon!!!"

Her face gleamed with happiness in an instant. "Really?! Walang bawian ha!"

"GRABE! HINDI KA NAMAN PALA TALAGA UMIIYAK!!!!!"

"Duh. Madge to, Kuya. Ano ka ba! Cmon, let's go!"

"W-wait lang. Magpapalit lang ako."

"Okay na yang damit mo!!" OKAY NA TO?! Plain blue tshirt, jeans at Havs?!

"Sigurado ka? Wait, I'll get my things." Kumaripas ako papunta sa kwarto. P*cha, kinakabahan ako ha!! Dinampot ko na lang yung phone, wallet at eyeglasses.

"Ready?!" nasa may pintuan na pala sya.

"Yup!"

Nilock ko muna lahat ng entrance doors sa bahay. Nang nasa may sala na kami...

"T-teka. San mo ba ko dadalhin!?"

"Take your pick: heaven or hell?"

Anong klaseng tanong yan?! Kainis. "Hell."

"Bakit!? AYAW MO SA HEAVEN!?"

"Coz I fell in love with a Devil Woman?"

Jersey smirked at me. Uh oh. This is not good. "Okay. Hell it is."

"So.. what does exactly 'hell' mean?"

"You wanna know?"

Lord bakit masama ang pakiramdam ko dito? ',,'

Then..

I felt two pairs of strong hands grab me from behind. "Sh*t Jersey! Ano na nam-"

Then everything went black.

Araaay. Ang sakit ng ulo ko! Ano ba yung nangyari kanina? Natatandaan ko lang, sabi ko kay Debs hell ang pipiliin ko. Eto na nga ba yun?!

Damn. Ano yun? Bakit ang init? Tapos.. nakakasilaw? I slowly opemed my eyes.

*wink wink wink*

"Hoy! At last gising ka na rin!"

*looks around*

"Yooohoooo! Kevin!"

*tingin kay Jersey*

"BAKIT MO KO DINALA DITO!!!!!!"

Nginitian ako ng bwisit. "Why? Di ba sabi ko ako ang bahala kung san tayo pupunta!? Gusto ko dito e :)))))"

"OF ALL PLACES!!!"

"Ssshhh! Don't shout at me!!!"

Tumayo ako sa harapan nya. "Jersey, look. I really really love you. And seryoso ako sa'yo. But please, don't let me do this."

"You're being stupid again. It's a date, right!? And eto ang gusto ko. GUSTO. I WON THE BET."

"OO NGA!!!! PAYAG NA NAMAN AKO SA DATE AH!! Pero ba't dito mo pa ko dinala!?"

"Why? I love this place!"

"AYOKO DITO!!

BAKIT PA KASI DITO MO GUSTONG MAKIPAGDATE!? SA LAHAT NG LUGAR BAKIT

ENCHANTED KINGDOM PA!"

Tinaasan nya ako ng kilay. "Bakit ba puro reklamo ka dyan ha!? Haaaa!! Gusto mo sapakin kita!? HAAAAAAA!?"

"TENGENE NAMAN PLEASE WAG DITO PLEASE!"

"JUST SHUT UP, WILL YOU!!" tumayo na sya, parang susuntukin na ko. "BAKIT BA AYAW MO DITO SA EK HA!? ANG KORNI MO!!!"

"KASI....

TAKOT AKO SA RIDES!!!"

Jersey: (O.o) (o.O) ('@')
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH!!!!!

Pinagtitinginan tuloy kami ng mga tao dito!! Bakit ba kasi dito pa kami sa entrance pumwesto?! Parang timang.

"Hoy. Wag ka na ngang tumawa dyan. Napapahiya ako dito e," saway ko sa kanya, pero di ako makatingin sa kanya. Nakakahiya talaga! -..-

"Eh.. eh kasi... HAAHAHAHAHAHAHAH!! OH MY GOD. Takot ka.. sa rides?!" hingal na hingal na pang-aasar nya sakin. Talagang bwiset to ah!!

"Tsss. Oo na, takot talaga ako. Masama?!"

"Bakit ka takot?"

"EH KASI NAIWAN AKO DITO DATI!! SA SPACE SHUTTLE!!!"

"Reaaaaally?!" I nodded. "Hmmm. Ah basta, sasakay tayo sa mga rides dito! Walang aayaw, okay?"

"AYOKO!"

"Haha. Alam kong sasabihin mo yan kaya nagready ko." Bago pa ko makapalag, nilabas nya yung handcuffs at pinosasan ako.

"BALIW KA NA TALAGA NOH!!!!!!"

"Eh kasi nga ayaw mo. Haha. Dali!!" tumayo sya, so nahigit yung kamay ko. "Sasakay na tayo sa Rio Grande! Daliiiiii!!!"

"AYOKO MABASA!!!!"

Tss. Nagbingi-bingihan na naman sya. Kinaladkad pa talaga ako -,-

RIO GRANDE

ANG HABA NG PILA. ANG HABA NG PILA. AT PINAGTITINGINAN NA KAMI DITO DAHIL NAKAPOSAS KAMI.

J: Hey. Are you excited?
*gumalaw ang pila*
A: Mukha ba kong excited ha?!
J: Keviiiiiiin. *beautiful eyes* Smile naman dyan oh! It's our date today! XD A: *insert fake smile here* Masaya ako.
J: Wow. How sarcastic.
*gumalaw ang pila*
A: Pasalamat ka nakaposas ako.
J:Hahahahaha. Tatanggalin ko lang to pag pauwi na tayo.
A: Nasan yung susi?!
J: Nasa loob ng bra ko. Subukan mong kunin, papatayin kita *death glare*

LECHE BAKIT BA KASI SA BRA NYA NILAGAY YUNG SUSI!!! AAAAAAAAAHHHHH!!!

10 minutes later, narating na namin yung pinakadulo ng pila.

J: (kinausap yung crew) Ate, pwede po bang kaming dalawa lang dun sa isang.. what do you call that?! Ate Crew: Sige po, Ma'am. ;)))
A: HOY BAKIT DALAWA LANG TAYO. ANONG GAGAWIN MO SAKIN!
J: Chill, Kevin. Hindi kita ihuhulog along the way Sayang naman yung binayad ko dito noh! Ate Crew: Miss, sakay na po kayo.

(Ayan, sumakay na rin ako. Kaharap ko si Jersey.)
A: Sh*t! Wala akong dalang extra shirt!
J: May mabibilhan dito, okay? Tsaka pwede tayong magpatuyo sa Flying Fiesta

Umandar na yung sinasakyan namin..

Kuya Photographer: Picture muna!
J: Kevin, ngumiti ka naman!!!
A: *insert pilit smile* Happy?!
J: AYAAAAN NAAAAAAA!!!

SHET AYOKO TALAGA NG RIDE NA TO!!! PAIKOT IKOT TAPOS MABABASA PA!!! NAKAKAINIS!!!

J: *pasigaw* Kevin! May waterfalls dyan mamaya! Sana tumama sayo!!
A: LILIPAT AKO NG UPUAN!!!
J: WAG!! MAA-OUT OF BALANCE TAYO!!!
A: Tekaaaaaa!! *natamaan ako ng tubig* CRAP I HATE THIS RIDE!!

J: AYAN NA YUNG WATERFALLS!!! *bumangga yung 'gulong' sa side barrier* OH SH*T MALAS!! BAKIT SAKIN MATATAPAT YUNG FALLS!!! No!!!! A: HAHAHAHAHA BUTI NGA SAYO!!!!! Hahahahahahah!!!

In the end, sya tong minalas. Basang sisiw na si Jersey nang makabalik kami dun sa may pila.

J: Madaya ka! Pants lang nabasa sayo, hindi pa halata!!!!
A: HAHAHAHAHAHAHAHAHAH!!! Buti nga sayo!! Hahaha!!
J: Uyyy! Naenjoy nya!!
A: Tange, di ako nag-enjoy. Ang epic lang ng reaction mo
J: *smiles* Whatever! Tara, next na tayo! *sabay turo sa Flying Fiesta* A: Ay Jersey, ayoko dyan. Nakakahilo.
J: GUSTO MONG MATUYO DIBA?! E DI SASAKAY TAYO DYAN!!! *hinila nya yung braso ko na nakaposas* A: Aray!! Sasama na!!!

FLYING FIESTA

Medyo mahaba ang pila sa Flying Fiesta kaya nag-asaran na naman kaming dalawa. Haay bwiset talaga! Kung hindi lang sya masyadong persistent kanina ko pa kinuha yung susi e!! (A/N: Aysows! Susi ba talaga Kev? :D)

Nang nakapasok na kami...

J: Ayan! Pasalamat ka nakahandcuffs tayo ngayon. Dun tayo sa double sasakay :)))
A: Wow ha, nag-alala ka pa ngayon. Ang cute.
J: *kinurot ako sa pisngi* Tange. Ang awkward kaya kung kukunin ko ngayon yung susi!
*gulp*

Lahat na atang murang alam ko e sinambit ko na sa sarili ko nang umangat yung inuupuan ko. Mas lalo pa nung nagsimula na umikot. GRABE INTENSE!!!!

J: *shouting* KEEEEVIIIIN! Open your eyes!!
A: AYOKO!!! AYOKO!!!!
J: Dali na Keviiiiin! Ang ganda ng vieeeewwww!! :DDDDD

Tss. Wala naman sigurong mawawala diba? Dahan-dahan kong binuksan ang mga mata ko...

Shemay. Ang gandaaaaa ngaaa!

A: WOOOOOOHHOOOOO! WALASTEK ANG GANDA NGAAAAAAAA!! Wooohhoooo!
J: Psssst! Pogi! *syempre lingon agad ako* Smile!!!

Wow! Nagawa pa nyang magpicture! Nakakahilo kaya -,-

Nakadalawang ulit kami sa Flying Fiesta nang humirit sya ng...

J: Uyyy. Gutom ka na ba?
A: Nakaramdam ka rin!!!
J: Lika, kain tayo! :)))

(pagpunta namin sa foodcourt..)

A: Okay fine. Anong gusto mo? My treat.
J: Yes naman! Lumelebel ka na ah!! (tignan nya yung mga foodstalls) Uhhh there! Pizza Hut!

Abusado talaga to! Stuffed Crust pa ang gusto! 40 minutes pa bago dumating yung order kaya bumili na rin ako ng sushi, siomai, french fries, hotdog sandwich at potato balls.

Sa dami kong binili, halos 25% lang ang nakain ko.

A: (o.o) (O.O) Ganyan ka ba talaga kagutom!?
J: Hindi ako kumain dinner and breakfast ;)))
A: TAPOS GRABE ANG ENERGY MO NGAYON!!
J: Naman. Kasi.. this would be our first date. Bakit naman ako hindi maeexcite, di ba? :)))

Oo nga, this is our first date. At hindi pa ako nag-eenjoy. Parang ang sama ko naman ata. .___.

A: Sorry.
J: Bakit naman?
A: Dun sa mga pinagsasabi ko kanina. Pero ka-

J: Shattap. Hindi lang tayo basta nagdedate ngayon, we're here to over to overcome that stupid fear of yours.

Medyo pumitlag yung puso ko sa "We're". That sounds.. nice :">>

Infairness, onti na lang yung kinain nyang pizza! Hah, nakaramdam si Ate

A: Oh. San tayo sunod?
J: Rialto?

Boring ang Rialto. Anong palabas? DORA THE EXPLORER. DORA THE EXPLORER. Ola Dora! Ola Boots tengene! Si Jersey naman, tuwang-tuwa! Sunod naman yung Rollercoaster, hot air balloon, paintball, two rounds ng bump car (tinanggal nya yung handcuffs! Kaso binalik agad. Badtrip.) at laser tag. Medyo nahihilo nako pero bahala na! Masaya naman e!

Humirit pa sya ng Rio Grande, this time may kasama na kami. At naulit.. at naulit.. Hanggang sa maka 6 na ulit kami!! At sya palagi yung basang-basa! Karma

J: It's so unfair! Bakit ako palaging basa?!
A: *laughs* T@nga ka kasi.
J: Thanks ha.
A: Ano, uwi na tayo?!

Di ko napansin na hindi ko na sya kasabay sa paglalakad.

J: Keviiiiiin! Let's try this! *turo*

*gulp*

JUNGLE LOG JAM?

*gulp*

A: Ahehehehe ikaw na lang.
J: Dali na =)))))
A: Jersey ayoko.
J: CHE!!! (hinigit nya ko papunta sa pila ng Jungle Log Jam. Lintek.)

Jungle Log Jam

A: (pabulong) Jersey.. parang awa please. Ayoko dito!
J: Wag ka ngang babading-bading dyan! Enjoy kaya to!!!

ENJOY!? ENJOY HER FACE!!! SAN BANDA ANG ENJOY HA!??! ANG TAAS TAAS NYAN!!!! TAPOS BUBULUSOK PABABA!!!!

J:Hoy. Dun ka sa unahan pumwesto.
A: Papatayin mo ba ko!? EH MAS MALAKAS YUNG IMPACT PAG NASA HARAP AH!!!
J: Honeeeeey, face your fears :))))
A: Honey my @ss.

Tinanggal nya ulit yung handcuffs (HINDI KO ALAM AT TINITIGNAN KUNG PANO NYA KINUKUHA YUN SUSI. DON'T DARE ASK ME). Magkahalong tawa (Jersey) at mura (ako) ang maririnig samin habang paakyat yung log sa unang 'slope'. Okay pa tong unang slope e, kaso yung sunod ang ayaw ko. ANG TAAS!!!!

J: DUMILAT KA NAMAN!!
A: HINDI KO KAYA!!! Masyadong malakas ang force ng hangin!!
J: Inaykupo!! WAG KA NANG MAGPAKA-EINSTEIN NGAYON!!! Ayaaaan naaaaaa!!!

Nung binuksan ko ang mga mata ko, saktong nasa tuktok na kami ng slope. P*chaaaaaaa!!!!! Parang hinigop ng tubig yung kaluluwa ko!!! Ayoko na talaga! -____-

(pagkabalik ng handcuffs)

J: Hey, are you alright? Namumutla ka ata!
A: Sino bang hindi mamumutla dun? Batukan kita!
J: May alam akong ride na mag-eenjoy ka.
A: *insert sarcasm here* Ah talaga? Looking forward for it.

At anong ride yun?!

ANCHORS AWAY.

A: JERSEY HINDI NAKO NATUTUWA HA!!!!

J: Actually, this would be my first time to try this ride. Hindi ako sumasama kina Amae pag sumasakay sila dyan.
A: Tignan mo, tayong dalawa pang takot ang nagsama? Wag na lang please.
J: EH I WANT TO TRY THIS WITH YOU!!!! NAKAKAINIS KA NAMAN E!!!!
A: OSIGE NA!! Sasakay na!!!
J: Yehey! \:DD/ Sabi nina Jerro sa pinakadulo raw ang pinakamasayang spot. Dun tayo ha? =))

Sa dulo nga kami umupo. Tengene, nagsisisi tuloy ako na dun kami pumwesto!!

14 hours agoLeng de Chavez
Mas ramdam pala sa pinakadulo yung hagod pag nagsiswing na yung anchor. Leche!!!

Pero hindi ako masyadong natakot sa ride na yun ah. Sinilip ko si Jersey, aba todo tili!!! HAHAHAHA! Tapang-tapangan pa e! Timang talaga =)))

A: Ano, patay ka na?
J: I think I just did! Nasusuka na ko :|
A: Pigilan mo yang suka mo! Gusto mo ng mini donuts? :))))
J: Basta ba libre mo e!

Nagpahinga muna kami saglit habang kumakain ng donuts. Picture picture. Lait dito, lait doon. Sumubok sa mga games at kung anu-ano pa. Mga 5:30 na siguro nang madaanan namin ang..

J: Merry go round oh!
A: Hoy. Hindi ako sasakay dyan!
J: Okay fine! Talikod! Kukunin ko yung susi!
A: *ako naman si talikod* Okay na?
J: Ayan! Since ayaw mong sumakay, *inabot nya sakin yun digicam nya* picturan mo ko.
A: Ano ka, bata?
J: Maganda :>>>
*
Grabeng self-confidence oh (-.-)" Sya lang yung teenager na nakasakay sa mga unicorn dun. Pinagtitinginan pa sya ng mga bata at parents! Syempre, baka patayin ako nito kaya pinicturan ko na.

Napansin ko na.. ang saya saya nya ngayon. Dahil ba sa unang date namin to? Weirdo talaga sya, sa lahat ng pwedeng parusa sakin, niyaya pa ko magdate? Advantage ko kaya to =))))

J: Hoy. Gusto ko ng Blizzard. Bili mo ko.
A: ANO AKO, WALLET MO?!
J: Libre mo na, please?!
A: PARA SA KAALAMAN MO, NAKAKA P1000 NA KO PARA SA PAGKAIN NATIN. GRABE NAMAN YANG DIGESTIVE JUICES MO!!!
J: Dali naaaaa =))))
A: Ano pang magagawa ko!?

Binili ko sya ng Mango Cheesecake flavor, tapos ako naman Chocolate Chip.

J: Ayoko nito. Palit tayo.

A: Wag kang maarte.
J: Alam ko na! Feed me :))))
A: May sakit ka?
J: Please?
A: Pasalamat ka... Nganga!
J: ANG SARAAAAP! Oh, ikaw naman. Nganga.
A: AYOKO NGA!!!
J: Sus, kunwari ka pa! If I know, pangarap mo to :""">
A: O nganganga na!!! Dami pang satsat e! *blush*
J: Grabe, pogi! Game! Next ride na tayoooo! =)))))

Anong next ride?!

Hinila ako ni Jersey sa harap ng....

SPACE SHUTTLE.

A: Jersey Santiago, hindi na nakakatuwa ah! Hindi ako sasakay dyan!!
J: WHAT?! PANO MO MASUSULIT YUNG RIDE ALL YOU CAN TICKET MO?!
A: UMANDAR NA NAMAN YANG KATANGAHAN MO. RIDE ALL YOU CAN NGA E, ALL YOU CAN. SORRY, I CAN'T RIDE THAT STUPID SHUTTLE.
J: Ooohh. Okay. Talikod.
*tumalikod naman ako*
J: Okay na!

Aba. Kinalas nya yung posas?

J: Well.. I can't force you to ride this one. Wait for me, okay? *naghop sya papasok sa entrance ng Space Shuttle*

*fidget fidget*

A: HOY! DEBS!
J: Bakit?!
A: Wait lang naman dyan.
J: (O.o) ('o') (-,,,-) SURE KA?!
A: Oo nga! Kitang nagkatabi mo na nga e!
J: Aaahh okay. *sabay posas ulit*
A: BAKIT MAY GANITO NA NAMAN HA!?!
J: Baka kasi magback-out ka e. Dapat tumakas ka na kanina pa. :))))

Sobrang nangangatog ako sa takot nang umupo na kami. Shet, ayoko na!! Tanda ko nung iniwan ako ni Kuya dito 10 years ago. Halos bumaligtad na ang lahat ng pwedeng bumaligtad sa katawan ko. Lechugas.

J: Hey. Chillax lang =)))
A: Hindi.. ako..
J: *she squeezed my hand* Trust me, one minute and ten seconds lang to. Kaya yan!

Ang daming tumitili sa likuran namin. Tengene eto na!!!! Okay lang yung una e, parang chicken na rollercoaster lang. Pero nung.. nung pabalik na..

A: T@ngina Jersey ibaba mo ko dito!!!
J: ANO KA BA!!!! Hindi ka mahuhulog! Wait. Eto naaaaaaaa! :)))))

PABALIGTAD NAAAAAA!!!!

J: Dammit! OPEN YOUR EYES!!! OPEN YOUR EYES!!!

I tried to open my eyes.

Wow. Ang ganda. Kitang-kita ko yung mga ilaw sa Sta. Rosa! Kahit napakabilis ng takbo, sinubukan kong tumingin. Ganda! :)))

J: Ano, kamusta Space Shuttle? Masaya?
A: ISA PA!!!
J: Okay ka lang?!
A: SAKAY ULIT TAYO!!!

Ewan, nawala bigla yung takot ko sa Space Shuttle.

2 hours agoLeng de Chavez
Kahit buwis-buhay ang ride na yun, gustung-gusto ko nang ulitin. Kaya sumakay ulit kami.. 5 times :)))

Sunod naman naming pinuntahan yung Swan Lake.

J: Nakakaantok talaga tong ride na to -.-
A: Sino bang nagsabing sumakay tayo dito ha?! ARAAAAAY!
J: AAAAAAAHHHH! *yawns* Sarap matulog! *pumikit sya saglit*

Napagtripan ko lang na isandal ang ulo nya sa balikat ko, pang-asar lang. Pero hindi nya tinanggal.

A: Hoy. Namihasa ka naman!
J: Eh inaantok na talaga ako e!!
A: Kelan mo ba tatanggalin tong posas ha?! Nangangati nako!
J: May purpose kasi kung bakit tayo nakaposas, kaso hindi mo ata mahalata kaya mamaya ko pa tatanggalin.
A: Kabaliwan mo na naman!
J: Aba pakshet ka! Nang-iinis ka na naman!!

Nagkulitan kami dun, kaya medyo gumewang ang swan na sinasakyan namin. Medyo lang naman. Nang muntik na mahulog si Jersey. Buti nahawakan ko agad yung kamay nya!

A: Ayan, tatanga-tanga ka na naman! Kung magpapahulog ka, be sure na tanggalin mo muna tong posas para hindi ako madamay! Bwiset ang sakit!

J: K fine.

Natapos na rin yung ride. Ano kaya yung purpose na sinasabi nya? Hmmm.

J: 30 minutes left! Flying Fiesta ulit tayo! (nakalimutan ata nya na nakaposas kami, kaya ayun, nakaladkad nya kamay ko)
A: Teka nga lang! (hinawakan ko yung kamay nya) Hindi ka pa ba nagsasawa dun?
J: Eh sa gus-
A: Che. Ako naman pipili ng last ride natin, pwede? Gusto ko dun. *turo sa Wheel of Fate*
J: Di ba.. takot ka sa mga ferris wheel? Kasi nung Feb Fair, nagsisigaw ka nga nung su-

Hinigit ko na sya papunta sa pila.

A: Ikaw naman, ang ingay-ingay mo! Tatapalan ko na yang bibig mo e! Isa pa!!

J: Hey. Nagets mo na rin yung purpose ko :)))))

What?

Tumingin ako sa kanya. Sa posas. Sa mga kamay namin.

Aaaaahhhh. Holding hands pala.

A: Nako, holding hands lang pala e! Sana sinabi mo sakin kanina pa! Di yung may posas ka pang nalalaman dyan.

J: Eh kung di ka nakaposas, di sana wala kang naexperience na ride dito! Baka nagbump car ka lang mag-isa!
A: Loko ka ah!

Ate Crew: Uhhh excuse me po. Kayong dalawa lang po ba?
J: Miss, lim-
A: Yes Ate, kami lang.

Tinulak ko sya papunta dun sa carriage (Sorry, clueless talaga ako sa mga pangalan na ganyan. Halata atang ayoko sa mga amusement park!), number 32.

J: Siguro nahihilo ka na noh?!
A: Tumahimik ka.
J: Craaaap! Ang lamig!
A: Sorry ka, wala akong dalang jacket dito.
J: Tinatanong?
A: Nagpaparinig ka kasi e!
J: Shattap. Malapit na tayo sa tuktok oh!

Para na naman syang bata. Tuwang-tuwa sa mga ilaw at kung anu-anong makitang cute. Baliw.

J: AAAAATCCCHHOOOOOO!
A: Ayan! Buti nga sayo! Parusa yan sayo kasi pinilit mo ko dito!
J: ATCHOOOOO!

A: Hoy. OA na!
J: ATCCCCCHOOOOOOO!

This is bad. Kailangan nyang magpalit ng damit.

A: Hoy. Panget. Lumapit ka nga dito.
J: Gust.. gusto mo ba.. na.. matalsikan ng sipon ko ha?!
A: Sasagot pa e! (binira ko sya palapit sakin) Better?
J: Mas better kung aakbayan mo ko :PPP
A: Sumusobra ka na ah! (inakbayan ko)
J: Medyo okay.. atchoo!
A: Wala ka bang panyo!?
J: I left it inside th-
A: Forget it. After this bibili tayo ng tshirt. Okay?
J: *nods*

Ganun lang kami buong ride, nagtatawanan. Pinaalala pa sakin yung mga sablay kong scenes sa play. Bwiset na babae!

Pagkababa namin...

A: Dali, tanggalin mo na yang posas. Magsasara na yung souvenir shop.
J: Wait lang. *kinuha yung susi sa bulsa nya*

A: (>.<) (O.O) NASA BULSA MO LANG YUNG SUSI!? ALL THIS TIME!
J: Oo!
A: Kanina sabi mo nasa..
J: T@nga ka ba? Joke lang yun :))) Kasi pag nakita mong nasa bulsa ko lang, gagawa ka ng paraan para makuha sakin e. Belat!
(tumakbo na sya papunta sa souvenir shop)

At nag-iisip na rin sya ngayon, magkaibang tshirt ang binili nya para samin. Buti na lang talagaaa! :DDD

J: Oh. Ano yang ginagawa mo?
A: Ha? E di yung purpose!
J: Che. Chansing.
A: Bakit ba? Ikaw nagsabi na gusto mong magholding hands tayo tapos aayaw ka agad? Baliw.
J: Sige sige. Joke lang! Ay wait lang!!!

Kumaripas sya ng takbo papunta sa parking lot. May tinabihan syang kotse..

Kotse ko?

A: Panong...
J: Drive me home! :'))
A: Psht. Di mo nga ako driver! Tsaka wala sakin yung susi.
J: Eto. (hinagis yung susi)
A: Grabe ka talaga.. Grabe.

(On the way home..)

A: Hoy. Pano mo nga pala ako nadala sa EK?
J: May mga henchmen ako :DDD
A: Wow, villain ka?
J: Tange, sina Kuya yung tumulong sakin >:DD
A: YUNG DALAWANG MOKONG NA YUN!? GRABE SILA!!!
J: Makakarating kina Kuya
A: Che! Matulog ka na nga dyan!!!

Mabilis lang yung byahe namin. Buti na lang!! Gustung-gusto ko nang matulog!

Mga 11pm na siguro nang makarating kami sa Alabang.

A: Panget, gising na. Hoy!
J: Ay crap. Bahay na pala namin to! Yosh. Hey, thank you for this day pala!
A: Oo. Kahit napilitan lang ako. (--,)
J: Ugh. Admit it, nag-enjoy ka noh?! :)))
A: Medyo lang. Joke lang!

The truth is, ang saya-saya ko. Wala lang, ewan. Kasi naovercome ko na yung takot ko sa mga bwiset na rides. Pati..

Libre mo yung entrance!

J: Aaah ganun ah! *pak* Ay. Wait lang. I have to tell you something.

*gulp* Ano na naman to!?

A: What?

Tumalikod sya sakin at may kinuhang kung ano sa bag nya.

J: Nasan ba yun!?.... Aha!
A: Ano yan, bomba?
J: Nag-iisip ka ba?
A: Hoy. Inaantok nako! Can't you see I'm still depressed! Parang timang to.

J: Nakakainis. Talo na naman ako sa'yo.

Ha? Ano raw?

Inabot nya sakin ang isang something na nakabalot sa piraso ng yellow pad paper.

A: Wow ha, nakakatouch ang wrapper. DIY!

J: Just open it, will you?!

Binuksan ko.

Blue book.

Blue book nung Math Pre Finals namin.

A: TENGENE NANG-AASAR KA ATA E!!! BAKIT MO BA BINIBIGAY SAKIN TONG BLUE BOOK MO! OO NA!! IKAW NA NAKA 150 POINTS!! AYAN, BASAHIN MO!! 150!!

J: Ikaw kaya ang magbasa!

Tinignan ko yung cover ng blue book.

A: AYAN NGA O! NAKA RED BALLPEN PA! 150 POI-

*wink wink*

*wink wink*

Tama ba tong nakikita ko!?

J: Hoy. Magsalita ka naman!

*wink wink*

Di nga...

Bakit pangalan ko yung nakalagay dito!?

J: Okay. Alam kong magagalit ka kaya I'm sorry.

Ikaw talaga yung topnotcher sa exam.

A: P-pano.. pa..

J: I know that I'm going to lose. Actually nagreview naman talaga ako, inaasar lang kita para mas magreview ka. Pumunta ako kay Sir Lawas nung Monday, tinanong ko kung sinong topnotcher. Ikaw daw. So.. pinakiusapan ko sya na.. kunwari, ako yung topnotcher sa exam. Pati na rin yung buong lecture class namin, kinausap ko na makisakay sa trip ko.

Ano raaaaw!?

J: I did this kasi.. wala lang. Natotouch ako kapag masyado mong kinakarir na talunin ako. Ewan, kasi mas gwapo ka pag ganun? Baliw e. Basta, mas.. nagugustuhan kita pag pinapamukha mo sakin na gagawin mo lahat para matalo mo ko. Sadista ata ako masyado.

A: Teka teka. I don't get it. So it means.. I'm the topnotcher?
J: Yes.
A: So it means.. I won the bet?
J: Uhuh. Obviously.

A: So it means...

*pak*

J: TANGA TANGA KA NA NAMAN!! SIMPLENG ANALYSIS LANG HINDI MO PA MAGAWA!! Ikaw nga yung panalo sa bet natin!!!!

A: So it means...

J: Dammit! Ako pa talaga kailangan magsabi?!

Four days mo nakong girlfriend, idiot.

A: (O.O) (O.O)
SERIOUSLY?

J: Ay hindi! Gusto mong makipagbreak nako sayo ngayon? Okay fine! This would be my sh-

I kissed her.

A: Daming satsat e!
J: HOY!! AYAN KA NA NAMAN DYAN SA BIGLAAN NA YAN!! Hindi nakakatuwa!
A: Di nga? Seryoso ka ba sa sinabi mo?
J: Pwede ko syang bawiin, kung gusto mo.
A: Ayaw.
J: Che! Bwiset ka, ang hirap kayang gawin nung plano ko!!!
A: Sino bang nagsabi sayo na gawin mo yun?
J: Wala. E PAKE MO BA!!!
A: Haaaaay! Ang ganda ganda talaga ng girlfriend ko :">
J: WILL YOU QUIT IT?!
A: Uhhh. May nakakalimutan ka atang sabihin e.
J: Ha. Asa ka. I won't say it.
A: Unfair!
J: No, I'm not. Suits you fine!
A: Okay fine, uuwi na lang ako. Naghihintay pa sakin si Shawarma Girl sa kwar-

J: TIGILAN MO NGA YANG SHAWARMA GIRL NA YAN!! HINDI AKO NATUTUWA AH!!!

A: I love you, Jersey.

J: WAG MO KASI AKONG GUGULATIN!!!! NAKAKAINIS KA!!!! *pinagsusuntok ako*

A: Masakit! Ano b-

J: I hate losing. I super duper hate losing. Pero.. pag dating sayo, okay lang. Okay, the truth is, para sayo yung The Best Way To Lose. I was about to give it to you kaso naunahan mo ko. Bwiset ka kasi!

A: So, you're saying.....

J: I'm not good with words, okay? Besides, one of these days I might throw a fit, smash your car or whatever. I'm really reaaaally impulsive. And I hate losing.

Ako na rin nga ang nagsabi, the best way to lose is to lose yourself to someone you love.

Naunahan mo kasi ako sa line ko e! So... simple lang to. Bwiset ka kasi.

I love you?

A: BAKIT MAY QUESTION MARK PA!

J: Joke lang. Joke lang!

John Kevin Uy Santos, kahit ikaw pa ang pinakanakakairitang bwiset sa lahat, mahal na mahal na mahal kita.

A: *kruu kruu*

J: TENGENE NANG-ASAR KA PA!!!! KINIKILIG KA LANG E!!!!
A: CHE!! Asa ka! Ang panget kaya ng delivery mo!
J: Kasalanan ko!?
A: NAKNG!! MANG-IINIS KA NA NAMAN! Pasalamat ka, girlfriend kita.
J: Should I be thankful for that? Hoy, pasalamat ka, boyfriend kita!
A: NOT A CHANCE!
J: KAPAL TALAGA NG MUKHA MO!!!
A: Tama na nga, mukha tayong t@nga dito. Malapit na mag-12.
J: We're funny, right? Hindi tayo romantic or whatever.
A: That doesn't suit us anyway. Eewww. Ikaw, romantic? Asa!
J: I think.. We're fools in love.
A: Di ba lahat naman ng naiinlove ganun?
J: Tangek. In our case, mas t@nga tayo.
A: Ay ang sweet mo. Pumasok ka na sa loob, baka iuwi pa kita.
J: Okay lang sakin!
A: SIRAULO KA BA! E di pinatay ako ng mga kuya mo!
J: Okay lang. Joke. Sige, goodnight na. Bye.
A: Hoy. Yun lang? Walang kiss?
J: Madaya ka na nung birthday mo, tama na yun.
A: Bye.
J: Joke lang. (she planted a kiss on my forehead) Ayan, wag kang maarte.
A: Isa pa.
J: Headbutt, you like?
A: Ah sige uuwi nako. Goodnight, girlfriend!
J: Tssss. Goodnight, boyfriend.
A & J: I love you.
J: BAKIT MO KO SINABAYAN!
A: MALAY KO BANG SABAY TAYO HA!? UGH.
J: Umalis ka na nga!

A: Sige sige. Bye!

*END FLASHBACK*

Gets nyo na kung bakit ito ang pinaka hindi ko makakalimutang araw?

## Chapter 43

Monday. October 10.

(Jersey's POV)

"Are you sure about this?" medyong natatawang tanong sakin ni Kevin. Nasa harap kami ng pintuan ng family room nina Jerro. Since start na ng sembreak (at wala kaming required na finals!), movie marathon kami ngayon.

"I'm dead serious about this. May karapatan din naman siguro silang malaman diba, boyfriend?"

His face made this stupid expression after hearing the word 'boyfriend'. "Don't call me like that. Naaasiwa ako."

"G@go ka pala e! Niligawan mo pa ko tapos ayaw mong tawagin kitang boyfriend! Sapatusin kaya kita?"

"Nakatsinelas ka kaya!!"

"LECHE NAKAKAINIS NA HA!!" I tried my best not to scream. Baka kasi magulantang sila sa loob.

"Ano, tara na?" tinignan pa nya ko ng weird.

"Hay ewan ko sa'yo."

"Nagtampo ka na naman, love."

"Eeww. Let's make one thing clear: no terms of endearment. It creeps me out."

"Ayaw mong tawagin kitang Ma?"

"FOR THE LOVE OF GOD PLEASE DON'T BE SO STUPID! Basta, ayokong tawagin mo ko nung mga pasweet ugh na yun. Debs would be nice."

"I thought you hate that name?"

"No. I loathe it."

"Wow. Writing major. Hindi pala magaling sa words ah."

I pounced his shoulders. "Shut up."

"5 minutes na tayong nag-aaway dito, alam mo yun?"

"Yup. Ano, reklamo ka pa?"

"Wala wala. Shall we?" He extended his hand in front of me.

"God, why am I even doing this!" I took his hand. Chansing.

Pagpasok namin sa loob...

Jerro: *lingon* O! Nandyan na pala kayo!
Sath: I told you sila yung maingay sa labas! :DDD
Amae: Ang tagal-tagal nyo namaaan!
Keith: Tagal lang. Tagal-tagal forever na yun. *paaaak!!* Masakit!
Amae: Tumahimik ka nga dyan! Di ka naman kausap e!

Kevin: Late kasi syang nagising. Alam nyo namann.. *winks at them*
Me: Ako pa sinisi! Mas late naman syang manundo.

Paolo: Uh. Nagpasundo ka pa? Eh taga-kabilang street ka lang ah?
Me: Mainit po. Bakit ba kasi ang hilig nyong magyaya ng 1pm? Hapdi sa balat ng init e!

Jill: Uh. Guys.. why are you holding hands?

All of us: *kruu kruu*

Kevin: It's nothing.
Me: ANONG NOTHING KA DYAN!

Ken: Wait lang ha. Wait lang. Tama ba tong iniisip ko!?

Amae: Oh crap. Jersey, don't tell me.. he's already your boyfriend?

Sila: *all eyes on me, expectant*

Kevin: *nakasmirk*

Me: Probably?

Kevin: ANONG PROBABLY KA DYAN!

Me: Well, you said na nothing nothing lang tong holding hands na to. E di probably ka rin!!

SILA: TEKA, KAYO NA BA?!

KAMI: ANAK NG TINAPA OO!!

*KRUU KRUU*

KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA~!

Okay. Siguro naimagine nyo na ang sunod na nangyari. Nagbunyi ang KevJe Forever (Amae naman, kadiri ang pangalan. Gross.) Pres & VPres sa balita. At aba, si Keith! Magpapainom! Nice ha! :DD

Kinwento ko naman kung pano na nga kami umabot sa ganun. Tuwang-tuwa naman si Kevin. Sus, parang nung Sabado halos bawian na sya ng buhay sa EK e! Ang yabang talaga!

Mga isang oras siguro silang di maka get-over. Haaay. What's with them? Ganun ba talaga sila ka-atat na maging kami nito kumag na 'to?! Hay. Oh well. Buti na lang at pinaalala ni Amae na nandun kami for a movie marathon. We watched Armaggeddon, My Amnesia Girl (Ugh. Sorry, I picked this one.) and Texas Chainsaw Massacre. Sa tatlong movies na yan, asaran lang kami ni Kevin. Hahahaha

8pm na nung natapos kami. True to his word, nilibre nga kami ni Keith! Mukhang paimpress sya kay Amae (na unfortunately mukhang hindi naimpress -,-). Kwentuhan lang kami sa garden nina Jerro nang...

Sath: Oh geez. Jersey, 2 weeks na lang pala bago ka magdebut!
Amae: Eeeeehhhh?! 2 weeks? *checks her phone* Onga noh. Tatanda ka na rin! (FYI: Ako kasi ang pinakabata saming tatlo -,-)
Ken: Nice Je! Anong plano mo?

Me: Wala.

Sila: (o.o) Ö DI NGA!!!

Me: Oo nga. I don't have any plans. At all.
Paolo: Ayan ka na naman! Once ka lang magdedebut o! Ang arte mo ha!
Me: Eh sa ayaw ko e! Tsaka ikakasal pa naman ako noh. Dun ko na lang ibubuhos lahaaaat! :DDDD
Jill: Bakit ba ayaw mo? Masaya naman magdebut ah! Magastos nga lang.

Me: Yan, magastos kasi. Tsaka sa dami ba naman ng debut na pinuntahan ko, I found them boring. Except yung sa debut nina Amae and Sath.
Jerro: Malamang, kasi ikaw nag-organize nun!
Me: Exactly! Tsaka duh. What's with those 18 chorva ekek? I don't really get them. Pati ang haba nun! Kung H sets of 18 chorva ka, edi 108 na tao agad yun. Wala pa dyan yung ibang bisita. Ang gastos! Though you can say na makakabawi ka sa mga regalo. Diba? I have the money to throw a lavish party, but that's not wise. I'd rather go to Japan or something.

Kevin: Wow Jersey. Sa tinagal-tagal na kitang kilala, ngayon lang kita narinig na nagsalita with sense and wisdom. You really deserve to be my girlfriend.
Me: Thanks. But your last sentence? Lul, kapal ng mukha mo!

Amae: Okay okay. Ayaw mo magparty or what. Anong gagawin mo sa 18th mo? Tutunganga?
Me: Pwede rin. Basta. I just want that day to be my freedom day. Kahit saan ako pumunta or what, basta masaya ako. Mag-isa.

Sath: Nagpaka-emo ka na naman!
Kevin: So does that mean ayaw mo kong makasama sa debut mo?
Me: Ay, hindi mo ba halata?
Kevin: You're so meaaaan! *pouts*
Me: Eewww. You look disgusting.
Paolo: Hephephephep! Mag-aaway na naman kayo e! Awat na
Kaming dalawa: HINDI KAMI NAG-AAWAY!!!
Paolo: Okaay. Wag nyo naman akong sigawan.
Keith: Hmmm. Kahit ba cake hindi ka bibili?
Amae: Anong klaseng tanong yan?
Me: Hmmm. Baka bumili ako. Blueberry cheesecake :)))
Keith: Cake lang?
Me: Depende pa. Bakit?
Keith: Isama mo na kasi kami  Parang di mo kami barkada ah!

Sila: Oo ngaaaa!

Me: Okay fine! Inuman na lang sa birthday ko, ano? Drinks on me. And food. Basta, libre ko!

Sila: YEEEEEY! :DDDDD

Kevin: Ay, masaya ka na?
Me: Uminom ka na nga lang! Mambibwisit ka pa e!!! >:|

Mga 12 na ako nahatid ni Kevin sa bahay.

Me: Hoy. Mukhang may tama ka na ata. Umaga ka na lang umuwi.
Kevin: Ha? Wala ah! Batukan kaya kita!
Me: Lasing ka na.
Kevin: I'm not.
Me: Sleep here.
Kevin: Sa kotse ko? Baliw ka ba?
Me: T@nga. Dito sa bahay. Konti na lang maaasar na ko!
K: Mas t@nga ka. Papatayin ako ng mga kuya mo.
Me: They're not here.
K: Aah basta, ayoko pa rin!
Me: Okay okay! Sure ka bang kaya mong magdrive? Pag ikaw naaksidente..
K: Wow, I'm touched. Concerned sakin ang girlfriend ko.
Me: Kapal ng mukha mo. I'm not concerned about you! Natatakot ako kasi baka pag may nangyaring masama sayo, lagot ako sa parents mo. Hay bahala ka na nga!
K: Okay. Bahala na talaga ako. Goodnight.

UGH THIS GUY.

Me: Wait. Just to keep me at ease. Can you just.. stay for a while? Drink coffee or something?
K: Why so persistent?
Me: Because I'm worried. Step out of your car or else sisirain ko talaga to!
K: Gamit ang Havs mo?
Me: Marami kaming bato dyan sa loob. You like?

Lumabas din sya ng kotse. What a relief!

Pinapasok ko sya sa bahay to drink coffee. Wow, ayaw nya talagang mag-stay ha! Nagkwentuhan lang kami, puro walang kwenta. Around 2am, he decided to leave.

K: Hey. Uhhmm.
Me: Yeah?
K: Sure ka ba talagang hindi ka magpaparty?
Me: Sure. I hate debuts.
K: Okay. What do you want? As a gift?
Me: Anything. You know me, hindi ako mapili.
K: Sus. Dali na! Para hindi ako mahirapan.
Me: Basta galing sa'yo, okay na! Ang kulit. Umuwi ka na nga lang!

Hesitant pa syang umalis kaya kumuha ako ng bato sa garden namin. Kaya ayan, kumaripas sya paalis. Hihihi :)))

Yung mga sumunod na araw.. okay naman. Kaso hindi kami araw-araw nagkikita. Busy ako kasi nagpatulong sakin yung tita ko na mag-organize ng wedding nya, tapos naging photographer pako sa 1st birthday ng inaanak ko. Si Kevin namin, tumutulong din sa business nila. May mga plantation business sila dito sa Pinas, mostly sa Mindanao area kaya ganun. We see each other kung may time. Ugh.

Then the day came. My 18th birthday.

OCTOBER 23. JERSEY'S DEBUT.

Nasa ATC kami nina Sath at Amae para mamili ng mga kakainin namin later.

Amae: Hey. Don't buy barbeque. Si Mama kasi, she insisted that I should bring something later kaya yun na lang :DD
Me: Di nga? Yosh, nakatipid din! Well, ang sarap nga naman ng barbeque ni Tita, why not?
Sath: Ay. Wag ka na ring bumili ng pasta. Si Yaya Bising, sya na raw bahala. Alam mo naman yun, parang inalagaan ka na rin!
Me: Wow guys! Ang sweet nyo talaga! Pakisabi sa kanila mamaya na Thank You! Ay, invite them na rin! Group hug!

(Sorry. Mukha kaming t@nga sa group hug ekek na yun. Nasa lane kami ng mga canned goods. Sorry.)

A: Sus, it's okay. Besides.. last year ngarag ka rin sa debut preparations namin. One month lang pagitan ng birthday namin ni Sath!

Me: It's nothing guys :)))

S: Hey. Ngayon pa lang kinokontrata na kita, be my wedding planner.

Amae at ako: (O.O) Ö

Me: Ako? Wedding planner?!

A: Nagpropose na ba sayo si Jerro?

S: *laughs* Mga g@ga. Hindi ah! Hypothetical lang naman :>> Hoy Jersey, wedding planner kita ah!

Me: Sure sure! :))

So I ended up buying drinks, chips and ingredients for my beef caldereta. Hayop yang Kevin na yan! Nanakot ba naman na hindi sya pupunta pag walang caldereta! Kainis!!!

Coding lahat ng kotse sa bahay kaya magpapasundo kami kay Jerro. Malapit lang naman kasi from our village.

Me: Ang tagal naman nyang ni Jerome! Gusto ko pang matulog!

S: Malapit na raw sya... O, ayan na nga e!!

Nakasmile pa si Jerro nang tumigil sa harap namin.

J: Hi, ladies!

Me: Yuck. You look stupid. DOM.

J: Pasalamat ka nga sinundo ka pa e! Wag kang sumakay!

Me: Huy Jerome! Joke lang naman e :)))) Joke laaang! Tampo ka naman agad.

A: Hoy mamaya na kayo mag-asaran dyan. Sumakay na nga kayo!!!

Kwentuhan to the max kaming tatlong babae sa back seat. Nang...

Me: Hey. Lumagpas ka na sa village natin!

J: I know.

Me: Turn around!

A: Jersey, shut up.

Me: Ano ba!? Bumalik na kasi tayo e!

S: Shut up!

Me: What are you doing!? Hoy!!

S: Hay shemay. He's right. Sorry Jersey, but we have to do this.

Me: What!?

Amae grabbed my shoulder and covered my face with a handkerchief.

Amae: Sorry, Jersey. Nagpagutusan lang :>>>

At inantok ako nang bongga.

Nang minulat ko ang mga mata ko, ang dilim.

Wala talaga akong makita! Buti na lang kahit pano nakacontacts ako. Leche wala namang makita!

"Hellooooo?"
Nag-echo pa ang boses ko.

"Amae? Jerro? Sath?! Mga bwisit kayo!! Nasan kayo?!"

No response.

Ugh. "DAMMIT! NASAAAAAN KA KAYO!? WALA NAMANG GANYANAN!!"

No response.

Saan ba ko nakaupo? Duyan? What?! Ugh.

Tumayo na lang ako. Nasa loob ako ng isang malaking kwarto. Wala talaga akong makita.

"THIS IS NOT FUNNY ANYMORE! ANO BA. HINDI NA KAYO NAKAKATUWA!"

Crap. Ano bang meron?

I'm reaally scared.

"Ano, takot ka na?" tanong ng isang familiar na boses sakin.

"Leche sino ka?"

"It's.. US!"

Biglang lumiwanag ang room.

"Galit ka pa ba?"

Nasa harapan ko... sila. Sina Kuya, barkada, relatives at close highschool friends. Na naka porma.
And this place.. this looks familiar...

Eto yung resort nina Sath sa Batangas ah!

"HAPPY 18TH BIRTHDAY, JERSEY!!!"

Dun ko lang napansin na naka cocktail dress ako, color red. May decor din yung place, simple lang naman pero gusto ko. Gray and light blue. May naka-setup ding Japanese tables (sorry, di ko talaga alam kung anong tawag! Basta yung mga one foot lang ang taas.) at unan. Cute :))))

Kuya Tops: Oh, bakit parang ayaw mo ata ng surprise namin?!

Me: NAKAKAINIS KAYO!!!! Bakit kasi hindi nyo man lang sinabi sakin na may ganito kayong ekek!! Tapos kanina, yang sina Jerome!! AKALA KO KINIDNAP NA NILA AKO!! NAKAKAINIS!!!

Kuya Tatan: Galit ka na?

Me: Hindi.

K-kasi.. kasi.. Ang saya-saya ko. K-kahit ayokong magpaparty, ginawan nyo pa rin ng paraan. BAKIT BA KASI ANG KULIT NYO HA!? NAKAKAIRITA!!!

Tinawanan lang nila ako!

Nilapitan ako nina Kuya at niyakap.

Kuya Tatan: Ano, umiyak ka na kasi!
Kuya Tops: Dali na! We need to see your 'precious tears'!
Me: Mga tange! Ayoko nga!!!

Amae: Ayan! Okay na! Pwede na tayong magpartey! :DDDDDD

In fairness, okay tong party na to, at hindi boring kasi sina Jerro at Amae ang hosts. Buti na lang hindi sila gumawa nung mga 18 chorva, kundi mababato ko sila! Instead...

Jerro: Last year, Sugarfree ang kumanta sa birthday mo diba?
Amae: Namaaan! Tanda ko pa yung gabing yun, sa harap ng bahay nilaaaaa! :"">>
Keith: (na nakaupo sa may audience) Amae! Ayusin mo nga yang pageMC mo!
Amae: Shut up! Anyway, Jerro?
J: Yeah! Alam nyo namang mahilig sa banda ang ating debutante, right? So...
Amae: For her birthday... someone brought in her favorite band!

OH. MY. EFFIN. GOSH. NO. WAY.

J: Pero hindi ang Eraserheads, Jersey. Though the organizer did try to contact them, busy sila so..

A: The organizer got the drummer's band instead. So.. please welcome,

SANDWICH!

SHET SHET SHET SHET SHET SHET!! OHMYGAAAAAAAD SANDWICH NGAAAAA! Naloka ako nang makita ko sina Raims, Diego, Maps, Mike and of course ang ever crush ko na si Mong!

Raims: Mic test.. 1,2,3.. Hello Jersey! Long time no see! :))) It's a pleasure for us to be here in your debut tonight.

Mong: Yo. Happy Birthday!

OHMYGOD MATUTUNAW NA AKO!! Matutunaw nakooo! Grabe Mong! :)))

Sandwich sang 5 songs, and bago nila kinanta ang Procrastinator, inabot sakin ni Mong yung gitara nya.

Mong: Alam mo yung chords, right?

Me: Yeah. Teka..

Mong: Sige na, ikaw na tumugtog. *insert Alcaraz's patented gwapings smile here*

Yes yes yes! Eto ang katuparan ng isang fangirl ni Mong, ang mahawakan yung gitara nyaaaa! Kinikilig ako! :">>

May show pala sila sa Lipa kaya nakapunta sila dito. After the 5th song, umalis na agad sila kasi nakasked silang tumugtog ng 10:30pm. Pero bago umalis, syempre picture picture muna. Mong even gave me his guitar pick! Grabeeee ang saya! :DDDD

Since may banda na kanina, tinuluy-tuloy na nina Kuya ang 'concert'. Aba, bumuo ba naman sila ng banda! Sina Kuya Tatan (vocals), Kuya Tops (rhythm guitar), Jerro (electric guitar), Sath! (bass) and Keith (drums). They sang my favorite songs habang sinasayaw ako ng mga kaklase kong lalaki nung highschool. Nang maubos na sila, lumapit sakin si Amae.

Amae: Ano, gusto mo tayo naman?!

Me: G@ga! Hey. Nasan nga pala phone ko?

Amae: Here. Kaya nga kita nilapitan diba? :)))

Dali-dali kong binuksan ang phone ko. Crap! 200+ messages! Puro birthday greetings lang naman to. Hindi po kayo ang kailangan ko ngayon, please!

*scroll down* *scroll down*

AHA!

From: Kevin

Je, sorry. I can't come tonight. May emergency kasi sa province kaya pupunta ako. Nasa eroplano nako papuntang Davao. I'm sorry, love. Wag ka sanang magalit.

(5:36pm)

I checked the time: it's already 10pm.

Hindi ko alam kung magagalit ako o malulungkot. What should I do? What should I feel? Kaya ba nila ako kinidnap para hindi ko malaman agad na pupunta si Kevin sa Davao? Ugh these people!

Medyo nabawasan ang sigla ko dahil sa text na yun. But I tried my best to enjoy. The heck! Pano ka ba mag-eenjoy sa lagay na to, knowing na yung taong gusto mong makasama e wala sa tabi mo? Bwiset.

Haaaay whatever! I need to be the understanding girlfriend now. May emergency diba? Kaya siguro sya hindi makatawag kasi ganun nga. Don't think negatively, Birthday Girl! \:DD/

Habang kumakain kami nina Kuya, napansin ko na naka-huddle ang barkada sa may sulok. Hmmm. Ano kayang meron?

Me: HEEEEEEY!
Sila: *in shock* H-hi Jersey!
Me: Anong meron? :))))
Sath: Aahh wala wala! (pero parang pinagpapawisan na sya)
Me: Amae?
Amae: *umiwas ng tingin* H-ha? Wala nga kasi Je! Kumain ka na lang dun hehehehehe
Me: Paolo?
Pao: Hehehehehehehehehe *gulp*
Me: Shit@ss guys ano bang meron!? You're making me nervous!

Nagsikuhan pa silang pito kung sino ang magsasalita. In the end, si Jerro na ata ang magsasabi.

Me: No. Please, stop saying anything. Please.
Jerro: Wait lang J-
Me: NO!!! JEROME PLEASE SHUT YOUR HOLE!!!!
Sath: Jersey, calm down! Relax!
ME: PAANO AKO MAGRERELAX HA?! SIGE NGA PANO?! TELL ME!!!
Keith: Wait lang Jersey. You go-
ME: PANO NYO NATAGO SAKIN YAN HA?! HABANG NAGSASAYA AKO DITO!!! MAY.. MAY.. NANGYARI NA PA LANG..

Hindi ko na matuloy yung sinasabi ko. Parang may namuong lump sa lalamunan ko na hindi ko maalis. Naguguluhan nako!!! I can't do anything, but cry.

Lumapit na sakin sina Kuya Tops..

Kuya Tops: Jersey, please. Listen to us first.
Me: You.. You knew?!
Kuya Tatan: Wait lang Je pl-
ME: HOW COULD.. BULLSH*T!!!

Sinubukan ni Kuya na yakapin ako pero tumakbo agad ako palayo sa kanila. Palabas ng function hall. I don't care kung nakaheels ako, kung saan ako pupunta or kung mabundol ako ng kung ano. Basta, ayoko na lang makarinig ng kahit ano tungkol.. dun.

Ewan ko. Ang bigat-bigat sa loob. To think na wala pa kaming one month! Ang sakit. Kung icocompare ko to dun sa sakit ng break-up namin ni Paul, kagat lang yun ng langgam. Pero eto? P*cha, binagsakan ata ako ng Empire State Building. Ang sakit.

Lumiko na lang ako basta-basta. Bahala na kung saan ako pulutin! Tapos dumami na yung pwedeng likuan. Leche, maze ba to?! Ay oo nga pala, may maze pala sa garden ng resort nina Sath. I remember this one. Hinanap ko yung palatandaan para mapuntahan ko yung gitna ng maze, kung saan parang may gazebo na black and gold. Dito ako magtatago hanggang sa mahanap nila ako. As if mahahanap nila ako.

M: Give me something to believe in coz I don't believe in you anymore.. anymore..

K: I never knew perfection till I heard you speak and now it kills me just to hear you say the simple things..

That did it.

M: Bakit naman yun pa yung dinugtong mo sa Maroon 5 medley natin?

K: Kasi that line really really suits you. That's what I feel about you right now.

M: Talaga?

K: Remember nung umattend tayo ng Maroon 5 concert 2 years ago? Sabi mo ang ganda nung kanta nilang yan, pinakinggan ko. Ikaw unang pumasok sa utak ko. Wala lang.

M: But that's a break-up song, idiot.

K: I know. Pero the first line is epic.

Eto na.. I'll tell him that I don't want him to leave. Kahit sapakin pa nya ko or what, I don't care. Basta masabi ko sa kanya. Basta masabi ko sa kanya.

K: Hey. Okay ka lang?

M: Yeah. Stressed lang.

Umupo sya sa center table, nakaharap sakin.

M: Ano?

K: The best way to lose is to sacrifice, right?

M: Yeah. So what?

K: Maybe we're better of this way.

I think we need a break.

## *Chapter 47*

*I never knew perfection till*
*I heard you speak and now it kills me*
*Just to hear you say the simple things*

Sa ilang beses na akong naging brokenhearted, ngayon ko lang naramdaman ang literal na ibig sabihin nito.

This is not my first break-up, and you know that. I started this thing with Paul's infamous break-up speech. "Eh kasi lalaki ako" and "Ayaw mo nun, graduate na rin ako sa'yo" are so 3 years ago. Pag naaalala ko ang Highschool Graduation namin, tinatampal ko pa ang sarili ko at sinasabi,"Ang g@ga mo talaga Jersey. So immature." That first love ended without a happy ending. But at least may closure kami, which we gained a year after our break-up.

But.. for this great love? Hindi ko inexpect na dadating ang The End nang biglaan.

"Are.. you kidding me?" yun lang ang nasabi ko sa kanya. My body became numb in an instant. Para akong nahulog sa tubig ng Antartica, minus the shivers.

Now waking up is hard to do
And sleeping's impossible too
And everything reminded me of you
What can I do?

He held my hand tightly. "Alam kong.. napakaselfish nitong gagawin ko. But I've been thinking about this.. last night. I don't want to be unfair to you. Ang.. hirap lang sakin na nakikitang nagpapanggap na okay ka. Alam ko sa likod ng mga ngiti at tawa mong yan, gustong-gusto mo nang umiyak. Naguguilty ako.

Naisip ko lang kasi.. god what am I doing?! Sorry, parang siraulo nako dito. Naisip ko lang na.. na.. pag iniwan kita dito na.. tayo pa, you'll suffer. Nandito ka, nasa Germany ako. 2 or 3 years din akong mawawala. Kahit siguro i-try natin ang long distance relationship, there will come a time na.. baka mawala ito. Tsaka narealize ko na.. I need you so much in my life that it scares me. I don't know anything but you. I'm afraid that I might not recognize myself from you. Sorry kung ganito ako Jersey. It's just that.. ayoko lang na malulungkot ka dito kasi wala ako.

Ang selfish ko ba? Hindi ako magtataka kung magagalit ka sakin. Okay lang na sampalin mo nako ngayon, sapakin mo. Okay lang. "

*It's not right, not okay*
*To say the words that you say*
*Maybe we're better off this way*
*I'm not fine, I'm in pain*
*It's harder everyday*
*Maybe we're better off this way*
*It's better that we break.*

Yung sasabihin ko na ayaw ko syang umalis? Ayun, bumara sa lalamunan ko. Kinagat ko na yung dila ko para mapigilan yung pagtulo ng luha ko. I raised my hand and slapped him lightly.

"B-bakit.. hindi kita masampal.. alam mo.. Gustung-gusto na kitang.. batukan. Break?! Breakin mo mukha mo! Ayoko nga!! Ayoko!!! Ang selfish selfish mo!! Bwiset ka!! Tengene sarap mong ingudngod sa lupa!!! PAKAMATAY KA NA!!! SINONG MAKIKIPAGBREAK HA?! AYOKO!!!!"

He started to laugh. Of all things! Humagalpak sya sa harapan ko.

"Tae Jersey! ANG EPIC NG MUKHA MO!!!! SARAP MONG VIDEOHAN!!! TAE KA!!!"

So.. nagbibiro lang sya?!

T@ngina nito!!!! Bwiset!!! Hinigit ko yung collar nya at nag-ala Triple H ako sa pagbody slam sa kanya sa sofa.

"Don't you dare to talk about breaking up with me, asshole! I'm enduring all of this!!! I'm enduring all of this!!! Tapos pagtatawanan mo lang ako?! Pakamatay ka na!!!!"

Hinead-butt nya ako.

"Do you think that I'm joking?"

Crap.

"Please.. don't toy around with my feelings. Ano ba talaga?!"

"I'm just joking about the break-up part. Pano ko naman gagawin yun sayo? T@nga ka talaga."

Akala ko talaga.. The End na. Akala ko talaga aabot kami sa The End bago ang Super The End nya. Damn!

For the last week, we decided na hindi muna kami magkita. Ako na rin ang nagrequest nun, kasi ang dami-dami nyang aayusin na paperworks and clearance pa nya sa college namin. Ako naman, back to thesis writing and org duties.

Hindi mo maiwasan isipin, what if seryoso talaga si Kevin na makipagbreak sakin that day? What if.. natakot lang sya kaya sinabi nyang joke lang yun? Na lahat ng sinabi nya e totoo? Ano baaaa Jersey! Paranoid much? Ö

Then the last day came.

August 30

Nagtatype ako ng synthesis around 2pm nang..

*ring ring*

M: Yabuseo?
K: Anong arte yan!?
M: Bo?
K: Hoy. Si Jersey ba to? Nasan sya?!
M: Chillax, love. It's me. Bakit?
K: Kelan ka pa naging K-pop fan?! Akala ko ba forever Arashian ka?
M: Eto naman hindi mabiro :DDD Joke lang! Nagpapractice akong magKorean kasi magtututor ako XD
K: Kawawang mga Koreano. Devil Woman ang tutor. Tsk.
M: BAKIT KA BA TUMAWAG NANG-IISTORBO KA BA?!
K: Punta ka sa may gate nyo dali.

Lechugas. Ano na namang pakulo nito?! Haaay! Sumilip ako sa bintana, ay shete nandun nga sya.

K: May pasilip-silip ka pang nalalaman dyan! :)))
M: Wag kang feeler okay!? Ano bakit nga?!
K: Tara sa bahay.
M: Anong gagawin mo sakin?!
K: Manyak. Tara nga sa bahay!!
M: HINDI AKO SASAMA SAYO!!! BAKIT NGA MUNA HA?!?! KAINIS TO. BAKA MAMAYA IPAKIDNAP MO KO TAS PAGGISING KO NASA BERLIN WALL NAKO!
K: Ay ang yaman ng imagination mo Debs! Parang dadalhin kita sa Germany. Wala kaya akong pera!!!
M: Eh bakit nga?!
K: Tulungan mo kong mag-empake. Please?

Nalungkot ako nung sinabi nya na 'mag-empake'. Ever since kasi nung Monday, hindi ko inisip na aalis na sya sa Sept. 1. Aalis na sya bukas. Craaap.

Haay. Parang matitiiis ko 'to. Kainis!!!!!

Kaming dalawa lang ang nasa bahay nila pagdating namin.

M: Hoy. Bakit tayong dalawa lang nandito!?
K: Ayaw mo nun, solo mo ko? *smirks*
M: Eeeww. Gross.
K: Ang arte mo rin noh!? Tara sa taas.
M: Usapang matino ha. Tutulungan lang kita sa pag-eempake ha?! YUN LANG!

K: Promise! *insert Boy Scout sign here*
M: WHAT THE EFF IS THAT!?
K: Boy Scout. Panunumpa ng Eagle Scout.
M: Mag-empake na lang tayo okay?

Medyo konti na lang yung ieempake namin kasi nauna na yung iba nyang gamit sa Germany. Talaga to!! Ang dami naman nyang oras, hindi pa sya nag-ayos ng gamit!!!

Maraming beses nakong nakapunta dito sa kwarto ni Kevin. Okay naman yung kwarto nya, tipikal na kwarto ng lalaki. Pero wag ka, ang ayos ng room nya! OC kasi to, talo pa ako!!!

Pinabayaan ko lang syang mag-sort out ng mga gamit nya, habang ako naman, tinitignan yung mga display sa kwarto nya. Medals, trophies, certificates, action figures, CDs, DVDs... Then nakita ko yung favorite spot ko. Ang photo wall nya.

Nandun lahat ng pictures (re: maayos at stolen shots. Arg.) namin simula nung first year college kami. In fairness, lumaki yung katawan nya. Ako naman, medyo tumaba. Pake ba?! :>> Naluluha ako habang tinitignan yung mga picture namin. Wala lang.. It's just that, the finality hit me. Tomorrow's the End. Sana kasing saya na lang kami nung mga mukha namin sa pictures. Walang problema. Parang walang aalis.

M: Hey! Pwedeng pa-arbor nito? *tinuro ko yung picture namin sa Pagudpud, Summer 2011*
K: Ayoko nga.
M: Eto naman! Dali na :>>
K: Ayaw.
M: Eh eto na lang! *turo sa picture namin sa Singapore*
K: Nasa Facebook yan.
M: Eh ipapaprint ko pa? Kainis ka. Ay alam ko na! Eto na lang! :>> *turo sa college graduation picture nya* Akin na lang to!!! Aba!! Bakit meron ka na nito?! Di ba sa December pa to?!
K: Special kasi ako, Miss. Sige, kunin mo yung isa. Yan lang ha?! Sapak abot mo pag may iba ka pang kinuha.

Aha! Sorry ka Ser, wais ang girlfriend mo. Kinuha ko yung tatlong picture na tinuro ko. Hindi na nya siguro mapapansin yun. Hihihihi \:D/

K: Hoy. Tulungan mo nga ako dito! Masyado ka atang nawiwili dyan sa mga picture.
M: Syempre, ganda ko e! ;P
K: Tsss. Magtiklop ka na nga dito!!!!
M: Okay okay! No need to shout! Kainis.

Eh talagang sadyang epal ako, lahat ng tinutupi nya, ginugulo ko. Hahaahaha! =)))

K: Ano bang problema mo!?
M: Pssst. Arbor nito! *kinuha ko yung Bench Body boxers na binigay ko sa kanya*
K: *hinablot* Ayaw.
M: Ako bumili nyan.
K: Kaya nga ayaw ko e! Favorite ko to! Kung gusto mo bumili ka ng sayo!!!
M: Aha! Eto na lang! *kinuha ko yung basketball jersey nya nung highschool* Akin na lang to. Number 23 pa oh! Favorite number ko =)))

K: Ayaw.
M: Para kang bata.
K: Sino bang mas nagbabata-bataan sating dalawa?!
M: Cool ka lang, love. Sige wag na. Di ko na kukunin.
K: Wag mo kong dramahan. Ayan, sayo na.
M: THANK YOU PO KUYAAAAAAAA!
K: Wala bang thank you kiss dyan?
M: Kiskisin mo mukha mo! :PP
K: Salamat ah -,-
M: Ba't ba kasi ang dami mo pang dala!? Pwede ka naman bumili dun ah. Parang timang to.
K: Ikaw na nga tong..
M: Ano!?
K: Wala wala.. Nako Jersey, baka nagbago na isip mo. Baka ayaw mo nakong paalisin? :)))
M: Eeww no. Baka ikaw ang magbago ng isip, koya. Baka ipakidnap mo na ako :>>
K: Your ideas are so stupid.
M: Tsss.
K: Ano, nagbago na ba isip mo? :>>
M: Errrk no.

K: Talaga?!
M: Yep. Positive! Choo! :PP

After naming mag-empake, nagmovie marathon na naman kami. Anong pinanuod? Puro horror/slasher flicks. Dawn of the Dead, Texas Chainsaw Massacre, Hatchet at Wrong Turn. Halos taun-taon na namin tong pinapanuod, and I remember nagsasawa na nga ako dati. But in our situation right now.. alam mo yun.. feeling ko ngayon ko pa lang napanuod to. Ramdam na ramdam ko yung takot at diri sa bawat scene. Hey, talagang natatakot ba ako sa pinapanuod ko or sa fact na aalis na sya bukas? Na.. last MoMa na to!?

Mga 10:30 pm na nang matapos kami sa panunuod. Define stress -,-

M: Hoy. Ihatid mo nga ako pauwi! Nakakainis to. Napaparanoid nako sa pinanuod natin.
K: OA mo ha. Ilang beses mo na napanuod yan.
M: Teka.. nasan yung Dawn of the Dead action figures mo? Bakit wala dito?
K: Aahh. Nasa Germany na.
M: Ibebenta mo yun dun noh!? Baliw baliw ka na naman.
K: Tange. Ayoko nang iwan yun dito. Hoy, yung necklace asan na?
M: Nasa bahay, Ser. Tara hatid mo na ako! Inaantok na ko *hikab*

Inaantok? Sinong niloko ko? Kunwari lang akong humikab para may excuse na medyo maluha ako. Parang t@nga lang.

Napansin ko na tinititigan pala nya ako.

M: Hey. Why are you staring at me like that?! Hoy. Don't do anything brass, Mr. Santos. Sapak abot mo sakin! ö
K: Masama bang tumitig?
M: Natutunaw kasi ako :">>
K: Baliw. Ano.. Kasi..
M: Oh crap. Why are you stammering? Oh god. Sabihin mo na lang yan ples. Just.. please?

K: Would you like to spend this last night with me?

Naging jelly ace tuloy ang tuhod ko.

M: HOY JOHN KEVIN ANG KAPAL KAPAL TALAGA NG MUKHAAAAA MO!!!! ANONG SPEND A NIGHT WITH YOU KA DYAN?? Akala ko ba mag-eempake lang tayo ha?! Mga binabalak mo ha! Kainis.

K: Please?

Nako naman, don't look at me like that. Please don't look at me like that. Please do-

M: Of course. Bakit naman kita ilelet down? :>>

Hirap na hirap akong sabihin yung last sentence na yun.

Nagreminisce lang kami ng kung anu-ano, kwentuhan, tinignan pa namin yung mga album sa Facebook. Nakakatuwa na masakit yung ganun, nakikita mo na last na, pero hindi ka makaiyak kasi pinangako mo sa sarili mo na hanggang sa huli segundo bago sya umalis, hinding-hindi ka iiyak.

Bullsh*t.

K: Hey. Pwede magrequest?
M: Hmmm? Anything Sir :>>
K: Talaga? Anything? *insert devil smile here*
M: Eerr. Not anything. I have my limitations. Heheheheh
K: Can you sing for me?
M: Sige, anong gusto mo?
K: Ikaw na pumili. :DDD

Hmmm..

M: Kay sakit namang isipin na/Sa puso ako'y pangalawa/Tuwing makik-

K: Bakit kay Gagong Rapper yang kinakanta mo!?
M: Sabi mo ako pumili! Teka, peram gitara! Dali kakanta ako :))))
Hmmm. Ano bang pwede?

K: Oh eto na po, Your Highness. Cmon. Sing for me!

AHA! :))))

*Heto na ang gabi*
*Na ikaw ay aalis*
*At iiwan mo ako*

K: What the hell!? Bakit yan pa?!
M: Shut up, please? Ganda na ng pagkakanta ko e! :PPP

*Sa lahat ng gabi*

*Ito ang ayaw dumating*
*Sana ay umaga na..*

K: Eh kung umaga na talagang aalis nako nun!
M: GUSTO MO BANG IHAMPAS KO SAYO TONG GITARA MO?!
K: IBANEZ YAN!! Wag :DD

*Tatawagan mo pa rin ba ako?*
*Susulatan mo pa ba ako?*
*Tayo pa rin ba kahit...*

*Na bye bye na*
*Aalis ka na*
*Bye bye na rin ba sa ating alaala?*

K: Ang drama mo!
M: Isa pa ipapalo ko na sayo to!!!

*Meron kang makikita*
*Mas higit pa sa akin*
*Pag ika'y malayo na*

*Tatawagan mo pa rin ba ako?*
*Susulatan mo pa ba ako*
*Tayo pa rin ba kahit..*

*Na bye bye na*
*Aalis ka na*
*Bye bye na rin ba sa ating alaala?*

*Wag mong lilimutin na*
*Nandito lang ako*
*Hawak ang larawan mo....*

K: Nice choice. Almost made me cry.
M: Iiyak na yan! Iiyak na yan!
K: Supalpalin kaya kita dyan?!
M: Hoy. Ikaw naman! Sing for me!

Kinuha nya sakin yung gitara and..

Narinig ko ang intro ng.. isa sa mga favorite kong kanta.

*Kung saan-saan na napadpad*
*Naglakad, lumangoy at lumipad*
*Tuwing akala ko'y pag-ibig ay tunay na*
*Hindi pala, hindi pala*

*Nung hindi na nakatingin, at saka ka dumating*

*Nandyan ka lamang pala, di ka lang nagsasalita*
*Ikaw pala ang aking hinahanap*
*Ang bahaghari ko sa likod ng ulap*

*Ikaw ang hulog ng langit sa puso kong napunit dahil sa dramang paulit-ulit*
*Kanina ka pa ba nariyan?*

*Ikaw pala*
*Ang aking hinahanap-hanap*
*Awit na hindi matanggal sa'king isipan*
*Di na mahalaga kung saan nako dalhin ng hangin*
*Basta't nandito ka sa aking piling*

*Nung hindi na nakatingin*
*At saka ka dumating*

*Nandyan ka lamang pala*
*Di ka lang nagsasalita*
*Ikaw pala ang aking hinahanap*
*Ang bahaghari ko sa likod ng ulap*
*Ikaw ang hulog ng langit sa puso kong napunit*
*Dahil sa dramang paulit-ulit*
*Kanina ka pa ba nariyan?*

*Oooohhh...*

Tears, please don't fall. Mamaya na, pag tulog na sya.

M: Dammit. Of all songs..
K: Why? I love that one. Diba favorite mo rin yun?
M: Yeaaah! Alam mo nung album launch ng Sugafree, 5 years ago, dun ko narinig na kinanta yan ni Ebe. Then I told Paolo, "Pao, yan ang wedding song ko. Paki-tandaan ha?!" Wala lang. I never expected that you'll sing that.. ngayon pa.
K: Wedding song, huh?
M: Why yes! It's a beautiful song!
K: So you wanna get married?
M: Are you asking me that?
K: Ay hindi. Hindi halata.
M: Of course I want to get married! Aaack why are we talking about this? K: You wanna get married? As in right now?
Me: (O.O) (O.n) -//////- DON'T FOOL AROUND. IT'S NOT FUNNY.
K: Nagbibiro ba ako?
M: Ikaw ha, di ka na nakakatuwa. First, you joked about the break up. Then what? Marriage naman ngayon? Are you sick?! K: What if I'm serious? Will you marry me tonight?

Crap what's happening?! CAN YOU PLEASE TELL ME WHAT'S HAPPENING!? HAAAAAAAAA?! Ö

K: Think about that. After 2 years, I need my answer. Okay? :))))

So he's not joking. Crap. He just.. proposed.

Proposed. Proposed. My god. This is so.. spontaneous. OHMYGOD OHMYGOD. I froze.

M: 2 years? Pa?
K: Bakit, do you want to answer now?
M: What if...
K: I'll wait. At pag-isipan mong mabuti ha? Kung hindi, patay ka sakin.

M: AY NAKO BAKIT AKO PATAY SAYO E IKAW NGA TONG NAGTATANONG HA?! KUNG HINDI KO SAGUT-

WAAAAAAAAAH!!!

Lechugas! Kevin pinned me on top of his bed.

K: Just shut up okay? Let's just sleep.

Sinubukan kong iangat yung braso nya pero tae ayaw paangat! -..-

M: Hoy hindi ako makahinga. Fine, I'll sleep here!!! Just remove your arm!!

Inalis naman nya. Good boyfriend :)))

Nasa left side ako, sya naman sa right. Lampshade na lang sa may bedside table nya yung ilaw sa room. Parehas kaming nakatingin sa kisame, tahimik lang.

This is it. The last night.

"Je," he finally said, with a husky voice.

"What's with that sexy voice?!"

"Nothing. Goodnight :))"

"Okay. Goodnight! Patayin ko ba yung ilaw?"

He just nodded.

Siguro naman ay alam nyo na nagtabi na kami sa pagtulog, right? Pero ito.. ewan ko. I'm really reaaaally exhausted, pero ayaw talagang magsara ng mga mata ko. I could feel his deep breathing, mga 6 inches lang naman kasi yung layo nya sakin. Sh*t. I need to endure this. Please tears, I'm begging you. Don't fall. Don't fall.

Kahit nakakumot kami at mahina ang aircon, feeling ko nasa Antartica ako. Ang lamig lamig. Bangkay na ba si Kevin? Bakit hindi sya nagsasalita? Is he mad? Anong iniisip nya? Malungkot ba sya? Nagbago na kaya ang isip nya? Nahihirapan ba sya?

Umiiyak ba sya?

Then.. I felt his right hand touched my left hand.

"Can I hold you like this?" he almost whispered. Natuyo na naman ang lalamunan ko.

I couldn't say anything so I just gripped his hand tightly.

"Can I hold you like this? Okay lang?"

I gripped his hand again. Kasi pag sumagot ako, pihadong iiyak lang ako.

That moment.. parang tumigil ang oras. Sinasabayan ng ingay ng aircon ang malakas na kabog ng puso ko. Ang sakit sakit. Hindi na naman ako makahinga.

*Kapansin-pansin ang iyong ganda ngayong gabi*
*At ang lungkot sa iyong mga ngiti*
*At ang kislap sa iyong mga mata ay wala na*
*Kita sa iyong tingin, nagsasabing tapos na ang lahat sa atin*

"Are you still awake?" I chose not to reply. Pumikit na lang ako at nagpanggap na medyong humihilik para akalain nya na tulog nako. "Sorry, Jersey. I'm sorry. I'm sorry."

Tumahimik ulit kami. Siguro isang oras din ang dumaan na tahimik kami. Akala ko tulog na sya.

"Jersey. Please don't let go of my hand. Until I wake up, okay?"

*Ito na ang ating huling gabi*
*Hagkan natin ang bawat sandaling nalalabi ng gabi*
*Kailan ma'y di malilimutan*

Tengene naman oh. Paano ako di masasaktan sa lagay na to?! Kung kelan.. kung kelan eto na e!! Masaya na! Perfect na!! Bakit ako binibitin?

I was surprised when he hugged me. Ang higpit. Ang higpit. A teardrop rolled down my face. Crap Jersey don't cry. Don't cry.

*Habang mata'y nakapikit*
*Niyakap mo akong mahigpit*
*Hanggang lumuhang kay pait*
*Hanggang sa kahuli-hulihang saglit*

Kahit katabi ko sya, kahit yakap nya ko.. miss na miss na miss ko sya. This is it. Katabi ko ngayon ang isang bwisit, epal, g@go.. na mahal na mahal ko. Na ilang oras na lang aalis na.

"Jersey sorry talaga.. Can we stay like this? Wag muna nating isipin na last na to? Please?"

The next thing made me cry.

Dun ko lang narealize na umiiyak na pala sya. Basa na pala ng luha nya ang noo ko.

Bakit kasi.. bakit kasi ngayon pa?

Ang sakit para sakin na umiiyak sya ngayon. Unang beses ko syang nakitang umiyak nung birthday nga 3 years ago, nung umalis si Maxene. Yun yung araw na narealize ko na.. gusto ko pala sya. Ngayon.. umiiyak na naman sya. Dahil naman sakin.

Pinabayaan ko na lang syang yakapin ako kahit hindi ako makahinga. Sinusulit ko na e. After this, wala nang yayakap sakin ng ganito. Possessive bear hug nga.

Tinamaan din ako ng antok. Pero bago ako makatulog nang bongga, I heard him say..

"You and I will always be the first, love."

Yeah, I know.

(Kevin's POV)

Pagkagising ko, wala na si Jersey sa tabi ko.

"Jersey?!" Nakaayos na yung unan na ginamit nya sa tabi ko. Wala naman sya sa CR. Damn that woman! Sabi ko sa kanya wag umalis hanggang di pa ako nagigising e!!! -____-

May napansin akong note sa pintuan ng kwarto ko.

HOY PANGET

Umuwi muna ako samin. Lintek kasi, kanina pa kita ginigising! :P Magcocommute nalang ako. Pano ba lumabas dito sa subdivision nyo? XD Anyhoo.. see you later! :>>

Napakacasual naman nitong bwisit na to. Anong oras na ba? 8:15!!! Dapat nasa airport nako around 10!! Tengene malelate ako nito e!!!

Ang sakit ng mata ko sa kakaiyak kanina. Tae ang gay! Sorry naman guys, ang sakit lang. Pero tulog na kaya talaga si Jersey nun? Hindi man lang kasi ako pinansin e! Kainis lang.

NAIA International Airport

Jerro: Pre, ingat ka dun ah!
Sath: Oo nga! Wag mo kaming kakalimutan ha? :D
Keith: Call us everyday!

Amae: Bakit ba ang drama mo, Keith? Ikaw girlfriend?
Paolo: Selos naman tong isa! Parang baliw lang!
Jill: Wag na nga kayong mag-away dyan! Aalis na nga si Kevin e!
Ken: Basta Kev, pag graduate mo.. alam na! *laughs*

Napatingin kaming lahat kay Jersey na.. sobrang.. tahimik.

Amae: Hoy. Di ka man lang ba magpapaalam kay Kevin?
Sath: Oo nga! Bakit ang tahimik mo?

Jersey: Kahapon pa ako nagbababay dyan. Maumay naman siguro ako noh!? :>>>
Ako: Oo nga! Nakakaumay na nga e. Pag ako naumay talaga, itatago ko yan sa maleta ko! :P
J: Tanga wala na dito yung maleta mo! San mo ko ilagagay?
Ako: Sa puso ko ?

Sila: KADIRI! HINDEEEEE BAGAAAAY! :DDD

Ako: Ano, hindi na ba magbabago isip mo?
J: Hindi na :))) Wag mo kong pilitin baka bumigay ako! :DDD
Paolo: ANG ARTE!!!

Ako: Di nga?
J: Umayos ka nga. Sasapakin na kita dyan e!!!
A: Okay okay! No need to shout!!!

Isa-isa silang lumapit sakin para magpaalam. Crap I hate this. Ang drama. Gusto ko lang pag-alis ko nakangiti sila. Nang kay Jersey na...

A: Hug?
J: Last night's enough. You almost choked me to death.
A: Sorry.
J: *smiles* Apology accepted :>>>>
A: Skype, okay?
J: Can you make it 10pm? Ye know, busy ako.
A: Adjust your schedule for me.
J: AY ANG KAPAL. EXCUSE ME SER I WON'T :PPP
Sila: Kiss naman dyan oh! Kiss! Kiss!!
J: Batok gusto nyo? Ay meron na pala kayo nun e. Sapak you like?
A: Okay okay. Bawal hug at kiss. Shake hands pwede?
J: Naman! *extends her hand*

Nung mahawakan ko yung kamay nya, meron akong urge na higitin sya at yakapin. But she's too quick. Siguro 3 seconds lang yun. Bumitaw na sya.
Amae: HOY JERSEY WAG KA NA MAHIYA SAMIN!! OKAY LANG DI KAMI TITINGIN! :DD

J: Okay na to, right?
A: Riiiiiight. Guys, gotta go. See you in 2 years! :DDD
Jerro: Umuwi ka naman dito minsan oh!
Sath: OO NGAA!!

Paolo: BYEEE KEVIN!!! :DDD

Kumaway ako sa kanila bago ako naglakad palayo. Si Jersey naman nakasmirk na kumaway sakin. Baliw baliw.

Medyo malayo na ko nang...

*THUD*

ARAAAAAAAAAAAAAAY!!!! ANG SAKIT!

Sino namang bumato sakin ha!?!

Pag lingon ko..

Teka Havs to ni Jersey ah? Panong!?.

Tumatakbo pala sya papunta sakin. Haaaa?

Ako: Hoy. Anong ginagawa mo?!?!

J: *pants* I.. have to.. tell you.. something..

A: What?

J: NAKAKAINIS KA.

A: I know.

J: HINDI KA LANG NAKAKAINIS. MADAYA KA PA!! SABI MO SABAY TAYONG GAGRADUATE DIBA!? KAHIT MAS MATAAS YUNG HONOR NA MAKUKUHA KO SABI MO SABAY PA RIN TAYO. TAPOS ANO, MAUUNA KA!? KUNG ITAPON KO KAYA DIPLOMA MO!!!!! BWISET KA!!!!! TAPOS MUNTIKAN KA PANG MAKIPAGBREAK. KUNG DI LANG TALAGA AKO NAHIYA NUN BINUGBOG NA KITA!!

A: Wait lang Jersey. Calm down! Pinagtitinginan na tayo dito oh!!

J: I DON'T CARE!! 3 WEEKS KONG PINILIT NA WAG MASYADONG MAGSALITA ABOUT THIS. 3 WEEKS!! ANG HIRAP TENGENE. ANG HIRAP TAPOS.. TAPOS.. ANG SAKIT.. MADAYA KA TALAGA.. NAKAKAINIS!!!!

She started to cry. Ever since sinabi ko sa kanya yung pag-alis ko, ngayon pa lang sya umiyak. Ngayon lang.

A: Ssshh. Wag ka ngang umiyak dyan, okay?

Di ako makatiis. Niyakap ko sya.

J: SUBUKAN MONG LUMANDI SA GERMANY MAPAPATAY KITA!! AT KUNG KATING-KATI KA NA, EVERY MONDAY KA LANG LUMANDI!! KASI MONDAY LANG NAMAN SILA NALILIGO E!!!! PERO WAG KANG.. WAG MONG GAGAWIN YUN. PRAMIS MAGIGING MABAIT AKO DITO. HINDI NAMAN KASI AKO MALANDI AT WALANG LALANDI SA TULAD KO. IKAW LANG PWEDENG LUMANDI SAKIN OKAY!? AT AKO LANG DIN PWEDENG LUMANDI SAYO!!! AYAN POSSESSIVE NA RIN AKO!!!

Kevin, di mo pa hinintay nag mag 2nd anniversary tayo. 2 months na lang oh! Kanina nga.. dumating na yung ticket sana natin. Di ba sabi ko ako bahala this year? I bought tickets para sa Kingda Ka. Alam mo kung saan yun? Sa New Jersey. Yun ang pinakamataas na rollercoaster sa mundo. Sabi mo.. sasakay tayo sa ganun, diba? Pero.. hindi na rin natin magagamit tong tickets. Hindi rin ako sasakay sa rollercoaster kung hindi kita kasama. Mamimiss ko lang yung tili mo.

"This is the final boarding call for passenger Kevin Santos.."

J: I'm not really good with words.. pero Kevin.. mahal na mahal na mahal kita. This is the best way to lose, right? Hindi ko kasi kayang maging selfish ngayon para sayo.. kasi pangarap mo to e. Basta Kevin.. galingan mong mag-German dun ah? Yung mga tinuro k-

A: Hindi na ba talaga magbabago isip mo?

J: Hindi na.. kahit masakit okay lang.. Bwiset ka.
A: Yung sinabi ko sayo kagabi, pag-isipan mong mabuti ha? I'll wait for your answer.
J: Of course. 2 years.

"This is a final boarding call for Air China International Flight 1884 with non-stop service to Frankfurt, Germany. Final boarding call for passenger Kevin Santos..."

I enveloped her in the tighest hug and kissed her for the last time.

A: I love you so much, Devil Woman.
J: Come back, okay? As a whole. Walang labis walang kulang. Ayt?
A: Promise.

Here's what I can remember from the end of my life as I knew it: today is the first and most heartbreaking moment that I had.

## Chapter 48

*Sadya ba talagang ganyan*
*Palakad-lakad ka't nakatungo*
*Sa'n patungo?*
*Ngayong wala ka na*
*Kailangang masanay na muling nag-iisa*
*Sa'n ka na kaya?*
*'Wag mo akong sisihin*
*Kung minsan ikay hanapin/kung minsan akong iyakin*

*Ito ang unang araw na wala ka na*
*Ito ang unang araw na wala ka na*
*Nasanay lang sigurong nand'yan ka*
*'Di ko inakalang pwede kang mawala*
*'Yan na nga*
*Nababato, nalulungkot*
*Luha'y napapawi ng singhot*
*At talukbong ng kumot*

"Come back, okay? As a whole. Walang labis walang kulang. Ayt?"
""Promise."

It has been 6 months since Kevin left for Germany. Ang bilis noh? Ako rin nga nabilisan e! Parang last week lang nung umalis sya dito. Ang bilis.

Sure, ang hirap mag-adjust nung wala sya dito. Araw-araw ko ba naman syang kasama sa loob ng 3 taon e! Sinong di maninibago dun ha? Sobrang nakakapanibago guys. Pati yung mga tao sa paligid namin, nanibago. Pag naglalakad akong mag-isa sa campus, may ibang tumitingin sakin na parang naaawa. Crap, do I look like a loner? Hello! Kapal ng fes nila. Kainis.

Some frat men even tried to court me. Of course, I told them no. Batukan ko kaya sila! As if iiwan ko si Kevin para sa kanila noh!

Sobrang thankful ako at may barkada akong katulad nila. Hindi nila ako iniwan! Nakakatuwa nga e, kahit sobrang busy sila, ginagawa nila lahat para mapasaya ako. Haaay buhay! :DDD

Kami ni Kevin? Ayun, okay naman. Of course napakahirap ng set-up namin. Sobrang layo na, magkaiba pa ng timezones! The first two months were okay. Thank God for Skype! Gabi-gabi kaming nag-uusap, tapos bumili na rin kami ng roaming sim. Hahahaha adik ba? Eh miss ko na yung tao e! \:D/

Pero.. syempre may time na hindi kami nakakapag-usap. Nahihirapan kasi syang mag-adjust sa climate and culture dun. Although kasama nya si Maxene (Alam ko kung ano ang iniisip nyo. I trust them, okay? :>>), tinatamad daw syang mag-adjust. Tinuturuan ko pa rin syang magGerman hanggang ngayon e! Tss. Sa University of Bonn pala sya naadmit. Mahirap din daw yung programming lessons nila dun. TSSSSS.

Ako naman? Hah ako pa tinanong nyo! Running for magna cum laude lang naman :">>> Akala ko joke lang pero WTH! YEBAAAAAAAAAA!!! :DDD Kaya todo ayos ako ng requirements and thesis para maayos ang pagmartsa ko. Kaloka lang :">>>

Dahil sa sobrang busy ni Kevin, hindi sya nakauwi ng Christmas and New Year. Masyado syang atat na matapos yung 2 years nya dun! Bangag lang until..

K: Nga pala Jersey...
Me: Oh?
K: Baka magstay pa ako ng isang taon dito.
Me: AND WHY!?!
K: Marami pa kasi akong kailangang pag-aralan dito e. Bwiset naman kasi tong mga hilaw na to, masyadong adik sa computer! Though maayos naman ang grades ko, I might stay here. Para makagraduate ako :)
Me: Sigurado ka? Eh sa graduation ko makakapunta ka?

K: I can't.
Me: YOU PROMISED ME, ASSHOLE!!!! BAKIT KA NAMAN HINDI MAKAKAPUNTA HA!?!
K: WAG MO KONG SIGAWAN OKAY?! May conference kasi akong pupuntahan sa France. Importante kasi yun.
Me: How about summer vacation?
K: May summer classes ako. I need to catch up kasi.

ANAK NG TOKNENG NAMAN MAY BALAK PA BA SYANG UMUWI!? SIGURO MAY TINATAGONG BABAE YUN DUN! ASDFGHJKL LANG KAINIS.

Okay Jersey, calm down. Kaya sya busy kasi gusto na nyang matapos yun at umuwi dito. Calm down.
Grabeng pag-aangat sa sarili na tong ginagawa ko ah! -___-

APRIL 27.

GRADUATION.

"OKAAAAY! 1, 2,3.... SMILEEEEEEEEE!"

JUSME. DEFINE HAGGARD ANG GRADUATION. Nakakaloka e!! Halos 5 hours ata tong graduation namin ah! Kalahati siguro nun e pagbibigay lang ng diploma. The other half? Boring speeches. What to expect?!?

Well well well, okay lang naman sakin yun :D I got the honor, baby! :> Naloka talaga ako nun! Shining moment!

"Nakakalungkot naman," biglang sabi ni Amae habang tinitignan yung picture namin. "Buti pa sila grumaduate na!"

Sila meaning: Ako, Sath, Jerro, Paolo, Jill & Ken.

In short: Hindi pa sila gagraduate ni Keith.

Napa-tss naman si Keith, na nasa tabi nya. "Sus. Kunwari ka pa! If I know, iniisip mo na 'Yosh! Goodbye and good riddance! Wala na ring istorbo!' Grabe Amae, I never thought na ganyan ang tingin mo sakin"

"Pang-BS ka talaga noh? Eeew."

"Tama na nga yan! Panira kayo ng moment e! Picture pa!" hirit ni Jerro. Kawawa naman sina Amae at Keith! Forever photographers na ata sila -____- After ng group shots, couple shots naman ang hirit nila. Of course, Sath-Jerro, Paolo-Katt and.. Jill-Ken. Ooohhlalala panong nagkaron ng Jill Ken? Naging sila nung New Year! Hahahahahaha kagulat lang noh?! Hindi talaga namin inexpect na mangyayari to. Define super shock! :D

Ang saya lang nilang panuorin habang nagpapapicture. Obvious talaga na super saya nila dahil graduate na kami! Ako? I'm happy naman, kaso.. alam nyo yun, parang may kulang. Sayang hindi sya nakapunta sa graduation ko.

"Jersey!"

Kevin?

Pag lingon ko...

"Hoy JM!" tumakbo ako papunta sa kanya.

Wow lang ha.. he changed a lot. Ang dami kong utang na advice sa mokong na to! Kung hindi ko sya nakita sa LB Square nung gabing yon, hindi ko marerealize yung true feelings ko. Hihihihi ang arte! :">

"Ang yaman natin ngayon ah! Magna cum laude!" sabi nya sabay apir sakin.

"Syempre naman, masipag ata to! Nga pala, girlfriend mo nasan?"

"With her family. Hinanap lang talaga kita kaya ako nandito."

"Tae ang bolero mo pa rin!"

"Si Kevin, hindi pupunta?"

Hindi ko napigilang sumimangot nung narinig ko ang pangalan ni Kevin. "Bwiset nga yun eh, may conference sa France. Ni hindi man lang tumawag para icongratulate ako! >:|"

"Malay mo may surprise sayo yun!" he said with a meaningful look.

"May alam ka noh!?!"

"HAAAAAAAAAA!? Ano na naman!"

"May tinatago ka sakin noh!?"

Napakamot tuloy sya sa baba nya. Aba, mukhang nalugi si Kuya! "Kainis. Tama nga talaga si Kevin, you're so persistent!"

"ANO NGA KASI YUN DALI!!!!"

May kinuha syang black medium sized box sa backpack nya. "Ayan ha. Napag-utusan lang ho ako. Next time nga pag humingi sakin ng pabor yun hindi ko na pagbibigyan!"

"ANONG LAMAN NITO?! KELANG TO DUMATING!?!" Okay I'm sooo excited! :DDD

"Just yesterday. Don't worry, hindi ko binuksan yan. Pero inalog ko."

KYAAAAAAAAAAAAAAA! Grabe unexpected to! Hihihihi :"">>> Ako na kileg! Lutang na lutang ako nang bumalik ako kina Amae.

"Wow, anong meron!?" tanong sakin ni Sath.
Pinakita ko sa kanila yung box. "Galing kay Kevin! :DDD"
SILA: KAYA NAMAN PALA!!! :D
Pero syempre, hindi ko maiwasang hanapin sya sa paligid. Malay natin, nandyan lang sya somewhere tapos may bouquet of roses pa! Oh diba ang sweet?!
"Hinihintay mong dumating noh?" bulong sakin ni Paolo.
I smiled at him. "I can't help myself from expecting, Pao. Alam mo naman yun, napaka-impulsive."
"You miss him that much?"
"Damn much."

----------------------------------------------------------------------------------------------------------------

In the end, hindi sya nagpakita. Ako na ang assuming! Umuwi ako na medyo hindi fulfilled. Masama pala talagang mag-expect noh!? Nabibitin ka na, bwisit ka pa! Kainis.
Nasa bahay na ako nang maalala ko yung black box. Ano kayang laman nito!?

*opens*

Oohhlala! Belgian truffles baby!

Tapos.
Envelope?
Ay may letter sa loob. Wait lang.

Debs,

Congratulations! :) Finally nakagraduate ka na! Hindi nasayang ang pera ng mga magulang mo sa pagpapaaral sa'yo!
Anyway.. attached here are my grades. Basahin mo nga ng malakas!
EXCELLENT.

OHA. ANONG SINABI NG GRADES MO DYAN!?

Ayan, adjusted na rin ako dito. Magaling na rin akong magGerman. Gusto mo sample? Eto. Anong ibig sabihin nito?

Ich spreche nicht sehr gut Deutsch.

ANO YAN?

AY HINDI ALAM!!! ANG HINA AMPF!

Ibig sabihin nyan: I don't speak German very well!

Galing ko na noh!? XD

Okay hindi benta ang joke ko sayo. :(
Nasa Paris na pala ako ngayon, dito sa may convention center. I'll call you, okay?

Ich verpasse sie. Ich liebe dich.

WOW HA NAPAKASWEET NAMAN NG LETTER NYA BALING ITAPON!!!! NAKAKAINISSSSS!!!
Joke lang! Bakit ko naman to itatapon? Actually, tinatago ko yung letters na bigay nya sakin. Bumili pa ako ng box para dun! Nakakatuwa nga, I didn't know that Kevin's.. mushy. Every month nya ako binibigyan ng letter, ever since nung 18th birthday ko. Ngayon namang nasa Germany sya, hindi pa rin sya nakakalimot.

Sa dami ng letters nya, eto ang pinakafavorite ko.

The very first letter.

*Yo Debs.*
*Anak ng tinapa, ang hirap hagilapin ng mga regalo ko sa'yo ah! Lalo na yang video greeting na yan!! Kinapalan ko mukha ko para mavideohan si Coco Martin. Sana hindi nya ko pinagkamalan na bading ;((*
*Teka. Nagustuhan mo ba? Sorry kung may letter pang kasama tong regalo ko sayo. Actually dapat DVD boxset ng Hana Yori Dango yung bibigay ko, kaso meron ka na pala. Kainis ka sarap mong batukan!*
*What to write? Hmmm. I really don't have a clue! I'm not good with words. I mean, sometimes words are useless. They're never precise enough to convey these chemical reactions that 's happening in our body system. Take the word love for instance. How can a monosyllabic word express the asdfghjkl feelings that you suppress when you're in love? Parang timang lang.*
*This is bullsh*t. Dapat binili ko na lang yung DVD ng Gokusen The Movie. Feel ko mas trip mo pa yun kesa sa sulat ko. Stop reading HERE.*
*Aaaaaaaagggh. Ang yaman diba, pinagtyagaan kong isulat yang Aaaaaaggh na yan! :DD*
*Ano pa ba? Wala nakong maisip!*
*Hmmm. Let me tell you a story. Okay lang ba?*
*Hmmm. This accident happened a year ago. Sa UP Diliman. Nakilala ko yung babaeng mataray na maganda. Sabi ko sa sarili ko, "Wow chicks! Pero hindi naman to yung type ko. Masyadong maganda." Sa totoo lang ewan ko kung bakit sa dinami-dami ng taong nandun, ikaw pa ang pinagtanungan ko. Akala ko kasi mabait ka e (It turns out... Haha! :DD). Pero mali nga ako, hindi ka mabait. Minalas ako dahil sa'yo. Kaya sobrang inis ko.*

*I admit, sobrang asar ako sayo that time. Aba, sino bang hindi maiinis dun ha?! Naligaw ka na, nalate pa sa exam! Kainis talaga.*

*Eventually nakalimutan din kita after a week. Sorry ka, masyado akong busy nun. Then pumunta ako sa ATC, tanda ko pa yung araw na yun. September 17. Nag-iikot lang ako nang.. nakita kita sa may TimeZone, naglalaro ng Guitar Hero. Kasama mo ata nun si Paul? Ewan basta. Sabi ko, "Hanep astig nitong babaeng to ah! Sya na magaling!" Tapos nag-abot ka ng P500, pinaloadan mo yung card mo. Wala lang, pinanuod lang kita dun for 20 minutes. Aalis na sana ako nang napatingin ka sa direksyon ko.*

*And you smiled at me. (Okay, assuming ako. May 75% chance na hindi mo ko napansin nun.)*

*Ewan. Hanggang ngayon tandang-tanda ko pa rin yung ngiti mo. Pramis! Kung magaling lang akong magdrawing, dinrawing ko na yun para sayo. Diba?*

*February 19. Naghahanap ako ng coursemate sa UPCAT results. Nakita ko yung pangalan mo. Talagang uminit ang ulo ko! As in! Tapos nakita kita nung Medical, enrollment.. Naknang teteng kainis. Ang nakakatawa pa, mga 3 minutes lang yung mga inis moment ko sayo. Kasi pag iniisip ko na,"Nakakabwisit tong babaeng to! Kaya di ako nakapasa ng ComSci e!", biglang sumusulpot yung ngiti mong yon. Until now, kapag naiinis ako sayo, naiisip ko pa rin yung ngiti mo. Kahit ilang beses mo akong ngitian, mas tumatak sakin yung first smile mo yun. Lintik parang timang lang.*

*Tanda mo pa ba yung sinabi ko sa'yo na ako si 'Edward', biglaan lang yun. Feeling ko kasi ang sarap sarap mo asarin. Which is very true. Haha! Ang benta pa rin sakin nung facial expression mo nung nalaman mo na hindi pala ako si 'Edward'. Sarap kunan e!*

*Bad luck or serendipity? Tanong ko yan sa sarili ko nung first sem. Sa halos lahat na lang palagi kitang kasama! Nakakaasar talaga! Kaya ang ginawa ko, naging bwiset lang naman ako sa buhay mo. Nakakaramdam kasi ako ng fulfillment pag inaasar kita e! Ako na masama, pero kung hindi ko ginawa yun, san na tayo pinulot ngayon noh?!*

*Unang sagot ko sa tanong ko, hulaan mo nga? Hmmm.. Bad luck. Palagi ka kasing nakasimangot pag kasama mo ako. Ni hindi kita mapangiti. Kaya kita tinawag na Devil Woman. Aangal ka pa!?*

*Birthday ko nung marealize ko na.. siguro destined talaga na magkakilala tayo. Wala lang. Hindi ko maexplain kung bakit lutang na lutang ako after nung surprise mo sakin. Ikaw pa lang talaga nakagawa para sakin ng ganun e! Dun ko narealize na.. ang sarap mo palang kasama.*

*Gusto mo bang malaman kung pano ko narealize na mahal kita? BELAAAAT PILITIN MO MUNA AKO! HAHAHAH! Nakakahiya kaya yun. Ayoko ikwento.*

*Alam mo ba na dapat hindi ako aamin sayo? Wala lang. Natakot kasi ako na baka magalit ka sakin. Sa dami ba naman nating pinagdaanan! (Naks me ganun?) And you said that you liked me back then. Baka isipin mo na tinetake advantage ko ang pagiging close natin. The same old boring stuff. Kung alam mo lang ang hirap na pinagdaanan ko para mapansin mo!*

*Tsaka naisip ko.. masyado ka nga palang high maintenance. You're not even my ideal girl! Tipo ko kasi yung mga simple lang, tas tahimik. Hindi katulad mo na napakabalahura. Babae ka nga ba talaga!? Nakakainis e. Minsan ang takaw takaw mo. Minsan manic depressive ka. Walang matinong lalaki ang magtitiis na maging boyfriend mo.*

*Hephep, parang matino ako noh? :P*

*Dapat nga proud ka e! Ikaw ang first girlfriend ko. Swerte ka sa lahat! :D Mayabang ako! Pero mas gusto kong marinig na sabihin nila na "Ang swerte mo naman kay Jersey!" kesa "Jersey, ang swerte mo kay Kevin!"*

*Kasi yun naman talaga ang totoo: swerte ako sayo. Wala na kong hahanapin pa e! Nasayo na lahat! Well, mas maganda siguro kung mahaba ang pasensya mo. :D*

*Seriously, I really want to thank you. Thank you for giving me the opportunity of being your boyfriend. You even broke your promise because of me. Minsan nga, napapaisip ako (Gayahin mo kasi ako, ginagamit ang ulo. Joke! Love you!).. Do I reallly deserve someone like you? I think you're too good*

*for me. But whenever I remember that smile, my worries will vanish. Kahit bwiset ako, thank you for giving me this chance.*

*Pag nagyayaya kang umalis dati, alam mo bang kinakabahan ako kung saan mo ko dadalhin? Baka kasi mamaya mapatay ako sa pupuntahan natin e! Sa dalas nating magkasama, nawala yung takot na yun. Next time na yayain mo akong umalis, I won't hesitate. Kahit sa hell pa tayo pumunta, okay lang. Anywhere's fine, as long as I'm with you. (Pero please wag naman dun, okay? Metaphor lang yan!)*

*Hindi ka ba natatawa sa set-up natin? We're not the typical couple. Ako lang ba nag-iisip nun!? Imbes magsweet-sweetan tayo, madalas pa tayong nagsisigawan. Weird, right? Tapos katulad ng iba, we started off as mortal enemies, then lovers. Eeeecccck. Ang labo noh?*

*Takte ang haba na pala nito! May aayusin pa ako. Hahahahah =))*

*Happy 18th Birthday, Love.*

*I love you.*

*P.S: Wag mo kong ipagpapalit kay Coco Martin. Uupakan kita.*

*P.P.S: You and I will always be the first.*

## EPILOGUE

JUNE 2014

Nandito ako sa Starbucks Tagaytay today. Wala lang. Gusto ko lang mag-unwind! 2 months na mula nung grumaduate kami pero hindi pa rin ako makamoveon. Kaloka, college graduate na ko! Welcome to the real world na ba?! Oh noes! Ö

Hmmm. And 2 months na rin since huli kaming nag-usap ni Kevin. Kainis lang noh?! Sarap nyang batukan! Ni message man lang sa FB hindi nagpadala! Cannot be reached naman yung phone nya. Napatay na ba yun

Kebem naman Jersey! Kung anu-ano na naman yang pinag-iisip mo! Gutom ka lang!

Ano na bang bago sakin?! I got a teaching job. Unbelievable, right? Magtuturo ako ng Creative Writing 10 sa UP Diliman starting this November. Dapat nga ngayong sem na ako magsisimula kaso I asked for a vacation. Sorry naman ang kapal na ng mukha ko! :)))

Sa iba naman.. si Sath nag-aaral na ngayon ng Masteral nya ng Family and Child Development sa UP Diliman. Matayog ang pangarap nito, gusto nyang magtayo ng pre-school after nyang magMasteral! Si Jerro naman nagtatrabaho sa ABS-CBN, pang-News and Current Affairs. Si Paolo, ayun, nasa Insular Life. Sya na Applied Math! Kainis lang! Si Jill naman pupunta ng US para mag-aral ng theater arts sa NYU, tapos si Ken naman, magtuturo ng English sa Japan

I therefore conclude na ako na ang napag-iiwanan saming lahat </////3

*beep beep*

From: Sath

Hoy. I sent the email already. Paki-check naman kung okay oh! Love you! :))))

Aba, kelan pa ako naging tagapag-edit ng synthesis paper!? Buang talaga to! Nagmamasteral na nga tapos.. tamad pa rin!

No choice ako at bored, kaya ieedit ko na rin. Pagbukas ko ng Gmail account ko, nawindang ako sa laman ng inbox.

31,000.

Ugh. Note to self: Gumawa ng separate email address sa social networking sites and personal emails. Ang hirap naman i-sort out nito! Grrr. :/

Mga 15 minutes ko lang inedit yung paper nya. Tengene naman kasi, wala namang ieedit e! Sapakin ko to! Ugh. Hay bwiset! Magbubura na nga lang ako ng emails!

*scroll down scroll down scroll down*

Puro Facebook notifications! Tapos spam! Punyetang notifs sa FB oh! Bakit hindi na lang gawing bulk yung email notifs! Kainis lang

*scroll down scroll down scroll down*

*scroll up*

Nag-email sakin si Kevin? Weh?

Oo nga. Nag-email nga sya. 2 weeks ago pa pala to! Bakit ba kasi hindi ako nagbubukas ng email!? Aaaarrrrgghh!

Nang clinik ko yung email nya, I expected na napakahabang message ang tatambad sakin.

What the freaking hell is this!?!

Ang akala kong napakahabang message....

Isang link lang pala.

A Dailymotion link.

Leche kung hindi lang nakakahiya sa mga tao dito sa Starbucks, kanina ko pa binato tong Mac Book Pro ko! ASDFGHJL BWISEEEEEEET!!!!

I absentmindedly clicked the link. Ano na naman to, porn?! Baliw baliw talaga yung bwiset na yun! Ugh.

Mga 7 minutes din yung video at since medyo mabagal ang wifi dito sa Starbucks, niload ko muna. Pag ito talaga porn, patay sya sakin!!!!

Nang nagload na....

Video montage?

At nakakatuwa pa yung kanta: Brighter Than Sunshine (Aqualung).

Aba, nagawa pang kumuha ng lintek na to ng pictures! May pictures sya ng University of Bonn, Beethoven House, Old Town Hall, Poppelsdorf Palace, Rheinaue Park, Siebengebirge hills, Rhine River...

Sige na SIYA NA NASA GERMANY BATUKAN KO SYA DYAN EH!!!

NAGAWA PANG MANG-INGGIT!

Pipindutin ko na sana yung exit button nang...

"Ano, inggit ka noh!?"

UGH. BAKIT BA SYA KASAMA DITO SA VIDEO?

K: Deutschland ist so schön, nicht wahr? (Germany's so beautiful, isn't it? )

OHA ANO KA NGAYON SA GERMAN KO!! IMPROVING!!! :))
Anyway.. Siguro nanggagalaiti ka na ngayon sa sobrang galit sakin noh?! HAHAHAHA OKAY LANG

Joke. I'm very sorry. Hindi kita nacontact for a month and a half. Sobrang busy kasi ako ngayon sa programming project ko. Tapos yung phone ko naman na may roaming.. ayun, nahulog sa Rhine River habang kumukuha ako ng pictures. Wala pa akong mabilhan ng sim dito.

Hulaan mo nga kung nasan ako!? Naririnig mo ba yung mga tilian?!

Nasa Phantasialand ako! :>
Okay mukhang hindi mo to alam. Parang EK to. Baliw.
Okay okay. Nasa Cologne ako ngayon, one hour drive lang mula sa campus. Ano, galit ka? Tss. Isa kasi to sa grad gift ko sayo. Ang inggitin ka.
Joke. Teka, may ipapakita ako sayo.
See that?
Yan ang Colorado Adventure!

OO, rollercoaster yan! Ang ganda diba?!
Maganda nga, pero hindi naman ako makasakay. Wala ka kasi dito.
So... since namimiss ko na sumakay ng rollercoaster.. at syempre, miss na miss na miss na kita...

Siguro naman pwede kang sumaglit dito sa Germany oh?

I can't wait to enjoy this ride with you. Malapit na rin akong mag-one year dito. And besides.. malapit na rin ang 3rd anniversary natin. Ang hirap kayang mag-isa dito! Pano ko maeenjoy ang isang napakagandang lugar kung.. kung wala ka dito? Medyo unfair ako diba? Nandito ako, ang ganda-ganda ng nakikitang view araw-araw.

Scratch that. Ganda lang. Hindi ko na pala nakikita ang pinakamagandang view araw-araw.

Yung busangot mong mukha. Joke!

Pero seryoso?

I'll be happy if you could join me here. ISANG TAON NA KITANG HINDI NAKIKITA!!!! ANO BA!!! MAY PLANO KA PA BANG MAGPAKITA HA!?

Yung New Jersey trip, sa Christmas na natin gawin yun. Uuwi kasi ako dyan. Well yan ay kung gusto mo pa akong umuwi dyan. Baka kasi may iba ka na..

Ano, pupunta ka ba?

Don't worry, I'll wait. Dito sa Phantasialand. Dito sa harap ng Colorado Adventure.

Para sure, araw-araw akong pupunta dito after class. Okay ako na excited

Syempre magsabi ka muna kung makakapunta ka!!! SAPATUSIN KITA DYAN E!!!

Bis bald, Liebe.

Ich liebe dich.

(See you soon, love.I love you.)

T-THIS IS SO... OH MY GOD.

Should I go or not?

*ring ring*

Me: Sath?

Sath: Yeah?

Me: Can you do me a favor?

Sath: Sure!

Me: Pakibook naman ako ng flight papuntang Cologne, Germany. 2 days from now.

Sorry guys, I think hindi ko kayang maghintay ng 2 years to answer his proposal :">

**--------------------------------END--------------------------------**